# Until_He_Was_Gone_-_Jonaxx

<h1>Until He Was Gone</h1>

<hr>

This is a work of fiction. Names, characters, businesses, places, events and incidents are either the products of the author’s imagination or used in a fictitious manner. Any resemblance to actual persons, living or dead, or actual events is purely coincidental.

Do not distribute, publish, transmit, modify, display or create derivative works from or exploit the contents of this story in any way. Please obtain permission.

---

WALANG SOFT COPIES PARA SA STORY NA ITO. LAHAT NG MAGBIBIGAY NG SOFTCOPIES SA LAHAT NG STORIES KO AY ILLEGAL.

Thank you.

Until He Was Gone. Coming Soon.

*OceanofPDF.com*

Cover by Bellalona

<h1>Simula</h1>

<hr>

*OceanofPDF.com*

Simula

“None of you shall approach to any that is near of kin to him, to uncover nakedness: I am the LORD.”

Pikit na pikit ang mga mata ko habang nakikinig sa mga binabasang verses ng reader sa loob ng Immaculate Conception Chapel. Solemn ang chapel na ito. Wala kang ibang maririnig kundi ang boses ng nagbabasa o di kaya ay boses ng pari at ang tunog ng electric fan na umaandar.

“Klare, I’m hungry.” Sambit sa akin ng katabi kong si Elijah.

“Shhh!” Saway ko sa kanya habang nakapikit parin.

“Ang sakit ng tiyan ko.” Pabulong niyang sinabi ulit at narinig ko ang marahang halakhak.

Dinilat ko ang mga mata ko at matalim siyang tiningnan, “Elijah, we are having a mass. Can’t your big fat tummy wait?”

“Ansabi mo? My tummy isn’t big or fat! I have abs, baby. Wanna see?” Sabay hawi niya sa school uniform niya.

Hinawakan ko ang kamay niya para pigilan siya sa kanyang gagawing kabaliwan. Mas lalong tumalim ang tingin ko nang kumurba ang ngisi sa kanyang labi.

“Okay, okay, alright. I’ll wait.” Pagsuko niya.

Nang natapos na ang mass ay lumabas na kami ng simbahan at hinampas ko na siya ng ga libro.

“You freaking idiot! Wala na bang laman yung utak mo kundi pagkain? Nagsisimba tayo! Pwede ba!”

Kakalabas nga lang namin ng simbahan ay hindi ko na napigilang mag mura.Tumawa lang siya at tumingin sa Magis kung saan naroon ang canteen namin. Hinawakan niya ang kamay ko at hinigit patungo doon.

“ELIJAH!” Sigaw ko pero hindi niya iyon pinansin.

Pinanood ko siyang mabilis na nakihalo sa mga taong nagpipila sa canteen para kumain. Umiling ako at umupo sa isang bakanteng table. Humikab ako at dinungaw ang listahan ng eighteen roses para sa upcoming debut ko. Excited na ako!

Ngumuso ako habang tinitingnan ang mahabang listahan ng eighteen roses. Puro lalaki, syempre. Kinagat ko ang labi ko at tinitigan ang crush ko sa listahan. Nasa circle of friends ko lang siya, pero medyo tahimik siya at suplado kaya nahihiya akong magsabi na siya sana yung magiging last dance ko.

“Klare!” Sigaw ng pinsan kong si Erin.

Inangat ko ang tingin ko at naaninag ko siyang lumalapit kasama ang isang batalyong kaibigan namin. Nginunguso niya ang tahimik at naka earphones na si Eion Sarmiento. Nakikita ko pa lang ang medyo suplado niyang mga mata ay kinikilig na ako. Samahan pa ng pag li-lick niya ng kanyang labi at pag pa-pout habang malumanay na umuupo at nakikinig sa kanyang cellphone.

Tumango agad ako. Alam ko kung anong ibig sabihin ni Erin sa pagngunguso niya kay Eion sakin.

“Eion!” Ngumisi ako at nahihiyang kumaway pa.

Umupo na ang ibang mga kaibigan ko sa kabilang table. Tumango lang si Eion sakin at hindi man lang tinanggal ang earphones. Ang suplado talaga ng isang ito. Inayos niya ang kanyang buhok at tumingin lang sa mga taong dumadaan.

“Hi!” Sabi ko.

Kaya lang ay hindi niya ako narinig. Mas narinig ko pa ang maingay na music sa kanyang earphone. Ngumuso ako at hindi na napigilan ang pag kalabit sa kanya.

“Eion.” Tawag ko sabay init ng pisngi ko.

I’m usually witty. Pero natatameme ako pag si Eion na. Kaklase ito ni Knoxx, pinsan ko, noong high school. Hindi kasi kami parehas ng school ni Knoxx noon. Palagi nila itong nakakasama sa pagbabasketball kaya kilala ko na siya noon. Kaya lang, natigil iyon nang nag Maynila si Knoxx.

“Hmmm?” Nahalata ko ang pagkakairita niya nang tinanggal niya iyong earphones niya at tiningala ako.

Kinagat ko ang labi ko at biglang may bumagsak sa ulo ko. Dumagsa ang apat na tatawa tawang pinsan ko sa likod ko. Libro ni Damon ang bumagsak sa ulo ko at halos kalmutin ko siya sa ginawa niya.

“Damon!” Tumakbo siya at umupo sa kabilang table.

“Hi Klare!” Kinurot ni Josiah ang pisngi ko.

Pinandilatan ko siya ngunit may biglang naglaro sa buhok ko sa likuran. Muntik ko ng makalmot si Knoxx na tatawa tawa at umiiling sabay nguso kay Eion.

“Ano, Klare? May sasabihin ka ba o wala?” Medyo iritadong sinabi ni Eion sa akin.

Ginapangan ako ng kaba dahil sa iritadong tono niya. Panirang mga pinsan kasi. Umaligid pa silang lahat at pinanood ang pag lapit ko at pagkausap ko kay Eion. Alam ng mga pinsan kong ito na may crush ako sa gwapong si Eion. I mean, sinong hindi magkakacrush sa kanya? Ang alam ko ay halos kalahati sa school nila noong highschool ay nagkandarapa sa kanya.

“Uh, eto kasi…” Ipinakita ko sa kanya iyong invitation ng eighteenth birthday ko. “Malapit na ang debut ko. Ii-iimbitahan sana kita-” Nanginginig ang labi ko.

Humagalpak sa tawa si Elijah sa malayo. “Ii-ii-ii-ii? Ang dami namang i, niyan?” Tumawa ulit siya.

Namilog ang mata ko at gusto ko siyang sugurin at sampalin bigla. Ngunit ang pagkakataon ang nagpigil sa akin. Kita ko kasi na binabasa ng mabilisan ni Eion ang invitation.

“Bakit nasa huli ang pangalan ko?” Tanong niyang malamig.

Unang pangalan ay kay Daddy, first dance. Sumunod ay sa bata kong kapatid na si Charles, grade three. Sunod ay ang seven dwarves na mga pinsan ko. Ang mga sumunod ang mga kaibigan ko sa college at highschool. Huli si Eion. Iyon ang suggestion ni Erin na nagkatotoo dahil ngayon, naka print na sa invitation ko ang lahat.

“Ah! Last dance.” Panirang sinabi ni Josiah.

Matalim ko siyang tiningnan pero nag iwas lang siya ng tingin sa akin.

“Last dance?” Narinig ko ang pagdududa sa boses ni Eion.

“Uh, oo, e.”

Itinabi lang ni Eion ang invitation ko sa bag niya at nilagay niya ulit ang earphones niya sa tainga. Ni hindi siya nagsalita pa ulit. Naghintay ako sa gilid niya hanggang sa tanggalin na lang ako ng mga pinsan ko doon at hinila ako palayo.

“I cannot believe that he rejected you.” Maarteng sinabi ni Erin sa akin.

“He didn’t, Erin. Hindi niya nireject si Klare. He was thinking.” Nag iisip na sinabi ng mahinhin na si Claudette.

“Oh! Right! Thinking!” Sarcastic na sinabi ni Erin. “Akala niya naman ang gwapo niya, pero…” Nilingon ako ni Erin. “Ang gwapo niya talaga.” Tumango tango pa siya sa akin. “Alam mo yun? Yung supladong prinsipe?

“Yung tipong tsundere?”

Nag taas ng kilay si Erin kay Claudette at hinawakan niya ang kanyang ilong. “Aray ko po. Nosebleed.”

Tulala lang ako sa table namin. Pinalibutan ako ng mga walang pakealam kong pinsan. Panay ang pag uusap nila sa gilid ko at ni isa ay walang nakapuna sa ginawa ni Eion. Maaring napuna iyon nina Josiah pero walang mga pakealam ang mga iyon.

I've never had a boyfriend. Marami na ang nagtangkang manligaw sa akin pero hanggang pagtatangka lang iyon dahil sa mga nakaaligid kong pinsan. Si Eion lang ata ang lalaking pinapalampas nila. Maaring dahil alam nila na hindi kailanman masusuklian ni Eion ang pagtingin ko sa kanya.

"What the hell is tsundere, Claudette? Iyan na ba ang bunga ng pagiging animanyak mo?" Naiiritang tanong ni Erin.

Gusto ko siyang sabayan sa pambabara kay Claudette kaso ay parang nagulat pa ako sa mga pangyayari.

"Tsundere is someone who is cold at first. Gradually, magiging showy na siya sa feelings niya. Ganun. Gradually… You still need to melt down the ice, Klare." Tumango si Claudette at mukhang kuntento sa kanyang explanation.

Umiling iling si Erin at nilantakan iyong junkfood sa harap namin.

"Like? How? I don't mind the cold, naman." Tumawa ako at umiling.

Hindi ko na nga lang didibdibin ito. Ipinagkibit balikat ko na lang iyon at sinabayan si Erin sa pagkagat ng mga chichirya sa harap. Pinagmasdan ko ang magulong canteen ng school namin. Isa itong Jesuit school at minsan kong pinangarap na maging school ito noong highschool. Lalo na't ito ang school ni Eion. Kaso determinado si mommy at daddy na pag aralin ako sa school kung saan sila unang nagkakilala. Sweet. Kaya wala akong nagawa.

Isa pa, gusto ko rin sanang for once ay malayo ako sa mga pinsan kong salot sa lipunan. Sa school kasi ay isang pinsan ko lang ang nag aaral, si Knoxx. Ayaw kasi ng mga magulang nila na sa iisang school mag aral ang dalawang lalaking anak, Knoxx and Azrael. They might kill each other. Pero ngayon, hindi na. Magkasundo na sila.

“The problem here, Elijah, is that you are too numb.” Bulong ni Azrael sa katabi ko.

Ewan ko kung anong pinag uusapan nilang dalawa pero mukhang importante at interesante dahil masyadong nakahilig si Elijah kay Azrael.

“Bakit ako maniniwala sayo? This is crazy, man.” Tumatawang sinasabi ni Elijah. “You’re a freaking—”

May hindi ako narinig kaya lumapit pa ako para mas lalong makasagap ng balita. Hay! I need to get a life.

“Dude, ang ganda nung ex mo at patay na patay sayo nung highschool and you can’t seriously say na wala talagang ano, diba? Dude, that was a big waste!” Nanghihinayang na sambit ni Azrael.

“You try, then.” Ani Elijah.

“What? Try Gwen?”

Narinig kong medyo nasapak ni Elijah si Azrael. “Try another girl. Lakas mong maka Gwen.” Humalakhak si Elijah.

“No way. I value my-Hey! Klare Montefalco! Nakikinig ka ba?” Biglang sabi ni Azrael.

Nilingon ako ng nakataas na kilay na si Elijah. Kitang kita ko ang amusement sa mukha niya habang si Azrael naman ay seryoso.

“Bakit? Anong mapapala ko kung makinig ako? Mga baliw!” Umiling ako at pinapak ang isa pang chips na medyo nasira na dahil sa exposure sa hangin.

“Hindi ka lang sinagot nung crush mo ay naghahanap ka na ng mapagkakaabalahan. Get a life, Klare!” Tumawa si Azrael.

Kumulo ang dugo ko kaya ni head to foot ko siya. Tumawa siyang bigla kahit na galit na galit ako at halos buhusan ko siya ng chichirya.

“Oh God! You are too cute!” Napahawak siya sa tiyan niya at tinuro ako. “Sarap mong kurutin pag napipikon ka!”

Umiling na lang ako. “Tumigil ka at wa’g kang mambola, Azi, o baka mahambalos kita ngayon.”

“Oooh! Stop it, Azi. Sakit kayang manghambalos ni Klare. Nasubukan ko na at muntik na akong malumpo-” Pang iinis ng natatawang si Elijah.

Sa inis ko ay kinurot ko siya. Pumikit siya sa sakit ngunit gumuhit ang ngisi sa labi niya. What’s wrong with them? Parang maiiyak ang araw pag di nila ako naiinis? Sa lahat ng pinsan kong babae ay ako lang ang pinagtitripan nilang lahat.

“Tigil tigilan niyo ako, ah? Nambu-bwisit na naman kayo.” Sabi ko sabay inom ng tubig.

“Hey…” Siniko ako ni Elijah.

“What?” Naiirita kong tanong.

“Alam mo bang pagbubuwisit ka sakin ay lagi kang siniswerte?” Tumawa siya.

“Ha? Bakit?” Napatingin ako sa kanya.

Nagkatinginan kaming dalawa at kinindatan niya ako. Biglang may kumalabit at nagpaharap sa akin sa likod. May tinapong invitation sa harap ko. Naaninag ko ang seryosong mukha ni Eion. Walang earphones at makisig siyang nakatayo sa gilid ko. Diretso ang tingin niya sa akin dahilan kung bakit mabilis at hinahabol ko ang pintig ng nag aalumpihit kong puso.

“Alright, Klare. I’ll be there, then.” Malamig na umalingawngaw ang nuong boses ni Eion sa table namin.

Nag iwas siya ng tingin at nakita kong pumula ang kanyang pisngi. Mabilis siyang umalis. Laglag panga ko siyang sinundan ng tingin. Eion Sarmiento is going to be my last dance and of course my escort! Talaga!

<h1>Kabanata 1</h1>

<hr>

Kabanata 1

*OceanofPDF.com*

Thanks

Malamig sa Cagayan de Oro ngayon. Syempre dahil maulan ang Pilipinas tuwing September. Pero sa araw na ito, malamig lang at hindi umuulan. Ayon sa weather forecast ay mananatiling ganito ang panahon sa buong tatlong linggo. Kaya ibig sabihin, sa birthday ko ay malamig din ang panahon. Ganun naman talaga lagi ang naaalala ko tuwing kaarawan ko, kung hindi umuulan ay malamig.

“Turn around, baby.” Sabi ng payat at bading na designer ng gown na susuotin ko para sa aking debut.

Kulay pink ito. Ang totoo, ayaw ko naman talaga nito kaso ito ang gusto ni mommy.

“Pink kasi feminine at sinisimbolo nito ang pagiging bata.” Aniya.

Umiling ako at pinanood ang sarili ko sa malaking salamin ng boutique. Mabuti na lang at ang isang gown ko ay kulay champagne.

“You look so gorgeous, Klare! Montefalco ka nga!” Sabi ni Zoe, ang bading na designer.

“Zo, hindi ba ito masyadong tight?” Sabi ko sabay ikot ko at hawak sa baywang ko.

“Hay naku! Napaparanoid ka na naman.” Singit ni Azi na nakaupo sa sofa at naghihintay sa akin.

Pinaglalaruan niya ang stressball na hawak hawak niya kanina pa lang. Kasama ko sila ni Elijah dahil sa lahat ng pinsan ko ay silang dalawa na lang ang hindi pa nakakasukat ng kani kanilang suits. Natapos na lang sila ay panay parin ang titig ko sa gown kong suot ngayon.

“Elijah,” Tawag ko sa nakanguso at nakatitig sa mga copies ng pre-debut shoot ko.

“Hmmm…” Hindi siya tumingin sakin. Panay lang ang titig niya sa mga pictures.

“Hey!” Sigaw ko saka pa siya nag angat ng tingin. Umawang ang bibig niya at tumayo agad.

“Wh-What?”

Kumunot ang noo ko, “Gym mamaya?” Sabi ko.

Nagpabalik balik ang tingin ni Azrael sa aming dalawa ni Elijah. Humalukipkip ako at nag hintay ng sagot sa kanya. Napakamot siya sa ulo at nag iwas ng tingin.

“Alright.” At biglang umupo ulit. Hinilamos niya ang kanyang kamay at, “Sabi ni Kuya ba’t daw si Silver Sarmiento ang kinuha mong photographer. Bakit di siya?” Buntong hininga niya.

“E, kasi po, diba? Kakarating lang nila ni Knoxx galing Manila? Hindi ko naman alam na mapapaaga si Kuya Justin. Tapos kailangan ko na ng shoot.” Sabi ko sabay ikot ulit at tingin sa malaking salamin.

Tinantanan na ako ni Zoe dahil may inentertain na siya ibang kliyente. Si Azi ay panay ang titig sa babaeng kliyente ni Zoe habang si Elijah lang ang nakatingin sa repleksyon ko sa salamin.

“Ang atat mo kasi. What’s with your debut?” Masungit niyang sinabi.

“Excuse me?” Nagtaas ako ng kilay sa kanya. “It’s my eighteenth birthday!”

“Tsss. Whatever.”

Biglaang nagsungit ang isang lalaking ito! Inabot ko ang zipper sa likod ng gown ko ngunit hindi ko iyon mababa.

“Elijah!” Tawag ko ulit sa kanya sabay muwestra sa likod ko.

Patalon siyang tumayo at agad na binaba ang zipper ng gown ko. Ngumuso ako at naghintay na umabot iyon sa ibabang likod ko.

“Thanks.” Untag ko sabay lakad at pasok sa fitting room.

Mabilisan akong nagbihis doon. Pumasok si Zoe sa loob nang nakangiti at nakadikit ang mga palad.

“How was it, darling?” Tanong niya.

Ngumisi ako. “Okay, Madame. Pero kailangan ko atang magpapayat pa. Kinakabahan ako baka di magkasya pagdating sa birthday ko.”

Napangiwi siya sa sinabi ko. “Klare, ang payat payat mo na! And besides, hindi ba kasali ka sa cheering? Isn’t that enough to keep your body toned?”

Umiling ako.

Hindi naman sa napaparanoid ako. Sabihin na lang natin na mas kinakabahan ako ngayon dahil pumayag si Eion. I wanna be perfect! Hindi pwedeng may maging mali sa debut ko. Pagkalabas ko ay napansin kong hindi lang si Azi at si Elijah ang naroon. Nakaupo din doon ang isang lalaking nakapaglalag ng panga ko.

“E-Eion?”

Seryoso niya akong tiningnan.

“Uh, I’m here to… find a suit… for your debut, Klare.”

“Oh!”

Ginapangan agad ako ng kaba. Lumaki ang ngisi ko at… awkward.

“Let’s go, Klare.” Tumayo si Elijah at sinundan naman iyon ni Azi na hanggang ngayon ay pinaglalaruan parin ang bola.

“B-Bye.” Sabi ko sabay kaway sa kanya.

Hinila ako ng mga pinsan ko palabas ng boutique. Tumatawa na si Azi pagkasarado ng pintuan.

“Croo-croo.” Aniya. “Yan na lang ang kulang sa sobrang awkward ng pagbati mo sa kanya.”

“Eh! What do you expect? Hindi naman kami close para bigla na lang akong magapa FC sa kanya!”

Pumasok na ako sa loob ng sasakyan ng tahimik na si Elijah. Bumubungisngis naman sa tawa ni Azi habang pumapasok sa sasakyan niya na nasa likod namin. Panay na ang reklamo ko habang inaayos ang seatbelt.

“Sasama ba yun si Azi sa gym? Tsss! Kakairita siya!” Sabi ko.

Pinaandar ni Elijah ang sasakyan at seryosong tumingin sa kalsada. “Oo. Sasama daw. Wala siyang lakad, e.”

“Ganun? Panira.” Umirap ako at tinitigan ang cellphone ko.

Ngumisi ako habang nag dadrive si Elijah patungo sa gym. Hindi naman kalayuan pero dahil masikip ang kalsada at medyo matraffic ay natagalan kami. Tinitigan ko ang pangalan ni Eion sa cellphone ko. What if I text him?

Nag type agad ako ng mensahe.

Ako:

I have two gowns. Yung isa color pink, yung isa flesh or champagne. I think this info will help.

Nakapikit ako nang nisend ko iyon at halos manginig habang iniisip na nagtext ako sa kanya.

“Hey!” Sabay hagis ni Elijah sakin ng damit at sapatos ko galing sa likuran ng kanyang sasakyan. “We’re here.”

Umismid ako at kinuha ang mga gamit.

Nakita kong kakapark lang din ni Azi ng kanyang sasakyan. Pareho sila ni Elijah na walang dalang gamit dahil may locker sila sa gym na ito. Madalas kasing mag gym ang mga pinsan ko. At sa mga babaeng pinsan ko naman, si Erin lang ang alam kong nag gy-gym.

“A girl instructor for Klare, please.” Sabi ni Elijah sa attendant.

Iginala ko ang mata ko sa malawak na gym na ito. Tama nga ang sinabi ni Erin. Kumpara doon sa gym niyang pang all-girls, mas marami ang equipments dito at mas marami ding nag g-gym. May namumukhaan pa akong mga kaklase o schoolmates ko na napapalingon saming banda.

Pumasok na si Azi at naaninag ko na siyang nakabihis ng pang gym. Nagsimula siya sa treadmill pagkatapos nilang mag usap ng isang masyadong maskuladong lalaki na tanto ko ay instructor niya. Nanliit ang mga mata ko nang nakita kong nagsisimula na siyang makipag usap sa isang payat, maputla, at maiksi ang buhok na babaeng katabi sa treadmill.

“Really? Pati dito?” Nilingon ko si Elijah na ngayon naman ay may kausap na isang babae sa likod niya. “Like… Really?” Umiling ako at pumasok na lang sa gym.

Binigyan ako ng attendant ng isang babaeng instructor. Pansin ko ang pagiging maskulado ngunit hindi nakakadiring katawan niya. Maputi siya at kulot ang buhok mula roots to tips. Nakatunganga ako habang nag eexplain siya sa akin sa mga kakulangan ko at sa mga dapat kong gawin para maging mas maayos ang katawan ko.

“Maganda naman ang katawan mo, we just have to work on your chest.”

Napatingin ako sa chest ko. Bakit? Maliit?

“And your butt.”

Napangiwi ako.

“Hmmm. Athlete ka ba? Or something? I can see that you have a firm thighs.”

“Uh, kasali po ako sa dance troupe noong high school. At all star dancer din po ako sa school. Cheering.” Sagot ko.

Tumango siya. “So… Siguro madali lang ito sayo.”

Sinunod ko ang payo niya. Una ay nag treadmill ako. Sunod ay iyong bicycle. At kung anu-ano pa. Thirty minutes pa lang ay tumagaktak na ang pawis ko. Nilingon ko ang mga pinsan ko na abala sa lifting. Kinuha ko ang cellphone ko para sana makinig na lang ng music habang mag li-lift ng maliliit na dumbbell nang nakita kong may message doon si Eion.

Luminga ako na at agad ginapangan ng kaba. Binuksan ko ang message niya at binasa.

Eion Sarmiento:

Thanks.

Bumuga ako ng hininga. Talaga lang ha? Iyon lang ang reply niya? Hindi naman sa nagrereklamo ako. Dapat pa nga akong magpasalamat diba dahil nag reply pa siya? Mabilis akong nag type ng isasagot.

Ako:

You’re welcome at thank you din.

Ginawa kong busy ang sarili ko sa paunti unting pag lift ng maliliit na dumbbell habang naghihintay ng reply niya ngunit walang dumating. Suplado! Hard to get! Naku! Kung hindi ka lang gwapo!

Ganun ba talaga ang mga lalaki? Sa hinaba haba at sa sobrang kabado ng mga text mo, rereplyan ka lang ng tigang at maiksing mensahe? Nakakairita pero sige na nga!

“Miss.” Matigas na sinabi ng isang maskuladong lalaki na naka mohawk ang buhok.

“Hmmm?”

“I think you ga-the wrong position.” Aniya sa isang matigas na british accent.

“Talaga?” Sabi ko. “Paano ba? Sorry po.” Ngumisi ako.

Ngumisi din siya sa akin at hinawakan ang kamay at braso ko. “Bend a lil.” Aniya.

“Okay…” Sabi ko at medyo nag bend sa paa.

“A lil more.” Aniya at diniin ang binti ko.

“Sir, I think she’s got her own instructor!” Medyo iritadong sinabi ni Elijah.

Nagulat ako nang nasa likod na siya. Tumayo ng maayos ang instructor na naka mohawk ang buhok.

“Well, sorry, Elijah. Pero nasaan? I can’t let her do the wrong routines.” Aniya.

“Sandra!” Sigaw ni Elijah at nilagitik ang kanyang daliri.

“Yes?” Sigaw ng instructor kong kulot na may pinagkakaabalahan sa lifting section ng mga boys.

“My. Cousin. Needs. Your. Help.” Iritado at mariin na tono ni Elijah.

“Okay, sorry!” Iniwan ni Ma’am Sandra ang lalaking tinutulungan at mabilis akong dinaluhan.

Nagkatitigan si Elijah at iyong maskuladong instructor bago sila umalis ng tuluyan sa harap ko. Pinilig ni Ma’am Sandra ang ulo niya.

“Well, don’t push Elijah’s asshole button.” Nginitian niya ako at kinindatan.

<h1>Kabanata 2</h1>

<hr>

*OceanofPDF.com*

Grateful

Elijah and Azi have almost the same features. Syempre, halos sila naman lahat ganoon ng mga pinsan ko. May pagkakahawig lahat. Kuya Justin, Elijah's older brother have softer features than him. Mas payat si Justin sa kanya at mas malumanay sa pananamit while Elijah's kinda rougher. They have a sister named Yasmin na nasa States.

Meanwhile, Azreal or Azi, Claudette, and Knoxx are siblings. Si Claudette iyong animanyak na tinutukoy ng pinsan kong si Erin. Si Azi at Knoxx ay halos magkahawig na rin. Knoxx have this dark smoky eyes whil Azrael looks like an innocent devil.

Si Damon at Rafael naman ay magkapatid rin. Si Damon ang madalas na nakakasundo ni Knoxx sa pag ha-hunting ng babaeng pampalipas oras. Trust me, you don't wanna get involved with them. Kaya lang, sa ngayon ay hindi na sila gaanong nagkakasama dahil naatasang magmana ng lupain si Knoxx Montefalco doon sa probinsya ng Alegria. Si Rafael naman medyo seryoso at suplado, he's also tall and have this smug look on his face, always.

Si Josiah, Erin, at Chanel naman ay magkapatid rin. Josiah looks angelic and carefree. Lalo na pag pinapansin mo iyong magulong buhok niya at ang perfect angle ng kanyang panga. Sa kanilang lahat, siya na ata ang pinaka maraming nawasak na puso ng babae and I don't know how or why! Si Erin naman at si Chanel ay may malaking pagkakaiba. Morena, curvy, at matangkad si Erin habang si Chanel ay petite at maputi.

Bumuntong hininga ako habang pinagmamasdan ang matanda at istrikto naming professor. Kailangan kong mag aral ng mabuti at wa'g masyadong isipin ang debut ko kahit papalapit na. I'm too damn excited! Paano ba naman kasi, itong mga kaibigan ko ay panay ang pag uusap tungkol sa mga maari nilang suotin na gown.

"It's strictly formal, diba? Di pwedeng semi formal?" Tanong ng kaibigan kong si Julia.

Kanina pa niya ginuguhit sa papel ang susuotin niya di umano sa debut ko.

“Saan nga ulit yun, Erin?” Tanong niya naman ngayon sa pinsan ko.

“Hindi ka ba nakabasa ng invitation, Julia? Xavier Estates Clubhouse!”

“Ah! And OMG? Did you really convince Eion, Klare?” Tanong na nagpatalon sa akin.

Halos paligiran na kami ng mga kaklase ko dahil sa pagtatanong nila. Ang nakakahiya pa ay kaklase ko lang si Eion sa subject na ito. Nilingon ko siya at napabuntong hininga ako nang seryoso naman siyang nag ti-take notes sa sinusulat ni Sir.

“Oo.”

Narinig ko ang bahagyang tili nila sa mga kinauupuan nila. Umiling ako at ngumisi. Balita ko kasi sa debut ng isa naming batchmate, gagawin din sanang last dance at escort si Eion pero tumanggi siya. Marami naman talaga kasing nagkakandarapa sa kanya at ang nakakatakot rito ay alam niyang gwapo siya at alam niyang maraming nagkakagusto sa kanya kaya hindi siya manghihinayang kung may tanggihan man siya sa amin.

“Who would dare reject a Montefalco.” Tumawa si Erin sa ibinulong niya sa akin.

Isa ang pamilya namin sa pinakamalaki at pinaka marangyang pamilya dito sa syudad at lalawigan namin. Naging mayor kasi ang great great grandfather namin dito noon at marami siyang naging lupa kahit sa labas ng lalawigan. Well as for Knoxx, Claudette, and Azrael, iyong malaking lupa nila dito sa syudad ay binenta na nila sa isang sikat na real estate company kaya ang natitirang lupa nila dito ay iyong kinatitirikan ng bahay nila. At para sa amin naman ng kapatid kong si Charles, kaunti lang din, may commercial building kami sa center ng syudad, kung saan doon ako umuuwi at may dalawang bahay kami sa ibang subdivision.

“So… Ito rin kasi ang isa sa dahilan bakit napaaga ng uwi si Kuya Just galing ng States. Mag bi-birthday siya ngayon.” Ani Erin habang

naglalakad kami palabas ng school.

Tumango ako, “Kaya pala.” Niyakap ko ang braso ko dahil sa lamig.

“Pinadala ko kay mommy yung mga damit ko at iniwan sa building niyo, Klare. Doon na ako magbibihis.” Aniya sabay tingin sa damit niya.

Twenty-three na si Kuya Justin ngayon at balita ko sa isang bar gaganapin ang party niya, imbes sa kanilang bahay. Maraming invited. Maging ang mga kaibigan ko ay invited. Malawak kasi ang circle of friends niya dahil nga photographer siya. Noong hindi pa siya nag S-States, may mga gig siya tulad ng weddings, debuts, at kung anu ano pa. Kilala din siya ng association ng mga models dito kahit na iyong mga ka batch ko lang kaya panigurado marami akong kilala na pupunta doon.

“And guess what?” Malaki ang ngisi niya nang hinarap niya ako.

“What?” Tamad kong tanong.

“Silver Sarmiento will be there. Ibig sabihin, pati ang kapatid niya!” Tumili si Erin.

Pakiramdam ko may gusto din ito kay Eion dahil sa inaasal niya. Kung hindi ko lang alam kung sino ang crush nitong basketball player ay mapagkakamalan ko na siyang nakikihati sakin!

“Si Eion? Ano naman ang gagawin ni Eion dun?” Tanong ko kahit na kumalabog na ang puso ko.

Dumoble ang bilis ng lakad namin patungong building namin. Oo. Nilalakad lang kasi ang building namin patungo o galing school. Kahit ganun, hindi ko maiwasang hindi ma late dahil madalas alas syete na akong gumigising. Kaya kung hindi ako bubulabugin at susunduin ng sinuman sa pinsan ko ay maaring Failed due to Absences na ako sa lahat ng first period subjects ko. Bakit pa kasi may mga 7:30 am classes?

“O, nandyan ka pala?” Umirap si Erin kay Claudette nang nangalabit si Claudette sa kanya.

Palagi siyang nagrereklamo sa ka eng engan daw ni Claudette. May suot kasi itong panda jacket ngayon na may mga tainga sa hood. Ani Erin ay ikinahihiya niya daw si Claudette sa mga taste niya at sa pagiging ‘animanyak’ niya.

Mabilis akong dumiretso sa fourth floor ng building namin. Doon kasi kami nakatira. Sa baba nito ay may mga offices at mga business establishment. Sa kanila kami kumikita aside sa trabaho ni Daddy sa isang government office.

“Mom, punta kayo sa party?” Sabi ko habang kinakain ng paisa isa ang grapes sa sala namin.

“Shhh! Klare!” Sabay turo ni mommy kay Charles na ngayon ay nakikipagdebate sa tutor niya.

Hindi naman mahina ang kapatid ko. Sadyang gala lang ang pag iisip kaya hindi nakakapag focus sa school.

“Hi Tita!” Pagkatapos kong mag kiss ay hinalikan na rin ni Clau at Erin si mommy.

“Kain kayo. May cake diyan sa ref. Tsaka yung donuts.” Aniya sabay dumog nila sa ref namin. Bumaling si mommy sakin. “Oo. Maaga lang kami ng dad mo doon. Uwi din kami. Besides, para naman yung sa friends ni Justin.”

Ngumisi ako at alam agad ni mommy kung anong ipagpapaalam ko! Na pwede ba akong late umuwi? Syempre, pinayagan niya ako dahil pinsan ko naman ang mga kasama ko.

“Elijah, Josiah, or Azrael should take you home.” Aniya.

“Oh, tita! Kung ganito ka lapit bahay namin sa downtown ay malamang di na ako magpapahatid. Prinsesa masyado si Klare!” Ani Erin.

Ngumisi na lang ako at agad ng pumasok sa kwarto ko sa kabilang corridor. Sumunod ang mga pinsan ko. Doon, nagbihis kami at nag make up ayon sa

panlasa ni Erin. I have to be real pretty. Hindi naman ako naglalagay ng make up noon pero dahil na rin siguro sa impluwensya ng mga pinsan ko ay napapalagay ako. Hindi naman makapal, tama lang para ma highlight ang features ng mukha ko.

Naka shorts ako at t-shirt kahit ayaw ni Erin. Dress kasi ang pinasuot niya kay Claudette at gusto niyang ganun din ang suotin ko kaso kumportable ako rito. Hindi rin naman ito promal na party kaya okay lang.

Nang dumating kami doon ng mga pinsan ko, okay pa naman. Kainan muna. Dim pa ang lights at alam kong mas didilim ito mamaya pag alis ng mga parents namin.

“Hello Klare!” Bati ng mga nakakakilala sa akin.

Panay ang ikot ko sa mga kaibigan ko para bumati. Umikot rin ako sa table ng mga parents namin para bumati at syempre kay Kuya Justin na ngayon ay nakalahad ang braso para tanggapin ako sa yakap niya.

“Kuya!” Sabi ko. “Happy birthday!”

Niyakap niya ako ng mahigpit. “Klarey! Dalaga ka na!” Tumawa siya.

“Weh! Noon pa ako dalaga!” Tumawa ako at hinarap siya. “Nasa table na yun ang gift ko.” Sabay turo sa isang table na puno ng gifts.

“Wow! Thank you! Hindi ko inakalang makakatanggap ako ng gifts!”

Maikling kainan lang naman ang nangyari dahil hindi alam ng mga magulang namin na hindi dapat sila magtagal doon. Nabubulabog kasi ang usapan namin dahil sa tawanan nila. Kaya hinalikan na ako ni mommy at daddy nang nag alas nuwebe na dahil doon na lang daw mag iinuman sina daddy sa rooftop ng building namin.

Tumango ako at nag paalam habang tinitingnan ang kapatid ko na nag iilusyon na lumilipad iyong transformers na laruan niya.

“Charles, panget!” Inis ko sa kanya.

“What did you just say?” Singhal niya sa akin.

Nalaglag ang panga ko at parang ako pa ang na offend sa tanong niya.

“Oh, you stop it, Klare. Uwi ka ng maaga. Some of your cousins might sleep over. Sabihin ko sa guard na ibakante yung parking lot mamaya. Pero isa lang ang bakante sa guestrooms. Baka kasi doon na matulog ang iba mong tito.”

Tumango ako at kinawayan na sina mommy, daddy, at kapatid kong umaalis. Umalis na lahat ng oldies na invited kaya dumilim na ang paligid at nagsimula ng i-serve ang mga hard liquors. Umiinom naman ako pero hindi sobra sobra kaya imbes na iyon ang atupagin ko tulad ng ginagawa ni Chanel at Erin ay tumayo ako at nagpunta sa ibang table para batiin ang mga naging kaibigan ko na.

“Klare! Sino yan?” Sabay nguso sa isang expat na kaibigan nina Justin at Knoxx.

“Ah! Si David!”

Marami pa silang tinanong sa akin sa ibang guests na naroon hanggang sa napunta ako sa table nina Silver at Eion Sarmiento! Hindi ko naman inakala na table nila iyon dahil madilim at tanging neon lights lang na sumasayaw ang umiilaw.

“UYYYYY!” Gulat ako nang nagtilian agad silang lahat pagkalapit ko.

Uminit ang pisngi ko kaya positibo akong pulang pula ito sa ngayon. Aalis na sana ako nang bigla akong hinila ni Kuya Silver.

“Hey, Klare! Kumusta iyong mga pictures? Maganda ba?”

“Uh, oo, Kuya. Nagustuhan ko.” Sabi ko sabay ngiti.

“Upo ka muna dito sa tabi ko.” Aniya sabay kuha ng upuan at nilagay niya sa pagitan nila ni Eion.

Nakita kong kumunot ang noo ni Eion at bahagyang gumalaw para bigyang daan ang upuang pumagitna sa kanila. Naka all black siya ngayon. Itim na jacket at naroon na naman ang madilim na ekspresyon niya. Pinasadahan ko ng tingin ang mga kilala ko sa table at nakita kong may nakahalukipkip at naka ismid na babae sa kanila. Para bang ayaw niya sa akin. Ang iba naman ay pinagkakanulo pa ako at tumutulong sa pag tili!

“Uh… Okay.” Umupo ako ng maayos.

Hindi ko man lang kayang maging komportable. Parang lutang ang utak ko ngayong ganito kami ka lapit ni Eion.

“So, I heard kinuha mo raw ang kapatid ko bilang escort?”

Umalingawngaw sa table namin ang tili.

Napatingin ang nasa ibang table. Maging ang mga pinsan ko sa tabi ay napatingin dahil sa tiling nangyayari sa table namin.

“Oo, e…” Kinagat ko ang labi ko at sumulyap kay Eion.

“Kuya,” Nakakunot ang noo niya nang binalingan ang kanyang kuya. “Stop it, it’s embarrassing! Tsss.” Umirap siya.

“Hala, Eion naman!” Sabi nung isang babae.

Nakita kong ngumisi iyong babaeng naka ismid kanina. Well, I’m not surprised. Marami lang talagang nabibihag si Eion, despite or probably because of his coldness.

“What’s so embarrassing! It’s Klare fucking Montefalco, dude! You have to be grateful!” Aniya.

Mas lalong uminit ang pisngi ko sa sinabi ni Kuya Silver. Kumindat siya sa akin at binalingan ang nagsusungit na kapatid niya.

Maingay na bumuntong hininga si Eion at bumaling sa akin. “So what? Wala naman iyon sa pangalan o sa ganda, Kuya-”

“Bakit, nasaan ba iyon?” Biglang singit ni Elijah na nakatayo sa gilid ng table nila at nilalagok ang beer na hawak.

Nagkatitigan si Eion at Elijah. Elijah was wearing his amused. Si Eion naman ay mukhang galit sa pagsingit ni Elijah.

“It’s in the attitude. Kung maganda, mabait, matalino at talented, iyon… siguro magiging grateful ako!” Sabay sulyap ni Eion sa akin.

Laglag ang panga kong tumitig sa mga taong tahimik sa paligid. Para akong sinampal sa mukha dahil sa sinabi niya kahit na hindi niya naman sinabing hindi ako mabait, matalino o talentado!

Nakita kong nakatayo na si Josiah at si Azrael habang hinahawakan ang braso ni Elijah na ngayon ay nakatalikod sa amin. May kung anong binubulong sila kay Elijah habang mahigpit na hinahawakan ang bahagyang pumipiglas niyang mga braso.

“Oh!” Sabi ko sabay tayo. “I-I’m sorry.” Medyo nanginig ang boses ko.

“Eion!” Saway ni Silver.

Huminga ng malalim si Eion at umalis na ako bago ko makitang magkagulo.

Because I know for sure my cousins didn’t like what he just said. At kitang kita ko ang mainit na usapan nina Josiah at Elijah na para bang pinipigilan nila siyang suntukin o manggulo. Matangkad at matikas si Eion pero matangkad din si Elijah. Hindi ko maitatanggi na lamang ang pinsan ko. I’ve seen the actual ripples in his chest and his biceps, you don’t wanna mess with him.

<h1>Kabanata 3</h1>

<hr>

Kabanata 3

I’ll go. Goodnight.

Bumalik ako agad sa table namin at tahimik na umupo. Nagtatawanan na sina Claudette at Chanel kasama ang ibang mga kaibigan namin.

“What happened in there?” Tanong ni Erin sabay nguso sa nakatayong mga pinsan namin.

Tumulong na si Damon at Rafael sa pagpapakalma kay Elijah. Umiling ako at uminom na lang ng isang shot ng vodka sa harap niya. Ayoko munang pag usapan ang sinabi ni Eion. That was a big blow for me at nakakairita, nakakahiya.

Nagulat ako nang may tumapik sa balikat ko. Tumingala ako at nakita kong si Silver iyon. Nakita ko ang simpatya sa mukha niya.

“Hey, Klare, I’m sorry for Eion.” Aniya.

Tumango ako at ngumisi. “Okay lang yun. Alam ko namang medyo suplado talaga siya, e.”

Nilingon namin si Eion na ngayon ay banayad namang nakikipag usap sa ibang kilala namin. Kumalma na rin ang pinsan ko. Lumayo nga lang sila ng table. Ang tanging pinsan ko na nasa table ni Eion ay si Knoxx at Justin.

“Okay lang talaga, Kuya.” Sabi ko kay Silver.

Sa pag lalim ng gabi ay lumalalim din ang usapan sa table namin. Mas lumalakas din ang tawanan ng iba. Nakikisali na rin ako sa pang iintriga nila kay Chanel tungkol sa dinidate daw nitong basketball player. Sumasawsaw din si Erin dahil sa crush niyang basketball player din.

“Hey, Erin, may girlfriend ba si Josiah ngayon?”

Umismid si Erin at tinuro ako. “Wa’g niyo akong tanungin, iyang babaeng yan ang tanungin niyo dahil madalas yung mga pinsan namin sa bahay nila!”

Kaya ayun at naubos ang dalawang oras ko sa kakasagot ng mga katanungan nila tungkol sa mga pinsan ko.

“May girlfriend ba si Josiah?” Lagi naman.

“Sino iyong babaeng kasama lagi ni Damon?” Aba ewan ko.

“Bakit mailap si Azi at si Elijah?” Aba ewan ko rin.

“Hindi ka ba naiintimidate sa kagwapuhan ng mga pinsan mo?”

“Ba’t ako maiintimidate?” Napangiwi ako sa tanong nila.

Humagikhik sila. Blurry na ang paningin ko pero kitang kita ko parin ang medyo pariwara na nilang mga galaw. Siguro ay natatamaan na ang mga ito?

“Kung ako?” Nasisinok na sinabi ng isang kaibigan namin. “Kung ako? Hindi ko alam kung alin ang mas gugustuhin ko. Maging pinsan sila para lagi ko silang kasama o maging kaibigan na lang para may chance na magkatuluyan!”

Nagtawanan sila. Umiling na lang ako at bumaling ang titig sa mga tao sa paligid. Hindi ko maiwasang di tumingin sa table nina Eion na ngayon ay punong puno ng tawanan at hiyawan.

Namalagi ang titig ko roon nang nakita ang ngisi ni Eion. Hindi siya madalas ngumisi kaya nagulat ako ngayong ngiting ngiti na siya. Ginugulo sila ng ibang babae habang umaakbay siya ng konti sa babaeng katabi niya.

Kahit na naghiyawan na ang mga pinsan ko dahil may sumayaw na sa harap. Actually, nagsayawan na sila sa harap dahil siguro sa kalasingan ay hindi parin natinag ang titig ko sa table nina Eion.

“Victoria.” Bulong ng nakapikit nang mata ni Erin.

“Huh?”

“Victoria ang pangalan ng babaeng inaakbayan ni Eion.” Dagdag niya at amoy na amoy ko ang rhum at vodka’ng pinaghalo sa bibig niya. “Wohoooo!” Sumigaw siya at sumayaw patungo sa harap.

Napalunok ako habang tinitingnan na kinukuhanan ni Knoxx at ng isa pang babae ng picture si Eion at si Victoria! They were so close! Nagseselos ako! Gusto kong sumugod. Yes, I've got guts to do that pero not with Eion. Para kasing hindi ko siya kailanman maabot. Na kahit anong gawin kong pagpaparamdam sa kanya, hindi niya ako mapapansin.

Gusto niya ng maganda, mabait, matalino at talented. Guess, my pretty eyes, straight hair, and fair skin wasn't good enough. Sure, hindi ako kasing puti ni Claudette, at di naman ako kasing talino ni Erin pero kahit papaano ay hindi naman ako nangugulelat. Damn! He is making me ral insecure.

Napatalon ako nang nakita kong nilingon niya ako at nagkatagpo ang titig namin. Umawang ang kanyang bibig at agad na inalis ang kanyang kamay sa babaeng inaakbayan. May sinabi siya kay Knoxx. Tumango si Knoxx kaya agad tumayo si Eion at dumiretso sa CR. What was that all about?

"Klare!" Sigaw ng magkaakbay ng si Clau at si Erin sa dancefloor! "Come here!" Anila.

Tumawa ako at dumiretso na sa kanila. Nakisayaw na rin ako. I can't let my night be ruined by him. Bahala na nga siya! Sumayaw ako doon kasama ang iba naming kaibigan. Samantalang ang mga pinsan ko naman, sina Damon at Rafael ay nakatitig na umiiling sa amin. Sina Josiah at Elijah naman ay nakangisi nang pareho habang palipat lipat ng table at pangitingiti sa kung sinu sino.

Sa sobrang pagsasayaw ko na may kasamang pagkahilo, hindi ko na namalayan na napupunta na ako sa mga kaibigan ni Kuya Justin na hindi ko kilala. Sumipol sila nang napunta ako sa kanila. Nakapikit ako pero dumilat ako nang narinig ang mga halakhak ng mga lalaking di pamilyar sa akin.

Pagkadilat ko ay nakita ko na pinaligiran na nga ako ng mga di ko kilala. Nakangisi sila at amoy alak na!

"Erin!" Sigaw ko ngunit nalunod na lang ang boses ko sa ingay ng tunog ng lugar.

Luminga ako at ang tanging nahanap kong kakilala malapit doon ay ang nakahalukipkip na si Eion na diretsong nakatingin sa akin. Umiling siya na para bang disappointed siya sa ginagawa ko.

Tumigil ako sa pagsasayaw at umalis sa mga lalaking nasa paligid ko. Umiling iling si Eion at tuluyan ng umalis sa kinatatayuan niya.

“What is your problem, Eion?” Sigaw ko pagkatapos niyang tapikin ang likod ni Knoxx at Justin.

Nasa labas na siya at sinundan ko siya para lang magtanong nito. Pagkasarado ko ng pinto ay nawala rin ang ingay sa loob.

“I’ve got no problem with you.” Natatawa ngunit naiirita niyang sinabi.

“Anong pinagpuputok ng butchi mo? Akala mo ba hindi ko nakikita ang mga… mga disappointed looks mo sakin?” Bulalas ko nang di ko na mapigilan ang sarili ko.

“Tsss…” Pinatunog niya ang sasakyan niya.

Bago ko pa siya mapigilan sa pagpasok at pag alis ay pinaharurot niya na ito palayo. What the effing? Ano ang problema niya sa akin at bakit ganun siya umasta? Kung sa ibang babae naman ay hindi ah? At hindi sa panlalait pero mas maganda ako sa Victoria’ng iyon pero bakit mas binibigyan niya ito ng pansin at ako naman ay nilalait?

“Klare?” Narinig kong umalingawngaw ang boses ni Damon.

Piniga ang puso ko nang narinig ko iyon. Naiiyak na ako kanina pero nang marinig ko ang pag aalala sa boses niya ay mas lalo lang nagbadya ang luha sa mga mata ko. Hindi ko siya tiningnan.

“May problema ba?”

Tinalikuran ko si Damon.

“Nothing.” Utas ko nang di siya nililingon.

“What’s up, Dam?” Narinig ko si Josiah na tumatawa pa sa likod.

“It’s one in the morning and I think Azi is drunk. Di na iyon makakapagdrive pauwi at walang maghahatid kay Clau. Ihahatid ko na lang siya at si Erin din.”

“Alright. Sabay na kaming uuwi ni Chanel. Tapos si Rafael?” Tanong ni Josiah.

“Siya na bahala sa sarili niya. Si Elijah, Azi, Knoxx, at Justin sa bahay nina Klare matutulog.” Ani Damon.

Nilingon ko sila nang napawi na ang luhang nagbadya kanina. This is a good distraction. “Uuwi na kami.”

Nakita ko ang madilim na ekspresyon ni Damon nang tinitigan niya ako. Para bang may hinahanap siya sa mga mata ko.

“Yes, please. Lasing na sila. I caught Azi dry humping Rafael’s ex, kaya please, Klare?”

“Who would drive if they are drunk!?” Napatanong ako. “Di pa uuwi si Knoxx at Kuya Justin samin kasi may bisita pa. I just need Azi and Elijah!”

“Elijah can drive. Wa’g si Azi.”

Tumango ako at pumasok sa loob para bitbitin ang dalawa kong pinsan. And yes, I did caught Azi dry humping someone familiar. Hinigit ko ang kanyang tainga palabas doon. Sumunod lang naman si Elijah kahit nasa gitna siya ng pakikipag usap niya sa isang babaeng patay na patay sa kanya.

“We are going home. Sa bahay daw kayo matutulog.” Sabi ko.

Humalakhak si Elijah at di na binigyan ng pagkakataon si Azi na mag drive. Tinulak ko ang halos wala ng malay at nakangising si Azi sa likod ng Trailblazer ni Elijah. Tinulungan ako ni Elijah na ayusin ang kanyang paa. Wala na talagang malay si Azi.

“Klare, pumasok ka na sa front seat.” Utos ni Elijah at may bahid ng tawa sa tono niya dahil panay ang bulong ni Azi sa kanyang sarili.

“I’m gonna fucking kill Knoxx and Rafael.”

Umiling ako at sinunod si Elijah. Naghintay akong pumasok siya sa loob habang sinasarado niya ang pintuan kay Azi sa likod. Tumatawa siya nang papasok na siya sa loob ng sasakyan. Nanliit ang mga mata ko sa mapupungay at medyo inaantok niyang mga mata.

“I honestly don’t trust you right now, Elijah. Please, drive safe-”

Hindi niya na ako pinatapos! Humarurot na ang sasakyan niya, 80 kilometers per hour kahit na nasa kabilang street at dalawang likod lang naman ang building namin! Ni hindi ko pa naisusuot ang seatbelts ko.

Pinuno ko siya ng mura nang ni park niyang mabilis ang kanyang sasakyan sa parking lot ng building namin. Nakita ko pa ang guard na nininerbyos sa ginawa niyang mabilis na pagpapark. Tumatawa lang siya na para bang ang saya ng ginawa niya.

“Damn! I hate you.” Sabi ko at inayos ang sarili.

Lumabas na ako sa sasakyan para pagbuksan si Azi. Napamura din siya. Marami at mabilis na pagmumura at nakita kong nanlaki ang mga mata niya. Tumawa lang si Elijah sa likod ko at hinila niya ako palayo doon.

“Fuck you, man! Just… f you!” Turo niya kay Elijah at agad siyang tumayo at tumakbo sa common CR ng ground floor ng building namin.

“Feed the ducks, Azi!” Sabay tawa ni Elijah.

I knew it! Mabilis niyang pinatakbo ang sasakyan para masuka ng tuluyan si Azi at mabadtrip.

“Ano ka ba!” Inirapan ko ang tumatawa kong pinsan.

I can still sense the alcohol in his system. Hindi maka focus ang mga mata niya habang tinitingnan ako ng may ngiti sa labi.

“Masusuka din naman siya, Klare. Gusto mo ba masuka siya sa guest room niyo o dito na lang sa CR?”

“Whatever!” Umiling ako at naglakad patungo sa umiiling at mukhang natatauhan ng si Azi.

Tumatawa lang si Elijah habang paakyat kami sa building namin. Hay! Boys! Sometimes, I don’t understand! Kahit na pinapaligiran na ako ng mga lalaki dito ay hindi ko parin sila makuha! Lalong lalo na ang Sarmiento’ng iyon. What’s his problem with me?

Ngumuso ako habang pumapasok sa kwarto ko. Nang nakapasok ay doon ko lang napagtanto na sinundan ako ng dalawa.

“Nasa kabila ang guestroom!” Sabay turo ko sa labas.

Nagkamot ng ulo si Azi at kinusot niya ang kanyang mata. “I know. Sumusunod lang naman ako kay Elijah.”

Nilingon ko ang tumihaya nang si Elijah sa kama ko.

“Tara na, Elijah! Sakit na ng ulo ko.”

“Hmmm. Ikaw na lang doon, dito lang ako.” Aniya sabay kuha ng unan ko at yakap nito. “I like it here. It smells so good.” Nakapikit na siya ngayon.

“Ay, ewan ko sayo, bahala ka! Doon na ako sa guest room.” Umiling si Azi at iniwan na kamig dalawa ni Elijah sa kwarto ko.

Umiling na lang ako at umupo sa harap ng tukador ko. Nakikita ko si Elijah sa likod kong nakapikit at niyayakap ang unan ko. It’s awkward for a man with big arms and boyish features to be here with me in this pink room.

“Elijah, doon ka na sa guest room.” Sabi ko.

“Hmmm…” He moaned.

“Elijah!” Pasigaw kong sinabi.

“Doon din matutulog si Knoxx at Justin. We won’t fit, Klare. Dito na lang ako.” Aniya.

Ipinagkibit balikat ko iyon at nagsimulang kumuha ng tissue para kunin ang tira tirang make up na nilagay ni Erin sa akin. Habang tinitngnan ko ang sarili ko ay naiisip ko lahat ng nangyari kanina. Lalo na iyong tungkol kay Eion. Mukha siyang galit lalo na nang nakita niya akong may kasayaw na ibang lalaki. Galit ba siya sa akin? Kasi hindi ako tama para sa kanya? Kasi hindi ako ganun ka ganda, talino, talented tulad ng babaeng gusto niya? Hindi ko maiwasang maging bitter at isipin iyong inaakbayan niyang babae kanina.

Pumayag ba siya dahil gusto niyang maging escort ko sa debut o hindi siya makatanggi dahil Montefalco ako? Pumayag ba siya dahil kaibigan sila ni Knoxx at Kuya Justin? Pumayag lang ba siya dahil halos ipagkanulo kami ng mga taong nakapaligid sa amin? Napipilitan lang ba siya sa akin?

Hindi ko namalayang natigilan na pala ako sa pagpupunas ng pisngi ko. Nilingon ko ang nakalapag kong cellphone at narealize na kailangan ko siyang bigyan ng choice. Niyaya ko siya sa harap ng mga pinsan ko, who would dare reject me in that situation?

Masakit man sa akin pero kailangan ko itong gawin. I needed him to make a choice. Iyong kaming dalawa lang ang nakakaalam. Kung sakaling hindi niya talaga gusto iyon ay makakahanap naman siguro ako ng kapalit. Marami akong lalaking pinsan and they would be more than willing to be my escort.

Ginapangan ako ng kaba nang nitype ko ang mga salita na iyon sa cellphone ko at nisend sa kanya.

Ako:

Eion, about my debut, it’s okay if you don’t want to be my escort. Hindi naman kita pinipilit. Kung hindi mo feel, okay lang naman. And… goodnight!

Nagulat ako nang nakatanggap agad ako ng text galing sa kanya. Nalaglag ang panga ko nang nakita ko iyon.

Eion:

I’m outside your building. Can we talk?

Napatalon ako sa pagkakaupo at mabilis na umalis ng kwarto. Uminom ako ng tubig at nag panic na. Bumalik ulit ako ng kwarto para tingnan ang mukha ko at maglagay ng konting powder doon. Nadatnan ko si Elijah na nakahiga pero dilat ang mga mata. Tinitingnan niya ako sa salamin.

“San ka pupunta?”

“Uh… Uhm… Just outside.” Sabi ko at mabilis ng umalis bago niya pa madagdagan ang mga tanong niya.

Bumaba ako ng building at inayos ang sarili nang natungtong ko ang unang palapag. Eion is outside? Why? Hindi ko alam basta kailangan kong magmadali at puntahan siya.

Nakita ko siyang nakahalukipkip sa labas ng kanyang sasakyan. Madilim ang kanyang mukha at tulala hanggang sa magkatagpo ang titig namin. Hinarap niya ako at naaninag ko ang medyo iritado ngunit kalmado niyang mukha.

“Bakit mo naisip na di ako dadalo?”

Ayan na! Malakas ang pintig ng puso ko habang magkaharap kami. Kahit na seryoso at mabigat ang tono niya ay nasisiyahan parin ako ngayon.

“K-Kasi… diba nga sabi mo ayaw mong-”

“I’m sorry, Klare,” Putol niya sa akin. “but I’m going to be your escort on your birthday.”

“Pero, Eion, baka kasi napipilitan ka lang.”

“I will reject you if I don’t like it, Klare. Pero tinanggap ko, diba? So… that means…” Bumuntong hininga siya at pumikit. “I’ll go. Goodnight.”

That means? That means? Naestatwa na ako sa kinatatayuan ko kaya wala ng lumabas na salita sa bibig ko hanggang sa umalis na siya. That means he like it? Pero kung ganun, bakit ang harsh niya sa akin kanina? Bakit pakiramdam ko mababa ang tingin niya sa akin? Oh, this is so complicated!

<h1>Kabanata 4</h1>

<hr>

Kabanata 4

*OceanofPDF.com*

Full Attention

Bumalik ako sa kwarto nang medyo tulala. Nagulat ako nang nadatnan ko ring tulala ang pinsan ko na nakaupo sa kama ko. May tuwalyang pink sa kanyang ulo at naka topless na. I can see the kinda tribal tattoos on his left pecs. Nag iwas ako ng tingin.

“Naligo ka?” Tanong ko at umupo ulit sa tukador. “Akala ko inaantok ka na?”

Kinuha ko iyong guitar niya sa tabi ng kama ko. Hinaram ko ito sa kanya last month at hanggang ngayon hindi ko pa nasosoli.

“Not… anymore.” Bumuntong hininga siya at hinawakan ang kanyang lower lip. “Anong gagawin mo?” Tanong niya at binaba ang tuwalya kong ginamit niya.

“I’ll just… I’m bored.” I lied.

Ang totoo ay hindi ako makatulog. Labing limang minuto akong tumunganga sa labas ng building kahit umalis na si Eion doon at nawala ang antok ko. Kahit ang alak ay hindi kayang patulugin ako ngayon. He was so complicated. Too complicated. Ngayon lang umusad ang relasyon namin from casual friends to… I don’t know. Pero iyong pagtatalong nagawa namin kanina ay pagbabago na talaga para sa akin.

Nakatingin si Elijah sa akin sa salamin ko. Seryoso ang kanyang mukha nang tiningnan akong nag strum sa guitar niya. May kung ano siyang kinuha sa gilid niya at nakita kong cellphone niya iyon.

“Sinong katext mo?” Tanong ko.

Umiling siya at pinakita ang cellphone niya. “Wala. Mag video ka na lang ng kakantahin mo.” Ngumisi siya.

Huminga ako ng malalim at ngumisi.

Tumayo siya at nilapag ang iPhone niya sa harap ko. Kita ko sa salamin na nasa insaktong angle lang iyon. Makikita ako, makikita rin siya.

“Use my phone! Baka ipamblackmail mo lang ito sakin!” Tumawa ako.

“Paano ito magiging blackmail?” Umiling siya. “This will be wonderful.”

Ngumuso ako at tumitig sa mga mata niyang expressive. Malalim at may matataas at mabibigat na pilikmata. This is why he probably got so many girls around him. Dahil pagkatama pa lang ng mga mata mo sa mga mata niya, you will fall for him hook, line, and sinker na agad.

“Okay.” Sabi ko.

Nakita kong pumula na ang gitnang buton. Ibig sabihin ay nagsisimula na ang video na iyon. Umupo siya sa likod at kita kong nasa video parin siya.

Ngumisi ako at pinagpatuloy ang ginagawa ko. Nilagay niya ang unan sa kanyang kandungan at nagsimula akong kumanta.

“Sa hindi inaaasahan

*OceanofPDF.com*

Pagtatagpo ng mga mundo

May minsan lang na nagdugtong,

Damang dama na ang ugong nito

Hindi pa ba sapat ang sakit at lahat

Na hinding hindi ko ipararanas sayo

*OceanofPDF.com*

Ibinubunyag ka ng iyong mata

Sumisigaw ng pag-sinta…”

Hindi naman ako nakakarelate sa kantang ito sa nararamdaman ko kay Eion.

“Tayong umaasang

Hilaga’t kanluran

*OceanofPDF.com*

Ikaw ang hantungan

*OceanofPDF.com*

At bilang kanlungan mo

Ako ang sasagip sayo…”

Dahil kahit anong gawin ko, oo nga’t hilaga’t kanluran ang agwat namin, pero hindi ako hahantung sa kanya. Ayaw niya sa akin. Kumalabog ang puso ko nang maalala ko iyong kinilos at sinabi niya kanina. Ayaw niya ba talaga sa akin? May gusto ba siya sakin o gusto ko lang paniwalaan ang mga imposible? Dahil baka sakali’y magkakatotoo?

Nag angat ako ng tingin at nakita ko ulit si Elijah na mabibigat ang mga matang nakatitig ng seryoso sa akin habang hinahaplos ang labing kinakagat niya. Ngumuso ako at napahikab.

“Sleep now, Klare.” Utos niya.

Tumango ako habang tinitikom ang bibig sa pagkakahikab at nilagay ang gitara sa gilid ng kama.

“I want to shower, pero inaantok na talaga ako.” Sabi ko at bumulusok na ako sa kama sa tabi niya.

“That’s okay. Hindi ka naman mabaho. Medyo lang.” Humalakhak siya kaya pinalo ko na ng unan.

“Annoying! Doon ka na nga sa guestroom!” Sabi ko.

“Ayoko nga!” Tumayo siya at nilingon ko.

Nakita kong di pa nga pala napapatay iyong iPhone niya. Kinuha niya iyon at may pinindot siya bago pinatay ang main switch ng ilaw ko. Ang tanging natira ay ang lamp sa gilid ng kama. Humiga na siya sa gilid ko at naamoy ko agad ang bango niya.

“Elijah…” Antok kong sinabi. “Did you use my shower gel?”

“Hmmm. Uh-huh.”

“Again?” Buntong hininga ko.

“Yup.”

“Kainis ka! Bumili ka ng sayo!” Sabi ko at sumuko na sa antok ko na halos wala na akong marinig sa sunod niyang sinabi.

“Ayoko. I’m kinda addicted…”

Iyon na lang ang tanging naaalala kong nag usap kami ni Eion hanggang sa tatlong araw na lang at debut ko na. Dahil masyadong bongga ang gagawing debut ay kinakailangang mag practice ng isasayaw. I hate this part. Oo na’t gusto ko ang pagsasayaw kaya lang ay pakiramdam ko naaabala ko ang mga kaibigan ko. Buti na lang at kakatapos lang ng midterms.

Naroon na ang mga pinsan ko at ang mga kaibigan kong kasama naman sa 18 candles. Ang tanging wala ay si Daddy at si Mommy na kasama sa Roses at Candles.

Halos nandito na ang lahat at may kapartner na rin lahat. Pinasadahan ko ng tingin ang mga pinsan at kaibigan ko. Kahit si Charles ay may kapartner nang si Claudette! Ako na lang ang walang partner! Eion is late.

“Klare, we are starting without your escort.” Sabi ng trainor.

Tumango ako.

Pinasadahan ko ulit ng tingin ang mga pinsan kong enjoy na enjoy sa kanilang partners. Si Damon lang ata ang medyo nababanas. Partner siya ni Julia at hindi ko alam kung ano ang pinagpuputok ng butchi niya. Maganda naman si Julia at sikat. Seriously, what is wrong with him? Eh, kitang kita ko nga na kanina pa nita-tsansingan nina Josiah at Azi iyong mga partner nila. Nilingon ko si Elijah at tumaas ang kilay ko nang naabutan ko siyang tinitingnan ang partner niya nang nakangisi na para bang may nakakatuwa.

“Okay, Klare?” Ulit ng trainor.

“Alright.”

Kaya nagsimula na sila sa pagsasayaw. Umupo na lang ako at pinagmasdan ang pagtuturo ng trainor sa kanila. Nilingon ako ni Azi at pinandilatan niya ako.

“That’s what you get, Klare. Sabing ako ang escort, e!” Aniya.

Nakita kong medyo na offend ang kaibigan kong kapartner niya dahil nakatoon sa akin ang atensyon ni Azi.

“Okay lang naman iyon, Klare.” Paliwanag ng trainor. “Sa part na ito, paparating ka pa lang naman. At tatanggapin ka ni Eion sa hagdanan habang sumasayaw silang lahat.”

“I don’t like your idea here.” Singit ni Elijah. “You mean para kaming mga extra sa fairytale nina Klare at… Eion?” Kumunot ang noo niya nang sinabi niya ang pangalan ni Eion.

“Yes, parang ganun!” Tumawa ang trainor at bumaling sakin.

Ngumiti ako at narinig ko ang maingay na pag buntong hininga ni Elijah.

“Sasayaw siya pero sa huli na at konti lang naman kaya walang problema kung ma late man ang escort niya.”

“And we’re a bunch of extras?” Angal ni Elijah.

“Calm your tits, Elijah!” Dinig kong saway ni Kuya Justin sa kapatid niya.

“I am calm!” Baling niya sa kapatid niya pero medyo mainit na ang titig niya.

“Idunno, bro. Hindi ko alam kung ano ang meaning ng calm sayo.”

Narinig kong tumawa si Rafael sa gilid at tinapik niya si Elijah.
“Apparently, we are the extras here.”

Napatalon ako nang nakita kong may lalaking pumasok na may earphones sa tainga at may dala dalang bag. Hindi siya ngumingiti at hindi rin naman siya nakasimangot. Palagi talagang ganoon ang ekspresyon ni Eion.

Ngumiti ako sa mga pinsan ko. Nag ilingan sila. Tumawa si Josiah at tinapik si Elijah sa likod.

“Give it up.”

Nagsimula na ulit ang pag papractice nila. Inulit ulit nila iyong simpleng sayaw nila habang kami naman ni Eion ang pinagtutoonan ng pansin ngayon ng trainor.

“Dito ang kamay mo sa baywang niya Eion.” Diniin ng trainor ang nag aalangan niyang kamay sa baywang ko. “Dito naman ang isa sa kamay niya.”

Nakita kong lumunok si Eion. Hindi man lang siya makatingin sa akin habang ako ay titig na titig sa kanya at halos mabingi sa kalabog ng sarili kong puso.

Isang minuto lang yata ang sayaw pero nahihirapan kaming dalawa. Hindi ko alam kung nininerbyos ba ako o ano pero lagi kong naaapakan ang paa ni Eion.

“Alis na kami, Klare!” Sabay kaway ng mga kaibigan kong babae na dumalo sa practice pagkatapos ng isang oras.

Kita ko agad na nakapulupot ang mga braso ni Azi at Josiah sa mga partners nila sa sayawan.

“Coffee?” Dinig kong anyaya ni Josiah sa kaibigan ko.

Darn! See? Dapat pinagsabihan ko ang friends ko tungkol sa mga pinsan ko, e. But I’m pretty sure they know na halos lahat ay playboy, lalong lalo na si Josiah, Azi, at Elijah. No. Actually, silang lahat. Nilingon ko ang pinsan kong maaring may iuwing babae sa condo niya, si Damon pero nagulat ako nang siya lang sa lahat ang walang kasamang babae! Imbes ay nasa cellphone siya at nakikipagtawagan at mukhang seryoso ang usapan.

“Bye, Klare!” Sabi nina Erin sa akin. Kasama nila ang ibang lalaking kaibigan namin simula pa noong high school.

Tumango ako at inagaw na ng trainor ang atensyon ko.

“We’ll do it again twice at tapos na!” Pumalakpak siya at excited na nilagay ulit ang kamay ni Eion sa mga parte kung saan dapat sila.

Napalunok ako. Iyong pagkakahawak niya sa baywang ko ay parang lutang lang at hindi talaga nilalapat iyong kamay niya sa damit ko. Ang kamay niya naman sa kamay ko ay halos di gumagalaw. Hindi ko rin ginagalaw ang daliri ko dahil nahihiya akong makuha ko ang atensyon niya pag ginalaw ko iyon.

“Elijah?” Napalingon ako sa kapartner ni Elijah na si Hannah.

“Hmm?”

Ngumuso ako at halos ngitian siya nang nadatnan ko ang titig niya.

“Di mo ba ako yayayain? Palabas na sina Josiah kasama si Leana.” Sabay kulot ni Hannah sa wavy niyang buhok.

Naaalala ko pa noong highschool pa kami. Bukambibig ng mga kaibigan ko ang mga pinsan kong mailap. Kaklase lang pero kung titingnan mo ay parang may ibang mundo silang lahat.

“Go!” Tumatawa ako at ni cheer si Elijah habang gumagalaw kami ng marahan ni Eion sa kanta.

Pinandilatan ako ni Elijah at agad hinapit ang baywang ni Hannah na bahagya pang tumili dahil sa ginawa ng pinsan ko.

Napawi ang ngiti ko at nanliit ang mga mata ko. He is holding her so close… Hindi kaya nanganganib si Hannah sa kanya? What if he breaks the heart of my friend? Ugh!

“Hey…”

Napatingin ako kay Eion na ngayon ay medyo iritado akong tinititigan.

Uminit ang pisngi ko sa titig niya. “Hmmm?”

“Kung ayaw mong bigyang pansin ang pagsasayaw natin, humanap ka na lang ng ibang binabalewala mo.” Malamig niyang sinabi.

“H-Ha? I’m sorry-”

“I want your full attention when we’re dancing, Montefalco.”

Napalunok ako sa sinabi niya at kumalabog ang puso ko. “O-Of course! Sorry.” Yumuko ako.

Narinig ko ang buntong hininga niya. Kinagat ko ang labi ko.

Nang natapos ang sayaw ay agad niyang binitiwan ang kamay ko.

“Break muna, para sa next. Teka lang. Aayusin ko lang muna yung backdrop.” Anang Trainor.

Tumango ako.

Umupo si Eion at uminom ng mineral water habang naghihintay sa trainor namin na ngayon ay kausap na ang events organizer.

Umupo din ako sa kabila. Damn! I can’t even start a conversation with him! Lagi akong kinakabahan baka magkamali ako pag kinausap ko siya. May kumalabit sa akin. Nilingon ko ang kapatid ko at nakita ko ang pares ng medyo chinky niyang mga mata na katulad noong akin. Umiinom siya galing sa tumblr niyang Ben10.

“Why did you let Kuya Elijah go?” Tanong niyang nagpakunot ng noo ko.

“Bakit? Anmeron?”

“Sinong mag uuwi sa akin?”

Tumango ako at tumingin sa cellphone. “Tatawagan ko si Dad so he can fetch us! o di kaya mag taxi tayo! O jeep!” Sabi ko.

Nagkasalubong ang kilay niya. “But I have Kumon! I need to go, now!” Humalukipkip siya.

“You spoiled vrat! Hintay ka! Bigyan kita ng pamasahe diyan, e.”

Nag angat ako ng tingin nang narinig ko ang pag ubo ni Eion. Nakita kong ngumisi siya habang pinagmamasdan kaming dalawa ng kapatid ko. Yumuko ako at nag init agad ang pisngi ko.

“Shhh! Mamaya. Malapit na to.” Sabi ko ng pabulong kay Charles.

“Kung gusto niyo, uwi na lang tayo. Kuha na naman natin, Klare. Ihahatid ko kayo.”

“Good idea.” Sabi ng tunog matanda kong kapatid.

Umiling ako pero sa totoo lang, windang ako dahil ihahatid niya kaming dalawa!

“Nakakahiya, Eion.”

Tumayo siya nang dumating ang trainor namin at kinausap ito. Tumango ang trainor at tumingin kay Charles at sa akin. “Okay. Sige. Kuha niyo na naman.”

Tumalon ang kapatid ko at agad ng tumakbo papalabas ng clubhouse. Great! Kapalmuks talaga ni Charles pero sige na nga! This is a good thing!

Binuksan agad ng kapatid ko ng walang bahid na hiya hiya ang likod ng D-max ni Eion.

“Sorry.” Sabi ko nang napansin niya iyon.

“Okay lang.”

“Charles! Behave!” Utas ko sa kapatid kong inirapan lang ako.

Kaya nung nasa front seat na ako ay ginapangan ulit ako ng kaba. Lalo na dahil kailangan kong magsalita. Hindi naman siguro pwedeng hindi ko siya kausapin, diba? Kailangan ko ng topic!

Biglang nagpakita si Charles sa gitna naming dalawa. I’m pretty sure inaapakan niya iyong upuan sa likod ng nakapaa o naka sneakers.

“Hey! Baba ka nga!” Sabi ko.

“Do you play guns, Kuya?” Topic niya.

“It’s okay, Klare.” Lingon ni Eion.

Okay. I think he’ll save my ass from the topics. Hinayaan ko kahit na hiyang hiya na ako.

“Anong klaseng mga gun, ba?”

“You know? Real guns or something?”

“Hmmm. Nakahawak na ako ng baril.”

“Do you play… airsoft?”

Nilingon ko agad ang kapatid ko. Nilingon niya rin ako at nginiwian.

“Nope.” Ani Eion.

“Oh? Si Kuya Elijah magaling mag airsoft!” Wika niya at bumaba na sa pagkakaupo niya na para bang nawalan siya ng gana dahil lang di naglalaro si Eion ng airsoft.

<h1>Kabanata 5</h1>

<hr>

Kabanata 5

OceanofPDF.com

Bakit May Kapalit

Kabadong kabado ako nang tinanggap ko ni Eion ang kamay ko para magsayaw na kami. This is harder than I thought! Mahirap pala pag naka gown ka na at heels tapos pinagpapawisan ka pa sa kaba habang isinasayaw ka sa harap ng maraming tao. Well, hindi naman talaga ganoon ka daming tao. We have around 50-80 guests right now kasama na ang mga relatives, friends, at mga kasama ni daddy sa trabaho.

“Ang lamig ng kamay mo.” Ani Eion habang isinasayaw niya ako.

Kumikislap ang mga mata niya habang nginingitian ako. Dapat akong magulat kasi nakangiti siya pero masyado akong abala sa pagiging kabado dahil sa mga matang nakatutok sa amin. Saka lang ako kumalma nang umupo na ako sa harap para makinig at manood sa programme na konti lang ng alam ko.

“She deserves the best. And no one is the best for me.” Nakangisi si Daddy nang sinabi niya iyon sa lahat habang ako naman ay parang waterfalls na na tumutulo ang luha ko.

Pagkatapos ng makabagbag damdamin niyang speech ay ipinakita ang video sa screen iyong mga pictures ni mommy noong buntis pa siya sa akin. Ipinakita rin doon ang mga videos ko noong bata pa at kung anu-ano pa. Hanggang sa nag grade school ako kasama ang mga pinsan kong sina Erin at Claudette. Sina Chanel, Damon, Rafael at Knoxx naman ay older sa amin kaya medyo malalaki na sila sa pictures. Naipakita din ang pictures noong nag highschool kasama ang mga kaibigan kong sina Liza, Hannah, Julia at iba pa. Hanggang sa nag college at mga pictures at videos naman na kuha ni Silver Sarmiento.

Enjoy na enjoy ako sa lahat ng nangyari dahil hindi ko inaasahan ang bawat part sa programme. Pagkatapos ng video ay gulat na gulat ako nang may inihandang sayaw pala ang mga pinsan kong lalaki. Tuwang tuwa ako roon lalo na’t bihis na bihis silang lahat sa kanilang mga dark tux. Ang mga babae naman ay naghanda ng mga kanta. Samantalang ni reveal naman ng

mga kaibigan ko ang iilan sa sekreto ko at mga ugali kong kahit ako ay di ko napapansin. Hindi ata nawalan ng luha ang mga mata ko.

Nang kumain na ay saka pa ako kumalma. Kasama ko si Eion sa pagkain kaya kahit gutom ako ay di ako makakain ng maayos dahil sa kahihiyan ko sa kanya. Nakatingin ako sa kanya habang sinusubo ang pagkain. Wala siyang pakealam. Hindi siya tulad ko na kabadong kabado kahit na kumakain dahil sa kanya.

“Stop staring, Klare.” Nag angat siya ng tingin sakin.

Napatalon ako at agad tiningnan ang sarili kong pagkain. “I’m sorry.”

He smirked.

Kaya mas lalo akong kinabahan at kumain na lang ng tahimik. Ang sumunod na parte ay ang 18 candles ng mga kaibigan kong babae. Sinabi nila sa akin kung ano ang wish nila at nakakahiya dahil halos lahat ay nag wi-wish ng lovelife.

“You’re pretty, matalino, mabait, talented. Naaalala ko pa noon nang pinakanta tayong lahat ng teacher natin sa P.E. para sa music na subject, Klare. Ang buong akala namin sa sayaw ka lang magaling pero gulat ako nang maganda din pala ang boses mo! Seriously? Wala bang bagay na hindi ka marunong?” Tumawa si Hannah.

Napangiti din ako.

“Wish ko for you, Klarey is love life.” Humagalpak ng tawa si Erin. Baliw! “Sorry, tito, tita.” Aniya sabay tingin sa mga tao. “Kahit weird si Claudette ay nagka boyfriend na siya noong high school.” Nagtawanan sila. “Pero itong si Klare kahit M.U. wala akong makita. Anong meron at bakit hindi siya nag kakaboyfriend? Meron namang manliligaw. Mapili ang isang ito kaya sana…” Nanliit ang mga mata niya. “Magmadali na iyong lalaki diyan na gusto niya. Coz Klare will only settle for the best.”

Hindi ko na napigilan ang tingin ko at hinanap agad nito si Eion sa harap. Nakita kong nag igting ang anga niya habang nakatingin sa sahig. Oh my!

Masyado naman kasing madaldal itong si Erin!

“Alam ko kung bakit hindi siya nagkakaboyfriend.” Ani Chanel sabay tingin kay Erin. Tumawa si Erin nang paupo na dahil ngayon, si Chanel na ang nagsasalita at nakahawak ng kanyang kandila. “She’s too close to the boys. Dapat mag lie low na muna siya sa mga pinsan naming lalaki. Kahit sino naman sigurong lalaki ay manginginig pag nakitang napapalibutan ng lalaki ang babaeng gusto niya diba?”

“Edi kung natatakot siya, his ass don’t deserve Klare!” Narinig kong sinabi nI Elijah sa likod na nagpatawa sa lahat.

“Elijah naman! Zip your mouth, baka maging bato pa ang grasya ngayong gabi!” Ani Chanel at bumaling kay Eion tapos sa akin. “Happy birthday, couz. I love you so much little girl. Ay, di ka na little girl. You’re eighteen!” Hinagkan ako ni Chanel at hinalikan.

Nagpalit ako ng gown at ang nakataas kong straight na buhok ay binaba na ngayon ng artist. Hindi na iyong pink ball gown ang suot ko, ang champagne long gown na na may magandang sequins. Ngumiti ako dahil ito talaga ang gusto kong suotin kaso ayaw ni mommy. May konting kulot ang buhok ko ngayon dahil kinulot siya ng artist. If only I can keep it that way. Straight kasi ang buhok ko at medyo kulay brown ang natural na kulay. Mas maganda sana tingnan kung kulot sa dulo.

Nagsimula na ang 18 roses. Una si dad, sunod ang kapatid ko. Natuwa ako sa kagwapuhan ni Charles ngayong gabi. Ang cute ng black tux niya, para siyang maliit na Montefalco. Sumunod ang mga pinsan kong panay ang pangungulit sa akin habang nagsasayaw isa-isa at pagbibigay sa akin ng roses.

Lumapit si Kuya Justin na nasa bibig niya ang rose. Tumawa ako dahil para kaming magsasayaw ng Tango!

“Happy birthday Klare.” Wika ni Kuya Just.

“Yung gift ko sayo Klare, walang nakalagay na pangalan kasi nakalimutan ko.” Ani Rafael. “It’s a book called Fifty Shades of Grey.” Sinapak ko siya

at tumawa na lang siya sa akin.

“Uuwi na ako ng Manila bukas. Grabe itong birthday mo, ah? Halos isang buwan akong absent sa school!” Tumawa si Knoxx sa akin. He looks like Azi ayun nga lang mas dark at smoky ang kanyang mga mata kumpara sa malumanay na mata ni Azi.

“Good evening, Klare.” Bati ni Damon. Nanliit ang mga mata ko habang isinasayaw niya ako. Hindi maalis ang ngising nakakapanindig balahibo sa kanyang labi. Talagang bagay sa kanya ang tux. Siguro ay dahil sa kanilang lahat, siya ang madalas kong nakikitang naka tux. “Mas lalo kang gumanda ngayong gabi.”

Yumuko si Josiah at naglahad ng kamay nang siya na. Nasilaw ako sa cross earrings niya sa magkabilang tainga. “Sa totoo lang, ayaw ko pang magkaboyfriend ka. I mean, look at Ate Chanel! Kung tingnan mo parang mag papakasal na. And Claudette is crazy. Wa’g mong sabihing si Erin na lang ang makakasabay namin dito?”

“I can see that he’s pressured.” Panimula ni Azi. Tumambad sa akin ang medyo magulo niyang buhok na pinasadahan niya ng kanyang daliri bago hinawakan ang kamay ko. Kumpara kay Knoxx na may clean cut at itim na buhok, si Azi ay may kulay brown at magulong buhok. “Si Eion.” He chuckled. “Wa’g kang mag alala, pagkatapos nitong birthday mo ay magpaparamdam na iyan.” Aniya at yumuko pagkatapos ng isang minuto naming pagsasayaw para ipasa ako kay Elijah.

Seryoso ang mukha ni Elijah. Nasilaw din ako sa mukhang buhay niyang diamond earring. Para bang nagsasayaw ito dahil sa ilaw ng dancefloor. “Damn, you look so good.” His voice was husky.

Tumawa ako. He looks good in tux, too. But then again, the Montefalcos are all good looking. Nahagip ko ang titig na titig niyang mga mata sa akin. Tinitigan ko rin siya at kinuha ang lahat ng detalye sa mukha niya. The fold on his lower lips make it seem like his lips were pouting. At sa bawat pag kisap ng kanyang mga mata ay mas lalo kong nakikita na hinahighlight ng kanyang pilikmata ang gilid ng mga mata niya. Hindi niya na kailangan ng

eyeliner para madepina ang expressive at malalim niyang mga mata. I looked away.

“You look so good, too.” Halos namamaos kong sinabi.

“How come we always fight when we were younger?” Naitanong niya.

Hindi ko parin maibalik ang titig ko sa kanya. “I don’t know. Binubully mo ako palagi.”

“Di ah?” He chuckled. “Nililigtas pa nga kita sa mga nang aaway sayo.”

My eyes darted on his. “Oo. Kasi gusto mo ikaw lang yung nambubully sa akin.”

Nakita ko ang paglunok niya at ang pag igting ng mga panga niya sa sinabi ko. “Si Azi din naman, ganun ang turing sayo.” He looked away.

Nang pinalitan siya ni Jim na kaibigan ko ay hindi ko maintindihan kung bakit humahataw ang puso ko. Nilingon ko si Elijah, likod niya na lang ang nakikita ko dahil pabalik siya sa kanyang upuan bago ako kinausap ni Jim at nasa kanya na ang atensyon ko.

Nang naubos na ang seventeen roses mas nag dim na ang lights. Nakita kong tumayo si Eion at unti unting lumapit sa akin. Pumalakpak ang lahat at malaki na ang ngisi ko.

Tinanggap ko ang nakalahad na kamay ni Eion at nagsimula kaming sumayaw. Seryoso ang kanyang mukha habang isinasayaw ako. Gusto kong magsalita pero heto na naman ako at nakikipag debate sa sarili kung anong pwede kong sabihin sa kanya.

Binuksan ko ang bibig ko upang makapagsalita pero naunahan niya ako, “You are so beautiul, Klare.”

Kumalabog ang dibdib ko.

“Pero… bakit mo ako gusto?”

Nanlaki ang mga mata ko sa tanong niya. Alright! Alam ko naman na hindi malabo na alam ni Eion na gusto ko siya dahil kalat na ito pero ang kumprontahin ng ganito? Hindi ko inaasahan!

“I-I-I… I don’t know… I mean…” Nangapa ako ng mga salita. “Gwapo, matangkad, basketball player, matipuno, matalino, w-what’s not to like?”

Bumuntong hininga siya.

Para akong sinasalang sa lie detector test habang mabilis na ni-click ng mga alipores ng kanyang kuya ang mga camera sa paligid. Walang alam ang lahat na may pinag uusapan kaming maselan dito.

Tumango siya at nag iwas ng tingin.

Gusto ko sanang magtanong kung gusto niya rin ba ako pero kinagat ko ang labi ko. Ayaw kong masira ang moment na ito dahil lang atat akong malaman iyon. Obvious na hindi niya ako gusto doon sa party ni Kuya Justin. Pumayag lang siya kasi kaibigan ko siya at kaibigan niya rin ang mga pinsan ko.

Natapos ang programme at umalis na ang mga oldies. Syempre, ang mga kaibigan ko at mga pinsan ko ay hindi pa umalis dahil may after party na naman. Magsasayawan pa at mag iinuman. Kasama ko si Erin na pumunta sa suites namin para mag bihis ng mas maikling dress ngunit nang bumalik kami ay halos may tama na silang lahat.

“Chivas Regal.” Tumango si Erin habang tinitingnan ang mga har liquors na inihanda ni daddy para sa mga kaibigan at mga pinsan ko.

Hindi niya siguro inaasahang ganito ang mangyayari. Buti na lang at halos silang lahat ay dito matutulog sa hotel. May tatlong suites kaming kinuha. Ang isa ay para sa mga kaibigan kong babae, ang isa ay para sa mga kaibigan kong lalaki at ang huli ay para sa mga pinsan kong dito matutulog tulad ni Erin at Claudette.

Nagsayawan kami. Kitang kita ko na ang mga boys, kasama si Eion ay naroon sa tables at nag iinuman. Naka-loose na ang kanyang neck tie

habang nag uusap sila sa gitna ng ingay.

“Come on, boys!” Sigaw ni Julia at pinag hihila ang mga kaibigan namin para maisayaw silang lahat.

Nang nakita kong tumayo na ang mga pinsan ko at lumapit sa mga uhaw sa lalaking kaibigan ko ay umupo na lang ako at pinagmasdan silang lahat. Ayun na at nakikipagsayawan na naman si Josiah at Azi. Dirty dancers. Natawa ako nang pinaligiran si Elijah ng mga babae. Hindi niya na kailangang pumorma, kusang lumalapit ang babae sa kanya.

Napatalon ako nang tinapik ako ni Kuya Justin at Rafael.

“We’re going, Klare. May party iyong kaibigan ko. Tingnan namin kung dito kami makakatulog.” Aniya.

Binubuga niya na sa hininga niya ang whiskey. Mukhang malabo na na dito sila matulog dahil mukhang lasing na rin sila.

“Ingat, kuya.” Sabi ko at tinanguan nila ako.

Dinampot muna nila si Knoxx at Damon sa dancefloor na nakikipagsayawan sa mga babae bago umalis. Nilingon ko si Eion at si Jim na nag uusap habang nagsasayawan na ang lahat. Nilapitan ko agad sila kahit na kinakabahan ako.

“Dito kayo matutulog?” Tanong ko kay Jim kahit na gusto kong malaman kung dito ba matutulog si Eion.

“Oo.”

Tumalon ang puso ko! Sa loob ng isang oras ay humupa ang sayawan at halos di na madilat ng girls ang kanilang mga mata kaya dumiretso na kami sa mga suites.

“Alis kami, bitin, e. Party muna kami.” Paalam ni Josiah bago sila umalis ng natirang lalaki kong pinsan.

Hinayaan ko na sila dahil abala pa ako sa mga kaibigan kong ang lalakas na ng boses na para bang di sila magkakarinigan kung di nila lalakasan. Tinulungan ako ni Claudette dahil helpless na si Erin. Isa pa iyang si Erin, nang dumating kami sa girls na suites ay dumiretso siya sa closet at nag pictorials.

“Dito muna kayo, boys, kwentuhan muna tayo!” Anyaya ni Hannah.

Mukha rin namang walang planong umalis ang boys hanggang sa makatulog na. Kaya nagkagulo kami sa iisang kwarto.

“Klare, hatid ko lang si Erin sa kwarto. Mukhang wala na talagang pag asa ito.” Ani Claudette habang tinutulak na si Erin palabas ng suite.

Tumawa ako at tumango.

Hindi ko na maitsura ang mga kaibigan ko. Ang mga girls ay nakaupo o di kaya ay nakahiga na sa kama. Ang mga lalaki naman ay nakaupo sa sofa. Si Eion ay pinipikit na ang mga mata pero nakaya parin nilang mag kwentuhan.

Thirty minutes nang nagkwentuhan kami ng kung anu-ano bago dumating sa lovelife ang usapan.

“Klare! Crush na crush ko talaga ang pinsan mo!” Ani Hannah.

Ngumisi ako at alam agad kung sino ang tinutukoy niya.

“Yung nagsasayaw kami at nahahawakan niya yung baywang ko? Kinikilabutan ako! Tapos kanina, binaba ko ang kamay ko galing sa balikat niya hanggang braso, grabe, big arms! Grabe! Ni stalk ko siya sa Facebook!” Kinikilig siya nang sinabi ito.

“Naku! Wa’g na kayong umasa sa mga pinsan ko. Yung okay sa kanila ay si Kuya Justin lang atsaka medyo si Rafael, the rest, assholes.” Tumawa ako.

“I don’t think Josiah is an asshole.” Ani Julia.

Hindi ko alam kung paano ginagawa ni Josiah’ng malinis ang pangalan niya kahit sa totoo ay siya itong pinaka makati sa kanilang lahat!

“Mag paplan out ako ng date niyo ni Eion, Klare, kapalit sa pag paplano ng date para samin ni Elijah!” Sabi ni Hannah sabay tingin kay Eion.

Ngumiwi si Eion at kinabahan ako. Tumawa ang mga kaibigan ko at nag tilian. “Ayeeee! Uyyyy!” Sigaw nila.

Uminit ang pisngi ko. “Ano ba, wa’g kayong ganyan!” Sabi ko kahit na naghuhuramentado na ang damdamin ko.

“Bakit may kapalit, Hannah? I would date Klare at mas gusto ko iyong walang kapalit. Hindi ko naman kailangan ng plano mo para sa date namin.” Tinitigan ako ng diretso ni Eion.

Nanlaki ang mga mata ko. I don’t know if he’s drunk or what pero tumawa sila at tinulak tulak at pinaliguan ng kantyaw si Eion.

“Weeeh! Lumalakas ang loob pag nakainom!” Tawanan nila.

Uminit pa lalo ang pisngi ko. Hindi ko na alam kung ngingisi ba ako o tatakbo.

“Sa totoo lang, bagay na bagay kayong dalawa!”

Umalingawngaw na naman ang panunuya nila sa amin. Umiling ako sa mga sinabi nila. Nagulat ako dahil akala ko ay maiirita na si Eion dahil sa lahat ng ito ngunit imbes ay nakangisi pa siya. He really is drunk.

Biglang pumasok si Claudette. Maputla siya at diretso niyang nakuha ang atensyon ko kahit na walang pake ang mga kaibigan ko sa pagpapakita niya.

“Klare, talk to you for a sec.” Dinig ko ang pagiging seryoso niya sa mga tawanan ng kaibigan ko.

Tumayo ako at sumama sa kanya sa labas. Hinintay niyang maisarado ko ang pinto bago siya bumuntong hininga. Mas lalong pumutla ang kanyang mukha.

“Bakit? Anong nangyari kay Erin?” Diretsong tanong ko.

“Not Erin, Klare. Chanel called, naaksidente si Azi at Elijah. Wasak ang harap ng Fortuner ni Azi. Si Azi ang nag dadriive, si Elijah ang nasa front seat. Nasa ospital sila ngayon.”

Naramdaman ko ang paglamig ng pisngi ko at ng kamay ko. Hindi ko alam kung ano ang sasabihin ko. Hindi ko alam kung makakagalaw ba ako sa kinatatayuan ko.

<h1>Kabanata 6</h1>

<hr>

Kabanata 6

*OceanofPDF.com*

First Moves

Hindi ko alam kung ano ang mararamdaman ko. Galit ako at kinakabahan habang nasa loob kami ng taxi ni Claudette. Ni hindi na ako nag abalang mag paalam sa mga kaibigan ko sa pag aalala ko. May bakas parin ng make up ang mukha ko pero nakapagbihis na ako ng shorts at simpleng t-shirt.

“Anong sabi? Kailangan daw ba ng b-blood transfusion or anything?” Nanginginig na ang boses ko.

Panay ang tingin ni Claudette sa cellphone niya. Marami siyang nititext. “Ewan ko.”

“Hindi ba type O si Azi? Pati si Elijah? Type O din ako.” Utas ko.

Napalunok si Claudette at nilagay ang cellphone sa kanyang tainga.

“Mom, kumusta?” Napaawang ang bibig niya habang nakikinig sa cellphone niya. “Kasama ko si Klare papunta na kami sa ospital. Pababa na ang taxi.”

Pumikit ako at sinisi ang sarili ko. Dapat hindi ko sila hinayaang umalis, e! Dapat pinigilan ko sila! I should have known! Hindi ko alam kung iniwan ba ni Elijah ang kanyang sasakyan o hiniram iyon ni Kuya Justin kaya silang dalawa ang sumakay sa sasakyan nina Azi! Sinasabi ko na nga ba, hindi talaga nakakapagmaneho ng maayos si Azi pag lasing! Isa pa, bakit sila nag dadrive gayung lasing sila? Kumulo ang dugo ko pero nangibabaw ang pag aalala ko.

“Klare, tumama yung sasakyan namin sa puno sa Lim Ket Kai.” Kinagat ni Claudette ang kanyang labi at binaba ang cellphone. “Nasa ER parin sila hanggang ngayon.”

Huminga ako ng malalim at tinabunan ang mukha ko ng aking mga palad. I can’t calm down!

“Duguan daw si Kuya Azrael.” Ani Claudette.

“Si Elijah?” Tanong kong mabilis.

“Konti lang daw. Pasa yata.” Aniya.

Konti lang? Pasa? Oh God! What if my internal bleeding or something? Nang bumaba kami sa taxi ay mabilis na akong tumakbo patungong ER. Tumambad sa akin ang mommy at daddy nina Claudette. Niyakap nila ako at si Claudette. Naroon din ang daddy ni Josiah na may kausap sa cellphone.

“Ang tigas ng ulo ng Azrael na iyan!” Sabi ng daddy ni Azi. “Sabing wa’g nag da drive ng lasing!”

Nag init ang gilid ng mga mata ko.

Walang umiiyak sa amin. Ako lang ata talaga ang may mababaw na luha dito pero mababaw pa ba ito kung ang iniisip ko ay ang kalagayan ng dalawa kong pinsan? Isa pa, sinisisi ko ang sarili ko sa nangyari! Hell, it’s my birthday! Hinayaan ko silang umalis kahit na pwedeng doon na lang sila matulog sa suite! Pero sinabi kasi nilang may party silang pupuntahan!

“Tita, I’m sorry.” Pumiyok ang boses ko.

Niyakap ako ni tita. “Klare, wa’g kang umiyak. They are both okay naman. It’s not your fault. Sila ang may kasalanan.” Ani Tita.

“Azi is stupid.” Singit ni Knoxx.

“Mom, pwedeng pumasok.” Ani Claudette habang isa-isang nagdatingan ang mga pinsan namin. Kita ko si Damon at Rafael na papasok ng ospital.

“Pwede. You both go…” Sabi ng mommy ni Claudette.

Mabilis kaming pumasok na dalawa. Nadatnan ko na nakangisi na si Elijah habang nilalagyan ng band aid ang kanyang baba at kanyang mukha.

“Miss, bungi na ba ako?” Tanong niyang nagpatawa sa nurse.

Nakita kong namimilipit sa sakit si Azi habang nilalagyan ng cast ang kanyang kanang kamat at ginagamot naman ang duguan niyang noo.

Malumanay na lumapit si Claudette sa dalawa habang ako ay naugatan na ng mga paa sa sahig. Nakakairita! Lalo na nang narinig kong tumawa si Elijah! How can he be so damn okay with all that happened? Bakit natatawa pa siya sa nangyari habang kanina ay halos mamatay ako sa kakaisip sa kanila?

Nagmartsa ako patungo sa kanilang dalawa. Agad kong nakuha ang atensyo niya. Unti unting napawi iyong ngisi niya nang nakita ako. Gusto ko silang saktan pero di ko magawang saktan si Azi dahil namimilipit pa siya sa sakit! Si Elijah ang pagbubuntungan ko kasi kanina pa siya tawa nang tawa!

“Hmp!” Sabay sapak ko sa balikat niya.

“Aray!”

Sinapak ko ulit siya ng ilang beses ng pasalit salit na kamay hanggang sa pinuntirya ko ang baba niyang may band aid.

“What the fucking fuck, Klare!?” Natatawa niyang sinabi habang nakaekis na ang kanyang mga braso. “Masakit na, tama na nga!”

Hindi ako tumigil. Imbes ay nanginig pa lalo ang sistema ko at mas lalo lang akong nag ngitngit sa galit! “Bwisit kayo! Nag alala ako!” Sabi ko.

“Miss, baka po dumugo ulit iyong sugat ng pasyente. Calm down, po.” Sabi ng babaeng nurse na may di kalayuang edad sa amin.

Binaliwala ko siya at pinagpatuloy ang pananapak sa ulo ni Elijah. Patuloy din ang pag sangga niya sa sapak ko.

“What? This is great!” Tumawa siya nang tumigil ako para huminga ng malalalim. “I live in this accident for you to kill me?” Nag taas siya ng isang kilay.

Nanginginig ang mga labi ko habang matalim siyang tinititigan. Narinig kong sumipol si Azi pero di ko siya binalingan.

“Ang masamang damo matagal mamatay.” Tumawa si Azi.

Nakataas parin ang kilay ni Elijah sa akin. Namumuo na ang luha ko at tinititigan ng diretso ang mga mata niya.

“Why were you worried, Klare?” Tanong niya sa akin.

Hindi ako makapagsalita. Tumunganga lang ako sa mga mata niya.

“Come here.” Aniya at naglahad ng kamay.

Kumalabog ang puso ko. Imbes na maestatwa ako doon sa kinatatayuan ko ay unti unting sumusunod ang mga paa ko sa utos ni Elijah. Nakita kong nag igting ang bagang niya pero pumungay ang kanyang mga panga.

Nang nahawakan niya na ang baywang ko ay agad niya akong hinila patungo sa inuupuan niyang kama.

“Don’t get upset.” Malambing niyang sinabi.

Napatalon ako at parang nag balik sa sarili nang nakita kong pumasok ang daddy ni Elijah at sina Josiah at Knoxx sa loob. Mabilis akong lumayo sa kanya at bumaling kay Azi. Siya naman ngayon ang pinag buntungan ko.

“At ikaw naman? Bakit ka nag drive, e, hindi ba-”

“Hep, Klare! Let’s just be thankful that we’re alright at sa puno ko lang nabangga iyong sasakyan imbes na sa ibang sasakyan pa! Nakatulog ako sa byahe. Paano ba naman kasi, nakahiga at tulog din si Elijah! Wala akong makausap kaya mas lalo akong inantok-” Paliwanag ni Azi.

“I don’t care! Dammit!” Sabi ko at nilingon si Elijah na ngayon ay kinakausap nina Josiah at ng kanyang daddy. “Kasalanan niyo parin! Dapat di na kayo nag drive pa!”

Nang napansin niyang nakatingin ako ay binaling niya ang mga mata sa akin. Agad akong nag iwas ng tingin. Hindi ko alam kung bakit balisa ako. Gusto ko ng umuwi at magpahinga. Gusto ko lang pumunta dito para tingnan kung maayos ang dalawa at maayos naman, thank God!

Nanlaki ang mga mata ko nang nakita kong may lalaking madilim ang tingin na nakatayo sa pintuan ng ER. Bakit siya nandito? Not that I didn't like it! Pero ang alam ko ay inaantok na siya at medyo nakainom na.

"Klare." Kinagat ni Claudette ang kanyang labi at bumaling sa akin. "I'm sorry." Nilingon niya si Eion na naroon parin sa pintuan at nakatayo.

Nilapitan siya ni Josiah at nag usap sila, maaring tungkol sa nangyari sa dalawa kong pinsan.

"Kanina kasi tinawagan ko si Eion kasi nag aalala ako. Sasama na ako kay Kuya Knoxx pabalik doon para doon na matulog. I know you're tired so pinasundo na kita sa kanya."

Parang natigil ako sa paghinga ko sa sinabi ng pinsan ko. Oo, inaantok na ako at pagod na ako sa lahat ng nangyari pero gusto ko dito.

"Klare, you go." Ngumisi si Azi at kumindat sa akin.

"Oo nga, Klare. Sumama ka na. I will check Elijah and Kuya Azi kahit na di nila deserve ang care dahil kasalanan din naman nila ito."

Ngumiwi si Azi sa sinabi ni Claudette.

"I'll be back sa hotel. Okay?" Aniya.

Nilingon ko ang ibang pinsan ko na abala sa pakikipag usap sa isa't-isa at ang mga tito kong nasa cellphone.

"Damn, dad's going to kill me for his Fortuner." Humalakhak si Azi.

Humikab ako at doon ko namalayang medyo pagod na nga ako dahil sa lahat ng nangyari. Sinulyapan ko isa-isa ang mga pinsan ko hanggang sa kay Claudette.

"Alright, I'll go." Sabi ko at nilagpasan ng tingin ang kanyang tainga para makita ang nakatingin kong pinsan sakin.

He smirked. Para bang kanina niya pa ako hinihintay na tingnan siya. Kinunot ko ang noo ko at kinalma ang sarili bago ako nag iwas ng tingin. Hindi ko magawang mag paalam sa kanya at hindi ko alam kung bakit. Dumiretso na lang ako sa nag aantay na si Eion sa pintuan.

Tinanggap ko ang buong ekspresyon niyang may halong ngisi at puyat. Kinakausap pa siya ni Josiah ngunit na sakin ang buong mata niya.

“Sorry. N-Nahingan ka pa ng pabor ni Clau.” Sabi ko sabay tingin sa nanginginig kong kamay.

What the hell is happening to me?

“It’s okay, Klare. Sigurado ka bang gusto mo ng umuwi?”

Nag angat ako ng tingin kay Eion. Narinig ko naman ang halakhak ni Josiah sa gilid.

“Or you still wanna stay until later? I can wait.” Ani Eion.

Naka puting v-neck t shirt lang siya at naka checkered shorts. Nasa magkabilang bulsa niya ang kanyang mga kamay. Magulo ng kaonti ang buhok, para bang ginulo niya ito. Kuminang ang silver niyang relo sa kanyang pulso. Mapupungay ang kanyang mga mata at kumikislap ang mga ito. Alas dos na ng madaling araw kaya pare pareho kaming puyat na.

“No… Sige. Balik na tayo ng hotel.” Sabi ko at di na lumingon.

“Bye, Klare! Love you!” Tumatawang sinabi nI Josiah nang nag paalam ako sa kanya at kay Claudette.

Nakapagpaalam na ako kay Azi kanina at busy naman si Knoxx at ang mga tito ko sa pag uusap kaya hinayaan ko na lang sila doon. Bumuntong hininga ako.

“Pang apat na buntong hininga mo na iyan.” Sabi ni Eion habang nag dadrive siya pabalik sa Xavier Estates.

“Sorry. Kinabahan kasi talaga ako sa mga nangyari. At sa birthday ko pa.” Hindi ko na napigilan ang sentimento ko. “Uhm… Tsaka, di ka ba lasing o inaantok?” Tanong kong bigla.

Ngumisi si Eion.

Tumapat ang ilaw ng posteng dinadaanan namin sa mga mata niya. Damn, he really is so good looking! Lalo na pag ngumingisi! Hindi siya madalas ngumingisi pero iyong bawat ngisi niya naman ay nakakataba ng puso!

“Hindi naman ako lasing. Inaantok lang, medyo.” Aniya.

Tumango ako. “Good.”

“Bilib ako sa bonding ninyong mag pipinsan.” Nilingon niya ako. “May mga pinsan din ako, but we don’t bond that much.”

“Ah! Nasanay kasi kami mula bata pa.”

“Bakit hindi sa school niyo nag aral si Knoxx noong high school at grade school?” Tanong niya.

“Lagi kasi silang nag aaway noon ni Azi over petty things. Kaya ayun, pinaghiwalay ang magkapatid.”

Tumango siya. “Maybe Knoxx is just too uptight for Azi’s games.” Ani Eion.

“Oo. Tama ka. Kaya nga nakakainis! Lalo na si Elijah! Nung pumasok ako sa ER naabutan ko siyang nakikipaglandian sa nurse at tumatawa pa!” Humalukipkip ako.

“Talaga? Nakakatakot kaya iyong nangyari! I heard nasira daw ang buong harap ng sasakyan.”

“Oo. Nahati daw. Tsk.” Umiling ako.

“Magkaugali si Elijah at Azi.”

Nilingon ko siya. “No…” Sabi ko ng diretso. “Azi is a slut while Elijah’s just… a flirt.” Ngumuso ako sa sinabi ko.

Tumawa siya. “Not what I meant. I mean, iyong pagiging carefree nilang dalawa.”

Tumango ako. Bakit iyon agad ang sinabi ko? Hindi ko alam.

Nanghumupa na ang tawa niya ay pinalibutan kami ng nakakabinging katahimikan. Ngayon, naiinis ako kung bakit sa isang malayong hotel pa ginanap ang debut ko!

“Ikaw? Ba’t di ka sa school ko nag aral noong high school?” Tanong niya.

“Hmmm…” Nilingon ko siya at agad kumalabog ang puso ko.

Kinakagat niya ang labi niya habang nililiko ang sasakyan. Dammit! He’s so…

“Err… Kasi sa school na iyon nagkakilala si Mommy at Daddy. Kaya doon ako pinag aral. Tsaka ang limang Montefalcos, my titos, doon din nag aral ng high school. Sa college, sa Xavier na kaya college lang din ako lumipat.”

Tumango siya. “High school sweethearts pala ang mommy at daddy mo?”

“Yup. Hindi lang iyong akin, actually. Elijah’s mom and dad were high school sweethearts din. Matatag iyong relationship nila. Sila lang hanggang sa nagpakasal.”

Tumango siya at pinatay ang makina ng sasakyan nang nasa tapat na kami ng hotel. Hindi ko ineexpect na magkakaroon kami ng usaping ganoon ni Eion. Buong akala ko ay tahimik lang ang magiging byahe namin pauwi pero mukha atang marami akong sinabi ngayon.

Kaya nang pumasok kami ng hotel ay natameme na ako. Wala din siyang kibo kaya hinayaan ko na lang. Humikab ako ng dalawang beses habang naglalakad kami sa corridors ng mga suites hanggang sa dumating kami sa suites namin.

“Siguro tulog na sila ngayon.” Sabi ko sabay tingin sa room ng girls at boys.

Tumigil kaming dalawa sa tapat ng pintuan namin ni Erin. Tumango siya at tiningnan ako. Bumaba ang tingin niya sa ilong ko… sa labi ko… Pinikit niya ng mariin ang mga mata niya tsaka kinusot.

“Good night, Klare.” Buntong hininga niya.

“Good night, Eion. And… Uhmm…” Uminit ang pisngi ko.

Hindi ko naman alam kung ano ang ibig sabihin ng pagtingin niya sa mga labi ko o talaga bang tinitingnan niya iyon pero… Lumapit ako sa kanya. Kumunot ang kanyang noo at bahagya siyang umatras pero huli na ang lahat. Hinalikan ko siya sa pisngi!

Ginapangan ng init ang sarili kong pisngit. I’m blushing, I know!

“Thank you.” Nanlaki ang mga mata ko nang nakitang hindi pa napapawi ang pagkunot ng noo niya.

Halos dumugo ang labi ko sa kakakagat ko at sa kaba ko. Shit! Ayaw niya ng ganun? Na offend ko ba siya?

“I really don’t like it when girls do the first move, Klare.” Aniya habang umiiling.

Lumagapak sa sahig ang tingin ko. I knew it! Ito ang dahilan kung bakit laging astang galit siya sa akin noon! Ito! Ayaw niya ng ganito! Ayaw niya iyong alam ng lahat na may gusto ako sa kanya! He wanted privacy! Ayaw niyang binubulgar ko ang feelings ko sa kanya sa harap ng mga kaibigan namin o sa harap ng mga pinsan ko! Gusto niya iyong kaming dalawa lang ang nakakaalam.

“I-I’m sorry.” Sabi ko nang bigla kong naramdaman ang malambot niyang labi sa pisngi ko.

Hindi ko man lang namalayan na lumapit siya para halikan din ako! Na estatwa ako. Lalo na nang nakita kong pumula ang kanyang pisngi at

huminga ng malalim.

“I want the first moves.” Aniya bago ako tinalikuran. Bago ako nalusaw sa kinatatayuan ko!

<h1>Kabanata 7</h1>

<hr>

Kabanata 7

*OceanofPDF.com*

Infinity Sign

Niyugyog ako nang niyugyog ni Erin habang binubuksan ko ang mga regalo sa bahay. Tama nga at may trilogy'ng libro na binigay si Rafael.

"YOU KISSED? MOMOL?" Sigaw niya sa mukha ko.

Narinig kong kumalabog ang kinakaing cereals ni Charles sa kusina. Nasa sala kasi kami at diretsong corridor lang ay kusina na namin.

"Shh!" Sabi ko sabay ismid kay Erin. "Hindi! Sa cheeks lang!" Pumula ang pisngi ko nang sinabi ko iyon.

Lalo na nang parang kinuryente si Erin dahil doon sa nangyari! Umiling ako at sinubukang mag bukas ulit ng iba pang regalo. Kanina pa kami picture nang picture dito ng gulat na mukha lalo na sa regalo ni daddy at mommy na bagong phone.

"Haba ng hair!" Kumanta kanta ang baliw kong pinsan sa sala.

Tumawa na lang ako.

"Nag text na ba siya? O ano?" Tanong niya.

Dinungaw ko ang bago kong cellphone at nakitang may mga nagtext ng greetings kahit kahapon pa ang birthday ko pero walang galing kay Eion.

"Hindi, e. Hula ko tulog iyon. Puyat kami kagabi."

Nanliit ang mga mata niya at ngumisi ulit.

"Not what you're thinking!"

Nagpatuloy ang panunukso niya sa akin dahilan kung bakit di ko maalis ang ngisi ko. Nang nakuha ko ang isa pang regalo at binasa ang maliit na naka fold na papel sa gilid. Alam ko agad kung kaninong sulat kamay iyon kahit na walang nakalagay kung sa kanya ba ito.

“Klare” Ito lang ang nakalagay sa matigas at capslock na sulat kamay. This is from Elijah. Binuksan ko iyon at nakitang may isang kulay aqua blue o lighter teal, hindi ko alam, pero alam ko agad kung saan ito nabili dahil sa nakalagay sa harap, sa ibaba ng kulay silver na ribbons. “Tiffany and Co.”

“Sinong nagbigay niyan?” Halos kunin ni Erin iyong box sa akin.

“Si Elijah.” Sabi ko.

“Ano iyan? Necklace? EARRINGS?”

Agad ko iyong binuksan. Kinabahan ako pero humupa ang kaba ko nang nakita ang isang infinity symbol sa gold at nipis na lace nito.

Dahan dahan ko iyong kinuha at nakita kong bracelet iyon. Kinuha ni Erin iyon sa mga kamay ko. Bumagay ang gold bracelet sa morena niyang pulso. Halatang namamangha siya roon pero imbes na ilagay sa sariling pulso ay nilagay niya iyon sa akin.

Humagalpak siya sa tawa nang nag lock sa maputla kong pulso ang bracelet. “Damn Elijah! Ang tanga! Maluwang! Hindi ka ba niya sinukatan man lang? Sayang!” Aniya nang sinubukang hubarin ang bracelet sa pulsuhan ko at agad itong natanggal.

Masyado ngang maluwang at kung hindi ko ito mamamalayan ay agad itong mawawala. Kinagat ko ang labi ko. Kahit ganun ay nagustuhan ko parin ito!

“I’m gonna text him!” Aniya sabay kuha sa cellphone niya. “Tanga!”

“Leave him alone, Erin! He’s recovering!” Sabi ko sabay subok ng pag kuha sa cellphone niya.

Inilayo niya ang cellphone niya. “No he’s not! Walang nangyari sa kanya except for some bruises! Azi is recovering!”

Pinandilatan ko siya habang tumitingin ng blanko sakin habang nitetext si Elijah. Bumuntong hininga ako at nagsimulang kumuha ulit ng isang

regalo. Ngayon ay kay Eion ang nakuha ko. Mabilis ko itong binuksan at nakita kong bag ang kanyang ibinigay!

“Kanino naman galing iyan?” Tanong ni Erin. Mukhang natapos na siya sa pagtitext kay Elijah.

“Kay Eion.” Sabi ko sabay pakita ng kulay itim at maliit na bag na parang pang pormal na okasyon.

“Walang malisya. Dapat necklace or EARRINGS!” Tumawa siya. Napansin ko ang pagtaas ng boses niya nang sinabi ang huling salita.

“What’s with the earrings?”

She smirked. “Wala lang! Jewelries.”

Ipinagkibit balikat ko iyon. Natigilan ako nang tiningnan niya ulit ang bracelet na ibinigay ni Elijah. Tulala siya roon sa infinity symbol.

“What’s with the infinity sign?”

“Idunno. Just… leave him alone.” Sabay hawi ko sa kamay niyang nakahawak sakin.

Nagdilim ang paningin niya at pinandilatan din ako, “Arte mo po!”

Ilang saglit ang nakalipas ay biglang tumunog ang cellphone ko. Nakita ko kung sino iyong tumatawag. It was Hannah! Ano kaya ang kailangan ng kaibigan ko ngayon? I didn’t know.

“Hello, Hannah!”

“Klare? Is it true? Naaksidente si Elijah?” Tanong niyang diretso.

“At si Azi.” Dagdag ko.

“Pero si Elijah, kasali!?” She clarified.

“Yes, silang dalawa.”

Narinig ko ang malalim niyang hininga. “Oh my God! It’s all over facebook kasi. Is he okay?”

“Yup. May pasa lang at konting sugat. He’s okay. Iyong sasakyan ang wasak. Buti nga sa puno lang at buti walang nangyaring masama sa kanila.”

“Bakit? Anong nangyari?”

“Azi’s drunk driving. Tulog si Elijah. Naka higa siya sa front seat. Inantok si Azi kaya ayun nawalan ng kontrol sa manibela, sa Lim Ket Kai Drive, nabunggo iyong sasakyan sa isa sa mga puno ng island.” Paliwanag ko.

“Oh God! Thank God, walang nangyaring masama! Ni hindi mo pa napaplano ang pagreto sa aming dalawa! Ni hindi pa kami nakakapag date tapos ganito? Klare!” Lumambing ang boses ni Hannah.

I rolled my eyes. “What can I get in return? Ayaw ni Eion na planuhin ang date namin.” Sabi ko.

In fact, I don’t think I need her help anymore. Sa nangyaring paghalik ni Eion sa akin? May development na! Pero talaga kayang nangyari iyon o nag hahallucinate lang ako? O baka naman lasing lang siya? Natuyo ang lalamunan ko sa mga iniisip ko.

“Then just help me out!” Ani Hannah.

“Do you two text?” Tanong ko.

“Nope! Uh, pag nagtetext ako nag rereply naman siya pero pag sunod na reply ko ay madalas hindi na.”

“I see. Tingnan ko kung may magagawa ako. Okay? Kita na lang tayo sa school. Kakausapin ko rin siya. Hindi ba awkward pag di kayo close at magdidate kayo?”

“God! Kung iisipin ko lang na awkward, walang mangyayari samin!”

I rolled my eyes again. “Okay. Last time nung… nung iniwan niyo kami sa venue, hindi ba kayo nag date?”

“Nope! Tinanong niya lang ako kung saan ako magpapadrop kasi mag ja-jogging pa siya.”

Elijah is NOT interested! Nakikita ko iyon pero dahil kaibigan ko si Hannah at wala namang masama kung ipagkakanulo ko siya sa lintik kong pinsan, edi sige, papayag ako.

“He’s always like that.” Ani Erin sabay papak ng popcorn at panonood ng TV habang nakataas ang paa sa center table ng sala.

“Hmm?”

“Si Elijah. Kiss the girls and make them cry.” Kinanta niya ang pagkakasabi nun. “Almost like Kuya Azi pero si Kuya Azrael, binibigay lahat lahat. Si Elijah, surface lang. Ewan, basta. I know Gwen. Sa isang taon nilang relasyon noong Grade 9? Misteryo parin para sa kanya si Elijah.”

Gwen is Elijah’s ex girlfriend. Ito pa lang ang naging girlfriend niya and all the rest were just flings and sidelines. Jerkload. Nasa Maynila na siya ngayon at nag aaral daw ng fashion design sa isang prestihiyosong school.

“Bakit nga pala sila nag break?” Natigilan ako sa ginagawa kong pagtatambak ng mga sirang giftwrappers sa basurahan.

“Ayun nga… Hindi niya ma ispelling iyang pinsan mo. Alam mo? Naiispelling ko naman si Elijah, e. He’s just like Knoxx, Azi, Rafael, Damon, ganun. Pero mahirap talaga pag girlfriend diba? You wanna know everything! Kaya nagiging clingy tayong mga babae. May mga lakad kasi na hindi alam ni Gwen noon. Malimit mag text si Elijah kaya nahirapan.”

Tumango ako.

“Elijah seemed cool with it. Na adapt niya talaga yata ang pagiging westernized sa mga relasyon. Iyong tipong kung break, break na at walang bitterness! You know, he’s been raised in New York after all. New York! Concrete jungle where dreams are made of!” Kumanta na naman ang adik na si Erin.

Yep, you heard that right! Dahil parehong may residence ang kanyang mommy at daddy sa New York ay doon siya nag grade school. Well, nakilala ko na siya noong kinder, since dito naman siya ipinanganak. Kaya lang ay umalis siya noong Grade two at bumalik noong Grade 6 siya kung saan naman Grade 5 ako.

Nang natulog na ako sa gabing iyon ay doon lang ako nakatanggap ng text galing kay Eion! Halos gumulong ako sa kama dahil sa message niya!

Eion:

Are you free this Saturday?

Assuming ba ako kung iisipin kong magkakaroon na kami ng date? Oh! Nanginginig ang kamay ko nang itype ko ang aking reply.

Ako:

Yup.

Agad siyang nagreply at hindi ko iyon inasahan!

Eion:

Thought you’re already asleep.

Ako:

Matutulog na sana ako.

Eion:

Naistorbo ba kita?

Ngumisi ako. Akala ko hanggang doon lang ang usapan namin pero mukhang napahaba.

Ako:

Hindi naman.

Eion:

So you’re free this Sat, then?

Ako:

Yup.

Eion:

Okay. See you.

Hindi ko maintindihan kung saan, bakit, at anong gagawin namin sa Sabado! Pero hindi na ako nagtanong! Alam naman natin ang isang iyon medyo madaling magalit kaya di ko na siya kukulitin.

Dahil doon, naging masaya na ako sa pagbabalik sa school. Usap usapan ang bongga kong birthday at ang aksidenteng kinasangkutan ng mga pinsan ko. Azi’s enjoying the spotlight! Nahuli ko siyang pinapalibutan ng girls sa kanilang classroom at hinahaplos ang cast sa kanyang kamay.

Tumatawa siya habang kinikwento ang lahat ng mga nangyari. Nasa gilid niya si Elijah. Tahimik at pinaglalaruan ang ballpen niya hanggang sa mahagip ako ng titig niya. Nag iwas agad ako ng tingin at napabuga ng hininga.

Mabuti na lang at naglalakad lang ako sa corridors dito. Lalagpasan ko lang ang classroom nila para dumaan sa footbridge ng building na ito papuntang isa pang building nang bigla siyang sumulpot sa pangalawang pintuan!

“Oh my God!” Napasigaw ako sa gulat.

Kumalabog ang puso ko. Hinawakan ko ito at pumikit bago siya hinampas sa dibdib.

“Leche ka!” Sabi ko.

Humalakhak siya. May band aid parin sa pisngi niya.

“Lecheng gwapo?” Nagtaas ng kilay ang feeling.

Nginiwian ko siya at agad niyang kinuha ang kamay ko nang nakangiti parin.

Napaawang ang bibig ko sa malambot niyang haplos. Niyakap ko ng mahigpit ang mga libro kong dala sa kabilang kamay.

Ngumuso siya nang nakita ang bracelet na binigay niya kasama ng relo ko.

“This is wrong.” Wika niya.

“Oo!” Binawi ko ang kamay ko. “Wrong! Hindi kasya sa akin!” Inirapan ko siya.

“Wrong kasi naman, Klare, hindi iyan bracelet.” Aniya at binawi ang kamay ko at kinuha ang bracelet.

“Huh?” Nalito ako sa sinabi niya.

Sa isang iglap ay lumuhod siya sa harap ko. Dinungaw ko siya. Nakita kong pinagtitinginan na kami ng mga taong papasok sa kanikanilang mga klase at sa mga taong dumadaan doon.

“Anklet, Klare.” Aniya at naramdaman ko ang metal lace nito na pumulupot sa paa ko.

Tiningala niya ako at binigyan ng nakakapanindig balahibong ngiti bago tumayo. Hindi ko na napigilan ang bunganga ko nang tumingala na ako sa kanya para tignan siya.

“Bakit ito ang binigay mo?” Tanong kong bigla.

“Ayaw mo ba?” Ngumisi siya.

“Uh, hindi naman. Gusto ko.” Nag iwas ako ng tingin. “A-Akala ko nagkamali ka sa sukat ng wrist ko.”

“Paano ako magkakamali, Klare? Alam ko kung anong pakiramdam ng hawakan ang pulso mo. I won’t be wrong about it. Ito lang talaga ang gusto kong ibigay.”

Tumango ako at tumigil na sa pagtatanong.

Humalukipkip siya at pinanood parin ako ng mabuti kaya naisip kong kailangan kong magsalita.

“By the way, free ka ba this Saturday?” Tanong ko.

Ngumuso siya. “Yup! Bakit?”

“Kasi si gusto ko sanang lumabas kayo ni Hannah.”

“Hannah?” Tanong niya.

Hannah is pretty and intelligent. Salutatorian siya nung batch namin sa highschool. Straight hanggang baywang ang buhok niyang itim na itim. Mas maputi siya sa akin at pulang pula ang kanyang labi. Nakakaintimidate siya dahil full package! Mabait, maganda, matalino! Pero bakit ako tinatanong ni Elijah kung sino si Hannah?

“Don’t you remember? Iyong kaibigan kong nakasayaw mo!” Sabi ko. “Yung sa cotillon ng birthday? Hindi ba hinatid mo nga siya nung practice?” Sabi kong iritado na dahil nakatingala siya at iniisip kung sino iyon.

“Yuh! I thought her name was Jana?” Aniya.

Bumuga ako ng hininga at nilagpasan siya. “Ewan ko sayo. Amnesiac!” Sabi ko pero agad niya akong hinila.

“Hey!” Tumawa siya. “Don’t get mad. Alam mo namang nahihirapan ako sa mga pangalan.”

Napatingin ako sa kamay niyang nakahawak sa braso ko. Binitiwan niya iyon nang nag angat ako ng tingin.

“You always damn forget. Dahil iyan sa dami mong babae, Elijah! Sa sobrang dami ay wala ka ng maalala!”

Kumunot ang noo niya sa biglaan kong sinabi.

Umubo ako at inayos ang sarili ko. Hindi siya umimik pagkatapos ko iyong sabihin. Nanatiling madilim ang kanyang tingin at nakakunot ang kanyang noo.

“So… This Saturday, lalabas kayo ni Hannah.” Utos iyon.

“Kinausap ka ba niya para dito?” Tanong niya.

“Nope! Willing akong nag offer since gusto niya at wala ka namang ginagawa diba?”

“Do you… want me for her?”

Inangat ko ulit ang tingin ko sa mga mata niyang expressive. Para bang may hinihintay siyang hint o ano.

“Well, no. Kasi naman alam kong dudurugin mo lang ang puso niya pag nahulog siya ng husto. It’s just a date, Elijah. Nothing’s wrong with it.” Sabi ko.

Nagtaas siya ng isang kilay at nagkibit balikat habang humahalukipkip. “Guess you’re right. I’ll try.” Aniya.

“You don’t try! Gagawin mo iyon!” Medyo tumaas ang boses ko.

“Alright, alright!” Ngumisi siya.

“As if ayaw mo? E, alam kong gusto mo!”

Nanliit ang mga mata niya sa akin. “Saturday? Punta na ng Kuala Lumpur si Kuya Justin niyan. Ihahatid ko siya sa airport.”

“Bakit? Buong araw mo ba siyang ihahatid? 1 hour will do, diba?”

Tumango siya. “Okay, then you come with me!”

<h1>Kabanata 8</h1>

<hr>

Kabanata 8

*OceanofPDF.com*

Forgive and Forget

Kuala Lumpur ang tungo ni Kuya Justin. Kahapon pa pala umalis ang kanilang mommy at daddy sa Manila. Mukha atang may inaasikaso sa negosyo nilang Palm Oil. Si Kuya Justin naman ay pupuntang New York via Kuala Lumpur.

“Ang aga mong nagising para ihatid ako?” Napatanong si Kuya Justin habang pumapasok sa likod ng sasakyan ni Elijah.

Inaayos naman ni Elijah ang luggage niya sa loob. Nang pumasok na siya ay agad siyang sumingit sa sinabi ni Kuya Just.

“Not for you, Kuya. For me.” He chuckled.

Sinapak ko siya. “Kuya Just, may usapan kasi kami ni Elijah na ididate niya iyong kaibigan ko.”

“Ouch! So hindi mo ako ihahatid dahil gusto mo?” Humalukipkip si Kuya.

Nagsimulang mag drive si Elijah at hinayaan niya kaming mag usap na dalawa.

“Nope! Syempre, gusto ko rin! Hitting two birds in one stone.” Kumindat ako.

“Three birds, Klare. And with accuracy.” Napalingon ako kay Elijah.

Tumigil ang sasakyan at agad bumaba si Elijah. Luminga ako at nakita kong nasa subdivision kami nina Azi!

“Thanks, man!” Sabay fist bump ni Knoxx at Elijah.

Nilingon ako ni Elijah nang binaba ko ang salamin para tingnan kung anong meron. Hindi pa nga ako nakakapagsalita ay napagtanto niya na agad ang gusto kong malaman.

“Uuwi si Knoxx ng Maynila. Driver nila ako today papuntang airport. And you…” Humilig siya sa bintana ng sasakyan habang inaayos ni Knoxx ang kanyang mga gamit sa likod. “Will keep me entertained.”

Bago pa ako atakihen ng kakaibang kuryenta sa katawan ay agad na siyang umalis sa kinatatayuan niya.

“Hello, Klare!” Wika ni Knoxx nang pumasok na. “Akala ko girlfriend na ni Elijah ang nasa front seat kanina, ikaw lang pala!”

Buong byahe papuntang airport ay panay ang pag uusap nila ng kung anu-ano. Mostly about girls. Iyong mga nakilala nila sa party at iyong mga nakaagaw ng atensyon nila!

“You got eight freaking girls in an hour, Elijah! With. No. Sweat.” Ani Knoxx. “Samantalang si Azi ay dalawang beses pang na turn down.

Nakangising nag dadrive si Elijah. Hindi siya kumikibo sa sinasabi ni Knoxx sa likod.

“Syempre, tahimik iyan. E si Azi kilalang notorious playboy.” Ani Kuya Justin.

“You got eight girls?” Napatanong ako kay Elijah.

Umaangat pa lalo ang labi niya sa pagngingisi. Ginalaw niya iyong damit niya na para bang naiinitan kahit naka full naman iyong aircon. Naka kulay itim siyang polo shirt, at khaki shorts. Iyan na rin siguro ang susuotin niya sa date nila ni Hannah.

“They got me, Klare. Hindi naman kasi ako yung naghirap para makuha ang atensyon nila. Sila. Kaya sila yung nakakuha ng atensyon ko.”

“Yabang mo!” Inirapan ko siya at nagtawanan naman si Knoxx at Kuya Justin.

Ngayong aalis na silang dalawa, mas peaceful na iyong pinsan kong naiwan dito. Uuwi si Knoxx sa Maynila, o sa isang probinsya sa Luzon para doon mag aral at pag aralan ang pamamahala ng farm nila doon. Samantalang si

Kuya Justin naman ay nagtatrabaho at naninirahan na sa New York. Pwede naman siyang tumira dito pero pinili niya doon. Nandun din kasi ang Ate ni Elijah na si Ate Yasmin.

“Bye, Klare!” Sabi ni Kuya Justin habang niyayakap ako. “Uuwi ulit ako. Hopefully this Christmas.” Aniya.

“Ako din.” Ani Knoxx sabay yakap din sa akin.

Tumango ako at kinawayan silang dalawa habang umaalis papasok ng airport. Hindi na kami pwedeng pumasok ni Elijah kaya doon lang kami at tinitingnan ang dalawa. Ilang sandali ang nakalipas ay narinig ko ang buntong hininga ni Elijah at ang pagtunog ng kanyang mga susi.

“Let’s go back?” Aniya.

Tumango ako at tumalikod na. Nauna akong maglakad. Dinig ko ang mga yapak niya sa likod ko habang patungo kami sa kanyang Trailblazer, Chevy.

Bago ko pa nahawakan ang pintuan ay pinatunog niya na agad ang alarm para mabuksan ko ito.

“Uh, thanks.” Sabi ko at pumasok na.

Pumasok na rin siya at pinaandar agad ang sasakyan. Siya ang unang nagsalita. Good. Kasi wala rin akong masabi.

“So? Kelan iyong date namin ni Hannah?” Mabuti’t nakuha niya ang pangalan ng kaibigan ko.

“Mamaya na nga, diba? Pag uwi natin, magkikita na kayo.”

“It’s almost 12, Klare. Ginugutom ako!” Aniya.

Pinandilatan ko siya. Hindi siya makalingon dahil nag dadrive siya. “Kaya nga, diba? Magkikita kayo sa Aura para mag lunch. Pagkatapos ay manood kayo ng sine. Pagkatapos ay mag usap kayo sa isang coffee shop at ihatid mo siya sa bahay nila-”

“What is this a schedule?” Humalakhak siya.

Medyo nairita ako sa sinabi niya. “Asshole, ganun makipagdate. Palibhasa iyong mga nagagawa ninyo ay puro sa bar nangyayari.”

Kumunot ang noo niya at binalingan ako saglit bago tumunganga ulit sa kalsada.

Iyon ang naisip kong gagawin nila dahil iyon ang naisip kong gagawin namin ni Eion. Iyon nga lang, sa SM kami at hindi sa Aura. Doon kami mag didate para malayo kina Elijah. At isa pa, balak kong pumunta sa kanilang bahay pagkatapos ng date namin ni Eion para kamustahin sila ni Hannah.

“And I expect you’ll be there with us?”

“I won’t.” Umiling ako. “May date din ako with Eion.”

Kinuha ko ang compact powder ko at tiningnan kung okay ba ang mukha ko. Magpapahatid ako kay Elijah sa SM bago siya dapat pumunta ng Aura, downtown.

“You have a what. Klare?” Mariin niyang tanong.

Sinarado ko ng padabog ang powder ko at matama ko siyang tiningnan. Kita ko na mahigpit ang hawak niya sa manibela at bumabalandra na ang ugat sa kanyang braso.

“A date.” Sabi ko.

“You can’t date the boy.” Aniya na halos matawa dahil mukha akong nagpapatawa.

“Bakit hindi? God! I’m eighteen, Elijah. At wa’g mo siyang tawaging ‘boy’!”

“You’re only eighteen.” Rason niya.

“Kelan ka pa ba naging masyadong over protective sa akin? I get that masyado kayong over protective pero hindi ba tinutukso niyo naman kami

ni Eion? So what’s your problem now?”

“Wala akong problema sa kanya hanggang sa binuksan niya iyong bibig niya sa birthday ni Kuya Justin. He’s a jerk.”

“He’s not… He’s just cold.” Paliwanag ko.

Halos matapon ang mga gamit ko sa biglaan niyang pag bibreak. Wala pa kami sa half way ng daan papuntang syudad. Mabilis itong mag drive pero for some reason, mahina ngayon.

“What the?” Nanlaki ang mga mata ko nang tiningnan ko siya.

Pumikit siya at nagbuga ng hininga na para bang kinakalma niya ang sarili niya.

Dinampot niya ang kamay kong kinakapa ang suklay kong nahulog sa baba dahil sa biglaang pagbreak.

“Baby, you don’t deserve the cold. You deserve someone warm and hot…” Ngumisi siya pero hindi ko magawang ngumisi pabalik.

Masyado akong kinakabahan kaya hindi ko kayang ngumisi! Tinitigan ko ang kamay niyang walang kahiraphirap na pumulupot sa kamay ko. Agad kong inalis ang kamay ko. Nalaglag ang panga niya at agad nag seryoso.

“He opened his god damned mouth that night and talked shit, Klare. Anong gusto mong maging reaksyon ko? Tatanggapin ko siya with arms wide open?” Medyo tumaas ang boses ni Elijah.

“Nakalimutan ko na nga iyon pero tumatatak sayo? Forgive and forget, Elijah. I just need to break the ice between us.” Sabi ko. “And you don’t need to like him, anyway. You are just my cousin. You have no say on who I date.”

Tinitigan niya ako. Madilim na titig. May naglakbay na kuryente sa likod ko. Hindi ko pa iyon kailanman naramdaman kaya pinilig ko ang ulo ko para madistract.

“Okay.” Tumango siya at seryoso parin.

I wanted so much to touch his arms and say sorry. Gustong gusto kong pawiin ang lungkot na nananalasa sa mukha niya ngayon. I’m guilty. Iyon ang pabalik balik na nasa utak ko habang nagdadrive siya ng mabilis at matulin pabalik ng syudad. Masakit ba iyong sinabi ko? Hindi naman, a? That was the freaking truth! He’s my cousin… And… well, yes, maybe pwedeng may say siya sa kung sino ang ididate ko. Pero Eion is a good guy. He’s just cold. Isang pagkakamali lang ay umayaw agad si Elijah sa kanya.

“There you go.” Tamad niyang tinigil ang sasakyan sa gitna ng SM.

“Thank you.” Sabi ko at binuksan ang pintong mabilis ko ring isinara pagkalabas ko.

Ni hindi siya nagtagal o naghintay. Agad niya ring pinaandar ang kanyang sasakyan at bumalik sa downtown kung saan iyong date. Pumihit ako at tiningala ang SM. A date with my ultimate crush! Pero may guilt na dumadaloy sa sistema ko, I can’t seem to forget what he looked like.

Pinipikit pikit ko ang mga mata ko habang hinihintay si Eion sa meeting place namin. Nag order ako ng side dish habang wala pa siya kasi hindi ako mapalagay. Great! May date ako pero lumilipad ang utak ko! Iniisip ko iyong mga mata ni Elijah na nihahighlight nga kanyang mga pilikmata, so sad and so broken.

“Sorry I’m late!” Hinihingal na nag materialize si Eion sa harap ko.

Napatalon ako sa gulat. Ngumiwi siya sa reaction ko. Hindi ko alam kung sinasadya niya bang magulo ang buhok niya para mas gumwapo o talagang ganun ang buhok niya. Naka puting t-shirt siya at naka dark blue jeans.

“You okay? Sorry, na late ako ng 30 minutes.” Aniya at umupo habang nag snap ng daliri para makatawag ng waiter.

“Ha?” Dinungaw ko ang wrist watch ko. “Hindi ko namalayan. Okay lang.” Ngumisi ako.

Iyon ang totoo. Hindi ko namalayan na late siya ng thirty minutes. Huminga ako ng malalim at naamoy ko na ang bango niya. Kaya ba siya natagalan ay dahil masyado siyang nag effort sa pananamit at sa hygiene? Oh! Hindi matanggal ang ngisi ko.

“Anong sayo?” Tanong niya.

“Bentou na lang.” Sabi ko agad.

“Dalawa. Tapos Coke at California Maki.” Aniya sa waiter na agad tumugon sa mga order niya. Bumaling siya sa akin. “Sinong naghatid sayo dito? Dapat ako yung sumundo sayo.”

Kumalabog ang puso ko.

“Si… Elijah.” Damn. I remembered him again! “Okay lang. Galing pa kaming airport para ihatid si Kuya Justin at Knoxx.”

Tumango siya.

Naiisip ko na na natitibag ko na ang pader sa aming dalawa ni Eion. Hindi na siya gaanong cold hanggang sa may dumating na mga batchmates…

“Uy! Kayo na?” Pambungad ng taklesang taga ibang block na naging classmate ko sa isang subject.

Bago pa ako makapagsalita ay inunahan na ako ni Eion. “Hindi!” Umiling siya.

“Sus! Showbiz pa, sige, Eion Sarmiento! Kayo na, e. Kita ko ang sweet niyo sa kanyang debut.”

Eion turned bright red. Nag igting din ang kanyang panga at binalingan ang babae. “Kung magiging kami, malalaman niyo rin naman. Walang rason para maglihim ako.”

Nag hugis ‘O’ ang bibig ng babae at tumango para tantanan kaming dalawa. Natuyuan ako ng lalamunan at pakiramdam ko ay namutla ako lalo na nang

nagkatitigan kami ng galit na mga mata ni Eion. Ayaw niya ba ng ganito? Ayaw niya ba na nakikita kaming magkasama in public?

“I-I’m sorry.” Bulalas ko.

Uminom siya ng tubig. Bakas parin sa mukha niya ang pagkakairita.

“Ayaw ko talaga sa mga chismosa.” Aniya.

“Sorry, ayaw mo na ba dito?” Tanong ko nang dumating ang mga orders namin.

“Bilisan na lang natin ang pagkain at umalis na lang dito.”

Ngumuso ako at tumango. Alright. Damn! What a date!

Ayaw ba ni Eion na may makakita sa aming dalawa? Ikinahihiya niya ba ako sa mga tao? Hindi ko alam. Basta ang alam ko at ang sabi niya ay ayaw niyang pinag chi-chismisan kaming dalawa.

Sinunod ko siya. Mabilis akong natapos. Ganun din siya. Nagbayad siya agad ng bill. Gusto ko sanang magbayad din pero natatakot ako at baka ma badtrip siya sa akin. Dumiretso na kami sa second floor kung nasaan ang movie house ng mall.

Inisip ko agad kung ano na kayang nangyari kay Elijah at Hannah? Nang tiningnan ko ang cellphone ko, wala pa namang text na galing sa kanila kaya hinayaan ko na lang. Pumasok na kami sa loob ng sine na may dalang popcorn at drinks. Action na may halong fantasy ang pinanood namin.

Namangha ako sa kagwapuhan ng bida at naiyak sa mga nakakaiyak na scenes.

“Imposibleng true to life story ito dahil fantasy! Hindi naman siguro totoo iyang mga blackmagic-” Sabi kong pinutol agad ni Eion.

“Shhh! Nanonood tayo! Wa’g kang maingay.”

Umirap ako. “Sungit.” Hindi ko na naiwasan ang pagsasalita ko.

Hindi naman kasi normal sa akin na hayaan ang mga tao sa mga ginagawa nila. Lagi akong may masasabi at laging may kumento. Kay Eion lang ako tumitiklop dahil sa takot kong ayawan niya ako pero sa puntong ito ay hindi ko na iyon napigilan. Kinagat ko agad ang labi ko at nilingon siya kahit madilim ang sinehan.

Nilingon niya rin ako at kitang kita ko ang unti-unting pag angat ng labi niya. He smiled!

“So what kung masungit ako?” Nagtaas siya ng kilay.

Hindi ako kumibo. Wala akong masabi. Mabilis ko na lang na tiningnan ang screen dahil hindi ko rin maalis ang ngisi sa bibig ko.

“Nagtanong ako, pero ang tangi mong sagot ay ngiti? Damn, Klare Montefalco.” Bulong niya sa sarili niya.

Mas lalo akong ngumisi. Hindi ako makagalaw. Naestatwa ako sa kinauupuan ko. Ito iyong feeling na nanlalamig ako at gusto ko na lang na manatili doon at hindi na matapos ang lahat. Gusto kong tumakbo sa kahihiyan at dahil sa paghuhuramentado ng sistema ko pero gusto ko ring manatili at ikulong na lang ang pangyayaring ito sa mga palad ko, para di ko makalimutan, para lagi kong maalala, para lagi kong maramdaman.

<h1>Kabanata 9</h1>

<hr>

Kabanata 9

*OceanofPDF.com*

No Say

“Kina Elijah ka magpapahatid?” Tanong ni Eion nang papalubog na ang araw at pasakay na kami sa sasakyan niya.

Nilingon ko ang papalubog ng araw sa bintana ng carpark at tsaka tumango kay Eion. Alam kong gusto niya ng dahilan kung bakit ako doon magpahatid imbes na sa building na lang namin.

“Malapit lang yung bahay nila dito. Tsaka, may usapan din kami ni Erin na magkita doon.” I lied.

HIndi ko alam kung bakit nagsinungaling ako. Hindi rin naman siguro siya nangangailangan ng dahilan dahil pinsan ko naman si Elijah at wala namang masama kung pupunta ako sa bahay ng pinsan ko. Siguro ay hindi naman talaga si Eion itong kailangan ng dahilan kundi ako.

Tumango siya at pinaandar ang sasakyan. Ang tanging naging laman ng utak ko ay kug nag date nga bang talaga si Elijah at Hannah. I want to know. Panay ang tingin ko sa cellphone ko at wala namang nag text ni isa sa kanilang dalawa. Bakit ko ba naiisip kung nag date ba sila? Syempre, Elijah should be greatful na binigyan ko siya ng pagkakataong makadate ang isa sa pinaka magandang kaibigan ko! She’s even prettier than Gwen, mind you!

“May inaantay kang text?” Medyo seryoso ang tonada ng boses ni Eion nang papasok na kami sa exclusive na subdivision nina Elijah.

Umiling agad ako. “Wala. Tiningnan ko lang kung nag text si Erin.”

Ni text ko na rin ng totohanan si Erin. Sinabi kong nasa Kina Elijah ako ngayon. Nasa katabing subdivision lang naman kasi ang bahay nila kaya mas madali siyang makakapunta doon.

“Asan ba ang kina Elijah dito?” Tanong ni Eion.

Nakalimutan ko siyang bigyan ng direksyon! Madali lang kasing mahanap dahil malapit lang sa gate at malaki ang kanilang bahay.

“Ayan!” Sabay turo ko sa isa sa pinaka malaking bahay sa subdivision na ito.

Tumango siya at itinigil ang sasakyan.

Bukas ngunit naka dim ang lights ng bahay. Hindi mo makikita ang buong garahe galing sa labas dahil sa matatayog nitong mga haligi kaya hanggang tingin na lang ako sa gate.

“Thanks!” Sabi ko sabay kalas sa seatbelts ko.

“No problem.” Tinitigan ako ni Eion. “Did you have fun?”

Kumalabog ang puso ko sa tanong niya. “Syempre!”

Gumuhit ang ngisi sa labi niya. “Next time ulit?” Nag iwas agad siya ng tingin.

This time, I’m sure nahihiya siya sa pagyaya niya sa akin. Pumula ang kanyang pisngi at mas lalo iyong pumula ng tinitigan ko siya.

“Ayaw mo?” Medyo iritado niyang tanong at mas lalo pang inilayo sa akin ang paningin.

Humahalakhak na ako at mabilis na nagsalita. “Syempre, gusto!”

“Why are you laughing?” Ginawa niya ang lahat para tumingin sa akin pero kitang kita parin ang pamumula ng pisngi niya.

“I’m not.” Mas lalo akong tumawa at mabilis akong bumaba sa sasakyan niya.

Nagpatuloy siya sa kanyang madilim na ekspresyon hanggang sa nakababa ako. Nakita kong umiling siya at ngumisi sa akin.

“Good night, Klare.” Umiiling iling siya hanggang sa umalis na ng tuluyan.

Nakangiti pa ako nang tumalikod at hinarap ang gate ng bahay nina Elijah. Pinindot ko ang doorbell sa gate at automatikong bumukas ito. Tight ang

security nila sa bahay nila at may mga katulong din sila. Syempre, kung may ari ka ng isa sa pinakamalaking palm oil company sa Pilipinas, kailangan mo ng ganitong seguridad. Si Kuya Justin ay walang interes sa negosyo nila kaya sa labas ng bansa siya nag tatrabaho. Si Ate Yas naman ay nag aaral at nagpapaka independent na rin sa US kahit na hindi na naman talaga niya kailangan nun.

“Wala pa si Elijah, Klare. Kumain ka na ba? Anong gusto mong lutuin ko?” Sinalubong ako ng isa sa pinaka matagal ng naging katulong nina Elijah.

“Wa’g na po, auntie. Busog pa po ako. Hihintayin ko na lang dito sa sala si Elijah.” Sabi ko at kinuha ang throw pillow sa sofa, at umupo.

Tumango siya, “Juice?”

Tumango ako at kinuha ang iba’t ibang magazine sa ilalim ng kanilang center table.

Naubos ko na lang iyong mga magazine sa kakabasa at mas naging aware na ako sa mga nangyayari sa showbiz ay hindi parin dumadating si Elijah. Naubos ko na rin ang isang pitsel ng orange juice at wala parin siya!

“Klare, ipapahanda ko na ba ang guest room o sa kwarto ni Elijah ka matutulog?” Tanong ng katulong.

Umiling ako. “Paki ready na lang po ng taxi. Siguro after 30 minutes at wala pa si Elijah, papasukin niyo na yung taxi dito para makauwi na ako.”

Nakita kong nagdalawang isip pa siya. “Tatawagan ko na lang siya. Hindi safe ang mag taxi ng gabi. Tsaka, pwede namang magpasundo na lang.”

Umiling ako. “Ah! Di bale, pwede namang si Erin, auntie. Pero paki alert na lang din ng guards pag kailangan ko ng taxi kung wala si Erin.”

Tumango siya at umalis na rin.

Ilang minuto pa akong naghintay. Kumalam na ang sikmura ko. Tumayo ako at nag stretch. Napagdesisyunan kong maghanap ng pagkain sa kusina nina Elijah nang biglaang bumukas ang pintuan. Bumulagta sa akin si

Elijah na naka polo’ng hinihila ng babaeng magulo ang kulot na buhok at naka dress ng maitim at maiksi. Naka paa na siya at sinasakyan niya na si Elijah na para bang sabik na sabik siya sa kanya. Tumilapon ang itim niyang heels sa sahig at nakita kong pumulupot na ang kanyang mga matataas na binti sa baywang ni Elijah.

Hindi ko kinaya. Para akong lobo na unti-unting lumalaki at puputok na ngayon din!

“WHAT THE HELL?” Sigaw ko at halos basagin ko ang vase sa table nila.

Mabilis na binitiwan ni Elijah ang babae at agad bumaling sa akin gamit ang gulat na mukha. Medyo nahulog pa iyong babae na nakatingin parin sa labing pulang pula ni Elijah at hindi man lang nirespeto ang presensya ko!

“Where’s Hannah?” Nanginginig ang boses ko habang lumalapit sa kanila.

Doon pa lang ako tiningnan ng babaeng iyon. She’s a freaking slut! No! I need to calm down! Sa totoo lang, kitang kita ko ang mamahalin niyang pumps at maganda rin siya. Hindi siya cheap. Kulot ang kanyang buhok at medyo foreign ang features ng kanyang mukha. Nang tinitigan ko siya ay nakita ko pa ang kulay green niyang mga mata.

Elijah groaned. “We’re done with the date.”

“Sino siya?” Nanliit ang mga mata ko at tiningnan ang babae.

“Where’s the fun here, Elijah? Akala ko ba you are free tonight?” Medyo malambing ang tono ng babae.

Uminit ang pisngi ko. Nakatitig at nakakunot ang noo ni Elijah sa akin habang titig din ako sa babae.

“Can you leave?” Ani Elijah.

Sumakit ang puso ko nang ilang segundong akala koy ako ang kanyang sinabihan pero nang bumaling siya sa babae at inulit iyong sinabi niya ay gumaan ang pakiramdam ko.

“Leave.” Ulit niya.

Nakita ko ang pagkaka offend sa mukha ng babae. Ngumiwi siya at tumingin sa akin.

“May girlfriend ka?” Tanong niya.

Umiling at pumikit si Elijah. “She’s my cousin.”

“Oh! Well, next time then.” Anang babae at hinalikan si Elijah sa labi.

Suminghap ako nang binuksan ng babae ang pintuan at kinuha ang kanyang mga sapatos sa sahig. Inayos niya ang kanyang sarili at isang pasada lang sa daliri ay umayos agad ang kanyang buhok. Damn! Of course she’s beautiful! Kung inuwi siya ni Elijah sa bahay nila, she must be damn beautiful!

“May taxi sa labas. Naghihintay.” Ani Elijah at sinarado niya agad ang pinto.

Bumaling siya sa akin. Umiling at naglakad patungo sa kitchen nila. Syempre, tumungo din ako doon nang nakasunod sa kanya.

“What the hell happened? Who is the bitch, Elijah? Nasaan si Hannah? What happened to her? Iniwan mo ba siya para sa bitch na iyon!”

“JESUS, KLARE! May pangalan si Annabelle! Will you stop asking me damn questions?”

May kinuha siyang kulay brown na maiinom sa ref at nilagok ang isang shot noon bago nilapag sa counter. Malayo ako sa kanya pero hindi ko parin maalis ang paghuhuramentado at pag kakainis ko!

“Mabuti pa si Anna freaking Belle, naaalala mo ang pangalan pero si Hannah? Jana pa ang tinawag mo sa kanya!” Sigaw ko.

Honestly, what’s wrong with me?

Kita ko ang gulat sa kanyang mukha sa inasta ko, “We’ve met before! Sa New York! What is your freaking problem? Huh? I don’t know, Klare. I don’t know.” Umiling siya at lumapit sa akin.

Umiling din ako at unti-unting umatras. What is my problem? Hindi ko rin alam. Hindi ko alam!

“Dahil ba wala ang parents mo? Wala si Kuya Justin? Ikaw lang dito may karapatan ka ng magdala ng babae? At dito pa kayo mag milagro?” Matabang kong sinabi.

Tumigil siya sa harapan ko. “Ano yun sayo?” Matama niyang sinabi. “Would you rather see me kissing your friend than someone else-”

“JERK!” Sinampal ko siya.

Nanginginig ako sa picture na ibinigay niya sa utak ko. Hannah? Kissing Elijah? No. Way. Nakikita kong sumasayaw ang kanyang mahabang buhok sa mga braso ni Elijah!? Just no effing way!

Kumislap at pumula ang mga mata ni Elijah nang bumaling sa akin galing sa pagkakasampal ko. Nag igting ang bagang niya. Lumipad naman ang kamay ko sa labi ko. Nagulat ako sa sinabi ko! Nagulat lang ako!

“Kung ayaw mo? Edi ano, Klare? Ayaw mo ako sa ibang babae, ayaw mo yung kaibigan mo? Edi ano? Ano ang gusto mo? What? Pag may kahalikan ako susugod ka at mag eeskandalo na lang kasi hindi pwede kahit sino?”

“YES! Hindi pwede kahit sino! Hindi pwede, Elijah! Hindi pwede! Hindi pwede, hear me? Hindi pwede!!!” Namamaos kong sigaw sa mukha niya.

Nalaglag ang panga niya sa sinabi ko.

Ilang sandali na lang maiiyak na ako. WHAT THE HELL DID I JUST SAY? Hindi ko alam. Lahat ay blanko sa utak ko.

“You. Have. No. Say. On. Who. I. Fucking. Date!” Aniya at agad akong nilagpasan.

Nag ugat ang mga paa ko sa sahig. Hindi ko siya nilingon kahit na dinig ko ang kalabog ng kanyang paa paakyat ng hagdanan at kahit ang padabog niyang pagsarado ng pintuan ay dinig na dinig ko. Tumulo ang mga luha sa mata ko. Hindi ko iyon mapigilan. Mabilis din ang pintig ng puso ko. What the hell is happening with me? Basta ang alam ko lang, walang filter kong sinabi ang nararamdaman ko.

Gusto kong si Hannah pero ayaw kong nakikita silang naghahalikan? Can't they get to know each other first? Date first? And not take it to the next level? Kasi hindi pa ako ready!

That night, I didn't know what the hell is my problem. Basta natulog na lang ako ng mabigat ang puso. Kumatok si mommy sa sumunod na araw.

"Klare?" Mahinahon niyang binuksan ang pinto ko.

"Hmm?" Kinukusot ko ang mga mata ko.

"Simba tayo mamayang hapon. By the way, tumawag si Elijah kaninang alas sais ng umaga."

Mabilis akong bumangon sa kama at tiningnan kung anong oras na! Alas diyes!

"Anong sabi?" Tanong ko.

"Tinanong kung nakauwi ka daw ba? Galing ka sa kanila?" Tanong ni mommy.

"Yup." Buntong hininga ko.

"Pero… di ka niya hinatid pauwi?"

God, I really don't want this conversation. Umiling na lang ako at bumalik sa kama. I need to pretend that I'm still sleepy. Mabuti na lang at iniwan din ako ni mommy at di na siya nagtanong pa.

The next days were even worse! Syempre, unang bungad sa akin sa school ay si Hannah na kinikwento sa akin kung gaano siya kinilig sa kanilang date

ni Elijah. Kinilig? I can’t imagine! Hindi ko iyon maimagine dahil sa tumambad sa akin nang umuwi siya! Kung tunay nga iyong pagpapakilig ni Elijah sa kanya, bakit niya inuwi ang isa pang babaeng iyon?

Hilaw ang mga ngisi ko habang kinikwento niya. Mabuti na lang at tinanong niya ako tungkol sa date namin ni Eion. Nalungkot siya nang sinabi ko ang nangyari.

“Mabuti ka pa… Niyaya ka ni Eion sa isa pang date, samantalang ako? Hindi.”

Kinagat ko ang labi ko, “Aww. Uh, baka itext ka lang niya?”

Ngumuso si Hannah at tumingala. “I don’t know, Klare. Di pa siya nag titext hanggang ngayon.”

Damn asshole! Buong akala ko si Josiah o si Azi ang maaaring magwagi sa Asshole of the Year award, iyon pala, may isang humahabol at mukhang di na mauungusan pa!

Tumunog ang cellphone ko. Mabilis kong kinapa ang bag ko para kunin iyon at nakita kong si Erin ang tumatawag.

“Hello?” Sagot ko.

“Hello, Klarey. Wherefor art thou?” Naririnig ko ang ngiti sa boses niya.

“School. Bakit?”

“Nasa Sweet Leaf kami ngayon. Walang class until 4PM, e. Chill muna. Punta ka dito?”

Binalingan ko si Claudette na may Chupa Chups sa bibig. Nakatingin siya sa akin na para bang alam niya agad na pinsan namin ang kausap ko.

“I wanna hear about your date with Eion.” Dagdag niya.

Ngumisi ako. “Uh, sinong nandyan?”

She giggled. “The boys, syempre.”

“Sino?” Tanong ko ulit.

Bumuntong hininga siya, “Si Azi, Josiah, Rafael, Damon, and Elijah.”

Oh! Wa’g na lang. Thanks!

“I’m busy, eh. Si Clau na lang?” Sabi ko.

Nagtaas ng kilay si Claudette sa akin.

“WALANG BUSY BUSY, GIRL!” Humagalpak si Erin. “You should see this! May babae si Elijah!” Bulong niyang excited.

“B-B-Babae?” Bulong ko rin. “Si Annabelle?” Tanong ko. What a name!

“Who’s Annabelle? Si Karen!” Ani Erin. “Sinong Annabelle?”

WHAT? Another one?

<h1>Kabanata 10</h1>

<hr>

Kabanata 10

*OceanofPDF.com*

Angelus

Isinama ko si Claudette sa Sweet Leaf. Pareho naman kaming walang pasok ngayon. Tahimik ako habang mabilis na naglalakad patungo doon. Mabuti na rin at tahimik din si Claudette sa gilid ko.

Sa totoo lang, hindi naman talaga kami sobrang close ni Elijah kahit noong mga bata pa kami. Hindi siya tulad ni Josiah na sweet sa mga girls. Boys lang ang lagi niyang kasama at para sa kanya ay alien ang mga girls. Kaya nung umalis siya patungong States ay mas naging close ko na si Azi. Wala na kasi siyang pinsan na laging kasama nung umalis si Elijah. At nang bumalik siya ng Pilipinas noong grade 5 ako, hindi kami nag usap buong taon. Hindi ko talaga siya feel noon. At wala namang pakealam ang mga pinsan ko kung nag uusap kami ni Elijah o hindi. Really, sa dami naming Montefalco, hindi na namin masundan kung sinong magkasundo at sinong hindi. Nang nag high school ako ay doon pa lang kami nagsimulang mag usap para mag away. Palagi. At alam iyon ng lahat! Kaya kung mag away man kami ngayon, hindi na sila magtataka!

“Bilis mong maglakad.” Utas ni Claudette.

Hindi ako kumibo. Sa labas pa lang ng tea house ay nakikinikinita ko na ang pag aakbay at pambubulong ni Elijah sa isang maputi at makinis na babae. High cheek bones, naka parehong uniporme namin, kulot kulot ang buhok at properly manicured ang mga kuko sa kamay. Again, this girl isn’t some cheap whore!

“Klare!” Napatayo si Erin at umupo sa dulo ng sofa sa tea house para makaupo din ako sa tabi niya.

“Alis na muna kami.” Ani Rafael at Josiah.

“O, san kayo?” Tanong ko nang tumayo ang dalawa.

“May pasok kami sa Biology.”

Tumango ako at hinayaan silang umalis na dalawa.

Bumaling ako kay Erin nang hindi tinitingnan si Elijah at ang babaeng pinupulupot niya sa kanyang braso. Dammit!

Umubo si Erin at tiningnan si Elijah. Ngumuso nguso pa siya na para bang may isinisenyas kay Elijah. Nang sa wakas ay nagkasalubong ang tingin namin ni Elijah ay agad siyang bumitiw.

“This is Angelie.” Tumingin siya sa babae.

Nilagay ng babae ang kaonting buhok na tumakas sa kanyang tainga bago naglahad ng kamay sa akin.

“Klare Montefalco and Claudette Montefalco.” Ani Elijah.

Tinitigan ko na lang ang kamay nung Angelie. Nakataas ang kilay ko at hindi ako nahiyang hindi iyon tanggapin. Siniko ako ni Erin pero hindi ko parin inangat ang kamay ko. Imbes ay si Claudette ang tumanggap ng kamay niya.

“Nice meeting you.” Sabi ni Claudette. “Girlfriend ka ni Elijah?”

Humalakhak si Elijah at Angelie. “Hindi…” Nahihiyang sagot ni Angelie.

“Didn’t know being a friend involves hugging and almost kissing.” Bulong bulong ko sa gilid namin ni Erin.

Natahimik silang lahat. Dinig na dinig ko ang mga pinag uusapan ni Azi at ni Damon sa gilid dahil sa pananahimik namin.

“Shhh… Hinaan mo pa boses mo ang tahimik nila.” Sabay tingin ni Damon sa amin.

Kumunot ang noo ko.

Bumuntong hininga si Elijah at hinarap ako. Kita kong iritado na siya. “Well, Klare. Your ideas of friendship seem primitive.”

Umirap ako sa kawalan. “It’s not primitive, Elijah. It’s knowing the boundaries between a friend… and a lover.” Umirap ako sa kanya at

bumaling kay Erin na naabutan kong nagkakasalubong ang kilay. “So… yung date namin ni Eion?”

Unti-unting tumango ang nakangising hilaw na si Erin at napalitan ng excitement ang kanyang mukha. Hinayaan kong maglampungan ang dalawa habang si Claudette naman ay nakikinig na rin sa amin ni Erin.

“Nanood kayo ng sine? Tapos?” Inuunahan ako ni Erin sa mga sinasabi ko.

Sinabi ko sa kanya ang lahat at sinugurado kong malakas ang boses ko na kahit sina Damon ay napapatingin sa akin.

“Ayun! Maganda ang pinanood namin! Grabe! Pero ang cold niya parin. Okay lang, mas lalo akong naattract!” Tumawa ako.

Narinig kong gumalaw ng kaunti si Elijah sa pagkakaakbay niya sa kay ‘Angelie’. Nagbubulung bulungan parin ang dalawa pero hindi ko na pinansin.

“Oh, tapos, tapos? Hinatid ka niya kina Elijah? Tapos?” Excited na mga tanong nI Erin sa akin.

Nakita ko sa gilid ng aking mga mata ang pag baling ng tingin ni Elijah sa akin.

“Hinatid niya ako at niyaya ulit para sa isa pang date.”

“Oo…” Tumango si Erin at naghintay pa ng susunod na sasabihin ko.

“Umalis siya, pumasok ako sa loob…” Sabi ko.

Napawi ang kanyang ngisi. “WHAT? Hindi nasundan yung halik sa hotel?”

Nanlaki ang mga mata ko sa biglaan niyang sinabi. Napatingin ako kay Claudette na nanlalaki din ang mga mata. Si Erin lang ang sinabihan ko sa pangyayaring iyon pero ngayon, alam na ata ng lahat ng tao sa loob ng Sweet Leaf dahil sa ibinulalas niya!

“Ano yun, Erin?” Malamig na tanong ni Elijah.

His hands were completely off the girl. Nakasalikop na iyon ngayon sa kanyang harap at para bang may isang bagay siyang gustong malaman kay Erin.

“They kissed! Nung birthday niya. Si Eion at si Klare.” Tumango at kinilig si Erin.

Sumipol si Damon. “Saan banda? Sa lips ba?”

“No. Way.” Sabi naman ni Azi. Hindi ko alam kung hindi ba siya makapaniwala sa narinig o dahil ayaw niya sa nangyari.

“Mga tsismoso!” Umirap si Erin at bumaling sa akin.

Hindi ko naman maalis ang titig ko sa ngayon ay nag aapoy na mga mata ni Elijah. Nanliliit ako sa kanyang titig. Wait a minute… bakit?

“The asshole won’t stop until he gets to your panties.” Humalakhak si Elijah at nag taas ng kilay.

“Anong sabi mo? Hindi ganun si Eion!” Medyo iritado kong sinabi.

Humalukipkip siya at humilig sa sofa. Nakatoon ang mga mata ng babae sa kanya. “Sige, defend him, Klare.”

Nanliit ang mga mata ko, “What the hell is your problem, Elijah? Bakit ang possessive mo?”

Nanlaki ang mata ni Elijah sa sinabi ko. “Hindi lang ako ang possessive dito, kahit ikaw, diba? Remember?”

“Oy! Oy! Ano yan!” Hinila ni Erin ang braso ko dahil medyo humihilig na ako sa table para sigawan si Elijah.

God! What is wrong?

Tumigil sa pag uusap si Damon at Azi at ngayon ay kinakausap na si Elijah sa mababang mga boses.

“Siya yung may problema dito, Erin.” Sabi ko.

“Oo pero wa’g masyadong high blood, teh. Nagsuntukan si Rafael at yung ex ni Chanel noon nung nalaman naming may iba siyang babae, it’s normal for them to be possessive!” Aniya at tinutukoy ang mga pinsan namin.

“No. He talks shit about Eion. ALL THE TIME.” Sabi ko.

“I don’t! Sinasabi ko lang naman ang totoo!” Singit ni Elijah.

Ginapangan na ako ng sukdulang pagkainis. Hindi ko na kailangan ng opinion niya tungkol kay Eion tulad ng hindi niya pangangailangan ng opinion ko sa mga kinakasama niyang babae.

“Na ano? Masamang tao si Eion? That I shouldn’t date him? Just because of that night? Elijah, will you look at yourself? Hindi ba may Hannah ka? May Annabelle pa? Ngayon who’s this Angelie, here? You are even a bigger asshole than Eion, Elijah! So stop being unfair!”

Nakita kong nalaglag ang panga ni Angelie sa sinabi ko. Hindi man lang niya nilingon si Angelie. Nag igting ang bagang niya habang tinitingnan ako.

“Erin, alis muna kayo.” Sabi ni Azi.

Tumango si Erin sa kanya at tumayo na. Maging si Claudette ay tumayo na rin. Hinila nila ako pero hindi ako nagpadala. Nakaupo parin ako at matamang tinitigan ang galit na si Elijah.

May biglang dumating na magandang babae. Tumayo si Damon at nung una ay akala ko papaupuin nila sa sofa, ngunit nagulat ako nang tumayo si Angelie.

“Let’s go, Angelie.” Suplada iyon.

Ni hindi niya binalingan ang kahit isa sa mga lalaki kong pinsan. Niyaya niya lang na umalis ang kaibigan niya yatang si Angelie.

“Uh.” Nilingon ni Angelie si Elijah.

Ugh! Stupid girl! Hindi niya ba narinig ang sinabi ko? Ang sabi ko maraming babae si Elijah at bakit imbes na siya ang magalit ay concerned pa siya sa pagkakabadtrip ni Elijah? Ganyan na ba katanga ang mga babae ngayon?

“Elijah, I gotta go. May duty pa ako mamayang gabi. See ya around.” Sabay halik niya sa pisngi ni Elijah.

Duty? Nursing student? Ni head to foot ko iyong kasama niya at nakitang naka all white nga ito. Malamang nursing nga!

Hindi man lang nilingon ni Elijah nang tumayo si Angelie. Nakitaan ko si Angelie ng panghihinayang sa mukha. Don’t worry, girl, makakahanap ka pa ng mas deserving.

“Padaan?” Mataray na sinabi ng kasamang babae ni Angelie.

Mataas at straight ang kanyang brown na buhok. Medyo chinita siya at payat. Niyayakap niya ang isang matabang libro at ang pinsan ko ay nakalaglag panga na humaharang sa kanyang dadaanan.

“Damon!” Sigaw ni Claudette.

“Oh! Sorry…” Mabilis na umupo si Damon at pinadaan ang umiirap na babae.

Umirap din ako at bumaling kay Elijah na ngayon ay nakataas na ang isang kilay sa akin.

“Happy now?” Aniya. “At least ako, marami lang akong nasasabi kay Eion? E, ikaw? Nakekealam ka na!”

“Nakekealam ako kasi nanloloko ka na, Elijah! Ano ba? Inuubos mo ba ang lahat ng babae dito sa syudad natin?” Medyo tumaas ang boses ko. Naramdaman ko ang pag hila ni Erin sa akin. Naitayo niya ako pero di ako nagpatianod.

“Why are you so freaking hard on me? Why don’t you burn Azrael’s ass instead, huh? Mas grabe pa siya sakin at bakit ako-”

“Dude,” Tumawa si Azi. “Chill naman. Wa’g ako.”

“Kasi nakikialam ka rin sa akin? Why can’t you just be happy for me? Sa wakas! I got Eion’s attention! Support ka na lang!” Sabi ko at hinila na naman nina Clau at Erin.

“I don’t wanna be happy for you.” Malamig niyang sinabi at nauna pa siyang umalis sa amin.

Sinundan ko siya ng tingin hanggang sa lumabas na siya ng tea house. Bahala siya sa buhay niya! Tumawa si Azi at si Erin.

“Pushing the asshole button again, Klare? World War na naman ba? Just like the old times?” Ani Azi.

Umiling ako habang unti unting pinipiga ang puso ko. Sa di malamang kadahilanan, ang bigat bigat nito. Nakalimutan na nina Erin ang nangyari. Syempre, ganun naman kasi kami ni Elijah, noon. Though hindi tungkol sa lovelife ang pinag aawayan namin. Tungkol lang sa kung anu anong mga bagay. Kaya normal sa mga pinsan ko na naririnig kaming dalawa na nag aaway.

“Always… Always… Always walking out!” Sabi ko habang naghihilamos sa CR malapit sa gym.

Nagkataon na barado iyong CR sa third floor at second floor kaya dito ako sa gym nag CR. Narinig kong umalingawngaw ang buong gym. May laro ngayon. Hindi ko lang alam kung sino ang kalaban ng varsity team dito. Which reminds me na kailangan na rin pala naming mag practice sa All Stars, iyong dance troupe slash cheering squad na sinalihan ko. Actually, pinili kami, hindi ko iyon sinalihan. Kailangan naming mag practice para sa isang show off. Hindi naman iyon contest pero dapat paring pagbutihin.

Lumabas ako ng CR na nakabusangot parin ang mukha. Biglang tumunog ang bell na hudyat ng Angelus. Kaya imbes na maglakad ako ay tumigil ako at nakinig sa prayer. Buong eskwelahan ang tumitigil pag naririnig iyan. Nakikita ko ang mga babaeng naglalakad sa foot bridge na tumigil din nang narinig iyon.

Tumigil ako at may kaharap akong isang lalaking naka jersey. Titig na titig siya sa akin habang hinahawakan niya ang kanyang gym bag at tumitigil din. Nag iwas ako ng tingin. Chiniti siya at tumitindig ang mukhang malambot niyang buhok. Nakataas ang kanyang noo habang sinusuri ako.

Huminga ako ng malalim nang natapos ang prayer.

“Pierre!” Sigaw ng isang mas matangkad na lalaki sa likod. Tumatakbo siya patungo sa lalaking nasa harap ko.

Sinulyapan ko siya at nakita kong si Hendrix iyon. Ang sikat na basketball player na crush na crush naman ni Erin.

“Kuya.” Malumanay na sinabi nung lalaking nakaharap ko at tinalikuran niya ako. Mukhang may sinenyas siya sa kanyang kuya kaya napatingin silang dalawa sa akin.

Weird. Nag iwas na lang ako ng tingin at umalis doon sa CR. Next class? Kaklase ko si Eion!

<h1>Kabanata 11</h1>

<hr>

Kabanata 11

*OceanofPDF.com*

Hindi Ikaw

Sa mga sumunod na linggo ay naging busy ako. Hindi lang dahil finals na, kundi dahil na rin pag papractice namin sa All Stars. Kahit Sem Break ay dadalaw ako sa school sa susunod na Sabado dahil show off na nun at mukhang Finals ng basketball team namin versus isang school sa Cebu.

Ngayon ang last practice namin para doon. Dahil sa susunod na week ay finals na kaya di bale nang mapagod ako ngayon, ang importante ay ma perfect namin ito.

“Dana! Chin up!” Sigaw ng trainor namin.

Binigay na rin ang modified na uniform namin. Kung noon ay longsleeves ito, ngayon ay may isang longsleeve na lang at ang kabila ay sleeveless. Asymmetrical na ito ngayon kaya kinakabahan ako. Kaonti lang kasi ang bumabagay nito.

“Bagay sakin?” Tanong ng isang kasama ko.

Isinuot niya iyon. Susuotin ko rin sana para tingnan kung bagay na ngunit siniko ako ng kasama kong bading at ngumuso sa nakahalukipkip na lalaki sa may pintuan ng covered court, kung saan kami nagpapractice.

“Ayeee!” Hiyaw ng lahat.

Gaya ng sabi ko, alam halos lahat ng mga kaibigan ko ang tungkol sa pagkakagusto ko kay Eion. Kung noon ay tahimik lang sila dahil wala naman itong ginawa kundi ang magsuplado at maging snob sa akin, ngayon ay makakapal na ang mukha nilang pinagkakanulo ako dahil alam nilang lumilevel up na kaming dalawa.

Kinagat ko ang labi ko at umiling na lang nang ginulo ng iba ang buhok ko dahil sa gigil.

Nilingon ko ang nakabusangot na mukha ni Eion sa malayo. Nakahalukipkip siya at nakasandal doon.

“My God! Nasabi ko na bang ang gwapo niya? Grabe! Ang gwapo ni Sarmiento! Mana sa kuya!” Sabi ng isang senior.

Tumawa ako at tumayo galing sa pag iindian sit sa sahig. May usapan kami na ngayon gawin iyong date. Pagkatapos ng practice ay ihahatid niya ako sa building namin at maghihintay siyang matapos akong maligo at magbihis para pumunta kami sa isang coffee shop at mag usap doon.

Alas tres ang usapan namin at insaktong alas tres siyang dumating.

“Uy! Mamaya ah? Sa Lifestyle District? Sama ka?” Ani Liza sa akin.

Tumango ako.

“Oo nga! Pupunta sina Josiah, Erin, at Chanel doon. Punta ka rin! Make sure!” Anang isa pang kaibigan ko. “Yayain mo na rin si Eion.”

Nagkayayaan kasi yung mga kakilala namin na lumabas mamaya. Inuman lang naman, chill. Pinangakuan ko sina Liza, Julia, at Hannah na pupunta ako dahil next week ay magsusunog na kami ng kilay para sa finals.

“O-O, sige.” Sabi ko sabay lingon kay Eion na ngayon ay naghahanda na sa pag alis namin.

Naghiyawan ulit ang mga kaibigan ko lalo na nang nakalapit na ako kay Eion. Ngumisi ako ng tipid dahil ayaw kong makita niya na gusto ko iyong panunukso nila sa amin. Tumalikod siya at sumunod naman ako sa kanya.

“Sorry sa mga kaibigan ko.” Sabi ko.

“Okay lang. Sanay na ako sa panunukso nila. Lalo na tuwing magkaklase tayo.”

Uminit ang pisngi ko. Buong akala ko ay hindi niya iyon nahahalata. Syempre palagi naman siyang walang pakealam pag tinutukso kaming dalawa, e.

“Sorry talaga.” Ulit ko.

“Okay lang talaga. Alam ko naman na sa oras na dumikit ako sayo, mas lalo lang nila tayong pag iinitan.”

Medyo madalas na kasi kaming magkasama ni Eion. Simula nung bangayan namin ni Elijah ay hindi na ako gaanong sumasama sa mga pinsan ko. Si Eion ang naging kasama ko. Hindi ko naman siya mayaya pero siya na mismo ang gumagawa ng paraan.

“Sasama ka ba mamaya sa Lifestyle District?” Tanong ko.

Tumango siya. “Oo, hmm, si Kuya kasi pupunta.” Aniya.

“Whoa! Ako rin.” Sa totoo lang wala naman talaga akong plano dahil sa mga pinsan ko, pero sige na nga… pupunta ako.

Pumasok ako sa sasakyan niya. Pumasok din siya doon. Napansin kong medyo pormal siya ngayon. Naka t-shirt at naka itim na jeans, saan kaya kami pupunta?

Nang nagdrive siya patungo sa building namin ay gumuho ang mundo ko nang naabutan ko ang sasakyan ni Elijah na nakapark doon. Kumunot agad ang noo ko. Lalo na nang nakita ko siyang kausap ang security guard namin.

“Sandali lang.” Sabi ko kay Eion at agad akong lumabas.

Nakita kong dalawang beses akong nilingon ni Elijah habang nag uusap sila ng guard. May sinabi siya at sabay silang tumingin sa akin. Lalagpasan ko sana para umakyat na sa taas at makaligo at makapag bihis na ngunit hinarangan niya ako. Sumulyap siya sa sasakyan sa likod ko.

Naka dark blue at puting stripes ng polo shirt siya at naka dark blue jeans din. Nang lumapit siya sa akin ay naamoy ko agad ang mamahaling pabango niya. To hell with that!

“We’re taking Charles to the shooting range today.” Aniya.

“Huh?” Nakuha niya ang buong atensyon ko.

“Gusto niyang pumunta roon.”

“Then, take the spoiled brat there, ba’t ako kasama?” Nilagpasan ko siya at umakyat na ako.

Ilang sandali ay naabutan niya ako.

“Anong ginagawa ng Eion na iyon sa labas? Bakit di pa siya umaalis?” Medyo mariin niyang tanong.

Pinindot ko ang elevator nang nas second floor na kami. Kahit na hanggang third floor lang naman ito ay ginawa ko parin dahil medyo pagod ang mga paa ko sa kakapractice kanina.

“May date kami-”

Tumawa siya at pumasok sa elevator.

He’s absolutely driving me nuts! Gusto ko siyang harapin at kumprontahin pero alam kong useless iyon dahil magtatalo lang kami. Ayaw kong maabutan kami ni mommy na nagtatalong dalawa.

Nang bumukas ang elevator sa third floor ay mabilis akong umakyat sa fourth floor. Akala ko maabutan ko si mommy pero iyon pala, si daddy ang naghahanda kay Charles. Ready’ng ready na siya. Simula sa sneakers niya, sa t-shirt niya, sa khaki shorts at sa bag niyang Spiderman.

“Yey! Ate’s here!” Sigaw niya sabay talon.

Parang pinipiga ang puso ko habang pinagmamasdan ang kapatid kong excited na excited na pumunta sa shooting range. Bakit kailangan ko pang sumama? Syempre dahil ako ang ate? Hindi ba pwedeng si Elijah na lang o di kaya isama na rin si Azi?

“Where’s Azi?” Tanong ko kay Elijah habang nag ki-kiss kay dad.

“Tulog. Sabi niya mamaya daw gising siya kaya dapat siyang matulog ngayon.”

“How bout Josiah?”

“Dating.” Simple niyang sagot.

Great! Just great!

“Tito,” Sabi ni Elijah sa daddy kong nanonood ng TV. “Hindi po ata makakasama si Klare-”

“What, ate?” Singit ng medyo galit na si Charles.

Binugbog niya ang tiyan ko gamit ang dalawang kamay. Sinangga ko iyon. Tumulong pa ang tumatawang si Elijah sa pag sangga.

“Why, Klare? May lakad ka?” Tanong ni dad.

Kinagat ko ang labi ko at pinagmasdan si Charles.

“Diba sabi mo noon na sasamahan mo ako, ate? Come on! This is one of those Saturdays na wala akong Kumon!” Aniya.

I guess I’m defeated. Kahit na nababanas ako kay Charles madalas ay mahal ko parin ang kapatid ko. He’s my bestfriend and my worst enemy. Kaya lagi siyang mananalo. Sana lang ay maiintindihan ni Eion ang paliwanag ko. We can just meet later sa Lifestyle District kung gusto niya.

“Alright.” Buntong hininga ko.

Humalakhak si Elijah sabay nakipag high five kay Charles. Nilingon ko siya at naabutan ko siyang nakangisi. Last time I checked magkaaway tayo? Wa’g mo akong ngisingisihan ng ganyan!

Bumaba ako sa building at naabutan kong tulala si Eion sa sasakyan niya. Kinailangan ko pang tapikin iyong bintana niya para makita niya ako. Binaba niya iyon nang nakitang hindi pa ako nagbibihis.

“Hey, nautusan ako ni daddy kay Charles.” Nagkamot ako ng ulo.

Hindi siya kumibo. Hinintay niya lang ang idudugtong ko.

“Can we meet later na lang? We can have tea or dinner somewhere in Lifestyle District! My treat!” Pahabol ko.

Pakiramdam ko namumutla na ako ngayon. I didn’t like the way he frowned. Hindi ko naman ito gusto pero hindi ko kayang tanggihan si Charles. Even if he’s a mini-ass sometimes.

“Alright.” Ngumisi siya at nag iwas ng tingin. “Akala ko pa naman masosolo kita.” Bulong niya.

Narinig ko iyon pero hindi ako makapaniwala kaya… “Ano yun?”

“Nothing, Klare. See you later then. Makikipagkita na lang siguro muna ako kina Damon. We’ll meet later. Text me kung nakarating ka na doon.”

Tumango ako pero hindi ko parin maalis sa isip ko ang sinabi ni Eion.

“Alright.” Sabi ko at pinanood ang kanyang pag alis.

Mabilis akong naligo at nagbihis ng damit na diretso na mamayang gabi. Naka yellow spaghetti strap ako at naka long skirt na kulay itim. Lumabas ako ng kwarto at naabutan ko sa sala si Charles at Elijah na nanonood ng Adventure Time. Tutok sa TV ang kapatid ko samantalang si Elijah naman ay sinusundan ako ng tingin.

Shit! Bakit para akong lumulutang? Sumulyap ako sa kanya at hindi man lang siya natakot na makita ko siyang nakatitig sa akin.

“Saan si dad?” Tanong ko.

“Umalis, nag grocery kasama mommy mo.” Utas ni Elijah.

Kumuha ako ng baso at uminom muna ng tubig bago lumingon sa kanila. Nakahilig si Elijah roon at yakap niya ang throw pillow habang tinititigan ako at nilalaro ang kanyang labi.

“Uh, let’s g-go?” Dammit!

“Alright.” Sabi niya at agad tumayo at pinatay ang TV.

“Aww!” Angal ni Charles na agad napalitan ng kasiyahan. “We’re going! We’re going!” He chanted.

Pinaliwanag sa akin ni Charles na ayaw daw muna ni daddy na maglaro siya ng airsoft. Kailangan daw muna niyang ma experience kung paano humawak ng real guns at tumutok nito sa target.

“Elijah, is this even safe? Paano kung itutok niya sa akin tapos kalabitin niya?” Tanong ko.

“He won’t. Your brother is not dumb, Klare.”

“Bata pa siya!” Paliwanag ko.

Umiling siya at tumawa.

God! So much for my concern about my brother! Hindi talaga naiintindihan ni Elijah ang mga detalyeng iyon. Hay! Boys!

“Are they even allowed?” Ang dami kong tanong habang kinalabit niya iyong car alarm sa kanyang kamay.

“Oo. Remember? Kaibigan kami nI Kian.” Si Kian ang isa sa mga kaibigan nga ni Elijah na anak ng may ari ng shooting range kaya alam kong di magiging problema.

Tumango na lang ako at nagulat ako nang binuksan ni Elijah ang likod ng Trailblazer at iminuwestra sa akin pagkatapos pumasok sa loob ni Charles.

Hindi ko na kailangan magtanong dahil sinagot na agad ako ni Elijah.

“Isasama ko si Marinela.” Aniya.

Naging ‘O’ ang bibig ko. Wow! That was a big blow!? “Marinela? Yung classmate mo noong highschool?”

Ngumisi siya. “Yup. Magpinsan sila ni Kian tsaka magaling siyang humawak ng baril. She can teach Charles.”

“Wala ba silang mga tao doon para tumuro? Ikaw? Hindi ka ba marunong tumuro? Marunong kang humawak ng baril, ah?”

He smirked, “She’ll be a better teacher.”

Marami pa akong gustong sabihin pero…

“Come on… Naghihintay na siya sa kanila. Susunduin ko pa. Siya sa front seat, Klare, hindi ikaw.”

Nilunok ko na lang lahat ng bagay na gusto kong sabihin at pumasok na sa loob.

“Why are you here?” Tanong ni Charles sa akin.

Pumasok na si Elijah sa driver’s seat. Nakakabanas talaga siya!

“Bakit di mo tanungin ang Kuya Elijah mo?” Medyo matabang kong sinabi.

“Remember your teacher, Charles? Si Teacher Marinela? Sasama siya sa atin. Kukunin natin siya nagyon!”

“YEHEYYY! Talaga, ate?” Excited na tanong ng kapatid ko.

WHY AM I HERE? Hindi ko alam? Siguro taga punas ng pawis ng kapatid ko o taga bigay sa kanyang ng juice doon sa shooting range? Hindi ko alam! Sising sisi ako! Sana ay sumama na lang ako kay Eion at nag usap na lang kami buong hapon hanggang sa pumunta kami ng Lifestyle District mamaya!

“Mabilis lang tayo, ah? Pupunta pa ako ng Lifestyle District mamaya.” Sabi ko.

“Oh? Akala ko di ka sasama?”

“Magkikita kami ni Eion doon. We’ll have dinner.” Sabi ko.

“We’ll have dinner after the shooting, Klare. Diba, Charles?” Aniya sa excited na si Charles!

“Yes! Ice Castle, Kuya! You promised!”

OH MY GOD! Ano ba itong nasamahan ko?

“Why don’t you three just have your dinner and enjoy tapos magtataxi na lang ako papunta sa Lifestyle District?” Sabi kong naiirita na.

“Ate, ang KJ mo! Kasama ka kaya!” Sabi ni Charles.

“Oo nga, ate, ang KJ KJ mo!” Humalakhak si Elijah.

How would he feel kung isasama ko siya sa dinner namin ni Eion? I bet he’ll be on asshole mode! Gusto ko iyong ipoint out sa kanya pero hindi ko kaya. Ugh! Nakakainis talaga!

Tumigil ang sasakyan niya sa tapat ng bahay nina Marinela. Kilala ko ang chinita ay maputing ito. Classmate sila ni Elijah noong high school at close friend pa ito ni Gwen na ex niya. Kung bakit sila magkasama ngayon, hindi ko na alam? Hindi ba nakakabitter kung ikaw ang ex tapos may kasamang kaibigan mo iyong ex mo? Hindi ba betrayal iyon? Dahil surely, hindi ko matatanggap kung ako iyong nasa posisyon ni Gwen. Or maybe this is really just an innocent and friendly companion?

“This is Ate Marinela, Charles.” Naglahad ng kamay ang mahiyaing si Marinela.

Naka black tube top siya at naka mahabang skirt din tulad ko. Dammit! She’s sexier!

“Hi Ate Marinela! You are so pretty!” Sabi ni Charles.

Aba’t kahit kailan ay hindi ko pa narinig ang kapatid kong bigkasin iyon sa akin! Nakakainis! Nakakapagselos!

“O diba? Pretty ng teacher mo?” Tumawa si Elijah. “So, you know my cousin-”

“Of course, Klare!” Ngumisi ng hilaw si Marinela sa akin.

HIndi na siya naglahad ng kamay. Good. Dahil ayaw ko ng maranasan iyong nangyari sa amin ni Karen!

“So? Let’s go?” Yaya ni Marinela.

Naligo ako ng pang iirap nang dumating kami sa medyo mainit na lugar na ito. Hindi ako umiirap dahil naiinitan ako, iyon ay dahil si Elijah at Marinela lang ang nag uusap the whole time! Maging si Charles ay nagagawa pang sumabat sa kanilang dalawa.

“Miss, mag tatry ka?” Sabi nung lalaking naka grey na mukhang nagtatrabaho din dito.

Umiling ako at umupo na lang sa upuan kung saan nakikita kos ilang tatlo na nakapwesto na sa mga tables kung saan may nakalatag na mga baril.

WHATEVER!

Nagsimula na lang akong tumingin sa cellphone ko. Selfie, tapos picture ng place, at may kasama pang caption na: Third wheeling. Mukha silang happy family.

Nakunan ko kasi na nagtatawanan ang tatlo habang nasa gitna si Charles at nahihirapan sa pag aassemble sa parts ng baril. Pero silang tatlong may headphones at mukhang genuinely happy. At ako naman ay umuupo dito at sumusuka ng mapait na ampalaya.

“Juice?” Sabi nung nakatayong lalaki.

“Please.” Sabi ko.

Nagulat ako nang nag text si Eion!

Eion:

Seems fun. Sana sinama mo ako.

Nanlaki ang mga mata ko. He saw my post? Tama. Sana sinama ko siya pero alam kong magagalit lang si Elijah. Mali. Dapat ako na lang iyong

sumama sa kanya.

Ako:

Sana sumama na lang ako sayo.

Hindi ko namalayan na nakalapag na pala iyong orange juice ko sa harap. Nagulat na lang ako nang nakatayo na si Elijah doon at nakababa na ang headphones at umiinom pa sa juice ko. Kumunot agad ang noo ko.

“Bakit ka umiinom sa juice ko?” Tanong ko.

Ngumisi siya. “Inuuhaw ako, e. At bakit ka mukhang Biyernesanto diyan? Come on! Loosen up! Try!” Sabi niya at pinakita ang baril na hawak.

TRY? DAMMIT! Sa galit ko ngayon? You are probably my favorite target!

<h1>Kabanata 12</h1>

<hr>

Kabanata 12

Sino?

Tinuruan nga ni Marinela si Charles na mag assemble ng baril at itutok iyon sa target. Napatalon ako nang iputok iyon ni Charles ng dalawang beses. Dammit! Wala akong headphones!

Agad akong binigyan nung lalaking nakatayo sa gilid ko ng isang headphone.

“Sorry po, ma’am.” Sabi niya.

Tatanggapin ko na sana iyon nang bigla iyong kinuha ni Elijah sa mga kamay niya.

“Hey, akin yan!” Sabi ko.”

Pinagpalit niya ang headphones namin. Iyong sa kanya na kulay pula ay binigay niya sa akin. Sinuot niya naman ang kulay yellow na binigay sa akin ni manong. May titig pa siyang nanatili doon sa lalaki hanggang sa medyo yumuko iyong lalaki at umalis.

What was that?

“Suotin mo.” Aniya sabay lagay sa kamay kong nakalahad iyong headphone niya.

Bago pa ako makaangal ay sinuot niya na iyong kanya at tinalikuran niya na ako. Pinandilatan ko ang malapad niyang likod at sinuot iyong headphone.

Hindi na hinahawakan ni Marinela ang kapatid ko. Kusa ng kumakalabit si Charles kaya tuwang tuwa si Marinela! Tumalon talon siya!

“Good job, Charles!” Aniya.

Lumapit si Elijah sa kanila at nakisama na rin sa kasiyahan nila. Tuwang tuwa ang kapatid ko. Nililingon niya ako at nang nadatnan niyang nakabusangot ako ay medyo napangiwi din siya.

“Oh, Klare! Please?” Humahalakhak si Elijah at nilapitan ulit ako.

Nag iwas ako ng tingin. Bakit? Hindi ko alam. Para akong nililipad dahil papalapit na siya sakin.

“Pwede bang wa’g iyang galit mong mukha ang ipakita mo samin?” Naglahad siya ng kamay sa akin.

Tiningnan ko lang ito. I can stand up on my own. Hindi niya na kailangang maglahad ng kamay. Mabilis akong tumayo nang di kinukuha ang kamay niya. Napaawang ang bibig niya at agad niyang itinago ang kamay niya. Nilagpasan ko siya at nilapitan si Marinela at Charles. Mabilis na nag give way si Marinela sa akin.

“Galing mo, Charles!” Sabi ko.

“Picture tayo, ate, please? Take out your phone!” Yaya ng kapatid ko.

Sinunod ko ang gusto niya. Una kaming nag picture dalawa. Pinakuha pa namin iyong target na may butas na malapit sa gitna. Tuwang tuwa si Charles. Sunod ay nag picture sila ni Marinela. Okay. At sunod ay kasama naman si Elijah.

“Si Kuya Elijah at Ate Marinela naman kasama ako, Ate!” Request ni Charles.

Labag man iyon sa kalooban ko ay ginawa ko ang gusto ng kapatid ko. Besides, bakit naman iyon magiging labag sa kalooban ko diba? Hindi pwedeng maging labag yun sa kalooban ko! Mukha namang hindi hitad si Marinela kaya siguro okay lang siya para kay Elijah? Kinagat ko ang labi ko nang tiningnan ang tatlong pictures nila. Hindi pwedeng maging labag to saking kalooban.

“Tayong tatlo naman!” Sabi ni Elijah sabay lapit sa akin.

Ngumisi ng mahinhin si Marinela at naglahad ng kamay. “Ako ang kukuha ng picture niyo.”

Ngumisi din ako at binigay sa kanya ang ang phone ko.

Nasa tabi ko na si Elijah nang binigay niya rin ang phone niya kay Marinela. “Pati akin, okay lang?” Humalakhak siya kay Marinela.

“No problem.” Ani Marinela.

Nahirapan pa siya sa pagpi-picture sa aming dalawa nang may dalang dalawang camera. Sa huling shot ay biglaan akong inakbayan ni Elijah. Hindi ko na alam kung ano ang mukha ko doon. Kung gulat ba o hilaw na ang ngisi?

Bago pa ako makaangal ay kinuha agad ni Elijah ang kanyang cellphone kay Marinela. Nag swipe siya at mukhang sinuyod ang bawat shots. Hindi ko magawang tingnan lahat ng shots dahil may kung anong bumabagabag sa akin.

“Break muna, Charles?”

“O sige, Kuya. I’m starving.” Anang kapatid ko at nilagay sa leeg niya iyong oversized headphones.

Umupo siya doon sa inuupuan ko kanina. Nilapag niya iyong tubig niya at iyong pabaong junkfood ni mommy.

“We’ll have light snacks?” Yaya ni Elijah nang lumapit siya doon sa kapatid ko.

“Yes, please.” Wika ni Charles at pinaglaruan iyong junkfood niya.

Umupo rin si Marinela sa table namin at tumawag ng isa sa mga lalaking nakatayo. Tumikhim ako. Hindi ko alam kung lalapit ba ako doon o mananatili dito?

Nilingon ko ang target, at nakita kong may baril pa sa harapan ko. Nakahawak na ako ng baril, syempre at alam ko kung paano ito iaassemble. Kaya lang, sa tagal na nun ay hindi ko na alam kung asintado parin ba ako hanggang ngayon.

“Pierre, stop it, she doesn’t know anything!” Dinig kong bulong ng isang lalaki sa may pintuan.

Nilingon ko si Elijah at nakita kong busy sila sa pag oorder ng snacks. Lumingon ako sa pintuan at naaninag ko ang isang nakaputing lalaki at nakacheckered shorts na lumapit sa akin. May malaking tsek mark sa kanyang itim na sneakers. May lalaking mas matangkad sa kanya at mas matikas sa likod na parang nabibigo sa ginagawa ng naunang lalaki. Oh! Iyong lalaki sa likod ay si Hendrix Ty.

“I know, Kuya. I just want.” Sabi ng naunang lalaki nang nakatitig sakin.

Kumunot ang noo ko at nilagay ko ang aking headphones at nagsimula akong mag assemble ng baril. Nung una ay fini-figure out ko pa kung paano hanggang sa natapos ko na iyon at nasa gilid ko na iyong lalaki na chinito, at may tayu tayong buhok na mukha talagang malambot kung hahawakan.

“Galing.” Sabi niya.

Hindi ko siya masyadong marinig dahil sa headphones kaya di ako nagsalita.

Tinutok ko ang baril sa target. Bago ko pa iyon tuluyang malebel ay hinawakan niya ang kamay ko galing sa likuran at tinulungan niya ako sa panunutok nito.

“Pierre!” Sigaw na kahit may headphones ay dinig na dinig ko.

“There. Shoot.” Ani Pierre.

Napalunok ako at kinalabit ang baril at agad itong nag bull’s eye. Nawala iyong kamay na nakahawak sa kamay ko at nang lumingon ako ay nakita ko agad ang galit na si Elijah. Nasa likod niya ako na para bang pinoprotektahan niya ako laban kay Pierre. Nakataas ang kamay ni Pierre na para kumalma si Elijah.

Tinanggal ko ang headphones ko.

“She doesn’t need your help! Kaya niyang barilin ka kahit na tumatakbo ka kaya di niya kailangan ang tulong mo!” Mariing sinabi ni Elijah.

Mabilis na lumapit si Marinela. Si Charles ay naroon lang at nanonood. Nakita kong nag igting ang bagang ni Elijah habang tinitingnan ang blankong ekspresyon ni Pierre. Lumapit si Hendrix Ty.

“Elijah, that’s my brother, Pierre.” Pumagitna si Hendriz at pinasadahan niya ang kanyang medyo tumatayo at nag i-ispike ding mas maiksing buhok kumpara sa kapatid niya.

Chinito din si Hendrix. Kung titingnan ay mukha siyang action star ng isang Korean drama. Action star kasi malaman ang katawan niya.

“Wala akong ginawang masama. I just wanted to…” Pierre trailed off.

“Wanted to what?” Galit na utas ni Elijah.

“Stop it, Pierre. He’s got pounds and pounds more than what you’ve got. Just stay there and shut up.” Sabi ni Hendrix sa kapatid niya.

Blanko ang ekspresyon ni Pierre. Nang nilingon ako ni Hendrix ay pumungay ang mga mata niya.

“Sorry, Klare. Makulit ang kapatid ko.” Aniya. Bumaling siya kay Elijah at tinapik niya ang likod ni Elijah.

“Aalis na kayo?” Tanong ni Marinela kay Hendrix nang tumalikod ito.

“Yup. We’ll come back next time, Marinela. Thank you.” At tuluyan na silang umalis.

Parang may bumagabag sa akin nang tiningnan ako ni Pierre habang lumalabas sila sa salamin na pintuan ng range.

“Okay ka lang?” Tanong ni Marinela kay Elijah.

“Yeah… I need a minute with Klare.” Aniya.

Tumango si Marinela at umalis. Naintindihan niya iyon at hindi siya namimilit. I like her. But… not for… him…

Nakita kong kumalma si Charles at kumain ng sandwich sa harapan habang kinakausap si Marinela. Humarang si Elijah sa paningin ko kaya napilitan akong bumaling sa kanya.

“What?” Sabi ko sabay kuha ulit sa baril.

Sige ka! Asshole mode? I’ll shoot you!

“What was that, Klare?” Tanong ni Elijah nang pabulong.

“What was what? Ewan ko? Lumapit lang iyong si Pierre at bigla akong tinulungan-”

“You know guns. Bakit mo kailangan ng tulong?” Bulong niya.

“Yes, I know guns. Hindi ko naman hiningi ang tulong niya.” Utas ko.

“May Eion ka na, you don’t need another man’s attention! Masyado ka na! Ang dami na!”

Nalaglag ang panga ko at hinarap ko siya. Nilagay ko ang baril sa mesa.

Mabuti na lang at malayo kami kina Charles at kahit hindi ako bumulong ay hindi nila maririnig ang pinagsasabi ko. Pinipiga ang puso ko dahil sa inis ko sa kanya. Oo. Ganun ako. Imbes na mag eskandalo pag naiinis ay naiiyak ako. Well, siguro gusto kong mag eskandalo minsan.

“Why do you care? Ni hindi ako nagcomment sa Marinela’ng iyan! Ni hindi kita pinakealaman kahit na this past few weeks ay marami kang babae!”

“I don’t care if you don’t freaking care, Klare! But…” Kinagat niya ang labi niya.

Tinitigan ko iyong mga mata niyang punong puno ng ekspresyon.

“But… what…” Sabi ko.

Hindi siya kumibo. Nag iwas lang siya ng tingin. Gusto ko siyang magsalita! Gusto ko siyang matrigger para may masabi kaya ako ang nagsalita.

“You know what? I don’t get you.” Sabi ko at lalagpasan na sana siya nang bigla niyang pinigilan ako sa mga braso ko.

“I’m not done here. You can’t walk away from me.” Aniya.

“Ha! Ikaw lang may karapatang mag walk out?” Sabi ko. “Alam mo, Elijah? Di talaga kita maintindihan e. Hindi talaga.” Sabi ko.

Yumuko siya. Bigla akong naguilty sa sinabi ko. Lalo na nang kinalas niya ang kamay niya sa mga braso ko. Alam kung kung aalis ako ngayon sa harapan niya at pumunta kina Charles ay hindi niya na ako pipigilan. He’s done with that. Pero hindi ako umalis. Imbes ay nagmukha akong tanga at nanatili ako sa harap niya.

I am so damn afraid… na tatanggapin ko parin siya, lahat ng reasons, kahit hindi ko siya maintindihan.

Pinipiga ang puso ko habang tinitingnan siyang nag angat ang tingin sakin.

“Wala rin akong maintindihan.” Ngumisi siya ngunit bakas sa kanyang mga mata ang kalungkutan.

Hindi ako makapagsalita. Ang taning naramdaman ko ay pagkabigo. Nilingon niya si Charles at Marinela na ngayon ay nanonood na saming dalawa.

“Alis na tayo. Dinner muna tayo bago natin ihatid si Charles.” Aniya.

Kinagat ko ang labi ko at pinagmasdan ko siyang lumapit sa dalawa. Sumunod ako at hindi ako makatingin sa kanya.

“Mag didinner kami sa Ice Castle, sama ka?” Sabi ni Elijah kay Marinela.

Nahihiyang umiling si Marinela kay Elijah. “Mag aaral pa ako sa finals. Pupunta kayo sa Lifestyle District di ba? Hindi na ako magpapatempt. Dito na lang ako. Susunduin ako ni Kuya.”

Hindi namilit si Elijah. “Talaga? O sige, sayang naman. Thank you, ah?”

Nagpasalamat din si Charles, nagpasalamat ako. Honestly, she’s a nice girl. Sobrang nice na nabibitter ako. Why? I don’t know…

Pumasok kami sa sasakyan habang inuulit ulit ni Charles ang chant niyang “Ice Castle, Ice Castle!”

“Marinela is a nice girl.” Sabi ko at nag seatbelt.

“Yeah.” Tipid na sagot ni Elijah habang pinapaandar ang sasakyan.

“You should date her.” Napalunok ako sa sinabi ko.

Nilingon niya ako at tinitigan ng madilim.

“I like her.” Dagdag ko at nag iwas ng tingin.

“I like someone else.”

Nakakabinging katahimikan ang bumalot sa sasakyan. Nilingon ko si Charles na ngayon ay naglalaro na sa kanyang iPad Mini.

“Sino?” Natutuyo ang lalamunan ko nang tinanong ko iyon.

Pero wala siyang sinagot. Hindi na rin ako namilit. Para bang gusto kong malaman pero ayaw ko ring malaman. At siguro ay gusto niya ring sabihin pero ayaw niyang sabihin.

Binalewala ko iyon at pumasok na lang kami sa Ice Castle kung saan kami mag didinner.

Nakita kong nag text si Eion sa akin. Binuksan ko ang mensahe niya habang nag oorder ng para sa amin si Elijah.

Eion:

Nasa Lifestyle District na ako. I’m gonna wait for you here for our dinner.

“Elijah.”

Mabilis na tumitig si Elijah sa akin.

“Light meals lang please, may dinner kami ni Eion.”

Nag igting ang bagang niya at tumango siya sakin.

“Ate, are you dating Kuya Eion?” Tanong ni Charles.

“Uh, maybe? Di ko alam, Charles. Bakit?”

“Nanliligaw ba siya sayo?”

“Certainly not.” Sabi ko at ngumisi.

Nag angat ako ng tingin at kitang kita ko ang titig ni Elijah sa akin habang sinasagot ko ang kapatid ko.

“But do you like him?” Tanong ni Charles.

“Y-Y-Yes.” Shit! Nininerbyos ako sa titig ni Elijah!

Kahit na malamig ay pinagpapawisan pa ako dito. Will you stop that stare?

“Why do you like him?” Tanong ng kapatid ko.

“Gwapo siya, at hindi nambabababae.” Sabi ko.

Nag angat ako ng tingin ulit kay Elijah at nakita kong nag taas siya ng kilay.

“Kuya Elijah is gwapo and he’s not nambababae.” Nilingon ng kapatid ko si Elijah.

Pareho kaming nagulat sa sinabi niya! Elijah was stunned! At ako? Nag panic!

“Charles, we’re cousins.” Nagpapanic kong sinabi.

Kumunot ang noo ni Charles sa sinabi ko na para bang di niya alam o di niya naiintindihan.

“A-And besides, nambababae si Elijah.” Dagdag ko na siyang nagpabalik sa ngisi ni Elijah sa kanyang mukha.

But really, I am so damn freaking out! This is not good. Really not good.

<h1>Kabanata 13</h1>

<hr>

Kabanata 13

OceanofPDF.com

He Kissed Me

Pagkatapos naming kumain sa Ice Castle ay masayang masaya na si Charles. Ang tanging hinihiling niya na lang ngayon ay ang makauwi siya at makapanood ng favorite TV show niya. Kaya naman agad na rin namin siyang inuwi sa aming building.

“Bye, Charles!” Sabi ko kasi tumakbo na ang kapatid ko patungo sa elevator.

Bumuntong hininga ako at pinaandar agad ni Elijah ang kanyang sasakyan. Tahimik kaming dalawa habang natatraffic sa kahabaan ng street patungong Lifestyle District. Kinakabahan tuloy ako sa malamang dahilan. Kaya imbes na tumunganga at pagpawisan ng malamig ay dinungaw ko na lang ulit ang cellphone ko.

Nakita ko ang message ni Eion doon.

Eion:

I’m waiting. Are you almost here?

Oh great! Kanina pa siya naghihintay sa akin. Sana bilis bilisan ni Elijah ang pagdadrive. Kaso traffic, e. Ganito talaga pag gabi ng weekends. Nilingon ko si Elijah at nakita kong tamad siyang nagdadrive. Isang kamay lang ang nasa manibela at mukhang malalim ang iniisip.

Ugh! This is so…

“Sino mga kaibigan mo ang naroon?” Tanong ko.

Bumuntong hininga muna si Elijah bago sumagot. “Same friends.”

“Alright.” Sabi ko.

Mabilis na lang akong nagreply kay Eion dahil wala na akong maisip na sabihin kay Elijah.

Ako:

Almost there. Na traffic lang. Sorry.

Nilingon ko ulit si Elijah at naabutan ko siyang tumitingin sa cellphone ko. Tinago ko agad ang cellphone ko at kinunot ang ulo ko.

“Will you mind your own biz…” Bulong ko.

“That’s my business too…” Bulong niya sa bintana.

Pero dinig na dinig ko iyon! Kinagat ko ang labi ko at napahawak sa tiyan na pakiramdam ko ay walang laman. Pero hindi iyon dahil sa pagkagutom ko.

“This is not your business.” Mariin kong sinabi sa bintana ko naman.

“I’m gonna punch that assholes face when we-”

“ANO BANG PROBLEMA MO KAY EION? Do you even know him, Elijah, at kung makapagsalita ka ay parang alam mong may gagawin siyang masama sa akin? Kung may balak siyang masama dapat simula’t sapul, pinormahan niya na ako, diba?”

Hindi siya kumibo. Tama ako. Wala siyang basehan sa mga sinasabi niyang paninira kay Eion! Marahas niyang niliko ang sasakyan niya sa Lifestyle District, feeling ko babangga kami.

“Shit!” Napamura ako sabay matalim na tingin sa kanya.

Why, I wouldn’t question his driving skills.

Bumungad agad sa paningin ko si Eion sa loob ng restaurant malapit sa gate ng Lifestyle District. Mag isa siya doon at halatang kanina pa nag hihintay dahil may baso ng tubig na sa kanyang harapan.

“Dito lang ako.” Sabi ko nang nag park si Elijah para icheck siya ng security guard.

Hindi ko na hinintay na tumakbo pa papasok sa loob ang sasakyan niya. Diretso na akong lumabas at hindi ko na siya nilingon. Nakita kong umupo ng maayos si Eion nang namataan niya ako. Ngumuso siya at alam kong medyo nainip siya sa akin.

“Can’t say you’re late. Wala naman tayong oras na sinusunod.” Aniya.

“I’m sorry. Nakikain pa kasi si Charles tapos hinatid pa namin siya kaya natagalan. Traffic pa.”

Tumango siya. “I know…” Nilingon niya ang sasakyang papasok sa Lifestyle District. “Kung di si Elijah ang kasama mo, siguro magseselos na ako.”

Nalaglag ang panga ko sa sinabi niya. Magseselos? What? Does that mean? Nakita niya ang gulat sa mukha ko kaya kinuha niya ang menu at pinagtuonan na lang iyon ng pansin.

“What’s yours?” Tanong niya.

Kaya imbes na inisip ko iyon ay tinuon ko ang pansin ko sa menu. Halos wala akong mabasa sa mga pagkain. Ang tanging naiisip ko lang ay iyong sinabi niya kanina. Magseselos? May gusto na ba siya sakin? Malamang! Niyaya ka niyang makipagdate! Gusto ka niyang masolo! Hinalikan ka niya!

Umorder na kami at kumain. Hindi ko parin maalis sa isip ko iyong sinabi niya kanina.

“So tinuruan niyo ang kapatid mong humawak ng baril?” Tanong ni Eion.

“Yup. Actually, si Elijah lang naman at si Marinela.”

Tumango siya. “Magmamana si Charles kay Elijah niyan, mahilig sa baril.”

“Hmmm. Oo. Idol na idol ni Charles si Elijah.” Kumunot ang noo ko nang naalala ko ang sinabi ni Charles. Dammit!

“Bakit ka nag text kanina na sana sumama ka na lang sakin? Pangit ba ang nangyari doon?”

“Uh, actually, kasi parang date sana pala iyon ni Marinela at Elijah. Thirdwheel lang ako at si Charles naman iyong parang bridge between them. Kaya bored ako.”

Uminom siya ng tubig. “Well it’s okay. Nakabawi naman tayo, diba?” Humalakhak siya.

Tumango ako.

Darn! Iyong ngisi niyang sumasama din ang mga mata? To die for! Pinasadahan niya ng kanyang palad ang kanyang buhok at pinagsalikop niya ang kamay niya sa kanyang harapan.

“Saan kayo this sem break?” Tanong niya.

“I don’t know? Sa isla? Most probably beach. Mahilig ang mga pinsan ko sa beach. Ikaw ba?”

“Ah? Iyan ba iyong sinabi ni Chanel sa akin? Sabi niya invited ako, si Kuya, tsaka yung ibang friends natin? O may ibang lakad kayo?”

Nagulat ako sa sinabi ni Eion. Hindi ko alam na inimbita ni Chanel halos lahat? “Idunno, maybe? Bakit ikaw? Saan ka?”

“Well, kung kasama ka dun sa sinabi ni Chanel, sasama ako.” Aniya.

Tumango ako. “Magtatanong ako kay Erin tungkol diyan.”

Excited na tuloy akong mag semestral break para makasama sa isang trip si Eion!

Tumatawa kaming dalawa habang umaalis doon sa restaurant para pumunta sa likod ng Lifestyle District kung nasaan ang mga kaibigan kong nag iinuman at nag chi-chill.

“Hi Klare! Uyyy!” Bungad agad iyan ng ilang nakakakilala sa akin.

Hindi naman malapit si Eion sa akin. May distansya sa amin at ang dalawang kamay ay nasa bulsa niya habang ako ay nahihiyang ngumungiti sa bawat kakilala. Kita ko na agad si Erin at Claudette kasama ang mga kaibigan din namin ni Eion na kumakaway sa akon sabay turo sa dalawang bakanteng upuan para sa amin ni Eion. Tumango ako sa kanya at mabilis na tumungo doon. Ganun din si Eion.

Sinalubong si Eion ng isang bote ng beer ng kanyang kaibigan. Nagtawanan sila at nag usap samantalang ako naman ay pinapaupo ni Erin sa kanyang tabi. Nakatitig si Claudette sa akin kaya nag taas ako ng kilay.

“Hinatid ka ni… Elijah?” Mahinahon niyang tanong.

“Uh, yup. Where’s he, by the way?” Tanong ko at iginala ang paningin.

“Ayun oh!” Sabay turo ni Hannah sa pinsan kong tumatawa na kasama si Azi.

Papalit palit sila ng table. Nagmukhang party niya ito dahil sa sobrang sikat niya at sa pagpupunta niya sa iba’t ibang table ng kilala niya. Picture dito, picture doon. Kung maka akbay sa mga babae ay parang walang limitasyon! Napangiwi ako.

“He’s drunk, I think.” Utas ni Claudette.

Umalingawngaw ang tawa ni Erin habang kausap ang ilang kaibigan namin kaya hindi na nagsalita pa ulit si Claudette.

“That fast?” Napatanong ako sa aking sarili.

Isang oras pa lang ata ang lumipas mula nung dumating kami dito at lasing na agad siya? Unless inubos niya ang isang bote ng hard liquor mag isa. Umiling ako at bumaling kay Eion na kakaupo lang sa tabi ko.

“Drink?” Nag offer siya sa akin ng San Mig Light.

Tumango ako at nilagay ko lang iyon sa harapan ko habang nakinig sa mga kwento ni Erin. Palinga linga siya na para bang may hinahanap.

“Oh, stop it, Erin!” Tumatawang sinabi ni Liza. “Ako ang mananalo sa pustahan! Walang Ty na magpapakita ngayong gabi, dito! Kung elite ka, mas dobleng elite iyon.”

“Ty?” Napatanong ko.

“Hendrix Ty!” May nagsabi.

“Saw him kanina sa shooting range.” Sabi ko.

“HA? Ba’t di mo sinabi?” Halos sakmalin ako ni Erin.

“Well, mabilis lang naman sila…” Natigilan ako. Hindi ako sigurado kung sasabihin ko ang buong detalye kaya nagpasya akong manahimik na lang doon. “Kasama niya si Pierre.”

“Second Year Engineering daw yung Pierre Ty, diba? Transferee? I heard from Ateneo de Davao daw iyon!?” Sabi ni Julia.

Nakinig na lang ako sa kanilang mga sinabi. Iba ang mundo ng mga girls, iba rin ang mundo ng mga boys. May kanilang pinag uusapan sila pero minsan ay nakikihalo sila sa amin.

“So, Eion Sarmiento? Ano ba talaga?” Saway ni Erin sabay turo sa braso ni Eion na nakalagay sa likod ng upuan ko.

Uminit ang pisngi ko lalo na nung humiyaw sila. Tinanggal ni Eion ang kanyang braso at tumawa.

“Masyado kayong malisyosa!” He said simply.

“Bakit wala ba iyang malisya?” Humiyaw ulit sila.

“Meron.”

Nagtawanan at nag hiyawan sila sa sagot ni Eion. Tinakpan ko ang mukha ko nang uminit ito. Dammit! Pakiramdam ko pulang pula na ako! Ilang sandali pa bago humupa ang tawanan at hiyawan nila at naghiyawan naman sa kabilang table.

Nilingon namin at nakita kong nakikipag picture si Elijah kasama iyong sikat na sexy’ng batchmate niya. Tinukso silang dalawa at bulgar pang nagpapakita ng motibo ang babae.

“Kainggit naman!” Sabi ni Hannah.

“Uy! Nagpaparinig si Hannah! Klare, tawagin mo si Elijah!” Utos ni Erin.

The hell! Ako pa iyong tatawag sa kanya? The hell!

“Come on! Wa’g kang KJ! Tawagin mo na!” Sabay yugyog ni Erin sa akin.

Umiling ako. Nagmatigas. Dahil hindi ko talaga siya tatawagin. Umirap si Erin sa akin at tinaas niya ang kanyang kamay.

“Elijah Montefalco, please!” Sigaw niya.

Lumingon si Azi na nasa tabi ni Elijah. Tumawa si Azi at hinila si Elijah patungo sa table namin. Oh God! Oh God! Bakit nagpapanic ako? Nakita kong medyo lasing na nga siya. Nakangisi lang siya at mapupungay ang kanyang mga mata. Mukha pang tuwang tuwa si Azi at Josiah dahil lasing na sa wakas si Elijah. Sa kanilang lahat kasi, siya ang pinaka matagal matamaan.

“Damn, ayoko.” Umatras si Elijah nang nagtama ang paningin namin.

Nag iwas agad ako ng tingin at humarap na lang sa mga kaibigan ko. Silang lahat ay nakatingin sa kanila..

“Wa’g ka ngang KJ! Isang picture lang naman daw with Hannah!” Sabi ni Azi at kinaladkad si Elijah sa table namin.

Dumating si Rafael at hinila na rin si Elijah sa table namin. Tumili na ang mga girls at nakisali na si Erin sa pagkakanulo kay Elijah at Hannah.

Tumatawa na si Elijah at bumigay rin. Halatang kinikilig si Hannah at pulang pula na ang kanyang mukha nang pinicture-an sila ni Elijah!

“Uyyy!” Hiyawan ng mga kaibigan naming lalaki. “Bagay na bagay!”

Hindi ako makatingin sa kanila. Tiningnan ko na lang ang cellphone ko dahil nakisali din si Eion sa pagkakanulo kay Hannah at Elijah. Nakita kong alas dose na pala ng gabi.

“Hay! Makakauwi na ako nito!” Sabi ni Hannah nang umalis na sina Elijah sa table namin.

Naroon na naman sila sa kabilang table at nakita kong uminom siya ng iilan pang shots na ibinigay ni Rafael. Tawa lang siya nang tawa na parang wala siyang problema.

“Anong oras kang uuwi?” Tanong ni Eion. “Ihahatid kita sa inyo.”

“H-Ha? Uh, within thirty minutes?” Humikab ako.

“What? KJ mo talaga!” Sabi ni Erin.

Hindi tulad ni Erin na sunog baga at walang pakealam, inaantok na ako at hindi naman ako malakas uminom kaya uuwi ako mamaya.

“Teka lang ah.” Sabi ko nang nakita ko ulit na nilagok ng sabay ni Azi at Elijah ang shot na binigay ulit ng tumatawang si Rafael.

Tumayo ako at lumapit sa kanila. Sa table na maraming magaganda, sexy, at mature na babae. Kinalabit ko si Azi.

“What?” Tanong niya sa akin.

Kumpara kay Elijah ay mas focused pa ang kanyang mga mata.

“Nilalasing mo ba si Elijah?” Tanong ko.

“Di ah!” Tumawa siya. “Siya lang itong biglang umiinom ng marami kanina! Ang dami niyang ininom. Pakiramdam ko magpapakamatay na siya.” Tumawa si Azi.

Nanliit ang mga mata ko. “Dala mo sasakyan mo?” Tanong ko.

“Hindi. Nagpasundo lang ako kay Josiah. Alam mo na, hanggang ngayon grounded ako sa mga sasakyan.”

“Sinong mag uuwi kay Claudette?”

“Si Joisah. Bakit?” Kumunot ang kanyang noo.

Sinulyapan ko si Elijah na nakikipag tawanan na doon sa mga babae. “Iuwi mo na siya. Kunin mo yung susi ng sasakyan niya. Ikaw mag drive. Sa bahay na kayo matulog. Isama niyo na si Rafael. Where’s Damon?” Luminga ako.

“He’s… sick…” Nalilitong sinabi ni Rafael.

Sick? Really?

“Nagpaconfine siya sa ospital kahapon.” Ipinagkibit balikat iyon ni Rafael. “Di ko alam anong sakit niya, e.”

Umiling na lang ako at bumaling kay Azi. Surely, hindi malala ang sakit ni Damon kung hindi naman umabot sa kay mommy at daddy ang balita.

“Sa bahay na kayo matulog. Go!” Sigaw ko.

“Ngayon din?” Nagkunot ng noo si Azi.

“Of course! Tingnan niyo nga si Elijah? Lasing na lasing na! Diretso sa bahay, ah? Pag nalaman kong nabunggo ulit kayo, papatayin ko talaga kayo!”

Ngumiwi si Azi. “Alright po… Makapagsalita ito, parang girlfriend.”

Umatras ako nang hinila niya si Elijah. Pinanood ko silang tatlong umalis habang si Josiah ay naroon parin at nakikipagkatuwaan. Bumalik ako sa table namin habang pinagmamasdan na palabas na iyong sasakyan ni Elijah.

Bumuntong hininga ako.

“Nandyan pa ba si Josiah?” Tanong ni Erin sakin.

Tumango ako. “Yup. Siya maghahatid sa inyo ni Clau.” Nilingon ko si Claudette na medyo weird ang paningin sa akin.

Mukha siyang manika na may masamang balak sa akin kaya ngumiwi ako sa kanya. Ngumisi siya. There, better.

Ilang sandali ang nakalipas ay napagdesisyunan naming umuwi na ni Eion. Tulad ko ay hindi rin siya gaanong nakakatagal sa magdamagang inuman. Pareho kaming inaantok na kaya niyaya ko na siyang umalis. Tumango siya at tumayo agad.

“Uy! Diretso sa bahay nina Klare ha? Baka malaman ko di siya nakauwi!” Tumawa si Erin.

Uminit ang pisngi ko! Adik talaga itong si Erin! Nakakahiya tuloy.

“Sorry kay Erin, ah?” Sabi ko nang nasa sasakyan na kami ni Eion.

“Okay lang.” Ngumisi siya.

“Nakakahiya tuloy sayo.” Sabi ko.

“Ba’t ka nahihiya?” Nilingon niya ako.

Napaawang ang bibig ko at tumingin ng diretso sa daanan. Bakit nga ba? Err. Narinig ko ang paghinga niya at paghalakhak niya.

“You’re really cute and adorable, Klare.” Aniya.

Ngumisi ako.

Shit! Parang panaginip ng sinabi niya iyon! Nilingon ko siya at naabutan kong nakangisi siya.

“And you’re really handsome and mysterious.” Sabi ko nang itinigil niya ang sasakyan sa tapat ng bahay namin.

Ngumuso siya at biglaang humilig sa akin. Nalaglag ang panga ko sa paghilig niya. Malapit na malapit na ang kanyang mukha sa akin.

“Oh yeah?” Ngumisi siya.

“Yeah…” Sabi ko.

Unti unti pa siyang lumapit sa akin dumampi ang kanyang labi sa labi ko. Mabilis lang. Malambot iyon at nakakakilig. Halos mawala ako sa sarili ko. Ngunit agad agad akong kinabahan. Lalo na noong nagkasalubong ang tingin namin. Ngumiti siya ngunit di ko magawang ngumisi.

“Good night.” Aniya.

“Good night, din. Thank you, Eion.” Sabi ko nang naramdaman ang unti unting pag iinit ng pisngi ko.

Mabilis akong lumabas sa kanyang sasakyan dala ang bag ko. Dammit it! Pakiramdam ko magkakaheart attack ako! Kinagat ko ang labi ko habang pinipindot ang elevator. OH MY GOD! He kissed me! Sa lips!

<h1>Kabanata 14</h1>

<hr>

Kabanata 14

*OceanofPDF.com*

Run

Mabilis parin ang pintig ng puso ko pagkapasok ko sa elevator. Hindi ako makahinga. Hindi ko namalayan na tumigil ako sa paghinga simula nang halikan ako ni Eion.

Hinawakan ko ang labi ko. That was my first kiss. Tumunog ang elevator at mabilis akong tumungo sa hagdanan at nagmadali na rin sa pagpasok sa loob ng bahay. dim na ang lights ng bahay. Buong akala ko ay mag iinuman pa ang mga pinsan ko sa rooftop pero mukhang nagkakamali ata ako, tulog na ata sila.

Pumunta muna ako sa kusina para uminom ng tubig at huminga bago dumiretso sa kwarto. Nang binuksan ko ang ilaw ay napatalon agad ako sa tumambad saking kama. Gumalaw si Elijah at kinusot niya ang kanyang mga mata.

Dammit! The asshole is sleeping on my bed again! Mas lalo akong kinabahan.

“Ngayon ka lang nakauwi?” Nilingon niya ang relo sa gilid habang kinukusot ang mata.

Nilapag ko ang bag ko sa mesa at tinanggal ang earrings at necklace.

“Magkasunod lang tayo.” Sabi ko.

I can’t take off my clothes here, right? Right in front of him, right? Nilingon ko siya at nakita kong nakatitig ang puyat niyang mga mata.

“Bakit dito ka natutulog?” Tanong ko habang hinuhubad ang sandals ko.

“Crowded ang guestroom. Nandun si Rafael at Azi.” Aniya.

“What about the other guest room.”

“Why not here?” Namamaos ang kanyang boses.

Because it’s awkward? And why is it awkward, Klare? Umiling ako at kinuha ang pajama at t-shirt ko at dumiretso sa bathroom.

“Okay. Sleep, then.” Sabi ko bago sinarado ang pinto.

Matagal akong lumabas kahit sa totoo lang ay inaantok na talaga ako. Sana ay tulog na siya ngayon. I don’t like him awake while I lie beside him. Bakit? Bakit ba talaga? Ano ba ang problema ko? He’s my cousin for Pete’s sake!

Mabilis kong binuksan ang pintuan at nilingon ko siya sa kama kong natutulog ng mapayapa. Kinagat ko ang labi ko. Natatabunan ang katawan niya ng comforter kong kulay pink at yakap niya pa ang kulay pink ko ring unan. Kelan ba siya nagsimulang matulog dito? Madalas kasi pag nandito ang mga girls, dito sila natutulog sa kwarto ko. Simula noong nagkaboyfriend si Chanel at di na siya madalas sumasama sa amin ay hindi na rin sila gaanong nag s-sleepover. Ang mga boys na lang ang nag s-sleepover.

Pinatay ko ang ilaw at ang tanging natira ay ang lamp sa tabi. Umupo ako sa kama at dahan dahang humiga doon. Pagkahiga ko ay naamoy ko agad ang shower gel ko sa kanya. Nilingon ko si Elijah at ganun parin ang kanyang mukha. Mahimbing ang kanyang tulog. May bigla akong naramdaman sa tiyan ko. This is fucking insane! Stupid!

Pinikit ko ang mga mata ko at inalis lahat ng iniisip ko para makatulog na. Mabuti na lang at hindi rin naman ako nahirapan. Kinaumagahan ay nagising ako nang wala na si Elijah sa kama ko. Tumayo agad ako. Hindi pa ako nagsusuklay ay umalis agad ako sa kwarto para tingnan kung nasaan sila.

Naabutan ko silang tatlong nasa kusina. Nagluluto si Elijah habang si Rafael naman ay nag se-set ng table. Si Azi ay nakatunganga lang sa mesa.

“It’s a Sunday, wala si Manang.” Paliwanag ni Rafael sa akin.

“I know.” Sabi ko. “Nasaan sina mommy at dad?”

“Nagjogging daw kasama si Charles. Gigisingin ka sana nila pero sinabi ni Azi na medyo matagal kang umuwi kagabi.”

Tumango ako at umupo sa harap ni Azi na mukhang inaantok parin.

Nakangisi si Rafael habang nilalapag ang plato ko.

“Klare, di ka marunong magluto?” Tanong ni Rafael.

“Marunong akong mag bake pero hindi magluto ng ulam.” Paliwanag ko.

Nakita kong lumingon si Elijah sa akin pagkasabi ko nun.

Mukha siyang matatawa sa sinabi ko. Anong nakakatawa doon? Kinunot ko ang noo ko sa kanya. Umiling siya at ngumisi. Oh, why?

Umubo ako at uminom ng tubig sa hapag. Kumunot ang noo ni Azi at nilingon si Elijah. Kinabahan agad ako.

“Nakakain ka ba nung cookies niya nung highschool, Elijah? Ang sarap! Grabe!” Sabi ni Azi with all the feelings.

“Tse! Tumigil ka nga!” Saway ko kay Azi.

“Nope. Di kasi ako mahilig sa sweets.” Paliwanag niya habang nilalagay sa harap namin iyong mga bacon at ham na niluluto niya.

Nagkibit balikat si Azi at tumahimik na lang. Ang totoo, hindi ko rin kasi masyadong binibigyan si Elijah noon ng kahit ano. Like I said, sa lahat ng pinsan ko, siya lang ang hindi ko close. Pag nandyan ang lahat, nakakausap ko silang lahat except sa kanya dahil hindi rin naman niya ako pinapansin kaya nasusupladuhan ako sa kanya.

“So… kumusta kagabi?” Ngumisi si Rafael sa akin.

“Kagabi?” Nagulat ako sa tanong niya.

Umupo si Elijah sa tabi ni Azi at tiningnang mabuti si Rafael.

“Hinatid ka ni Eion, diba?” Kumindat si Rafael.

“Uh, oo.” I sighed. Akala ko kung anong ibig sabihin ng kagabi.

“Nakita ko kayong naghalikan kagabi.” Humagalpak sa tawa si Rafael.

Halos mailuwa ko iyong kinakain ko sa sinabi niya.

“Di ah!” I denied.

“Wa’g ka ng magkaila! Nasa labas ako kagabi naninigarilyo bago pumasok. Nakita ko kayo. Kausap ko yung guard. Hindi naman kasi tinted ang sasakyan ni Eion. Sa lips pa yun, ah?” Nagkibit balikat siya at humagalpak sa tawa.

Hindi ko maalis ang titig ko kay Rafael. Ayaw kong bumaling kay Elijah. Pero si Azi ay mukhang seryoso.

“Di nga?” Singit ni Azi.

“Oo, bro.” Tumawa si Rafael.

“First kiss mo ba, Klare?” Tanong ni Azi.

Hindi ko talaga kayang tingnan ang katabi niya. At di ko rin kayang sagutin ang tanong niya.

“Naku! First kiss lang yan, ah? Wa’g mong gaanong seryosohin masyado. Baka di pa maging kayo. O kung maging kayo, mag bibreak din kayo.” Pangaral ni Azi.

“Hanggang doon na lang yun.” Malamig na sinabi ni Elijah sa tabi ni Azi.

Lumagapak ang mata ko sa kanin. Ayaw ko siyang tingnan dahil base sa tono ng boses niya ay galit siya.

“Bakit? Dudurugin mo yung labi ni Eion, Elijah?” Tumawa si Azi.

Nagkaroon ako ng lakas ng loob na mag angat ng tingin sa kanya. Nakita kong matalim ang titig niya kay Azi.

“Joke lang, bro. Ano ba ito! Seriosly, Klare?” Nagseryoso si Azi sa akin. “You can’t kiss Eion! Hindi pa kayo!” Natatawa niyang sinabi.

Naubos ang oras ng pagkain sa pagbibiro ni Azi tungkol sa halik ni Eion. Tahimik lang si Elijah sa gilid. Pagkatapos naming kumain ay dumiretso siya sa kwarto ko. Pinanood ko si Azi at Rafael na nag lalaro ng bula sa paghuhugas ng plato. Tumayo ako nang di ako mapakali at sumunod na kay Elijah sa loob ng kwarto ko.

Dammit! Ano ba ang iniisip ko at bakit ko siya sinundan? Naabutan ko siyang hinahanap ang kanyang cellphone at kinukuha ang relong hinubad niya siguro kagabi. Nagtama ang paningin naming dalawa. Agad kong sinisi ang sarili ko. Bakit pa ako nagpunta dito? Hindi ko alam!

Bumuntong hininga siya at tumayo pagkatapos kunin ang relo. Isinuot niya iyon sa wrist niya.

“I-I’m sorry.” Bulalas ko.

Tumunganga siya sakin habang inaayos ang kanyang relo. Nasa paa ko ang paningin ko ngayon. Hindi ko siya kayang tingnan habang sinasabi ko ito.

“Ba’t ka nag sosorry?” Tanong niya at humalukipkip.

Bakit nga ba? Hindi ko alam. Nagsosorry ako dahil sa lahat ng pagtatalo naming dalawa. Nagsosorry ako dahil nitong mga nakaraang araw ay lagi kaming magkagalit at malamig sa isa’t-isa.

“Kasi… lagi tayong nag aaway.” Utas ko.

“Bakit kaya?” Narinig ko ang panunuya sa boses niya.

Nilingon ko siya at nakita kong nakangisi siya. Isang nakakapanindig na ngisi. Iyong tipong may masamang binabalak. Kinabahan agad ako.

Lumapit siya sa akin. Nanginig ang binti ko sa intensity ng kanyang katawan. Nakita ko ang unti unti nitong paglapit. Hindi ako makahinga, hindi ako makatingin ng diretso, at hindi ako makapag isip ng mabuti.

Hinawakan niya ang magkabilang braso ko. Marahan lang. Halos mapatalon ako sa gulat at sa kung anong nararamdaman. Para akong kinuryente galing sa kamay niya patungo sa batok ko. Tinanggal niya agad ang haplos niya na para bang ganun din iyong nararamdaman. Parang napapaso.

Kinunot ko ang noo ko dahil ayaw kong makita niyang naghuhuramentado ko. Nakita ko ring ganun din siya. Nakita ko ang pag igting ng kanyang panga habang dinudungaw ako.

“Can you feel it?” Tanong niya.

Nanuyo ang lalamunan ko sa tanong niya. Tumitig pa ako lalo ngunit inalis niya ang mukha niya sa paningin ko. Yumuko siya at lumapit sa tainga ko.

“Run, Klare. Coz I’m done running. I can’t run anymore. And God knows I can’t even walk away…”

Para akong nalagutan ng hininga pagkatapos niya iyong sabihin sa namamaos na boses. Iniwan niya ako sa kwarto na tulala at nalilito.

SHIT! Ano ang ibig niyang sabihin? Nanginginig ako at naiiyak.

<h1>Kabanata 15</h1>

<hr>

Kabanata 15

I Don’t Like It

Kabadong kabado na ako. Punong puno ang gymnasium ng mga taong may dalang mga balloons na kulay blue. Nakakabingi ang ingay dahil sa finals ng basketball. Magulong magulo na kami sa backstage dahil kabado at excited na rin ang mga kasama ko.

“Picture!” Sigaw ni Chanel sabay hila sa akin.

Sa aming mga magpinsan, kaming dalawa lang ang kasali sa All Star. Inakbayan niya ako at nag pose kaming dalawa para ma picturan ni Erin. Nagpapicture din si Erin sa amin at sa mga kaibigan niyang kasama namin.

“Sige na, sige na! Alis na ako! Pwesto na ako dun!” Ani Erin bago umalis.

Nilingon ako ni Chanel at tinapik niya ang legs ko, tsaka tumawa.

“Sexy! Mas maiksi pa yung sayo kesa sakin!” Aniya.

Tumawa ako.

“Next week, ah? Magpaalam ka sa mommy at daddy mo para makasama ka kina Brian.” Aniya na tinutukoy ang boyfriend niya.

Tumango ako. “Oo. Papayagan naman ako nun kasi kasama ko naman kayo.”

“Great! Marami tayo!” Pumalakpak si Chanel.

Naka dark blue at puting kombinasyon kami ng short-skirt na sobrang iksi at sikip, at naka asymmetrical na tight top. May nakalagay sa pisngi naming facepaint sa initials ng school: XU.

“Ladies and gentleman…”

“Eto na! Eto na!” Sigaw ng mga kasama ko.

“The Xavier University All Star Dancers!” Sigaw ng host.

Nag dim ang lights sa gitna at umilaw ang mga disco lights kasabay ng pagsisimula namin. Iginala ko ang paningin ko sa taas ng bleachers at nalula sa dami ng taong naghihiyawan.

“MONTEFALCO!” Dinig na dinig ko ang sigaw ni Josiah kung saan.

Umiling ako at ngumisi habang pinagpapatuloy ang pagsasayaw. Nahagip ng paningin ko ang seryosong nakatitig na lalaki sa may harap. Naroon siya kasama ang ibang players na nagkakatuwaan siguro ay dahil sa maiksi naming damit.

Medyo na conscious ako kasi di maalis ni Hendrix ang tingin niya sa akin. Pinaglaruan niya ang bola sa kanyang kamay habang tinitingnan ako. Di niya man lang sinusulyapan ang kasamang kumakausap sa kanya.

Mabilis ang pintig ng puso ko dahil sa excitement sa harap pero napapawi ito dahil sa pagkakaconscious ko kay Hendrix. Mabuti na lang at na distract ako nang humiyaw lalo ang audience nang lumipad na kami sa ere.

Pagkatapos ng presentation ay marami agad ang bumati sa amin dahil perpekto ang nagawa namin. Picture dito, picture doon. Iyon ang paborito kong part. Kahit na pawis kami at halos tunaw ang make up ay nagagawa parin naming mag picture.

Kinalabit ako bigla ni Chanel na may dalang camera. Ngumisi siya at sinenyas na pipicture-an ako. Sumenyas din siya sa likod niya kaya tinaas ko ang kilay ko sa pagtataka. Tumuro siya sa likod niya at ngumisi ng malaki.

Nagulat ako nang bumungad sa akin si Eion na medyo mukhag galit ngunit pumupula ang pisngi. May dala siyang flowers. Bago pa ako naka react ay kinaladkad na agad ako ni Chanel patungo kay Eion. Itinulak niya pa ako kaya napahawak si Eion sa magkabilang braso ko para pigilan ang pagkatumba ko.

“Oppps! Sorry!” Tumawa siya at kinuhanan kami ng picture habang ganun.

“Chanel!” Sabi ko sabay ngiwi sa pinsan ko na ngayon ay ngiting ngiti at panay ang picture sa aming dalawa ni Eion.

Stolen shots, dammit!

“Umayos kayo!” Saway niya.

Kinagat ko ang labi ko at nilingon ang nakakunot noong si Eion. Nakakahiya sa kanya! Baka isipin niyang nagpapaka cheap ako at hinahayaan ko ang pinsan kong ipagkanulo sa kanya.

Umaliwalas ang kanyang mukha at inilahad sa harap ko ang mga bulaklak. “For you. Galing mo dun.” Aniya.

Uminit ang pisngi ko at tinanggap ang bulaklak. “AYYY!” Tumili si Chanel.

Nakita iyon ng ibang kaibigan namin kaya tumili na rin sila para sa aming dalawa. May mga nanggugulo pa at nagpapapicture na rin sa amin ni Eion. Ang gulo-gulo kaya kinabahan ako at baka mabadtrip si Eion sa nangyayari.

Nilingon ko siya pero mukha namang hindi. Nakikipag kwentuhan siya sa nakikiusyusong mga kaibigan ko habang ako naman ay nalulunod ulit sa camera. Kalahating oras pa kaming nandoon bago ako nakawala. May pahabol pa si Erin nung paalis kaming dalawa ni Eion.

“Sa bahay niyo ako magbibihis! Doon na daw tayo magkikita para mapag usapan yung trip! Okay? Don’t be late! Kayong dalawa!” Sigaw niya habang sinusundo na siya ni Brian.

Tumango ako at bumuntong hininga. Kung ganun ay marami pala talaga kaming pupunta ng Camiguin. Bukod sa mga kaibigan ni Chanel, mga pinsan ko, kasama pa ang buong barkada ni Josiah (kung saan parte si Eion). Balita ko rin ay isasama ni Erin ang mga kaibigan namin kaya ang dami naming pupunta doon!

“Sorry, ah?” Sabi ko kay Eion, tinutukoy iyong nangyaring kaguluhan.

“Walang problema.” Aniya.

Biglang sumigaw ang mga tao sa gymnasium. Mukhang mainit ang laban ng mga teams, ah? Gusto ko sanang manood kaso nagugutom na ako.

Kaya niyaya ko siyang pumunta muna sa canteen. Nagyaya siyang mag dinner sa labas, kaso, I know better. Pag ganitong may event sa school ay lahat ng kainan sa labas maraming tao. At ayaw ko na ring lumayo dahil uuwi lang din naman kami. May pagkain naman sa bahay pero ayaw kong… ayaw kong makaistorbo dun lalo na't alam kong sigurado ay maraming tao roon.

"Sigurado ka bang okay lang sayo dito?"

Ngumisi ako sa tanong niya. "Oo. Tsaka, di naman ako ganun ka gutom."

Tumango siya at nilibre ako ng mga pagkain. Habang bumibili siya at nasa table ako at naghihintay ay ang daming lumalapit sa akin para tanungin kung kanino galing ang bulaklak na dala ko. Nakakahiyang sagutin pero kailangan.

"Kay Eion." Sagot ko sa kaklase ko noong highschool.

Kita ang gulat sa mga mata niya. "Well, totoo pala yung balita na nagkakaigihan kayo? Akala ko talaga noon hanggang tingin ka lang, e! Sabagay, kaibigan sila nina Knoxx at Josiah, diba?" Aniya. "Nanliligaw na ba?"

"Huh? Hindi, ah!" Sagot ko agad.

"Ay? Ganun! Pero malapit na yan!"

Hindi naman sa nagmamadali ako pero habang minamasdan ko si Eion na nagdadala ng pagkain patungo sa akin ay naisipan ko kung nanliligaw ba siya. Hindi ba nagtatanong naman ang nanliligaw? Pero surely, itong mga ginagawa niya ay parang nanliligaw na siya, diba? Pero ayaw ko siyang pangunahan.

Kumain kaming dalawa ng tahimik habang naglalakbay ang utak ko. Nanliligaw ba si Eion o hindi? Pwede ba akong magtanong o hindi? Hindi ko alam. Natatakot ako sa mga magiging reaksyon niya sa bawat moves ko. Natatakot akong maudlot kung ano man itong napipinto.

“Hi Eion!” Malambing na sinabi ng isang babaeng may maiksing buhok, doe-eyed, at naka shorts at t-shirt lang.

Kilala ko ang isang ito, ah? Ang alam ko ay classmate ito nina Eion noon sa highschool. Ni hindi ako tiningnan ng babae. Si Eion lang ang kanyang nginitian. Nagulat ako sa ngiti ni Eion pabalik sa kanya. Ngumingiti si Eion sa akin pero hindi ganun ka liwanag. Iyong tipong alam mong matagal na silang magkakakilala.

“Di ka ba manonood ng game?” Tanong nung babae.

Umiling si Eion. “Patapos na! Ikaw? Nandun si Hendrix, a? Yung crush mo!”

Pinagmasdan kong mabuti ang mukha ni Eion habang nginingitian at binibiro iyong babae. Am I being too emotional or what? Nanliliit ako dito habang dahan dahang isinusubo ang pork chop ko. Hindi ko naman talaga ugaling magpapansin pero parang awkward ang sitwasyon ko ngayon dito.

Humagalpak ang babae. “Selos ka lang, e! Kaya ayaw mong manood sa game niya!”

Nagulat ako sa sinabi nung babae. Selos? Nagseselos si Eion? Hindi ko pa ata nakikita si Eion na nakikipag biruan ng ganito! At sinasabi pa nung babae na nagseselos siya. Uminom ako ng tubig.

“Ba’t ako magseselos?” Tumaas ang kilay ni Eion.

Tumawa ang babae at inirapan si Eion.

At dahil masyado akong nagmamasid sa dalawa ay naubo ako sa pag inom ng tubig. Dammit! In a wrong, wrong time! Nilingon nila ako. Nakita kong nag hugis bilog ang bibig ng babaeng kausap niya.

“Who is she?” Tanong nung babae.

“Uh, Ah, by the way, Cherry, She’s Klare.” Sabi niya.

“Hello!” Kinawayan ako ni Cherry.

Ngumisi ako habang pinupunasan pa ng tissue ang bibig. Damn! Nauubo pa ako!

“Girlfriend mo?” Nagtaas ng kilay si Cherry.

“Hindi.” Mabilisang sagot ni Eion.

“Oh!” Makahulugan ang ngisi at pagtango ng dahan dahan ni Cherry. “Nililigawan?”

“N-No.” Ani Eion.

Para akong nabagsakan ng langit sa sagot ni Eion. There you have it, Klare Montefalco! The answer to your question! Hindi siya nanliligaw sa iyo at mukhang hindi talaga siya manliligaw! Hindi ko alam kung ngingisi ba ako pero kailangan kong ngumisi at magkunwaring nagbibiro si Cherry.

“Okay, then. See you around, Eion!” Sabi ni Cherry at patalon talong umalis.

“Uyy! Sino yun?” Tanong kong matabang.

“Ah! Wala. Classmate ko noong highschool.” Sabi ni Eion.

“May crush ata iyon sayo, e.” Sabi ko.

Dammit! Nakakatabang talaga ito!

“Wala, a? Si Hendrix ang crush niya.”

Hindi ko alam kung natural pa ba ito pero nababanas ako. Nababanas ako dahil narinig ko mismo sa bibig ni Eion na hindi niya ako nililigawan. Alam ko. Wala pa naman siyang sinasabing liligawan niya ako o nililigawan niya ako pero medyo masakit palang marinig iyon.

Kaya tahimik ako sa pagkain namin at sa pagpasok namin sa kanyang sasakyan. Wala akong masabi. Naiirita na lang ako sa sarili ko.

Mabilis din naman kaming nakarating sa building namin. Hindi naman kasi kalayuan kaya bumaba agad ako pagkapark niya. Kating kati na ako sa suot ko. Gusto ko ng magbihis.

“Klare, ba’t ang tahimik mo?” Napatanong bigla si Eion habang binibigay ulit sa akin iyong bouquet na naiwan ko pala sa loob ng sasakyan niya.

“H-Ha? Wala. Hindi naman, ah?” Tumawa ako sa tonong pahisterya.

Kumunot ang noo niya.

Hinintay kong makarating sa third floor ang elevator. Tahimik kaming dalawa. Ito ata ang unang pagkakataon na makakapunta siya sa loob ng bahay namin. Pero hindi naman magmumukhang espesyal dahil nandito naman ang lahat.

“I think you’re really mad at me.” Ani Eion.

Nilingon ko siya at nginitian habang umaakyat na kami patungong fourth floor kung saan naroon ang bahay namin. “I’m not, Eion.”

Binuksan ko ang pintuan at nakita kong walang katao tao sa bahay. Siguro ay nasa kwarto sina mommy, daddy at Charles. Napabuntong hininga ako at nilapag ko ang flowers sa table.

“Nasa rooftop siguro sila.” Nilingon ko si Eion at naabutan ko siyang ginagala ang paningin sa buong bahay.

Tiningnan niya ang bawat frame, ang bawat detalye, ang bawat mukha kong nakabalandra sa saang sulok.

“Let’s go?” Sabi ko.

Gusto ko ng magbihis, pero una sa lahat ay ihahatid ko muna si Eion sa taas. Tumango si Eion at sumunod sa akin sa pag akyat sa roofdeck ng bahay.

Tama ang hinala ko. Naroon silang lahat. Dinig na dinig ko ang ingay na ginagawa ni Erin at Josiah. Tinuro pa ako ni Chanel nang nakita akong

dumating. Ni hindi ko kilala ang iba sa mga naroon! Hula ko ay extended friends ni Chanel at Brian kaya di ko na pinagkaabalahan. Nakita kong naroon sina Hannah, Julia, at Liza na mga kaibigan ko. Ngumisi agad ako.

“Uyyyy!” Hiyawan nila nang nakita si Eion sa likod ko.

Hinanap agad ng mga mata ko si Elijah. Nakita kong nakaupo siya roon sa tabi ni Azi. Naabutan ko siyang nakangisi ngunit nang nagtama ang mga mata namin ay napawi ito. Oh God! Parang mas lumala yata ang kung anong nasa tiyan ko!

“Uy! Nakita niyo ba ang pictures nila kanina? Bagay na bagay sila!” Panggugulo ni Chanel habang winawagayway ang camera sa ere.

Pinagkaguluhan nila iyong camera. Tumawa na lang ako. Natuwa na rin si Eion dahil marami siyang kilalang kasama kaya nawala siya sa gilid ko. Panay ang high five niya sa mga kaibigan nila ni Josiah. Pinagmasdan ko siyang mabuti. Boys. Ganun nga talaga siguro ang mga lalaki. Kasi kung lahat ng lalaki ay madaling espilingin at parating sweet, mas masaya at mas maganda siguro ang mundo ngayon. Pero dahil kokonti, o baka naman, wala na masyadong ganun ngayon, ganito na lang muna ang mundo sa ngayon: full of uncertainties, doubts, and insecurities. Pero hindi ko na dinibdib iyon.

Nagtama ulit ang paningin namin ni Elijah. Kumunot ang kanyang noo at binagsak ang paningin niya sa kanyang cellphone.

Mas lalo akong nairita. Gusto ko ng dibdibin lahat ng nangyayari. See? Boys will be boys? Laging may ibang girls! Laging may ibang ka text! Laging ganun! Umirap ako sa hangin at nilingon na lang si Erin.

“What? No fun! No fun!” Sigaw ni Azi kung saan.

Hindi ko na siya nilingon dahil alam ko kung sino ang kausap niya. Nag uusap pa sina Chanel at Brian tungkol sa tutuluyan namin sa Camiguin at sa mga dadalhin naming pagkain. This will surely be a good trip! Ang dami namin, e!

“Where are your balls, dude? Lost it?” Humagalpak sa tawa si Azi. “Parang last month ata pang flavor of the week ang mga babae mo tapos ngayon? Ayaw muna? What happened?”

Napalingon ako sa kay Azi na kausap si Elijah. Umiling na lang si Elijah sa pinsan kong puro kalandian ang iniisip. Well, Azrael, it’s not actually flavor of the week. Mas saktong tawag dun ay flavor of the day! I’ve seen him jump from one female to another in just one day!

Nagkasalubong ulit ang tingin namin ni Elijah. Ngumuso siya. Gusto kong umiwas sa tingin niya pero may nag uudyok saking tumitig sa mga mata niya. Ipinakita niya ang cellphone niya sa akin. Nag kunot ang noo ko dahil hindi ko siya maintindihan.

Tiningnan ko ang sarili kong cellphone at nakita kong may message siya doon.

Elijah:

You look tired. I don’t like it.

Nanuyo ang lalamunan ko. Nakita ko pang nanginig ang kamay ko sa pagkakahawak ko ng cellphone ko. Mabilis akong nag reply.

Ako:

Yup. Exhausted sa sayaw.

Nakita kong dumungaw siya sa kanyang cellphone habang maingay na angkukwento si Azi sa tabi niya. Shit! This is really not good! Why are we even texting?

“Uyyy!” Umalingawngaw ang tawanan nang lumapit si Eion sa akin.

Pinaupo pa siya sa tabi ko. Imbes na iyon ang pagkaabalahan ko ay mas hindi ako natatahimik dahil sa simpleng text ni Elijah. What the freak is happening to me?

“Hey, Klare, you mad at me?” Bulong ni Eion nang napawi ang ingay ng mga kasama ko.

“Huh?” Tumingin ako sa likod niya dahil nawala si Elijah sa paningin ko dahil sa kanya.

Kumunot ang noo ni Eion at lumingon sa likod ko.

“Hey!” Agad kong sigaw sabay hawak sa kamay niya. Ayaw kong malaman niya na tinitingnan ko si Elijah! “I-I’m not mad, Eion! Ba’t naman!?” Tumawa ako.

“Mukha ka kasing galit. Are you jealous?” Bulong niya ulit sa akin.

Kitang kita ko ang sinseridad sa kanyang mga mata. Kitang kita ko na bumagabag ito sa kanya. Pero nakalimutan ko na… Ano iyon? Asan ako? Sino ka? Anong pangalan mo?

Napabuntong hininga ako at napatalon nang biglang tumayo si Elijah, Azi, at Rafael.

“Tapos na ba yung usapan? Uuwi na kami. Inaantok na kami, e.” Sabi ni Rafael.

Nilingon ni Eion ang mga pinsan kong umaambang umalis. Tumayo na rin ang iilang kaibigan ko at mga kaibigan ni Chanel para na rin umalis.

Habang nakatoon ang atensyon ni Eion sa mga umaalis naming kaibigan ay nakatoon naman ang atensyon ko sa nag text sa akin. Nangatog na ang buong sistema ko habang binabasa ang mensahe niya.

Elijah:

I don’t wanna sound possessive but I have to tell you that I’m jealous.

Dumiretso ang titig ko kay Eion dahil ayaw ko sa dulot sa akin ng mensaheng iyon. Hindi ko maintindihan ang paghuhuramentado ko at natatakot ako.

“I’m not mad, Eion.” Pag uulit ng nanginginig kong boses.

<h1>Kabanata 16</h1>

<hr>

Kabanata 16

*OceanofPDF.com*

Crush Ni Eion

Kumakain ako ng cereals habang tumitingin sa pinapanood ni Charles na cartoons. Sunday ngayon at bukas na iyong outing. Kakagising ko lang. Tinanghali na naman ako kasi hindi ako makatulog kagabi. Dammit.

“Ate, you have muta.” Utas ni Charles sa akin.

Nginiwian ko na lang siya. Ayaw kong mahulog sa bitag niya at kung totoo man iyong sinabi niya ay wala akong pakealam. Nilagay ko ang mga paa ko sa table at nginiwian na rin ako ni Charles.

“I said you have muta-” Habang sinasabi niya ulit iyon at iniirapan ko siya ay narinig kong bumukas ang pintuan.

Hindi ko iyon inalala. Nanatili akong nakatitig sa aming flatscreen hanggang sa tumakbo si Charles at sinalubong kung sino ang dumating. Umingay sa bahay dahil sa kanila at halos mag scramble ako sa pagkakataranta lalo na nang ang unang bumungad sa paningin ko ay ang naka polo shirt na black na si Elijah. Ngumisi siya sa akin.

Holy shit! Ba’t di pa ako naliligo!?

Tumayo ako at tumalikod habang tinatanggal ang muta sa mga mata ko. Inayos ko rin ang buhaghag kong buhok. Ugh! Sino ba kasing pasimuno sa pagpunta nila dito?

“Klareee!” Narinig ko ang sigaw ni Erin.

Lumingon agad ako at nakita kong nagkalat na ang mga pinsan ko sa bahay. Sina Azi, Erin, Rafael, at Elijah ang nandito.

“Anong meron?” Inaayos ko parin ang mukha ko.

Naaasiwa ako kasi umupo pa si Elijah sa sofa at nakatingin parin sa akin. Umalis ako doon at dumiretso sa kusina. Kumunot ang noo ni Erin sa pag alis ko.

“Naatasan tayo ni Ate Chanel na mag grocery ngayon para bukas.” Aniya.

“Grocery?” Napatanong ako.

“Oo.” Ipinakita niya ang listahan na pinadala ni Chanel at binasa. “Pork, Hotdog, Chichirya, Tissue-”

“Hay naku! Ba’t dinamay niyo pa ako?” Umirap ako.

“Oh come on! Kung miserable ako, dapat ikaw rin!” Tumawa si Erin at inirapan din ako.

Umiling na lang ako at dumiretso sa kwarto. Nang nasa likod na ako ng pintuan ay huminga ako ng malalim at halos matunaw sa kinatatayuan ko. Biglang maingay na kinatok ni Erin ang pinto at humagalpak sa tawa.

“Make it fast! Ginugutom ako! Kakain tayo sa labas!”

Kinuha ko agad ang tuwalya ko para makaligo na at makapagbihis. Nakita kong umilaw ang cellphone ko kaya agad ko itong tiningnan. May dalawang message doon. Una ay iyong good morning ni Eion, at ang pangalawa at ang bago ay galing naman kay Elijah.

Kinagat ko ang labi ko at binuksan iyon. Halos lumipad ang kaluluwa ko. What the freaking shit is really happening with me?

Elijah:

You look good in the morning.

Imbes na tumunganga doon ay dumiretso na ako sa bathroom at nagdasal na sana ay kasamang malunod sa tubig ang kung anong bumabagabag sa akin. Mabilis akong nagbihis. Pinili ko ang isang sheer sleeveless top at pants. Inayos ko ang buhok ko at lumabas na lang sa kwarto pagkatapos.

Naabutan kong tumutunganga na silang lahat sa TV. Si Elijah lang ang nag angat ng tingin paglabas ko. Nagkatinginan kami. Ngumuso siya.

“L-Let’s go.” Nilingon ko si Erin.

Tumango si Erin at tumayo na. “Let’s go boys!”

Ilang beses pa akong bumuga ng malalalim na hininga. Para bang nahihirapan akong huminga nitong mga nakaraang araw. O baka naman nakakalimutan ko lang huminga? Pinilig ko ang ulo ko at iniwan ang lahat ng pag iisip na iyon.

Sumakay kami sa sasakyan ni Rafael. Buti at naisipan nilang wa’g mag convoy dahil aksaya lang iyon ng gas. Nasa front seat si Azi habang si Rafael ang nag dadrive. Si Erin ay nasa pinakalikod habang ako ay nasa gitna.

“Elijah, tabi na kayo ni Klare para magkabati kayo.” Sabi ni Erin.

Napatingin ako sa labas. Ayoko ng awkward moment pero talagang ipinagkakanulo ako maging ni Erin.

“You don’t have to tell me. Tatabi ako sa kanya, Erin.”

“Whoa, whoa. Patawarin mo na, Klare.” Tumawa si Azi.

“Ano? Hindi naman kami nag away.” Utas ko.

What the? Sinabi ko ba iyon? Nilingon ako nI Elijah. Umandar ang sasakyan pero di parin nila kami tinigilan.

“Anong hindi? Obyus kayong dalawa pag nag aaway, e. Sigawan dito, sigawan doon.” Sabi ni Azi.

“Magkabati na kayo. We don’t want Elijah shitting on Eion’s face while on the island.” Sabi ni Erin. “Baka masira lang ang diskarte ni Eion dahil sa galit ni Elijah sayo. At isa pa, ayaw din namin ng sigawan.”

“Bati na naman kami.” Sabi ko nang matigil sila.

Hindi ko parin inaalis ang paningin ko sa daanan. Alam ko kasing nakatingin si Elijah sa akin.

“What can you say, Elijah? Bati ba kayo? O one sided lang na bati ito?” Usisa ni Erin.

“I don’t wanna be friends with her.” Natatawang sinabi ni Elijah.

Nilingon ko agad siya nang nanlalaki ang mga mata.

DAMMIT! He can’t say that in front of our cousins!

“Aww! You’re too stubborn. Ano ba kasing pinag aawayan ninyo? Nakalimutan ko na.” Sabi ni Erin.

Titig na titig si Elijah sa akin. Para bang naaaliw siya sa sa mukha ko.

“Erin, tumigil ka na nga. I said, we’re good. Hindi naman siguro siya tatabi sa akin kung galit pa siya diba? Halos mandiri yan sakin pag galit iyan!” Sabi ko.

“Ohhh.” Tumawa si Rafael.

“Yeah!” Tumaas ang isang kilay ni Elijah. I want to slap his smirk off! “Yeah, she’s right! Bati na kami.”

Mabilis akong lumabas sa sasakyan nang nakarating na kami sa mall kung saan kami mag gogrocery. Una daw iyong pag gogrocery bago kami kakain ng pizza. Nag ki-crave daw kasi si Erin dahil sa pagbubuntis niya sa mga bulate sa tiyan niya kaya ayun. Gusto rin ng boys kaya sige na nga!

Dahil Sunday, maraming taong nag gogrocery. I wouldn’t be surprised if I see Eion here. Kanina pa kasi kami nakakakita ng mga kilala namin.

“Hi Azi!” Kaway ng isang babae habang nasa gilid ako ng tinutulak ni Elijah na cart.

Si Erin iyong basa nang basa ng mga sugo ni Chanel habang si Azi at Rafael naman ay nambababae. Thank God, hindi gumagana si Elijah ngayon. Humahalakhak lang siya sa gilid ko.

Tumigil kami dahil may mga kinuha si Erin doon. Front seat kami sa pambababae ni Azi at Rafael sa harap namin. Humalukipkip si Rafael habang kinakausap iyong pinakamatangkad sa kanila.

“Hi, baby!”

Napailing ako sa sinabi ni Azi. “Ipakilala mo naman ako sa friend mo.”

Nakita kong ngumiwi ang babaeng nag ‘Hi’ sa kanya dahil mas nagustuhan ni Azi iyong namimili ng grocery na kasama niya.

“Ah! This is Cherry.” Sabi ng babae.

Napatalon agad ako sa pagkakabanggit ng babae nung pangalan. Naaninag ko ang isang babaeng may maiksing buhok, maputi, naka polka dots na loose tee at short pants lang. Ngumisi siya sa kay Azi at Elijah.

“Azrael Ian Montefalco The Third.” Naglahad ng kamay si Azi.

Nanuyo ang lalamunan ko. Si Cherry! Ito iyong ipinakilala ni Eion sa akin!

Tumango ang siya at tinanggap ang kamay ni Azi. Nahagip ako ng paningin ni Cherry. Bumilog agad ang bibig niya nang naalala ako.

“I know you! Ikaw iyong kasama ni Eion, diba?” Sabi niya nang itinuro niya ako.

“Yup!” Ngumisi ako ng hilaw. “I’m Klare.”

“Yes, of course!” Napatingin siya sa gilid ko. Nag taas siya ng kilay at… “And you are.”

Iyong kaninang naka hilig sa cart na si Elijah ay umayos sa pagkakatayo at nag taas ng kilay.

“Elijah. Nothing special, actually.” Utas ni Azi para kay Elijah.

Nag igting ang bagang ko. She likes Elijah! Kita mo iyon sa tingin niyang mula ulo hanggang paa! Of course, who wouldn’t like him anyway? He’s

freaking hot with his black polo shirt. Hinuhubog ng fitting shirt na ito ang trimmed niyang katawan. Not that, Azi's not hot, though. Pinasadahan ni Azi ng palad ang kanyang buhok. Ito na yata talaga ang pinaka nagdadala sa kanya ng pogi points.

"Hindi ba classmates tayo sa Logic?" Tanong nung babae.

"Uh, I think so…"

Umismid na ako. What are we doing here? Chatting? Hindi ba nag gogrocery kami?

"Erin, ano pang kailangang bilhin?" Sinadya kong abutin iyong papel kay Erin na dahilan kung bakit nawalan si Elijah ng eye contact kay Cherry at napatingin siya sa akin.

Again, with his evil smirk.

"Ah! Ikaw nga iyon! Kasi mailap ka. One time, magpapatulong sana ako sayo dun sa isang assignment kasi mukhang palagi kang walang problema sa Logic, pero mailap ka, e." Malambing na tumawa si Cherry.

"Talaga? Next time, then." Sabi ni Elijah.

May parang tumutusok sa noo ko. Siguro mga ugat iyon? Hindi ko alam. Binasa ko iyong binigay na papel ni Erin sa akin at nakita kong wala pang mga karne at iyong mga tissue na rin.

"Alright. O sige, alis na kami." Sabi ni Cherry at kinaladkad na ang dalawa pang kaibigan palayo doon.

Nalaglag ang panga ni Azi kay Elijah. Umiiling lang si Elijah at tinulak ang cart. Tumatawa na si Rafael dahil may kung anong nag kokonek sa utak nilang tatlo. Umiling ako at bumuntong hininga.

"Hindi ba si Cherry yung crush ni Eion?" Napatingin si Erin sa akin. "Siya yung crush ni Eion! Sabi ni Kuya." Tinutukoy niya si Josiah.

I’m not surprised! Kung crush iyon ni Eion, medyo halata naman. At sa totoo lang, maganda siya. Doe eyed at makinis. Kamukha niya si Emma Watson na may mas makapal lang na kilay at mas makurbang katawan.

“Noong high school, Klare.” Sabi ni Erin.

“Dude, what the fuck?” Sabi ni Azi at sinuntok si Elijah sa braso.

“What the fuck?” Tumawa si Elijah.

“The girl is hitting on you! Obviously! Paano mo iyon nagagawa nang walang effort! I mean, para sa akin, ah? Discouraging kang tingnan, e. Nagtutulak ng cart na may lamang pechay? Seriously, what the fuck is wrong with girls?”

Humagalpak sa tawa si Rafael. “At mag iisip ka na naman, Azi? Na anong meron si Elijah na wala sayo?”

“Yes! Dude! Kung tutuusin…”

Nilingon ako ni Elijah dahil nagkakatitigan kami ni Erin. Ngumiwi siya sa akin. Umiling ako at umirap.

“I’m not jealous, Erin.” Alam kong nag alala siya sa sinabi niya tungkol kay Cherry at Eion.

“Kung tutuusin mas attractive ako kay Elijah! Mas mahaba ang buhok ko sa buhok niyang isa at kalahating pulgada lang. I mean? Paano iyan hahawakan ng mga babae while doing the deed? It will frustrate them, man!” Pinasadahan niya ulit ng palad ang kanyang buhok na tunay na mas mahaba ng isang pulgada kay Elijah.

Umiling ako at tinakpan na lang ang tainga. Humagalpak sa tawa si Rafael.

“Stop it, Azi!” Saway ni Elijah kahit na dinig ko sa tono niya ang pagkakatuwa.

Grrrr…

“They can grab my hair… Tapos lumalapit sila sa…”

“Stop it, man! Tigil na…” Tumatawang saway ni Elijah. “Raf, samahan niyo nga si Erin sa meat section. Pupunta kami ni Klare sa may mga tissue at kung anu-ano pa. Mas mabilis tayo pag maghihiwalay tayo. Okay?”

“Yeah!” Sabi ni Rafael at hinila na si Azi palayo kay Elijah.

Umiiling parin at nagmumura si Azi kay Elijah habang lumalayo ang tatlo. WHY AM I ALONE WITH HIM SUDDENLY? Tumalikod ako at umambang pupunta na sa may hygiene are nang bigla niya akong hinila sa braso.

Nilingon ko si Elijah nang nakakunot ang noo. Naabutan ko siyang seryoso akong dinudungaw.

“Is that why you look exhausted last night? Na meet mo iyong Cherry na crush ni Eion?” Malamig niyang tanong.

OF COURSE FUCKING NOT!

“Hindi ako pagod kagabi. At kung pagod ako ay dahil iyon sa cheering. You can’t expect me to have all the energy after those routines, Elijah.”

Hinila ko ang braso ko sa kamay niya at inirapan siya bago naglakad palayo.

“Hey! Why are you rolling your eyes at me? Concern lang ako dito.”

Umirap ulit ako sa kawalan. Sumunod siya sakin kaya nilingon ko siya.

“Why mong mukha mo. Wa’g mo akong daanin sa concern mo.” Sabi ko at naglakad ulit.

“Klare, I’m still talking.” Sabi niya at hinila ulit ang braso ko para maharap siya.

Nakangiti ang mga mata niya habang tinitingnan ako. Oh great God!

“Damn, what I’d give to make you jealous because some girl is hitting on me…” Kinagat niya ang labi niya at pinakawalan ako.

Oh damn! Naglakad ako palayo… Palayo nang palayo. Kahit alam kong maabutan din ako ni Elijah. This is freaking hard!

<h1>Kabanata 17</h1>

<hr>

Kabanata 17

*OceanofPDF.com*

Irereto

Dalawang Hiace na van ang dala namin. Ang dami kasi namin. Kaming magpipinsan, tatlong kaibigan namin ni Erin, iilang kaibigan ni Josiah at ni Chanel. Halos puno na ang isang van ng mga friends nina Josiah at Chanel.

“Cousins stay together.” Sabi ni Rafael habang tinitingnan si Damon na mukhang badtrip. “Gusto mong magpaiwan, edi dito ka na lang!” Aniya.

Matalim siyang tinitigan ni Damon at inirapan.

“Face it, she doesn’t like you.” Utas ni Rafael sa kapatid niya.

“Uy, ano yan?” Usisa ni Erin.

“Iyong nurse, pinipilit niya. Tsss…”

“Nurse? Uy! Bad yang namimilit, Damon. Rape iyan.” Tumawa si Erin.

Nakita kong nagtalim din ang paningin ni Damon kay Erin.

Kung sino man iyong nurse na tinutukoy ni Rafael na mukhang nagugustuhan ni Damon ay maswerte. Paano ba naman kasi, siya iyong tipong hindi sweet. Iyong alam niya kung ano lang ang gusto niya sayo at kung hindi mo iyon maibibigay ay wala kang kwenta para sa kanya.

Well, I just hope he’s serious now.

“Sorry, I’m late!” Utas ni Eion sabay high five kay Josiah.

“Okay lang, bro. Hinihintay pa natin si Kian, e. Wala pa din siya.”

Nagtama ang paningin namin ni Eion. May nakasabit na earphones sa kanyang balikat. Nakikinig na naman siya ng music. Ngumisi ako nang nakita ang ngisi niya.

“Claudette, pumasok ka na sa loob.” Sabi ni Azi sa kapatid niyang nakikinig ng K-Pop o kung ano mang pinapakinggan niya diyan sa

malaking headphones niya.

Nakatingin siya sa akin gamit ang mahiwaga niyang mga mata. May kung ano sa mga mata niya na nawiweirduhan ako. Para bang may sinusuri siya sa akin. Nagmumukha tuloy itong mata ng mga pusa.

“DETTE DETTE!” Tinanggal ni Azi ang headphones niya.

Kumunot ang noo ni Claudette at tiningnan si Azi.

“Sabi ko pumasok ka na sa loob. Malapit na tayong umalis. Find your place there.” Aniya.

Ngumiwi si Claudette at papasok na sana pero pinigilan ni Erin. “Ako yung malapit sa bintana, ah?”

Nagkibit balikat si Clau at pumasok na nang tuluyan. Kaya ayun at naisipan na rin naming pumasok sa loob. Si Clau, Erin, Chanel at Brian ang nasa hulihan. Si Josiah at Azi ang nasa front seat at driver’s seat. Ang hindi nakakapasok ay si Elijah, Rafael, Damon, sina Hannah, Julia, at Liza na lang.

Nasa bintana na ako nang van at nanonood na lang sa madilim pang langit. Oo. Aalis kami ng madaling araw kaya reasonable lang na late si Kian.

Humikab si Elijah at pumasok na. Naestatwa agad ako nang naramdaman ko ang kamay niyang tinukod niya sa upuan ko. Ibig sabihin mag tatabi kami?

“Hep, Hep, Elijah! Dito ka sa harap namin! Wa’g kang KJ!” Sabi ni Erin.

“What’s wrong?” Tanong niya kay Erin nang nakakunot ang noo.

“Si Eion, dyan. Ikaw, dito ka.” Paliwanag ni Chanel.

Uminit ang pisngi ko. They are still at it.

“Dude, drop it.” Tumawa si Azi. “Klare won’t be a Montefalco forever, she’ll eventually change her last name.”

Nalaglag ang panga ko. Sinapak ni Elijah si Azi kaya napahawak si Azi sa ulo niya.

“Klare is just exploring her world, dude. Kung makapagsalita ka akala mo naman maglalakad na sila patungong altar!” Nag igting ang bagang niya.

Kita ko na medyo iritado siya ngunit hindi iyon makita ng mga pinsan ko. Tumatawa si Rafael sa labas habang si Josiah ay humahagikhik sa driver’s seat.

“Alam mo? I’ve been so protective with Ate Chanel and Erin pero narealize ko ring bahala sila sa buhay nila kaya hayaan mo na.” Ani Josiah.

“Aww, you’re so sweet.” Tumawa si Chanel sa likod.

“Well, I bet your ass is jealous with all the shit that comes out of your mouth, Josiah. Ang sabihin mo di mo kaya si Brian. Tsss.” Diretsong sinabi ni Elijah.

“Ang sinasabi mo ba ay kaya mo ako?” Narinig ko ang boses ni Eion na umalingawngaw sa labas.

“Oh my God…” Bulong ko sa sarili ko.

Nilingon siya ni Elijah. Nagawa pa niyang lumabas sa van. Natahimik kaming lahat. Pinipitik na ni Josiah iyong manibela at narinig ko ang buntong hininga ni Azi.

“Uh-oh.”

“Hala. Away?” Rinig ko si Chanel sa likod ko.

Nilingon ko siya at nakita kong nanlaki ang mata ni Erin at tumitingin lang sa labas.

“What do you think, Eion?” Natatawa ngunit may galit na tanong ni Elijah.

Kumunot ang noo ni Eion at nag igting din ang kanyang bagang.

“Azi, pigilan mo.” Dinig kong sinabi ni Erin.

“Klare! Pigilan mo…” Sabi naman ni Claudette.

NIlingon ko ang nakangusong si Claudette. Hindi siya kumibo. Nagpatuloy lang siya sa pagnguso kay Elijah at Eion. Huminga ako ng malalim.

“O! Nandito na si Kian!” Tumawa si Azi at sinalubong si Kian.

Sigurado akong hindi niya iyon sinigaw dahil excited siya sa pagdating ni Kian, kundi para maistorbo ang nagkakainitang dalawa.

“Come on, Klare!” Tinapik ni Claudette ang upuan ko nang nakitang medyo kumalma si Eion at Elijah pero hindi parin natitigil ang mainit na titigan ng dalawa.

“Elijah!” Sigaw ko.

Agad agad siyang lumingon sa akin. Umawang ang kanyang bibig. Kinabahan agad ako. Gusto ko siyang makatabi na hindi. Gusto ko siyang makasama na hindi. Hindi ko maintindihan kaya mas mabuti nang wala.

“Dito ka na sa harap namin.” Sabi ni Erin.

Tumango ako. “Oo nga. Dito ka na sa likod ko. Sumakay ka na.” Malamig kong sinabi.

Tumikhim siya at pumasok sa loob. Sinunod niya ang gusto ni Erin. Sinunod niya ang gusto ko. Pagkasakay niya ay agad namang sumakay din ang mga kaibigan ko. Nangingiti si Hannah nang sumakay siya kasunod kay Elijah. Ibig sabihin ay magtatabi sila.

Hindi ko na sila nilingon sa likod. Sapat na ang marinig na naghihiyawan sila para malaman kung bakit. Pumasok si Eion at tumabi sa akin. Tumabi na rin si Rafael at Damon sa amin. Si Kian ay nasa front seat naman ng kabilang van.

Masaya ang isa at kalahati o dalawang oras na drive patungong port ng Camiguin. Nasasabi kong masaya dahil maingay silang lahat sa kung anu-

anong pinag uusapan o kinakanta. Tahimik lang ako dahil tahimik lang din si Eion sa tabi ko.

Kahit na maingay ay hindi ko mapigilang antukin. Madaling araw kasi kaya ayun, nahuhulog ang mga mata ko.

Nauntog ako sa salamin dahil hindi ko namalayang inaantok na pala ako. Dammit! Ang sakit kaya nawala ng kaonti ang antok ko.

“You wanna sleep?” Ngumisi si Eion sa akin.

Nakita kong bakante ang balikat niyang nilalahad sa akin. Pero nararamdaman ko rin na may nakatitig sa likod.

“You can sleep here.” Sabi ni Eion sabay tingin sa balikat niya.

Saka ko na lang namalayan na natutulog na ako sa balikat niya noong nasa port na kami. May marahang tapik sa kamay ko kaya napatalon ako. Naramdaman kong tumigil na sa pag andar ang van.

“Sorry nagising kita.”

Wala ng tao ang loob ng van. Nasa labas na silang lahat at may dalang bags na. Kami nI Eion na lang ang naroon.

“Sasakay na tayo sa barge. Isasakay din itong van kaya kailangan muna nating bumaba.”

Tumango ako. Ayaw kong magsalita dahil kakagising ko lang at nahihiya ako kay Eion. Kinagat ko ang labi ko at nilikom ang mga gamit ko.

“Ako na.” Aniya sabay kuha sa gym bag ko.

Tumango na naman ako.

He smirked. Pinikit pikit ko ang mata ko at tiningnan siyang mabuti.

He’s really cute when he smiles. Lalo na pag nakikita ang perpekto niyang puting ngipin at nangingiti din ang mga mata. Pinasadahan niya ng palad

ang kanyang buhok at naamoy ko agad ang bango niya. He smells sweet, too.

“You’re adorable, Klare.” He chuckled.

Mas lalong uminit ang pisngi ko. Lumabas kaming dalawa at sinalubong ko ang nangingiti kong mga pinsan. Nakakaguilty tuloy. Nginuso pa ng kaibigan kong si Julia ang bag kong dala dala ni Eion.

“Development.” Siniko niya ako.

Ngumisi ako.

“More than that. Ang masasabi ko lang ay hindi lang development ang nangyayari. Malapit na talagang maging success iyan! They kissed, you know.” Humalakhak si Erin.

Kaya ayun at pinaulanan ako ng mga kaibigan ko ng tanong habang naglilinya kaming lahat patungong barge.

Malaki laking barge itong nasakyan namin. Mabuti na lang at alas sais na at maliwanag na. Enjoy sumakay sa barge nang ganito dahil marami kang makikita. Bukod sa magandang tanawin ay kung suswertehin ka ay makakakita ka rin ng dolphins. At ang masasabi ko ay isa ito sa swerteng trip ko patungong Camiguin dahil nakakita at nakapag picture pa ako ng dolphins.

Enjoy na enjoy kami. Nakikita ko ring na eenjoy si Eion kasama ang mga kaibigan niya. Nilingon ko si Elijah na kausap si Damon at naninigarilyong si Rafael. Mukhang seryoso ang usapan ng tatlo.

“Ako kaya? Kelan ako magkakaroon ng development kay Elijah?” Hannah sighed.

Nilingon ko ang maganda kong kaibigan. Naka ponytail ang mahabang buhok niya ngayon. Sumasayaw ito kasama sa paggalaw niya ng kanyang ulo. Mas lalo nitong nahahighlight ang makurba niyang likod at ang tindig

niya ay mas lalo namang nakakahighlight sa cleavage niya. She’s really beatiful. Iyon ang masasabi ko. Inside and out.

“Wala bang ibang nanliligaw sa’yo?” Tanong ko.

Napansin ko ang pagkalas ni Clau sa kanyang malaking headphones. Suddenly, she’s attentive.

“Ano ka ba! Syempre, iba parin pag iyong crush mo na!” Sabi ko.

I know Elijah’s not interested. Kasi kung interesado siya ay matagal niya ng pinormahan si Hannah.

“Kanina nagtatama na yung mga braso namin, e. Tsaka kinakausap niya naman ako.”

Nagulat ako sa sinabi niya. Tulog ba ako the whole time? Bakit hindi ko iyon napansin? Kinagat ko ang labi ko.

“A-Anong pinag uusapan ninyo?” Nanginginig ang labi ko.

Dammit. Why the serious hell is this bothering me anyway?

“About sa school and stuffs.” Ngumisi si Hannah at namula ang kanyang pisngi.

“Whoa! Development!” Tumawa si Julia.

“Tulungan mo pa siya, Klare!” Sabi naman ni Liza.

Nanuyo ang lalamunan ko at tumingin kay Elijah. Nag uusap parin sila ni Damon at Rafael. Nakahawak siya sa steel bar ng barge at tumitingin sa papalapit samin na isla. Nakaupo naman kami dito at naghihintay na dumaong pagkatapos ng kalahati hanggang isang oras na byahe.

“Oo nga, Klare. Close kayo ni Elijah. Tulungan mo siya. Ikaw lang yung makakatulong.” Malamig na utas ni Claudette.

Tinikom kong mabuti ang bibig ko. May kung anong bumigay sa dibdib ko. Iyong pakiramdam na unti unti siyang sumasakit at bumabagsak sa parehong pagkakataon. Iyong pakiramdam na may kung anong gap sa tiyan mong alam mong di mo mapupunan?

“Ayaw mo ba sakin para sa kanya?” Nakita kong namutla ang kaibigan ko.

Umiling agad ako. “Huh? Bakit mo nasabi-”

“Do you like Cherry better? Sabi kasi ni Erin na mukhang may gusto si Cherry Salvador kay Elijah.” Pinaglaruan ni Hannah ang kanyang kamay.

“Huh-”

“And besides, baka para sayong sayo si Eion ay irereto mo na siya kay Elijah para-”

“Hey, Hannah. Hindi ako ganyan, ah!” Sabi ko agad.

Alam ko ang ibig sabihin ni Hannah. Alam ko. Okay siya sa akin para kay Elijah. Okay. Pero ang punto ko dito ay kung ayaw naman ni Elijah sa kanya, hindi ko siya pipilitin. Ayaw kong mamilit sa mga tao. Ang hirap naman nito!

Tumawa si Hannah. “Joke lang yun! Ano ka ba! Sineseryoso mo! Okay naman kami ni Elijah pero crush na crush ko talaga siya!”

Nagtawanan sila.

Ako lang ata iyong hindi natawa. Shit! Bakit siniseryoso ko ang lahat? Nakatitig lang ang mala pusang mga mata ni Claudette sa akin. Pinagtaasan ko siya ng kilay. Ngumisi lang siya sa akin. Nilingon ko ulit sina Julia, Liza, at Hannah.

“Sige, I will try again.” Sabi ko na ang tinutukoy ay ang pag rereto kay Elijah at Hannah.

“Wow! Talaga? O sige!” Tumawa si Hannah.

Napatingin ako kay Elijah na ngayon ay nakatingin rin sa akin. Hawak hawak niya ang kanyang cellphone na para bang may katext siya. Bumagsak ulit ang sistema ko. May ka text siya? Hinalughug ko ang bag ko ng hindi ipinapakitang nag papanic. Dinampot ko ang cellphone ko at nag angat ulit ng tingin sa kanya.

He smirked. Ako ba iyong tinext niya? Kinabahan ulit ako. Mabuti na lang at nakaupo ako dahil siguradong pagtumayo ako ay di ko na mapipigilan ang pagkakatunaw ng binti ko.

Elijah. Ako nga ang tinext niya!

Elijah:

Like you better with the girls. Pakiiwasan si Eion habang nakatingin ako. Don’t like what I’m feeling everytime you two are together.

Bumuga ako ng hininga at hinayaan ang mga kaibigan kong mag usap habang nag tatype ako ng reply kay Elijah. WHAT AM I SUPPOSE TO SAY? I don’t know!

Ako:

What can I do?

Shit? Am I really asking that? Ahhh! Gusto kong sabunutan ang sarili ko pero ayaw kong pagdudahan ng mga kaibigan ko.

Humilig si Elijah sa steel bar at inangat ang cellphone niya sa pagbabasa ng message ko. Hindi ako nakuntento kaya nireplyan ko pa ng isa.

Ako:

Anyway, I’ll keep you busy. I’m sure of that.

Irereto ko siya kay Hannah. But will I really like it? Or… what? Why am I even asking myself that? What the f?

Kinagat kagat niya ang kanyang labi habang binabasa ang mga mensahe ko. Tumunganga siya ng ilang segundo bago nag type ng reply. Pinaypayan ko na ang sarili ko. Hinintay kong makitang matapos siyang magtext. Nakita kong mabilis lang iyon. Maiksi siguro ang reply niya.

Nag angat siya ng tingin sa akin at humalukipkip. Nakatitig ako ngayon sa mga mata niyang kahit malayo ay kitang kita mo ang ekspresyon. Halos hindi ako makahinga hanggang sa tumunog ang cellphone ko.

Nislide ko agad at binasa iyon.

Elijah:

Yes, I'll be very busy Klare. Busy watching you.

<h1>Kabanata 18</h1>

<hr>

Kabanata 18

*OceanofPDF.com*

Off Limits

Kaya nang dumating kami sa isla at dumiretso sa isang resort na maghahatid sa amin sa White Island ay panay na ang reto ko kay Elijah at Hannah. Tumutulong din si Erin at Chanel sa ginagawa.

“Stop it. Nakakahiya na kay Hannah.” Reklamo ni Elijah habang tinutulak siya ni Erin tuwing nagkakalapitan ang dalawa.

Pumula na parang kamatis ang pisngi ni Hannah. Palagi silang tinutukso ni Elijah. Nahawa na rin ang mga kaibigan namin sa panunukso sa kanilang dalawa. Nakikisali na rin kami ni Eion sa panunukso.

“Elijah! Mag offer ka naman ng kamay mo kay Hannah!” Tumawa si Erin.

Papasok na kasi kami ngayon sa mga bangka. Apat na bangka ang inarkila namin patungog white island. Iyong dalawang bangka ay puno na ng mga kaibigan nina Chanel at Josiah. Iilan na lang kaming hindi pa nakakasakay.

“Tulungan na kita.” Ani Eion at tinulungan niya ako sa pag lo-lock ng aking life vest.

“Thanks.” Sabi ko at pinanood siyang ni lock iyon.

“Where are your balls, man? Lost it? Man up, dude!” Tumatawang panunuya ni Azi sa tamad na ngumingiting si Elijah.

“You don’t need to tell me how to be a gentleman, Azi.” Aniya at umapak na sa dulo ng umaalong bangka at naglahad ng kamay sa naka kulay blue na t-shirt at naka bikini naman sa ibaba.

Sumipol si Azi nang binigay ni Hannah iyong kamay niya kay Elijah. Naghiyawan kaming lahat. Maging ang nasa ibang bangka ay humiyaw dahil sa physical contact na namagitan sa kanilang dalawa. Ngunit hindi ko matanggal ang hilaw na ngisi ko.

“Tapos na.” Ani Eion.

Umupo na si Hannah sa gilid. Sumunod naman sina Damon at Rafael. Anim lang ang puwedeng sumakay sa bangka. Kulang sila ng dalawa.

“The other two girls, please.” Tumatawang sinabi ni Rafael na ang tinutukoy ay si Julia at Liza.

Nahihiya ang mga kaibigan kong tumungo sa bangka ngunit tinatawag na sila ni Hannah kaya wala silang nagawa. Nagpantay ang titig namin ni Elijah. Nakaupo na siya sa tabi ni Hannah. Nag igting ang bagang niya at nag taas ng kilay. Kinabahan agad ako.

“Ipapalipat ko ba si Damon sa bangka namin, Klare para doon kayo ni Eion? He wouldn’t mind. Mukha namang di siya masaya.” Ani Claudette.

Pinagmasdan ko si Damon na nakabusangot ang mukha habang katabi si Liza. Si Rafael itong nakaakbay na sa kaibigan kong nahihiya. Damon seems off these past few days. Nilingon ko agad si Claudette at nagtaka ako sa tinanong niya sa akin.

“Bakit? Okay naman ako sa bangka natin.” Sabi ko at nilingon ang bangka namin.

Naroon na si Eion at kinakawayan ako. Naroon na rin si Erin at Azi. Hindi ko na nilingon si Claudette sa kaba. Pumanhik na ako sa nakaabot na kamay ni Eion sakin. Tinanggap ko iyon at sumakay na sa bangka. Nauna na sa pag andar ang dalawang bangkang sinasakyan nina Chanel at Josiah. Sumunod naman iyong kina Elijah at huling umalis iyong sa amin.

Tuwang tuwa kami habang sinasalubong ang malalaking alon patungo sa white island. Excited na iyong mga kaibigan ko kanina dahil maganda ang tanawing madadatnan namin sa white island at puting puti pa ang buhangin doon. Ready na ang mga camera nila para kuhanan ng picture ang kani kanilang mga sarili.

Nang nakarating kami sa white island ay masyadong mainit. Mabuti na lang at pareho kaming may mga sunblock. Pang ilang bisita na rin kasi namin ito at alam na namin kung anong kahihinatnan ng pag bisita rito. Kaya lang ang

mga lalaki kong pinsan ay walang dalang sunblock. Si Azi lang ang meron at medyo vain siya.

“Ayoko nga! Manghingi nga kayo sa girls!” Aniya at tinaboy ang nanghihinging si Josiah.

Walang puno at puro buhangin lang ang naroon. KItang kita namin ang kabuuan ng Mt. Hibok Hibok. Halos maubos ang mga memory cards sa kakapicture. May group picture, jump shots at kung anu ano pang inuutos namin sa mga bangkero.

Naglabasan na rin ang mga two piece ng mga babae. Naghubad na sina Chanel para ipakita ang mga two piece nila. Ang mga boys naman ay nakatopless na. Parang may kung anong mga insekto sa tiyan ko habang pinagmamasdan silang nagpapakita ng balat.

Kuminang ang balat ni Erin sa kulay blue green niyang two piece. Mas lalong niyang naipakitang pantay na morena siya. Tinali niya ang kanyang buhok at nainggit ako. Sa aming lahat, ako yata itong may pinaka slender na katawan. Si Claudette ay payat ngunit kahit paano ay makurba ang katawan. Si Erin at Chanel ay parehong makurba rin. Ako lang ang payat.

“Hubad na!” Halos mapunit iyong damit ko nang hinila iyon ni Erin. “Ito oh! OA mo, ha! Ikaw ata may pinakamagandang katawan pag nag two-two piece.”

Umiling ako sa kahihiyan.

Tuwing may trip kami noon. Palagi akong naka racerback at shorts lang. Sila iyong nag two two piece. Ang lagi kong palusot ay dahil hindi pa ako nag i-eighteen at di ako pinapayagan ni mommy kahit na ang totoo ay wala siyang pakealam kung mag two piece man ako o hindi.

“Eighteen ka na.” Sabi ni Erin at inirapan ako.

“Kaka-eighteen ko lang.” Sabi ko.

Ngunit hindi iyon tumalab kay Erin at Chanel. Pinilit nila akong hubarin iyong tshirt ko. Nag ekis ang braso ko sa dibdib ko nang nagtagumpay sila.

“Pati shorts!”

Tumatawa na ako habang hinuhubaran nila ako. Pinapagalitan pa nila ako kasi nagmamatigas daw. Malapit na kaming umalis doon para pumunta sa isa pang isla at kailangan ko ng maghubad para sa mga pictures at para na rin makaligo.

Nahubaran nga ako ng mga pinsan ko. Nakakahiya kasi tumingin pa ang mga boys. Nagtama ang mga mata namin ni Eion. I saw him smirk.

Nakakahiya tuloy lalo. Lalo na tuwing naaalala ko si Cherry. Kahit na hindi ko naman siya nakitang naka two piece ay nararamdaman kong maganda ang katawan niya. Iginala ko ang paningin ko at nakita ko si Elijah na nakatingin sa amin, sa akin.

Oh… Mas napansin ko ang paghuhuramentado ng sistema ko. Nakita ko pang lumapit sina Azi sa amin.

“Uy! Si Elijah!” Sabi ni Erin kay Hannah.

Imbes na si Hannah ang kabahan ay ako pa itong naghuhuramentado. Darn. Makintab ang kanyang katawan at mas lalong nadepina ang mga hugis at disenyo ng tribal tattoo niya sa dibdib. What am I feeling? Hindi ko alam. One things for sure: this is dangerous. Too dangerous.

“O, diba Elijah mahilig ka sa mga may malalaking hinaharap and ass like that?” Tumatawang sinabi ni Erin.

“Hmmm. I think not, Erin.” Sabi ni Claudette.

Napatingin ako kay Claudette na blanko ang ekspresyon sa kanyang pink at polkadot na bikini.

“Who wouldn’t like the curves?” Sabi ni Azi nang nakakunot ang noo. “Of course, Elijah digs it!” Sabay tapik niya sa braso ni Elijah.

Tumawa si Elijah. “Of course I dig it.”

He’s flirting. He’s on his asshole mode. Asshole for me. Nag iwas ako ng tingin. Humalukipkip ako para itago ang katawan kong walang ipagmamalaki.

“I think Elijah prefers someone slender.” Dagdag ni Claudette na halos balewalain ng lahat.

Nilingon ko si Claudette. Iniwasan niya agad ako. Imbes ay bumaling siya sa kuya niyang si Azi.

“Or maybe not. Siguro wala sa katawan. Wala sa mukha. Something.” Aniya bago siya nangalabit sa boyfriend ni Chanel at binigay ang DSLR. “Kuya, please take a picture of us. Yung kaming magpipinsan?”

“Sure.” Ani Brian.

Mabilis kaming nagpose ng mga pinsan ko. Katabi ko si Elijah at hindi ako makangiti sa camera.

“One, two, three…”

Ilang shots pa ang ginawa. Naka ilang pose na sila habang ako ay nanatiling nakahalukipkip. Sa isa pang picture ay nagulat ako nang pinulupot ni Elijah ang braso niya sa akin. Naramdaman ko ang init ng katawan niya sa likod ko. I can almost feel the ripples of his chest. Kinilabutan ako. Mas lalo lang akong naestatwa.

“Looks like you lost your self esteem.” Bulong niya.

Pinilit kong ngumisi. Ayaw kong magmukha akong gulantang sa mga picture na nakuha sa amin lalo na nang ganito kami kalapit.

“I didn’t.” Bulong ko sa kanya.

“You shouldn’t.” Bulong niya sa akin at kinalas niya ang braso niya.

Nilingon ko siya. Nagkatinginan kaming dalawa habang naglalakad siya palayo. Kinagat niya ang labi niya. Napahawak ako sa dibdib kong malakas ang pintig.

Ano itong dinudulot sa akin ni Elijah? At ano iyang mga ipinapahiwatig niya sa akin? May gusto ba siya sa akin? Ang pag iisip nito ay nagdudulot sakin ng pangingilabot. Ngunit mas lalo akong kinikilabutan tuwing iniisip kong gusto ko rin siya.

“Oh! Hello!” Tumalon talon ang isang babaeng sakay ng kararating lang na bangka.

Naaninag ko agad ang short-haired, mala Emma Watson, na naka two piece ng kulay green na si Cherry kasama ang mga kaibigan niya. Nakipag beso siya sa ibang kaibigan ni Chanel. Common friends! Nilapitan din siya ni Eion. Nagulat ako nang nagyakapan ang dalawa.

“Ouch! That hurts!?” Sabi ni Liza sabay tingin sa akin.

“Ayyy!” May sumigaw at bigla kong narinig ang bagsak ng tubig sa ibang banda.

Nakita kong nahulog si Hannah sa bangka. Kung ano ang ginagawa niya at bakit siya bumalik doon ay hindi ko alam. Bumagsak siya sa hanggang tuhod na tubig at nakita kong dumugo ang tuhod niya.

“Hala!” Nagtakbuhan agad kami.

Nauna na ang boys para daluhan siya. Itinayo siya ni Elijah ng dahan dahan. Kumapit si Hannah sa batok ni Elijah habang iniinda ang sakit ng pagkakabagsak.

“Aray ang hapdi!” Reklamo niya nang nalagyan ng tubig dagat ang kanyang sugat.

Nakapalibot kami sa kanya. Nag panic si Liza at Julia at kinuha agad ang mga first aid na dala. Binigay nila ito kay Elijah na siya atang gagamot sa sugat ni Hannah.

“Wala kang Betadine, Chanel?” Tanong ni Elijah nang nakitang puro alcohol ang binigay ng mga kaibigan ko.

Umiling si Chanel. “Wala, e.”

“Okay lang. Magtitiis ako.” Sabi ni Hannah.

Tumango si Elijah at marahang nilagyan ng alcohol ang sugat ni Hannah. Pumikit si Hannah sa hapdi. Medyo malaki ang naging cut ng sugat niya. Siguro ay napunit ito dahil sa isnag matulis na bagay.

“Aray!” Kagat labing inda ni Hannah.

Niyakap niya ang batok ni Elijah ng mahigpit. Kumunot ang noo ko at napaatras. Hindi ko kayang tagalan iyon. Hindi ko kayang tagalan ang pagkakakita sa kanilang ganoon kalapit.

“Anong nangyari?” Hinihingal na tanong ni Eion sa akin sa likod.

Iniwan niya na siguro si Cherry. Sinagot ko siya na nahulog si Hannah doon. Wala ng naging masyadong imikan pagkatapos roon. Bumalik na kami sa resort. Napag usapan nila na naroon nga ang grupo nina Cherry sa white island. Nakita ko ang mga titig nina Erin sa akin na para bang expected nila ang pagsasawalang kibo ko sa lahat ngayon dahil sa pagkakabanas. Pero ang totoo niyan, hindi ako nababanas dahil kay Cherry at Eion. Iba…

Wala akong ganang kumain sa gazebo ng resort. Halos hindi ko ginalaw ang kanin ko. Silang lahat ay sabik na sabik kumain. Nilingon ko si Elijah na katabi ang sugatang si Hannah.

“Surely, because of this incident magkakamabutihan ang dalawa.” Tumawa si Julia.

“Oo nga. May magandang dulot din naman pala ang pagkakahulog ni Hannah.” Dagdag ni Liza.

Hindi ako makapagsalita. Nagpatuloy ako sa paglalaro ng atsara sa pagkain ko.

“Klare? Di ka kumakain?” Tanong ni Eion sa akin.

Napatalon ako nang bumaling si Elijah sa akin. Tiningnan niya ang pagkain kong di ko pa nagagalaw. Umayos ako sa pag upo at bumagsak ang mga mata ko sa pagkain. Kinuha ko ang balat ng manok at sinimulan ang pagkain nito kahit wala akong gana.

“Kumain ka. Pupunta pa tayo ng isa pang isla, sige ka.” Sabi nI Eion sa akin.

“Eh, kasi naman po, nawalan siya ng gana dahil yung iba diyan mas pinapansin pa ang ibang babae.” Tumatawang panunuya ni Julia.

“Huh?” Tanong ni Eion.

Nakakunot ang noo niya nang bumaling sa akin. Ngumisi ako kay Eion at sinisi ang panunuya ng mga kaibigan ko. They should just shut up… They didn’t know everything.

“Wala, Eion.” Sabi ko.

“Isang tanong, isang sagot, Eion. Do you still like Cherry? Mukhang nag seselos si Klare, e.” Marahas na tanong ni Chanel kay Eion.

Nanlaki ang mga mata ko. Tumawa si Eion sa akin at tiningnan niya akong mabuti habang nakapangalumbaba.

Ngunit ang paningin ko ay lumagpas sa kanya at tumama sa nakakunot noong si Elijah. Nanonood siya sa amin. Nakikinig.

“She’s just an old friend, Klare. Bakit ka magseselos?” Tumawa siya.

“I-I-I’m not jealous.” Sabay tingin ko kay Eion.

Totoo naman iyon. Hindi ako nagseselos. Umiling si Eion at ngumisi sa akin na para bang tuwang tuwa siya sa pagseselos ko. No. Definitely, I’m not jealous over Cherry and Eion. I’m not jealous.

Uminom ako ng tubig. Humiyaw ang mga kaibigan ko at nagpatuloy sila sa panunukso sa aming dalawa. Hinayaan ko na lang iyon hanggang sa humupa ang panunukso nila.

“CR muna yung gustong mag CR. Pupunta na tayo ng Mantigue Island!” Deklara ni Chanel.

Iyon ang last stop namin sa araw na ito. Matutulog kami dito sa resort at bukas ay sa isang hot spring naman kami bago umuwi.

Habang nag C-CR ang iba at pinapanood ay pinapanood ko namang nag kukwentuhan si Elijah at Hannah. Hindi ko alam kung ano itong galit na gumagapang sa akin pero isa lang ang alam ko, hindi ito tama. Tama ba ang magalit sa pinsan mo kung makita siyang may kausap na ibang babae? Hindi diba?

“Lakad lakad muna tayo sa sea shore, Klare?” Anyaya ni Eion sa akin.

Tumango ako sa maganda niyang ideya. Mas mabuti iyon nang hindi ko makita si Elijah na nakikipag usap sa ibang babae.

Tumayo kaming dalawa at dumiretso na sa seashore. Tahimik pa noong una. Kailangan ko ito. Ngunit alam kong hindi pwedeng hindi kami mag usap. Nakatingin siya sakin, tumikhim at nagsalita.

“Bakit mo naisip na may gusto pa ako kay Cherry?” Tanong niya.

Ngumisi ako. “Wala ‘yon, Eion. Hmmm. Wala ‘yon sakin.” Sabi ko.

“Kumalat ba ang balita na crush ko siya?” Nagtaas siya ng kilay.

Ngumisi ako. “Oo. Pero actually, okay lang talaga. Hindi ako nagseselos-”

“Dapat lang. Klare, she’s just my crush. I want you… to be my girlfriend.”

Namilog ang mga mata ko at hinarap ko si Eion. Malaki ang ngisi niya sa akin. Umihip ang malakas na hangin galing sa dagat at dinig ko na ang sigaw ng mga pinsan ko. Aalis na daw kami. Pupunta na kaming Mantigue Island.

“Will you be… my girlfriend?” Tanong niya at kinagat ang labi.

It was perfect. Everything was just so perfect. Iyong ngiti niyang di magkamaya, iyong buhok niyang hinihipan ng hangin, iyong soot niyang puti na umaalon dahil rin sa hangin, at ang buhok kong sumasabog sa gilid ng aking pisngi dahil sa pag ihip.

Dapat ay kami na sa lugar na ito. Dapat. Ngunit hindi. I cannot deny my feelings. Yes, I do like him but I don’t like him enough. Ngayon ko lang ito tunay na napagtanto. Because I know… naramdaman ko na kung paano magustuhan ang isang tao to the point of possessiveness. At hindi iyon para kay Eion. It was for someone else off limits. Yes, I am rational enough to acknowledge that he is off limits for me as I am for him.

“I… can’t.” Sabi ko habang umiiling.

<h1>Kabanata 19</h1>

<hr>

Kabanata 19

*OceanofPDF.com*

A Mess

“A-Ano, Klare?” Nanliit ang mga mata ni Eion sa akin.

Nag iwas ako ng tingin. Umihip ulit ang malakas na hangin. Suminghap siya at mukhang nagsisikap na pakalmahin ang sarili.

“I can’t be your girl, Eion.” Sabi ko.

“W-What? Bakit?” Hinilamos niya ang kanyang palad at ginulo ang buhok. “You told me you like me and can’t you see that I like you too? Bakit?”

Hindi ako umimik. I can hear the frustration in his voice. Sana pwede kong sabihin na hindi ko siya sasagutin dahil galit ako, dahil nag seselos ako, o dahil kailangan ko pa ng time. Pero hindi, e. May kung ano sa sistema ko na tinatanggihan ang bawat rason. Ayaw ko siyang paasahin. Alam kong pinaasa ko siya pero ayaw ko ng dagdagan ang damage na nangyari.

Pumikit ako. What if this is just a phase? What if this is just a random feeling? What ifs… I know better. Hindi ako papasok sa isang relasyon para lang kalimutan ang kung anong nararamdaman. I know this is wrong, but I won’t cover it with another wrong.

“Eion, I-I don’t like you enough.”

Alam kong wala akong karapatan para banggitin ang mga salitang iyon. I lead him on. Lahat ng tao, maging siya, ang alam ay crush na crush ko siya. Iyon ang totoo. But lately… I’ve been feeling something strange. It didn’t change my feelings for Eion. Ganun parin naman. I still like him. But not enough… not enough to ignore something.

Dinig na dinig ko ang maya’t mayang pagbubuga niya ng malalim na hininga dahil sa frustrationg na dama dahil sakin.

“Really, Klare? Really?” Aniya.

Tinatawag na kami ng mga pinsan ko. Hindi ako gumalaw kahit na alam kong kung hindi kami babalik doon ay pupuntahan nila kami dito.

“What do you want me to do? Then, I’ll court you Klare! Kung hindi pa courtship ang tawag sa pag didate natin.” I can almost hear the bitterness in his words.

Umiling ako.

“I can’t believe you.” Hindi na hinintay ni Eion na magsalita ako.

Okay lang, dahil sa totoo lang, hindi ko rin naman alam kung ano ang sasabihin ko. Hinayaan ko siyang umalis. Huminga ako ng malalim at sumunod sa kanya pabalik sa gazebo. Hindi siya nag pahalata na may nangyaring ganun sa usapan namin pero tahimik naman siya.

“Tayo na!” Nakangisi si Erin sa pag aakalang may pinag usapan kaming importante ni Eion.

Nagpatianod lang ako sa mga kasama ko. Hindi na dumikit si Eion sa akin. Kahit na nasa iisang bangka lang din kami patungong Mantigue Island ay wala kaming imikan. At sa tuwing nag lalakad naman kami sa isla, kasama ko sina Julia at Liza, samantalang siya ay kasama naman nina Josiah.

Naglahad siya ng kamay habang tinatahak namin ang kahabaan ng gubat sa Mantigue Island bago namin marating iyong resort. Nag angat ako ng tingin kay Eion at nakita kong mariin ang pagkakatikom ng bibig niya. Tinanggap ko ang kamay niya. Pagkatapos ay balik ulit kami sa dati ng walang imikan.

“Uy.” Siniko ako ni Julia. “Ang sweet niyo na ni Eion!”

Bumungisngis sila.

Ayaw kong sabihin na may nangyaring ganon sa amin kanina. Ililihim ko na lang ito. Hindi naman kasi magandang ipag kalat na nabasted ko si Eion. And I admire Eion for still being nice to me after what I did.

“Tsaka si Hannah, din o, mukhang magkakalove life.” Sabay turo nila sa nauunang si Hannah at Elijah.

Magkasama lang silang naglalakad at nag uusap. Nag igting ang bagang ko. I don’t like it. But I have no right. At wala rin ako sa lugar kung saan pwede

akong mag karoon ng right. He is my cousin and this is all so disgusting. I looked away. Now I feel so bad.

Nang nakarating kami sa resort at umupo na lang ako sa isang duyan na gawa sa gulong. Excited ang lahat na nag hubad sa kani kanilang t-shirt para makapag bikini. Hindi ko naman hinubad iyong akin. I want to stay here and just watch over our bags.

“Erin, kayo na muna sa beach. Dito lang muna ako.” Sabi ko.

Nilingon ako ni Elijah. Kahit na saglit ko lang siya tiningnan ay alam ko agad na nakatoon ang buong atensyon niya sa akin ngayon.

“Ang KJ, KJ mo!” Umismid si Erin sa akin.

Ang iba ay nag pipicture na sa puting buhangin ng Mantigue Island. Mahangin kaya enjoy na enjoy sila sa pag pipicture na hinihipan ang buhok ng hangin. Maingay na ang mga lalaki at panay na ang talunan sa buhangin. Malakas din ang alon ng tubig kaya mas lalong nakakaengganyong maligo.

“Erin, walang magbabantay ng bags. Tsaka di bale, susunod din ako. Gusto ko lang magpahinga.” Nanliit ang mga mata niya.

“I think I’ll stay, too.” Utas ni Elijah at lumapit sa akin.

“Ang K-KJ ninyo!” Reklamo ni Erin.

Tumawa si Elijah. “Susunod lang kami ni Klare. Gusto ko lang magpahinga.”

Nilingon niya ako. Hindi ko siya kayang tingnan. Nilagay ko na lang ang kamay ko sa lap ko at tiningnan ang mga daliri kong naka square cut.

“What about Hannah?” Pabulong na tanong ni Erin kay Elijah.

Kinagat ko ang labi ko. Oo nga. He should stay with Hannah. Mahihirapan lang ako kung nandito siya.

“She can take care of herself.” Paliwanag ni Elijah.

Umirap si Erin at bumulung bulong palayo. “Bahala na nga kayo. Ang KJ niyo. Mamaya after 15 minutes, sunod kayo ah?” Aniya nang nakitang umalis na iyong iba dahil excited na sa dagat.

Why the hell is Elijah here? He should stay with Hannah! Iyon ang plano diba?

Nakatingin siya sa akin habang nakayuko lang ako. Ang bilis bilis ng pintig ng puso ko at pakiramdam ko ay lumulutang ako ngayon habang tinitingnan niya ako.

“Jealous?” Iyon ang unang sinabi niya sa akin nang nagkasarinlan kami.

Nagpantay ang paningin namin. “Of whom?”

Tinikom ko agad ang bibig ko. Bakit ko iyon itatanong? Of course it should be because of Eion and Cherry!

Kumunot ang noo niya sa tanong ko, “Cherry, syempre.” Aniya.

“Oh. Uhm.” What will I answer? Hindi?

“Alam kong nag seselos ka kay Cherry at Eion.” Pumungay ang mga mata niya. “You think she’s special to him. I know Eion’s an ass.”

Yes, you are an ass. Pero hindi ko iyon sasabihin sayo, Elijah. I will end this spark between us before it can raise hell.

Humilig siya sa upuan niyang may mga katabing bag. Bahagya ko namang idinuyan ang gulong na sinasakyan ko. Binalot kami ng katahimikan at unti unti akong may naramdaman sa tiyan ko. I don’t need another awkward moment.

“Pumunta ka na don sa kanila. I’m okay here, Elijah. Naghihintay si Hannah sayo.” I can’t hide the bitterness.

“Bakit parati mo akong nirereto sa kay Hannah?” He tilted his head.

“Kasi she likes you. You should date, Elijah. Ano, hindi ka pa ba nakakamove on kay Gwen?” Patawa kong sinabi.

Mas lalo lang kumunot ang kanyang noo. Hindi siya nagsalita. Tinitigan niya lang ako.

Ngumuso ako at tiningnan ang mga pinsan at mga kaibigan kong enjoy na enjoy doon sa beach. Naririnig ko iyong mga mura ni Azi dito dahil sa kung anong naapakan sa buhangin. Ngumisi ako.

“Hindi ko alam kung nakita mo ‘yong mga panahon na ang dami kong dinate na babae o ano.” Seryosong sinabi ni Elijah sa akin.

Nilingon ko siya. Seryoso siya. Mas lalong na depina ng kanyang pilik mata ang kanyang pagiging seryoso sa pinag uusapan namin.

“I mean, date, really date, Elijah. Hindi iyong ganon. Seriously date. Exclusively d-”

“I’m done with that Klare.” Mariin niyang sinabi. “And this will sound stupid but it’s all useless kasi alam ko kung sino ang gusto ko.”

Natahimik ako. Hindi ko siya tatanungin kung sino. Kung sasagutin niya ako ng ibang pangalan ay guguho ako, at kung sasagutin niya naman ako ng pangalan ko ay mas lalo lang akong guguho.

“You enjoyed Hannah, kanina. I don’t think you don’t like her, Elijah…”

Nag igting ang bagang niya. Tumitig na naman siya at hindi siya nagsalita.

“Sweet kayo kanina. And you look so good together.”

“Gusto mo iyon, diba? ‘Yong mapalapit ako sa kanya?” Wika niya.

Pumikit ako at tumango.

“Bakit?” Humilig siya palapit sa akin.

Dumilat ako at tumama agad ang titig ko sa mga mata niyang bigo at nagdadalawang isip. Hindi ako kumibo. Hindi ko alam kung ano ang sasabihin ko. I want to lie so bad. I want to lie in his face. I didn't like the truth.

"I-I don't know how you do it, Klare. I don't know." Umiling siya sa akin. "'Yong ipamigay ako sa iba. Kasi, ako, sayo? Hindi, e. Hindi ko kaya. I'm not going to give you up to that asshole no matter what."

"Eion is not an asshole!" Sabi ko.

Hindi ko alam kung saan nanggaling ang lakas ng loob ko habang sinasabi niya ang lahat ng ito sa akin. Nangatog na ang buong sistema ko. I don't like this conversation. Sa kahit anong anggulo ayaw ko nito dahil alam ko kung saan ito patungo.

"Why would you say that, Elijah? Kilala mo ba siya? Nagkamali lang siya isang gabi-"

"I don't need to figure him out, Klare! Sinasaktan ka niya at tama na iyon para tawagin ko siyang gago!" Tumaas ang boses ni Elijah.

Alam ko. Ganito siya magalit. Ganitong ganito. At hindi ko alam kung bakit humahataw ang puso ko sa mga sinasabi niya. Tinakpan ko ang bibig ko. Barado na ang lalamunan ko at hindi ko alam kung saan pa ako humuhugot ng lakas para magsalita.

"People you love will hurt you, Elijah!" Sabi ko.

Kinagat niya ang labi niya sa frustration. "Alam ko. Kasi sinasaktan mo ako ngayon. But I'm not going to call you an ass, Klare. I am so damn…" Pinilig niya ang ulo niya at pinikit ang mga mata.

Shit! This is not happening! Gusto kong malaman pero ayaw kong marinig! Posible ba iyon? Hindi ko alam!

"Come on, Elijah. Pumunta ka na kay Hannah!" Sabi ko ulit.

I need him to go. Now. Ayaw ko ng ganito. Kung hindi siya aalis ay ako ang aalis dito.

“Why would you fucking give me to Hannah!?”

“Kasi iyon naman talaga dapat! Bakit ka nandito? Bakit mo ako kasama? When you should be with someone like her! You should date her! That’s what you should do!”

“I DATED SO MANY DAMN FUCKING GIRLS TO FORGET YOU, KLARE!” Sigaw niya.

Napapikit ako. It’s like I’ve been slapped hard by the truth. He really is… crazy with…

“At saan ako dinala ng sarili ko? Sa’yo. Parin. Fuck.” Aniya. “I’m sorry for the curses, baby.” Huminahon siya sa huling sinabi at tumayo.

Hindi na ako humihinga. Tumunganga na lang ako sa buhangin at hindi ko alam kung ano ang sasabihin ko.

“I need air.” Aniya at naglakad palayo.

Fuck, too. This is a mess. Yes, it is. Cause I really think we feel the same. Oh my God.

<h1>Kabanata 20</h1>

<hr>

Kabanata 20

*OceanofPDF.com*

Sleep Talking

Nanginginig ang binti ko kahit na nakaupo lang ako. Para akong lumulutang sa hangin. Ni hindi ko nilingon na umalis si Elijah. Hinayaan ko lang siya na lumayo sa akin. That’s it. You need to go. Dahil kung hindi ka aalis ay baka…

Kahit aling anggulo ko tingnan, mali ito. Mali itong nararamdaman niya para sa akin. Mali itong lahat. We are cousins. Blood related. Kahit na sabihin kong hindi naman talaga kami close ni Elijah noong bata pa kami hanggang high school ay hindi ko maipagkakaila na mali parin talaga ito. Nakilala ko siya bilang pinsan. This is so wrong. Bakit at paano ko ito naramdaman ay hindi ko alam.

Hinihingal at nanginginig na bumalik si Azi at Josiah sa kinauupuan ko. Tumatawa sila habang tumutulo iyong tubig dagat sa kani kanilang mga buhok.

“Damn, see her rack, Azi?” Sabi nI Josiah habang tinititigan ang isang kutis porselanang babae na namumula dahil sa init ng araw sa kabilang banda ng isla.

“Asan si Elijah, Klare?” Tanong ni Azi habang pinupunasan ng tuwalya ang kanyang buhok.

“Dunno.” Simple kong sagot.

“What?” Natigil siya at tinitigan niya akong mabuti. “Away na naman ba kayo?”

“Hindi, Azi.” Sabi ko nang medyo naiinis.

I want to be alone, too. Kaya lang, saan ako pupunta? Kung aalis ako ay baka makasalubong ko lang si Elijah. I would rather be alone with these two.

“Did you push the asshole button again at nag walk out na naman siya dahil sayo?” Sabi ni Azi ng natatawa.

Alam kong nagbibiro siya pero ngayon ay parang na offend ako. Kasi iyon ang totoo. Nag walk out nga siya dahil sa akin. Inirapan ko siya at pinigilan ko na lang ang sarili kong magsalita.

Hindi ko na namalayan ang oras. Tumunganga lang ako roon sa gulong na duyan dahil gusto ko munang mapag isa. Nang nagpasya na silang umalis dahil lumulubog na ang araw, doon lang ako nakihalubilo sa lahat.

“Oh, Klare, hindi ka ata sumunod?” Nagtaas ng kilay si Erin sa akin.

Umiling ako, “Too tired.”

Nahagip ko ang mga mala pusang mata ni Claudette na agad niyang tinanggal sa akin. Nagligpit siya ng gamit sa gilid ko. Kinagat ko ang labi ko at tiningnan siya sa gilid ng aking mga mata.

“Where’s Elijah?” Bulong niya habang nagliligpit nang di tumitingin sakin.

“Dunno.”

“Oh, there he is.” Bigla niyang sinabi nang nag angat siya ng tingin.

Nanlaki ang mga mata ko at nagtama agad ang paningin namin ni Elijah. Nakapamaywang siya habang kausap si Josiah at Azi na parehong tumatawa. Kunot ang kanyang noo nang tiningnan ako. Dug-dug. Ayan na naman ang hataw ng puso ko. Bumaling agad ako sa bag kong pinulot ko na at nilagay sa balikat. We need to go. I want to go home and just end this. I can’t stand seeing him this much in a day.

Siniko agad ako ni Hannah habang naglalakad kami pabalik sa bangka.

“Narinig ko nagseselos ka daw kay Cherry kaya medyo magkagalit kayo ni Eion ngayon?” Tanong niya.

Umiling ako. “Uh, hindi naman.”

“Asus! Itong si Klare. Kunwari ka pa.” Ani Julia.

So that’s how they see it. Ilang beses ko mang ideny, iyon ang nagiging konklusyon nila. Bakit? Anong sasabihin kong rason kung bakit medyo off ako? Na magkagalit kami ni Elijah? Na may nalaman ako tungkol sa kanya? Na gusto niya ako? At ako rin ganun sa kanya?

Hindi ko alam kung ilang oras kong inisip ang tungkol sa amin. Maging sa pagbalik namin sa Resort ay iyon ang naging laman ng utak ko. Halos hindi ko na ma enjoy itong trip namin dahil sa pag iisip tungkol doon.

Dahil sa pagiging malamig namin ni Eion sa isa’t-isa, mas lalo tuloy nila kaming tinutukso.

“Ipag tabi ang dalawa. Uyy, bati na ‘yan.” Sabay tawanan nila.

Dammit! I want to be alone so much. Hindi na ako makangiti sa panunukso nila. Sinusubukan ko naman pero ang nagiging resulta ay ang ngiti kong awkward.

“Wa’g nang magselos, Klare.” Sabi ni Hannah.

Matalim ko siyang tiningnan. Kaya lang ay mukhang hindi niya napansin ang talim ng tingin ko dahil kinindatan niya pa ako. Para bang kailangan ko pang magpasalamat sa kanya kasi tinutukso na naman nila kami.

“Mag selos kanino?” Sawsaw ni Azi.

Nginuya ko na lang ang pagkain ko. Matagal akong makaubos ng pagkain. Silang lahat, nag iinuman na. Ako na lang ang may pinggan parin hanggang ngayon.

“Duh!” Umirap si Chanel sa walang ka muwang muwang na si Azi.

Ngumisi si Azi sa akin at tiningnan niya si Eion na nasa tabi ko lang. Nagpabalik balik ang kanyang titig sa aming dalawa habang sumisimsim ng beer.

“Kay Eion?” Tumawa si Azi.

“Tumigil ka, dude.” Medyo seryosong sinabi ni Eion.

Oh God! Am I going to be the topic for tonight? Ayaw ko. Gusto ko lang talagang mapag isa. Nag angat ako ng tingin kay Azi para sana tapunan siya ng matalim na titig ngunit naabutan ko ang nakakunot na noo ni Elijah at naka pabalikbalik ng pag igting ng kanyang bagang habang nakatingin sa amin at nilalaro ang isang bote ng San Mig Light.

“Oh! Akala ko sila ni Elijah ‘yong World War!” Tumawa si Azi. “‘Kala ko away sila. Si Eion at Klare pala? Finally, someone else is annoyed with Klare other than her frequent enemy.” Binalingan ni Azi ang may masamang titig na si Elijah sa kanya.

Great! Just great! Mabuti na lang at humupa rin ang usap usapang tungkol doon. Napunta kami sa mga rides ng resort na ito at sa mga taong nandito.

“Dito ba tumuloy sina Cherry?” Sabik na tanong ni Azi kay Chanel.

“Oo. Ba’t di mo alam? Hindi mo pala kasama si Elijah kanina nung nakausap niya si Cherry?”

“Shhh!” Angal agad ni Elijah.

Titig na titig ako sa isang baso ng tubig habang nakikinig sa usapan nila kanina.

“Fuck, dude, di mo sinabi!” Medyo naiiritang sinabi ni Azi.

“Is it even important?” Malamig namang utas ni Elijah.

“It is! Gusto mo ata siyang ma solo kaya ayaw mong sinasabi sa akin.”

“What?” Halata ko ang pagkakairita ni Elijah sa sinabi ni Azi.

“Oy, oy, Elijah. Ang dami na, ah? Nandito pa kaya si pretty Hannah.” Sabi naman ni Erin.

Nakita kong pumula ang pisngi ni Hannah sa sinabi ng pinsan ko. So effing great, right! Di talaga siya kinakapos ng babae. I hope they’ll just leave Elijah’s love affair topics. Hindi ko gusto ang mga iyon. At ayaw kong makialam.

Nagpasya ang lahat na pumunta na sa kani kanilang nirentahang dorm type rooms. Iyon ang gusto nila dahil mas masaya daw pag marami ang nasa rooms. I couldn’t agree more. Sino ba naman ang may gustong sa suites kami? At ilan sa kada room? Dalawa lang? Who would be my partner, then. I guess I’m pretty sure it will be him, or Eion. Mas mabuti ng marami kami.

Tig sasampu sa maluwang na dorm type rooms. May limang double deck na mga kama at isang bathroom kada isa. Narito na ang mga gamit namin kanina pa lang. Ang mga kaibigan ni Chanel at Brian ay nagpasyang magpahinga na. Iisang room lang daw kami nina Julia, Liza, Hannah, Elijah, Damon, Azi, Josiah, Claudette, at Erin. Si Brian at Chanel ay sa kabilang room kasama si Rafael na dinig ko’y may pinopormahan daw sa isa sa mga kaibigan ni Chanel.

Nauna akong pumasok kaya naabutan ko si Damon na kumakanta at tumalon nang narinig na bumukas ang pinto.

“Jezus! You should knock!” Umirap siya sa akin.

Nakangisi na ako dahil narinig kong basag ang boses niyang kumakanta ng I Won’t Give Up. Halos matawa na ako sa galit niyang ekspresyon at biglang paglambing ng boses niya nang bumaling sa kanyang cellphone at humiga ulit sa pinaka gilid na bed.

“Sorry, Dame.” Natawa ako.

Hindi niya na ako pinansin. Kung sino man iyong nagpabaliw sa pinsan kong ito ng ganito, ang masasabi ko lang ay hahalikan ko na ang sahig para sa kanya.

“Oh my God! Kuya Josiah is really hitting on that chick! At pinalabas niya pa na hindi siya marunong humalik! Matitiis ko pa si Azi, e, kasi kita mong bolero iyon. Pero si Josiah, damn, nakakasuka!” Ani Erin nang pumasok sa kwarto.

“Erin, I think you forgot your manners. Naiwan mo ‘yong ‘Kuya’ sa labas.” Sabi ni Claudette na tumatawa pa.

Umakyat ako sa taas ng kama ni Damon. Nakita ko ang pagsunod ng mga mata ni Claudette sa akin.

“Sa baba ako ng katabing bed ni Damon.” Sabi ni Claudette at pumwesto na siya roon.

Mabuti na lang at kanina ay naligo na ako para matanggal ang lagkit na nararamdaman ko kasi nag unahan na sila sa banyo ngayon.

“Sino ang sa taas?” Tanong ni Claudette.

“Alam ko na! Hindi ba si Klare sa dulo? Si Elijah ang sunod, tapos si Hannah para mas lalo silang magkadevelopan!”

Kinuha ko na lang ang kumot at tinabunan ko ang sarili ko nito. Matutulog na nga lang ako. Kung ano man ang plano nila ay hindi na ako makikisali.

“Ano ba yan, Klare! Eion refused to be here with us kasi galit ka raw sa kanya. Ano ba kasing nangyari? Dumating lang si Cherry kanina parang nagka silent war na kayo. Hindi ka naman nag shi-share.” Reklamo ni Erin.

“Di naman. Pagod lang ako sa byahe. Matutulog na ako.”

“Asus! Showbiz ito!”

Patuloy silang nag ingay. Gusto kong matulog ngunit hindi ko magawa. Dumating sina Elijah at mas lalong umingay. Hindi ko parin makalimutan na nag usap sila ni Cherry kanina.

What is this? Am I jealous? Great! Just really great! Pinikit kong mabuti ang mga mata ko.

“Elijah, dyan ka tabi ni Klare.” Ani Erin na humihikab na.

Hindi umimik si Elijah. Narinig kong may pumasok sa banyo. Nasa mga kama na kami at naririnig ko ang bungisngisan nina Julia, Liza, at Hannah. Nakapikit na ako pero di parin ako inaantok.

Hanggang sa unti unti nang nawala ang bungisngisan nila. Narinig ko na na may humihilik sa baba. It’s either Azi or Josiah, I don’t know. Or probably Erin. Narinig kong tumigil ang shower sa banyo.

Dammit! Kinabahan agad ako. Why? Hindi ko alam! Hindi ko alam kasi ang alam ko aakyat lang si Elijah sa kabilang kama na katabi ko. Pwede naman akong magkunwaring tulog! Ang totoo ay magkukunwari naman talaga akong tulog pero baki ako kinakabahan ng ganito! Pakiramdam ko sa gitna ng katahimikan ay maririnig ni Elijah ang puso kong kumakalabog.

I’m scared.

Bakit ko ito nararamdaman? I’m scared of what I’m feeling. Really scared.

Narinig ko ang malalim niyang buntong hininga. Naamoy ko rin ang halimuyak ng shower gel niyang mas mabango pa nong sa akin. So manly that I think it’s a sin. Dammit! Bakit iyon ang naiisip ko. This is really, really wrong. I need to get my shit together.

Narinig kong umakyat na siya at umupo sa kama. Hindi ako gumalaw. Ni hindi ako huminga. I can’t… I can’t do this. Mamamatay na yata ako pag ganito palagi.

Narinig ko ang paghiga niya sa unan at ang kanyang pirmeng paghinga. Unti unti akong huminga dahil talagang malalagutan ako kung ipagpapatuloy ko ang pagpipigil.

“Hello, yes, they’re asleep.” Dinig kong mahina ang boses ni Damon sa baba.

Dumilat ako sa gulat. Buong akala ko ay tulog na siya pero mukhang may kausap siya ngayon sa cellphone.

He chuckled, “You’re keeping me awake.”

Hindi ko na naipikit ang mga mata ko sa pakikinig sa kanya. Humalakhak ulit siya. Napapaos ang kanyang boses dahil na rin siguro sa pagod ngunit

ramdam ko na nag sisikap parin siyang kausapin kung sino man ang nasa kabilang linya.

“Even if I annoy you, hindi parin kita titigilan.” Aniya ng mas mahina.

Azrael should be asleep. Kasi kung gising iyon, baka mabaon ‘to sa kantyaw si Damon.

“Hmm… I told you, I like you.” Malambing na sinabi ni Damon.

Biglang uminit sa loob ng kumot ko. Parang nasu-suffocate ako kaya lumipat ako at hinarap si Elijah. Hindi ko naman siya makita kasi madilim at may kumot pang nakapulupot sa akin.

“I-I don’t like committments.” Nanginig ang boses ni Damon.

What? If you like someone, dapat kaya mong mag commit. Wait. He said he likes her. Not love. He’s just flirting, then.

“I’m sorry.” Buntong hininga niya.

Gusto ko siyang sigawan. Anong pinagpuputok ng butchi mo pag nag aaway kayo ng babaeng iyan o namimiss mo siya kung ganyan ka naman makitungo sa kanya. Girls deserve better. Hindi iyong ginagawa kang option. Namulat ang mga lalaki sa pagkahumaling sa mga laro, namulat ang mga babae sa pagkahumaling sa mga fairytales. Kaya ngayong malalaki na kami, mahilig ang mga lalaki sa laro at mahilig ang mga babae sa fairytales. Ngayon, kung magmahal kaming mga babae, kaya naming maglaro para sa mga lalaki. Kaya sana, kung magmamahal ang mga lalaki, kaya nilang gawing fairytale ang buhay natin. DAMMIT! Okay, I don’t know how I came up with that. Internal turmoils.

“When I look into your eyes

It’s like watching the night sky.” Narinig ko ang malamig at magandang boses ni Damon.

Hindi ko alam kung dahil lang ba iyon sa kalaliman ng gabi o dahil nasa enclosed space kami pero nakakamangha ang boses niya! Mas lalong

humina iyong boses niya. Kailangan kong marinig! Kailangan!

Unti unti kong binaba ang kumot para mas lalong marinig ag boses ni Damon.

“Well, I won’t give up on us

Even if the skies get rough”

Habang kinakanta niya gamit ang nakakapanindig balahibong boses niyang iyon ay tumama agad ang mga mata ko sa mga mata ni Elijah na nakatingin din sa akin. Hindi ko matanggal ang titig ko sa kanya. Nakalimutan ko na na kumakanta si Damon at iyon ang dahilan kung bakit tinanggal ko ang kumot. Ang tangi ko lang nakita ay ang kanyang mapupungay at nanghihinayang na mga mata.

“‘Cause even the stars they burn

Some even fall to the earth”

Bahagya siyang umiling sa akin at kinagat ang kanyang labi bago pasuwit niyang sinabi sa akin ito, “I can’t sleep.”

Me too. Shit.

Tumunganga lang ako sa kanya nang nakalaglag ang panga. This is so wrong but I can’t… help it.

“Can’t, too.” Pabulong at basag kong sinabi.

“I hope it’s because of me.” Sinabi niya naman ito nang di pabulong kaya natigil si Damon sa pagkanta sa baba.

Pumukit ako. Ngumisi si Elijah. Damn the asshole!

“Elijah!? G-Gising ka?” Ani Damon sa baba.

“No, dude, I’m sleep talking.” Humalakhak siya.

ASSHOLE MUCH! Ngumisi siya sa akin at hindi ko napigilang mapangisi na rin. Nagmura na lang si Damon sa baba.

<h1>Kabanata 21</h1>

<hr>

Kabanata 21

*OceanofPDF.com*

You Jealous

Kinaumagahan ay nagmadali kami dahil pupunta daw kami ng hot spring. Dapat ay sa susunod na araw pa kami uuwi kaya lang ay nalaman namin na mag re-release na daw ng grades bukas at puwede na rawng mag enrol. Ayaw nilang maiwan sa kani kanilang mga block kaya ayun at nag desisyon na umuwi na lang kami. Hindi bale, na enjoy naman namin iyon dahil sa beaches.

Alas sais ng umaga, humikab ako habang umuupo sa gazebo ng resort. Nasa dagat na si Elijah at Azi na parehong nakasakay ng jet ski kasama si Brian.

“Kain ka, Klare.” Sabi ni Erin at tinawag iyong waiter.

Binigyan din naman ako ng breakfast menu. Nilapag ang mga pagkain sa loob lang ng ilang minuto. Maganda sa resort na ito. Syempre, ito rin naman ang pinaka sikat na resort sa buong Camiguin.

“Wohooo!” Sigaw nang sigaw ang mga kaibigan namin habang nagtatawanan sina Azi at Elijah sa paghahabulan gamit ang jet ski.

Tutok na tutok naman ako sa kanila ngayon dahil may kaonting pangamba ako. Baka kasi kung mapano na naman sila.

Nakatulog ako kagabi at hindi ko alam kung natulog na rin ba si Elijah. Ang alam ko ay huling tingin ko sa kanya ay nakatitig parin siya sakin. Hindi na ako nagsalita. Pakiramdam ko masisira ko lang kung magsasalita pa ako. Hindi rin siya nagsalita.

“Mauuna ba sa Katibawasan Falls bago Ardent, Chanel?” Tanong ni Erin sa pinsan kong nakikipagbulungan sa boyfriend niyang nasa gilid.

“Uh-huh. Uuwi na tayo. Say, by 2pm. May tickets na tayo. Pagkaabot ng mga one, pack up na agad.”

Tumatawa ang mga pinsan ko. Ang gulo nila nang bumalik sa gazebo. Umiling na lang ako at nakita kong humikab si Elijah at kinusot niya ang

kanyang mata. Natulog kaya ito? Nang tumama ang tingin niya sa akin ay iginala ko agad ang mata ko sa dagat.

Hindi pa masyadong mataas ang araw. Syempre, alas sais pa lang naman. Kaya lang ay sa pagmamadali namin, kailangan na naming pumunta ng Katibawasan falls. Hindi na kami pumunta sa ibang spots ng Camiguin dahil napuntahan na rin naman namin ang mga iyon noon.

“Klare, tubig.” Sabay bigay sa akin ng isang bote ng mineral water ni Eion.

“Thanks.” Tinanggap ko iyon at nilagay sa gilid ko.

Hanggang ngayon ay hindi parin kami gaanong nag uusap. Kahit nasa sasakyan kami ngayon ay wala kaming imikan. Hindi naman rin namin kailangan pang magsalita dahil ang dami dami namang topic na naiisip si Josiah at Azi sa harap.

Mukhang hindi naman ipinagkalat ni Elijah ang tungkol kay Damon kagabi. Kasi kung ipinagkalat niya iyon, malamang ay laman na siya ng usap usapan ngayon. Nilingon ko si Damon na ngayon ay mahimbing ang tulog sa kanyang kinauupuan. Puyat siya kagabi. Marahil ay mas matagal pa itong natulog sa amin ni Elijah.

“Klare, paki bigay ‘to kay Eion.” Sabay abot ni Liza sa akin ng chichirya.

Kahit na pwede namang siya na lang ang mag abot nito kay Eion ay idinaan niya pa sa akin. Ngumisi siya, si Julia, si Erin, at si Hannah na katabi ni Elijah. Alam ko ang mga binabalak nila. Gusto nilang magkaayos kami. Oo, maayos naman kami. Hindi naman ako galit sa kanya pero maiintindihan ko kung magalit man siya sa akin. Gusto kong mag sorry sa kanya ngunit alam kong di mapapawi ng sorry ko ang ginawa ko. Papahupain ko na lang muna ito bago ako hihingi ng tawad.

“Eion, o.” Sabay bigay ko sa kanya nong junk food.

“Thanks.” Aniya at kumuha rin.

Kinuha niya iyon sa akin at ipinasa naman kay Azi sa harapan.

“God, make up already.” Dinig kong sinabi ni Erin sa likod.

Bumungisngis si Julia at Hannah sa likod. Tumingin na lang ako sa labas kasi nakita kong nilagay ni Eion ang kanyang earphones sa tainga.

“So, kumusta na kayong dalawa?” Tumawa si Liza nang inusisa ang kung sino man sa likod.

“Hmm. Ano ba kayo, nakakahiya.” Ani Hannah.

Tingin ko ay inuusisa naman nila si Elijah at Hannah.

“May ibang gusto si Elijah.” Sabi ni Hannah para matigil sila sa kanilang tawanan at tilian.

“Totoo ba ‘yon?” Tanong ni Erin.

Tumawa si Elijah, “Tumigil nga kayo.” Aniya.

Umirap ako sa kawalan at pinagpatuloy ang pakikinig. As if I have a choice. Kung sana ay pwedeng i-off ang tainga at mag concentrate na lang sa masukal na kagubatan na dinadaanan ng sasakyan ay ginawa ko na.

“Sino naman? Si Cherry?” Tanong ni Julia.

“Oo, si Cherry. Diba, Klare?” Tumawa si Liza at naghintay ng kumpirmasyon sa akin.

“Dunno, maybe.” Iyon ang tanging nasabi ko.

“Huh? Bakit ko siya magugustuhan-” Ani Elijah na pinutol naman ni Liza.

“Nakita namin kayong nag uusap kagabi sa seashore…”

Doon pa lang sa sinabi ni Liza ay nagkabuhol na ang sikmura ko. Naimagine ko agad si Elijah na nakapamulsa at si Cherry na nakangiti habang naglalakad sa buhangin.

“Naglakad lakad akong mag isa, nagkita kami. Nothing special.” Paliwanag ni Elijah.

Err. Kahit na, hindi iyon naging sapat para matigil ang paghuhuramentadong nararamdaman ko. Nagpatuloy sila sa kanilang pang iinterview sa dalawa hanggang sa nakarating kami ng Katibawasan Falls.

Maganda roon. Maganda ang falls. Marami kaming kinuhang picture. Naligo sa malamig na tubig si Azi, Rafael, at iba pang kaibigan ni Chanel.

“Hindi ka maliligo?” Tanong ni Eion sa akin.

Umiling ako habang tinitingnan ang mga naliligong nanginginig sa lamig.

“Hindi rin ako maliligo, kung ganun.” Aniya.

Nilingon ko siya at nakitang umalis sa gilid ko. Naglakad siyang mag isa sa gilid ng lagoon. Kinagat ko ang labi ko at hindi ko alam kung ano ang dapat na maramdaman ko. Tumunganga lang ako habang nakikita siyang kinakausap ang isang kaibigan ni Chanel na lalaki at naliligo sa lagoon. Ginulo niya ang kanyang buhok at nag patuloy siya sa paglalakad.

I’m sorry, Eion.

“Makatitig ka, akala mo mawawala siya, ah?” Humalakhak si Elijah sa gilid ko.

Siya naman ang binalingan ko ngayon. Di tulad kay Eion na naka t-shirt, naka puting sleeveless shirt si Elijah. Iyong tipong sinusoot niya tuwing mag ji-gym. KIta ang konting detalye ng tattoo sa kanyang dibdib. Humilig siya sa batong katabi ko at tiningnan akong mabuti.

“So, nagkainsomnia ka kagabi?” Tanong niya sa akin nang nakangisi at nakataas ang kilay.

Bakit kaya ito ang napili niyang maging topic? Hindi ko alam. Hindi ko gusto ito. Nag iwas ako ng tingin.

“Nakatulog kasi ako sa byahe patungong port kaya siguro di ako masyadong puyat.”

Nakita kong tumango siya sa gilid ng aking mga mata.

“So it’s not because of me…” Naging malamig ang boses niya kaya agad ko siyang binalingan.

Why are you doing this to me, Elijah? Do I need to slap it to you? Na hindi pwede kung ano man itong pinaparamdam mo sa akin?

“Let’s go! Come on, guys! Ardent na tayo!” Sigaw ni Chanel sa likod namin.

Nilingon ni Elijah si Chanel. Ni hindi niya ako tiningnan nang sinabi niyang…

“Alis na tayo, Klare.” At biglang umalis sa tabi ko.

Nangatog ang binti ko sa kinatatayuan ko. Bakit? Bakit ganito? Ako iyong hindi dapat interesado sa kung ano mang nararamdaman niya dahil alam ko ang tama pero bakit ako ang lubos na nanghihinayang sa pag alis niya? I want him to stay beside me. It’s sick. It’s a mess.

Tumitingala ako habang naglalakad pabalik sa sasakyan. Hindi na ako naghanap ng makakasama pabalik doon dahil natatakot akong makita nilang medyo naiiyak ako. Kinalma ko ang sarili ko bago ko pinasok ang sasakyan. Nakita ko ang nakahalukipkip at nakakunot noong si Elijah sa likod ng upuan ko. Pinagmasdan niya akong mabuti habang pumasok ako at umupo. Sumunod naman sina Eion at ang iba pa naming kaibigan.

I still really can’t believe that I’m in this situation. Tumigil pa si Claudette nang tiningnan kung sino na ang nasa loob ng Van. Nasa labas siya at nakatingin siya sa akin. Naka fishtail braid ang kanyang buhok at lumalabas ang maliit niyang dimple sa pisngi habang ngumunguso siya.

“Pasok na, Dette.” Sabi ni Azi na kakapasok lang rin sa front seat.

“Kung medyo magkagalit pa kayo ni Eion, Klare, pwede namang palit muna sila ni Elijah.” Ngumisi siya at agad pumasok.

Nagulat ako sa sinabi niya. Halos maestatwa ako sa kinauupuan ko.

“Ansabe ni Clau?” Tanong ni Azi sa akin.

Ipinagkibit balikat ko iyon. Hell, I won’t repeat what she just said. Isa pa, hindi naman iyon pinansin ng lahat. Walang pumansin doon dahil perpekto namang ang inuupuan naming dalawa ni Elijah. Him beside Hannah and me beside Eion. Sino ang hibang na guguluhin pa iyon?

Nang dumating na kami sa Ardent Hot Spring ay naengganyo na akong maligo. Hindi kasi kaya ng katawan ko ang malamig, manginginig lang ako at hindi mag eenjoy, itong mainit na spring lang ang gusto ko.

Nag unahan pa ang mga kaibigan nina Chanel sa hot spring. Sumama si Rafael at Josiah sa kanila. Si Damon naman ay nakahilig sa upuan at tulog. Puyat na puyat.

“Ano ba itong si Damon? Kada lingon ko sa kanya ay tulog!” Sabi ni Azi at nilapitan ang pinsang mahimbing ang tulog.

Bumungisngis si Julia. “He looks so angelic pag natutulog. Pero pag gising parang lider ng gang! But still, so cool and gwapo.” Kinilig pa siya habang sinasabi iyon.

Umiling na lang ako at pinagmasdan ang hotspring na kaonti pa lang ang naliligo. Dalawang grupo lang ata ang narito. Maaga pa kasi. Alas otso pa lang ng umaga.

“Hala! Sina Cherry?” Sabay turo ni Hannah sa kanyang karibal.

Tama siya. Na ispatan ko agad ang naka kulay brown na two piece at may maiksing buhok na babae. Nakilala ko agad siya dahil sa kanyang buhok. May isang kaibigan siyang itinuro ang cottage namin. Lumingon siya at nagulat. Kumaway siya bago lumusong sa tubig.

“Tara na!” Tumawa si Azi at kinaladkad si Elijah patungo sa kinaroroonan nila Cherry.

Umismid naman si Hannah dahil inasal ni Elijah. Syempre, nagpatianod ang mokong sa malanding si Azi. Hayun at nakita ko pang nag hubad ng sleeveless shirt at ipinakita ang kanyang katawan. I feel you, Hannah.

“Ba’t mo kasi tinuro?” Tumatawang sambit ni Julia.

“E, makikita niya rin naman.” Paliwanag naman ni Hannah.

“Lika na! Maligo na tayo! Tingnan natin! Ha!” Wika ni Liza.

Magkakapit kamay silang pumunta roon pagkatapos hinubad ang mga suot na t-shirt. Naka two piece na silang lahat. Narinig ko pang sumipol sa malayo si Azi dahil sa pagpapakita nila ng balat. The jerk is at it.

“Di ka ba maliligo, Klare?” Tanong naman ni Eion sa akin.

“Maliligo. Mauna ka na. Magbibihis pa ako.” Sabi ko.

Tumango si Eion at umalis din.

Of course, he’ll go to Cherry. Pero syempre, hindi ko siya papangunahan doon. Pinagmasdan kong mabuti ang bawat lagoon. Ang alam ko ay palayo ka ng palayo ay mas umiinit ang tubig. Iba iba kasi ang init ng tubig sa bawat lagoon dito. Nasa gitna at pinakamalaking lagoon sina Elijah kasama sina Cherry. Ang mga kaibigan naman ni Chanel ay nasa baba at abala sa pag pipictorials.

Nagulat ako nang nakitang kumaway si Cherry kay Eion ngunit hindi iyon pinansin ni Eion. Napawi ang ngiti ni Cherry sa malayo. Hindi rin lumapit si Eion sa lagoon nina Cherry. Imbes na maligo ay pinagmasdan ko silang lahat ng mabuti. Hanggang sa napunta na lang si Eion doon kina Josiah sa baba.

“Maligo ka na, Klare. Dito lang ako.” Ani Claudette na siyang naiwan kasama ko at ni Damon sa cottage.

“Oo.” Tango ko.

Ang totoo, nandito na naman ako sa parte kung saan nahihiya akong maghubad ng soot para lang mag two piece. Wala talaga akong confidence na ipakita ang katawan ko dahil wala naman akong maipagmamalaki.

“Hubarin mo na. I like your body. Nakakainggit kasi hindi ka nakakaakit tingnan sa two piece.”

Bumaling ako kay Claudette. Hindi ko alam kung maganda ba iyong sinabi niya o nakakainsulto.

Tumawa siya. “Don’t get me wrong. That’s a compliment. Pag kasi magtwo-two piece ako nakakaconscious ang pwet ko, e. Mas gusto ko yung nipis ang katawan para hindi masyadong mapansin ang kahit anong parte.”

“Thanks, Clau. Though, I’m still not sure if that’s really a compliment.”

Tumawa siya. “It is.”

Ganun pa man ay mas tumaas ang self esteem ko sa sinabi niya. Hinubad ko ang soot kong shorts at loose t-shirt.

“Galit ba si Eion sa akin?” Nagulat ako sa basang babae na nagtatanong sa likod ko.

Naaninag ko si Cherry na nakakunot ang noo.

“Iniiwasan niya ako, e. Galit siya.” Sabi ni Cherry.

Umiling ako. “Hindi ko alam. I-I mean, hindi. Subukan mong kausapin.”

Nilingon namin ang grupo nina Josiah na ngayon ay umaakyat sa lagoon kung nasaan sina Elijah. Ngayon nasa iisang lagoon na silang lahat. Naroon na rin si Eion.

“Kanina niya pa ako di pinapansin. Ano kayang problema nito?” Tanong ni Cherry sa kanyang sarili.

Hindi na siya nagpaalam. Agad niya ng pinuntahan ang lagoon para lumapit kay Eion.

“Klare, baka maunahan ka.” Utas ni Claudette sa akin.

Hindi ako nagsalita. Dumiretso lang din ako sa lagoon habang maingat na naglalakad ng nakapaa. Hindi ko na tiningnan kung pinapanood ba ako nino habang naglalakad patungo doon suot ang kulay itim kong two piece. Saka lang ako nag gala ng paningin nang nasa lagoon na ako.

Naabutan kong tumatawa si Cherry at hinihila ang braso ng umiiling at mukhang bad trip na si Eion.

Lumangoy ako patungo sa gitna. Iginala ko ulit ang tingin ko patungo sa mga kaibigan kong nakikipag usap kay Azi at Elijah. Nakita kong tumatawa si Elijah habang nakikipag usap kay Hannah. Surely, she’s happy that Cherry is pursuing Eion.

“Klare, iniiwasan ni Eion si Cherry pero grabe ang landi rin ng babaeng iyan at hinihila pa si Eion.” Ani Erin na biglang sumulpot sa likod ko.

“Hayaan mo na. Okay lang naman.” Sabi ko.

Kumunot ang noo niya sa akin. “Wa’g ka ngang bitter. Sige na! Lapitan mo! Own him.” Sabay tingin naming dalawa kay Eion na ngayon ay nakikipag usap at nakikipag ngitian na kay Cherry.

Umiling si Eion kay Cherry at bigla niyang tinalikuran ito. Nagulat ako ron. Tumawa pa si Erin. “See? He’s really serious about you.” Nakita naming ngumuso at nabigo si Cherry bago siya bumalik sa kinaroroonan ni Elijah.

Bumaling ako kay Elijah na ngayon ay nakikipagbasaan na kay Hannah. What a sight! Hindi lang iyon, patungo pa si Cherry! I would most probably witness a cat fight between his two admirers.

“Giniginaw ako.” Sabi ko sa mainit at halos nakakapasong tubig para lang makaahon.

Mabilis akong umahon at nagpasyang umalis sa lagoon na iyon. Kung dapat ay mapag isa ako para lang hindi na ako makareklamo sa mga bagay na nakikita ko ay gagawin ko. Kahit na mukhang nakakatakot at may buwaya sa kabilang lagoon ay doon ako tatambay. Lumusob ako sa kabila at mas mainit na lagoon at umupo na lang sa may bato. Ako lang mag isa dito. Halos dinig ko na ang mga ibon sa mga punong nakapalibot sa buong spring. Naririnig ko rin ang agos ng tubig at tawanan sa kabila. I would rather be here alone. God, this trip is a disaster. Kinukurot ang puso ko habang iniisip kung ano ang mga nangyari. Pumikit ako at nag concentrate sa paghinga ng pirmi hanggang sa may narinig akong bumagsak sa tubig.

Dumilat ako para tingnan ngunit wala akong nakita kundi tubig na gumagalaw patungo sa kinauupuan kong bato. I was about to scream when he showed up in front of me. Bumilis agad ang pintig ng puso ko. Dammit! Why? How will I end this?

Nag iwas ako ng tingin sa Elijah'ng nasa harap ko. Umupo siya sa harap ko para maging lebel ang paningin naming dalawa. Hindi ko parin siya kayang tingnan. Humalukipkip na lang ako at tiningnan ang lagoon.

"Ba't ka mag isa?" Tanong niya habang hinahanap ang paningin ko.

"Ikaw, ba't ka nandito?" Pabalik kong tanong.

"Kasi nawala ka don." Tumatawa niyang sinabi.

Dammit! Wa'g kang tatawa tawa ngayong pangit ang pakiramdam ko sayo. Hindi ko parin siya matingnan kahit na hinuhuli niya na ang tingin ko.

"Hey." Aniya at hinahanap ang mata ko.

Panay ang lipat ko sa pagtitingin sa mga gilid. Nang di na siya makatiis ay hinawakan niya na ang baba ko at nilingon iyon sa mukha niya. Nagtama ang paningin namin. Hindi ko mapigilan ang pagkunot ng noo ko.

"Hey, you jealous?" Natatawa niyang sinabi.

Mas kumunot pa ang noo ko.

“Selos ka ba kay Eion at Cherry?”

Agad akong umiling at nag iwas ng tingin sa kanya. Hinawakan niya ulit ang baba ko at hinuli ulit ang mga mata ko.

“Then, you’re jealous of me and Hannah?”

Bahagyang nanlaki ang mga mata ko at nag iwas na lang ng tingin.

“You are jealous of me and Hannah.” Aniya na parang natatawa.

Hindi ko magawang umiling. Hindi ko rin magawang umo-o. Actually, nagseselos ako sa kanilang dalawa. Kay Cherry at Hannah na parehong interesado sa kay Elijah.

“Oh fuck. You are jealous of ME AND HANNAH!” Mas natatawa niyang sinabi at hinawakan ulit ang baba ko.

Hinawi ko agad ang kamay niya. Ayaw kong magkatinginan kami at baka makumpirma niya lang sa mga mata ko.

“Klare, nagseselos ka!” Ulit niya na parang tuwang tuwa.

Shit! I can’t even deny it! I can’t even walk away. This is killing me.

<h1>Kabanata 22</h1>

<hr>

Kabanata 22

*OceanofPDF.com*

Maling Mali

Napatalon ako nang nakitang nagtatawanan ang mga kaibigan ko kasama si Azi at lumipat sa lagoon kung saan kami ni Elijah. Walang imik akong tumayo kaya napatayo din siya at napatingin sa likod ko.

“O, nandito pala kayong dalawa.” Tumatawang sambit ni Azi.

Mabilis akong lumangoy palayo kay Elijah. Sinalubong ko ang mga kaibigan kong nagtatawanan at pinilit kong ngumiti para makisabay sa kanila. Nakatingin na si Hannah kay Elijah na ngayon ay nakatayo parin doon nang nakangisi. And he can’t take his eyes off me. Nag iwas na lang ako ng tingin.

“Elijah? Baliw na ‘to?” Tumatawang sambit ni Azi.

Hindi ko parin siya nilingon. Nakapirmi ang titig ko kay Julia. Aalis na talaga ako dito. Magbibihis na lang ako at maghahanda sa pag alis namin mamaya.

Hindi talaga maganda itong nararamdaman ko. At hindi rin maganda ang inaasal at nararamdaman ni Elijah para sa akin.

“Bihis lang ako.” Sabi ko agad sa kanila at nilakad ang patungo sa dulo ng lagoon.

“Huh? Tapos ka nang maligo, Klare? Ligo pa tayo!” Anyaya ni Julia sa akin.

Ayaw ko na sana ngunit pinilit nila ako pabalik. Hinila nila ako doon at pinigilan. Minsan talaga kailangan mo na lang silang pagbigyan para wala ng maraming tanong. Nagulat din ako nang biglang nagtungo doon ang mga nasa kabilang lagoon. Nakita ko si Eion na nakasabay si Josiah at si Cherry na nakasimangot na bumubuntot sa mga kaibigan niya.

“Alis na lang tayo, Klare. Doon na lang tayo sa cottage.” Sabi ni Elijah sa likod ko.

Halos mag ugat ang mga paa ko sa ilalim ng lagoon. Paano siya biglang napunta sa likod ko. Lumayo agad ako at hinarap siya.

“Changed my mind. Ligo muna ako.” Sabi ko at lumangoy palayo.

Dammit! Alright!? I have to admit. May nararamdaman talaga ako sa kanya at alam kong hindi iyon tama. Dapat ay alam niya ring hindi tama iyong nararamdaman niya. Sana ay lumayo na lang siya sa akin at hayaan na lang ang lahat ng ito. Bakit siya nag lalaro sa apoy? This is awkward and disturbing. Hindi dapat kasi magkadugo kaming dalawa.

“Tumatakbo ka naman ngayon pagkatapos mo akong baliwin kanina?”

Nagtindigan lahat ng balahibo ko nang narinig ko siya sa likod ko. Pagkatapos kong lumangoy ng medyo malayo-layo ay andyan parin siya sa likod.

“Elijah!” Dinig kong sigaw ni Josiah. “Lika dito!” Tumatawang sinabi ng pinsan ko.

Tumingin ako sa likod ni Elijah para tingnan na kinakausap ni Josiah si Cherry habang ang mga kaibigan ko naman ay nag iirapan dahil sa kung ano man ang nalaman nilang marahil ay patungkol din kay Cherry.

“They are calling you-”

“I want to know.” Malamig niyang sinabi.

Kinagat ko ang labi ko. Dammit! Napaatras ako kahit alam kong bato na naman ang hihiligan ko pag nagkataon. Wala akong kawala sa paghakbang niya palapit sa akin.

“Hey, Elijah Riley Montefalco! Will you stop being so… possessive over Klare! May naghihintay sa kanya dito!” Sigaw naman ni Erin sa malayo.

“Elijah.” Para akong nabalik sa aking sarili. “Come on. Stop this.”

“Do you really wanna stop? I don’t wanna stop.” Aniya.

Nag angat ako ng tingin at kitang kita ko na naman ang malungkot niyang mga mata na titig na titig sa akin. I can’t be attracted or worst, in love, with my cousin. This isn’t possible. This is just disgusting. Pero bakit nakakaya kong sikmurain ito? Bakit nakakaligtaan ko?

I am probably just infatuated. This is just a phase. Ganon rin para kay Elijah. He is just infatuated. Maybe he’s just in love with the thought of something forbidden. Dahil para sa kanya, lahat ay pwedeng pwede. Dahil namulat siya na easy ang halos lahat ng babae, walang challenge, kaya ngayon, sa akin siya dahil mas bawal at may challenge.

“Y-Yes, I wanna stop.”

Stop this feelings. Stop everything. Whatever it is.

Kumunot ang kanyang noo at mas lalo pang lumapit sa akin. Hindi ko na siya kayang tingnan. Ang mga titig niyang parehong nakakasilaw at nakakapaso na para sa akin ay hindi ko na kayang harapin.

Dinig ko ang tawanan nilang lahat. We actually look like love birds here pero dahil magpinsan kami ay hindi nila nilalagyan ng malisya. This is just…

“What are you going to do if I don’t stop, Klare?”

Pumikit na ako dahil nilalapit niya ang kanyang mukha sa akin. He’s really freaking hitting on me.

“I will stop y-you, Elijah-”

“What’s with the stuttering words? What’s with the trembling lips? And why are you shaking so badly?” Bulong niyang halos hindi ko na marinig.

Tinulak ko na agad siya dahil nararamdaman ko na ang katawan niya sa akin. God! Will you just stop it! This isn’t right!

Matalim ko siyang tinitigan. Malungkot niya naman akong tiningnan habang umaatras palayo sa akin. Tama siya, nanginginig nga ako ngayon. Hindi dahil nilalamig ako kundi dahil sa mga naiisip kong gulo.

“Goodness! Linga kayong dalawa dito!”

Hinayaan ko siyang tumayo roon at lumangoy na agad ako patungo sa mga kaibigan ko. Narinig ko agad ang mga masasamang salita nina Liza tungkol kay Cherry.

“Dinadaan niya kay Josiah, e. Alam niyang malapit siya kaya ginagamit niya para mapalapit kay Elijah.” Umirap si Liza.

Nilingon ko agad si Cherry na ngayon ay dinadaluhan na ni Elijah dahil sa tawag ni Josiah. Nakita kong sumulyap si Elijah sa akin nang nakakunot parin ang kanyang noo. He isn’t pleased with whatever. Sa kung ano bang sinasabi ni Cherry o dahil doon sa usapan namin kanina.

Nanlaki ang mga mata ko nang bigla siyang may sinabi kay Josiah at umiling ito. Umalis siya kahit na tinatawag parin siya ni Josiah.

“Dammit, Elijah! Where did you hide your freaking balls? Sa CDO? Inabandona mo na kasi di mo kinailangan?” Tumatawang sinigawan ni Azi si Elijah habang lumalapit sa amin at nagmumura.

Umalis lang si Elijah nang hindi lumilingon. Nakita kong babalik na ata siya sa cottage.

“Anyare, Azi?” Tanong ko sa kanya habang pinipigilan sa paglangoy pa.

“Kay Elijah?” Kumunot ang noo niya sa akin. “Ewan ko sayo, Klare. Kayo ang huling nag usap diba?”

Kinabahan ako sa kainosentehan ng tono niya. Ngumisi siya at kinagat ang kanyang labi habang tinitingnan ang may bandang cottage namin.

“Ang gago nun. Nirereto na nga ni Josiah kay Cherry. Sayang talaga! Kung ako sana ‘yong gusto nung babae, naku…” Tumawa siya.

“Bakit? Anong sabi niya?” Tanong ko.

“Ayaw niya raw, e. Ayaw niya lang.” At umalis na si Azi nang may naispatan na namang maganda.

Tumili sina Julia, Liza, at Hannah sa narinig sa pinsan ko. Hindi ko alam pero gusto ko ring tumili at mabaliw at the same time.

“See? Pumayag siya nung date ninyong dalawa, Hannah. Pero kay Cherry, hindi. Hindi niya type ‘yon. Baka ikaw ang type niya…”

Inenjoy ko na lang ang pag s-swimming. Inisip kong hindi na babalik si Elijah at naging tama ako sa hula ko. Hindi nga siya bumalik.

Hanngang sa bumalik na kaming lahat. Alas onse na rin at kailangan na naming kumain, magbihis, at maghanda sa pagbalik sa syudad. Naabutan ko si Elijah na nakikipag inuman na sa gising na gising na si Damon. Busangot na naman ang mukha ni Elijah nang nagkatinginan kaming dalawa.

“Ang K-KJ niyo!” Reklamo ni Azi sa dalawang nag iinuman doon.

Nagkakasundo pa kami ng sarili ko, pero lately, parang hindi na. Lalo na pag nanginginig ang binti ko tuwing tinititigan niya ako. Ang tagal kong mahanap ang tuwalya ko para sana makapunta na sa banyo at makapag bihis.

Hinagis ng bigla ni Elijah sa akin ang tuwalya ko. Nagkatinginan na naman kaming dalawa. Ngayon ay mukha parin siya galit at malungkot habang poker face naman ang ipinapakita ko sa kanya.

Panay ang iwas ko kay Elijah nang pauwi na kami. Panay naman ang tingin niya sa akin gamit ang malungkot na mga mata. Hindi ko na siya tinitingnan kahit na may nag uudyok sa akin. I just need to stay away from him. Mawawala din itong nararamdaman ko. I’m pretty sure of that.

Mabilis ang naging byahe pauwi. Kasi naman pagod kaming lahat. Hindi na gaanong maingay dahil kung hindi tulog ay tulala naman ang lahat. Nakatulog nga si Eion, ngunit ako, tulala lang.

Habang nagbabyahe na kami papuntang Cagayan de Oro ay humihilik na si Rafael sa gilid. Nahuhulog na rin ang ulo ni Eion sa akin. Noong una ay kinakabahan pa ako. Pero kalaunan ay wala akong nagawa. Sumandal siya sa balikat ko nang hindi niya namamalayan.

Nakatulog rin ako nang nakahilig sa salamin. Nagising na lang ako nang nasa syudad na kami. Medyo dumidilim na at naaninag ko na ang mga ilaw ng mga street na pamilyar sa atin.

“Sa divisoria na lang idadrop ‘yung iba?” Ani Chanel.

Sumang ayon naman ang lahat. Nilingon ko ang nakatingin na si Eion sa akin. Medyo magulo ang kanyang buhok at mukhang kakagising niya lang rin.

“Sorry, humilig pala ako sayo.” Aniya.

“It’s okay. Humilig din ako sayo nung papunta pa tayong Camiguin.” Sagot ko.

Biglang tumigil ang sasakyan. Nakita kong lumabas si Rafael at sinalubong siya ng body guard ng kanyang daddy.

“Tara na, Dame!” Aniya sa kanyang kapatid na tamad na umaalis sa sasakyan.

“Dito lang rin kami, Klare!” Anang mga kaibigan ko.

“H-Ha? O sige.” Sabi ko sabay kaway sa kanila.

Nakita kong medyo ayaw pang umalis ni Hannah sa kinauupuan niya.

“Bye, Hannah, Julia, Liza!” Bago sinarado ni Elijah ang pintuan.

“Sinong papahatid?” Tanong ni Azi na ngayon ay siyang nag dadrive ng van habang tulog si Josiah sa front seat.

“Kina Klare lang ako. Iniwan ko ang sasakyan ko sa parking lot nila.” Ani Elijah sa likod ko na agad umupo sa tabi ko.

Oh, dammit! Tumingin na lang ako sa labas. Mabuti na lang at nasa malapit lang ang bahay namin. Hindi rin magtatagal at aalis na rin ako at uuwi na si Elijah sa kanila. We need space. A lot of it.

“Sinong kukuha ng grades bukas sa school?” Tanong ni Erin sa likod. “Ikaw Klare?”

“Siguro.” Utas ko habang nag iisip.

“Ako, baka sa susunod na araw pa. Ikaw Clau?” Tanong niya naman kay Claudette.

“Siguro rin.”

“Sabay tayong kumuha ng grades bukas, Klare. I’ll fetch you early.” Ani Elijah.

Natahimik silang lahat. Hindi ko alam kung bakit pero tahimik kaya kinabahan ako. Mabuti na lang at binasag ni Azi ang katahimikan.

“Kung sana ay pumayag kang makipag date kay Cherry, edi sana kayo ‘yong kukuha ng grades pagkatapos ay mag di-date. Tss.” Medyo matabang niyang sinabi.

“Azi, will you stop bringing that topic back? Kung gusto mo ay kayo na lang.”

“Oh! I thought ngayong nasa CDO na tayo, makukuha mo na ulit ‘yong balls mong nawala. Wala parin? Must’ve left it somewhere far, huh?” Tumawa si Azi.

“Shut up.” Humalakhak si Elijah.

Tinigil ni Azi ang sasakyan sa tapat ng bahay namin at nakita ko agad ang Chevy ni Elijah sa lot namin. Dammit. Bababa rin talaga siya.

“Bye!” Tumawa si Elijah at naunang bumaba sakin.

Napalunok ako at pinasadahan ng tingin ang mga pinsan kong nakapikit except sa malapusang mata ni Claudette.

“Bye, Klare.” Ngumisi siya sakin.

“Bye.” Sabi ko at lumabas na.

Pagkalabas ko ay agad pinaandar ni Azi ang sasakyan na para bang nagmamadali.

“That asshole…” Ani Elijah nang napansin ang biglang pagkaripas ng sasakyan.

“Pahinga na ako.” Sabi ko nang di ko alam kung paano ako magpapaalam sa kanya.

“Hey, wait…”

Hindi ko siya nilingon. Dumiretso ako sa nakabukas na elevator. Mabilis ko itong sinarado at nanlaki ang mga mata ko habang nakikita si Elijah na muntik nang maabutan ang pagsarado nito.

“Dammit!” Sigaw niya sa labas nang tuluyan itong sumara.

Kumalabog ang puso ko at hinintay na mag third floor. I’m sure he’s running like an idiot right now. Nang tumunog ang elevator bilang hudyat ng paglabas ko.

Naririnig ko na ang footsteps niya sa hagdanan. Sabi na, e! Siguro dalawang baitan kada hakbang ang ginawa niya! Mabilis din akong umakyat sa hagdanan at kahit na ramdam ko nang aabutan niya ako ay umakyat parin ako sa hagdanan. Kumalabog ang hagdanan nang inakyat niya ito at hinila ang braso ko.

We’ve got CCTV here. Hindi naman si mommy o daddy ang nag chi-check ng mga iyon at hindi naman siguro magkakaroon ng problema, diba?

“Why won’t you talk to me! Dammit! You are making me so damn frustrated!”

Napapikit ako sa biglaan niyang pagbu-burst out. Huminga ako ng malalim at hininaan ang boses ko. Just a whisper. Enough for him to hear what’s really going on my head.

“Elijah, we are cousins. Kung ano man iyong nararamdaman mo sa akin, wa’g mo nang pagtuonan ng pansin ang mga iyon. Kasi kung hindi mo nakikita, hindi na ito tama-”

“You really think you’re the only one going through that, Klare?” Mariin at pabulong niya ring sinabi sa akin. “I’m so damned too. I can’t be in love with you.”

Pinikit ko ng mabuti ang mga mata ko habang pinapakinggan ang mga salita niya.

“But what am I going to do now? Now that I am?” Aniya gamit ang boses na bigung bigo.

“Elijah, mali talaga ito. Maling mali.” Umiling ako.

“I know, baby…” Mas lumambing ang boses niya.

Nag angat ako ng tingin sa mga mata niyang halos gumiba sa bawat pader na sinubukan kong itayo. This is just so wrong. So damn wrong.

“Hindi lang ikaw ang nag isip ng ganyan. Kinalaban ko na rin ang sarili ko. And I told you, I got defeated. I will not run from it. I will not run from you. I can’t.”

<h1>Kabanata 23</h1>

<hr>

Kabanata 23

OceanofPDF.com

Break The Rules

Hindi ko alam kung bakit umiyak ako buong gabi. Pagod na pagod na ako at gusto kog magpahinga ngunit hindi ko alam kung bakit dilat parin ako at umiiyak sa kama ko.

Sinubukan kong bumisita sa Facebook, baka sakaling antukin ako pag nalilibang ang mga mata. Iiwasan ko sana ang mga post na tungkol sa trip kaya lang iyon ang naging laman ng Newsfeed. Puro mga bahong upload ng pictures doon. Meron pang naka tag sakin at mga nilalike ng mga pinsan ko.

Napansin ko ang pag like ni Claudette sa medyo marami-raming pictures at sa bawat view ko ng picture na nilalike niya ay madalas nandyan si Elijah at ako. May isang picture na nakatingin si Elijah sa akin habang kumakain ako.

Kumalma ako sa pag iyak ko dahil sa pagkakalibang sa mga pictures pero hindi ko maiwasang ma weirduhan kay Claudette. Lalo na nang kinover photo ni Chanel iyong picture sa White Island kung saan naka pulupot ang braso nI Elijah sa akin. Nag scroll down agad ako sa mga comments.

“You only plan trips when I’m not around, why?” Ang unang comment ay galing kay Knoxx.

“I love you, Knoxx. Uwi ka na dito.” Iyon ang sagot ni Chanel.

“Sweet.” Iyon lang ang comment ni Claudette.

“Alin?” Sagot ni Chanel.

Hindi ko kayang basahin lahat ng comments dahil kinakabahan ako ng husto. I’m sure hindi nila nilalagyan ng malisya iyong mga ngiti namin ni Elijah doon. Bago ako nag log out ay nakita ko naman ang bagong status update ni Elijah sa newsfeed ko.

Elijah Montefalco: We can fool the world, but we can’t fool ourselves.

Kung saan may makahulugang comment si Claudette doon. Sa dami ng nag comment na walang alam at nagpapa as if na may alam, siya lang talaga iyong nakita kong may laman.

Clau Montefalco: Sad truth. It’s wrong but I’m with you both.

Halos itapon ko ang cellphone ko sa malayo at hinagkan ko na lang ang unan ko. Dammit! May alam kaya si Claudette? O masyado ba kaming halata ni Elijah? We really need to stop this. We should seriously stop this. Ilang beses ko bang sasabihin iyon sa sarili ko at bakit hindi ko magawa?

Kinatok ako ni mommy kinaumagahan. Inaantok pa ako dahil sa pagod ngunit desidido siyang magising ako.

“Klare!?”

“Opo!” Sabi ko habang humihikab pa.

Binuksan ko ang pintuan. Bumungad agad sa akin ang nag aalala niyang mga mata. Akala ko ay may sasabihin lang siya pero nagulat ako nang pumasok siya sa kwarto ko. Hindi niya naman ito ginagawa ng madalas.

“Bakit po?” Tanong ko habang niligpit niya ang nakahilera kong gamit sa may tukador.

Medyo magulo ang mga iyon dahil hindi ko naayos sa pag ligpit kagabi sa sobrang pagod. Pumunta ako sa kama ko at sinubukang iligpit na rin iyon. Nakita kong alas nuwebe na pala ng umaga. Gutom na ako at kailangan ko pang pumunta sa school. Tinulungan na rin ako ni mommy sa kumot ko.

Nakatingin lang siya sa kumot ko habang tinatanong ako ng “Klare, nitong mga nakaraang araw, may napapansin ka bang weird sa school niyo?”

Bumaling ako kay Mommy. Napatingin rin ang medyo chinita niyang mga mata sa akin. “Wala po. Like what?”

“Like… some guys trying to get to know you?” Tumaas ang kilay ni mommy at ngayon natigil na siya sa pagliligpit ng kumot ko.

Kumunot ang noo ko at napangisi, “Wala po akong boyfriend… Uhm, o manliligaw.” Sabi ko habang iniisip si Eion.

“No, No, I’m not talking about manliligaw, Klare. Iyong parang kinikilala ka lang?”

“W-Wala po. Bakit po?”

Humugot siya ng malalim na hininga at nag iwas ng tingin sa akin.

“May mga… kilala ka bang may chinese blood sa school niyo? Lims, Chiongs, Cos, etcetera?”

“My, fil-chinese po sina Liza. Lim ‘yong apelyido niya. Bakit?” Nag taas ako ng kilay.

“Bukod sa kanya? Any guy?”

Napaisip ako sa tanong ni mommy. Marami akong kilalang Filipino-chinese pero dahil biglaan ang tanong niya ay parang hindi ko siya agad masagot.

“Ay, nevermind, forget it.” Aniya at bigla siyang umalis.

Phillip Yap, Hendrix Ty at marami pang iba. Bakit kaya iyon natanong ni mommy?

“By the way, nag away na naman ba kayo ni Elijah?” Tanong ni mommy nang paalis na siya sa kwarto.

“Ha?D-Di po!” I lied.

Ni hindi ko alam kung matatawag ko ba iyong ‘away’.

“Really? Sabi niya kasi sakin ayaw mo rawng sumama sa kanya para kunin ‘yong grades niyo?”

Nanlaki ang mga mata ko. “PO? Kelan niya po sinabi? Hindi naman kami nag away.”

God! Ano ba naman itong ginagawa ni Elijah!

“Ngayon. He’s with Charles sa sala. Waiting for you. Akala ko mula nag college ay magkasundo na kayo finally after almost eighteen years of deadmahan, Klare. Try to get along with him.” At umalis agad si mommy.

Malalim ang paghinga ko pag alis niya. Muntikan na ‘yon ah? At isa pa!? What now? Elijah is here at paano ako makakatakas sa palad niya ngayong nandito siya sa amin. God, I hate that we are related. Palaging may excuse kung bakit nandito siya o bakit kami magkasama.

Nakakunot na ang noo ko papalabas ng kwarto. Naabutan ko agad silang dalawa ni Charles na nanonood ng isang palabas sa Cartoon Network. Nakatoon ang mga mata ng kapatid ko sa TV habang mula nung lumabas ako ay naagaw ko agad ang atensyon ni Elijah.

He’s at it again. ‘Yong mga titig niyang tumatagos sa akin. ‘Yong mga hindi ko kayang tingnan pabalik.

“So you are going with me?” Tanong niya habang pinapanood akong kumukuha ng cereals at nilalagay sa ‘yon sa bowl.

Naligo na ako bago ako lumabas. At ngayon ay nakapagbihis na. Iyon siguro ang naging basehan niya sa pagsama ko sa kanya.

“May magagawa pa ba ako?” Tanong ko habang nilalagyan ng gatas ang cereals.

Nakita ko sa gilid ng mga mata ko ang pagtayo niya sa sofa namin at pag lapit sa dining table namin. Napaupo ako dahil namamanhid na naman ang binti ko. Bakit ganito?

“Don’t come near me, please.” I hissed.

Ayaw ko talaga. Ayaw ko muna. Alam kong hindi maiiwasan na magkita kami o magkalapit. Kaya lang pakiramdam ko tuwing mangyayari iyon ay mawawala ako sa mga rason ko. Kailangan kong paulit ulit na paalalahanan ang sarili ko na hindi kami pwedeng dalawa.

Natigil siya sa paglalakad. Nakatayo lang ang naka itim na t-shirt na may abstract na disenyo, naka kulay asul na jeans, at naka sneakers na si Elijah sa malayong gilid ko.

“I don’t care about the rules, Klare.” Aniya at nagpatuloy sa paglapit sa akin.

Suminghap ako at nagpatuloy sa pagkain. Umupo siya sa katabing upuan ko at pumangalumbaba habang pinapanood akong kumakain at di man lang siya nililingon.

“God! Elijah!” Sabi ko nang kinakabahan na sa paninitig niya. “Will you stop that!?”

Tumaas lang ang kilay niya at nagpatuloy sa paninitig. Hindi na ako nagsalita. Binilisan ko na lang ang pagkain para makaalis na kami sa bahay at makapunta na ng school. Pagkatapos ay sasama ako sa friends ko para mawala na si Elijah sa araw ko.

“Charles, alis lang kami. Alam na ni mommy.” Sabi ko agad habang nilalagay ang bag ko sa balikat pagkatapos mag toothbrush.

“Okay.” Ni hindi ako nilingon ni Charles.

Nakasunod lang si Elijah sa likod ko habang nagpapaalam kay Charles. Naiimagine ko na ang awkward silence na babalot sa amin sa elevator kaya nagpasya akong sa hagdanan kami dadaan.

“You trying to stay away from awkward moments?” Bulong niya sa likod ko.

Dammit, Elijah. Will you stop being so…

“Umalis na lang tayo, pwede ba.” Sabi ko habang pababa sa second floor.

“Umaalis naman talaga tayo.” Humalakhak siya.

Oh. I did not push his asshole button. Tumahimik na lang ako nang nakababa na kami at naaninag ko na ang sasakyan niya. Pumunta agad ako

sa may front seat at hinintay na patunugin niya ang alarm.

Tiningnan ko siya ng matalim nang nakalapit na siya sa akin ngunit di parin bukas ang mga lock ng sasakyan. Hinawakan niya muna ang pintuan ng sasakyan bago niya iyon pinatunog at binuksan para sa akin.

“You don’t have to do this.” Sabi ko agad habang matalim siyang tinitigan.

“I want to do this.”

Tinikom ko na lang ang bibig ko bago ko siya masigawan ulit ng tungkol sa pagiging magpinsan namin. Goodness gracious. This is driving me insane!

“If I want to be sweet, it’s none of your business.” Aniya nang nasa front seat na siya at inaatras na ang sasakyan para makaalis na kami sa Montefalco Building kung saan naroon ang bahay namin.

“You don’t have to be sweet. I’m just your cousin.” Sabi ko nang mas marahan kahit gusto ko na siyang sigawan.

“You are Klare. And I want to be sweet to you because-”

“Stop it, Elijah…” Banta ko.

Nilingon niya ako nang nakakunot ang noo. He sighed heavily. I want to sigh, too. Kaya lang ayaw kong maramdaman niyang pareho kaming dalawa. We need to stop. I’m trying my best. He should, too.

“If I’m in love with you, it’s none of your business.” Bulong niya habang tamad na nag didrive sa green light.

Pinanood ko na lang ang mga sasakyan sa labas para maitago ko ang mga paru-paro sa tiyan kong mapangahas na nabubuhay para sa mga salitang binibitiwan niya. This is forbidden. He’s forbidden.

Nagulat ako nang may biglang malaks na bumusina nang pinaharurot niya ang sasakyan sa pulang ilaw ng traffic light. Bumilis ang pintig ng puso ko at halos mapamura ako sa ginawa niya.

“What the?” Sigaw ko at tiningnan ang seryoso at nakabusangot niyang mukha.

He’s driving with just one hand. I want to punch him! Kung gusto niyang magpakamatay, wa’g niya akong idamay!

“Red light, Elijah, are you blind?” Singhal ko.

“No, Klare, I’m not blind. Kitang kita ko ang red light. But I want you to know that I’m serious. I can die breaking the rules.”

Nanuyo ang lalamunan ko. Hindi na ako makapagsalita. Kahit noong pinapasok niya na sa school grounds ang sasakyan niya ay wala na akong nagawa kundi tumahimik. Hindi ko na mapigilan ang damdamin ko pero alam ko sa sarili kong dapat. Alam ko kung ano ang tama at iyon ang panangga ko. Iyon lang.

Mabilis akong umalis sa sasakyan niya pagkapark niya. Halos patakbo akong umalis doon at pakiramdam ko naubos ang dugo ko sa mukha dahil sa lamig nito. Dire-diretso ako sa registrar ng school namin kung saan namimigay ng grades.

Maraming tao. Nakipag kawayan pa ako sa mga kilala ko ngunit hindi ko maalis sa mukha ko ang pirmanenteng pagkawindang.

“Huy!” Agad akong kinalabit ng nilagpasan kong mga kaibigan.

Sa sobrang pagiging preoccupied ko ay hindi ko sila nakita. Sumingit ako sa linya nila. Mas mabuti nga ito. Nandito sina Hannah, Liza, Julia, at Claudette.

Hindi ako makatingin sa titig na titig na si Claudette sa akin kahit na alam kong kakausapin niya ako.

“Kinuha na ni Kuya Azi ang kanyang grades kasama si Josiah kanina, Klare. Ang sabi niya di raw sasama si Elijah sa kanya kasi kayo daw magkasama.” Ani Clau.

Oh God. Her she goes.

“Ah, oo, hinatid-”

“Ah! There he is!” Kumaway si Claudette sa taong nasa likod ko.

Bumungisngis agad ang mga kaibigan ko. Of course he’ll be here. He will find me. He can always find me.

“Pwede kang sumingit dito, Elijah.” Tumawa si Liza. “Dito sa tabi ni Hannah.”

“Thanks.” Narinig ko ang ngisi sa tono ng boses ni Elijah.

Tumunog ang cellphone ko at nakita kong si Eion ang nag text. Binasa ko iyon at nabigo sa text niya.

Eion:

Good morning, Klare. Just woke up. Nasa school ka? Ngayon ka ba kukuha ng grades at mag eenrol?

Err. Parang mas gusto kong sumama kay Eion kesa kay Elijah. At least Eion’s safer. Kaya lang, aasa siya pag sa kanya ako sasama. Paano ba ‘yan, e, punung puno na ako ng Elijah sa katawan ko? I don’t even know kung may chance ba ang kahit sinong lalaki pag manligaw sila sa akin. Gusto kong maging kaibigan si Eion pero paano ko siya kakaibiganin kung masasaktan ko siya?

Ako:

Yup. Ngayon siguro.

Agad siyang nag reply.

Eion:

Sasabay sana ako. Tinanghali ako ng gising. See you around. Pupunta siguro ako mamayang hapon.

“Naku! Saan kayo mag lu-lunch, Klare? Pwede pasabay?” Tanong naman ni Julia habang tinitingnan ang nahihiyang si Hannah.

“Oh. Klare and I have some other plans.” Napatingin ako sa sumagot na si Elijah. “May gagawin kaming dalawa pagkatapos dito.”

Nalaglag ang panga ko sa sinabi niya. Napatingin agad ako kay Claudette na may makahulugang pag angat ng labi.

“And what are your plans, Elijah?” Tanong niya.

“Naku! Sayang naman. Di ba kami pwedeng sumingit man lang sa plans ninyong iyan?” Tumawa si Liza na binawi naman agad sa kahihiyan kay Elijah.

“May lakad lang kami, Clau.” Sagot ni Elijah.

Dahan-dahang tumango si Claudette. “Mga lakad na hindi pwedeng sabihin. Okay.” Aniya at binaling ang tingin sa linya.

Matalim kong tinitigan si Elijah. I can’t believe him. Kung mabubuking kaming dalawa, I swear it’s all his godamned fault!

<h1>Kabanata 24</h1>

<hr>

Kabanata 24

*OceanofPDF.com*

With Other Girls

Hindi ko alam kung bakit sumusunod ako kay Elijah sa sasakyan niya. Kahit nakabusangot ang mukha ko ay nagawa ko paring pumasok at mag seatbelt.

This isn't a date. Kakain lang kami sa labas. Mag lu-lunch. Kung saan pwedeng mag lunch na kaming dalawa lang dahil nakakaasiwa naman talaga pag may ibang taong nakatingin sa amin lalo na pag kilala.

"Saan mo gustong kumain?" Kalmado niyang tanong habang pinapaandar ang sasakyan.

Nakikita ko sa malayo ang mga titig ni Rafael sa sasakyan ni Elijah. Nasa isang bench siya katabi ang dalawang matangkad at magandang babae ngunit ang titig niya ay sa sasakyan ni Elijah. Buti na lang at tinted itong salamin niya, hindi niya makikita kung sino ang kasama ni Elijah sa loob.

Nakita kong tumayo si Rafael nang lumapit na sa benches ang sasakyan ni Elijah.

"Kumakaway si Rafael. Isama natin siya." Sabi ko nang narealize na magandang ideya 'yon.

Hindi kami magiging masyadong awkward pag nandyan si Rafael. Ngunit hindi 'yon pinansin ni Elijah. Halos marinig ko nga ang mura ni Rafael nang nilagpasan lang ni Elijah ang kanyang kaway.

"Gusto niyang sumama." Sabi ko.

Umiling si Elijah at diretso ang titig sa kalsada. Tinitigan ko rin siya dahil hindi ako makapaniwalang di niya pinansin si Rafael.

Sumulyap siya sa akin pagkaliko, "What?"

"Sana sinama mo si Rafael!" Utas ko.

"I want us to be alone. Hindi ba pwede?"

Oh dammit! Really? I can’t believe this. Tumingin na lang ako sa labas habang nagdadrive siya patungo sa isang mall.

“So… Saan mo ba gustong kumain?” Tanong niya ulit.

“Just… anywhere.” Sabi ko dahil ayaw ko ng mag isip kung saan pwede.

Niliko niya iyon sa isang mall. Humina ang takbo niya dahil namili siya sa mga restaurant sa Rosario Arcade. Do we really need to eat somewhere here?

“Sa Mcdo na lang, Elijah.” Sabi ko nang nakitang papalapit na kami roon.

“Missy Bon Bon.” Utas niya at tinuro ang isang medyo may romantic na ambience.

Oh great God. Tinigil niya ang sasakyan niya sa tapat. Medyo napatango na lang ako kasi nakita kong over crowded ang Mcdo at itong Missy Bon Bon naman ay nasa dalawang tao lang ang nasa loob.

Lumabas na ako sa sasakyan niya at agad na tumungo sa puting pintuan ng Missy Bon Bon. May mga puting tables sa loob at meron din sa veranda nito. Romantic ang ambience at masasabi kong pang ‘date’ ang lugar na ito. Hindi rin masyadong heavy ang mga meals. Bakit niya pa ito pinili?

Binuksan ni Elijah ang pintuan para sa akin. Naunahan niya pa ako. Suminghap ako at pumasok na lang sa loob. Sumunod naman siya. Hinarap ko ang counter para mamili ng pagkain at nasa likod naman siya para mamili din.

“Ham Pesto tsaka juice na lang ‘yong akin.” Sabi ko sabay kuha ng pera sa wallet.

“Keep your wallet and don’t insult me.” Aniya habang nakapamaywang at tinitingnan ang mga pagkain sa menu.

“What do you mean?”

Binaba niya ang tingin niya sa akin. “Find us a seat. Ako ang bahala sa lahat, Klare.”

“Elijah, sa mga pinsan natin halos patayan para lang makakuha ng libre-”

“Hush.” Sabi niya at kinausap na ang babaeng nasa counter.

Nakaawang ang bibig ko at hindi na nakapag salita nang nag order na siya at binayaran ang lahat ng iyon. Kung si Azi ang kasama ko dito, siya pa ang mag mamakaawa sa aking manlibre ako sa kanya. Ganun ‘yon dapat, hindi ba? Ugh!

“Klare Montefalco?” May narinig akong excited na boses sa likod ko.

Nakita kong nasa isang malaking table at mag isa ang isang babaeng naka puting loose t shirt at naka shorts lang. Excited niya akong kinawayan kahit na hindi naman kami ganon ka close. Hilaw akong ngumisi kay Cherry.

“Lika dito!” Aniya at naglahad ng upuan sa akin. “Nakakuha ka na ba ng grades mo? Ako hindi pa, e.” Sabay tapik ulit sa upuan.

Seryoso ba siya? Gusto niyang diyan ako umupo sa tabi niya. At isa pa, nandito si Elijah. Ibig sabihin doon kami uupo sa tabi niya?

Ngumisi ulit ako at unti-unting lumapit sa kanya.

“Oo, nakuha ko na kanina.” Sabi ko.

Buti na lang maayos ang grades ko. Maayos din ang kay Elijah. Lagi naman. Napatingin siya sa likod ko at nakita kong namilog ang labi niya nang nakita kung sino ang naroon. The effing swagger is behind me and she’s drooling like an idiot.

“OMG! Dito na kayo umupo!” Sabi niya at ipinakita ang malaking table niya na bakanteng bakante.

Will this be better? Mas maganda nga ba kung may iba kaming kasama?

“Okay.” Sabi ko at umupo sa tabi ni Cherry.

Nag taas ng kilay si Elijah sa akin.

“Actually, Cherry, mas gusto namin ni Klare ang ambience sa labas-”

I cut him off, of course. “Hindi. Okay lang dito, Elijah.”

Nagkibit balikat siya at umupo sa harap namin ni Cherry. Ngiting ngiti si Cherry habang kaharap si Elijah.

“Asan ang ibang cousins niyo?” Tanong niya.

“Sina Azi ba ang tinutukoy mo? Nasa school silang lahat.” Ani Elijah.

“Oh so kayong dalawa lang?”

Tumango si Elijah at tumingin sa akin.

“Galing akong gym. Dito ako kumakain kasi hindi heavy ang meals nila tsaka tamad akong gumawa ng sarili kong meals.” Wika ni Cherry.

“Oh? Saan ka nag g-gym?” Tanong naman ni Elijah.

So, I’ll probably pretend that I’m a ghost? Teka lang. Hayaan mo na ‘yan, Klare. Mas malapit ang dalawa, mas mabuti. Baka mawala na ‘yang kung anong infatuation ni Elijah para sa’yo and things will be back to normal.

“Sa Perfect Line, madalas. Papalit palit kasi ako, e.” Nagkibit balikat si Cherry at hinawi ang takas na buhok sa kanyang tainga.

Tumango si Elijah.

“Bakit? Saan ka ba nag ji-gym?” Tanong ni Cherry at humilig kay Elijah.

Dumating ang pagkain. Ginugutom ako kaya nagsimula akong lumantak doon. Bahala si Elijah kung masyado pa siyang na eentertain kay Cherry at sa usapang gym nila. Ang importante ay makakain ako.

“Sa Atlantis. Kasama ko si Klare, madalas. Pero pagkatapos ng birthday niya, di na siya bumalik.” Tumawa si Elijah.

Pinanood ko lang ang tawanan ng dalawa.

“It’s okay. Maganda na naman ang katawan ni Klare. Ang payat niya nga.”

“Payat ka rin naman.” Elijah said.

Halos mabilaukan ako sa sinabi niya. Alam ko. Wala namang kung ano doon sa sinabi niya pero bakit kaya parang pinipiga ang puso ko. Uminom ako ng juice at nagpatuloy ulit sa pagkain.

“No. Kailangan kong mag cut. I’m paranoid.” Tumawa ulit si Cherry. “Anyway, maganda ba sa Atlantis? Lilipat na ba ako doon?”

“Yup. Maganda doon. Doon na ako noon pa, e. Aside from Sport Zone, noon.”

“Naku! Sige, lilipat ako doon next week.” Ani Cherry. “Anong sched mo?”

Nagpatuloy sila sa pagtatalakan habang kumakain ako. Kumakain din si Elijah pero madalas ay napuputol dahil sa umuulang tanong ni Cherry. Tapos na akong kumain at pinanood ko na lang ang dalawa na nag kakasundo.

Kung wala ako dito, magandang date siguro itong mangyayari sa kanilang dalawa. Pero dahil nandito ako, pigil. I’m not even sure if they’re holding back. Mukha namang hindi.

“Excuse me, powder room lang.” Sabi ko nang naumay na sa usapan nila.

Nag angat ng tingin si Elijah sa akin. Ni hindi ko siya tiningnan ng umalis ako. Dumiretso ako sa CR at nagpasyang pagkalabas ay yayayain ko na siyang umalis o pumasok man lang sa mall para mawala kay Cherry. Bakit ko ba gustong mawala si Cherry? Hindi ba ito naman ‘yong gusto kong mangyari? Ang ma divert ang atensyon ni Elijah kay Cherry?

Pagkalabas ko ay nagulat ako nang nakatayo na ang dalawa malapit sa pinto. Nagtaas ako ng kilay at nagtaka sa kanilang dalawa. Nagtaas din ng kilay si Elijah.

“So, Cherry, we need to go. May pupuntahan lang kami ni Klare sa loob ng mall.” Sabi niya.

“Oh? Manonood kayo ng sine?” Nagningning ang mga mata ni Cherry sa sinabi niya.

“Nope, may bibilhin lang.” Singit ko.

Ayaw kong maisip niyang manonood kami ng sine at sasama siya. Hindi ko alam kung ano ang gagawin namin ni Elijah sa loob pero gusto ko na lang pumasok at iwan si Cherry dito.

“Oh? Can I hang out with you guys for a little while?”

Hindi ako makapaniwala sa sinabi niya. Kung ako ang nasa lugar niya, hinding hindi ko kayang mag yaya ng ganon.

“Oh, pero kung hindi pwede-”

“No, no, it’s okay.” Sabi ko agad nang nakita ang bigung mukha ni Cherry.

Kumunot ang noo ni Elijah sa akin. Nag iwas na lang ako ng tingin sa kanya at lumabas na kami sa Missy Bon Bon para pumasok sa loob ng mall. Ang totoo ay wala naman talaga kaming bibilhin ni Elijah. Kaya nag isip na lang ako ng maaring bilhin para hindi magtaka si Cherry.

Naisipan kong bumili ng mga ballpen at bagong notebook para sa nalalapit na pasukan ngayong November. Kitang kita na ang mga decoration ng halloween. Tawa nang tawa si Cherry habang tinuturo sa National Book Store ang kani kanilang mga mask para sa halloween.

“By the way, si Silver Sarmiento ay mag ho-host ng Halloween Party sa Club Tilt. Yung proceeds ng party ay pupunta sa mga biktima ng bagyo. Sasama ba kayo? Namimili na ako ng damit. Siguro mag wa-white lady ako o princess. It depends, costume party lang naman ‘yon.”

“Nabanggit nga ni Chanel ‘yon. Maybe I’ll come if she comes.” Sabi ni Elijah sabay turo sa akin.

“Oh? Bakit magkadugtong kayo?” Tumawa si Cherry.

Matalim kong tinitigan si Cherry sa sinabi niya ngunit hindi niya iyon napansin. Binalewala ko na lang iyon. Whatever. Pumila na ako sa counter para bilhin ang lahat ng pinili ko. Nagulat ako nang nakitang ang binili ni Elijah na mga gamit ay halos tulad din ng sa akin. Kinuha niya pa ang mga ‘yon at siya na ang pumila doon.

“I really like this book.” Sabay pakita ni Cherry sa isang librong may erotic cover. Isang babae na mukhang nakagapos at lalaking may dalang latigo. “Sana may magbigay nito sa akin sa birthday ko.”

“Kailan ang birthday mo?” Tanong nI Elijah.

Kinailangan kong lumayo sa kanilang dalawa. I did not like it. Bumigat ang damdamin ko lalo na nang nag yaya si Cherry na pumunta sa Worlds of Fun.

“That’s too corny.” Tumatawa si Elijah.

“Hindi, kasi may gusto akong kunin na stufftoy pero talagang walang nakakakuha nun sa friends ko. Maybe you’ll get it, Eijah.”

Multo na lang ako dito sa gilid ni Elijah. Pasulyap sulyap siya sa akin pero palaging inaagaw ni Cherry ang atensyon niya. Ni wala na akong ganang magsalita dahil sa bigat ng nararamdaman ko sa dalawa.

“I’ll buy the tokens.” Sabi ni Cherry at naglabas ng wallet.

“No need. Won’t let a girl pay for me.” Magarbong sinabi nI Elijah habang bumili ng maraming tokens.

Dammit! Nag wawala ang mga paru-paro sa tiyan ko. Hindi dahil kinikilig ako kundi dahil… Ugh!

Lumapit kami doon sa tinurong booth ni Cherry kung saan naroon ang isang teddy bear na gusto niyang makuha. Natatangi iyon. Kulay pink na nakahalo sa mga kulay white na teddy bear.

“Which stuff toy do you want, Klare?” Tanong ni Elijah at tumingin sa akin kahit na panay na ang turo ni Cherry ng kulay pink na teddy bear.

“Any. Wala namang iba diyan. Pareho naman silang puti.” Malamig kong sinabi.

Kumunot ang noo niya. Maaring narinig niya sa tono ko ang pagkakabanas. I don;t really care.

Hinulog niya ang token at sinubukang kunin ang puting teddy bear na mukhang madaling kunin.

“Hindi ‘yan, Elijah. The pink one.” Utos ni Cherry.

“I know. I’m getting a stufftoy for Klare first.” Aniya.

Naubos ang sampung token at hindi niya pa rin nakuha ang stuff toy na gusto niyang kunin. Okay lang naman ‘yon sa akin. Hindi naman ako desperada para makuha ‘yong stufftoy.

“Elijah. Try the pink one.” Sabi ko nang narealize na hindi siya titigil sa mga puting teddy bear.

“This is frustrating. I don’t like this game.” Aniya.

Tumawa si Cherry at nakita kung gaano ka banas si Elijah sa larong iyon.

Umupo na lang ako sa isang bench at pinagmasdan na sinusubukan ng dalawang kunin ang pink na teddy bear na gusto ni Cherry. Laking gulat ko nang unang subok pa lang ay nakuha niya agad ito! Tumawa si Elijah at napatalon si Cherry.

Napatingin halos lahat ng tao sa kanilang dalawa dahil sobrang saya nila. Kinuha ni Cherry ang stufftoy at niyakap niya si Elijah. Nagulat si Elijah but he didn’t push her away. Bumaliktad na ang sikmura ko at napapaso na ako sa kakatingin sa dalawa.

“Thank you, Elijah! I knew it! Kaya mong kunin ‘yon! Ang galing mo! Sa dami ng nanligaw sakin at pinapakuha ko ‘yon? Ikaw lang talaga ang

nakakuha! Thank you so much!” Sabi ni Cherry at pinulupot niya ang kanyang braso sa leeg ni Elijah at hinalikan niya ito sa pisngi.

Natigil na ako sa paghinga. Yumuko na lang ako sa bench na kinauupuan ko at nag dasal na sana kinain na lang ako ng lupa. I didn’t like the picture. Naramdaman ko ang unti-unting pag kulo ng damdamin ko. Nilingon ako ni Elijah ngunit di ko alam kung anong binibigay niyang ekspresyon.

“Thank you!” Patiling sinabi ni Cherry.

“So… I’ll try the white ones for Klare.” Utas ni Elijah at binalingan ulit ang machine.

“Huwag na.” Malamig kong sinabi at tumayo sa kinauupuan ko.

“I will try, Klare.” Mariin niyang sinabi.

“I want to go now.” Sabi ko.

“Bakit, Klare? You okay? Masakit ba ang tiyan mo?” Concerned na tanong ni Cherry.

“Nope. I just want to go.” Sabi ko at tinitigan ang nakakunot noong si Elijah.

“No, I will give you the teddy bear.”

“If you wanna stay, Elijah. Then stay. Uuwi ako.” Sabi ko at hindi na inisip ang sasabihin ni Cherry.

Hindi ko na napigilan ang pag alis doon. Umalis ako ngunit naramdaman ko agad ang mga yapak na mabilis ni Elijah na sumusunod sa akin.

“Klare.” Tawag niya ngunit di ko siya nilingon.

Diretso akong sumakay sa escalator. Sumakay din siya. Hindi ko alam kung kasama niya ba si Cherry o ano. I don’t care. If they want to date then date all you want. Wag niyo akong isama.

“Klare.” Aniya at hinawakan ang braso ko.

Pagkahawak niya ng braso ko ay pakiramdam ko mababasag na ako sa pag iyak. Nasa gilid na ng mga mata ko ang luha at hindi ko na alam kung paano sila papabalikin sa loob. Maraming tao at hindi pwedeng umiyak ako dito. Kung pwedeng tumakbo palabas ay gagawin ko na.

“Klare! If you want to go, then we will go. Just don’t get mad at me.” Sabi niya habang sinusundan niya parin ako. “Wrong way, baby. Nandito ang sasakyan ko sa kabilang pinto.” Aniya nang nakitang nasa South Promenade ako dumaan.

Hinila niya ako nang narealize na hindi talaga ako pupunta sa sasakyan niya. Dammit! I don’t wanna be with you!

Hinarap niya ako at kinaladkad patungo sa kabilang pintuan ng mall. Wala siyang sinabi at hinigit niya lang ako. Hindi ko na mapigilan ang pagbuhos ng luha kong agad kong sinasalo sa mga palad. Hindi niya kailangang makita ang pag luha ko para lang sa mga estupidong rason.

Pumiglas ako sa kamay niyang mahigpit na nakahawak sa pulso ko. Kahit alam kong hindi ko ‘yon mababawi ay sinubukan ko parin.

“Where do you wanna go now?” Tanong niya nang palabas na kami.

Nilingon niya ako at natigilan siya nang nakita ang basa kong pisngi. I looked away. Mga walang hiyang paru-paro. Why we’re they called butterflies in my stomach. Mas bagay ang demons in my stomach. Butterflies are much cuter. Demons ‘yong dapat. Dahil nanunusok at nagwawala ang mga ito.

Pinunasan niya ang pisngi ko gamit ang kanyang daliri at pinagmasdan niya akong mabuti. Nakatingin lang ako sa baba. Hindi ko siya matingnan.

“I want to go.” Nanginginig kong sinabi.

“Yes. We will go. I’m sorry.” Sabi niya at niyakap ako ng mahigpit.

Hinalikan niya ang ulo ko na siyang mas lalong nagpaiyak sa akin. Dammit! I am in love with him and it’s all so wrong. Hindi ko alam kung matatanggap ko ba ang kahibangang ito. Hindi ko alam kung paano niya nagagawang tanggapin ang lahat ng ito.

“I don’t like you with other girls.” Utas ko nang kinalas niya ang yakap niya sa akin para higitin ako patungo sa sasakyan niya.

Halos matawa siya pero malungkot ang kanyang mga mata. “I don’t like you with other boys, either.”

<h1>Kabanata 25</h1>

<hr>

Kabanata 25

*OceanofPDF.com*

Lilies

Hinatid na ako ni Elijah sa bahay. Walang kibuan. Buong akala ko ay aalis rin siya pero nagulat ako nang lumabas siya sa sasakyan at sinamahan pa ako paakyat ng bahay. Hindi parin ako kumakalma. Naroon parin ang pait sa pakiramdam ko kaya hindi na ako nagsalita. Baka kasi ano pa ang masabi ko.

“Oh, na enrol ka na ba?” Tanong ni mommy pagkakitang pumasok ako sa amin.

Nasa kusina siya at kumukuha ng meryenda para kay Charles. Alas tres na ng hapon at walang pasok si Charles ngayon dahil sembreak kaya malamang ay tulog ang isang ‘yon. Hinalikan ko si mommy nang di siya tinitingnan.

“Hindi pa po. Bukas na lang siguro.” Sabi ko habang nakatingin si Mommy kay Elijah na nasa likod ko.

“By the way, galing dito si Damon at Rafael. Gusto daw nilang lumabas mamayang gabi. Naku!” Ngumuso si mommy.

Umupo si Elijah sa sofa at pinanood kami ni mommy na nag uusap. Nagulat ako sa reaksyon ni mommy. Hindi niya naman ako madalas pinagbabawalang lumabas pero mukhang ngayon ay napuno na siya.

“Wa’g ka ng lumabas ngayong gabi.” Aniya.

“Huh?”

Hindi naman sa gustong gusto kong lumabas ngayong gabi. Ang totoo niyan ay okay lang sa akin kung dito muna ako sa bahay para magpahinga pero nakapagtataka ang pambabawal ni mommy.

“Mahirap na. Kung gusto ng mga pinsan mo na lumabas. Sa roofdeck na lang kayo, Klare. Ipag luluto ko kayo. Mag gogrocery kami mamaya ng daddy mo, bibilhan ko kayo ng ribs tsaka oorder tayo ng pizza. Name it. Wa’g lang muna kayong lumabas.”

“Bakit naman po?”

Hindi makatingin si mommy sa akin. Imbes ay tumingin siya sa nakakunot noong Elijah. “Tell your cousins.”

“Opo.” Ani Elijah at kinuha agad ang cellphone niya.

Hindi ko alam kung anong problema ni mommy. Probably just another paranoia attack from parents, huh? Nakita kong nag tatype ng kung ano si Elijah sa cellphone niya.

“Saan ba ‘yong lakad? Kung gusto niyo, kayo na lang. Di ako sasama.” Sabi ko.

“Sabi ni Chanel, magkikita kita lang naman daw tayo bago mag November. Ang sabi niya ay bibigyan niya raw tayo ng tickets para don sa hinohost na Halloween Party ni Silver.”

Oh. Iyon ‘yong sinasabi ni Cherry. Nag iwas ako ng tingin sa kanya dahil naalala ko na naman ‘yong nangyari kanina. Suminghap siya at nakita ko sa gilid ng aking mga mata ang pag lapit niya sa akin.

“Kung ayaw mong lumabas, o ayaw mo sila dito, then I will tell Chanel that we won’t come.”

“Elijah, kung gusto mong sumama, edi sumama ka.” Sabi ko.

Umiling siya. Nag angat ako ng tingin sa kanya.

Biglang bumukas ang pintuan ng bahay namin at nabasag ang boses ni Erin. Lumayo agad ako kay Elijah at lumapit na lang sa fridge namin.

“THERE YOU ARE!” Sigaw ni Erin habang tumatawa.

“What?” Tanong ni Elijah sa pinsan namin.

Nakita kong kasama ni Erin si Josiah at si Claudette. Nakatayo si Claudette na parang di makabasag pinggan sa gilid ng aming vase habang umupo si Josiah sa aming sofa.

“Don tayo kina Claudette ngayon. Swimming tayo sa pool na araw-araw iniihian ni Azi!” Tumatawang sambit ni Erin.

“Shut it, Erin. That’s just disgusting.” Maarteng sinabi ni Josiah.

“We won’t come.” Mariing sinabi ni Elijah.

“Huh? Bakit?” Kinagatan ni Erin ang apple na nasa mesa namin.

Narinig kong bumukas ang kwarto nina mommy at daddy. Lumabas silang dalawa. Naka shorts lang at white t shirt si dad. Habang si mommy naman ay bihis na bihis.

“Hello, tita!” Dinagsa sina mommy at daddy ng mga pinsan ko.

There. Malalaman nilang hindi ako pwede dahil pinagbawalan ako ni mommy.

“Hello, Erin!” Sabi ni mommy habang hinahalikan ang mga pinsan ko. “Narinig ko kay Rafael na kina Dette Dette daw kayo tonight? Sorry, I won’t allow Klare to go?”

“Tita naman. Ang KJ. Bakit po? Is she grounded?” Tanong ni Erin.

“No, she i-isn’t.” Tumingin si mommy kay Dad na kinukuha lang ‘yong newspaper sa mesa. “Kung gusto niyo. Dito na lang kayo sa bahay. Sa roofdeck. Pwede rin kayong mag sleepover. I will provide everything except for your drinks.” Sabi ni mommy.

“Okay lang, Erin. Hindi rin naman gusto masyado ni Kuya sa bahay kasi nauumay siya.” Sabi ni Claudette.

“I’m cool with that, too. Hindi naman ako desperado sa swimming. Kayo lang ni Chanel ang Desperado sa swimming.” Utas ni Josiah.

“It’s decided, then?” Ngumisi si mommy at tumingin sa akin.

Bigo si Erin ngunit mukhang wala siyang magagawa. I’m sorry for her. Okay lang naman talaga sa akin kung pumunta sila doon nang hindi ako

kasama.

“Why is tita acting strange? Kina Azrael lang naman tayo.” Bulong ni Erin habang ipinagkibit balikat.

Paalis na sina mommy non. Tumingin siya sa akin bago siya tuluyang lumabas.

“Klare, paki kuha rin nga pala ‘yong inorder kong fresh flowers sa baba. Sa flowershop nina Kristal. Sabihin mo ‘yong lahat ng inorder ko for your lolo’s grave. Ilagay niyo ni Elijah sa pinrepare kong baldeng tubig malapit sa kwarto ni manang.”

Tumango ako. Bumaling si mommy kay Erin.

“Anong mga gusto niyo, Erin? Name it.”

Syempre, naging mas pabor iyon para kay Erin dahil nakakarequest siya ng kahit ano kay mommy para lang mangyari ‘yong gusto nilang hang out. Ayun at nag request nga siya ng mga pagkain.

“The guest rooms are open for everyone. Kayo lang bang magpipinsan?” Tanong ni mommy.

“Hindi po, tita. Some of my friends are coming over at ‘yong manliligaw ho ni Klare na si Eion Sarmiento and some friends of Josiah. Will it be okay?”

Medyo nagulantang si mommy sa sinabi ni Erin.

Kilala na ni mommy si Eion at alam niyang may crush ako dun. Ang hindi niya alam ay ang panliligaw ni Eion.

“Nanliligaw na si Eion sa’yo, Klare?” Tanong ni mommy na hindi ko nasagot.

Tumawa si Erin sa reaksyon ko.

“Okay, nevermind. Well, then. Just make sure na ‘yong girls na guest room ay sa girls lang at ang boys ay para sa boys.”

Umalis din si mommy at humagalpak sa tawa si Josiah at Erin dahil doon. Umiling na lang ako. Paano ko sasabihin sa kanilang tinanggihan ko na si Eion noon sa Camiguin. Tahimik lang si Elijah sa gilid ko. Ni hindi ko siya matingnan.

“Tara na, Elijah. Let’s leave Klare here. Bili tayo ng liquors.” Sabi ni Josiah pagkatapos inoff ang TV.

“No. I’ll stay here.” Aniya.

“Huh? Sige na. We’ll fetch Erin’s friends. Alam mo na, sina Hannah? Tara na, dude!”

“Ikaw na lang, Josiah.”

Nakita kong nalaglag ang panga ni Josiah sa sinabi ni Elijah. Humalakhak si Claudette. Napatingin ako sa kanya kaya tinakpan niya ang bibig niya at hinila si Erin palabas ng bahay.

“Let’s go, Erin. Bibili pa tayo ng liquors. Klare has some errands to do.” Aniya at nagpatianod naman si Erin.

“Where the hell are your balls? Grabe, Elijah, ito pala ‘yong sinasabi ni Azi. Dude! Get a life! Nabigo kaba sa huling niligawan mo?”

Humagalpak sa tawa si Elijah. “Wala akong huling nilagawan, Josiah. Get out of here.”

Nag inisan ang dalawa. Umiling na lang ako at kumaway na si Josiah.

“We’ll be back by five. Bye.” At umalis na.

Bumuntong hininga ako at nilapitan ‘yong sinabi ni mommy na mga balde. Nakita ko nga ‘yon malapit sa kwarto ni manang. Kukunin ko na lang ‘yong mga bulaklak kina Kristal at ilalagay doon.

“Elijah, ba’t di ka sumama kina Josiah?”

Hindi ko maitago ang tabang sa boses ko. This is why everything is so complicated. Alam na alam ko na hindi kami pwedeng dalawa pero ayaw ko namang mapunta siya sa iba? Kung pwede lang maging bulag at bingi sa mangyayari sa kanya pag nakahanap ng iba ay magbabayad ako para lang maging ganon.

I'm jealous and insecure of all the girls who can be with him. Iyon ang hindi ko kailanman maaalis sa sistema ko. Dahil sila, hindi sila related sa kanya. Pwedeng pwede. Ako, mahalin niya man ako, mahalin ko man siya, hindi parin talaga kami pwede. This is a disgrace to the Montefalcos. This is a big slap to our family. Hindi ko kailanman narinig sa mga tita ko na may ganitong nangyari sa aming pamilya. Madalas ay nirereto kami sa mga malalaking pamilya, pero hindi 'yong nirereto sa isang relative. Never. It's a disgrace, a stain on our names.

"Bakit ako sasama?" Tanong niya habang sinusundan akong pababa ng building para kunin ang mga bulaklak.

"You'll find some girls there. You'll have Hannah or anyone-"

"Klare, pwede bang tigilan mo na ang panunulak sa akin sa ibang babae?" Angal niya. "You've been doing that to me for weeks now. Akala mo hindi ko napapansin."

Hindi na ako nagsalita. Paano ko 'yon titigilan kung 'yon ang satingin ko ay tama? I will never give that idea up, of course. Paano ko siya kukumbinsihin na ganon nga dapat? I don't know.

"Kristal." Ngumisi sa akin ang isang nasa mid twenties na babaeng naka itim na apron at kulot ang buhok.

Si Kristal ang asawa ng may ari nitong flowershop na nangungupahan sa building namin. Kapag kailangan namin ng bulaklak, dito kami kumukuha sa kanila. Maraming orders ngayon dahil palapit na ang undas. Ngumisi siya sa akin at para bang alam niya agad ang pinunta ko dito.

"Para sa lolo at lola mo?" Tanong niya.

Tumango ako at naghintay sa may counter habang pinapanood siyang kinukuha ang bundle ng mga bulaklak sa baba.

“Hendrix, ‘yong mga lilies ang gusto ng lola mo. You should buy some for her.” Anang isang matigas na boses ng matandang lalaki.

Luminga linga na ako. Narito si Elijah sa gilid ko ngunit pinagmamasdan niya ang isang bundle ng roses sa tabi. Hendrix? Hendrix Ty ba?

“Yes, dad.” Narinig ko ang pamilyar na boses ni Hendrix Ty sa kabilang banda ng flowershop.

“Kuya.” Mas malamig at mas malalim na boses ang tumawag nito sa kanya.

“Huh?”

Tinaas ko ang leeg ko at doon ko nakita na sabay na tumingin si Hendrix at ‘yong kapatid niyang si Pierre sa akin. Kitang kita ko ang panlalaki ng mga mata ni Hendrix habang si Pierre naman ay nakataas noo at poker faced lang na nakatingin sa akin. Silang dalawa ay parehong naka jersey pa.

“Here, Pierre.” Sabay bigay ng isang medyo kasing tanda ni Daddy na filipin-chinese.

He is most probably their dad. Kamukhang kamukha ng daddy niya si Pierre. Hindi sila gaanong chinito ngunit alam mong may lahi silang Chinese dahil sa kutis at dahil na rin sa mga mata.

Natigilan ang matanda sa pagtingin sa akin. Kumunot ang noo ko sa kakatingin sa kanila. Nakita kong nilapitan ni Hendrix ang kanyang ama at mukhang may binulong at parang inalalayan ito palabas ata ng flowershop.

“It’s creepy coz she looks just like me. Like a girl version of me.” Sabi ni Pierre habang nakatingin sa akin.

“Eto na, Klare.”

Halos mapatalon ako sa boses ni Kristal nang binigay sa akin ang bundle ng mga binili ni mommy. Inabot ‘yon ni Elijah at mukhang may pahabol pang

binili na mga roses. Nilingon ko ulit sila ngunit lumabas na roon si Hendrix at iniwan ang weird looking na si Pierre doon na may dala dalang mga lilies.

“Miss, bibilhin ko ito.” Sabi niya kay Kristal habang nakatingin parin sa akin.

“Okay po.” Sabi ni Kristal.

“Hey, let’s go.” Wika ni Elijah.

Nakita kong siya na ang may hawak sa mga bulaklak na binilin ni mommy. Kinuha ko ‘yong isang bundle dahil hiyang hiya ako sa kanya ngunit tinuro niya ang isang bouquet sa akin.

“‘Yon ‘yong sayo. ‘Yon na ang dalhin mo.”

Kinagat ko ang labi ko at kinuha ang mga bulaklak.

Ngumisi ako kay Kristal na nakakunot ang noong nakatingin sa aming dalawa ni Elijah. Hindi na ako kumibo. Ayaw kong may mahalata siya kahit wala naman talaga dapat.

Pagkalabas namin ay naabutan namin si Hendrix at ang kanyang ama na nag uusap. Sabay pa silang lumingon sa akin nang nakanganga. Kumunot lalo ang ulo ko.

“Bro!” Tumango si Hendrix kay Elijah.

Tumango rin si Elijah. “Let’s go.” Mariing sinabi ni Elijah sakin para pumasok na sa elevator ng building.

“Hey, Elijah!” Pahabol ni Hendrix nang nakapasok na ako sa elevator.

“Bakit?” Nakataas ang kilay ni Elijah.

Sinulyapan ako ni Hendrix bago siya nagsalita kay Elijah. “Basketball tayo? Isama mo mga pinsan mo. Sa Savier Estates. Katuwaan lang.” Ngumisi si Hendrix.

Tumango si Elijah. “Alright.”

“You can go too, Klare.” Sabay tingin ni Hendrix sakin.

“Why?” Agarang tanong ni Elijah.

“Uh…”

“Tsss. Don’t hit on her.” Banta ni Elijah at nag igting ang kanyang panga.

Umiling si Hendrix. “I’m not hitting on her, dude.”

“Deal, then.”

At kanyang sinarado ang pintuan ng elevator. Pabalik balik ang pagkuyom ng kanyang panga at hinarap niya ako. Tagos ang kanyang titig sa akin kaya hindi ko siya matitigan pabalik. Sa baba lang ang mga mata ko habang nasa kandungan ko ang bouquet na binigay niya.

“If they’ll try to hit on you and I’ll hit them too.” Malamig niyang sinabi.

<h1>Kabanata 26</h1>

<hr>

Kabanata 26

*OceanofPDF.com*

Cold

Dumating nga ang mga pinsan ko kalaunan. Tumulong si Elijah saming dalawa ni Manang sa paghahanda ng tables sa roofdeck. Mabuti na lang at nagpalit ako ng shorts at racerback kasi ang init init habang inaayos ang mga mesa at mga upuan. Naka bun ang buhok ko habang inaayos ang bawat upuan sa aming roofdeck. Let's say 20 kaming lahat dito mamaya.

Nagulat ako nang pinunasan ni Elijah ang takas na pawis sa leeg ko. Halos mapatalon ako palayo sa kanya. Kumunot ang noo niya sa reaksyon ko.

"Y-You're giving me a heart attack." Sabi ko dahil sa gulat.

"I think that's a compliment. I like giving you heart attacks." Ngumisi siya na siyang nagpakaba sa akin ng husto.

Nakahalukipkip ako sa sinabi niya. "Don't flirt with me, Elijah." Inirapan ko siya at iniwan doon sa kinatatayuan niya.

Narinig ko na lang ang halakhak niya sa malayo habang pinupunasan ko 'yong monoblock chair sa dulo. Narinig ko ang mga yapak niya papunta sa akin. Hindi ko na hinintay na mapunasan niya ulit ang pawis ko.

Inirapan ko na lang siya. Alam niyang aalis ako paglalapit siya kaya nanatili siya sa kinatatayuan niya at pinagmasdan akong mabuti.

"Why don't you help instead of just watching me?" Sabi ko nang nasulyapan ang pag lalaro sa ibabang labi niya habang nakatingin sa akin.

"I am trying to help. Pero ayaw mo." He chuckled.

"No, thanks."

Kung ang sinasabi niyang tulong na magagawa niya ay ang pag pupunas ng pawis ko ay huwag na lang. Mabuti na lang at umakyat na rin si Manang pagkatapos non. Tumulong si Elijah sa kay Manang habang ako naman ay nagpasyang maligo at magbihis na.

Pagkatapos kong maligo ay nagpasalamat ako sa Diyos dahil nagbihis ako sa loob ng banyo. Dahil kung hindi ay maabutan ako ni Elijah na nakatuwalya lang and that would be truly awkward. Nag iwas ako ng tingin sa kanya habang nagpupunas ako ng buhok.

“Why do you like to hang out inside of my room?” Tiningnan ko ang nakahigang si Elijah sa aking kama sa repleksyon niya sa salamin.

“I like the scent here. I like your scent.” Aniya sa napapaos na boses.

Nagkatitigan kaming dalawa. Matapang akong tumitig dahil repleksyon niya lang naman ‘yon sa salamin. Tumitig din siya gamit ang inaantok na mga mata. Oh, damn! Bumilis ang pintig ng puso ko kaya nag iwas ako ng tingin.

“I think they’re here.” Utas ko nang narinig na umingay sa labas.

Tama ang naging hinala ko. Narito na nga sila. Bumati lang sila sa mommy at daddy ko at agad ng dumiretso sa roofdeck. Nandoon na lahat ng pagkain na nirequest ni Erin.

“Di bale nang di natuloy kina Azi!” Sabi niya at tumawa na lang sa dami ng pagkaing hinanda.

Nilingon ako ni Eion kahit na nasa gitna siya ni Josiah at ‘yong isa pa nilang kaibigan. Ngumisi siya sa akin at lumapit. Sumulyap ako kay Elijah na hinigit na ni Chanel patungo kay Hannah para ireto ang dalawa.

“I heard ‘yong huling dinate mo bago ka nawalan ng gana sa dating ay si Hannah?” Dinig kong sinabi ‘yon ni Chanel.

Nagtawanan sila. Umupo si Eion sa katabi kong upuan kung saan nakaupo si Elijah kanina. Wala akong magawa kundi ang sulyapan siyang kinakausap ni Hannah ngayon. Nilingon niya rin ako nang nakakunot ang kanyang noo. Kinagat ko na lang ang labi ko at hinarap si Eion.

“Kain na tayo.” Sabi ko at tinuro ang mga pagkaing hinanda ni mommy.

Tumango siya sa akin. Umihip ang malamig na hangin sa aming roofdeck. Dahil alam ko namang malamig talaga tuwing gabi dito ay naka jacket na ako. Ganon rin ang mga pinsan ko. Ngunit napansin kong naka sleeveless lang si Hannah sa tabi ni Elijah. May naiisip ako pero sana hindi mangyari iyon.

Nilantakan na namin ang iba't ibang pagkain na nakalatag sa mesa. Panay rin ang picture namin para daw pang Instagram. Nakisabay na lang ako.

"'Tol, nag text si Hendrix Ty sa akin. Bukas daw, may laro. Game?" Tanong ni Damon sa mga pinsan ko.

Tumango agad si Josiah. "Last time na naglaro kami, talo, e. Let's beat the shit out of them this time." Aniya.

"Anong oras?" Tanong ni Eion.

"Alas nuwebe ng umaga, bukas."

"Susubukan ko." Aniya.

Nalaman ko ring hindi raw mag oovernight si Eion at 'yong mga kaibigan ni Josiah sa amin. Maging ang mga girls ay hindi rin 'yon gagawin. Anila ay kailangan daw nilang umuwi kasi di sila nagpaalam na mag oovernight. Isa pa, may nalalapit na party na mukhang sasalihan talaga naming lahat dahil organizer at sponsor ang kuya ni Eion doon. 'Yong Halloween Party na gaganapin sa makalawa.

"Anong sosootin mo, Hannah?" Tanong ni Claudette sa kay Hannah na niyayakap ang kanyang sarili.

Naka spaghetti strap lang siya at shorts samantalang ang katabi niyang si Elijah ay nakaitim na jacket pa at nakahalukipkip na nakatingin sa kausap niyang si Azi.

"Hindi ko alam. Puwede bang mag soot ng Cat Woman outfit don, Eion?" Tumawa si Hannah.

"Ooh. Bagay 'yan sa'yo." Medyo namamanyak na hagikhik ni Josiah.

“Shut up, Joss. You are gross.” Utas ni Chanel sa nakababatang kapatid niya.

Nakita kong pumula ang pisngi ni Hannah. For someone as fair and as pretty as her, hindi na nakapagtataka kung ang lahat ng sootin niya ay babagay sa kanya. Maganda ang mga mata niya, tulad kay Elijah na mahaba at makurba ang pilik mata. Makinis din siya at sobrang kintab at itim ng straight na buhok, kaparehas ng kay Claudette.

I can now imagine her in her Cat Woman outfit. Now, what to wear for me?

“Uy, Elijah. Dude, can’t you see? She’s cold.” Saway ni Azi sabay turo sa halos nanginginig ng si Hannah.

Kinagat ko ang labi ko at ininom ang beer sa harap ko. Hindi ko maatim na pagmasdan ang panunukso na naman nila kay Elijah at Hannah.

“Give your jacket to her! Can’t believe you! Akala ko gentleman ka!” Saway ni Azi.

Tumawa si Elijah. “I didn’t know!” At hinubad ang kanyang jacket.

Dammit! It’s okay for him to be a gentleman, of course. I can’t be possessive and jealous all the time. At hindi naman kami. Sa totoo lang, hindi pwedeng kami kaya kahit anong mangyari wala akong karapatan.

Nagtama ang tingin naming dalawa. I sensed it, he feels guilty about it. Hindi siya ngumisi. Bumagsak lang ang ekspresyon niya pagkatapos ibigay sa namumulang si Hannah ‘yong jacket.

“Thanks.” Ani Hannah.

“Sayang, hindi rin mag oovernight sina Hannah ngayon.” Ani Erin.

“Bakit?” Tanong naman ni Chanel.

“Same reason dahil don sa party.” Sagot ni Erin.

“Oo, kaya aalis na kami nina Julia at Liza by ten. Magtataxi lang kaming tatlo.”

“Hear that, Elijah? Ba’t di mo ihatid? Wa’g na kayong umuwi by ten. Gawin nating twelve since ihahatid naman kayo ni Elijah.”

“What?” Natatawang tanong ni Elijah kay Azi.

“Yes, dude. Saan nga ang inyo, Hannah?”

“Naku! Wa’g na! Nakakahiya ang layo kaya nung amin!”

“Hindi, may sasakyan naman si Elijah and he’ll be more than willing to do that.”

Luminga na lang si Elijah at umiling sa lahat ng panunukso nila. Patuloy ang tuksuhan lalo na’t nabigyan nila ng mabuting daan si Elijah patungo una sa bahay nina Liza, tapos kina Julia, at huli kina Hannah.

“And we will be very much happy kung di ka na bumalik dito!” Nagtawanan silang lahat. “If you know what I mean.”

Maging si Eion ay natawa. Ngumisi din ako dahil hindi naman pwedeng Biyernesanto ang ipakita ko sa kanila ngayon. Hindi ko lang magawang tumawa kaya pinilit kong ngumisi. Tinatabunan na ni Hannah ang kanyang mukha dahil na rin siguro sa kilig at kahihiyan. Hindi ko na matingnan si Elijah kahit na nakatingin siya sa akin.

“By the way, Klare. Kailan ka mag eenrol?” Tanong ni Eion sa akin.

“Tatry ko bukas ng hapon.” Sabi ko.

Tumango siya. “Nag enrol na ako kanina. Akala ko mag eenrol ka rin kanina. Di ka na bumalik sa hapon?”

“Uhm, yup. Umuwi na ako dito.” I lied.

Tumango siya, “You want me to come with you tomorrow? After the game, of course.” Aniya. “‘Yon ay kung makakasama pa ako.”

Kinagat ko ang labi ko.

Like I said, I want to be his friend. Kaya lang, kung may feelings pa siya sa akin at patuloy siyang aasa ay hindi ko alam kung mapapaunlakan ko ba ‘yong mga gusto niya.

“I’ll try.” Sabi ko at nag angat ng tingin sa kanya.

Kumunot ang kanyang noo. “Iniiwasan mo ba ako?”

Umiling agad ako.

Tumango siya. “Nararamdaman ko kasi na lumalayo ka.”

Kinabahan agad ako sa mga sinasabi niya. Hindi ko alam kung paano ko ipapaliwanag sa kanya ang sitwasyon ngayon.

“I-It’s just that…” Bulong ko.

Tumawa ng pagkalakas lakas ang mga pinsan ko dahil sa isang joke ng kaibigan ni Josiah. Lumapit pa ng konti si Eion sa akin para marinig ang bulong ko. Umatras ako dahil masyado siyang malapit sa akin ngunit pinagpatuloy niya iyon.

“It’s just that?” Bulong ni Eion sa akin.

“It’s just that… I-I I mean, it’s awkward.” Nanginginig ako dahil hindi ko mahanap ang tamang rason at ang mga tamang salita. “Awkward kasi binasted n-na kita sa Camiguin. I-I think it’s not right.” Untag ko.

Nag igting ang bagang ni Eion sa sinabi ko. “Hindi mo ako binasted kasi nanliligaw parin ako hanggang ngayon, Klare. You were just jealous of me and Cherry.”

Hindi ko na alam. Totoong kung sasama ako kay Eion ay baka maiwasan ko na si Elijah ngunit alam kong mali iyon.

“Pero Eion…”

“Get it, Klare…” Aniya.

“Asusssssss! Itong dalawang ito. Get a room!” Sigaw ng mga pinsan ko sa amin.

Uminit ang pisngi ko sa kantyaw nila. Napatingin ako sa kay Elijah na ngayon ay nakaigting naman ang bagang at tinitingnang mabuti ang isang shot ng vodka sa harap bago ito nilagok. Nag iiwas naman siya ng tingin sa akin.

Nagpatuloy ang kantyawan nila hanggang sa tumatawa na si Erin dahil nagpaalalay na si Hannah patungong CR. Sumenyas pa si Erin na medyo may tama na nga si Hannah. Kitang kita ko rin ang lakad niyang pa ekis ekis na. Umiling si Elijah ngunit tumawa na lang si Julia at Liza.

“Sabing wa’g inumin ‘yong whiskey.” Umiling si Liza. “Mapilit.”

“Naku! Baka kailangan na nating umuwi niyan.” Sabi naman ni Julia.

Napatingin ako kay Elijah na ngayon ay seryosong nakikinig kay Azi at nanonood ng kung ano sa cellphone niya. Kumunot ang noo ni Elijah at umiling pa ngunit hindi binibigay pabalik ni Azi ang cellphone niya.

“Dammit, Azrael, one move and I’m really going to punch you straight!” Tumayo na si Elijah dahil tumatawa at tumakbo na palayo ang medyo may tama na ring si Azi.

It’s already 1AM. Ang sinabing uuwi sila ng alas dose ay nakalimutan na. Tumatawang hinagis ni Azi ang cellphone ni Elijah sa kanya. Sinalo ‘yon ni Elijah at may tiningnan at napamura siya ng malakas. Nakita kong pumula ang pisngi niya at pinatay agad ang cellphone niya. Tumatawa ng malakas si Azi habang hinahawakan ang kanyang tiyan.

“This is over. Azi’s a mess. Let’s all sleep.” Aniya kay Josiah na ngayon ay pulang pula na at kinakausap na si Liza.

You don’t tell me that he’ll hit on my friend! At wa’g niyo ring sabihin na maloloko niya si Liza, e, alam na alam niyan ang background ni Josiah na

painosente pero isang malaking playboy! Bumungisngis si Liza at umiling si Eion sa tabi ko habang humahalakhak.

“I think Elijah’s right. Uuwi na kami, Klare.”

Tumango ako. “I think you need to.”

Nagsitayuan na kami. Kababalik lang ni Hannah sa CR na inalalayan pa ni Erin. Nakatingin parin si Elijah sa kanyang nakapatay na cellphone nang biglang muntikan ng madapa si Hannah. Kitang kita ko kung paano hinawakan ni Elijah ang kanyang baywang para lang suportahan ito. Kita ko rin kung paano tumama ang dibdib ni Hannah sa dibdib ni Elijah na siyang nagpatili sa mga pinsan ko. Tumawa rin si Eion sa tabi ko at nakisali sa kantyawan.

“Uyyy! And now I’m falling, falling, in love with you…” Korning kinanta ni Azi.

Umiling na lang ako at nag iwas ng tingin. Okay. I couldn’t blame him. I couldn’t blame my cousins! Dammit! But it hurts like hell. Iyong nakikita siyang pinagkakanulo sa iba at para bang nakatadhana parati na may mangyaring ‘kilig moment’ para sa dalawa at sa harapan ko pa.

“Alis na kami.” Sabi ni Eion sa akin.

Kasama niya ang isang kaibigan ni Josiah. Bumaba kami nina Claudette, Erin, Chanel, Josiah, at Elijah para ihatid ang mga kaibigan nila. Si Rafael, Damon (na lasing na lasing rin), at si Azi ay parehong nasa guest rooms na.

Tumango ako kay Eion at pinagmasdan ang pag gulo ni Eion sa kanyang buhok. Nasa loob na ang isang kaibigan ni Josiah sa sasakyan niya. Samantalang nakaalis naman ‘yong iba.

“Remember, I’m not done yet.” Bulong ni Eion sa akin.

Kumalabog ang puso ko sa kaba. I wish you were done, Eion. Kasi hindi ko alam kung paano ulit sasabihin sayong hindi talaga ako pwede. Suminghap

ako at pinagmasdan ang pag alis ng kanyang sasakyan. Matama niya akong tinitigan bago iyon pinaharurot.

Nakahilig naman ang nakahalukipkip na si Elijah sa kanyang Trailblazer habang pinapanood ako. Inaayos ni Erin at Claudette si Hannah sa front seat dahil maingay na siya at medyo wala na sa sarili.

Yumuko na lang ako sa titig ni Elijah.

“Akyat na kami. Elijah, kay Klare ka ba ulit matutulog?” Tanong ni Josiah.

“Yeah.” Sagot naman ni Elijah.

“Ay, hindi, hindi ‘yan dito matutulog, Josiah. Baka di na ‘yan umuwi dito dahil maaakit na ‘yan kay Hannah.” Tumatawang sinabi ni Chanel habang pumapasok sa elevator.

Halos mawalan ako ng dugo sa mukha nang sinabi niya ‘yon.

“Oo nga!” Tumawa si Julia.

Hinubaran pa nila ng jacket si Hannah. I didn’t like it. Kung ano man iyong ginagawa nila at sinusubukan nilang gawin ay hindi ko nagugustuhan.

“Ano ba kayo, nakakahiya kay Elijah!” Tumatawang sinabi ni Hannah sa malambing at nakakapang akit na boses.

“Asus!”

Tumatawa ng malambing si Hannah habang tinitingnan si Elijah na sinasarado ang pintuan sa kanyang sasakyan.

“Byee!” Sabi ni Erin at kinawayan na sila habang umaalis ang kanyang sasakyan.

Para akong nabibilaukan habang tinitingnan ang sasakyan niyang umaalis. Malayo-layo pa ang byahe dahil uunahin pa niya si Liza tapos si Julia saka si Hannah.

“Bet you 500 bucks, Elijah won’t be home tonight. Have you seen her ass and her rack? Dammit she’s a bomb.” Tumawa si Erin at humikab.

Pinindot niya ang elevator ngunit nag mura siya nang nakitang hindi iyon bumababa.

“Walang hiya. Nilolokо na naman tayo ni Kuya Joss! Pinaglalaruan na naman ang elevator niyo, Klare! Humanda ang unggoy na ‘yon!” At mabilis siyang umakyat sa hagdanan namin.

Naestatwa lang ako doon sa kinatatayuan ko. Kahit na nakajacket ako ay nararamdaman ko parin ang lamig. Nararamdaman ko rin si Claudette sa likod ko na hindi pa umaalis.

“Klare, di ka pa ba aakyat?” Tanong niya.

Umiling ako ngunit di sumagot.

“B-Babalik din ‘yon si Elijah. Sa kwarto ka na lang maghintay.”

Umiling parin ako.

“Dito ka lang?” Tanong niya ulit. “It’s late. Hindi ka ba natatakot.”

Hindi na ako kumibo. Naramdaman kong unti unti na siyang umakyat sa hagdanan. Hindi ako gumalaw sa kinatatayuan ko. Tumunganga ako doon at klase klaseng itsura ni Elijah at ni Hannah ang naisip ko.

Gusto kong magtanong. Bakit ako pinaparamdam ng ganito? Bakit kailangan pang magkaganito kung pwede namang normal ang lahat? Gusto kong magtanong kung bakit ako nasasaktan kahit na hindi naman talaga kailangan. He will forever belong to me because we are related, there is no need to make a fuss over him dating another girl. Dapat ay maging masaya na lang ako sa kanya. I need to just let him go. Pero bakit na imbis iyon ang gawin ko ay mas lalo lang akong nahihirapan dito.

Umupo ako sa gutter ng parking lot. Hindi ko na inalintana kung dumikit man sa pantalon ko ang mga alikabok. Nakalagay na ang noo ko sa aking

mga tuhod habang iniisip si Elijah. Elijah, Elijah, Elijah, puro na lang talaga siya ang bukang bibig ko.

Maling mali, e. Maling mali.

Titig na titig ako sa wrist watch ko. Bawat segundo, bawat pintig ng kamay ng orasan ay nakatutok ako. He'll be back. He'll be here.

Mabilis na bumuhos ang luha ko habang ganon parin ang posisyon ko sa aming parking lot. Thirty minutes and he's not here. Walang namang traffic kasi madaling araw na. Why is this a big deal for me?

Magkalaban na kami ng sarili ko ngayon. Noon, kakampi kami nito pero ngayon, wala na akong kakampi. Maging ang sarili ko ay itinatakwil ko na dahil sa aking nararamdaman.

He'll be back. Forty-five minutes and he's not back!

Nanginginig na ako sa lamig. Wala na gaanong sasakyan ang dumadaan dahil sa lalim ng gabi. Kung meron man ay hindi naman siya. Inangat ko ang ulo ko at humagulhol na. Nakakainis lang! Kasi kahit saan tingnan, talo parin ako dito. I'm in love with him and I feel like hindi na ito matatapos pa. Para bang hindi ko alam kung paano ito tigilan. Pero paano kung isang araw ay tumigil siya sa pagmamahal sa akin? Ngayon pa nga lang ay mahirap na, paano kung dumating na ang araw na iyon? At wala akong karapatan dahil hindi naman talaga kami pwede. Pwedeng pwede niya akong talikuran kahit kailan niya gusto at wala akong panghahawakan kasi hindi naman talaga kami pwede. Palaging may lamang ang ibang babae kumpara sa akin.

Tinakpan ko na ang mukha ko dahil sa paghagulhol ng iyak. Nasilaw ako sa headlights ng sasakyang dumadating. Mabilisan siyang nag park at agad kong narinig ang bagsak ng pintuan non. Bago ko pa makita kung sino ang dumating ay tumambad na sa harapan ko ang nag aalalang si Elijah para yakapin ako.

"What are you doing here?" Medyo galit niyang sinabi.

Hindi ko na mapigilan ang paghagulhol pa lalo at ang pagyakap sa kanya.

Ito ang unang pagkakataon na naiyak ako ng ganito. Iyong hagulhol na may tunog talaga. Iyong bawat paghikbi ay naririnig ko. Mahigpit na mahigpit ang yakap ko sa kanya. Ayaw ko siyang bitiwan. I hated him for leaving but I loved him for coming back. Hindi ko alam kung anong sasabihin ko ang importante ay nandito siya. I don't care what happened. Kung bakit natagalan siya at kung ano man ang dahilan at natagalan siya, ang importante ay dumating siya.

"Baby, you are so cold." Bulong niya. "Hush. Stop crying please. You are freaking me out."

Kinalas ko ang mahigpit na yakap ko sa kanya at inayos ang sarili ko. Dammit, Klare! You messed up again! I need to learn to control my feelings.

"Akala ko di ka babalik." Nanginginig ang boses ko.

"Kailan ko pinaramdam sayo na hindi ako babalik? I will always come back. I will always be back for you."

Dammit! If one day he'll leave, I will probably just self destruct.

<h1>Kabanata 27</h1>

<hr>

Kabanata 27

*OceanofPDF.com*

Steal

Tulala ako sa elevator. Humihikbi parin ako pero humupa na ang luha ko. Alam kong nakatingin si Elijah sa akin ngunit hindi ko na naman siya magawang tingnan. Natatakot akong umiyak ulit ako pag nagkatinginan kaming dalawa.

Mahinang mahina na ako pagkapasok namin ng bahay. Naka patay na ang ilaw sa sala. Sa pinto na lang iyong may ilaw pa. Wala na ring maingay. Tulog na silang lahat. Dumiretso ako sa loob ng kwarto ko. Alam kong doon rin ang punta ni Elijah ngunit may kung anong demonyo na naman sa tiyan ko ang naghuhuramentado.

That's bad, Klare. Really bad. Kahit alam mo sa sarili mong wala kayong gagawin na dalawa, at ganon din ang tingin ng mga kamag anak mo dahil mag pinsan kayo, pero ngayong may bahid na ang relasyon niyong dalawa, hindi na talaga pwede.

"D-Do you want me to sleep on your couch o dito na lang sa baba?" Tanong ni Elijah habang hinuhubad ko ang jacket ko.

I'm gonna sleep with this t shirt and my pajamas on. Umiling ako sa kanya. Hindi ko alam kung saan ako humugot ng lakas ng loob para ituro ang kama ko. He's polite. Alam niya iyong nararamdaman ko kaya siya na mismo ang nag suggest kung saan siya dapat matulog. But damn, I'm polite too. Hindi siya pwedeng matulog kung saan saan kung may king size bed naman ako dito at wala akong katabi.

We've been 'sleeping together' simula pa nong tumungtong ako ng college at nagkasundo kami sa gitna ng pag aaway. Una ito nangyari noong nag away kaming dalawa dahil sa ginawa niya sa akin noon sa basketball court kung saan sila nag lalarong pangkatuwaan. Sinadya kong sumama dahil alam kong kasama ko si Eion. Ngunit habang naglalakad ako ay pina gulong niya ang bola sa harapan ko dahilan ng pagkakatalisod ko at pagkadapa ko sa harap ng maraming tao.

I slapped him hard. Lalo lang akong nagalit nang tumawa lang siya. Hindi na kinaya ng mga pinsan ko ang mga pag aaway namin kaya isang gabi ay kinulong nila kaming dalawa sa kwarto ko. Wala namang nangyari. Hindi kami nag kibuan bukod sa panununya niya sa akin. Wala iyong kahulugan noon para sa akin, pero ngayong may nararamdaman na ako para sa kanya ay nagkaroon ng kahulugan ang lahat.

“You sure?” Nagtaas siya ng kilay habang sinusundan ako ng tingin.

Patungo na akong banyo para mag palit ng pajama. Tumango na lang ako at iniwan siya roon.

Matagal pa bago ako lumabas. Tumunganga lang naman ako sa loob. Nang dinalaw na ako ng pagod at antok saka pa lang ako lumabas. Napansin ko agad na ang lamp na lang ang tanging ilaw at nakahiga na si Elijah sa kama ko nang naka sleeveless shirt. Nakapikit na siya.

Tumikhim ako at nagpasalamat na tulog na siya. Marahan akong umupo sa side ko ng kama at mas binabaan ang ilaw ng lamp sa tabi ng kama. Dahan dahan ko ring ginalaw ang comforter ko na nakapulupot na sa kalahati ng kanyang katawan. I don’t want to wake him up.

Nakatingin ako sa kanya para tingnan kung nagigising ko ba nang unti unti siyang dumilat at tumingin sa akin.

“Oh, sorry. I didn’t mean to wake you.” Pabulong kong sinabi at unti-unti ng humiga.

“I’m just half asleep. Hinintay kitang lumabas.” Napapaos ang boses niya siguro ay dahil na rin sa pagod.

Ngumuso ako at nakipag debate sa aking sarili. Pipikit na ba ako o makikipag usap muna? Hindi ko naman alam kung ano ang pag uusapan namin. At isa pa, pagod na siya dahil hinatid niya ang tatlo kanina, may game pa ito bukas kaya dapat ay tantanan ko na lang siya para makatulog na.

“Did I worry you a lot, Klare?” Halos maramdaman ko ang bawat buga ng kanyang hininga sa aking tainga.

Hindi ko siya nilingon. Nakatingin siya sa akin ngunit ako ay nakatingin lang sa kisame ng kwarto ko.

“I’m okay. Okay lang ‘yon.” Hindi ko na alam kung ano ang idudugtong ko.

Hindi naman ako nag alala. Nag alala ako pero wala naman akong karapatan. Medyo nag alala lang naman ako. Nag alala ako ng sobra sobra kasi akala ko di siya babalik. Hindi ko mahanap ang mga tamang salita kaya nakontento na ako sa huling sinabi ko.

“Hindi ‘yon okay sa akin. Gusto kong malaman ang nararamdaman mo.”

I am not sure if being vocal was right. Alam kong hindi, e, pero hindi ko rin siya masisisi kung gusto niyang malaman ang mga iniisip ko. Hindi ko pa kailanman sinabi sa kanya ang tunay kong nararamdaman. Not the whole thing, just some little details.

“I’m alright, Elijah.”

“No, you are not, baby.” Aniya at lumapit sa akin.

Oh dammit! Nanigas na ako sa kinahihigaan ko. One move and we are going to touch.

“Look at me.” Utos niyang hindi ko masunod.

Namumuo na naman ang maiinit na luha sa gilid ng aking mga mata. Hindi ko alam kung bakit ‘yong boses niya ang kayang magpaiyak sa akin. Naalala ko na naman ang bigat ng naramdaman ko kanina habang iniisip na hindi na siya babalik. Iyong iniisip na maari niya akong iwan, iwan na wasak.

“Baby, will you please look at me?” Mas lumambing at humina ang boses niya.

Unti unti ko siyang nilingon. Nanginig ang labi ko kaya kinagat ko ito. Lumandas ang luha ko pababa sa mga unan. Nakita kong pinanood niya iyon. Madilim pero alam kong kita niya ang pag kinang ng mga ito.

“Klare, simula nung nalaman mo ang nararamdaman ko para sa’yo, palagi na lang kitang nakikitang umiiyak.” Aniya at sinundan ang tulo ng luha ko para punasan gamit ang kanyang daliri.

Hindi ako umimik. Natatakot akong may tumakas na hikbi sa oras na mag salita ako. I feel so wounded and I don’t even know where I got the wounds.

“Nasasaktan ba kita sa nararamdaman ko para sa’yo?” His voice was husky.

Mas lalo lang nadurog ang puso ko sa tanong niya. Dammit, Elijah. Stop this shit or I’m really going to just self destruct right in front of you.

Umiling ako dahil hindi ko kayang magsalita. Hindi niya ba nakukuha na nasasaktan ako para sa aming dalawa? Dahil hindi kami pwede? Alam kong kayang kaya niyang baliin ang bawat patakaran, pero iyon ang sisira sa aming dalawa. Hindi lang ako ang masisira dito, maging siya, ang pamilya namin. It’s not just about the two of us! I don’t want us to be selfish!

“Good. Now, you rest.” Aniya.

Tumango ako. Hindi parin ko parin kayang magsalita kaya sinubukan kong pumikit.

Kumalma ako lalo na nang binalot niya ng kumot ang katawan ko. He’s so warm that I want him close to me. And it’s wrong. Will always be.

Halos itapon ko na ang lahat ng mga iniisip ko. Hindi ko iyon nagugustuhan. Kung pwede lang ay mamili ng iisipin ay ginawa ko na ngunit hindi, e. Mapilit ang utak kong tinutulak na rin siguro ng puso.

Naramdaman ko ang hinininga niya sa bibig ko. Kumalabog ang puso ko. Mabilis at humahataw lalo na nang naramdaman ko ang ilong niya sa ilong ko. Marahang dampi lang. Iyong hindi mo alam kung tunay ba iyon

nangyari o guni guni mo lang. Dumilat ako at nakitang sobrang na ng mukha niya sa akin. His eyes were brooding and sleepy.

“Close your eyes, baby. I’m always here.” Bulong niya.

Siguro ay pagod na pagod na ako kaya mabilis din akong nakatulog. Kumalma na rin ang napapraning kong puso dahil sa kasiguruhang binitiwan niya kagabi. Ito na rin siguro ang unang pagkakataon na naramdaman ko na nasa ligtas akong lugar simula nitong mga nakaraang buwan.

Namulat ako nang nahagip ang kabilang side ng kama at wala doon si Elijah. Napaupo agad ako lalo na nang nakita ko ang mahabang buhok ni Claudette sa aking tukador. Nagsusuklay siya ng buhok habang tinitingnan ako sa salamin.

“Bilin sa akin ni Elijah na pagkagising mo sabihin na umalis siya para kumuha ng damit at sapatos para sa game.” Aniya na parang nasagot ang tanong ko.

Mabilis akong tumayo at naghanap ng mga damit sa kabinet. Nag angat ako ng tingin sa wallclock at nakitang 8:30 na pala ng umaga. Inaantok pa ako pero kailangan ko ng maligo at magbihis.

“Babalik pa ba sila dito?” Tanong ni Claudette.

“Oo. Tulog pa si Kuya Azi. Kinuha na lang ni Josiah ‘yong gamit niya sa bahay. Elijah didn’t want to come back, though.”

Nakita ko ang panunuri sa mga mata niya. Kumunot ang noo ko at natigil sa paghahanap ng mga damit. Bakit ayaw niyang bumalik? Tumikhim ako at kinuha na lang ang damit na napili sana kung sakaling sasama.

“Oh… Uh, sasama ka ba?” Tanong ko.

Dito na lang siguro ako sa bahay. Parang bumaliktad ang sikmura ko sa sinabi niya kanina at ayaw kong makita niya sa mukha ko na naapektuhan ako. I’m not blind. Kita ko kay Claudette na may nararamdaman na siya sa

amin ni Elijah. Pero hindi ko isusubo sa kanya ang katotohanan. Kahit na sinabi niya pa sa kanyang cryptic comment na ‘she’s with us’.

“Eion will be there.” Aniya at binalewala ang sinabi ko. “Probably why he didn’t want to take you.”

Natigilan ako sa sinabi niya. Tumayo siya at nilapag ang brush ko sa mesa. Ngumisi siya sa akin at kumindat.

“But he’ll be here, Klare. Maligo ka na at mag bihis. Bilisan mo.” Wika niya bago lumabas.

Tumunganga pa ako sandali ngunit kumaripas na rin sa banyo ilang segundo ang nakalipas. Kung ayaw ni Elijah na pumunta ako, hindi naman ako mamimilit. Mag eenrol na lang ako sa school. Gusto kong pumunta. Gusto kong manood. Pero hindi ako mamimilit.

Pagkatapos kong maligo at magbihis ay lumabas na agad ako. Limang minuto na lang bago mag alas nuwebe. Ni hindi ko pa na bo-blowdry ang buhok ko. Basang basa pa ito pagkalabas ko.

Nasa sala silang lahat. Kumakain ng toasted bread si Azi habang minumura nina Josiah dahil sa sobrang bagal.

“Pagong! Letse! Bilisan mo! Bading ‘to!” Trash talk ni Josiah sa kanya.

Tumama agad ang mga titig ni Elijah sa akin. Siya lang itong tumingin na hindi na ulit nawala sa akin. Nag susuklay ako ng basang buhok at binubuksan ang ref para kumuha ng fresh milk. Hindi na ako kakain. Pwedeng toasted bread na lang para makasama ako sa kanila.

“Sama ka, Klare?” Tanong ng inaantok na si Erin habang nililipat ang channel sa TV. “Di sasama si Chanel. Si Clau lang at ako ‘yong girl. Sama ka, please? Don’t tell me mag eenrol ka na?”

“Nope. Wala naman akong gagawin.” Ngumisi ako.

“Ganon? Bakit ka nakabihis? Sasama ka?” Tumawa siya sa akin.

Sumulyap ako kay Elijah na ngayon ay kinakagat ang kanyang labi.

“Kung pwede.” Sabi ko.

“Bakit hindi pwede?” Nakakunot noong tanong ni Erin. “Of course, pwede! Nandon na si Damon at Rafael sa X.E. Tayo na lang ang nandito dahil sa pagong na ‘yan.”

Tumango ako at nilapag ang baso ng ininum kong fresh milk sa counter. “I’ll go!”

“Breakfast first.” Singit ni Elijah.

Umiling agad ako. “Di na. Ma li late lang tayo.”

Tumayo agad siya at lumapit sa counter. Kinuha niya ang iilang toasted bread at ‘yong ham na paunti unting kinakain ni Azi.

“Kuya Azi, you should cut your hair. I really think there is kuto in there.” Sabi ng kapatid kong kakagising lang at umiinom rin ng freshmilk.

Kumunot ang noo ni Azi kay Charles. “Kilala ko ang crush mo. Binasted ka non, diba?”

Kumunot din ang noo ni Charles at malakas na hinampas ang ulo ni Azi.

“Aww!” Sigaw niya sabay inda sa sakit.

Tumakbo si Charles patungo sa CR at nginiwian si Azi. Humagalpak sa tawa si Josiah nang pinakita ni Charles ang kanyang pwet kay Azi.

“Charles!” Sigaw ko habang natatawa sa kabaliwan ng kapatid ko.

Saan niya ba napupulot ito? Mabilis siyang pumasok sa CR at iniwan si Azi na nakalaglag ang panga. Tumawa silang lahat. Sa gitna ng tawanan ay binigay sa akin ni Elijah iyong sandwich na ginawa niya kanina habang nag aasaran si Charles at Azi.

“Uh, thanks.”

“Oh how seet of you!” Tumawang sinabi ni Azi kay Elijah. “Pwede ako rin?”

Binara na lang nila si Azi. Resulta non ay naging late nga kami sa game nila. 9:15 nang dumating kami sa Xavier Estates court. Naroon na silang lahat. Hiyang hiya si Josiah dahil pinaghintay namin sila.

Nakita ko kung sino ang naroon. Si Hendrix Ty kasama ang halos lahat ng varisty player ng Crusaders, ang team ng school namin. Naroon na rin si Eion na may dala-dalang bouquet of flowers.

“O. M. G.” Narinig kong utas ni Erin sa gilid ko.

Nasa bleachers na kami habang diretso sina Elijah sa court. Nakita kong may mga babaeng tumili sa kabilang side. May cheerers! Kumaway kaway si Cherry sa akin nang nakita niya kami. Sila ‘yong cheerers na sinasabi ko. Tatlo lang sila pero parang ang dami nila sa sobrang ingay.

“For you, Klare.” Ani Eion sabay bigay sa akin ng malaking bouquet.

Namilog ang mga mata ko habang pabalik balik na tiningnan si Eion at ang mga bulaklak. “Th-Thank you.”

Matamis siyang ngumiti. “Sorry sa mga nangyari. I’m sorry for being cold. This time I’ll be sweeter.”

Narinig kong tumikhim at nagpigil ng tili si Erin sa tabi ko. Hilaw ang ngiti ko. Mabuti na lang at tinalikuran niya agad ako para lumapit sa kina Elijah na ngayon ay nakapamaywang na pinapanood kami. Hindi ko ulit siya matingnan. Alam kong magui-guilty na naman ako sa oras na titingnan ko siya.

Kailangan tigilan na ito ni Eion. Ngunit hindi ko siya pwedeng tanggihan sa mga bulaklak na ito. Pambabastos iyon. He shouldn’t be treated that way.

“O. M. G!” Tumili si Cherry nang nakalapit na siya sa akin.

Nakatingin silang lahat sa engrande kong bouquet. Nakatingin na lang rin ako roon. Hindi ko alam kung ano ang gagawin ko rito.

Nagsimula na ang game. Mabuti na lang talaga at kinain ko ‘yong sandwich na binigay ni Elijah kanina kundi ay wala akong lakas na tumili ngayon para sa team nila. Hindi naman ito paligsahan talaga. Ginagawa lang nila ito para pagpawisan sila at para na rin mag ‘burn ng fats’. Iyon ang sabi ni Damon sa akin noon. Ngunit hindi ko alam kung bakit hindi na siya nag bu-burn ng fats ngayon. Nasa bench lang siya at panay ang text. Mukhang walang ganang mag laro kahit na mainit na ang labanan.

Ang gulo nina Cherry sa gilid ko. Magulo rin si Erin ngunit tahimik si Claudette kaya hindi gaanong maingay sa amin.

“Hindi ko alam kung kanino ako! Kina Hendrix ba o kina Elijah!” Tumatawang sambit ni Cherry.

Tumili siya nang naka shoot si Elijah. Nakita ko pang nag yabang si Elijah sa pang limang shoot niya. Well, lamang naman sina Hendrix kaya nanunuya lang ito sa pagyayabang niya. Tumatawa lang siya at si Rafael habang seryoso sa laban si Eion at Azi.

“Yabang mo, Elijah!” Sigaw ko nang nag yabang ulit sa pang anim niyang shoot.

“Gwapo mo, Elijaaah!” Mas matinis at mas malakas na sigaw ni Cherry sa tabi ko. Sinundan niya pa iyon ng nakakabinging tili.

Tumawa ang mga nasa court. Umiling si Elijah pero pinag tutulakan na siya ng mga pinsan at mga kaibigan niya.

“Date raw kayo pag nanalo kami!” Tumatawang sambit ni Rafael sa malayo.

“Manalo matalo, date kami!” Sigaw ulit ng kinikilig na si Cherry.

Bahagyang lumingon ang nakaupong si Claudette sa akin. Pinagtaasan ko lang siya ng kilay. Umiling siya at bumaling ulit sa court. Tiningnan ko ang mga bulaklak na binigay ni Eion sa akin nang may biglang kumalabit sa akin.

Naaninag ko agad ang itim at bilog na earing ng isang lalaking may tumatayong buhok. Ngayon ko lang siya nakita ng mas malapitan. Nakaputing jersey siya na may markang Ateneo. Tinuro ni Pierre Ty ang mga bulaklak na nasa lap ko.

“Kanino galing. Manliligaw?” Aniya.

“Uhm…” Hindi ko alam kung ano ang isasagot ko. “Kaibigan.”

“Manliligaw parin.” Ngumisi siya.

“Nakapagpakilala na ba ako sa sarili ko sa’yo?”

Umiling ako. Tumango siya at dinilaan ang kanyang labi. Nakita kong lumabas ang maliit niyang dimple sa pisngi sa ginawa.

“Pierre Angelo Ty.” Sabay lahad niya ng kamay.

Tumango ako at tinanggap ang kamay niya. “Klare.”

“Yup. Montefalco.” Aniya.

Tumango ako sa sinabi niya. Nanunuri ang kanyang mga mata sa akin nang biglang may bumagsak na bola sa gitna namin.

Niyugyog ni Claudette ang braso ko at hinila ako palayo kay Pierre. Napatayo kaming lahat. Lumayo rin si Pierre sa akin at tumingin sa court, kung saan nanggaling ang pagbagsak ng bola. Nakita ko ang galit na si Eion sa court. Pawis na pawis siya at nakita kong mukhang tapos na ang laro.

“Pinopormahan mo ba siya?” Diretsong tanong niya kay Pierre.

Tumawa si Pierre. And it was weird. Siya lang ang tumawa at hindi ko alam kung ano ang nakakatawa. Nakakatakot na iyon dahil kitang kita ko ang nag aalab na mata ni Eion. Nilapitan siya ni Hendrix at nilayo roon ngunit hindi siya nag paawat.

“Can’t she be friends with some other guys?” Ani Pierre.

“Nakita mong ako ang nagbigay ng bulaklak sa kanya. Sa dami ng babae dito, siya pa ang nilapitan mo?” Tumaas ang tono ng boses ni Eion.

Inawat na siya ni Josiah dahil sa tono niya ay nag hahamon na siya ng away. Kinabahan na ako. I want to stop them. Ngunit may kamay na nakahawak sa braso ko.

“Oh I would understand if you’re the boyfriend but you are not yet her boyfriend, dude-”

Umamba ng suntok si si Eion ngunit napigilan iyon ni Azi.

Papagitna na sana ako ngunit mas lalong humigpit ang hawak ng kamay na nasa braso ko. Tumili na sa takot sina Cherry at pumagitna na si Erin sa kanila.

“Can I steal?” Bulong ng pamilyar na boses sa likod ko.

Nakita kong hinahawakan ni Elijah ang braso ko. Mali iyon. Kailangan kong pumagitna sa dalawang nag aaway dahil lang sa akin. Ngunit bago ko pa nagawa ang dapat kong gawin ay nadatnan ko na lang ang sarili kong sumasama na kay Elijah pabalik sa bahay.

<h1>Kabanata 28</h1>

<hr>

Kabanata 28

*OceanofPDF.com*

Drunk Call

Natataranta akong kinaladkad nina Erin at Chanel pagkatapos ng araw na iyon. Hindi ko alam kung bakit may malalaking bagahe sa sala. Naroon din si Claudette na kumakain lang ng cake sa harap ng TV.

“Oh my God! Hindi ko namalayang mamayang gabi na iyon!” Sigaw ni Erin pagkatapos niya akong higitin galing sa kwarto.

Nakapajama pa ako at inaantok pa. Iyon ang masaya sa sembreak. Enroled na rin kami ni Elijah kahapon. Pahirapan at kailangan naming maghiwalay dahil ibang year na naman kasi siya. First year lang ako at 2nd year naman siya kaya hindi kami gaanong nagkasama habang ginagawa iyon.

Tinext din ako ni Eion tungkol sa nangyari at nag apologize siya sa inasta niya. Okay lang naman iyon. Ang importante ay hindi sila tuluyang nagkagulo noong Pierre na ‘yon.

Wala rin namang gaanong nag tanong kung saan ako nagpunta. Syempre, siguro nang nakita nilang wala ako at wala rin si Elijah, inisip na nilang itinakas na niya ako para protektahan sa away ng dalawa.

Binusisi ni Erin ang bawat bagahe sa harapan ko. Nagulat ako nang nakakita ako ng panty na may malalaking lace. Para saan ba ito? Hindi ko alam. Maraming iba’t-ibang colors na damit. Costumes.

“Eto!” Sigaw ni Chanel habang tumatawa sabay pakita sa isang costume ng witch.

“Harry Potter!” Sigaw ni Claudette.

Ngumiwi si Chanel at Erin sa sigaw ni Claudette. Nagpatuloy sila sa paghahanap ng costume.

“Mamaya na ang Halloween Party?” Tanong ko kahit obvious na.

October 31 na ngayon kaya malamang nga ay ngayon ang party. Inirapan na lang ako ni Erin at mas lalo pang hinukay ang mga costume.

“Saan niyo ba ito nakuha?” Tanong ko sabay busisi na rin sa mga costume.

Ano naman kaya ang susuotin ko? Hindi ko alam. Mukha namang hindi natataranta si Claudette na ngayon ay titig na titig sa TV namin.

“Ate, I will be a tiger for this year’s Halloween!” Nag roar si Charles habang sinusuot ang kanyang tiger costume.

Ang alam ko, may pupuntahang party din sina mommy at daddy mamaya. Isasama nila si Charles. Isa kasi sina daddy at ang mga tito ko sa member ng organization na iyon kaya dadalo sila.

“Aww, ang cute cute mo Charles.” Sabi ni Claudette habang tumatakbo ang kapatid ko sa sala at umaaktong tiger.

Natigil si Charles at matalim na tinitigan si Claudette. “I’m not cute. I’m gwapo!” Giit niya.

“You should learn to stop speaking english, Charles. Mas gusto ng girls ‘yong mga hindi engliserong boys. We find it gay if you speak in english!” Singit ni Erin.

“Kuya Elijah speaks english but Ate Klare still likes him. What’s wrong with that?”

Nalaglag ang panga ko at nagkunwaring naghalungkat pa ng mga damit kahit wala na akong naintindihan sa mga hinahalungkat ko. Napansin ko rin sa gilid ng mga mata ko ang paglingon ni Claudette sa akin.

“E kasi po, he’s from the U. S. And he’s used to it. Ikaw, maghanap ka ng bagong idol mo. Try Daniel Padilla.”

Umirap lang si Charles at tumakbo pabalik sa kanyang kwarto. Umiling lang si Erin at nagpatuloy sa kanyang paghahalungkat ng mga damit. Napalunok ako at pinagmasdan ang dalawa na mukhang wala paring napapansin. Nilingon ko si Claudette at nakita kong nag kibit balikat siya sa akin.

Alam ko talagang may alam siya pero hindi ko pa naririnig sa kanya ang inaasahan kong pagtutol.

“Anong susuotin mo, Dette?” Tanong ni Chanel.

“I’ll be Haruhi Suzumiya!” Excited na sinabi ni Clau sa amin.

“Whut?” Umirap si Erin.

Hindi na naman ata niya maintindihan kung sino o ano iyon. Maging ako ay hindi ko maintindihan. Mahilig ako sa anime nong high school pero hindi ko naging bisyo ‘yon tulad ng pagiging addict ni Claudette sa mga iyon.

“Here!” Sabay pakita niya sa kanyang cellphone.

May picture doon ng isang babaeng may blue uniform at may kulay orange na headband.

“Cosplay!” Aniya.

“Buti pa siya. May napili na.” Ani Chanel.

Mas madali sanang mamili kung anime character nga ang pipiliin ko. Sailor type uniform lang at wig. Kaya lang ay mukhang kapos na kami sa oras.

“Hindi sasama si Hannah sa party dahil umuwi daw sila ng probinsya ng kanyang dad para sa undas.” Ani Erin habang binabasa ang kanyang cellphone.

Pahirapan ang nangyari sa pagpili ng mga damit. Tatlong beses ng nagpalit si Chanel ng kanyang costume. Una dahil hindi kasya, pangalawa ay dahil ayaw ng kanyang boyfriend, pangatlo iyong ngayon. Si Erin naman ay halos papatay na dahil hindi parin makapili.

“Meryenda muna.” Ani mommy habang nilalapag ang cake sa center table ng aming sala.

Kumain na lang si Erin. Patuloy naman ako sa paghahanap ng mga damit nang biglang humalukipkip si mommy sa harap ko.

“May costume ka na para sa party, a.” Aniya.

“Ano? Sa’n po?” Napatanong ako.

“Hindi ba last year, hindi ka nakasali dahil umuwi tayong Davao para doon na mag undas? Pero sinabi mo sa akin na papagawan parin kita ng costume for this year’s Halloween?”

Napatalon ako nang narealize iyon. Ngayon ko lang naalala! Oo nga pala! Nagpagawa nga pala si mommy non. Mabilis ko siyang sinundan sa kanyang kwarto. Naririnig ko ang mga ungol ni Erin dahil naiinggit siya sa akin.

Naabutan ko si daddy na nag cocomputer sa kwarto nila. Diretso na lang ang tingin ko sa kay mommy na ngayon ay paliko na sa walk-in closet nila. Nag slide in ang pinto ng malaking cabinet at tumambad sa akin ang mga damit nina mommy at daddy. Nakita ko na rin ‘yong costume nila mamaya. Ngumisi ako nang nakitang may tiger hood si daddy at si mommy naman ay may tiger dress. Tiger family pala ang peg nila mamaya sa party ng org.

“Here.” Aniya sabay pakita sa akin ang puting ballerina dress.

Gusto ko kasi sanang maging white swan sa movie ng Black Swan ni Natalie Portman. Iyon ang ginaya sa dress na ito. Black Swan sana ‘yong ipapagawa ko, kaso hindi nagustuhan ni mommy. Mas babagay daw sa akin ang white.

“Thank you, po!” Sabay yakap ko kay mommy.

Hinid ko inakala na may ganito pala ako kaya ngayon ay tuwang tuwa ako.

“Just don’t over do the make up. May artist ka na? Ibo-book ba kita sa-”

“Wa’g na po, mom. Si Chanel na lang.” Sabi ko.

Hindi na kailangang mag effort. Isang bar party lang naman iyon kaya hindi na kailangan ng professional artist.

“Klare, wa’g kayong papagabi. Tell Elijah to bring you home before midnight.”

Tumawa ako sa malamig na utas ni daddy. “Dad, parang Cinderella lang?”

“It’s for your safety. At tsaka pupunta pa tayo bukas sa Divine. Just be home early, okay?” Nag angat siya ng tingin sa akin.

Tumango ako at niyakap si Daddy. “Yes, po.”

Sa dinami dami ng mga hinalungkat nilang costume ay demonyita lang pala ang pipiliin ni Erin.

“Anong sayo, ate?” Tanong niya kay Chanel.

“I’m gonna be cupid.” Aniya sabay laro sa bow and arrow ni cupid. “Ipapakuha ko na ‘to kay Zoe.” Aniya.

Si Zoe ang bestfriend niyang bading. Kilalang make up artist at magaling na stylist iyon dito kaya di na nakakapagtaka kung mayron siyang mga costume.

“I’ll be the White Swan!” Tumawa ako sabay pakita sa tutu.

Nilapitan ako ni Claudette at tiningnan niya ang magiging damit ko. May matching feathered tiara pa ito. Ang sabi ni Zoe nang dumating siya ay hindi ko raw dapat i-exaggerate ang make up ko.

“‘Yong features mo kasi ay soft. Bagay kung i-exaggerate kaso bongga ang damit mo kaya… basta! Ako na ang mag mi-make up!” Tumawa siya.

Imbes na kukunin niya lang ang mga damit ay siya na lang ang nag make up sa akin at kay Claudette. Marunong na naman kasi si Erin at Chanel na mag make up kaya hinayaan niya na lang ang dalawa.

Ngumisi ako nang nakitang natapos ang isang mata ko. Alas nuwebe ng gabi ang party at alas otso na ngayon ngunit hindi pa ako tapos sa make up. May nakita akong dalawang text galing kay Elijah. Luminga pa ako bago ito binuksan.

Elijah:

Still at home?

Elijah:

What’s your costume?

Mas lalo lang akong napangisi. Tumunog ulit ang cellphone ko at nakita kong may text ulit siya.

Elijah:

Wa’g masyadong makapal ang make up, please. I like you bare.

Uminit ang pisngi ko. Dammit! Why is this giving me demons on my stomach? Gusto kong itapon ang cellphone ko at magkunwaring walang nangyayari pero hindi ko magawa.

“Klare, pikit ka ulit.” Sabi ni Zoe at nilagyan ulit ng konting black eyeliner ang mga mata ko. ‘Yon daw ay para ma highlight ang mga mata ko.

Pagkatapos ng make up ay nakabasa ulit ako ng panibagong message galing kay Elijah.

Elijah:

Should I call now? You’re not answering my texts.

Nanginig ang kamay ko sa pag tatype. Mali mali pa ang mga letrang napipindot ko. What is wrong with me? Kaya natagalan na naman ako sa pag reply.

Ako:

Lapit na. Aalis na kami. Just waiting for Clau. Anong suot mo?

Mabilis siyang nag reply. Alam ko talagang inaabangan niya ang text ko.

Elijah:

I’m a soldier tonight. :) You?

Halos mag hyperventilate ako sa kinauupuan ko. He’s a soldier for tonight? That means he’ll be in army clothes? Humataw ang dibdib ko. Napahawak ako roon dahil mas naririnig at mas napapansin ko ito ngayon dahil medyo tight ang suot kong dress.

“We’re done!” Sabi ni Erin at umikot pa sa harap ko.

Great! We have, Haruhi Suzumiya, a demonyita, and a smexy cupid. Bumaba na kami. Malapit lang din sa amin ang Tilt. Perks of living downtown Cagayan de Oro. Tatlong minuto lang ay makakarating na kami roon. Para nang sasabog ang puso ko sa kaba. Ewan ko kung bakit. Basta ang alam ko, tuwing naiisip kong naroon na si Elijah at naghihintay sa kung ano ang maaring suot ko ay kinakabahan na ako ng husto.

“Mahaba ang buhok ko.” Malungkot na sinabi ni Claudette.

Ngayon ko lang narealize na maiksi nga pala ang buhok ng Haruhi Suzumiya na pinakita niya sa akin. Binalewala siya ni Chanel at Erin na parehong tingin nang tingin sa kani kanilang mukha. Si Brian ang nag hatid sa amin sa Tilt. Nakita ko na agad ang mga bouncers sa labas ng club. Naroon na ang malaking banner ng halloween party at ang mga pumpkin na decoration.

Kumalabog pa lalo ang puso ko. Elijah and his soldier outfit. Binigay na namin ang mga ticket sa bouncer at pumasok na. Pagkapasok ko ay napansin ko agad na kilala lang namin ang mga tao rito.

“Sina Silver ang host kaya expect na maraming taga Xavier High School noon.” Bulong ni Erin. “Don’t like them. Mga suplado.” Umirap siya sa akin.

Iyon nga ang napansin ko. Maraming mga kaibigan si Eion dito. May nag suot ng Superman outfit, may nakita rin akong naka zombie outfit at kung anu ano pa. Kumaway ako sa mga kilala ko ngunit konti lang talaga sila.

“Nandito kaya si Hendrix?” Bulong ni Erin.

Hindi ko rin masasagot iyon. Sa totoo lang, parang ayaw kong nandito siya dahil panigurado ay isasama niya na naman ang kapatid niyang si Pierre. I don’t know. Pakiramdam ko ay naglalakad na gulo ang dalawa.

“Kuya Josiah’s wearing a vampire costume.” Sabay turo ni Erin sa naka vampire costume nga na si Josiah at may kausap na babae.

Kahit na medyo madilim ay kita paring inaakit niya iyong babae gamit ang ‘kainosentihan’ niya. Luminga ako at nahagip ng mga mata ko si Eion na nasa dancefloor at nakikipicture sa mga kaibigan din nina Josiah. Isa siyang demon ngayong gabi. May sungay rin siyang umiilaw tulad nung kay Erin.

“Hot demon, Klare?” Nag taas ng kilay si Chanel sa akin.

Ngumisi lang ako. Yup. He’s hot. Syempre, iyong buhok niyang naiipit sa headband na sungay at ang all black niyang outfit, hot nga talaga. Hindi masyadong exaggerated tulad na lang ng iba. Pero… luminga ulit ako at nag hanap pa ng kung sino.

“Ano ba ‘yang suot mo?” Sigaw ni Erin sa sumalubong sa amin.

Naaninag ko si Damon na naka demon outfit rin, si Rafael naman na naka angel outfit (na may halo sa taas ng ulo), at si Azi na naka tux. Siya ang tinutukoy ni Erin sa tanong niya.

“Ano ka ngayong gabi? That’s not a costume.” Ngumiwi si Erin.

“I’m… the boy next door.” Tumawa na lang si Azi at umalis para maghanap ng chics.

Okay. You can’t expect him to say something creative. Luminga ulit ako para maghanap kay Elijah ngunit ang tumambad sa akin ay ang nag hahyperventilate na naka sexy nurse costume na si Cherry.

Pinapalibutan siya ng mga kaibigan niya at siya ang center of attention habang may kinikwento. Nang nakita niya kami ay agad siyang lumapit sa amin at nag tawag ng photgrapher para mag papicture. Pagkatapos ng

picture ay tumingin siya sa akin, o sa likod ko, at tumili na lang ng bigla. Anong meron?

“Uyyyy!” Sigaw ng mga kaibigan niya.

Tumindig ang balahibo ko. Tumawa sina Erin at Chanel habang tumitingin na rin sa likod ko.

“She can heal your wounds, soldier boy. May nurse kami dito.” Panunuya ng isang kabigan ni Cherry.

“Uy! Ano ba kayo!” Tumitiling saway ni Cherry sa kanyang mga kaibigan.

Unti unti akong lumingon sa likod ko at nakita ko ang nakatingin sa aking si Elijah. Nag igting agad ang bagang niya pagkakita sa akin. Hindi ko alam kung hindi niya ba nagustuhan ang suot ko o galit siya kasi tinutukso na naman sila ni Cherry.

“Picture kayo ni Nurse Cherry, Elijah!” Sigaw ng mga kaibigan niya.

Pinag tulakan silang dalawa at kinunan ng picture. Nasa gilid lang ako kasama si Claudette. Nawala na si Erin at Chanel. Siguro ay nakakita na ng mga kaibigan.

“More like a hentai nurse.” Ani Clau sa akin. “Nakikita ko ang boobs niya dito. At ang iksi ng palda niya.”

Pinasadahan ko ng tingin ang suot ni Cherry at napagtantong tama nga si Claudette. She’s a smexy nurse. Hindi ko mapigilan ang pagkaka disappoint ko. Bukod sa pinagkakanulo na naman ang dalawa ay halos hindi pa ako makalapit kay Elijah.

“Hello, Klare!” Ngumisi si Eion sa akin. “Black Swan?” Tanong niya. “Unique.”

Tumango ako. “Thank you.”

Nilingon ko ulit si Elijah na ngayon ay nakatingin sa camera habang pinapalibutan ng mga kaibigan ni Cherry na nagrereto sa dalawa. Gusto ko

na lang siyang puntahan doon at kunin. Pero hindi iyon tama. I will be the over protective girl cousin, na wala dapat karapatan.

“Lika! Papakilala kita sa mga kaibigan ko?” Anyaya ni Eion sa akin.

Bago ako tumango ay narinig ko ang tawanan ng mga kaibigan ni Cherry kay Elijah.

“Nag drunk call ka raw kay Cherry nung isang araw? Eh! Ano? Nililigawan mo na ba ang kaibigan ko, Elijah? Pareho pa kayo ng gym! May nakakita sa inyo kanina!”

“Ayeeeeeeee!”

Nakakabingi ang mga hiyaw nila. Para bang sila lang ang nasa loob ng bar. Napalunok ako at napayuko. May kung anong parte sa sistema ko ang bumagsak.

Nag drunk call si Elijah kay Cherry? Kailan iyon nangyari? At nagkasama na sila sa gym? Kanina? Hindi ko alam. Bakit… parang… nasasaktan ako?

“Let’s go?” Ani Eion at itinuro niya ang daan.

<h1>Kabanata 29</h1>

<hr>

Kabanata 29

*OceanofPDF.com*

Leave It At That

Pinakilala ako ni Eion sa lahat ng kaibigan niya noong high school. Hindi ko maalala ang mga pangalan nila dahil masyado akong preoccupied sa nangyari sa kay Elijah.

“Klare!”

Nakapag picture ako at lahat lahat na. Sa mga kakilala ko at sa mga kaibigan din ni Eion ngunit ang buong utak ko ay hawak parin ng mga impormasyong nalaman ko. Una sa lahat, nag drunk call si Elijah kay Cherry. Kailan iyon nangyari at anu ano kaya ang sinabi ni Elijah? Pangalawa ay nagkasama sila sa gym kanina. Ano kaya ang mga pinag usapan nila?

Napapikit ako. I hated myself for asking too many questions. Hindi iyon tama kasi wala naman akong karapatan. I need to just keep this to myself.

“You okay?” Tanong ni Eion sa akin.

Ngumisi ako at nag angat ng tingin.

Binigyan niya ako ng isang bote ng beer. Nanliit ako bigla. Pakiramdam ko ang pangit pangit ko ngayong gabi. Hindi naman makapal ang make up ko tulad ng gusto ni Elijah. Unique lang ang panlaban ko sa ibang may sexy’ng damit.

Dammit, Klare! Saan mo ba nakuha ang mga insecurities mo sa katawan? Hindi naman ako ganito noon.

“Klare?” Tumaas ang kilay ni Eion sa akin.

Uminom ako sa beer na binigay niya saka siya sinagot, “I’m okay.”

Binalot ng trance music ang buong bar. Madalas ay ‘yong mga sikat na kanta ngayon kaya halos tumalon sa saya ang mga tao. Itong kinatatayuan namin ni Eion ay sinasayawan na rin ng iba kaya pumagitna na kami sa mga taong nakacostume at sumasayaw.

“You’re so…” May dinagdag pa si Eion na hindi ko narinig.

“Ha?” Sigaw ko dahil dumarami na ang tao at lumalakas na ang music.

The party is at it’s peak. Wala na akong marinig kundi ang mga hiyaw ng mga naka costume. Inilapit ni Eion ang kanyang mukha sa akin para makabulong. Halos mapaatras ako dahil sa kanyang paglapit.

His voice was husky as he whispered, “You are so beautiful. Bagay sa’yo ang suot mo.”

Napangiti ako. Nagkatinginan kami sa gitna ng maiingay at sumasayaw na mga tao. Napalingon ako sa gilid nang biglang sumigaw ang pinsan kong si Erin dahil mukhang na out balance ito sa pagsasayaw at umalingasaw na ang alak galing sa kanya. She’s drunk.

“Ohh! Sorry!” Sabay kapit niya sa balikat naming dalawa ni Eion.

Hindi na maka focus ang kanyang mga mata at ngiting ngiti na siya. Hindi na rin maayos ang kanyang sungay.

“Erin, tumayo ka.” Sabi ni Eion nang nakitang nahihirapan na ako sa pagkakasandal ni Erin sa aming dalawa.

“Oopps, sorry sa istorbo.” Tumayo na agad si Erin at sumigaw habang sumasayaw kasama ang mga girl friends niya.

Umiling si Eion at pinagmasdan ang nababaliw na si Erin habang lumalayo sa aming dalawa. Bigla na namang nag hiyawan dahil sa change ng music at iyong mga paborito pa ata ng mga tao. Hinila si Eion ng kanyang mga kaibigan. Tumawa siya at tiningnan ako habang hinihila din ng ibang kaibigan niyang kilala ko rin naman dahil sa All Star group. Nagtawanan kami at nagpatianod sa sayaw.

Habang sumasayaw kami at nagtatawanan ay nakita ko naman si Elijah sa sofa na nakatunganga sa sofa. Tinitingnan niya ang bote na para bang wala na siyang ibang matingnan.

“Oh, nurse Cherry, ba’t iniwan si Elijah?” Tanong ng katabi ko.

Nagulat ako dahil narito na rin pala si Cherry at nagsasayaw. Nawalan na ako sa mood para sumayaw dahil mas gusto ko ng makinig sa sasabihin niya. Ganon ba talaga? Kahit na alam mong nasasaktan ka na sa lahat ng nangyayari ay mas pipiliin mo paring makinig kesa sa mabulag na lang?

“Ayaw niya, e.” Nag kibit balikat si Cherry habang sumasayaw kasama ang girlfriends niya.

Hindi pumayag si Elijah na makasayaw si Cherry? I thought he’d be a gentleman again? Na papayag ulit siya. Napalunok ako at nakinig pa lalo.

“You’re not charming enough.” Nagtawanan ang kanyang friends.

Nakita kong natigil si Cherry sa kanyang pagsasayaw. Tumaas ang kilay niya kaya mas lalo lang nagtawanan ang kanyang mga kaibigan. Para siyang na offend sa kanilang mga sinabi sa kanya. Tumalikod siya doon. Hindi ko tinanggal ang titig ko sa kanya habang nilalapitan ang nakatungangang si Elijah. He looked like a wounded soldier. Mag isa lang siya sa sofa. Syempre, sino ba ang magiging kasama niya roon. Sina Azi, Rafael, at Josiah ay pare parehong nambababae. Well, I don’t know for Damon. It’s either, nandito ang kanyang babae o umalis na iyon dito.

Nanlaki ang mga mata ko nang nakitang hinila ni Cherry ang kamay ni Elijah. Hindi niya mapatayo si Elijah sa pagkakaupo. Ngumisi si Elijah at umiling. He didn’t want to dance.

“Come on, Montefalco!” Sigaw ng mga kaibigan niyang kasama ko at nag titilian sa kanilang dalawa.

Umiling pa ulit si Elijah. Nakita kong nahirapan na si Cherry sa paghila sa kanya. Nahagip ni Elijah ang mga titig ko. Nakita kong nag igting ang kanyang bagang. Hindi sana ako titigil sa titigan namin kaso biglang hinawakan ni Eion ang kamay ko at inikot ako sa kinatatayuan ko.

Pinulupot niya ang kanyang kamay sa aking baywang. Ang lapit na naming dalawa! Ang dating atensyon kong nasa kay Elijah ay ngayon nakay Eion na. Malapit ang mukha namin. Nakangiti siya habang nanlalaki ang mga mata ko.

“YEHEY!” Sigaw ng lahat.

Kumalas ako sa pagkakahawak ni Eion sa kamay ko. Hindi niya pa kinalas ang pagpulupot niya sa aking braso ngunit umismid ako at yumuko.

“Eion, sakit ng paa ko.”

Naapakan kasi ito kanina habang tumutunganga ako kay Elijah. Siguro ay isa sa mga naka high heels na cow girls ang nakaapak na kaibigan naman ni Cherry kaya sumakit ito ng husto.

“Oh? Sabay na tayo.” Aniya.

Imbes na umiling ako ay hinigit niya na ako palayo sa dancefloor. Tumama ang mga mata ko sa sofa na wala ng nakaupo. Nilingon ko agad ang dancefloor kung nasaan na si Elijah, nakatayo at pinapaligiran ng mga kaibigan ni Cherry. He will dance with her, of course, I knew it!

Pinaupo ako ni Eion sa sofa at nagulat ako nang inangat niya ang paa ko at nilagay niya iyon sa kanyang kandungan. Uminit ang pisngi ko sa kanyang ginawa. Kahit na nakasuot ako ng puting stockings at hindi naman kita ang legs ko ay naasiwa parin ako. Lalo na nang nakita ko ang mga mata ng mga nakakakilala sa amin at napapangiting-makahulugan sila.

“Saan ang masakit?” Tanong niya habang pinipisil pisil ang akin paa.

Nalaglag ang panga ko. Hindi ko alam kung itituro ko ba sa kanya kung saan ang masakit o babawiin ko ang paa ko. That would be rude.

“WELCOME BACK, ELIJAH MONTEFALCO!” Dinig ko ang sipol na malakas ni Azi sa dancefloor.

Nagtawanan sila. Nilingon ko silang lahat at pinapalibutan na sila ng mga babae ngunit ang bagang lang ni Elijah na patuloy na nag iigting ang napansin ko. Diretso ang tanaw niya sa akin at hindi siya gumagalaw habang pinipilit at piangtutulakan na siya nina Azi, Cherry, at Josiah sa kinatatayuan niya.

Kumunot ang noo ko. Bakit ka ganyan maka tingin sa akin?

“Elijah, move naman diyan!” Tumatawang sinasabi ni Cherry habang sinasayawan na si Elijah sa dancefloor.

“Aray, Eion.” Sabi ko nang napisil nI Eion ang masakit na parte sa aking mga paa.

Napapikit ako at agad kong binaba ang paa ko. Kumunot ang kanyang noo.

“Ano bang nangyari diyan at bakit masakit? Coz of the dancing o naapakan ka ba sa dancefloor?” Tanong niya.

“Damn, man, you are back on the dancefloor but you’re not even moving. Daming chics, o!” Tumatawang sambit ni Josiah.

Medyo humupa ang tawanan nila. Lilingon sana ako dahil naweirduhan ako. Ang dating hiyawan ay nauwi sa nakakabinging katahimikan. Bago pa ako nakalingon ay narinig ko na ang boses ni Elijah sa likod ko.

“Klare, we’ll meet outside in three minutes.” Malamig niyang sinabi.

Kumunot ang noo ni Eion at nag angat ng tingin kay Elijah. “Iuuwi mo na siya? The party’s not yet over, Elijah.”

“Yes, Eion. Iuuwi ko na siya.”

Natigil ako sa paghinga. Bakit niya ako iuuwi? Oo at gusto ko na rin namang umuwi dahil hindi ko nagugustuhan ang mga nararamdaman ko sa party na ito ngunit hindi ko inasahang mag yayaya siyang umuwi. He’ll enjoy the party with the girls. Tinikom ko ang bibig ko nang narinig na humakbang na siya palabas doon.

“Anong nangyari, Klare? He’s at it again. World war na naman kayo? He’s on asshole mode.” Ani Azi sa likod ko.

Di ako sumagot dahil hindi ko rin naman alam. Bumigat lang ang damdamin ko. May hinala ako kung anong meron kay Elijah pero kikimkimin ko. Kung iyon ang totoo, dapat maisip niya ring ganon rin ang nararamdaman ko. But I know my boundaries. Kaya kong magpanggap na

okay lang kahit hindi. Kaya kong magpanggap dahil alam kong wala akong karapatan na manumbat sa kanya.

“Kanina pa iyon, a? He’s been rejecting Cherry-”

“Bakit niya idadamay si Klare? Kung hindi siya natutuwa sa party, edi sana, siya ang umalis. Bakit isasama niya pa si Klare?” Tanong ni Eion.

Nakita kong medyo nairita siya sa ginawa ni Elijah. Hinawakan ni Eion ang kamay ko. Kinabahan agad ako. Dahil alam ko sa sarili ko kung ano ang gagawin ko at wala ng makakapag pabago pa sa isip ko. Coz even if he’s hurting me, I will still choose him. Kahit na anong sakit ang idulot nito sa akin, sa kanya parin ako papanig.

“Stay, Klare. Hayaan mo na si Elijah. He’s just being an asshole and he’ll vent on you.” Ani Eion.

Kinagat ko ang labi ko at unti unti kong kinalas ang kamay ko sa kamay niya. Nakita kong mas lalong nagalit si Eion sa ginawa ko.

“Guess blood is really thicker… than anything else.” Bulong ni Claudette sa gilid.

Hindi na ako lumingon. Iniwan ko na silang lahat doon para lumabas sa club Tilt. Hindi ko alam kung saan nag park si Elijah. Luminga ako para hanapin ang kanyang sasakyan sa paligid. Agad kong niyakap ang sarili ko. Malamig na sa labas. Asan kaya siya?

Umilaw ang kanyang headlights. Nasa harapan ko siya at umaandar na ang kanyang sasakyan. Binuksan niya ang pintuan ng front seat at nakita ko agad ang pag iigting ng bagang niya. Badtrip talaga siya.

Nagmadali ako sa pagpasok. Mabilis ko rin iyong sinarado. Hindi ako umimik. Humalukipkip lang ako at tumingin sa labas. Yes, I chose him. But that doesn’t mean that everything’s okay between us. Ayokong manumbat ngunit hindi ko maitago ang pagtatampo. I am jealous. Really jealous and insecure, too. I want to tell him but I know it will just make things complicated.

“I’m fucking jealous.” Aniya sabay liko sa kanyang sasakyan at park sa isang street di kalayuan sa Club Tilt.

He wanted to talk. Gusto ko rin iyon. Halos hindi ako makagalaw sa kinauupuan ko. I just want to stay in this moment. At gusto ko ang huling sinabi niya ang huling narinig ko. Gusto ko iyon lang. Walang bukas, walang mamaya, walang susunod na mangyayari. I just want this to linger because I liked it. Hindi naman sa gusto ko na nagseselos siya pero gusto ko na makaramdam siya nong naramdaman ko kanina habang kinakausap siya ni Cherry.

May bukol na namuo sa lalamunan ko. Don’t cry, Klare, please.

“And I can’t keep it to myself.” Dagdag niya.

Naghintay siya sa sasabihin ko pero mas lalo lang akong walang nasabi nang namuo na ang mga luha ko. Stop this silence, Klare. I need to talk, too.

“Elijah, nagseselos din ako.” Sabi ko. “I told you I don’t want you to be with other girls!” Hinarap ko siya.

Nakaawang ang kanyang bibig na para bang hindi niya nakukuha ang mga sinasabi ko.

“I am so insecure! Alam mo iyon? Sobra sobra! Simula pa…” Humikbi ako.

Hindi ko na napigilan ang pag buhos ng mga luha ko.

“Simula pa lang nong nakikita kong nag paparamdam sayo si Hannah o si Cherry. Nong hinatid mo si Hannah at matagal kang umuwi. I wanted so much to shout at you! Bakit ka natagalan? Wala namang traffic, a? What happened along the way-”

Hinawakan niya ang braso ko ngunit hinawi ko ang kamay niya.

You want me to talk, Elijah? I will not stop talking until all my issues are out!

“N-Natagalan ako kasi malayo ang bahay nina Julia. Kailangan pa naming umikot bago makabalik at makapunta sa-”

“Anong sinabi mo kay Cherry at bakit ka nag drunk call sa kanya? May number ka ba niya? Nag titext na ba kayo? God! I sound crazy!” Sabi ko sa sarili ko.

Hindi ko na dapat sinabi iyon. Masyado na iyong below the belt. Hindi na dapat ako nakikialam kasi hindi naman kami at malabong maging kami. May buhay siya, I need to leave him alone. I need to get my own life! Ang problema dito ay saka lang ako nagkakabuhay pag kasama ko ang mga pinsan ko. At siya, may buhay siya kahit wala ako.

“‘Yong gabi sa rooftop, di ko alam na dinial ni Azi ‘yong number niya kaya napamura ako. Nag text ako sa kanya at nag apologize sa mura ko. That was it, Klare.” Nabasag ang boses niya sa pagbabanggit sa pangalan ko.

Sinubukan niyang hawakan ang kamay ko ngunit hinawi ko iyon. Nanginig ang balikat ko sa pag iyak. Hindi ko siya hahayaang hawakan ako. Dahil alam ko, sa oras na hawakan niya ako makakalimutan ko na naman ang insecurities ko.

“So nagkita pala kayo sa gym?” Hindi ko maitago ang tabang sa boses ko.

“Hindi ko alam na nandon siya. Pag dating ko, nandon na siya.”

Kinagat ko ang labi ko. I hated myself for accepting all his reasons. I hated it. I hated that he’s innocent and I’m insecure!

“Baby…” Halos kilabutan ako sa pagkakasabi niya non.

Nanginginig parin ako sa pag iyak ko. My hair’s a mess and I’m sure pati ang mukha ko ay magulo na rin.

“Baby, can I hold you now?” Bulong niya habang nababasag ang kanyang boses.

I want to hear his side, too. Gusto ko ring malaman kung bakit siya nag seselos kahit na alam ko na naman. Dahil dumikit ako kay Eion. Pero

nagseselos din naman ako kasi dumikit siya kay Cherry.

Hinawakan niya ang braso ko. Hindi na ako pumiglas. Maingat ang pagkakahawak niya. Para bang anytime ay mababasag ako kung hindi siya mag iingat.

Inilapit niya ako sa katawan niya. I can feel the warmth of his body. Pumikit ako ng mahigpit sa pag asang maubos na sa pagtulo ang lahat ng luhang namuo sa mga mata ko. Pinulupot niya ang kabilang braso niya sa mga braso kong nakahalukipkip.

“I hate you!” Sabi ko.

“I’m sorry.” Bulong niya.

Hinilig niya ang noo niya sa tainga ko. Hindi ko maidilat ang mga mata ko sa sobrang sarap ng pakiramdam na ganito kaming dalawa. I want to stay like this forever. Kung sana ay pwede. Kung sana ay pwede kami.

“Klare, let’s tell them.” Aniya.

Suminghap ako sa sinabi niya. Para akong nabilaukan. No. No. I don’t want to wake up from this dream. Alam kong sa oras na sabihin naming dalawa ang namamagitan sa amin ay paghihiwalayin lang kami. Maaring ilalayo siya sa akin o ako ang ilalayo sa kanya. That would be devastating. No. I can’t self destruct now that I’m genuinely happy. Kahit na madrama ay kaya ko basta ba may kapalit na ganito.

“No.” Umiling ako.

“But baby, I want to tell them. I’m not scared.”

Umiling ako.

Elijah’s just nineteen and I’m just eighteen. Ano ang laban namin sa mga magulang namin kung paghihiwalayin kaming dalawa? At isa pa, hindi ko kayang biguin si mommy at daddy dahil sa kasalanang ito.

Bumuhos ang luha ko nang napagtanto kung ano lang ang talagang kaya kong gawin sa ngayon. To love him while he's here, to just cherish this moment, to just be happy now. Iyon lang talaga. Mamahalin ko siya hanggang sa mahal niya pa ako. Sa oras na magsawa siya sa akin ay papakawalan ko siya. Simple. Hindi malalaman ng pamilya naming dalawa. I can be happy now. I can be happy while it lasts.

Tumikhim siya. Nakasandal parin ang kanyang noo sa taas ng tainga ko. Ramdam ko ang mabibigat niyang hininga sa leeg ko.

"Elijah, we can't. You know that. We really can't." Utas ko.

"I don't care what they say. We need to tell them, Klare." Aniya.

Umiling ulit ako. I'm serious.

"I can't stand there pretending that I'm not jealous. That Eion flirting with you is fine with me. I want to just punch him everytime he looks at you. Baby, I can't keep this secret."

"Elijah, hindi mo naiintindihan." Iyon lang ang tanging nasabi ko.

Hindi ko kayang dugtungan ng mga rason ko. Matagal pa bago siya nagsalita ulit. Ganon lang ang naging posisyon naming dalawa hanggang sa tumigil ako sa paghikbi.

"I think we're just going to have to be secretly in love with each other and leave it at that." Sabi ko.

Kumalas siya sa pagkakayakap sa akin at hinarap niya akong mabuti. Tumingin ako sa kanya at nakita ko ang nagugulat niyang mga mata. May mali ba sa sinabi ko.

"In love ka sakin." Hindi iyon tanong. Para bang sinabi niya iyon sa kanyang sarili para maniwala siya.

Kinagat niya ang kanyang labi at tiningnan akong mabuti. Nagkasalubong ang aking kilay sa sinabi niya. Ilang sandali pa bago siya kumibo. Umiling siya at pumikit.

“I’m sorry, baby, don’t expect me to keep my feelings to myself. It’s overwhelming. I can’t hold it alone. At wala akong pakealam kung may makahalata.”

The secret thing? I think I’ll do this alone. He’s not going to hold back now. Lalo na’t indirectly ko nasabing in love ako sa kanya. He’ll go all out. And I’m damn scared of losing him along the way.

<h1>Kabanata 30</h1>

<hr>

Kabanata 30

*OceanofPDF.com*

I Know

Inuwi ako ni Elijah sa bahay. Wala pa sina mommy at daddy. Siguro ay hindi pa tapos ang party. Alas onse pa lang naman at gaya ng sabi ni daddy, uuwi ako bago mag alas dose. Wala ulit kaming kibuan. Masyado rin kasi akong maraming nasabi kanina.

Alam kong walang plano ang mga pinsan ko na matulog sa bahay namin ngayong gabi. Syempre dahil bukas, pupunta pa kami ng Divine Sheperd, kung saan nailibing ang Lolo namin. Doon kami magpapalipas ng undas kaya ang alam ko ay ihahatid lang ako ni Elijah sa loob ng bahay at uuwi rin siya agad. Masyado namang weird kung dito siya matutulog kahit wala naman sa plano. At pakiramdam ko, kung iyon ang magiging desisyon niya, hindi ako makakatulog sa kaba.

Pumasok ako sa kwarto at sumunod naman siya. Hindi ko siya matingnan habang siya ay parang pinapanood ang lahat ng galaw ko.

“I’ll just make sure you’ll sleep.” Aniya.

“Matutulog naman talaga ako.” Utas ko habang kinakapa ang zipper ng damit ko sa likod.

Oh no, no, no! Don’t tell me I need his help! Hindi ko na sinabi pero siya na mismo ang nagtanggal ng zipper pababa sa gitna ng likod ko.

“Uh, thanks.”

Mabilis kog kinuha ang pajama, t shirt, at tuwalya ko. Dumiretso na ako sa bathroom. Kinabahan ako doon. Ni hindi ko na siya tiningnan man lang. Huminga ako ng malalim at nagsimula ng mag shower.

Hindi siya aalis hanggat hindi ako nakakalabas, diba? Ni hindi ko alam kung aalis ba iyon? At hindi ko rin alam kung gusto ko ba siyang umalis o hindi.

Pagkatapos ng shower ay nagpalit na agad ako ng damit. Lumabas ako at nakita ko siyang nakaupo parin doon sa kama ko. Naka puting t shirt na

siya. Hinubad niya na ang seven colors na jacket. Naka puting t shirt at naka army pants parin siya. Sinundan ulit ako ng mga titig niya. Suminghap siya nang umupo ako sa kama. Nakatingin parin siya sa akin kaya tiningnan ko na rin siya.

“Anong oras ka uuwi?” Tanong ko.

Hindi siya agad sumagot. Imbes ay tumayo siya at kinuha ang comforter ng kama ko. Umayos ako sa kama. Tinabunan niya ang tuhod ko ng comforter at umupo siya sa gilid ko. Iyon lang ang ginagawa niya pero hindi alam kung bakit umaalog ang dibdib ko sa sobrang lakas ng pintig ng puso ko. Pinipigilan ko ito pero hindi parin umaamo.

“You really sure we won’t tell anyone?” Tanong niya gamit ang malulungkot na mga mata.

Tumango ako.

Ngumuso siya at tumango. “Matulog ka na.” Aniya.

Umiling naman ako. Kumunot ang kanyang noo sa aking pag iling.

Humiga ako sa kama nang nakatingin parin sa kanya.

“Hihintayin kong makauwi ka.” Utas ko sabay pakita sa cellphone ko.

Tumango siya at ngumisi. “Okay. We’ll sleep together.”

Tumango ako. Tumikhim siya at tumayo. Kinuha niya ‘yong jacket niya at tiningnan muna ako bago binuksan ang pintuan sa kwarto. Lumabas siya ngunit hindi niya agad iyon sinarado. Paunti unti niya iyong sinarado habang nag tititigan kami.

“Good night, Klare.” Dinig kong sinabi niya bago siya tuluyang umalis.

Nang nakauwi na si Elijah ay nakatulog din ako sa antok at pagod. Iyon lang ang hinintay ko. I want him home safe.

“Ate!” Sigaw ni Charles habang nagtatatalon sa aking kwarto kinaumagahan.

Oo nga pala. Pupunta kami ngayon sa libingan ng lolo ko. Paniguradong magpapapicture na naman si Azi sa lapida niya. Iyon kasi ang kanyang nakagawian. Taon taon, tuwing undas, simula nang namatay si lolo, nag papapicture siya sa lapida. Natutuwa kasi siya dahil pangalan niya ang naroon: Azrael Ian Montefalco III.

“Matuluyan ka sana!” Tumatawang sambit ni Erin sa kanya habang humihiga sa tabi ng lapida at nag papapicture.

Sikat si lolo dito sa syudad. Syempre, isa siya sa may malawak na lupa sa buong lalawigan. May ipinangalang street sa kanya sa isang lalawigan. A.I. Montefalco. Kilala ang buong pamilya kaya pagkarating namin sa sementeryo ay marami rin kaming kilala sa mga taong naroon at bumibisita sa patay.

Naroon na si Elijah, Azi, at Damon kasama ang kani kanilang mga magulang. Well, except for Damon. Ang daddy nina Damon at Rafael ay parating nasa Manila. Silang dalawa lang ang nakatira dito. Inoferran si Damon na mag Maynila para doon mag aral. Buong akala ko nga ay aalis na siya ngayong second sem pero nagulat ako nang hanggang ngayon ay nandito pa rin siya.

Tumama agad ang tingin ni Elijah sa akin. Kitang kita ko ang tingin niya galing sa mga mata ko pababa habang nakaupo sa niset up na mga upuan at mesa. Madalas ay dito kami nag oovernight. Iyon ang nakagawian. May mga kaibigan din kami sa paligid na dito rin nag oovernight sa sementeryo ngunit ngayon, mukhang malabo yata ito. Makulimlim ang panahon. Mukhang may bagyo kaya hindi kami pinayagan.

“Klare, light this candle.” Sabi ni mommy sabay limang kandila sa akin.

Sa libingan ni lolo at lola, may nakalibing ding ibang relatives namin. May mga bulaklak na doon at nag squat kami ni Charles para sindihan ang kandila na binigay ni mommy sa akin.

Hinintay namin na dumating sina Josiah, Chanel, at Erin. Umupo ako sa tabi ng tahimik na si Claudette habang hinihintay ang kanilang pamilya.

“Samin tayo!” Giit ni Azi.

Malapit lang kasi dito ang bahay nila. At paniguradong masisiyahan si Erin kasi matutupad na ‘yong wish niyang swimming sa swimming pool ni Azi.

“Hindi ka pa ba nauumay sa kaka overnight?” Tumatawang sinabi ni Damon.

“E, ikaw? Di ka pa ba nauumay sa palaging pagiging absent tuwing may overnight? Alam kong sa ospital ka nag papalipas ng gabi. Ewan ko anong meron sa ospital!”

Napangiwi si Damon kay Azi. “Wala ka ng pakealam doon!”

Nagbangayan pa sila. Tawa lang kami nang tawa ni Elijah at Claudette hanggang sa dumating na sina Chanel, Erin, at Josiah kasama ang mommy at daddy nila. Mabilis akong nag mano kina tita at tito. Napangiwi si Tito pagkatapos kong mag mano at agad bumaling kay mommy.

“Helena.” Matamang tawag ni tito kay mommy. “Is it safe to just bring her here?”

Tumama ang mga mata ni mommy sa akin at agad siyang lumayo. Sumunod si tito at daddy sa kanila at doon sila sa malayo nag usap.

“Tara kina Azi!!!” Tumawa si Chanel. “Sorry po, lo. May bagyo. Mahal ka po namin.” Aniya sa lapida.

Nagtawanan kami.

“Maiintindihan ‘yan ni lolo. Understanding ‘yan.” Tumawa si Elijah at sumulyap sakin.

Ngumiti ako.

Malayo kaming dalawa pero di ko maiwasan ang pag aalburuto ng mga mananap sa tiyan ko. Dammit, Klare! Anong meron? Wala naman, ah? Nagtatawanan naman kayo! Ni hindi ikaw ang kausap niya pero bakit ganyan ka?

“Dad, sa bahay kami mag oovernight.” Paalam ni Azi sa kanyang daddy niya.

Tumango si tito at tumingin kay Elijah.

“Don’t drive the car, Azrael. Ako ang mag dadala ng sasakyan natin. Makisakay ka kay Elijah pauwi sa bahay. Dito na muna kami ng mga tito niyo. Take Claudette.”

Tumango na parang aso si Azi.

Iyon ang pagkakaiba nila ni Knoxx. Pareho silang pasaway ngunit si Azi ay dakilang sunod sunuran sa kanyang ama. Habang si Knoxx ay rebelde at hindi napapasunod nino.

Pinayagan ako ni mommy at daddy na makapag over night. Iyon nga lang, biglaan at wala akong damit. Ani Erin ay hindi raw siya mag s-swimming dahil may period siya kaya nag plano siyang manood na lang kami ng horror movies. Wrong Turn, daw. Hindi ko kaya ang mga ganon. Okay lang ‘yong horror na may nagpapakitang mga aswang at white lady, ngunit ‘yong mga patayan at kainan ng atay ay hindi ko na kaya.

Ngumingiwi na ako patungo sa sasakyan. Dumiretso si Azi sa frontseat. Umismid si Elijah sa kanya.

“Dude sa likod ka.” Ani Elijah.

“What?” Hindi iyon naintindihan ni Azi.

“Si Klare sa front seat.”

Nagmura si Azi at napatingin sa akin. Lumipat siya sa likod at tumabi na lang kay Claudette.

“Di ko kayo maintindihan. Madalas patayan ang away, madalas din parang mamamatay kayo pag wala ang isa.”

Hindi ako umimik. Hindi rin umimik si Elijah. Maging si Claudette na siyang kasama namin ay wala ring kibo. Kung wala si Azi ay magiging tahimik ang byahe ngunit dahil nandyan siya, hindi niya kami pinatahimik.

“Handa na ang guest room. ‘Yong pinakamalaki! Kina Klare kasi mahahati tayo sa mga kwarto kasi maliliit at tama lang ang guest room, pero samin?” Humagalpak siya. “This will be good.”

Ang tinutukoy niyang good ay ang malaking guestroom nila na may tatlong king size bed na magkadikit dikit. Naka set up na rin ang napakalaking flat screen para sa panonood namin ng movie at nag handa rin sila ng pagkain. And of course, liquors. Hindi iyon mawawala. Damn, boys. Lalo na’t nandito na si Rafael.

Sa malaking guestroom nina Azi kami nag siksikan. Kahit na may kwarto si Azi at Claudette ay mas pinili parin nilang makipag siksikan doon. Iyon nga lang, hindi naging mabuti ang usapan. Noong una ay nakahiga pa kaming lahat at nanonood ng Wrong Turn.

Si Josiah ay kumakain ng pop corn habang si Chanel ay nakasandal sa kanya. Si Azi naman ay nakahiga sa tiyan ni Erin. Si Claudette ay pinapagitnaan ni Damon at Rafael. Naka upo ako sa dulo ng kama at niyayakap ang mga tuhod ko. Si Elijah naman ay nasa kabilang dulo at nakahalukipkip na naka tingin sa flatscreen.

Why the positions? Nakakatawang isipin na ganito kami kalayo sa isa’t-isa. Tahimik kaming lahat at sumisigaw lang sila tuwing nagpapakita na ‘yong mga cannibal na panot at nag tatakbuhan na.

“Eww! Eww!” Sigaw nang sigaw ang maarteng si Azi. “Look at your taste, Erin. What the shit?”

“Tumahimik ka diyan. Ang ingay mo!”

Normal naman kaming lahat. Normal kaming magpinsan. Normal na normal. Ayaw kong isipin na may abnormal sa amin kahit alam kong meron at kasalanan ko iyon.

Tumunog ang cellphone ko at agad agad kong binasa ang mga mensahe. Kanina pa pala may message si Eion. Binasa ko muna iyon.

Eion:

What you doin? Bumisita ba kayo sa lolo mo?

Nireplyan ko siya. Ako:

Sorry, late reply. Yup. Nasa kina Azi kami ngayon. Di makakapag overnight dahil sa bagyo.

Binuksan ko naman ang bagong message galing kay Elijah. Sumulyap muna ako sa kanya na nakatingin sa akin bago ko iyon binasa.

Elijah:

Pwedeng tumabi?

Ngumuso ako at agad nag type. Hindi ko alam kung ano ang isasagot ko. Wala namang alam ang mga pinsan ko pero parang na gi-guilty ako kung tatabi siya sa akin.

Ako:

I don’t know.

Nakita kong dumungaw siya sa cellphone niya. Agad siyang hinampas ng unan ni Azi.

“Dude! Stop texting!” Ani Azi.

Tumayo si Elijah at lumayo kay Azi. Dumaan siya sa harap at alam kong pupunta siya sa akin. Imbes na sa kanya ako tumingin ay sa mga pinsan kong titig sa flatscreen ako tumingin. Si Claudette lang ang nakatingin sa

kanya. Hindi siya pinansin ng iba. Halos mapamura pa si Rafael nang dumaan siya sa harap.

Umupo siya sa tabi ko. Gumalaw ako para bigyan siya ng space. Gumalaw kaming lahat. Dammit! Why is this awkward for me?

Umupo siya sa tabi ko at tinitigan niya ako. Nakatingin lang ako sa flatscreen. Don't tell me he'll stare like this forever?

"Stop staring." Bulong ko.

"Oh, okay." Aniya at humilig siya sa balikat ko.

Naghuramentado ang sistema ko. Damn the internal turmoils! Alam kong walang alam ang mga pinsan ko pero pakiramdam ko malalaman nila. Alam kong hindi sila mag iisip ng masama sa ginagawa ni Elijah ngunit hindi ko mapigilang mag isip ng masama sa nangyayari.

Kinuha ni Elijah ang phone niya at nag text. Hindi ko tiningnan kung sino ang tinext niya. I'm sure it won't be me. Magkatabi naman kaming dalawa. Pero nagulat ako nang tumunog ang phone ko at nabasa ang message niya.

Elijah:

You smell so good.

Halos itapon ko sa flatscreen ang cellphone ko. Hindi ko talaga alam kung nagustuhan ko ba iyong tinext niya o hindi. Basta ang alam ko, gusto kong basagin ang phone ko.

Ako:

Stop making everything awkward.

Elijah:

It's not awkward. You're just paranoid.

“Ano ba kayo? Undas ngayon, pakitigilan iyang pag titext niyo sa mga love life niyo!” Sigaw ni Erin nang nahalata ang madalas na pag tunog ng mga cellphone naming dalawa.

“Sorry.” Sabi ko at binaba ang cellphone ko.

“Bitter.” Tumawa si Chanel.

“Sagutin mo na si Eion, Klare, para matapos na ang lahat!” Humagalpak si Erin.

Natigilan ako sa sinabi niya. Hindi ko alam kung magsasalita ba ako o hindi. Tumikhim si Rafael at tumayo.

“Ayoko na nga. Nakita ko na naman ito!” Aniya at kinuha ang biniling Jagermeister sa tabi niya.

Binuksan niya ang slide in na pinto patungo sa malaking balkonahe ng guestroom nina Azi. Umuhip ang malakas na hangin. Umuulan sa labas pero hindi uulanin ang balcon dahil hindi open.

“Inuman na tayo!”

Nagalit si Erin dahil panira daw iyon sa bonding moment naming mag pinsan. Kaya lang ay pumayag si Azi at Josiah kaya sumunod na rin ang ibang boys. Si Elijah lang yata ang nanatiling nasa higaan.

“Elijah, lika na!” Tawag ni Azi galing sa labas.

“Don’t like.” Ani Elijah at sumandal ulit sa balikat ko.

“Hay, i hate boys!” Sigaw ni Erin at nagyaya kay Chanel na kunin iyong lasagna sa baba.

Lumabas silang dalawa. Sinarado naman ni Azi ang pintuan sa balkonahe kaya kaming tatlo na naman ang nasa loob ng kwarto. Tumayo si Claudette at lumabas nang di nag papaalam.

Huminga ako ng malalim at tumingin kay Elijah. Nag angat din ng tingin si Elijah sa akin.

“Uminom ka kasama ng mga boys. Weird kung parati kang nandito.” Sabi ko.

Umiling siya. “Paglalaruan na naman ni Azi ang phone ko. He really wants me to hook up with Cherry.”

Medyo napangiwi ako sa kanyang sinabi. I don’t like it. Kung pwede lang ay itago ko si Elijah sa akin ay ginawa ko na.

“Then, give me your phone.” Sabay lahad ko ng kamay.

Ngumuso siya at tumango sabay bigay sa akin ng phone niya. “But I want to text you while I’m in there.”

Ako naman ngayon ang naguluhan. Gusto ko rin ng ganon. Pumangalumbaba siya sa akin habang nakatukod ang kanyang siko sa kama. Ang isang braso niya naman ay nasa baywang ko. He’s locking me on the bed. Kinabahan tuloy ako at baka may makakita sa amin. Mabuti na lang at may kurtina naman ang sliding door na salamin. Kaming dalawa lang naman sa room ngayon.

“Okay. Wa’g mong ipahawak kay Azi.” Sabi ko.

Ngumisi siya at tumango nang biglang may pumasok sa kwarto.

Mabilis ko siyang tinulak ngunit hindi siya tuluyang nalayo. Alam kong ganon dahil wala naman talaga siyang intensyong itago ang kung ano man ang namamagitan sa aming dalawa. And it’s freaking scary.

Tumaas ang kilay ni Claudette at nag iwas ng tingin sa amin. Kinuha niya ang cellphone niya sa tabi ng kama ko. Dahan dahang umupo ng maayos si Elijah at pinasadahan niya ng kanyang palad ang kanyang buhok.

“Don’t worry. I know.” Ani Claudette.

Alam ko iyon. May duda ako. Ngunit nagulat parin ako. Tumayo si Elijah at nakakunot noong tinitigan si Claudette.

“Dito lang ako sa kanila, Klare.” Aniya at umalis na patungo sa balcon.

Hindi ko alam kung ano ang sasabihin ko kay Claudette kaya di na lang ako kumibo. Ngunit siya mismo ang hindi na nakatiis.

“I get it. Naramdaman ko iyon. And I understand, I’m with you both. I know it’s bad. Really bad. But I wanna know, Klare, bakit?”

<h1>Kabanata 31</h1>

<hr>

Kabanata 31

*OceanofPDF.com*

Hindi Lang Ako

Tumunganga pa ako sa kanya. Hindi ko alam kung ano ang isasagot ko at hindi ko rin naintindihan ang kanyang tinanong. Suminghap si Claudette at hinarap ako.

“Bakit si Elijah? Bakit…” Umiling iling siya. Para bang nahihirapan siyang gumawa ng tanong sa sobrang daming iniisip. “Bakit siya kung si Eion ‘yong alam kong gusto mo? Paano nangyari ito? Bakit sa pinsan pa natin?”

Nakita kong gulong gulo siya. Pumikit siya at suminghap. PInakalma niya ang sarili niya. Lumunok ako at tumingin sa pumapagitnang unan sa aming dalawa.

“Hindi ko alam. Nangyari na lang.” Iyon lang ang tanging nasabi ko.

Sa totoo lang, hindi ko rin alam. Nag simula ako na gustong gusto si Eion. Ilang taon rin iyon na nag kagusto ako sa kanya. Pero simula yata nong debut ko ay napansin ko na ang bawat galaw niya. Hindi naman ako ganon dati.

“Paano? Si Eion, diba, ‘yon? Remember? Niyaya mo siya sa debut mo?”

Tumango ako.

“Well, then, paano nangyari?” Tanong niya.

“I don’t know, really. Hindi ko alam, Clau.” Napaos ang boses ko.

Kung sana ay may maidahilan ako sa kanya ay sasabihin ko agad ngunit wala akong dahilan. Hindi ko alam kung kailan nag simula, paano nangyari, at bakit nagkaganito. Namulat na lang ako isang araw na napapansin ko na siya at unti unti na lang akog nahulog.

“I’m not against the two of you, Klare pero hindi naman sa kinukunsinti ko kayo. Nakita ko kayong lumaki. Yes, I admit that Elijah’s been gone for a long time at nong high school tayo ay hindi natin siya madalas kasama dahil pabalik balik parin siya ng U.S… And I’ve seen you both fight over petty

things na akala ko ay hindi na kayo magkakasundo. Why now? What happened?”

Nabigatan ako masyado sa mga sinabi niya. I get her point. Ngunit maging ako man ay hindi pa nakakapag isip ng ganyan ka lalim. I don’t know what happened. Kung sana lang ay may maisagot ako ay isasagot ko na sa kanya.

“Nakita ko siyang madalas na natutuwa pag tinitingnan kang nahihirapan noon. At nakita rin kita nong sinampal mo siya at ginalit sa harap ng maraming tao. Kahit kailan, hindi ko inisip na may mamumuong ganito sa inyong dalawa. Until that day…”

Tumama ang tingin ko sa kanya. Ngayon, ako naman ang nagtataka. Paano niya nahalata? Tumigil siya dahil nagkatinginan kaming dalawa.

“‘Nong practice ng debut mo. ‘Yong pagiging gago ni Elijah tuwing napag uusapan si Eion. But I rejected that idea. It’s impossible. He’s just being overprotective like how Rafael, Josiah, Damon, and Kuya Justin cared for Chanel’s relationships. Pero may napansin ako, hindi naman siya babaero no’n, a? Alam kong pumuporma siya sa mga babae ngunit hindi siya lelebel kay Kuya Azi. At tuwing naiisip kong kung gugustuhin niya talagang pumorma ay mas mahihigitan pa niya si Josiah sa dami ng nagkakandarapa sa kanya. Ikaw rin, Klare, the way you got real angry no’ng nakita mong kasama niya si Karen sa Sweet Leaf. You were so mad at him. Bakit?”

Kinagat ko ang labi ko. So… noon niya pa pala talaga nahalata. Masyado ba kaming transparent sa isa’t-isa? Masyado ba akong halata? Masyado bang halata si Elijah?

“Simula non, napansin ko na lahat ang galaw ninyo. ‘Yong madalas na pagtulog niya sa kwarto mo.” Nakita ko ang pagbagsak ng kanyang mga mata.

Umiling agad ako. “Hindi kami ganon, Clau.” Patuloy ako sa pag iling.

Alam kong sa mga iniisip niya ngayon at sa nadatnan niyang posisyon namin ni Elijah kanina ay gagagawan niya na ng kahulugan ang lahat ng iyon.

Tumango siya. “Sorry. Hindi ko maiwasan ang magtanong. I’ve been keeping this to myself. Gusto kitang kausapin dahil mas madali ‘yon kesa kay Elijah. Dahil alam ko, sa inyong dalawa, ikaw ‘yong mas may control. Palagi kitang nadadatnan na nagpipigil at tumitingin sa malayo pag may hindi gustong mangyari, ngunit si Elijah itong walang pakealam basta ba masabi at magawa niya ang gusto niya.” Huminga siya ng malalim at hinawakan niya ang kamay ko.

Nagkatinginan kaming dalawa. Nakita ko ang namumuong luha sa kanyang mga mata. Bumigat ang dibdib ko.

“I’m with you both. I’ll support you because I love the both of you. Nakita ko rin kung paano mo siya iniwasan at kung paano ka niya iniwasan noon. At ngayong nandito na tayo, wala na tayong magagawa. But, Klare, aren’t you scared?”

Nalaglag ang panga ko sa tanong niya. Lumuha siya. Mahinhin at mahinahon lang. Naiiyak rin ako ngunit kailangan kong magpakatatag. Ang makitang umiiyak si Claudette ay masyadong kagulat gulat para sa akin. I’ve never seen her cry before. Kahit no’ng mga bata pa kami. Kahit na ilang beses siyang awayin ng mga kaibigan namin ay hindi siya umiiyak. That’s why Erin is always there to be the bitch for her. Ako lang iyong taga bigay ng lakas loob sa kanya kahit na mukhang hindi niya naman kailangan kasi hindi naman siya emosyonal. Pero ang makitang bumigay siya ngayon ay masyadong nakakahabag.

“I’m scared.” Sabi ko.

Pinunasan niya ang mga luha niya. Ngumisi siya at humiga sa kama. Kahit hindi na siya umiiyak ay nakita kong pula ang kanyang mga ilong.

“Sorry for crying. Talagang natatakot ako para sa inyo. Hindi ko alam.” Umiling siya. “Nakakabaliw pero gusto ko kayong dalawa. Elijah’s an asshole but I’ve seen him… the way he looks at you…” Sumulyap siya sa akin. “At natatakot akong sa oras na may makaalam ay baka paghiwalayin kayo. Masyadong partikular si Dad sa mga ganyan. Maging ang mga tito natin.”

“Sorry.” Sabi ko at humiga na rin sa tabi niya.

Bumukas ang pinto at binalot kami ng maiingay na si Chanel at Erin. May dala silang mga pasta na nilapag nila sa mataas na table sa gilid ng flatscreen. Hindi na kami nag imikan ni Claudette. I know she’ll keep quiet about this.

“Ano na? Matutulog na kayo? Ang lakas ng ulan sa labas! Sarap maligo!” Tumatawang sinabi ni Erin sabay bukas sa sliding door.

Narinig ko agad ang lakas ng ulan at ang lakas rin ng tawanan ng mga boys. Mabilis na pumasok ang naglalaway sa pagkaing si Azi.

“Food!” Sigaw niya sabay diretso sa mga pagkaing kinuha nina Erin.

Sumunod din si Rafael, Damon, at Josiah. Si Elijah ang huling pumasok. Nagkatinginan kami ni Claudette. Nagkibit balikat siya at tumayo agad para kumuha doon sa mga pagkaing dinala ni Erin at Chanel.

Tumayo rin ako para kumuha roon sa pagkain. Nasa likod ko si Elijah habang kumukuha ako ng lasagna at kumain. Umupo naman ako sa dulo ng kama para doon na kumain habang tawa sila nang tawa dahil sa inisan.

“Mamimiss ko talaga ‘tong mga lakad natin. Naiinis na ako sa school.” Ani Chanel.

“Wa’g mo ngang ipaalala sa akin na malapit na ang pasukan. Maglalaslas na ako nito.” Ani Erin.

“Sana mapunta naman ako ngayon sa mga nursing blocks para makahanap din ng nurse na ka fling, tulad nitong si Damon.” Tumatawang sinabi ni Josiah.

Binatukan ni Damon si Josiah. Parang iritado siya sa sinabi ni Josiah.

“Sayang lang at wala na kayo non! Bakit mo ba ‘yon pinakawalan? Sa bagay, nakakaumay nga naman pag araw araw ay ‘yon ang ulam mo!” Humagalpak sa tawa si Josiah.

Umambang susuntukin na ni Damon si Josiah dahil sa sinabi niya.

Mabuti na lang at pumagitna agad si Elijah. Nakita kong nagulat si Josiah sa pagiging seryosong bigla ni Damon.

“Joss, tama na!” Sabi ni Claudette.

Medyo nagkaroon ng tensyon sa amin. Binitiwan ko ang pagkain ko at hinawakan na ang braso nang nanginginig na si Damon.

“Bro, tama na sa biro tungkol sa kanya, ah!” Iritadong sinabi ni Damon.

“Uy, sorry naman. Chill lang. Akala ko cool pa? Hindi ba ganon ka naman dati?” Ani Josiah.

Hinawi ni Damon ang kamay ko sa braso niya at umalis doon. Bumalik siya sa balkonahe. Gusto kong magyaya sa kanila na matulog pa ngunit mukhang hindi tinantanan ni Elijah si Josiah. Tahimik na nag usap ang dalawa habang kaming mga girls, kasama si Azi, ay nakatingin lang sa flatscreen at nanonood ng isang musical at pambatang movie. Si Rafael naman ang kumakausap kay Damon sa labas.

“Tara!” Sabay tapik ni Elijah sa balikat ng nakatungangang si Azi at tinuro niya ang balkonahe.

Sumulyap si Elijah sa akin nang tumayo si Azi at sinenyas ang cellphone niya. Tumango ako at humiga na lang sa gilid habang chinacharge naman ang cellphone ko. May text messages si Eion doon na ngayon ko lang napansin.

Mukhang pag aayusin nila ang dalawa, a? Kaya hindi pa sila matutulog. Lumabas silang lahat sa balkonahe at agad namang sinarado ni Elijah ang pintuan. Nagkwentuhan tuloy kami tungkol sa nangyari.

“Hula ko, natamaan si Damon sa babaeng ‘yon.” Ani Erin.

“Nope. Damon is Damon. Naniniwala akong once ang isang lalaki ay isang jerk ay habang buhay na siyang jerk.” Utas naman ni Chanel.

“Does that mean Azi will forever be a jerk?” Tanong naman ni Claudette.

“And probably gay shit.” Tumatawang dagdag ni Chanel.

Tahimik lang ako at nagreply sa message ni Eion.

Eion:

Whoa! Inuman? Dami niyo kasing magpipinsan. Ang saya siguro ng ganyan.

Ako:

Yup. Movie marathon.

Tumunog ang cellphone ko sa text ni Elijah. Tinanong niya kung nag usap daw ba kami ni Claudette at mabubuking daw ba kami.

Elijah:

We need to tell them. Wa’g na tayong maghintay na mabuking tayo.

Mabilis akong nag text. Hindi niya siguro napansin iyong mga comments ni Clau sa posts niya sa Facebook. Kung ayaw ni Claudette sa aming dalawa ay malamang matagal niya na kaming sinumbong.

Ako:

She won’t tell.

Elijah:

Gusto ko na talagang sabihin. Why prolong this? They won’t like it anyway. Ngayon man natin sabihin, o next year, they won’t like it still.

No. He didn’t get me. I know better. I’ve seen Love in movies but I’ve seen relationships in real life. They fall apart. Almost always. Hindi ko sasabihing may exception sa aming dalawa. Sa kanya. At bata pa kami ni Elijah. Marami pang mangyayari. Marami pa siyang makikilala. What if

this is just a phase to him? Hindi naman ako bulag. Nakita ko naman kung paano siya mag palit noon ng mga babae. Paano kung nahumaling lang siya sa akin dahil bawal kaming dalawa? Paano kung ngayon lang ito dahil bago lang kami? Paano kung kalaunan ay maghanap siya ng iba?

Yes. I probably have the worst insecurities. Iyon ang dinulot sa akin ng sitwasyon at pagmamahal na ito. Ngunit hindi ko kayang balewalain ang mga posibilidad na iyan. Pero tuwing iniisip kong mawawala siya sa akin ay parang nagigiba ang puso ko.

Ako:

Paghihiwalayin nila tayo.

Elijah:

Hindi tayo maghihiwalay.

Napalunok ako sa nabasa ko. Hindi ako makapaniwala. Pero natatakot akong maghiwalay kami dahil alam kong mali ito.

Hindi ko na alam kung anong sasabihin ko sa kanya. Nilingon ko ang mga pinsan ko at nakita kong tulog na ang tatlo. Ala una na pala ng madaling araw. Hindi ko namalayan ang oras. Kaya pala hikab ako nang hikab. Maghapon naman kasi kami sa sementeryo kaya pareho kaming pagod na pagod.

“I’m out!” Tumatawa si Azi nang biglaan siyang pumasok sa kwarto. Humiga siya sa gitna ni Erin at Claudette.

Diretso ang kanyang pagtulog. Narinig ko agad ang hilik niya. Umiling ako at nilapag ang cellphone sa side table. Tumayo ako at pumuntang bathroom. Kailangan ko na ring matulog.

Habang naghihilamos ay narinig ko ang mga boses nila sa labas. Mukhang maayos na si Josiah at Damon. At naririnig ko rin ang medyo mga basag at lasing nilang mga usapan. Thank God, they’re now okay. Lumabas ako ng

bathroom at nakitang nakahiga na silang lahat. Nakapatay na rin ang mga ilaw.

Lahat talaga kami ay pagod. Kaya dagdagan ng alak ay tulog agad pagdating sa kama. Si Elijah na lang ang gising. Nakaupo siya sa kama na hinihigaan ko kanina. Kahit na madilim ay alam kong nakatingin siya sa akin.

Naglakad ako patungo roon. Tumayo siya para itabi ako kay Rafael na tulog na tulog na rin ngayon.

“Uhm, magtatabi tayo?” Tanong ko.

Alam ko na ang sagot, syempre. Wala nang space kahit saan. Mukhang nasanay na rin ang mga pinsan namin na kami talaga ang magtatabi kaya heto at binigyan kaming dalawa ng space na magkatabi.

“Would you rather-”

“Nevermind.” Bulong ko bago niya pa matapos ang sinasabi niya.

Kinuha ko ang comforter na nakaipit sa paa ni Rafael at humiga na agad. Tumunganga pa si Elijah sa harap ko kaya tiningala ko siya.

“Di ka pa matutulog?” Tanong ko.

Suminghap siya at unti unting humiga sa gilid ko. Hindi siya umimik. Weird. Wala naman akong nasabing masama. Hindi ko nga lang siya nireplyan kanina.

“You okay?” Tanong ko nang nasa tabi ko na siya.

Hindi naman kami ganon ka siksikan para mawalan ng gap sa isa’t-isa. Hindi parin naman tumatama ang balikat ko sa balikat niya.

“Nabasa ko ‘yong mga text niyo ni Eion.” Malamig niyang sinabi.

“Oh.” Ngumuso ako.

Napatingin tuloy ako sa cellphone ko sa gilid. Hindi na ito nakasaksak sa outlet. Siguro ay tinanggal niya ito nang nagbasa siya sa mga message. Dammit, Elijah! Bakit mo kasi binasa?

“Are you… still flirting with him?” Bulong niya.

Parang tumambling ang damdamin ko sa tanong niya. Hindi ko alam kung bakit.

“Nope. It’s rude to ignore his messages.” Bulong ko pabalik.

“I don’t find it rude.” Aniya sabay tingin sa akin.

Nagkatinginan kaming dalawa. Parang tulad lang sa nangyari noon sa Camiguin. Only that, this is different. We’re much closer now.

“You’re being rude to me everytime you text him.” Aniya.

Kinagat ko ang labi ko. Bago pa ako makapag apologize ay pumikit na siya.

“Sorry, hindi ko sinasadyang pangunahan ka.” Buntong hininga niya.

“Huh?” Kumunot ang noo ko.

“May gusto ka parin ba sa kanya? Naguguluhan ka ba saming dalawa? At nananalo ba siya dahil hindi mo siya pinsan?” Nabasag ang boses niya sa huling sinabi.

Nalaglag ang panga ko. No, Elijah! Of course not! Dammit! Bakit mo iyan naiisip? Kinukurot ang puso ko sa mga sinasabi niya.

Dito ko napagtanto na hindi lang ako ang may insecurities. Hindi lang ako iyong nagmamahal. Hindi lang ako iyong naapektuhan. He’s here. He’s with me. Nasasaktan din siya. May insecurities din siya. At naaapektuhan din siya. Naiiyak ako. Nanginig ang labi ko habang iniisip kung ano kaya ang nasa loob ng utak niya? Paano niya kaya inisip ang lahat ng ito?

Noong nalaman niyang may nararamdaman siya para sa akin, paano niya iyon iniwasan? At bakit siya umamin? Paano naging ganito ka lakas ang

nararamdaman niya para sa akin. Elijah is in love with me, too, and he’s damn vulnerable when it comes to me.

Hinawakan ko ang pisngi niya. Nilagay niya ang kamay niya sa kamay ko.

“Baby, answer me please.” Halos hangin na lang ang kanyang boses. “I am in love with you. And I really want to hear that you are in love with me too. Not with someone else.”

Kinuha niya ang kamay ko at hinalikan niya ito.

“Please, I want to hear it.” Aniya at pumikit siya.

“I’m in love with you, Elijah. Ikaw lang.” Bulong ko.

Bumuntong hininga siya. Para bang sa sinabi ko ay nabunutan siya ng tinik. Naguilty ako sa pag titext ko kay Eion. I really need to tell him straight now. Dapat ay iklaro ko sa kanya na hindi na magiging kami. I don’t want to hurt Elijah.

“Good.” Ngumisi siya at dumilat. “Kahit gusto kong isigaw mo ‘yan, I’ll be content to hear that as a whisper right now.”

Ngumuso ako. Nagkatitigan kaming dalawa. Humalukipkip siya. Pareho na kaming nakaharap sa isa’t-isa.

Mariin niyang pinikit ang kanyang mga mata at kinuha ang isa pang comforter.

“Baby, stop staring. Close your eyes. I’m going to lose my mind if you do that.”

Humalakhak ako.

“And stop that laugh, please.” Humalakhak din siya.

“Asshole.” Bulong ko.

<h1>Kabanata 32</h1>

<hr>

Kabanata 32

*OceanofPDF.com*

Be Friends

Balik eskwela na. Second sem na ng pagiging first year ko dito sa school at ramdam ko na ang pressure galing sa mga major subjects. Kailangan pala naming gumawa ng proposal para sa baby business namin. Gumawa kami ng grupo nina Hannah, Julia, Erin, Claudette, at Liza.

Naisipan naming cakes and pastries ang pagtutuonan namin sa business. Marunong kasi kaming mag bake lahat at may mga resources na. Iyon na lang siguro iyong gagawin namin. Proposal pa lang naman ito kaya hanggang estimate na lang muna kami.

Tumatambay kami sa benches ng school habang nililista namin ang lahat ng mga pwede naming gawin. Narinig ko ang bungisngisan ni Hannah at Julia. Nilingon ko sila ngunit binalik din agad ang tingin sa mga hand outs. Nang hindi ko na kinaya ang bungisngisan ay nag angat na ako ng tingin.

Naaninag ko agad ang mga mata ni Elijah na diretsong nakatingin sa akin. Kasama niya si Josiah at Azi na nauuna sa paglalakad sa kanya. Parang nag tatalo ‘yong dalawa ngunit tumatawa. Patungo sila sa amin.

Kinagat ko ang labi ko at tumingin ulit sa mga hand outs.

“Hello, girls!” Tumatawang sambit ni Azi. “Anong ginagawa niyo?”

Umupo siya sa tabi ko at dinungaw ang mga hand outs. Sinagot siya ni Erin tungkol sa pag bibrainstorming namin.

“Wala na kaming pasok. May pasok pa kayo?” Tumaas ang kilay ni Azi sa akin.

Si Elijah ay nasa gilid niya at mukhang nag hihintay rin ng sagot. Sa kasamaang palad ay tumango ako. May isang klase pa kami na major ngayon at may quiz daw. Masyado na talagang hectic ang sched ngayon.

“Sayang naman!” Tumawa si Azi at tumayo. “Mag g-gym ako, ikaw dude?” Sabay lingon niya kay Elijah.

“Later.” Sagot ni Elijah.

Pupunta siya ng gym? Paano ‘yon? Hindi ba pareho sila ng gym ni Cherry? Paano pag nandon din siya.

“You coming with me, Klare?”

Para bang narinig niya iyong mga iniisip ko. Hindi ko na siya kailangang sabihan. Alam niya na may issue ako don. Wala naman akong planong pigilan siya kung pumunta siya ng wala ako.

“Hmm. May class pa kami, e.” Utas ko.

“Si Hannah daw mag g-gym na rin!” Tumatawang sambit ni Liza.

“Uy, ano ka ba!” Sabi ni Hannah at pinatahimik na si Liza.

Sumulyap si Elijah kay Hannah at nag taas siya ng kilay. Inilipat niya rin naman ang tingin niya sakin.

“I will wait.” Aniya.

“Kay Hannah?” Singit ng tumatawang si Julia.

Sasagot na sana ako pero tinikom ko na lang ang bibig ko. Okay, moment nila ito.

Ngumisi si Elijah at umling sa kanila. “Kay Klare.”

“Aray! Pahiya. Sorry.” Nahihiyang sambit ni Julia.

“Ano ba, Julia. Nakakahiya.” Malungkot na sinabi ni Hannah sa kay Julia.

Kinagat ko ang labi ko. Dammit! Bakit ba kasi…

“Cherry will be there later, siguro, kaya ayaw ni Elijah na may ibang babae. Am I right, Elijah?” Tanong ni Erin.

“I will be with Klare later, Erin. Hihintayin ko matapos ang klase niyo.” Matamang sinabi ni Elijah.

“Klare doesn’t need to do gym. Payat na siya.” Utas ni Erin.

Dammit! Bakit ganito ang usapan? Hindi na ako kumibo. Alam kong gusto ni Erin si Hannah para kay Elijah. Mukhang mas gusto niya si Hannah kumpara kay Cherry.

“Si Hannah na lang isama mo.”

Kumunot ang noo ni Elijah at nag igting ang bagang.

Bago pa may mura at masasakit na salita na lumabas sa bibig niya ay kailangan ko na siyang pigilan.

“It’s okay, Erin. Tatry kong mag aerodance. Tsaka… hindi ba may class ka pa mamayang six, Hannah?” Nilingon ko si Hannah.

Tumango siya. “Oo. Sorry.” Pumula ang kanyang pisngi.

Sorry, Hannah. Nakaka guilty tingnan na nabibigo ang kaibigan mo para lang sa sarili mo. Alam kong crush niya talaga si Elijah. Who wouldn’t like him anyway? He’s an ass pero kung ikukumpara sa mga pinsan kong walang ginawa kundi mambabae ay siya ang pinaka matino. He’s pretty muscular and hot, too. Iyan ang dahilan kung bakit talo ng titig niya lang ang mga pinopormahan at kinakausap na babae ni Azi. Not that Azi’s not hot or muscular. I don’t know. May kung ano lang talaga sa kanya.

Tumango si Elijah sa akin at hinila niya na si Azi at Josiah.

“Alis na kami.” Sabi ni Josiah.

Tumango kami at kinawayan na sila.

Nilingon ko agad ang hand outs ko. Kahit na wala namang pumapasok sa utak ko habang binabasa ko ang paragraph. Paulit ulit ko itong binasa at mas lalong nawalan iyon ng kahulugan. Si Hannah ay titig na titig sa kanila nang paalis. Para bang nanghihinayang siya sa pag alis nila.

“Klare, pagsabihan mo nga ‘yang si Elijah.” Sabi ni Erin sa akin.

Nag angat ako ng tingin. “Bakit?”

“Ayaw ko sa Cherry na iyon. Ngayon ko lang kasi nalaman na masyadong flirt ang isang iyon.” Sabi ni Erin.

“Huh?” Nagkasalubong ang kilay ko.

“Nakita ko siya kanina sa Engineering Building na nakikipag landian kay Hendrix Ty.” Umirap si Erin.

Crush ni Erin si Hendrix. Iyon siguro ang dahilan kung bakit ayaw niya kay Cherry. Ang sinabi sa akin ni Eion ay crush ni Cherry si Hendrix. Ngunit ang alam ko naman ay crush din ni Cherry si Elijah. Marami siyang crush and it’s normal and okay.

“Ta’s she’s flirting with Elijah. Naiirita ako sa kanya. Kaya dapat si Hannah ang pag tuonan ng pansin ni Elijah, hindi si Cherry.” Aniya.

“Erin, hayaan mo na lang si Elijah. Kung gusto niya naman ako, dapat ay tinitext niya na ako gabi-gabi. E, hindi. Kaya…”

“May tinitext siya gabi-gabi. Sino ‘yon, Klare?” Diretsong tanong ni Erin sa akin.

“I don’t know.” Sagot ko agad.

Ako ‘yong parating katext ni Elijah. Guilty ako pero hindi ko sasabihin. Araw-araw akong mamamatay sa guilt nito.

“Si Cherry ba? I bet si Cherry? I heard na nag drunk call daw siya kay Cherry weeks ago?” Humalukipkip si Erin sa akin.

“Siguro. I don’t know.” Sagot ko.

“Kasi ikaw ‘yong close kay Elijah, please find out what’s really happening between Cherry and him.” Aniya.

Tumango ako. “I’ll try.”

“Pero, Erin, mukhang mali naman yata kung pipigilan natin si Elijah. Kung gusto niya si Cherry ay hayaan na lang natin siya.” Ani Hannah.

Ngumuso ako at nagpatuloy sila sa pagtatalo sa lovelife ni Elijah. Ayaw kong makealam. Ni hindi ako kumikibo sa gilid.

“Erin, hayaan na natin si Elijah. It’s his choice. Besides, kung gusto niya rin si Cherry, siguro ay sila na ngayon. At mukhang hindi pa niya pinopormahan ‘yon.” Ani Claudette.

Nag angat ako ng tingin sa kanya. Tumango naman si Erin at hinawi niya ang kanyang buhok.

“I’m just really curious.” Buntong hininga ni Erin.

Nanliit ang mga mata ni Claudette.

“Hindi na kasi siya nambababae tulad ni Azi at kuya Joss.” Dagdag niya.

“Hindi naman talaga sobrang babaero si Elijah. Hindi naman ‘yon pumoporma.” Giit ni Claudette.

“No. Something is different. Kung noon ay nag eentertain siya ng dates. Kahit hindi girlfriend. ‘Yong dates lang talaga. Marinela, Karen, and all the pretty girls out there, nai date niya noon. Pero ngayon… weird. Something’s off.”

“Masyado kang nag o-over think, Erin.” Sabi ni Claudette.

Nagkibit balikat si Erin. Ngunit tulala parin siya.

“I don’t know. Soon, I’ll find out.” Aniya.

Kinabahan agad ako. Halos mapunit ko ang hand outs ko sa higpit ng pagkakahawak ko sa kanila. Soon, she’ll find out, huh? Paano ko ‘to itatago? Hindi naman nag eeffort si Elijah na itago kaming dalawa. At pag masyadong inisip iyan ni Erin, paniguradong may mapapansin na agad siya

sa treatment ni Elijah sa akin. Sigurado akong ang tanging nakakapagpigil sa utak niya na mag isip na may kung ano sa amin ni Elijah ay ang pagiging mag pinsan namin.

Bumungisngis silang lahat at tumayo. Nag angat ako ng tingin dahil kami na lang ni Clau ang nakaupo sa benches. Anong meron? May makahulugang titig sila sa akin kaya luminga linga ako sa paligid.

“Claudette, let’s go!” Sigaw ni Erin.

Lumayo na sina Hannah, Liza, at Julia. Si Erin naman ay binabalikan si Claudette na nakatingin sa akin.

“Don’t make stupid decisions. I will help you both. So please, Klare.” Umiling si Claudette bago siya nagpahila kay Erin.

Tumatawa silang lumalayo sa akin. Tumayo ako at naisipang sumama sa kanila. Hindi ko maintindihan kung bakit nila ako iniwan. Hindi ko rin maintindihan kung ano ang sinabi ni Claudette.

“Hi, Klare.” Malamig na sambit ng isang pamilyar na boses sa aking likod.

Napatalon ako nang nakita ang isang malaking bouquet ng mga rosas ang hawak ni Eion. Sobrang laki nito kaya pinagtitinginan kami ng mga estudyante.

Now, I get it. Lumayo silang lima sa akin dahil nakita nila na paparating si Eion at may dalang mga rosas para sa akin. They want us to be alone.

“O, Eion. Ang laking bouquet niyan.” Tumawa ako para maiwasan ang kaba.

“Para sa’yo.” Aniya sabay bigay sa akin.

Nilapag ko ang mga gamit ko sa benches at kinuha ang bouquet. “Thanks.”

Gusto ko sanang mag tanong kung ano ang okasyon at kung bakit niya ako binigyan nito pero nalaman ko din nang nagsalita siya.

“A-Alam kong nagseselos ka kay Cherry.” Yumuko siya.

Mas lalong nadepina ang pag ngiti ng kanyang mga mata. Kahit sa school uniform ay hindi ko maipagkakaila na matipuno at gwapo si Eion. Ang kanyang matangos na ilong, pulang labi, magulong buhok, at maputing kutis ay nananaig kahit na may pagka suplado siya.

He struggled for words. I know. Dahil alam kong hindi naman talaga siya vocal sa kanyang pakiramdam. Nitong mga nakaraang araw lang siya naging vocal sa akin.

“Sorry dahil don. Alam naman niyang may gusto ako sayo at nililigawan kita. Nahihiya lang ako sa’yo kasi hindi pa naman talaga kita tinanong non na liligawan kita.” Pumikit siya. “I’m really sorry, Klare.”

Huminga ako ng malalim. Gusto kong magsalita pero nagpatuloy siya.

“Alam ko ring iniisip mo na nililigawan lang kita dahil alam kong may gusto ka sakin. No. Inaamin ko noong una kitang makita, nagandahan ako sayo, pero hindi sumagi sa isip ko na liligawan kita. Nang nalaman ko na may crush ka sakin. Binalewala ka iyon.” Ngumisi siya sa akin.

Ngumiti rin ako ngunit may halong lungkot iyon. Tiningnan ko ang bawat bulaklak sa bouquet. Matingkad ang mga kulay nito at hinog na hinog. Pinili niyang naka uniform kaming dalawa sa loob ng school namin niya ako bigyan ng ganito imbes na nasa labas kami at may ibang venue.

“Pero kalaunan ay naisip ko talaga kung bakit mo ako nagustuhan. I’m not really friendly with you, pero bakit?” Umiling siya. “Iyon ang simula ng pagkakacurious ko sayo.”

Ngumiti ulit ako. I can’t help it. Ngunit nagui-guilty ako. Gusto kong umiyak at ngumiti. Ngumiti dahil naaalala ko ang lahat ng pagpapapansing ginawa ko. Naaalala ko na siya ‘yong gustong gusto ko. At anong nangyari ngayon at bakit may ibang gusto na ako? Anong nangyari sa akin?

“Kaya ngayon, Klare, I need to say this to you.”

May mga taong natitigilan sa malayo para tingnan kaming dalawa. Malayo sila at hindi nila naririnig ang pinag uusapan namin.

“KLARE! HABA NG HAIR MO!” Sigaw pa ng isang kaklase kong dumadaan sa foot bridge ng SC building at Agriculture building sa taas naming dalawa.

Tumingala ako at nakita ko ang iilan sa mga kaibigan ko sa isang subject.

“Klare, I have fallen in love with you.” Ani Eion na siyang nagpabalik sa akin ng tingin ko sa kanya.

Napaawang ang bibig ko. I’ve seen this coming. Ngunit hindi ko alam na mahirap pala ito. Mahirap siyang tanggihan pero kailangan. I liked him, yes. Ngunit sa kasamaang palad ay masasabi kong iba ‘yong pagkakagusto ko sa kanya sa pagkakagusto ko kay Elijah. The love I feel for Elijah is just too intense. Na masasabi kong infatuated lang ako non kay Eion. Tanging paghanga lang ang naramdaman ko para sa kanya. Nagustuhan ko lang siya dahil sa sobra sobrang pag di-daydream na may gusto rin siya sa akin. At ngayong nagkatotoo na ay namulat ako sa panaginip na iyon at nalaman na hindi… hindi siya… hindi iyong feeling na iyon ang ‘love’.

Nangilid ang luha ko sa aking mga mata. What happened to me? Ano ang nangyari at bakit ako na in love sa pinsan ko? Bakit kailangan kong tanggihan ang lalaking nagustuhan ko buong buhay ko?

Umiling ako kay Eion.

“Will you be my girlfriend?” Ngumisi siya.

Siguro ay naisip niyang umiiyak ako dahil mahal ko rin siya. Hindi. Umiiyak ako dahil naiinis ako sa sarili ko at naaawa ako sa kanya. I lead him on. I am to blame!

“Sorry, Eion.”

Bumagsak ang kanyang mukha. Tumulo ang mga luha ko. Hindi ko nagustuhan na kailangan kong bitiwan ang mga bulaklak at iwan siya doon.

“Sorry, Eion. I… I’m really sorry. I can’t be your girlfriend.” Sabi ko sa nanginginig na boses.

Tinakpan ko ang bibig ko para hindi makatakas ang hikbi. Namula ang mga mata ni Eion at nakita ko ang galit. Nasa bench na ang malaking bouquet.

“Klare, you’re joking.” Aniya.

Umiling ako.

“Klare, nagseselos ka lang noong una mo akong tinanggihan sa Camiguin. At ngayon, iniwasan ko si Cherry, ginawa ko ang lahat para hindi ka magselos. You’re joking.” Tumawa siya.

Umiling ulit ako.

Kung sana ay nagpapatawa nga lang ako. Kung sana ay joke lang iyong naramdaman ko kay Elijah.

“Sorry. May iba akong gusto.” Lumiit ang boses ko.

“No. No. Ako lang ang lalaking nakaaligid sayo. I’m sure, wala. You want to break my heart for revenge?” Giit niya.

Umiling ako. “Eion, I’m in love with someone else. Madly in love with someone else. Hindi kita ginagantihan.”

“Wha-” Ginulo niya ang buhok niya at tiningnan akong mabuti.

Gusto kong mag makaawa na patawarin niya ako. Ngunit ako mismo, alam kong hindi ko mapapatawad ang sarili ko.

“Eion, let’s just b-be friends.” Nanghihina na ako.

“Hindi ko kailangan ng kaibigan.” Malamig niyang sinabi at sinipa niya ang bouquet sa gilid ko.

Napapikit ako sa ginawa niya. Umalis siya ng nagmamadali. Oh my God. This is toxic.

<h1>Kabanata 33</h1>

<hr>

Kabanata 33

*OceanofPDF.com*

May Hindi Ka Sinasabi

Umiiyak ako sa comfort room ng katabing building. Fifteen minutes na lang ay may klase na kami. Hindi ko alam kung anong sasabihin ko kay Erin, Claudette, Hannah, Julia, at Liza. Anong ginawa ko kay Eion? Anong mga sinabi ni Eion? Hindi ko talaga alam kung paano ko sasabihin na binasted ko siya.

Nakikini kinita ko na ang mga tanong ni Erin. Bakit ko binasted si Eion? Hindi ba gusto ko naman siya? Wala akong maisasagot.

Oo, sinabi ko kay Eion na may iba akong gusto. Iyon ay dahil para matigil na siya. Medyo kumalma na ako nang naghilamos ako. Kailangan kong sabihin ito kay Elijah. Kaya lang mag aalala lang iyon at baka pumunta pa iyon dito sa school.

Biglang may nagmamadaling pumasok na babae. Mahaba ang kanyang buhok at medyo kulay brown iyon. Payat siya at namumutla. Hindi niya man lang ako tiningnan, dumiretso na siya sa isang cubicle at sumuka.

Nag aayos ako ng buhok. Natigilan ako nang nakita siyang nag suka. Narinig ko pa ang hikbi niya habang nagsusuka siya. Kumunot ang noo ko. Hindi ko ugali ang makealam kaso namumukhaan ko siya.

“Miss, ayos ka lang ba?” Tanong ko habang tinitingnan siya.

Tumunog ang flush at nilingon niya ako. Nakita ko na ito ‘yong babaeng nurse na sinasabi nilang kinahuhumalingan ni Damon. Nanlaki ang mga mata niya nang nakita niya ako. Gulat na gulat siya kaya inayos niya ang sarili niya.

“Ayos lang ako.” Aniya at mabilis siyang tumakbo palabas.

Tumunog ang sahig dahil sa pagbagsak ng isang I.D. Pinulot ko iyon. Tatawagin ko na sana ngunit wala na talaga siya. Nakalayo na ata.

Sumusuka siya? May nakaing masama? Umiiyak pa iyon ah? Ano kayang problema? Hindi kaya… Hindi kaya?

Tiningnan ko ang I.D. niya at binasa ang pangalan na nakasulat doon. Eba Ferrer, BSN-II. Eba Ferrer. Siya ang kinahuhumalingan ni Damon. Sumusuka at umiiyak. Hindi kaya buntis iyon? Napalunok ako sa mga naiisip ko.

Pagkarating ko sa classroom ay magulong magulo ang utak ko. Iniisip ko si Eion, at si Eba. Hindi ako nagkamali, inusisa agad ako nina Erin at Hannah kung ano ang nangyari sa amin ni Eion.

“Bakit ka namumutla?” Tanong ni Erin ng nakakunot ang noo.

“Hindi naman.” Sabi ko.

Mabuti na lang at dumating na agad ang professor namin. Hindi ko na kailangang sagutin ang mga tanong nila. Kinakabahan ako kasi hindi ko alam kung paano ko sasabihin na tinanggihan ko si Eion. Mananahimik na lang muna ako. Sasabihin ko rin sa kanila pag ready na ako. Hindi rin naman maingay si Eion. Siguro ay hindi niya ipangangalandakan na nabasted ko siya o nag away kaming dalawa.

Maagang natapos ang klase dahil quiz lang ang aming ginawa. Pinaulanan agad ulit ako ni Erin ng mga tanong. Ginawa kong excuse si Eba Ferrer para umalis. Hahanapin ko lang si Eba o di kaya si Damon para mibigay ko itong I.D.

“Saan ka pupunta oy?! Yung chika mo!” Ani Erin.

Kumaway ako nang nakalayo na. “Hahanapin ko lang si Damon.”

Itetext ko lang si Elijah na uuwi na ako pagkatapos kong mahanap si Damon. Tinext ko rin si Damon. Mabuti na lang at nasa school pa rin naman pala siya. Naaninag ko si Damon at si Rafael kasama ang iilang mga kaibigan nila. Naroon din si Chanel kasama ang boyfriend niyang si Brian.

Kumunot ang noo ni Damon. “Bakit?” Tanong niya sa akin.

“Kilala mo ba si Eba Ferrer?” Tanong ko.

Nagdilim ang kanyang titig. Hinila niya pa ako palayo sa mga nag uusap niyang kaibigan. Weird. “Bakit?” Tanong niya.

“Kasi nagkasalubong kami sa bathroom. Naiwan niya ito.” Sabay lahad ko sa I.D.

Tinitigan niya ang I.D. na iyon bago siya suminghap.

“Kilala ko siya pero di ko ‘yan ibibigay sa kanya. Mabuti pa ikaw na lang ang mag hanap sa kanya. May klase siya ngayon. Idunno. Sa Xavier Hall siguro.” Nagkibit balikat siya.

Kumunot ang noo ko. “Bakit ayaw mong ibigay sa kanya? Nag away kayo?”

“None of your business, Klare.” Aniya.

Ngumuso ako at tinalikuran niya ako. Okay. Nasa gitna pa ako ng ganitong sitwasyon pagkatapos kong mamroblema kay Eion. But I cared for Damon… No, actually, I cared for the girl. Kung totoo nga ang mga iniisip namin na si Eba iyong kinahumalingan ni Damon nitong mga nakaraang linggo, ibig sabihin ay mayroon ngang namagitan sa dalawa. I’ve seen Damon for the past weeks. Iyong narinig ko pa lang siyang kumanta ng I Won’t Give Up, malaking achievement na iyon. Ibig sabihin, may kung ano talaga sa babaeng ito.

Hinanap ko ang babae sa Xavier Hall ngunit sarado ang mga classrooms doon. Ang alam ko, dito madalas nag kaklase ang mga nursing students.

Tumunog ang cellphone ko. Sinagot ko agad iyon. Bumalot sa akin ang boses ni Elijah.

“Klare, are you done?” Buntong hininga niya.

Kinagat ko ang labi ko. “Sorry. Pauwi na ako. Nasan ka?” Tanong ko.

“Nasa bahay niyo. Shall I fetch you?” Tanong niya.

“No, no, naglalakad na ako pauwi.”

Ilang blocks lang naman galing sa school ay makakarating na sa aming building. Nilagay ko na lang ‘yong I.D. ni Eba sa bag ko at inisip na ibibigay ko na lang iyon sa kanya next time.

Naaninag ko agad si Elijah na tamad na nanonood ng T.V. sa sala pagkapasok ko. Naka itim na sleeveless lang siya at mukhang ready ng mag gym. Naka mute ang TV dahil nag tu-tutor ang ‘yong tutor ni Charles sa kanya. Nakita kong hindi makapag concentrate ang batang teacher sa kakatingin kay Elijah. Tumama ang titig ni Elijah sa akin at umayos siya sa pagkakaupo.

“Ba’t naka on ang TV?” Tanong ko agad tsaka kinuha ang remote para patayin.

Rule iyan sa bahay na pag nag tu-tutor ay dapat nakapatay ang T.V. Siguro ay nasa kwarto si mommy kaya hindi niya napansin. Nanliit ang mga mata ko kay Elijah.

“What? Teacher Rissa said it’s okay.” Paliwanag niya. “Naka mute naman ‘yon.”

Mas lalong nanliit ang mga mata ko nang narealize na alam niya ang pangalan ng teacher o tutor ni Charles. “Nag s-study si Charles kaya kailangang patay ‘yong TV.” Umirap ako at dumiretso sa kwarto.

Dinig ko ang paliwanag ni Charles na namatay din nang nakapasok na ako sa kwarto. Teacher Rissa. Maganda pa naman ang teacher niyang iyon. Oh God! I’m really over thinking things! Kahit na ayaw kong mag selos ay hindi ko talaga kayang pigilan ang damdamin ko. I need to calm the fuck down.

Napatalon ako nang kumatok si Elijah sa pintuan ko. Calm down. Okay?

“What? Nagbibihis ako!” Sabi ko kahit hindi pa naman talaga ako nag bibihis.

“Okay, then I’ll wait here.” Sabi ni Elijah sa labas.

Mabilis akong nag bihis. Naka leggings at racerback ako. Hindi ko naman alam kung ano talaga ang gagawin ko sa gym. Siguro ay talagang mag i-aerodance na lang ako. Hindi naman ako bagay sa lifting, e. Siguro ay cardio na lang ang gagawin ko.

Pagkatapos kong magbihis at mag ayos ng mga gamit ay binuksan ko na ang pinto. Naroon nga si Elijah na nakataas ang kilay. Hindi ako tumingin sa kanya. Imbes ay dumiretso na ako sa paglalakad.

“Let’s go.” Sabi ko.

Sumunod naman siya palabas ng bahay. Kinakabahan na naman ako. Palagi naman, e. Lalong lalo na pag tahimik kaming dalawa. Marami akong gustong ikwento sa kanya. Iyong nangyari sa amin ni Eion, iyong si Eba Ferrer at kung anu ano pa.

“Tahimik mo.” Puna niya.

Nilingon ko siya at nakita kong nakangisi na siya.

Oh, dammit! Whatever. Lumabas agad ako sa elevator at dumiretso sa sasakyan niya. Nag hintay ulit ako sa front seat dahil ayaw niya na namang buksan ko iyon. Pinatunog niya ang sasakyan tsaka pinagbuksan niya ako ng pinto. Nagkatinginan lang kaming dalawa nang pumasok ako. Pumasok rin siya sa driver’s seat.

Ngumuso siya habang pinapaandar ang sasakyan. I should really stop staring at him.

“Nag seselos ka kay Teacher Rissa?” Tanong niya.

“Nope.” Sagot ko agad habang nakatingin sa labas.

Suminghap siya at biglang kinuha ang kamay ko sa lap. Nilingon ko agad siya. Hinawakan niya ang kamay ko habang hinahawakan niya rin ang kambyada. Nang bitiwan niya ang kambyada ay pinagsalikop niya ang mga daliri naming dalawa.

Hindi ako makahinga sa ginawa niya. Nanlalaki ang mga mata ko. Sumulyap siya sa akin at ngumisi.

“Tinanong ko lang ‘yong pangalan niya. Gusto ko lang manood ng TV kanina. Sobrang boring kaya pag wala ka.” Aniya. “Stop with the jealous thing.”

Bumuntong hininga ako.

God. I think I’m going to really kill if Elijah will like another girl. Paano na ito ngayon? Hindi ko alam.

“Sorry.” Sabi ko.

“Ba’t ka nga pala natagalan?” Tanong niya habang natatraffic kami.

“Uhm…” Naisip kong ikwento na lang muna sa kanya ang tungkol kay Eba. Iyon rin naman kasi ang sagot sa tanong niya. “Kilala mo ba si Eba Ferrer?” Tanong ko.

“Uh… Yeah?” Patanong ang sagot niya sa akin.

“Paano mo siya nakilala?” Tanong ko.

“Damon.” Simple niyang sinabi. “Bakit?”

“Nagkasalubong kami kanina sa Comfort Room. Naiwan niya ‘yong I.D. niya. sa CR. Hinabol ko kaso di ko na siya makita. Nilapitan ko si Damon kaya lang ayaw niyang ibigay ito kay Eba. Ako na lang daw-”

“That ass is messing with my girl.” Bulong niya habang nililiko ang sasakyan.

“Hindi. Okay lang naman sa akin kung ako ang mag bibigay. Inisip ko lang na baka magka away ang dalawa kaya ayaw niyang ibigay ‘yon.” Sabi ko.

Ngumuso siya.

“May something ba sa kanila? Siya ba ‘yong kinakantahan ni Dame ng I Won’t Give Up? At anong nangyari sa kanila? Bakit ganon?” Ang dami ko namang tanong.

Nag kibit balikat si Elijah. “I don’t know. Ang alam ko lang ay ka fling niya iyong si Eba. That’s all.” Aniya at kinalas ang kanyang seatbelt pagkatapos mag park.

Tumunganga ako at tumango sa sinabi ni Elijah. Kinalas niya rin ang seatbelt ko dahil masyado akong busy sa pag iisip sa dalawa.

“She’s… vomiting. ‘Nong nagkita kami sa CR, sumusuka at umiiyak siya.”

“WHAT?”

Nagulat ako nang natigilan si Elijah sa sinabi ko. Tumango ako ng dahan-dahan sa kanya.

“Gago talaga ‘tong si Damon.” Ani Elijah. “She’s probably pregnant.”

I knew it! Pero hindi ko naman kayang isipin na ganon nga. Magkagalit ang dalawa at buntis si Eba. Binuntis ni Damon si Eba. At mukhang walang plano si Damon sa kanya!

“May nangyari na sa kanila?” Tanong ko out of innocence.

Of course, Klare, dammit! What an idiot!

Tinitigan ako ni Elijah. Nag iwas na lang tuloy ako ng tingin at uminit ang pisngi ko.

“Yup. May nangyari na sa kanila. Let’s go now, Klare. We’ll hush about this. Let them deal with it. But I’ll open this up to Damon. Okay?” Aniya.

Tumango ako at nahiya sa tanong kong iyon.

Dumiretso na kami sa building kung saan ang gym ni Elijah. Sa itaas pa iyon ng building. Kinakabahan tuloy ako tuwing naiisip na nandito si Cherry. Inisip ko rin na sana ay sinabi ko kay Elijah ang nangyari kanina sa

amin ni Eion. Kaya lang ay nasa loob na kami. Siguro ay pagkatapos na lang ng pag g-gym.

Nang pumasok ako sa gym niya. Namukhaan ko agad ‘yong mga instructors. Kilala na si Elijah doon kaya hindi na sila nagulat na nandoon kami.

“Galing na dito si Josiah.” Sabi nang instructor niyang si Sandra.

Nakita ko rin iyong instructor na muntik ng makaaway ni Elijah noong una akong tumapak dito. Nasa malayo siya at busy sa pag tuturo sa isang babaeng may maiksi ang buhok. Nakita kong si Cherry iyon. Kumaway agad siya nang nakita kaming dalawa.

Nilingon ako ni Elijah at nakaawang ang bibig niya. Ngumiti ako sa kanya. It’s okay. I’ll try hard to stop being so jealous.

“Sa aerodance lang ako.” Sabay turo sa dancefloor.

Nag ri-ready na ang ibang sasayaw. Nakita ko na rin ang babaeng instructor nila na may kulot na buhok, maputi, at sobrang ganda ng katawan.

“You sure? Pwede naman tayong magkasama don.” Sabay turo niya sa lifting section.

Umiling ako. “Okay lang ako sa aerodance.”

Actually, okay lang talaga ako. Alam kong dinala niya ako dito para hindi na ako mangamba tungkol kay Cherry. Na wala dapat akong ipagselos sa kanila dahil wala siyang gusto sa babaeng iyon. I get it. Ramdam ko iyon kay Elijah. Ang hindi ko lang maalis sa isip ko ay ang malaking insecurity ko sa lahat ng babaeng hindi niya pinsan. Dahil pwedeng pwede sila kay Elijah at ako, hindi.

Tumango siya at mukhang nag aalala. I assured him again. Dumiretso na ako sa dancefloor. Kinawayan ko siya habang naglalakad siya patungong lifting. Nakita kong malaki na ang ngisi ni Cherry sa kanya.

Okay. Whatever. Lumakas ang music dahil malapit ng magsimula ang aerodance. Medyo marami kami at madalas ay babae.

Natuwa naman ako. Na mimiss ko na rin ang mga routines. Ngayong second semester kasi, bukod sa Xavier Festival days ay wala ng okasyon para sumayaw kami ng All Star. Magandang pampa kondisyon din sa akin itong aerodance para hindi ko makalimutang ang pag galaw.

Tuwing break ay nililingon ko si Elijah. Umaligid sa kanya si Cherry ngunit hanggang tingin na lang siya. May isang break pa akong nakitang lumapit na talaga si Cherry sa kanya at nakipag usap. Hinayaan ko na lang sila. Kailangan kong matuto na huwag masyadong maging possessive sa kanya. I believe in him. I know he's in love with me. Sapat na iyon para mapanatag ako.

"Klare…" Tawag niya sa kalagitnaan ng pagsasayaw.

Tumigil ako sa pagsasayaw at tiningnan siya. Pinasadahan niya ako ng tingin. Pawis na pawis siya at nakikita ko iyong tattoo niya sa kanyang pecs.

"Yep?" Nilapitan ko siya.

Tinagilid niya ang kanyang ulo. Para bang may iniexamin siya sa akin.

Pinunasan ko ang pawis sa noo ko at nag taas ako ng kilay sa kanya.

"Bakit?" Tanong ko.

"May… hindi ka sinasabi sakin." Aniya.

Kumunot ang noo ko. "Ano?"

"Magkita tayo sa locker room." Wika niya at dumiretso na doon.

Pinagmasdan ko siyang umaalis patungong locker room. Nandoon ang bag na dala niya kanina. Anong hindi ko sinabi? Iyong kay Eion ba? Nilingon ko si Cherry na ngayon ay busy sa pakikipag usap sa kanyang gym instructor.

<h1>Kabanata 34</h1>

<hr>

Kabanata 34

*OceanofPDF.com*

Kapal Mo

Sumunod ako kay Elijah patungong locker room. Kinabahan ako. Ano kaya ang sasabihin niya? Ano ang hindi ko sinasabi sa kanya? Inayos ko ang buhok ko pagkapasok ko ng locker room. May dalawang locker room, sa girls at boys. Pumasok si Elijah sa boys, ako naman ay nasa lobby pa lang ng locker room.

Dahan dahan akong pumasok sa boys' locker room. Uminit pa ang pisngi ko nang may isang lalaking umalis pagkapasok ko. May mga benches sa locker room na iyon, tulad ng sa girls'.

Nakita kong nakahalukipkip si Elijah habang nakatayo sa gilid ng locker room sa paghihintay sakin. Kaming dalawa na lang ang nandito.

"Anong di ko sinasabi?" Tanong ko.

Lumapit siya sa akin. Kinabahan agad ako. Sinarado niya ang pinto ng locker room na siyang ikinagulat ko. Alright, calm down now, Klare. Ginawa niya lang iyan para walang makakita sa inyo.

"Binasted mo si Eion?" Tanong niyang malamig sa akin.

Ngumuso ako. Tama ang hinala ko. Iyon nga ang hindi ko pa sinasabi. Kanino niya naman ito nalaman? Kay Cherry? Alam kaya nI Cherry kung bakit ko binasted si Eion?

Umupo si Elijah sa bench sa harap ko. Tiningala niya ako habang naghihintay siya ng sagot ko. Uminit ang pisngi ko sa atensyong binigay niya sakin.

"Oo-" Bago ko pa natapos ay hinila niya na ang kamay ko.

Napaupo ako sa tabi niya. Naghuramentado ang puso ko sa ginawa niyang galaw. Dammit, Elijah! Mahigpit parin ang hawak niya sa pulso ko. Pinulupot niya ang braso niya sakin. Pareho kaming pawis kaya nahihiya ako.

“Elijah…” Sabi ko.

“Nahirapan ka ba?” Bulong niya.

Sinandal niya ang kanyang baba sa balikat ko. Hindi ako halos makagalaw sa posisyon naming dalawa. Should I be grateful na nasa loob kami ng locker room at walang nakakakita sa amin? Alam kong pinili niyang dito sa loob dahil alam niyang ayaw ko pang malaman ng ibang tao ang kung anong meron kami.

“Uh… M-Medyo.” I couldn’t lie.

Nahirapan ako sa mga sinabi ko kay Eion. Mahirap iyon lalo na’t ako naman talaga ang nagpahiwatig sa kanya.

“Na guilty ako.” Bumagsak ang tingin ko. That’s the truth.

“Sayang ba?” Pabulong niyang tanong.

Nilingon ko siya ng bahagya.

Sobrang lapit na namin sa isa’t-isa. Pinagsalikop niya ang mga daliri naming dalawa. Pinagmasdan ko ang mga kamay namin. I don’t want to let him go. Sana ay pwedeng ganito na lang kami palagi.

“Hindi. I told him the truth.” Sabi ko. “Sinaktan ko siya.”

Natahimik siya. Hininga niya lang ang naririnig ko habang pinagmamasdan ko ang mga kamay naming dalawa.

“I’m sorry, baby.” Bulong niya.

Umiling ako. “Ba’t ka nag sosorry? Iyon naman talaga ang dapat gawin ko diba? Hindi ko siya pwedeng paasahin. Hindi ko lang talaga maalis sa isip ko na ako ‘yong nanakit sa kanya. Crush ko talaga siya noon. Pinaasa ko siya tapos ako lang din naman pala ang mananakit.”

Pumikit siya at dinampi niya ang kanyang ilong sa pisngi ko. Tumindig ang balahibo ko. Dammit! I’m not going to move! Nanigas ako habang

ginagawa niya iyon.

“Will it be wrong if I tell you that I’m happy?” Bulong niya.

Hindi ako umimik. Dammit! I’m sad for Eion. But I want him to be happy. Ayaw kong maging selfish kaming dalawa. Masama iyon. Nasaktan ko ang isang tao. But I would rather get hurt, or hurt anyone… wa’g lang si Elijah ‘yong masaktan.

“That’s bad, Elijah.” Simple kong sinabi.

“I know, baby.” Bulong niya. “I’m bad.”

Tumindig ang balahibo ko. Ginalaw galaw niya ang pinagsalikop naming mgda daliri. Tiningnan ko ulit iyon. Nilalaro niya ang mga daliri ko. Nababaliw na naman ang mga demonyo sa tiyan ko.

“I want to court you, too.” Aniya.

Hindi na ako makalunok sa mga sinabi niya. Parang tumigil ang sistema ko sa pag galaw.

“Huh? Paano?” Natawa na lang ako.

Ni hindi nga kami malayang mag usap tungkol sa damdamin namin, iyong courtship pa kaya. Paniguradong mandidiri ang mga pinsan namin. Paniguradong mandidiri ang mga taong nakakakilala sa amin. Paniguradong malaking eskandalo iyon sa pamilya namin.

“Buy you flowers everyday, date you anywhere, post cheesy lines on your Facebook wall. I want all of it.”

Nobody would really want us together. Si Claudette ay gusto kaming dalawa dahil lang mahal niya kaming pareho. Kung hindi niya kami ganon ka mahal ay maaaring hindi niya maiintindihan iyon.

Hindi ko masisisi ang ibang tao. Ni hindi ko rin naman kasi maintindihan kung ano ang nangyayari sa amin ni Elijah. How did we get here? Paano niya ako nagustuhan? Hindi ba siya kinilabutan? But then again, baka

naman pareho kami ng naramdaman. Iyong alam mong hindi tama pero nagugustuhan mo parin.

“Hmmm. Don’t try to pull those stunt, Elijah. They will surely hate us.”

Tumikhim siya. “Mag date kaya tayo? Pumunta tayo ng Dahilayan.”

Tumawa ako sa anyaya niya. “May makakakita satin doon.”

Kahit na nasa kabilang lalawigan pa ang Dahilayan, alam ko paring may makakakita sa aming dalawa.

“We’ll not hold hands. We’ll just talk.” Bulong niya.

“Hmmm.” Tumango ako.

Biglang bumukas ang pintuan. Tumayo agad ako kahit na pinigilan niya ako. Halos hindi ako makatayo ng maayos dahil sa pag hila niya sa akin. Kinabahan agad ako. Mabuti na lang at lalaki ang pumasok. Hindi namin siya kilala. Nagulat lang siya nang may babae sa loob ng locker room. Hindi siya umimik. Dumiretso lang siya sa kanyang locker.

“I-I’ll change, Elijah.” Sabi ko at dumiretso na sa kabilang locker room.

Ngumisi si Elijah habang pinapanood akong umalis. Dammit! Just look at him! Ni wala siyang planong itago talaga ito. Kung hindi ko igigiit na kailangan namin itong itago ay baka noon pa lang ay patay na kaming dalawa sa pamilya namin.

Dumiretso ako sa girl’s locker room. Naaninag ko ang pawis na si Cherry doon habang pinupunasan ang kanyang buhok.

“Akala ko umalis na kayo? Saan ka galing?” Usisa ni Cherry.

“Ah. Sa CR lang.” Sabi ko sabay kuha sa damit ko sa loob ng locker room.

Tumango siya. “Heard the news nga pala. ‘Yong tungkol kay Eion. Felt sorry for him, though.”

Hindi ko alam kung ano ang sasabihin ko. It’s awkward to talk about it. Sumulyap ako sa kanya.

“Sinabi niya sayo?” Tanong ko.

“Yup. Uh, actually, no. Hindi niya sinabi pero nagyaya siya sa mga friends namin ng inuman. Elijah also got invited, I heard. Sila ng mga pinsan mong sina Josiah.”

Tumango ako.

“And I figured that you broke his heart. Ang alam ko kasi nag pa arrange daw siya ng flowers para sayo. Inisip ko na ngayong araw mo siya sasagutin. He wants to get wasted tonight so I figured that’s what happened.”

Tama ang hinala ko. Hindi nga maingay si Eion tungkol sa nangyari sa amin. He probably wouldn’t even share my reason.

“Anyway, uwi na ako, Klare. Sasama siguro ako sa yaya ni Eion sa amin mamaya. Uhm, so if your cousins are coming, I hope you won’t come.”

Nanlaki ang mga mata ko sa sinabi niya. Umismid siya sa akin.

“I’m Eion’s friend, too. Medyo nairita ako sayo kasi pinaasa mo siya. Pinalabas mo, hindi ba, na nagseselos ka sa akin kaya mo siya binasted?”

Umiling ako. “No, Cherry.”

“I’m sorry, Klare. I really care for Eion. Kaya sana, mamaya, out of respect, wala ka.” At umalis na siya doon sa locker room.

Tumunganga ako habang nag bibihis. Oo, kuha ko kung bakit ganon ang trato ni Cherry sa akin. Blame me all you want. Dapat ay ihanda ko na ang sarili ko dito. Kumakalat na iyong balita. Kinakabahan na ako.

Umalis na kami ni Elijah sa gym. Hinatid niya ako sa bahay. Inakyat niya pa ako bago siya umalis.

“Uh, sasama ka ba mamaya sa kina Josiah? Hindi ba may inuman kayo kasama sina Eion?” Tanong ko sa kanya.

Umiling siya. “Sa bahay lang ako.”

Kumunot ang noo ko. “Hindi ba sila ma we-weirduhan sayo kung di ka sasama?” Tanong ko.

Umiling siya.

“Elijah, pwede ka namang sumama. Live a normal life.” Aniya.

Ngumisi siya. “I want to text you the whole night. ‘Yang night out na ‘yan, distraction lang sakin.”

Bumuntong hininga ako. Alright, then. Hindi naman sa gusto kong sumama nga siya sa kanila. Ayaw ko lang na maweirduhan pa lalo ang mga boys sa kanya. Lalo na ngayong nawiweirduhan na rin si Erin sa kanya.

Umuwi na rin siya sa kanila. Pagkatapos kong maligo ay napag isip isip kong mag study na lang habang naghihintay sa mga text niya.

Elijah:

What are you doing?

Kinagat ko ang labi ko habang nag tatype.

Ako:

Study. Ikaw?

Elijah:

Naks. Sige, mag s-study rin ako. Kumain ka na ba?

Bago pa ako makapag type ay may malakas na katok na sa pintuan ko. Narinig ko ang boses ng mga pinsan kong babae. Kumunot ang noo ko at binuksan ko ang pintuan ng kwarto.

Nakita kong galit na galit si Erin na pumasok habang pinipigilan ni Claudette.

“Erin…” Paos na sinabi ni Claudette habang padabog na sinarado ni Erin ang pintuan.

“Anong nangyari-”

“Anong nangyari?” Ulit ni Erin sabay harap sa akin. “BINASTED MO SI EION?”

Nalaglag ang panga ko. She’s really mad. Pulang pula ang kanyang pisngi at ramdam ko ang pagkakairita niya sa akin.

“What happened, Klare?” Tanong niya.

“Erin…” Sabay hila ni Clau sa kanyang braso.

“No, Dette, stop it. I want to hear it from her. God! Hindi ba ilang taon kang nahumaling kay Eion? At ayan na, nasa harap mo na siya, ayun na, e, pinaghirapan natin iyon. Anong nangyari, Klare?” Tumaas ang boses niya.

Kinabahan ako. Natatakot akong marinig o malaman nina mommy at daddy na nag sisigawan kami dito.

“Erin, calm down.” Sabi ko.

“I can’t calm down! I can’t believe you! God! Klare! Ikaw na itong may mahabang buhok! Crush mo, naging crush ka, tas iniwan mo! What the fuck?”

“Erin, hindi mo kasi naiintindihan. Infatuation lang lahat-”

“Infatuation mong mukha mo!” Sigaw niya sakin. “What’s with you? I don’t get it!”

“Erin, hindi e. Talagang iba ‘yong feeling-”

“So ganon? Pinaasa mo lang ‘yong tao! Tumulong kami nina Julia, Klare! They were disappointed, too! The love story of the year turned out to be the wasted story of the year now!”

“Erin, ano ba ang gusto mo? Sagutin ko siya kahit na hindi ako sigurado sa nararamdaman ko para sa kanya?”

“How can you be unsure of your feelings? Halos ipilit mo nga ang sarili mo sa kanya noon tas ngayong nanligaw siya, binasted mo? How could you? Dammit, Klare! Didn’t know you were a heartbreaker!”

Nag iwas na ako ng tingin. Alam kong kahit anong paliwanag ko ay hindi niya pakikinggan. Kung ano ang gusto niya, iyon lang ang lalabas sa bibig niya.

“I can’t believe you, really, Klare.” Umiling si Erin.

Dinig na dinig ko ang disappointment sa tono ng kanyang pananalita.

“You don’t deserve Eion.” Utas niya.

“Erin, tama na.” Ani Claudette.

“Hindi, e. Naiirita talaga ako. Paasa ka!” Sigaw ni Erin sa akin. “Bakit? Sige nga. I won’t buy your excuse. Hindi pwedeng infatuation lang. Ano, Klare?”

Kinabahan ako sa sinabi niya. Paano kung malaman niyang may mahal akong iba? At paniguradong maghahanap siya kung sino iyon.

“‘Yon lang talaga. Infatuation lang ang naramdaman ko.” Sabi ko.

“Bullshit! Ang kapal mo!” Sigaw ni Erin at umalis na agad sa kwarto ko.

Luminga linga si Claudette sa akin at sa pinto. Tumikhim siya at nilapitan niya ako. Yumuko ako.

“Sorry about her. Actually, iyon din kasi ang naramdaman ni Chanel. Nagulat sila sa ginawa mo. Akala nila ay kayo na kanina.” Paliwanag niya.

Tumango ako.

“Sorry bout that. Magiging okay din ito.” Malungkot siyang ngumiti sa akin. “But I’m proud of you. Akala ko gagawin mong panakip butas si Eion para maiwasan si Elijah.”

I can’t do that to Elijah. Hindi ko ata kaya.

“Sundan ko lang si Erin. Maayos din ito. Don’t worry. Call Elijah.” Aniya.

Tumango ako at pinanood siyang umalis ng kwarto ko. I want to say thank you to her pero huli na ang lahat. Nakaalis na si Claudette.

Mabilis parin ang pintig ng puso ko. Umupo na lang ako sa kama at dinial ang number ni Elijah. Sinagot niya agad iyon sa unang ring. Humiga ako sa kama.

“Klare…” Namamaos ang boses niya.

Pakiramdam ko ay nakahiga rin siya sa kama. Kinagat ko ang labi ko. Ayokong mag alala siya pero kailangan niyang malaman ito.

“Pumunta dito sina Erin. Nagalit siya kasi binasted ko si Eion.” Sabi ko.

Hindi agad sumagot si Elijah. Binalot kami ng matinding katahimikan. Paano na lang kaya kung malaman niyang si Elijah ang mahal ko? How would she feel? She’ll probably freak out. At maaring hindi lang ang mga singhal niya ang aabutin ko.

“Inaway ka ba niya?” Narinig ko ang medyo mariin niyang tanong.

No way. Don’t tell me you’re going to defend me! Hindi pwede iyon! Kung ano man ay mag bibigay lang iyon ng duda sa kanila.

“Hindi naman. Pinagsabihan lang. Hayaan na lang natin. Huhupa din ito.” Sabi ko.

“Are you upset? Shall I go there?” Tanong niya.

“I-I’m not. Okay lang, Elijah. I’m okay with the phone calls.”

Hindi na naman siya umimik. Kinagat ko ang labi ko at hinintay ang sasabihin niya.

“I don’t want you upset, Klare.” Pabulong niyang sinabi.

“Okay lang naman ako. Let’s just sleep tonight.” Sabi ko.

Sa pagod ko ay hindi ko na lang namalayan na naidlip na ako. Ni hindi ako nakapag paalam ng maayos kay Elijah. Nanaginip na lang ako ng mga bagay na nakapag paiyak sakin. Pagkagising ko ay wala na akong maalala. Nagising na lang ako ng may luha sa mga mata.

<h1>Kabanata 35</h1>

<hr>

Kabanata 35

*OceanofPDF.com*

Trouble

Ang akala ko ay madali lang magmahal. Mukha namang madali iyon sa iba. Lalo na pag may nakikita akong mga lovers na dumadaan sa harap ko. It looks so easy. Naisip ko tuloy kung paano kaya ‘yong mga babaeng ayaw ng mahal nila? O paano naman kaya ‘yong mga lalaking ayaw naman ng babaeng minamahal nila? It’s hard for them too.

Bumuntong hininga ako at dumungaw na lang sa mga hand outs ko. Sana ngayon ay mas mahigitan ko pa iyong score ko last time.

Kaya lang ay distracted ako. Hindi ko alam kung ano ang gagawin ko para ipirmi ang utak ko sa school kung ganito naman ang sitwasyon.

“Let’s go. Gusto ko munang pumunta sa canteen.” Ani Erin sabay hila kay Julia at Liza. Nakatayo na si Hannah dahil gusto niya rin dawng uminom ng malamig na softdrinks.

Gusto ko rin sanang uminom ng Thirsty kaso alam kong ayaw ni Erin na kasama ako. Alam ko. Dahil ilang beses na itong nangyari sa linggong ito. Mabuti at busy kami sa school kaya hindi ko masyadong namamalayan. Tsaka ko lang talaga namamalayan tuwing ganito na ang nangyayari.

Napapaisip ako. Wala rin naman talaga akong kawala sa galit ni Erin o ni Chanel. Oo, medyo may tampo rin si Chanel sa akin. Aniya’y siya daw iyong tumulong kay Eion sa paghahanap sa akin sa buong campus nang binigyan niya ako ng malaking bouquet. Inisip daw niyang magiging masaya ako. Hindi niya matanggap na sinayang ko ang pagkakataon.

Pero totoong wala rin akong kawala sa galit nila. Una sa lahat, kung sinagot ko si Eion at nagsinungaling na lang sa sarili ko tungkol kay Elijah, mangingibabaw parin iyong nararamdaman ko para sa isa. I know, I’m a fool. I’m crazy. Kung ano man ang nangyari sa konting logic na binigay sa akin ng Panginoon ay hindi ko na alam. I’m now really convinced that it’s all because of the demons inside my stomach. Siguro ay talagang na udyok nga ako ng demonyo dito. Kaya tingin ko, kung sinagot ko si Eion, at malaman nilang hindi ko siya mahal, magagalit parin sila sa akin.

Pangalawa ay ang sitwasyon ngayon. Hindi ko siya sinagot, nagalit parin sila. Just the same for the two choices I can make. Naniniwala akong pinili ko lang ang daang mas mahirap ngunit mas mabilis.

“Claudette!” Sabay higit ni Erin sa kamay ni Claudette.

Humigpit ang hawak ko sa mga hand outs ko. Ganito palagi ang eksena. Sa huli ay si Claudette ang maiiwan o aalis ng malungkot para sa akin.

“I’m not thirsty, Erin.” Ani Claudette.

Gusto ko sanang kausapin si Erin. Hindi naman talaga ako iyong tipong magiging pipi sa ginagawa niya sa akin ngunit naintindihan ko iyon. She got disappointed with me. She cared for Eion, too. At natural lang na magalit siya sa akin. She’s been with me for years at nakita niya kung paano ako nagkandarapa sa kay Eion. Nagulat siya at tinanggihan ko si Eion.

“Oh well, whatever!” Aniya at umalis na silang apat nang hindi kami kasama ni Claudette.

Hindi naman talaga nila ako niyayaya. Hindi sumama si Claudette kasi naawa siya sa akin. Dahil nitong mga nakaraang araw, ganito ang nangyayari.

“Sinabi mo na ba kay Elijah ang tungkol dito?” Tanong niyang bigla sa akin nang kaming dalawa na lang sa benches.

“Sinabi ko lang sa kanya na galit si Erin sa akin.”

“Dapat ay sinabi mo rin sa kanya na halos hindi ka niya pinapansin, Klare.” Ani Claudette.

Umiling ako. “He’s scaring me. Ayokong magalit siya kay Erin sa oras na sabihin ko iyon.”

Yes, I’m scared. Natatakot ako sa mga maaaring gawin niya o sa maaring sabihin niya sa oras na malaman niyang ganito.

Tinitigan ako ni Claudette. Naka tali ang itim na buhok niya ngayon at bangs lang ang takas sa pagkakataling iyon. Nakakatakot ang mapanuri niyang mga mata.

“He’s madly in love with you.” Aniya at humilig siya sa akin.

Luminga linga ako at siniguradong walang tao. Mabuti naman at ang susunod na crowd ay sa malayo pa. Mahilig talaga kaming umupo sa benches malapit sa Loyola House. Bukod sa malamig ang hangin dito ay wala pa masyadong tao bukod sa mga dumadaan patungo sa klase nila sa building di kalayuan.

Hindi ako umimik.

“I’m sure, isang salita mo lang ay may magagawa na siya-”

“Claudette, please don’t tell him.” Putol ko sa kanya.

Tumango siya. “Hanggang ngayon, hindi ko parin maintindihan kung paano kayo nangyaring dalawa. Hindi ko maimagine ang sarili ko na nagkakagusto kay Josiah, or Kuya Justin…”

Tumingin na lang ulit ako sa aking mga hand outs. Hindi ko siya matingnan ng diretso. Umismid na kasi siya at mukhang kinilabutan.

“I know. Hindi ko rin naman naintindihan nung una.”

Naging malamig din ang turing ni Eion sa akin. Hindi. Siguro ay naging mas malamig. Ni hindi niya ako tinitingnan tuwing nagkakasalubong kami. Kahit kasama ko sina Erin, Julia, Liza, Hannah, at Claudette ay halos hindi siya lumingon sa amin.

“Hi, Eion!” Kumaway si Liza nang nakasalubong namin si Eion isang araw.

Sinundan ko siya ng tingin. Ano ang magagawa ko para mag kaayos ulit kami? Wala. Kailangan ko lang lumayo. Kailangan ko lang talagang dumistansya sa kanya.

“Ano ba ‘yan, di tayo pinapansin ni Eion!” Sabi ni Liza sabay tingin sa akin.

Ngumuso ako. Guilty’ng guilty ako.

“Namamansin naman ‘yon minsan.” Dagdag ni Hannah.

Yes, probably when I’m not around.

“Paano ba naman kasi, sino ba kasing masisiyahan sa mga paasa pero mambabasted pala? Tss.” Umirap si Erin at hinawi ang buhok niya.

Kumunot ang noo ko. Inaamin ko. Nanakit ako kay Eion at tanggap ko kung saktan ako ni Erin. Gusto kong mangatwiran na talagang hindi ko lang mahal si Eion. At wala siyang karapatan na husgahan ako o pangunahan ako sa kung sino ang gusto ko. Then again, I don’t have the right, too. Dahil wala namang alam si Erin tungkol sa nangyayari sa akin. Wala naman siyang alam sa tunay na dahilan kung bakit ko tinanggihan si Eion. Imbes na mangatwiran ay nanahimik na lang ako.

I don’t want to lack filter and matured civility just because of this situation. Kailangan kong mag timpi dahil may kasalanan ako at may hindi alam si Erin.

Nagpatuloy lang sa paglalakad si Eion at binalewala kaming anim.

Naging usap usapan na rin sa mga kaibigan ko ang pambabasted kay Eion. Kahit na walang nag kumpirma ay kumalat parin ito. Hindi naman iyon sinabi ni Eion. Wala ring lumabas sa kina Julia, Hannah o Liza. Ngunit may mga nakakita sa ginawa naming dalawa sa SEP benches. Iyong pagsipa ni Eion sa mga bulaklak at ang pagyaya niya ng inuman sa mga kaibigan niya. That alone is a confirmation. Maraming nag tanong sa akin pero hindi ako umiimik. I don’t want to confirm anything.

Nalaman ko sa meeting ng All Star na hindi pala kami sasayaw sa opening ng Xavier University Festival days. Ayon sa moderator namin, nakaline up na daw ang program. Mass, speeches, at fireworks lang daw ang naroon sa opening ng engrandeng celebration. Syempre, engrande ito dahil fiest ni St.

Francis Xavier. Ito ang pinakahihintay ng mga estudyante tuwing Disyembre.

“Klare…” Malamig na tawag sa akin ni Chanel pagka adjourn ng meeting.

“Hmm?” Nilingon ko siya.

Halos magulat ako dahil pinansin niya ako. Hindi kasi siya namamansin. Though I’m not sure which is better. Iyong namamansin pero nagpaparinig katulad ng ginagawa ni Erin, o iyong hindi talaga ako tinitingnan man lang tulad nang ginawa ni Chanel.

“XU Days na malapit. Anong plano nina Elijah? Outing ba?” Tanong niya.

Of course, I would know Azi or Elijah’s plans for the short vacation. Kaya lang sa pagkakataong ito, may plano nga si Elijah, ngunit hindi para sa aming lahat. Kinagat ko ang labi ko.

“Wala silang plano, e.” Sabi ko.

Tumango siya at nilagpasan ako.

Tiningnan ko lang siya na bumaba sa Social Sciences building. Sumunod din naman ako. Dumidilim na rin kasi at umalis na ang mga kilala ko sa All Star. Hindi ba kami pwedeng mag sabay na lang sa pagbaba? Kailangan talagang mauna siya?

Mabilis akong tumakbo pababa ng hagdanan. Ganon rin ang ginawa niya. Nang nakababa kami ay lumiko siya patungo sa pintuan ng building. Narinig ko agad ang ingay mula doon. Nagtatawanan na ang mga pamilyar na boses.

“Muntik ng manapak si Sir kay Azi! Ayan kasi ang loko nang aasar!” Tumatawang sambit ni Josiah.

“I bet pag iinitan ka non, Azi! Lagot ka!” Tumatawang sambit ni Erin.

Naroon sila sa labas ng Social Science building. Ang mga pinsan ko at ang iilan sa mga kaibigan ko. Nakaupo sila sa gilid at maging sa hagdanan

palabas. Pare pareho kaming naka uniporme. Nakita ko agad ang mga mata ni Elijah na tumama sa akin. Pinapalibutan siya ni Josiah, Rafael, at Azi.

Wala si Damon. At hanggang ngayon hindi ko parin naisosoli ang I.D. ni Eba. Nag aalala tuloy ako kung nakakapasok pa ba iyon ng campus.

“Umuwi na nga tayo! Gumagabi na!” Anyaya ni Chanel pagkatapos hagkan si Brian na nag hihintay din sa kanya sa gilid ni Rafael.

Si Damon lang ang kulang sa amin. Nandito rin ang barkada ni Brian. Tatlo pang lalaki na kaibigan rin naman nina Josiah. Nandito rin sina Hannah, Julia, at Liza. Nag uusap silang tatlo at nakikita kong kinukulit nila si Hannah tungkol sa isang bagay.

Tahimik na lang ako at tumayo doon sa gilid. Nitong mga nakaraang araw, napansin ko na tahimik na talaga ako. Siguro ay dahil na rin hindi naman ako pinapansin ni Erin o ni Chanel.

“Last class na bukas, opening na ng XU days!” Humikab si Azi. “Panigurado maraming chics. Gagala ako dito. May ticket ba kayo sa horror house?” Sabay tingin niya kay Rafael.

“Ayaw kitang bigyan.” Nanliit ang mga mata ni Rafael. “Last year, nag reklamo ‘yong gumanap na white lady kasi hinawakan mo raw ‘yong boobs niya-”

“Hoy! Hoy!” Tumayo si Azi at para bang natatawa at naooffend sa paratang ni Rafael. “Hindi ah! Nagulat ako kaya tinulak ko siya! Damn, man! Halos maihi ako sa takot last year! Fuck you!”

“Fuck you, din! So desperate!” Umirap si Rafael.

Nagtalo ang dalawa. Nagtawanan kami. Hindi ko maiwasang hindi ngumisi. Kung sana ay bumalik sa dati ang lahat. Nahagip ng paningin ko ang mga titig ni Elijah. Napansin kong kanina pa niya ako tinititigan. Iniiwasan ko na nga siya dahil natatakot akong masyado kaming mahahalata pero siya itong hindi tumitigil sa pag titig.

“Anong plano sa XU days? Don’t tell me we’ll stay idle sa tatlong araw na walang pasok?” Tanong ni Chanel.

“Chanel, may mga projects kasi.” Utas ni Claudette.

“Oh, screw the projects. We’ll have fun.” Sabi ni Chanel habang pinaglalaruan ang kanyang buhok.

Tumayo nang bigla si Elijah. Napatalon ako. Nakatingin parin siya sa akin. Umatras ako sa kinatatayuan ko. He’ll come near me. It will be really weird. O sakin lang iyon weird?

Nag iwas ako ng tingin at bumaling kina Claudette. Alam kong sinisikap niyang wa’g kaming pansinin pero hindi niya maiwasang tumitig sa gitna ng tawanan ng mga pinsan ko. Tumingin ako kay Erin at nakita kong nanliit ang mga mata niya. Kinabahan agad ako.

“Hey…” Pabulong niyang sinabi.

“Oy! Si Elijah, classmate namin ‘yong si Annabelle sa isang subject. ‘Yong half american na ka fling nito noon? Nasabi ko na sa inyo?” Biglang sabi ni Azi.

Annabelle? Ito ‘yong dinala niya sa bahay nila ah? ‘Yong naabutan kong kahalikan niya?

“Shut up, Azi!” Sigaw ni Elijah kay Azi.

“Damn the man really lost all of his balls. Nahuli kong nakahawak sa kanyang hita ‘yong si Annabelle!-”

“SHUT UP!” Sabay lapit niya kay Azi.

Nag ekis agad ang braso ni Azi. Natatawa itong umatras nang sugurin siya ni Elijah at umambang susuntukin ng pabiro.

“Chill, dude!” Tawanan nila.

Alright. Hindi ako makatawa. Nakahawak si Annabelle sa hita ni Elijah? Sa klase nila. Oh God! Alright, Klare. Calm down. Calm down, please. You can’t show your feelings.

Pinilit kong ngumisi. Sumulyap ako kay Claudette. Nakita kong nakanguso siya habang pinagmamasdan ako.

“Bakit? Kinikwento ko lang naman ang nangyari. Besides, wala namang magseselos dito.” Patawang sinabi ni Azi.

“Just shut the fuck up.” Ani Elijah na mukhang naiirita na.

“Alright, alright.” Ani Azi sabay laki pa ng ngiti. “Calm the fuck down.”

“Ayoko!” Biglang umalingawngaw ang boses ni Hannah.

Nanginginig siya at para bang may pinipilit silang gawin sa kanya. Pinalibutan siya ni Julia, Liza, Erin, at Chanel. May binulong sila kay Hannah at parang diring diri si Hannah sa kanila.

“Hannah, just try. Mauunahan ka. He won’t reject you. We promise.” Dinig kong sinabi ni Chanel.

Ano iyon? Anong itatry ni Hannah?

Bumaling si Elijah sa akin at kita ko ang humihinging tawad na mga mata niya. Yes, that bothered me. Annabelle. Iyong maganda at foreigner niyang kaibigan na hinahawakan ang hita niya sa klase nila. Dammit! What a picture.

Bumuntong hininga ako. Sana ay kaya kong paiwiin lahat ng nararamdaman ko sa isang hininga lang. I need to really calm down.

“May iniingatang image si Elijah. Nag papaimpress siguro.” Tumatawang sambit ni Rafael.

“Isa ka pa, Raf. Shut the fuck up. Go home, you’re stoned.” Tumatawang sinabi ni Elijah at tumabi ulit sa akin.

Nakapamaywang niya akong pinanood. Nag iwas lang ako ng tingin sa kanya. Dammit, Elijah! Kung ako sila, mahahalata ko na talaga ngayon ang kung anong meron sa ating dalawa kung hindi ka tumigil.

“Hey, sorry for that.” Bulong niya sa akin.

DAMMIT! Gusto kong tumakbo na lang. Isang kalabit na lang at paniguradong may makakaalam na.

“Why are you sorry for Klare?” Dinig kong angal ni Azi sa likod.

Humataw ang puso ko sa kaba. Para akong tumakbo ng ilang milya. Hindi ko nga lang alam kung nailigtas ba ako nang itinulak ng mga kaibigan ko si Hannah kay Elijah. Kitang kita ko ang medyo naiirita at namumulang si Hannah nang tumama siya sa dibdib ni Elijah. Malakas ang pagtama niya. Napaatras si Elijah ngunit napigilan niya ang pagbagsak nilang dalawa.

Tumatawa si Julia at Liza. Sila iyong tumulak sa kanya patungo kay Elijah.

“Guys! I hate you!” Sabi ni Hannah at nilingon ang dalawang tumatawa. “Sorry, Elijah.” Aniya kay Elijah na ngayon ay binitiwan ang hawak hawak niyang balikat ni Hannah para suporta.

“Uh, it’s okay.” Nilingon agad ako ni Elijah.

Hindi ko alam kung kaya ko pa bang mag kunwaring natutuwa. Tumayo lang ako doon at tiningnan silang dalawa na ganon ang posisyon. Hinawakan ni Elijah ang batok niya, umiling ng bahagya, at mariing pumikit.

“Elijah, may sasabihin si Hannah sayo. Importante. Hear her, please?” Ani Chanel sa likod ni Hannah.

Nakita kong kinagat ni Hannah ang kanyang labi at pinisil niya ang kanyang kamay. Pumula ng parang kamatis ang kanyang pisngi. Is she going to confess? What?

“Ano ‘yon?” Dumilat si Elijah at dinungaw ang nakayukong si Hannah.

“Uh, p-p-pwede ba tayong l-lumabas sa Xavier Days?”

Nalaglag ang panga ko. Tumunganga ako sa harap nilang dalawa. Ilang dangkal lang ang layo ko sa kanila. Literal niyang niyaya si Elijah sa harap ko. Walang gumalaw sa aming lahat. Kahit na ang nagtatawanang sina Josiah at Rafael ay natigilan at nakiusisa sa isasagot ni Elijah.

Si Claudette lang ang gumalaw. Dinig ko ang buntong hininga niya nang hilahin niya ako palayo doon.

“Gutom na ako, Klare. L-Let’s go? Mauna na tayo?”

Halos hindi niya ako mahila. I want to hear Elijah. Gusto kong manatili kahit na maari akong masaktan. Nahirapan siya sa paghigit sa akin palayo doon. Wala rin namang pumigil sa amin dahil hindi naman ako kinakausap ni Erin o ni Chanel kaya hinayaan nila kaming lumayo.

Kahit na nakalayo na kami ay narinig ko ang buntong hininga ni Elijah.

“I’m sorry, Hannah. I’m not free.” Ani Elijah.

“Where them balls at?” Natatawang sinabi ni Azi sa malayo. Kinanta niya pa iyon.

Patawad pero halos mag bunyi ako. Okay lang sakin kung saan man ako dalhin ni Claudette ngayon. Hindi ako magrereklamo. Elijah rejected Hannah! Buong akala ko ay hindi niya iyon tatanggihan.

“Sorry, Klare. Kailangan kitang ilayo doon-” Hindi pa natatapos si Claudette sa kanyang sinasabi ay may humila na agad sa kabilang kamay ko.

Hinihingal si Elijah na sumunod sa amin.

“See. I knew it.” Binitiwan ni Claudette ang kamay ko.

Tumigil kaming tatlo sa may madilim na na parte ng school. Humalukipkip si Claudette habang tinitingnan si Elijah na umaambang itatakas ako.

“Elijah, would you calm the fuck down? Walang aagaw kay Klare sa’yo dito. Wa’g mo siyang kaladkarin.” Ani Claudette.

Nilingon ni Elijah si Claudette. “She’s upset, Clau. Just leave us alone.” Aniya.

“Oh my God!” Tumingala si Claudette bago niya hinarap ulit si Elijah. “Who would get upset after that? Tinanggihan mo si Hannah! She’s probably happy right now. Calm the effing down and stop being over protective!”

Kumunot ang noo ni Elijah sa kanya. Agad nagpaliwanag si Claudette.

“I’m with you both! Ang gusto ko lang ngayon ay kung pwede wa’g masyadong magpahalata? Especially you, Elijah. Erin is determined to hunt down the girl you are currently dating.”

“I don’t care about Erin-”

“Hindi maganda ang relasyon ni Erin at ni Klare ngayon.” Sabi ni Claudette.

“Clau…” Pigil ko.

“Oh stop protecting Erin from Elijah. At ikaw naman Elijah, wa’g kang masyadong OA. Klare’s not made in fucking China. She won’t break easily. Have faith in her. Kaya niyang magpigil ng damdamin kaya ikaw magpigil ka rin. Dahil sa oras na malaman ito ng lahat, hindi ko na alam…” Umiling siya.

Bumuntong hininga ako. “They won’t find out.” Sabi ko sa sarili ko.

Kailangan kong sabihin iyon para paniwalaan ko. Ayaw ko. Ayaw kong malaman nila. I’m scared.

“Alright. I’ll try.” Sabi ni Elijah bago bumaling sa akin. “I’ll try.”

“Mabuti.” Sabi ni Claudette.

“Let’s go home?” Anyaya ni Elijah sa akin.

Tumango ako at tumingin kay Claudette. “Thanks, Clau. Sorry for the trouble.”

Malungkot siyang ngumiti.

<h1>Kabanata 36</h1>

<hr>

Kabanata 36

*OceanofPDF.com*

Tiwala

Napigilan ko si Elijah sa mga plano niyang pagsabihan si Erin. He wouldn’t calm down about it. Masyado na rin niyang pinupuna ang mga galaw ni Erin. Naguguluhan siya kung ano ang gusto niyang gawin: kung pagbabatiin niya ba kaming dalawa o pagsasabihan na si Erin.

“Dito ka, Klare.” Sabay lahad niya sa katabing upuan ni Erin.

Hindi iyon pinansin ni Erin. Kakatapos lang ng mga speeches ng President at iilang importanteng tao sa school. Fireworks display na ang susunod. Iyon ang inaabangan namin bilang hudyat na iilaw na ang mga Christmas lights ng mga puno at simula na ang Xavier Days.

Simula pa lang kanina ay hindi na sumasama sina Julia, Liza, at Hannah sa amin. Siguro ay napahiya ng husto si Hannah sa pag tanggi ni Elijah kaya kinailangan niyang mag lie low.

Lumunok ako at nag offer naman ako ng fries na binili ni Elijah para sa akin. Nag offer ako kina Azi, kumuha sila at ngayon, mag ooffer naman ako kay Erin.

“Fries?” Sabay lahad ko non sa kanya.

Tumingin siya sa fries na nilahad ko. “No, thanks.” Aniya at nagpatuloy sa panonood sa mga taong nasa stage.

“Asan na ang girls, Erin?” Tanong ni Josiah sabay tapik sa likod ni Erin.

Nasa likod namin sina Josiah, Azi, at Rafael. Nasa gitna naman ako ni Elijah at Erin. Tahimik lang ako habang pinapanood ni Elijah ang bawat galaw ni Erin.

“Wala. Syempre…” Hindi niya na dinagdagan iyon.

“Si Elijah kasi, tinanggihan pa si Hannah! Sayang ‘yon dude! Busy ka ba bukas?” Tanong ni Azi.

“Oo…”

“Good. Kasi busy din ako dito sa school.” Sumipol at tumawa si Azi.

“Raf, patulan na lang natin yung marathon bukas?” Yaya ni Josiah kay Rafael.

“Anong gagawin mo, Elijah?” Usisa ni Erin.

Humarap siya kay Elijah. Nilingon ko naman siya. Ni hindi niya man lang ako tiningnan. Diretso ang titig niya kay Elijah.

“School stuff. Bout you, Erin? Going out with the girls?” Tanong ni Elijah.

“Maybe. Ayaw niyong makipag hang out, e.” Sumimangot si Erin.

Sumulyap si Elijah. “Kasama ba si Klare?”

He’s trying his luck. Hindi ako pwede bukas. Alam niya iyon. Dahil bukas kami pupuntang Dahilayan. Kaming dalawa lang ni Elijah. Mas mabuti raw na bukas imbes sa weekends. Wala masyadong tao pag weekdays, e.

“U-Uh. If she wants to come.” Nagkibit balikat si Erin.

“Why don’t you invite her instead? Imbes na maghintay na pumunta siya?” Medyo mariing sinabi ni Elijah.

Hindi umimik si Erin. Unti-unti niya akong tiningnan. Yumuko na lang ako. “May lakad din naman ako bukas. Okay lang.” Sabi ko.

“Okay.” Sabi ni Erin at tumingala na sa madilim na langit.

Dinig ko ang buntong hininga ni Elijah sa gilid ko. Tawanan naman ang nasa likod. Alam kong sinusubukan lang ni Elijah na magkabati kami ni Erin.

Nagsimula na ang fireworks. Nakatingala na kaming lahat habang pinapanood na sumasabog sa ere ang nag titingkarang mga kulay ng ilaw.

Sinamahan pa ito ng isang tugtog kaya panay ang hiyaw ng mga estudyanteng na nonood.

Bigla kong naramdaman na humilig si Elijah sa akin. Nilapit niya ang kanyang mukha sa tainga ko para makabulong…

“Sorry, baby. I’m just trying my luck.”

Tumango ako. Kahit na mahinang mahina ang boses niya ay dinig ko iyon.

“I love you.” Pahabol niya tsaka siya tumingala.

Lumipat ang paningin ko sa kanya. Nakatingala lang siya at nanonood ng fireworks. I really love you too, Elijah. This is such a sick love. Kung meron mang ganon.

Kinaumagahan ay nagising na lang ako sa alarm clock ko. Alas kwatro ng madaling araw ay nagbibihis na ako. Nagpaalam na ako kay mommy na maaga ako ngayon. Buong akala niya ay para sa Xavier Days at may kinalaman ito sa pagiging All Star dancer ko. Alam kong mali pero hinayaan ko siyang paniwalaan iyon.

Madilim pa pagkatapos kong magbihis. Kahit na tanaw sa langit na papasikat na ang araw ay malamig parin at kokonti pa ang sasakyan sa labas. Naghihintay na si Elijah sa labas pagkababa ko sa aming building. Nang nakita kong nakatingin siya sa akin ay dinalaw na agad ako ng kaba. Hindi ko alam kung bakit kabado talaga ako pag kasama kami.

“Good morning!” Napapaos niyang bati sa akin pagkapasok ko ng sasakyan.

Naka kulay red siyang jacket na sumisigaw ng isang popular na brand. May ballcap din siya at mukhang ready sa isa at kalahating oras na byahe patungong Dahilayan Adventure Park. Naka jeans siya at sneakers. Hindi niya pa pinapaandar ang sasakyan. Tinitigan niya pa muna ako.

“G-Good morning! Wala tayong pagkain.” Iyon ang narealize ko.

Dapat pala naghanda ako kagabi. Kaya lang ay baka magtanong si mommy kung bakit ako naghahanda.

Tumango siya. “Drive Thru na lang tayo sa Gateway.”

Tumango ako at inayos ko ang seatbelts ko.

“Malamig don, Klare. You’re showing too much skin.” Sabay nguso sa suot ko.

Umirap ako. Ayaw ko talaga ng may sinasabi siya sa suot ko. Buti at may rason siyang ‘malamig’. Kasi kung ayaw niya lang nito kasi nagpapakita ng ‘too much skin’ ay baka nagtatalo na kami ngayon.

Naka sleeveless floral top naman ako. Hindi naman nakikita ang kahit ano doon. Hindi ko naman siguro hahayaan ang sarili kong magsuot ng nakakabastos na damit. Naka tamang shorts lang ako. Namimiss ko kasi ang mag shorts dahil hindi naman kami pinapapasok sa school pag ganito.

“Suotin mo ito.” Sabay bigay niya sa isa pang mas maliit na pulang jacket tulad ng suot niya.

“Okay.” Sabi ko at sinunod ang payo niya.

Pareho na kami ng jacket ngayon. Naisip ko tuloy iyong mga uso ngayong couple shirts o couple jacket. Damn! This is so weird!

Dumaan kami ni Elijah sa isang fast food para bumili ng breakfast. Doon na lang daw kami kakain sa Dahilayan ng lunch at snacks at kung anu-ano pa. Hindi rin ako sigurado kung tama bang mag dala ng camera kaya hindi ko dinala ‘yong amin. Ganon din ata si Elijah. Tama na siguro ang cellphone naming dalawa. Ayokong mangalap ng maraming ebidensya sa trip na ito.

Pinicture-an ko siya gamit ang cellphone ko. Kumunot ang noo niya at ngumuso habang nag dadrive. Kitang kita sa picture ang matangos niyang ilong at naka pout niyang labi. Hindi ko maiwasang di ngumisi habang tinitingnan ang mga kuha niya.

“Palit naman kaya tayo? Ikaw ang mag drive tas ako yung magpipicture sayo? I’m distracted, Klare.” Humalakhak siya.

Tumawa ako, “What’s wrong? Maganda naman ang kuha mo sa mga stolen shots mo, a?”

“Gwapo dapat. Hindi maganda. Nababadingan ka ba sa mukha ko?” Umismid siya.

Tumawa ako. “It’s just a term. Don’t take it seriously. O baka naman guilty ka? Bading ka talaga?”

Mas lalo lang siyang sumimangot. Pinasadahan niya ng palad ang kanyang buhok at sumulap sa akin.

Oh dammit! Now, Klare, don’t push his asshole button or he’ll take your breath away. Noon pa man, alam ko na pare parehong gwapo ang mga pinsan kong lalaki. May dugong Espanyol ang lolo namin kaya ipinasa niya sa amin ang matatangos na mga ilong, makikinis na balat, at kung anu-ano pang katangian ng mga Espanyol. Brown pa nga ang kulay ng mga mata ni Josiah at Damon. Natural namang kulay brown ang buhok ko. Pero ngayon ko lang talaga aaminin na sinalo na yata ni Elijah ang kakisigang umambon sa mga pinsan ko. Iyong mga mata niyang nagdadala talaga ng ekspresyon dahil sa mga pilikmatang nakapalibot, matangos na ilong, lower lip na may kurba at palaging nang aakit manghalik, at ang makisig na katawan niyang tama lang sa tangkad. He’s dropdead gorgeous. It’s scary and forbidden.

“Hey, ikaw lang ang kumakain diyan. Subuan mo naman ako.” He pouted.

“Okay po!” Sabi ko at kumuha ng fries para ilagay sa nakanganga niyang bibig.

Ngumisi siya at nginuya iyon.

Madilim ang daan paakyat ng Bukidnon. Kita mo agad ang city lights ng Cagayan de Oro habang paakyat pa lang kami. Natitigilan ako sa paninitig sa madilim na dagat at sa ang gagandahang ilaw galing sa mga building, kabahayan, at pyer.

“Ingat, Elijah.” Sabi ko nang nakita ang mga naglalakihang mga truck na nakakasalubong namin.

“Talagang mag iingat ako. Kasama kita. Kung ako lang mag isa, naka 120kmph na itong sasakyan ngayon!” Tumawa siya.

Hinampas ko ang braso niyang nasa manibela. “Mag ingat ka parin kahit wala ako. Kaya ka nadidisgrasya!”

Umiling siya. “Hindi kaya ako ‘yong may kasalanan sa disgrasya namin ni Azi. Siya!”

“Kahit na.” Kinakabahan tuloy ako sa sinabi niya.

Naiisip ko tuloy kung paano kung madisgrasya kami o madisgrasya siya. Damn, negative thoughts! Nagulat ako nang bigla niyang hinawakan ang kamay ko habang nag dadrive. Pinagsalikop niya ang mga daliri naming dalawa.

“Don’t get upset.” Aniya.

“E kasalanan mo! Ayoko sa mga disgrasya na ‘yan!” Sumimangot ako.

Sumulyap siya at ngumisi. “Klare, I can beat the red light with this car kahit malayo pa tayo. Believe me, hindi ko ito ibabangga lalo na pag nandyan ka.”

Kinurot ko ang tagiliran niya. Ininda niya ang sakit at tumawa rin. Mukhang tuwang tuwa siya sa pagkakainis ko. “Beat the red light your face! Just drive safely! Sintukin kita diyan!”

Humagalpak siya sa tawa. “Ohh… Natatakot ako sa suntok mo. Paniguradong masakit ‘yon.”

Humigpit ang pagkakahawak niya sa kamay kong nakasalikop sa kanya. Kinagat ko ang labi ko para mag pigil ng ngisi. Nilolоko ako ng isang ito.

“Gusto mo suntukin kita?”

Sumulyap siya sakin at ngumisi. Hinigit niya ang kamay ko patungo sa kanyang mukha at hinalikan niya ito. “Try, baby.” Malambing niyang sinabi.

Ngumuso ako. Ayaw ko talaga ng naglalambing siya. Nalulusaw ako. Gusto kong mag tago o di kaya ay kainin na lang ng lupa.

Biglang tumunog ang cellphone niya. Nasa drawer iyon kaya kinuha ko. Nakita kong nag alarm iyon: Date with Klare.

Ngumisi ako. Ang OA talaga nitong si Elijah. Hindi ko inakalang ganito siya ka OA kung… okay, I can’t continue. Pinatay ko iyon at tiningnan ang cellphone niyang may password.

“What’s the password?”

Tumikhim siya at umambang aagawin ‘yong cellphone sa akin. Kinabahan agad ako. I don’t want to be possessive. Kahit na iyon naman ang nangyayari palagi ay nagsisikap parin akong wa’g siyang angkinin. Tulad ng sinabi ko noon, nandito ako habang mahal niya ako. Sa oras na magmahal siya ng iba ay kayang kaya ko siyang pakawalan kahit na masakit iyon sa akin.

Mariin kong tinikom ang bibig ko. Kinalas niya ang kamay niya sa kamay ko nang inilahad ko ang cellphone niya. Kinuha niya iyon at sumimangot siya sa akin.

May pinindot siya sa screen nito at pagkatapos ay ibinalik ulit sa akin. Oh? Akala ko ayaw niyang basahin ko kung anong meron sa loob? Itinukod niya ang siko niya sa bintana habang pinaglalaruan ang kanyang labi.

“Hindi ko naman titingnan kung ayaw mo, Elijah.” Sabay lahad ko ulit sa cellphone niya sa kanya.

Umiling siya. “Wala akong tinatago sa’yo. I don’t want you to think like that.”

“Alam ko naman. I mean…” Bumuntong hininga ako. “I believe you.”

Umiling ulit siya. “Just check it, Klare.”

Tumunganga lang ako sa kanya. Alright. I will. Para matahimik siya. At matahimik din ako. Una kong tiningnan ang gallery. Nakita ko iyong mga pictures nila ni Azi at Josiah sa gym. Natatawa na lang ako sa mga pictures nila. Lalo na nang ginaya nilang lima, kasama si Damon at Rafael, iyong The Creation of Adam painting ni Michealangelo. Si Elijah ay nakaturo sa baba ng equipment habang si Azi naman ang nakaturo sa taas ng equipment at ang nasa likod niya ay ang tatlong baliw kong pinsan. Humagalpak ako sa tawa.

“Nasa Instagram ba ito?” Tanong ko sabay pakita sa picture.

“Yup. Raf’s.” Aniya.

Kaninong idea ito? Hindi ko alam. Pare pareho naman kasi silang baliw. Nag scroll down pa ako at nakita ko na iyong mga pictures naming dalawa. Natigil ako sa pag tawa at tiningnan na lang iyon isa-isa. Napadpad naman ako sa video nang kinanta ko ang Tadhana sa bahay. Habang pinapanood ko iyon ay tinanong ko siya…

“Ba’t di mo ‘to pinopost?” Tanong ko.

Sumulyap siya sa akin. Pinanood ko siyang nagdadrive at kumukunot ang noo sa tanong ko.

“Coz I find it hot.”

Nanlaki ang mga mata ko. “What?”

“Ganda mo diyan, marunong kang mag guitar, at malamig pa ang boses mo. I don’t want to post it. Didn’t like the idea.” Seryoso niyang sinabi.

“P-Pero nasa background ka naman.” As if may magagawa ang pagiging background niya para ma post niya ito. Ewan ko kung bakit iyon ang naisip kong rason.

“Mukha akong… mukha akong patay na patay sayo diyan, e.” Ngumisi siya.

Tiningnan ko ulit ang video. Nandoon lang siya, nakatingin sa likod ko, o baka naman sa repleksyon ko sa salamin. Nakayakap siya sa unan at nakahiga sa kama ko. He looked tired.

“Nah. You just look tired and sleepy.” Sabi ko kahit na medyo halata nga iyong paninitig niyang seryoso sa akin.

“Too attentive for a sleepy ass, Klare. Anyone would fall asleep coz of that voice. Pero pinili kong dumilat at manood sayo. You don’t need to be a genius to figure that out.”

Tumikhim ako at naisip na hindi kaya dito pa lang ay may nararamdaman na siya sa akin? I don’t know. Ang naaalala ko lang sa mga panahong ito ay ang pagiging upset ko kay Eion. Ni hindi ko napansin na may ganitong nararamdaman ba si Elijah.

Tinigilan ko ang panonood at ibababa ko na sana ang kanyang cellphone nang may nakita akong mensahe. Kararating lang nito at aksidente ko iyong na open. It was a ‘Good morning’ message from Cherry.

Nakita ko rin doon na halos araw araw siyang nag go-good night at good morning kay Elijah. Be it a GM or not, she’s trying hard to get his attention. Walang reply na galing kay Elijah doon.

Hindi ko na napigilan ang pagtingin sa inbox niyang punong puno ng mensahe galing sa ibang babae at galing sa mga pinsan ko. May galing kay Hannah.

Hannah:

Sorry last night. Nahiya tuloy ako sayo.

Iyon ata ang message niya kahapon. Pagkatapos niyang matanggihan.

Elijah:

I’m sorry too. Just really busy.

Hannah:

Okay. Hope next time.

Hindi na nag reply si Elijah. Nakakita pa ako ng napakaraming mga unknown numbers at mga numbers ng mga kaibigan ko at kaibigan niyang babae na nag titext ngunit hindi niya nirereplyan. Ang tanging nirereplyan niya ay si Azi, tungkol sa gym at basketball, si Josiah, tungkol sa NBA, at ako tungkol sa mga bagay na walang katuturan.

Hanggang sa napadpad ako sa isang pamilyar na pangalan.

“Hey, you okay?” Tanong niya nang narealize na panay na ang basa ko sa mga messages.

Tumango ako.

Nakita ko ang pangalan ni Gwen Marie Ramos. It’s his one and only ex! Napalunok ako bago ko binuksan ang messages. Kaonti lang ang history. Tatlong message lang.

Gwen:

Ej, I’m in CDO. Catch up?

Noong isang araw niya iyan natanggap! That means she’s probably still in CDO now?

Elijah:

Can’t Gwen. I’m quite busy.

Gwen:

Aw. That’s too bad. 3 days lang ako dito. Sayang.

“Hey…” Nilingon na ako ni Elijah.

“Nandito sa CDO si Gwen?” Tanong ko.

Tumikhim siya. “Yup. So?”

Ngumuso ako.

“This is why I don’t like you reading my inbox. Paki delete lahat ng messages except nung sayo, please.”

Ngumisi ako. “I’m not upset. Nagtanong lang naman ako, a?”

Sinulyapan niya ako. Para bang hindi siya naniniwala sa sinabi ko kaya mas lalo kong nilakihan ang ngisi ko. Ang totoo ay na bother naman talaga ako. Syempre, ex niya iyon. Nag iisang ex. Pero okay lang kasi wala namang ginawang mali si Elijah. Tingin ko nga ay determinado talaga siyang kunin ang tiwala ko. Totoong nakuha niya iyon. Kaya kahit nakakaligalig ay balewala iyon. Mas marami akong kailangang problemahin kesa sa ex niyang hindi niya naman pinapansin.

<h1>Kabanata 37</h1>

<hr>

Kabanata 37

*OceanofPDF.com*

Offer

Hindi ito ang unang pagkakataon na nakarating ako sa Dahilayan Forest Park. Nag punta kami dito kasama rin ang mga pinsan ko noong summer ngunit ngayon ay malaki ang pinagbago nito. Maraming nadagdag na bago at mas lumawak ang landscape.

Papasikat pa lang ang araw pagkarating namin. Tahimik gaya ng inaasahan namin. Weekdays kasi kaya wala gaanong turista. Niyakap ko ang sarili ko. Masyadong malamig. May fogs pa sa di kalayuang bukid.

“Want to try the ziplines?” Natatawang sinabi ni Elijah.

Ilang beses ko na iyong nasubukan at alam kong ganon rin siya. Hanggang ngayon ay hindi parin ako nagsasawa sa thrill at sa tanawin na hatid nito. Unti-unti akong tumango.

“Sorry, baby, there’s nothing new.” Aniya.

“Okay lang. ‘Nong una ko ‘tong sinubukan si Charles ang partner ko. ‘Nong pangalawa si Erin. This will be better with you.”

Nagtaas siya ng kilay sa akin at tinitigan niya ako.

Kabado tuloy ako sa mga titig niya. Gusto kong luminga linga para makita kung may kilala ba kami. But now, I need to let it go. Gusto kong maging masaya kasama siya.

“Alright. All rides, then?” Tumatawa siya at dumiretso na sa counter para bayaran.

“Wa’g namang all rides, Elijah. I’m not fond of zorbing. The Zipzones will do.” Sabi ko.

“Alright, baby.” Aniya at inakbayan ako.

Napatingin ako sa kamay niya sa balikat ko. Mahigpit ang akbay niya na para bang may aagaw sa akin. Inabot niya sa babaeng nasa counter ang pera

niya at may ni fill up siyang form kaya kinalas niya ang pagkakaakbay niya sakin.

Shall I pay him? No? Dammit! It’s so weird! Kung sa mga pinsan namin ay patayan ang makalibre tapos sa kanya ay libre ako halos lahat.

“Mr. and Mrs. Montefalco?” Nakangising sambit ‘nong babae.

Tumawa si Elijah habang nanlalaki ang mga mata ko.

Nakita ko sa form na nakalagay ang kumpletong pangalan namin:

Elijah Riley V. Montefalco

Klare Desteen L. Montefalco

“Ay hindi po ba?” Nagulat ang babae sa panlalaki ng mga mata ko.

“Okay lang, miss.” Sabay kuha ni Elijah sa mga bracelet na dapat ilagay para maka pasok kami sa mga zipzones nila.

Hinila niya agad ako palayo sa babaeng tinawag kaming Mr. and Mrs. Now, I’m scared. Hindi ako makapaniwalang tinawag kaming Mr. and Mrs.! That’s all because we have the same family names!

“Baby, what’s up?” Natatawang tanong ni Elijah sa akin.

Sinimangutan ko siya. “Hindi ka ba nabo-bother? She thought we are married.”

Nagkibit balikat si Elijah. “Ano ngayon? Nagulat lang ako kasi akala niya kasal na tayo, e ang babata pa natin. Do I look like 20s or something?” Humagalpak siya sa tawa.

Umiling ako.

He’s crazy. Hindi niya talaga naiintindihan na nakaka bother kaming dalawa.

“Tara na, we’ll try the shortest.” Sabay hila niya sa akin.

“You are crazy!” Sabi ko.

“I know…” Ngumiti siya at nagpatianod na ako sa hila niya.

Panay ang sigaw ko sa shortest zipzone. Maging sa pangalawa ay sigaw ako nang sigaw. Hindi parin talaga nawawala ang thrill sakin nito. May takot kasi ako sa heights. Kaya pagkatapos ng dalawang zipzone ay nanginig agad ang kamay ko.

Tumatawa na si Elijah habang pinapanood akong kabado para sa pinakamahaba, pinakamatayog, at ang pinagmamalaking zipline dito sa Dahilayan.

“You look constipated.” Tumawa siya.

Hinampas ko ang braso niya.

Sumakay kami sa sasakyang magdadala sa amin doon sa longest zipline. May nakita akong mga ATV sa labas. Tinuro ko iyon kay Elijah.

“Di ba gusto mo sumakay doon?” Tanong ko.

Iyon lagi ang sinasakyan ni Elijah, Rafael, at Damon tuwing pumupunta kami dito. Well, as for Azi, hindi iyon sumasakay ng ATV dahil muntik na siyang nahulog sa bangin nong una niyang sakay. Ayaw nong magkaroon ng sugat ang kanyang makinis na balat. Gay and vain at the same time.

Hinawakan niya ang nakaturo kong kamay at binaba niya ito.

“Sasakay ka ba don pag sumakay ako?” Tanong niya.

Napatingin ako sa mga mata niyang nakatuon lang sa akin. Umiling ako. Pwede rin pero umiling ako.

“Then we’ll just do the things you want to do, Klare.” Aniya.

Ngumuso ako. “Gusto ko rin namang gawin iyon.”

Umiling siya. “Hmmm. Malayo tayo sa isa’t-isa sa ATV. Besides, it will give me a heart attack, Klare. Ayokong magaya ka kay Azi. Baka sa sobrang pag aalala ko sayo, ako pa ‘yong mahulog sa bangin.” Tumawa siya.

I guess he’s right. Ayaw ko talaga sa mga disgrasya na iyan. Ewan ko ba. Simula ata nang nadisgrasya si Elijah at Azi noong birthday ko ay natatakot na ako sa mga maaring mangyari.

Hinawakan niya lang ang kamay ko. May kasama naman kami sa loob ng sasakyan ngunit isang buong pamilya sila at mukhang walang pakealam. Ninanamnam lang nila ang tanawin sa labas. Ang mga pine trees at ang magandang Forest Park ay nakakarelax nga namang tingnan.

“Ang OA mo palang boyfriend.” Tumawa ako habang iniisip ang pagiging masyadong over protective niya sa akin.

Napaawang ang bibig niya. Para bang may mali sa sinabi ko at natigilan siya.

Tumaas ang kilay ko at naghintay ako sa sasabihin niya.

“Boyfriend.” Aniya at ngumisi siya.

Uminit ang pisngi ko. Hindi ko na naman mapigilan ang mga barriers ko sa pag balik. I need to stop. I need to stop thinking for a little while. Naiisip ko na naman kasi ang katotohanang mag pinsan kaming dalawa. Pareho kaming Montefalco at iisa ang dugong nananalaytay sa amin.

Bumagsak ang tingin ko sa dalawang kamay naming magkahawak. Malaya nga kami dito pero binibigyan ko parin ng kadena ang sarili ko. This is forbidden. Masakit pala iyong alam mo sa sarili mo na mali ang ginagawa mo pero ginagawa mo parin. Masakit. Bakit masakit? Kasi kayang kaya mo iyong labanan pero hindi mo ginagawa. Nakakawalang respeto sa mga prinsipyo ko. Kaya naman kung magalit ang mga pinsan ko sa ginagawa namin ni Elijah ay maiintindihan ko.

“Baby, give your thoughts up for me this time please? Just this day.” Inangat ni Elijah ang baba ko.

And how could I hurt him? Paano ko sasaktan ang lalaking mahal na mahal ko? I would rather get hurt than see him hurt. Mas lalo akong masasaktan pag nakita siyang nahihirapan. Paano ko ba iyon maiiwasan? Paano ko siya hindi masasaktan? Isa lang. Hindi siya masasaktan pag hindi niya na ako mahal. Pero paano ko ipapatigil ang pagmamahal niya sa akin? It would kill me. I'll break, for sure. But it is essential.

Tumango ako at ngumisi. Ngumiti din siya sa akin at hinila na niya ako palabas ng sasakyan.

Nakarating na kami sa longest zipline ng Dahilayan. Aakyat pa kami bago makasakay. Nahirapan ang pamilya na nakasama namin sa pag akyat dahil takot iyong lalaking anak niya. Tumulong pa nga ako sa pangungumbinsi na hindi naman nakakatakot. Naaalala ko kasi si Charles sa kanya. 'Nong una ay takot din si Charles dito.

"Ikaw, di ka natatakot?" Nanunuyang tanong ni Elijah nang nasa taas na kami.

KItang kita ko kung gaano ka tayog ang tower. Hindi na ako makalakad ng maayos sa panginginig ng mga binti ko sa takot. Ang mga pine trees ng Forest Park ay matataas ngunit mas matayog pa sa kanila ang tower at ang zipline na ito.

"Tumigil ka nga." Saway ko sa kanya habang ginagalaw ang kamay kong nanginginig.

"Aw. Klare's scared." Humagalpak siya sa tawa at niyakap niya pa ako galing sa likuran.

"Tumigil ka nga!" Sabay layo ko sa kanya.

Tumawa na lang siya. "We'll be together, anyway."

Inirapan ko siya. Ewan ko sayo, Elijah. Wa'g mo akong biruin ngayong takot ako.

Seryoso ako habang nilalagyan at tinatalian ng mga lubid. Naka prone position ang pagsakay sa zipline kaya seryoso akong ginawa iyon hanggang sa nakabitin na ako. Ni hindi ko na nililingon si Elijah kahit na naririnig ko ang halakhak niya sa gilid ko. Dammit! Pagkatapos nito, I'm really going to strangle him!

"Ready?" Tanong ng mga lalaking nag ayos sa amin sa likod.

Si Elijah lang ang sumagot pero sabay kaming pinakawalan. Tumili pa ako at pumikit. Ayaw kong tingnan ang nasa baba dahil natatakot ako sa mga pine trees. Tumatawa lang si Elijah sa kabila. Nag isip na lang tuloy ako ng mga paraan kung paano ko siya kukutusan mamaya pagkatapos nito.

"Open your eyes, Klare!" Aniya.

Kalaunan ay unti unti kong dinalat ang mga mata ko. Kitang kita ko sa baba ang kagandahan ng Forest Park. Malawak at walang tao. Kahit na nakakatakot ay hindi ako nagsising binuksan ko ang mga mata ko.

Nang natapos iyon ay bumaba na kaming dalawa ay agad akong niyakap ni Elijah. Tumatawa siya habang ako naman ay kinukurot siya.

"Kainis ka…" Sabi ko habang hinahawakan niya ang ulo ko at idinidiin niya iyon sa dibdib ko.

"Ouch!" Aniya sabay hawak sa kamay kong pinangkurot sa kanya. Humagalpak ulit siya sa tawa. "Pikon."

Mataas na ang araw kaya medyo may tao na. Hindi nga lang talaga tulad sa weekdays. Madalas ay turista ang narito kaya hindi ako nangangamba. Nagyaya siyang pumasok kami sa Forest Park para maka upo doon at makakain ng snacks o kahit ano.

Pumasok kami pero hindi kami agad umupo. Namasyal kami doon at tiningnan ang tanawin. May mga life size na statue ng mga hayop. Nag papicture kaming dalawa sa mga hayop.

“Huwag mo ‘tong gawing profile picture, a? Magtatanong sila kung sino kasama mo dito.” Sabi ko.

“Okay. I’ll just make that my laptop wallpaper.” Tumawa siya.

Sinapak ko naman. “Gago! Baka makita ito ng mommy at daddy mo.”

“They don’t check my things, Klare. Masyado silang busy para don.”

“Kahit na.” Naningkit ang mga mata ko sa kanya.

“Alright, whatever you say.” Ngumisi siya.

Sobrang daming pictures ang kinuha namin. At dahil kaming dalawa lang naman ay puro selfie lang ang nagawa namin.

Natabunan ng matatabang ulap ang araw kaya medyo dumilim at hindi na masyadong mainit. Mag pipicture pa sana ako sa malawak na landscape nang hinila ni Elijah ang kamay kong nakahawak sa cellphone at niyakap niya ako galing sa likod. Kumalabog ang puso ko at nanlaki ang mga mata ko sa biglaan niyang ginawa.

Pinag salikop niya ang dalawang kamay namin habang yakap yakap niya ako. Nilagay niya ang ulo niya sa leeg ko at nakaharap kaming dalawa sa malawak na view ng buong Dahilayan Adventure Park.

“I love you, Klare. I’m in love with you. So damn much.” Wika niya.

Napalunok ako sa sinabi niya. Pinagmasdan ko lang ang braso naming dalawa na parehong kulay pula sa parehong jacket na sinusuot namin.

“I’m in love with you, too.” Marahan kong sinabi.

“I wish I could change the circumstances. I wish I could change everything.” Bulong niya.

Parang pinipiga ang puso ko sa sinabi niya. Dahil alam ko sa sarili ko na imposible ang hinihingi niya, at imposible talaga kaming dalawa. Ang tanging posible na lang sa ngayon ay ang tumigil siya sa pagmamahal sa

akin. Iyon na lang talaga ang hihintayin ko. Dahil imposibleng humingi ng tulad ng gusto niya.

“I wish I could, too.” Sabi ko.

Tumayo lang kami doon nang magkayakap habang pinagmamasdan ang malawak na tanawin. Naiiyak ako sa sitwasyon namin. Bakit pa nagkaganito? Hindi ko alam kung ano ang itatanong ko sa Panginoon. Kung bakit ba namin minahal ang isa’t-isa gayong mag pinsan kami? O kung bakit pa kami ginawang mag pinsan kung mamahalin namin ang isa’t-isa?

“Run away with me.” Bulong niya.

Kinagat ko ang labi ko at bumagsak ulit ang tingin ko sa mga kamay namin. Pinaglalaruan niya ang mga daliri ko.

“Please, baby.” Dagdag niya.

Naaalala ko si Peter Pan sa sinabi niya. ‘Yong anyaya niya kay Wendy na sumama sa kanya sa mundong parang panaginip.

“Elijah, don’t tempt me, okay?” Bulong ko pabalik sa kanya.

“I want to tempt you. I want to run away with you.” Aniya.

Umiling ako. Hindi ako makapaniwalang kaya niya ngang talikuran ang lahat para sa akin. Masama iyon para sa kanya. Masama para sa aming dalawa. Masasaktan ang mga pamilya namin. Oo, magiging masaya kami sa piling ng isa’t-isa pero mahihirapan kami sa sitwasyon.

But here is the truth. Hindi forever ang panaginip. Nagigising din tayo sa mga iyon.

“Elijah, it’s scary.” Sabi ko.

“Don’t be scared. I’m here.” Mas lalong humigpit ang yakap niya sa akin.

Mas lalong piniga ang puso ko. Hindi ko alam kung ano ang sasabihin ko sa kanya. Walang umimik sa aming dalawa habang dinadama namin na

magkayakap kami. Ito na ata ang pinakamahabang yakapan namin. Ang sarap ng pakiramdam na hindi niyo kailangang mag tago sa ibang tao. Ang sarap sa pakiramdam na kaya niyong ipakita sa lahat kung ano talaga ang nararamdaman niyo.

“I actually want to offer to take your pictures.” Narinig ko ang isang seryoso at pamilyar na boses ng lalaki sa likod namin.

Kumalabog ang puso ko at agad kaming lumingon sa likod. Kinalas ko ang yakap ni Elijah sa akin at lumayo ako sa kanya. Naubos yata ang dugo ko sa mukha. Nanlamig ang mga kamay ko at nakita ko ang nakakagat labi at nakataas ang kilay na si Pierre Ty. Naka kulay violet V-neck t-shirt siyang may nakalagat na ‘MENTAL’ at naka khaki shorts siya. Ang dalawang kamay niya ay nasa likod habang pinapanood niya kami.

Kumunot ang noo ni Elijah at hinila niya ako sa likod niya.

“Nakita ko kayo sa malayo. Nag se-selfie. I figured you want pictures taken by someone else.” Nagkibit balikat si Pierre at tumingin sa akin.

Nagtatago na ako sa likod ni Elijah sa sobrang kaba ko.

“So I want to offer.” Dagdag niya.

“Thanks but we don’t need the help. Let’s go, Klare.” Sabi ni Elijah.

Tumango ako at sumunod sa kanya patungo sa clubhouse kung nasaan ang restaurant nila.

Dammit! Now we’re done! Tahimik kaming dalawa habang palayo kay Pierre. Hindi ko alam kung ano ang gagawin ko. Gusto kong bumalik kay Pierre at mag makaawang wa’g niyang sabihin kahit kanino ‘yong nakita niya. Nilingon ko siya at nakita ko siyang nakapamulsa na at nakatingin sa aming dalawa.

“Elijah, baka magsumbong siya.” Nanginginig ang boses ko nang sinabi ko iyon.

“Wala siyang kaibigan sa mga pinsan natin.” Aniya. “And don’t be scared. Kung anong mangyari, I’ll stand with you.” Sabay hawak niya sa kamay ko nang papasok kami sa restaurant.

“Elijah, Kilala nina Joss at Eion si Hendrix Ty. Kuya siya ni Pierre.” Nag aalala kong sinabi.

“Boys don’t usually spread the news, Klare. Unless he’s gay.” Ngumisi siya.

Sinimangutan ko naman siya.

Humalakhak siya. “There. Stop worrying, okay? Kumain na lang tayo.”

Naglahad siya ng upuan. Umupo ako doon. Kinakalma ko ang sarili ko. Pinapanood niya naman ako na para bang mababasag ako any moment.

“Hey, baby, it’s okay.” Sabi niya.

Tumango ako at huminga ng malalim. “Bathroom lang ako saglit.” Sabi ko nang medyo huminahon.

Dahan dahang tumango si Elijah.

“Order anything for me.” Sabi ko at dumiretso na sa bathroom para iwan siyang mag order ng pagkain.

Mabuti naman at kumalma ako sa loob ng bathroom. Naisip kong sa oras na makita ulit namin si Pierre sa Dahilayan ay makikiusap akong wa’g sabihin kahit kanino ang nakita niya. At maaring hindi rin maniniwala ang mga tao kung sasabihin niya ang nalaman niya. Hindi naman siya kaibigan ng kahit na sino sa grupo namin kaya okay lang siguro.

Bumuntong hininga ako bago lumabas ng bathroom. Nadatnan ko agad ang table namin na hindi lang si Elijah ang nakaupo. Nalaglag ang panga ko nang nakita kong may kasama na siya doon. Isang pamilyar na umaalong buhok ng babae. Namukhaan ko agad ang built ng katawan niya kahit medyo nagkalaman siya kumpara nong high school.

Sumulyap si Elijah sa akin at sumenyas siyang lumapit ako sa table. Umiling ako at ipinakita ang cellphone ko sa kanya. Mag titext ako. No. I won’t go near Gwen Marie Ramos, his ex. Pierre Ty is one thing, and Gwen is another. Magkaibigan si Erin at si Gwen, kumpara kay Pierre, mas kidlat kumalat ang balita kay Gwen. I would rather starve outside and wait for them to finish ‘catching up’ than stay.

Umiling si Elijah ngunit wala na siyang nagawa. Bago pa lumingon si Gwen sa kinatatayuan ko ay tumakbo na ako palabas doon.

<h1>Kabanata 38</h1>

<hr>

Kabanata 38

*OceanofPDF.com*

Kill For You

Mabilis akong tumakbo palayo sa restaurant. Kabado ako. Kasama kaya ni Gwen ang mga kaibigan niya noong high school? Baka may kilala ako dito sa paligid?

Naglakad na lang ako nang nakalayo na sa resto. Patungo na ako sa may mga pine trees at mga upuan na parte ng Forest Park. Kinuha ko ang cellphone ko at mabilis na tinype ang mga itetext ko kay Elijah.

Ako:

Nasa mga pine trees ako. Tapusin mo muna iyan. Dito lang ako maghihintay sa dulo kasi wala masyadong tao. Just find me here. I'm scared. She's Erin's friend.

Suminghap ako at nagpatuloy sa paglalakad. Walang tao dito. Hindi na gaano itong pinupuntahan dahil masyado na itong malayo. Kitang kita ang zipline sa banda dito. Naririnig ko ang mga tumitiling sumusubok non.

Umupo ako sa isang bench at tinukod ko ang siko ko sa mesa. Kinakalma ko parin ang sarili ko. Cagayan de Oro is a really small city. Lumabas kami at nagpunta sa malayo pero naging masikip parin ang mundo para sa aming lahat. Una ay si Pierre Ty, ngayon naman ay si Gwen.

Tumunog ang cellphone ko at nakita ko ang message ni Elijah.

Elijah:

Which part? I'll find you now.

Mabilis akong nag text. Alam kong hindi siya hahayaang makaalis ni Gwen doon. Lalo na't gusto nitong makipag usap sa kanya. Kaya lang, kung si Elijah na talaga ang mag dedesisyon ay maaring wala na iyong magagawa.

Ako:

Sa pinaka dulo. I’m okay here. Ayokong may makakita sa ating dalawa. Kung kasama mo pa siya, wa’g na muna kayong pumunta dito.

Nagulat ako nang hindi iyon na send. Anong problema? Tinaas ko ang cellphone ko at nakita kong kaonti lang ang signal nito. Kaya siguro walang pumupunta sa parteng ito ng Dahilayan ay dahil walang signal dito? Kung siniswerte ka nga naman!

Paulit ulit ko na lang iyong sinend kahit palaging failed.

“O, ba’t ka mag isa?” Isang nakakapanindig balahibong boses ang umalingawngaw sa likod ko.

Lumapit siya sa wooden chair na kinauupuan ko at umupo siya sa harap ko habang nakatingin sa malawak na lupain ng Dahilayan.

“Wala lang.” Sabi ko kay Pierre.

Tumikhim siya at nilingon ako. “Asan ang pinsan mo?”

“Uh, nasa restaurant.” Sabi ko at dinungaw ulit ang cellphone ko.

Tinaas ko ito at winagayway para masend na iyong message. Pinanood lang niya ako habang nakapangalumbaba siya sa mesa.

“Asan ang iba mong pinsan?” Tanong niya.

Natigil ako sa ginagawa ko. Mabuti ay nasend sa huling subok ko. Bumuntong hininga ako at tumingin sa kay Pierre. May pinaglalaruan siya sa dila niya habang tamad akong pinagmamasdan.

“Nasa… Cagayan. Xavier days, e.” Sagot ko.

“Ba’t ka nandito?”

I’ll act as calm as possible. Hindi pwedeng ganito! Hindi pwedeng kinakabahan ako kahit hindi pa naman kumpirmado kung nagdududa nga siya. Pag nakumpirma ko ay magmamakaawa na talaga ako sa kanya na wa’g ipagkalat ang nalaman.

“Nasan ‘yong kuya mo?” Pabalik kong tanong sa kanya.

Tumaas ang kanyang kilay. “He’ll be here any moment.”

Nanlaki ang mga mata ko. Pupunta rin si Hendrix dito?

“Back to my question. Ba’t ka nandito?”

Kumalabog ang puso ko. Alam kong nagdududa na talaga siya. Kahit sino naman siguro. Pero dapat ay hindi na sya makealam. Hindi kami close at wala siyang makukuha kung ipagkalat niya iyon. Wala rin siyang makukuha kung aalamin niya ang tungkol sa amin ni Elijah. Kung likas na tsismoso siya ay wala rin sa kanyang mukha.

“Namamasyal lang.” Sagot ko.

“With your cousin… Elijah?” Aniya na parang nagdadalawang isip pa sa pangalan ng pinsan ko.

“Yup!” Kalmado kong sagot.

Natahimik siya. Pinagmasdan niya akong mabuti. Nag iwas ako ng tingin dahil nakakatakot ang kanyang titig.

“Ba’t di niyo kasama ang iba niyong pinsan?” Tanong niya.

“They’re busy.”

Tumango siya. “At kayong dalawa, hindi busy?”

Dammit! Bakit nasa hot seat ako sa kanya? Kahit ang mga pinsan ko ay hindi pa ako tinatanong ng ganito ka nakakatakot na mga tanong.

“Hindi. That’s why we are here.” Medyo naiirita kong sagot.

“I see.” Aniya at pinagsalikop ang kanyang mga daliri.

Tinakpan niya ang kanyang bibig at pinagmasdan akong mabuti sa taas ng nakasalikop niyang daliri. Blanko ang kanyang mga mata. Batid ko ang

pagiging chinito niya at ang tangos ng kanyang ilong. He’s good looking. And he looks so familiar.

“Do you usually… hug each other?” Panibago niyang tanong na nagpakalabog sa puso ko.

Halos di na ako makahinga. I need Elijah’s text now. Pabalik balik kong tinitingnan ang cellphone kong nawawala ang isang bar ng signal. Nasend ko naman ang message na nasa dulo ako ng mga pine trees. Malamang ay nahirapan iyon. Hindi niya alam kung aling dulo ang tinutukoy ko.

“Uhm-”

“And hold hands?” Dagdag niya.

There is no point in denying it. Alam niya. May alam na siya. May naramdaman na siya at gusto niya ng kumpirmasyon. Naguguluhan ako kung sasabihin ko ba sa kanya ang totoo o hahayaan ko siyang mag isip kahit na mukhang may alam na siya.

Tumikhim siya. Para bang sa tagal ng sagot ko ay may nakumpirma agad siya.

“You’re cousins, right?”

Naririnig ko na ang kalabog ng puso ko. Nakapirmi na rin ang titig ko sa kanya. Hindi siya naiintimidate kahit na magkahalong takot at galit na ang pinapakita ko.

“Hindi ka ba nandiri? Hindi ba siya nandiri? Who fell first?”

Hindi ako makahinga sa sunod-sunod at straight to the point niyang mga tanong. Nangangapa ako sa mga salita. Hindi ko alam kung sasagutin ko ba siya o luluhod na lang ako para mag makaawa na wa’g niyang ipagkalat ang tungkol dito.

“Don’t be scared. I’m open-minded, Klare.” Umangat ang kanyang labi at nagpakita ang kanyang dimple.

Tumunog ang cellphone ko at may dalawang mensaheng sunod sunod ni Elijah.

Elijah:

I’m coming to get you, Klare.

Elijah:

Klare? You’re not replying. Saan banda? Nandito ako sa may mga zorb? Saang dulo?

Mabilis akong nagtype ng sasabihin ko sa kanya. Kahit na blanko ang utak ko dahil sa ulan ng tanong ni Pierre.

Ako:

Malapit sa Zipline.

Pahirapan na naman sa pag si-send nito. Kumalabog na ang puso ko dahil sa mga mata ni Pierre na nanonood sa pagpapanic ko.

“If he’s in love with you, ba’t ka mag isa dito?” Tanong niya.

Napalunok ako. “Pierre. Please don’t tell anyone.”

Tumunganga siya sa akin. Damn, he looked merciless. Pakiramdam ko ay kahit na mukha siyang tahimik at walang pakealam ay may pagsasabihan parin siya nito.

“I want to know. Ba’t ka mag isa kung in love siya sayo? Iniwan ka ba niya dito?”

Kinagat ko ang labi ko sa sinabi niya. Binalewala niya ang pagmamakaawa ko. I need to try harder.

Tumingala siya at mukhang nag isip ng malalim. Ngumuso siya at tumingin sa akin.

“Hindi ko maimagine na maiinlove ako sa pinsan ko. That’s gross.” Humalakhak siya. “I’m really curious. How? Why? And what really happened? Montefalco kayong dalawa. Sabay kayong lumaki.”

Nagbara na ang lalamunan ko. Bukod sa sarili ko ay ngayon lang ako natanong ng ibang tao ng ganito. Kahit si Claudette ay nag tanong ngunit hindi ganito ka rami at ganito ka sigurado. Si Pierre na ibang tao pa ang nagtanong sa akin nito.

“Pierre.” Narinig ko ang malamig na boses sa likod ko.

Nilingon ko at nakita kong si Hendrix iyon. Oh, great! The Ty brothers together.

“Kuya…” Ani Pierre at tamad na tiningnan si Hendrix na lumapit sa kanya.

“What are you doing?” Bulong ni Hendrix.

“I’m chatting with Klare Montefalco.” Sabay turo niya sa akin.

Sumulyap si Hendrix sa akin at kumunot ang noo.

“Pasensya ka na, Klare. May sinabi ba’ng weird sa’yo si Pierre? Don’t mind him…”

“Wala akong sinabing weird! She’s weird!” Sabay turo ulit ni Pierre sa akin.

“Pierre!” Sigaw ni Hendrix sabay tingin sa akin na parang nahihiya. “Sorry, again. Ikaw lang ba mag isa? Where’s-”

“Klare!” Narinig ko ang hinihingal na boses ni Elijah sa likod ko.

Mabilis akong tumayo at tinalikuran ang magkapatid para salubungin si Elijah. Thank God he’s alone! Walang Gwen na kasama! Walang kahit sino!

Pinagpawisan ang kanyang noo. Alam kong hinanap niya ako sa buong Forest Park. Nakakaguilty tuloy. Diretso ang mga titig niya sa magkapatid. Kabado agad ako. May alam si Pierre sa aming dalawa, si Hendrix wala. Ngunit hindi ako magugulat kung malalaman din iyon ni Hendrix kalaunan.

“Are you okay?” Nilingon niya ako. “Nag alala ako.”

“Kung sana ay hindi mo siya iniwan ay hindi ka nag alala-”

“Pierre, stop your god damn mouth!” Sigaw ni Hendrix sa kapatid niya.

“Hindi ko siya iniwan.” Naiiritang sinabi ni Elijah at humakbang palapit sa dalawa.

Hinawakan ko ang braso niya at hinila siya pabalik ngunit ramdam ko ang panginginig nito.

“Elijah, sorry, ako na ang bahala sa kapatid ko. Sorry.” Pumagitna agad si Hendrix sa kanila.

Mabigat ang bawat pag hinga ni Elijah habang tinitingnan ang dalawa. He’s annoyed. I’m annoyed, too. Ngunit nangingibabaw ang kaba sa akin. Gusto ko na lang makipagbati o makipag kasundo kay Pierre na sana ay wa’g niyang sabihin ang nalaman niya.

“Did you ever wonder why you like each other? You’re cousins.” Ani Pierre.

“Wh-What?” Napalingon si Hendrix sa kapatid niya.

Hindi na ako nakagalaw. I want to beg. Gusto kong lumuhod at magmakaawa na wa’g nilang ipagkalat. I know this is inevitable. Kung sana ay kayang iwasan ay kung maaari ay maiwasan muna. I love Elijah dearly. Ganon rin siya sa akin. I don’t want this to end. Yet.

“Pierre, please, Pierre.” Tumakbo na ako patungo sa kanila.

Hindi ko alam na lumuluha na ako. Hinawakan ko ang braso niya. Sumunod si Elijah sa akin at hinigit niya ako palayo sa kay Pierre. Pumiglas ako ngunit hindi ko nakaya ang pagkakahawak niya sa akin.

“Please, Pierre. Please… Please…” Napapaos kong sinabi habang kumakawala sa braso ni Elijah na nakapulupot sa baywang ko.

“Baby…” malambing na boses ni Elijah ang bumulong sa akin.

Nanlalaki ang mga mata ni Pierre. Pareho silang gulat ni Hendrix sa inasta ko.

“Stop crying, baby.” Bulong ni Elijah habang niyayakap ako sa likod.

Kumalma ako ngunit hindi ko napigilan ang mga salita sa paglabas sa bibig ko. “Pierre, parang awa mo na. Wa’g mong ipagkalat. Pierre, please.”

Pumikit si Hendrix at tumingin kay Pierre. Gulat na gulat parin si Pierre. Ngayon ko lang ata nakita na nag iba ang ekspresyon niya. Madalas ay blanko siya at ngayon ay halatang windang.

Binitiwan ako ni Elijah at humakbang siya palapit kay Pierre. Halatang galit siya ngunit kinakalma niya lang ang sarili niya.

“Elijah…” Tawag ko.

Ayokong magkagulo silang dalawa. Kung magsusuntukan sila dito ay baka magalit lang si Pierre at ipagsasabi niya sa lahat ang nangyari. Mabubuking kami.

“Elijah, please calm down.” Tawag ko.

Pumagitna agad si Hendrix sa dalawa. Nagulat ako nang nakitang naglahad si Pierre ng kamay.

“Easy, Elijah.” Utas ni Pierre. “Hindi ko sasabihin.”

“Sinasaktan mo siya and you expect me to take your shit?” Ani Elijah bago niya tinulak si Pierre kahit na nasa gitna si Hendrix.

Napaupo si Hendrix sa wooden chair habang tumatayo naman si Pierre galing sa pagkakatulak sa damuhan.

Ako na mismo ang pumagitna. Tinulak ko ang dibdib ni Elijah. I swar I’ve never seen him this angry before. Maaring nagalit siya kay Eion noon, pero

ngayon, hindi siya galit, kinamuhian niya si Pierre. I want to calm him down.

“Easy, Elijah. Hindi ko sinasadya. Hindi ko alam.” Ani Pierre. “I’m just concerned-”

“Sino ka para maging concern? At kung gusto mong ipagkalat ang kung anong meron kami? You… go ahead! You think we’ll break just because of that? Try us. Try me.” Malamig na sinabi ni Elijah.

“Hindi ko sasabihin kahit kanino. I respect you. I respect Klare. I’m not a fucking hashtag. I won’t tell the world what’s trending! And I’m not doing this for you! I’m doing this for her.”

“Elijah…” Tumikhim ang kalmadong si Hendrix sa likod.

Nilingon siya ni Elijah. Pumikit ako habang hinahawakan ang dibdib ni Elijah. Please, calm down.

“Trust us. We won’t tell anyone. At naniniwala din ako sa inyong dalawa. Sorry for this. We really are.”

“Baby, let’s go…” Nanginginig kong sinabi. “Ayaw ko na dito.”

Tumahimik si Hendrix. Narinig ko ang buntong hininga ni Pierre. Unti unting kumalma ang katawan ni Elijah. Hinawakan niya ang magkabilang braso ko. Kinagat ko ang labi ko. That’s the first time I called him ‘baby’.

“Dammit, baby, I can even kill for you.” Hinalikan niya ang ulo ko at niyakap. “But your ‘baby’ is melting me.” Bulong niya bago ako inilayo sa dalawa.

<h1>Kabanata 39</h1>

<hr>

Kabanata 39

OceanofPDF.com

The Idea

Mahapdi ang mga mata ko nang natuyo ang mga luha dito. Pinaandar agad ni Elijah ang sasakyan. Tahimik lang kaming dalawa. Pareho naming pinapakalma ang sarili namin.

Ang akala ko ay diretso na kaming uuwi. Nagulat ako nang iniliko niya ito sa Del Monte Clubhouse. Umayos ako sa pag upo at nilingon ko siya. Sumulyap siya sa akin nang nakitang tinitingnan ko siya.

“Mag aalas dos na at hindi ka pa kumakain.” Aniya.

Ni hindi ko namalayan ang oras. Hindi ko naramdaman ang gutom. Tsaka ko lang naramdaman ang gutom nang pinuna niya na ito.

“Elijah, baka nandito si Gwen sa paligid?”

Umiiling na siya kakasimula ko pa lang sa tanong ko. “Tinanong ko siya kung saan sila pupunta ngayon. Sabi niya sa Dahilayan lang sila. They won’t be here, Klare. Don’t worry.”

Gusto kong umangal ngunit kumunot ang noo ni Elijah sa akin at nilagay niya ang kanyang index finger sa labi ko.

“Don’t say a word. Let me decide.” Aniya at binuksan na ang pintuan para makalabas.

Siguro ay sa oras na makita na naman namin si Gwen, tatakbo na lang ako. Suminghap ako at lumabas na lang sa kanyang sasakyan. Dumiretso siya sa loob ng Clubhouse. Nilingon ko pa ang tanawing hindi ko madalas makita. Ang alam ko ay dito palagi si Rafael at Elijah. Pareho nilang hilig pumunta ng Clubhouse para kumain o di kaya ay mag golf. Madalas si Elijah dito kaya kabisado niya ang lahat.

Bukod kay Elijah ay may dalawang tao sa loob. Mukhang mag asawa at nasa middle twenties na. Ngumiti sila sa akin. Nahihiya akong ngumiti pabalik pagkaupo ko sa napiling table ni Elijah. Nasa gilid niya na ang waiter at naghihintay na ng order.

“What’s yours?” Tanong niya sa akin.

Kinuha ko ang menu at namili ng pagkain. “Roast Beef.” Sabi ko.

Si Elijah na ang nag utos ng kung anu-ano tungkol sa pagkain at sa maiinom naming dalawa. Luminga linga na lang ako sa paligid. Masyado na ata akong paranoid.

“Sorry kanina.” Sabi niya pagkaalis ng waiter. “Sorry kay Gwen.”

Umiling ako. “Hindi mo naman kasalanan. Nagulat lang talaga ako kasi nandoon siya. Magkaibigan sila ni Erin. Natakot ako.” Sabi ko.

Nilapag ng waiter ang mga baso ng tubig. Tinitigan ni Elijah ang kanyang baso. Masyado siyang seryoso at mukhang galit. I want him to loosen up, pero paano ko siya papakalmahin kung ako mismo ay kabado parin?

“Did you treat her well? O baka tumakbo ka lang bigla nong nakita mo akong umalis?” Ngumisi ako.

Nag angat siya ng tingin sa akin. Seryoso parin siya. “Ilang minuto lang nang umalis ka, umalis na agad ako.”

“Hindi ba siya nag tanong kung sino ang kasama mo?”

“Nagtanong.”

Nanlaki ang mga mata ko. “What did you tell her?”

“Don’t worry. I didn’t mention you.” Tumikhim siya.

“Pero anong sinabi mo?”

“Someone special.”

Oh great! Now! I’m someone special. Hindi ako nakaangal kahit na nakakatakot ang kanyang sagot. Mabuti na lang at talagang hindi kami nakita ni Gwen sa Dahilayan. Mabuti na lang at pinili kong umalis imbes na lumapit sa kanila sa restaurant.

Dumating ang order namin kaya tumahimik muna kaming dalawa hanggang sa umalis ang waiter. Ginutom ako lalo ng amoy ng roast beef. Nakita ko ang order niyang steak at toasted bread. Hindi talaga siya mahilig sa kanin, ngunit may fries naman para sa aming dalawa.

“Anong ginawa ni Pierre sa’yo?” Tanong niya.

“Wala naman. Nagduda siya. No. Actually, he concluded.”

“Ano ba ang pakealam niya? I don’t like that guy, Klare. Stay away from him.” Aniya.

Tumango ako.

Ganon naman talaga ang gagawin ko. Ngayong alam na ni Pierre at ni Hendrix ang tungkol sa aming dalawa, ang tangi ko na lang magagawa ay ang umiwas sa kanila at magdasal na hindi nila iyon ipagkakalat.

Mabuti na lang at natapos na kaming kumain ay wala kaming nakitang kakilala. Pagod na pagod ako nang pumasok sa sasakyan kaya hindi pa nakakalayo ay nakatulog na ako sa byahe. Nagising na lang ako nang papababa na kami ng Cagayan de Oro. Nilingon ko agad ang seryosong nag dadrive na si Elijah.

“I’m sorry.” Sabi ko.

Hindi talaga magandang matulog pag nasa front seat at kayong dalawa lang ng driver ang bumabyahe. Nakakahiya sa kanya ang ginawa ko.

“It’s okay. I know you’re tired.” Wika niya.

Tumingin ako sa kalsada at napagtanto kong tapos na ang araw na iyon. Tapos na ang aming date. Naging masaya ako. Panandalian. Dahil pagkapasok namin ng Cagayan de Oro, sigurado akong balik ulit kaming dalawa sa dati. Magpipigil ulit ako at mag titiis ulit siya. Tama at hindi ko nga gusto ang ginagawa naming dalawa ngunit anong magagawa ko?

Tumunog ang kanyang cellphone. Mabilis niya itong kinancel. Hindi ko pa nakikita kung sino ang tumatawag ay nawala na agad.

“Sino ‘yon?” Tanong ko.

He sighed. “Si Azi.”

“Ba’t di mo sinasagot?” Nagkasalubong ang kilay ko.

Hindi siya sumagot. Tahimik lang siyang nagdadrive nang biglang tumunog ulit ang kanyang cellphone. Kinagat niya ang kanyang labi at sumulyap muna sakin bago sinagot ang tawag. Naka loud speaker iyon. Tinikom ko ang bibig ko nang sa ganon ay hindi marinig ng nasa kabilang linya.

“Hello, Azrael.” Aniya.

“Hello, dude. Asan ka?” Napapaos na boses ni Azi.

Mukhang nag dadrive din ang isang ito. Naririnig ko ang mga bosina ng sasakyan sa kanyang background.

“Nasa paligid lang, bakit?” Tanong ni Elijah.

“Ako rin, nasa paligid lang. Bakit di tayo nagkikita kung pareho tayong nasa paligid?” Humagalpak ng tawa si Azi.

Kinagat ko ang labi ko para mapigilan ang pagngisi o pagtawa. Humalakhak si Elijah pero hindi kasing lakas at kasing tagal nang ginawa ni Azi.

“Papunta ako kina Klare kasi sabi nina Erin at Chanel ay pupunta sila doon. Pupunta ka ba kina Klare?” Tanong ni Azi.

Nilingon ko agad si Elijah. Bakit pupunta sina Erin sa bahay? Hindi na gaanong pumupunta iyon doon simula nang nagkairingan kaming dalawa, a?

“O sige, pupunta rin ako.” Sulyap ni Elijah sa akin.

“Nasaan ka ba kasi? Who’s your date now? Marinela? Karen? Annabelle?-”

Pinatay agad ni Elijah ang tawag.

Lumunok ako at kinabahan. “Elijah, idrop mo na lang ako sa Xavier. Doon ako maglalakad galing. Hindi tayo pwedeng sabay na dumating. Pwede kang mauna tapos sasabihin ko na lang na galing akong mall or something!” Utas ko.

Hindi iyon sinunod ni Elijah. Imbes ay binaba niya ako sa street malapit sa building namin. Mabilis akong bumaba sa sasakyan niya at nagtago. Pinaandar niya naman ang sasakyan niya at pinark sa tapat ng building namin. Pagkalabas niya ay tumingin pa siya sa akin bago dumiretso sa elevator.

Kinalma ko ang sarili ko. Kailangan ay mag mukha akong kalmado at walang tinatago. Stop being paranoid, Klare. Gusto lang sigurong makipagbati ni Erin at Chanel. Old times. Ganon. Positive thoughts, please.

Nakita kong pumasok si Azi at si Claudette. Iyon ang naging hudyat ko para pumasok na rin sa aming building. Kabadong kabado ako ngunit sa tagal ko nang nagkakaganito ay nasanay na ako. Iyong kabado pero hindi nagpapahalata.

Binuksan ko ang pintuan at narinig ko na lang ang sigawan nilang lahat. Okay. Naglalaro ng NBA 2K14 si Josiah at Damon sa aming sala. Kumpleto ata kami ngayon, a? Nagtatawanan silang lahat. Kinuha ko agad ang I.D. ni Eba Ferrer sa bag ko. Palagi ko itong dala dala. In case na makita ko si Eba ay agad kong ibibigay sa kanya ito.

“Dame…” Sabay abot ko sa nanalong si Damon.

Nilingon ako ni Claudette. Si Elijah at Azi ay nasa dining table at nag uusap. Si Azi ay bumubulong at nag ngingising aso sa isang habang may sinasabi kay Elijah. Nakahalukipkip at nakatingin naman si Elijah sa akin. Bumaling ulit ako kay Damon na ngayon ay hinahawi ang kamay ko.

“Tapon mo na ‘yan. Nag drop na ang isang ‘yan sa school. Di na ‘yon babalik.” Sabi niya.

Nalaglag ang panga ko sa narinig ko. Wait a minute… Hindi ko alam kung alam ba ni Damon na… well, hindi pa kumpirmado ang pagbubuntis ni

Eba.

“Kailan kayo huling nag usap?” Tanong ko.

“Nakalimutan ko na.” Naiirita niyang sinabi.

“Dame, answer me honestly. Kailan?”

Bumaling si Damon sa akin at nagtaas ng kilay. “Klare, I told you its none of your fucking business-”

“Damon, watch your mouth.” Singit ni Elijah.

“OH MY GOD! Ngayon nga lang tayo ulit nagkasama ay mag aaway kayo! Please!” Sabi ni Erin.

Nilingon ko si Elijah at nakita kong kumuyom ang panga niya. Not a good sign. I can’t risk this. Hindi ko pwedeng kulitin si Damon sa harap ni Elijah lalo na kung nagiging gago si Damon sa usaping ito. Umatras ako. Papasok na sana ako sa kwarto nang bigla akong tinanong ni Erin.

“San ka galing, Klare? Wala ka sa school kanina, a?” Aniya.

Napalunok ako at nilingon ko siya. “Nasa school ako. Di mo lang ako nakita.”

Sa laki ba naman ng Xavier, imposibleng idedeklara niyang wala ako doon.

Tumango siya. “So ibig sabihin galing kang school? Ba’t di ka nagpakita?”

Hindi ako agad nakasagot. Hindi dahil nahihirapan ako sa pagsisinungaling kundi may tanong sa utak ko. Bakit ako magpapakita kung alam kong ayaw niya naman akong makita?

“Oh, I saw her, Erin. Sa covered courts.” Singit ng hilaw na ngisi ni Claudette.

“Sinong kasama mo? Ba’t di ka sumama sa amin?” Usisa ulit ni Erin.

“Uhm, nagmamadali kasi ako. May kinuha lang ako sa locker tapos umalis agad at namasyal sa mall.”

Ngumuso si Erin at namula. Tumingin na lang siya sa TV namin. Magpapatuloy na sana ako papuntang kwarto nang inusisa naman ni Chanel si Elijah.

“Ikaw, Elijah? Sa mga boys, ikaw lang ang di ko nakita sa school. Where have you been?”

Nakahawak na ako sa doorknob ng pintuan ko. Nilingon ko silang lahat sa sala. Nakita ko ang pagkakabalisa ni Claudette. Para bang nag iisip siya kung ano ang maitutulong niya.

“Oh! Pumunta siya ng Dahilayan.” Tumawa si Erin at bumaling kay Elijah.

“How did you know?” Tanong ni Elijah kahit alam kong may ideya na siya.

“Nagkita kayo ni Gwen, hindi ba? You told her may ‘someone special’ ka na!” Humagikhik si Erin.

Hindi sumagot si Elijah. Nakita kong tumingin si Josiah kay Elijah gamit ang gulat na mga mata.

“Gwen is actually jealous. Gusto ka pa raw niyang makasama kaso nagmamadali ka. At ayaw mo pa raw na sumama siya sa’yo, ah? Sino ‘yon, Elijah?” Tumawa si Erin.

Umiling na lang si Elijah. Now he’s on the hot seat.

“Probably just another fling. Tinatago, e.” Tumawa si Damon.

“Shut up. I’m not like you.” Ani Elijah sa kanya.

“Why yes. You’re worst than me.” Ani Damon.

“Sino, dude? Fuck! We used to be best friends. Kaya lang these past few weeks parang-”

“Shut up, Azi. Best friends my ass.” Tumawa si Elijah.

Parang na offend si Azi sa sinabi ni Elijah. Nagtawanan na lang silang lahat.

“Who’s pussy are you banging this time?” Humagalpak si Rafael.

Napamura ulit si Elijah sa mga tanong nila. Pumikit ako at dumiretso na sa kwarto ko. I don’t need to hear this. Nananalig ako na hindi siya mabubuking. Na hindi kami mabubuking. Unless kung may magsalita. Claudette, Pierre, and Hendrix - tatlong taong nakakaalam sa sekreto namin ni Elijah. Sana ay wala silang sabihin. Sana ay hayaan na muna nila kaming dalawa.

Nakita kong umiilaw ang iPad ko sa mesa. Bago ako nagbihis ay binuksan ko muna ito para tingnan kung anong meron. Nagulat ako nang nakitang kanina pa ako kinokontact sa Skype. Mabilis kong sinagot ‘yong tawag at umupo ako sa kama.

Hinintay ko ang paglo-loading nito at nakita ko kung sino ang tumatawag. Yasmin Montefalco. Si Ate Yas? Bakit siya tumatawag? Video call.

“Hi, Klare!” Kumaway siya sa akin sa video bago pa ako makapag isip ng gagawin.

“H-Hello, Ate! napatawag ka?” Tanong ko agad.

Naisipan kong ilabas na itong iPad at ipakita kay Elijah o kay Chanel dahil sila naman itong nagkakasundo. I think she’s 21 years old now, though I’m not sure.

“Teka lang, tawagin ko lang si Elijah.” Sabi ko.

“No, no, no! Ikaw ang sadya ko.” Aniya.

Humugot ako ng malalim na hininga. Anong meron at bakit niya ako tinatawagan? Hindi naman kami masyadong close nito.

“Ha? Bakit po?” Tanong ko.

Tumawa siya.

Noong una ay naging masaya ang usapan. Kinamusta niya ako sa school, sa mga pinsan ko, at sa pinaka mahirap na subject na naipasa ko. Labing limang minuto na ang tawag. Hindi ko parin makuha kung bakit niya ako tinatawagan gayong hindi naman niya ito ginagawa noon.

“Nakakainggit ‘yong trip niyo sa Camiguin.” Aniya.

“Oo nga, ate. Sayang at wala ka dito.” Sabi ko.

Hinawi niya ang takas niyang bangs. May maliit na clamp sa itaas ng kanyang ulo. Inayos niya ito at sinuklay niya gamit ang kanyang mga daliri ang mahaba at umaalon nitong buhok. She’s so pretty. Ang napansin ko talaga sa kanya ay ang magandang kilay niya at ang mataas niyang cheekbones. Sa pagkakaalala ko ay mukha talaga siyang supermodel sa personal. Magkapareho sila ng mga mata ni Elijah. Kinikilabutan tuloy ako tuwing pinapalo niya ang kanyang pilikmata.

“Oo nga, e. I missed you guys.” Malungkot siyang ngumiti.

Now, I don’t know what to say. Naririnig ko na ang mga kuliglig sa utak ko dahil wala na kaming mapag usapan.

“Nga pala, I called because Kuya Just told me that you and Elijah are the closest now.” Tumaas ang dalawa niyang kilay.

“Po? Hindi naman po. Sila ni Azi.” Hugas kamay ko.

“Know what? I think he’s right! I’ve seen your pics? Nakita kong sweet kayo ni Elijah sa Camiguin. Nakita ko iyong group picture niyo na nakahug si Elijah sa’yo from the back.”

Oh shit! Kalma, Klare. Kalma.

Tumawa ako. “Ah! Nagbibiruan po kami non.”

Dahan dahang tumango si Ate Yas at tinaas niya ang kilay niya. “Kasi, I have this friend named Kaye. She’s actually a family friend. She’s pretty.

Taga St. Mary’s nong high school tapos sa De La Salle siya nag college. She’ll be in Cagayan de Oro for Christmas. Gusto ko sanang ireto siya kay Elijah.”

Hindi ako nakasagot. Mabuti na lang at dinugtungan niya agad ang sinabi niya.

“Kaye is a good girl. I think Ej will like her.”

Nanginig ang labi ko. Please, Klare. Hide your feelings.

“Ate Yas, kasi po, si Elijah may mga dinidate ng babae-”

“That’s my point. Lagi siyang naglalaro. I want him to be in a serious relationship now. Well, mas gusto kong kilala-”

Nabanas ako sa sinabi niya. Bakit? “Ate Yas, bata pa naman po si Elijah. And besides, kung gusto niya talagang makipag relasyon ng seryoso, gagawin niya naman po ‘yon. Maybe now is not yet the time. Hindi naman kailangang ipilit sa kanya. May mga option naman siyang babae diyan. Magseseryoso din ‘yan pag may makita na.”

Natigilan si Ate Yas. Tiningnan niya ako. Hindi ko alam kung ano na ang mukha ko ngayon kaya nag angat ako ng labi para ngumisi. Calm down, Klare. Nanatiling normal ang paghinga ko kahit na humahataw ang puso ko.

“Well, I didn’t say that he should date Kaye. I just want them to be friends.” Nagkibit balikat siya at nag taas ng isang kilay sa akin.

Kinagat ko ang labi ko. Okay, Ate Yasmin. I got your point.

“And I want you to help. May ibang babae ba siyang kinakahumalingan?” Tanong niya.

Nagkibit balikat ako. Gusto kong sumagot ng Oo kaso mahihirapan lang ako sa pag eexplain.

“Coz I think meron. Kaya nong sinabi ko sa kanyang makipag friends siya kay Kaye ay hindi niya ginawa. May ibang babae ba siyang gusto?”

Matamang tanong ni Ate Yas.

“I don’t know.”

Tumango siya habang tumititig sa akin. “How about you, Klare?” Kumalma ang tono ng boses niya na mas lalong nagpakaba sa akin. “I heard from Silver na binasted mo raw si Eion. Hindi ba crush mo iyon?”

“A-Ate, oo. Kasi… hindi kami nag click.” Diretso kong sinabi.

Ngumisi siya. “Bakit? Sino pala ang gusto mo?”

Dumoble ang kalabog ng puso ko. Wala siyang alam, Klare. Malayo siya. Calm the fuck down now. Please!

“Wala pa, Ate.” Tumawa ako.

Ngumisi din siya ngunit pigil iyon. “You know what? I think Elijah likes someone.” Aniya.

Nanlaki ang mga mata ko. “Sino naman po? Di naman niya sinabi.”

“Well, I have a hunch.” Ngumiwi siya.

Napalunok ako. “Sino? And… uhm… paano mo nasabi?”

“Well, tuwing tumatawag ako ay paalis siya ng bahay at lagi niyang sinasabing pupunta siya…” She trailed off.

“Saan po?” Matigas kong tanong.

Kinagat niya ang labi niya. “Klare… I want to know… I want you to be honest. I have been thinking about this for a quite long time now. Di ako naniniwala. But I couldn’t let go of the idea.” Seryoso niyang tanong.

<h1>Kabanata 40</h1>

<hr>

*OceanofPDF.com*

As Long As I Can

Hindi ko alam kung saan ako mangangapa ng salita habang hinihintay si Ate Yasmin na dugtungan ang kanyang sinabi. Ngumunguso siya sa screen na para bang nahihirapan sa sasabihin.

“Klare, may relasyon ba kayo ni Elijah?” Tanong niya.

Para akong sinakluban ng langit at lupa. Alam ko na ito ‘yong itatanong niya pero umasa akong nagkakamali ako. Laglag lang ang panga ko at ilang segundo akong ganon habang pinapanood siya sa screen.

“A-Ate, we’re cousins!” Katwiran ko.

“That’s why.” Nagseryoso siya.

Nanginginig ang labi ko. “Ate, p-paano mangyayari ‘yon?” Natawa ako.

Napatalon ako sa biglang kumatok sa kwarto ko. Naka lock ang pinto kaya hindi makakapasok.

“Wait lang!” Sigaw ko.

“Klare? What’s taking you so long?”

Oh shit! Si Elijah pa talaga! Dammit!

“Elijah, N-Nag…” Pumikit ako. “bibihis pa ako.”

Bumaling ako sa kay Ate Yas na ngayon ay tulala sa isang bagay na hindi ko nakikita. Narinig kong umalis si Elijah. Hinayaan niya akong ‘magbihis’.

“My brother is honest, Klare. Kilala mo si Elijah. Kung hindi niya gusto, hindi niya gusto. Kung gusto niya, makikita mo ‘yon. And for the past weeks, I’ve heard him mention your name hundred times tuwing tumatawag ako. Kung wala kayong relasyon, then tell me, may nararamdaman ba siya sayo?”

Umiling ako. I’m still sure I’ll deny this.

Kumunot ang kanyang noo at umiling din siya. “That’s good kung ganon.”

“Ate, pinsan ko po siya-”

“Kaya nga mas lalong hindi pwede, Klare. Hinding hindi pwede kayong dalawa.” Diretso niyang sinabi. “Klare, I’ll be honest. I’m not buying your statements. Alam ko kahit hindi ko tinatanong si Elijah. I came straight to you kasi alam kong sa oras na tanungin ko siya nito ay baka mawalan ako ng communication sa kanya. I can see that he’s… fiercely in love with you.”

“P-Po?”

Nangingilid sa mga mata ko ang luha. Dammit! Klare! Dammit! This is what you get! Stop being so emotional about this. Ito naman ay kasalanan mo. Hindi ako huminga para mapigilan ang luha ko.

“Tuwing sinasabi ko sa kanyang tulungan ka niya sa ibang lalaki, he would get mad at me. At palagi siyang pumupunta sa inyo. Palagi siyang natutulog sa bahay niyo.”

Pinunasan ko ang luhang lumandas sa mga mata ko. Sana ay balewalain ito ni Ate Yasmin. I’m freaking scared.

Malungkot niya akong tiningnan. “Kumatok siya kanina, hindi ba? He’s always concerned about you. Always you. Klare here, Klare there. No room for other topics. Klare in the gym, Klare’s assignment, at kung anu-ano pa.”

Humihikbi na ako. Buking na talaga yata kami. Si Ate Yas ang pinaka close kay Elijah, syempre, dahil sila ang madalas na nag uusap. Kahit na palagi naming kasama ang ibang pinsan namin ay hindi nila kami napapansin. Ngunit itong si Ate Yasmin na malayo at hindi gaanong close, siya pa iyong nakapansin. Maaring dahil sanay na ang mga pinsan kong makita kaming close ni Elijah. At si Ate Yas, naninibago pa.

“Then I asked him kung ano ang binigay niya sa birthday mo? He told me it was an anklet. Infinity anklet. Klare…” Tumikhim si Ate Yas. “You think I won’t figure out?”

Nararamdaman ko ang metal sa paa ko. Iyong anklet na binigay ni Elijah na nakasabit ngayon sa paa ko. Parang alam nito na siya ang pinag uusapan namin.

“Kung ano man ang meron sa inyong dalawa. Please, stop it. It’s bad. It’s forbidden! Magkadugo kayong dalawa! Ito ang kauna-unahan sa history ng mga Montefalco na magkakaganito! Maging sa side ni mommy ay walang nangyaring ganito!” Tumataas ang boses ni Ate Yas.

Mas lalo na lang akong binalot ng takot at hiya. What will I do now? Sasabihin ko ba kay Elijah? Oh shit! I shouldn’t! Then what shall I do?

“Incest ‘yan, Klare. It’s against the Bible. It’s against everything. It’s taboo. At hindi ko matanggap iyon para sa kapatid ko. What more sa mommy at daddy mo? Kay mommy at daddy? They will freak out!”

Malakas na akong humikbi. This is even worst than Pierre’s statements. Mas malakas ang saksak nito kesa sa mga sinabi ni Pierre sa Dahilayan.

“You are a really nice girl. Pero hindi kita matatanggap para sa kapatid ko. Please, Klare. Magpinsan kayo! Hindi ka ba nandiri? Hindi ka ba kinilabutan? Kasi ako? Kinikilabutan ako sa inyo! I can’t imagine it! I don’t want this for my brother. Give him up!” Tumulo ang luha ni Ate Yasmin.

Nakita kong pinunasan niya ito ng tissue. Pumula ang kanyang ilong at humagulhol siya. Natigil ako sa pag iyak. Nagulat ako sa pinakita niyang emosyon para sa aming dalawa.

“You know what? ‘Nong nakita ko ‘yong picture niyo sa Camiguin, don ako nakasigurado, e. Klare, save him please. Don’t do this to him. Kung ano man ‘yong nararamdaman mo, phase lang ‘yan. You’ll forget it someday. Kayong dalawa. Para sa inyo din naman ito. Itigil niyo ito ngayon, makikinabang kayo bukas. Before anyone else finds out, please stop it with my brother. I don’t believe in incest love. I think that’s just lust!”

Tinakpan ko ang mukha ko dahil hindi ko na kinaya ang pagbuhos ng luha ko. I don’t want to hear it. I don’t want to hear anything. I want to shut down. Kung pwede lang ay mapag isa na lang muna ay ginawa ko na.

Humikbi ako nang humikbi. Hindi ko alam kung saan ko nahugot ang lakas para magsalita.

“Ate, papatayin ko muna ang iPad. Sorry.” Sabi ko.

“Okay, Klare. Sana naman ay maintindihan mo ‘yong point ko. Let Elijah go. Kayo rin ang makikinabang pag dating ng panahon.”

Biglang naputol ang linya. Hula ko ay si Ate Yasmin na mismo ang pumutol non. Halos isumpa ko ang araw na pinakamamahal ko. Parang kanina lang ay ang saya saya namin ni Elijah. Ngayon ay buking na kami at heto ako at umiiyak.

Ano ang gagawin ko? Naiinis akong isipin pero alam kong may punto si Ate Yasmin. Tama siya. Phase lang itong lahat. Bata pa kami ni Elijah at maaring marami pa kaming makikilala. Makakapili naman ako kung susugal ba ako at madudungisan naming dalawa ang pangalan namin o tumahimik na lang at maghintay na humupa ang damdamin namin sa isa’t-isa. And this decision is not for Elijah, sa akin ito. Because whatever happens, Elijah will always choose me. He’ll choose me over anything. I can’t let him do that! He’ll be destroyed. Kaming dalawa ang masisira pag hinayaan ko iyon.

But. Fuck. I love him.

I am in love with him. I am in love with my cousin.

Humiga ako sa kama at umiyak na lang. Hindi ko alam kung lalabas pa ba ako dito o hindi. Biglang may kumatok sa pintuan ko.

“Klare?” Sigaw ni Erin sa labas. “Klare? Anong ginagawa mo? Nagluto kami ng fries, gusto mo?”

Lumunok ako at nagdasal na sana ay hindi manginig ang boses ko. “Erin, maliligo lang ako. Lalabas din ako!”

I should be happy, right? Kasi sa wakas ay mukhang nakikipagbati na si Erin sa akin ngayon. Pero paano ako sasaya kapag ganito?

Humiga na lang ako sa kama. Medyo humupa ang luha ko dahil sa pagkatok ni Erin. Mahapdi na ang mga mata ko. Gusto ko na lang umidlip ngunit marami ang pumapasok sa isip ko.

Elijah. What shall I do? Run away with him? I want to. So bad. Gusto kong makasama na lang siya sa isang lugar na walang makakakilala sa aming dalawa. Ate Yas is right, sa oras na malaman ito ni daddy ay paniguradong lagot ako. I can’t imagine! My cousins will get mad at us! Kahit na sabihin kong ako ‘yong may kasalanan ay ipagtatanggol ako ni Elijah. At anong mangyayari sa aming dalawa? God, he’s just nineteen! Ni hindi pa kami gumraduate ng college! What are we going to do if we’ll run away? Mag tatrabaho para mabuhay kaming dalawa?

Shit! I can’t imagine it! Hindi ko kaya! Kinagisnan na namin ang ganitong buhay at hindi ko siya kayang makita na naghihirap para sakin. Para lang sa pagmamahal niya sa akin.

Can I risk? Should I risk? Or should I take the perfect and safe path? Alin sa dalawa, Klare? Alin?

Kailangan ko bang mag desisyon ngayon? Pupuwede bang saka na lang? Pwede bang manatili muna dito sa gitna ng dalawang desisyon? Pwede bang manatili na lang sa gitna palagi?

Nagising ako sa init ng kamay na dumapo sa aking pisngi. Unti unti akong dumilat para makita ang malungkot na mga mata ni Elijah. Naka upo siya sa gilid ng kama ko. Nanaginip ba ako kanina? Panaginip lang ba ‘yong sinabi ni Ate Yasmin? Nilingon ko ang iPad kong nasa gilid parin. Hindi. Totoo ‘yon. And I need to decide fast.

“Paano ka nakapasok?” Mahinahon kong tanong.

“Charles.” Sagot niya.

Tumango ako.

“Umiyak ka? What’s wrong?” Mahinahon niyang tanong.

Umiling ako. “Wala.”

“Klare, you tell me what’s wrong, alright? We have to be honest here.”

Mariin kong tinikom ang bibig ko. Dammit, Elijah! Stop being so… Nag iwas ako ng tingin. Tumikhim siya at hinaplos ang pisngi ko pababa sa tuyo kong labi. Kumalabog ang puso ko.

Dammit! Oh dammit! How can I resist him? How can I save him from falling hard when I’m also falling deep?

“Klare, tell me. I want to know. Why are you upset? I want to know. Everything. Anong nasa isip mo. Please, tell me, baby.” Malambing niyang sinabi.

I wonder. Kung sasabihin ko ba kay Elijah na hindi ko na siya mahal, na nagsasawa na ako sa kanya, at gusto ko nang itigil ito, titigil ba siya o mamimilit? At tuwing naiisip kong mamimilit siya ay pinipiga ang puso ko. I can’t see him that way.

“Wala. Kanina lang ‘to. Yung mga nangyari.” Sabay iwas ko ng tingin.

“Bakit? Tungkol kay Gwen? Pierre?” Tanong niya.

Tumango ako. “Oo, nagkahalo-halo lang.” I lied.

Marahan siyang tumango. Hindi na siya nag salita pero alam kong nagdududa siya sa mga sinasabi ko. Tumitig lang siya sa akin kaya naisipan kong ibahin ang usapan…

“Umuwi na sila?” Tanong ko na hindi niya na kailangang sagutin dahil biglaang bumukas ang pintuan.

Dammit! Humalukipkip si Elijah at nilingon ang nakabukas na pintuan. Nagpakita ang ulo ni Erin na may dala-dalang sizzling sisig. Kumunot ang kanyang noo nang nadatnang naka upo si Elijah sa kama ko at nakahiga naman ako. Bumangon ako para maupo.

“May sakit ka, Klare?” Tanong niya.

Tumayo si Elijah. Batid kong gusto niyang umalis na muna si Erin dahil gusto niya pang makipag usap sa akin.

Umiling ako. “Wala. Nakatulog ako. Inantok ako, e.” Paliwanag ko.

Nag angat ng tingin si Erin sa kay Elijah na patungo na sa pintuan at umaambang isarado ito.

“Lock the door, please, Elijah. Maliligo lang ako.” Sabi ko.

Luminga linga si Erin sa aming dalawa nI Elijah. Malungkot at madilim naman ang mga mata nang binalingan niya ako dahil sa sinabi ko.

“N-Nasa roofdeck kami…” Pabalik balik parin ang tingin ni Erin sa aming dalawa.

Pumirmi ang kanyang titig kay Elijah na nakahawak sa doorknob at nakatitig sa akin. Dammit, Elijah! You are giving her damn clues!

“Okay.” Hinawi ko ang kumot. “I’ll be there. Give me a minute. Mag sho-shower lang ako.”

Kinuha ko ang tuwalya ko at hindi na ulit sila tiningnan.

“Elijah, akyat na tayo. Hayaan mo na si Klare.” Ani Erin.

“But I think she’s not feeling well. Dito lang siya. Dito lang kami-”

“Elijah!” Oh my God! “Please?”

Nag igting ang bagang ko. Lalo na nang nakitang nalaglag ang panga ni Erin. Suminghap si Elijah at marahang tinulak si Erin palabas. Great! Kung

ano man ang meron sa utak niya ay pakiramdam ko’y kinumpirma o dinagdagan lang iyon ni Elijah.

I need him to cooperate. I want this love to work my way. Hindi ko kaya iyong gusto niya. Hindi ako handa. Hindi maari. Yes, I love him. I love him too damn much that I refuse to let him fall.

“Ate?” Kumunot ang noo ni Charles habang tumitingin siya sa labas.

Dala dala niya ang kanyang iPad. Sinarado ko agad ang pintuan nang nakapasok siya.

“What is it, Charles?” Tanong ko.

“I found something.” Humagikhik siya.

“What?” Tanong ko.

“Here.”

Binigay niya sa akin ang laptop at nakita ko ang pamilyar na video noon. Hindi ito ang unang pagkakataong nakita ko ang video na ito. Nakita ko na ito 2 years ago. Ngumuso ako habang pinapanood si Elijah sa video na nagtatali sa malapit nang matanggal na ngipin ni Charles.

“You don’t need a dentist.” Humalakhak si Elijah sa video habang tinatali ang sinulid sa ngipin ni Charles.

Ngumisi ako ngunit nangingilid ang luha sa aking mga mata. Noon, galit na galit ako sa kanya dahil sa ginawa niyang ito. Hindi ko inakalang ngayon ay matatawa na lang ako sa pagiging gago niya.

Grade one pa lang nito si Charles. Musmos pa siya kung tingnan at medyo mahaba pa ang kanyang buhok.

“Doctor Elijah.” Tumawa si Azi na siyang nag vivideo nito.

“I’m scared.” Sabi ni Charles nang nakanganga.

“Don’t be. I’ll be gentle.” Sabi ng gagong si Elijah at humalakhak. “Can you count one to five?”

Nakita ko ang luha ni Charles. Takot siya ngunit kaya niyang mag pauto basta si Elijah. “I can.”

“Very good. Then count now. I’ll be gentle.” Bulong ni Elijah.

Humagikhik si Azi sa background.

“One… two… three… four… fi-” Binunot ni Elijah ang ngipin.

Tumawa ako. Tumawa rin si Charles sa gilid ko ngunit ang batang Charles sa video ay umiyak. Iyon ang oras na pumasok ako sa kwarto. Yinakap agad ako ni Charles habang si Elijah ay ipinapakita sa video ang ngiping nasa sinulid.

“Anong ginawa mo?” Galit na galit kong utas sa kanya.

“Easy. Binunot ko lang ‘yong ngipin-”

Sinapak ko na agad siya. Nakangisi siya habang ginagawa ko iyon. Pulang pula ako sa video habang nasa baywang kong nakayakap si Charles. “Hindi mo na dapat ginawa ‘yon! Matatanggal din ‘yon, e! Dammit! Umuwi na nga kayo! Assholes!” Sigaw ko.

Tumawa si Elijah ngunit napawi iyong tawa niya nang tinalikuran ko siya at dinaluhan ang umiiyak na si Charles.

“Hey…” Hinawakan niya ang braso ko.

Mabilis kong binalibag ang kamay niya. “Don’t touch me!”

“Hey, tumulong lang ako, Klare. Why are you so mad?” Nakita ko ang takot sa mukha niya dahil sa galit ko.

Nilingon ko siya at matalim na tinitigan bago umalis sa room at padabog na sinarado ang pinto. Humagalpak si Azi sa background habang si Elijah naman ay tulala sa pinto.

“Dammit, man! Stop that thing!”

“Ginalit mo na naman!”

“I said stop that thing!” Galit niyang utas at natigil ang video.

Humikbi ako. Bakit? Bakit noong una ko itong nakita ay wala lang sakin? Two years ago, right? Two years. Charles was Grade one then. Pinipiga ang puso ko habang napagtatanto na may kung ano na noon. Hindi na iyon guni guni ngayon. Hindi na iyon bunga ng malikot na imahinasyon. May laman. Kitang kita mo.

“Ate, ba’t ka umiiyak?” Tanong ni Charles.

Ngumisi ako at pinunasan ko ang luha ko. “I’m crying for you. Naaawa ako sayo sa video na ito.” Utas ko sa kapatid ko.

Umiling siya. “No. I find it cool, actually.” Sabi niya at kinuha iyong iPad sa kamay ko bago lumabas.

I can’t let him go. I will keep him. As long as I can.

<h1>Kabanata 41</h1>

<hr>

Kabanata 41

*OceanofPDF.com*

Binabantayan

Pagkalabas ko ng kwarto ay dumiretso na agad ako sa roofdeck. Naabutan kong nag ba-barbecue ang mga boys at ang mga girls ay naghahanda sa mesa. Gabi na at lumalamig na din. Kitang kita ko ang mga christmas lights na nakahilera sa katabing mas mababang building.

“O, lika na, Klare.” Sabay ngisi ni Claudette sa akin.

Naisip ko tuloy… kung sasabihin ko kaya kay Claudette ‘yong nangyari tungkol kay Ate Yasmin, ano kaya ang maipapayo niya sa akin? Suminghap ako at lumapit sa table. Hindi ko alam. Hindi ko mahinuha. Sang ayon lang si Claudette sa aming dalawa ni Elijah dahil pareho naming mahal ang isa’t-isa. Ang totoo ay talagang hindi niya sana gusto na makaramdam kami ng ganito. Who would like that anyway?

“Okay ka lang?” Tanong ni Claudette.

“Oo naman.” Ngumiti ako at nilatag ang mga baso sa mesa.

Nag angat ako ng tingin nang naramdaman kong may tumititig sa akin. Nakita kong pinapanood ako ni Elijah habang nagtatawanan sila ni Azi. Si Rafael, Azi, at Elijah ay parehong shirtless na pinapaypayan ang barbecue na ginagawa. Kinunot ko ang noo ko ngunit ngumuso siya para mag pigil ng ngisi.

“Di ko parin gets. Saan ka galing kanina, Klare?” Tanong ni Erin sa akin.

Bumaling ako sa kanya at sinagot ko siyang galing akong Limketkai, mag isa, at naghanap ng mabibili. Hindi ko kasi pwedeng sabihing namili ako gayong wala akong dala kanina pagkauwi ko.

“So buong araw ka doon? Sabi ni tita maaga ka dawng umalis patungong school.” Nagtaas siya ng kilay.

“Ah-”

“Erin, what are you? The police? Leave her alone.” Utas ni Elijah sa malayo.

Dammit! Alam kong dinidepensahan lang ako ni Elijah ngunit mahahalata na talaga ako pag nagpatuloy siya.

“Alright, alright, I’m just curious. Pumunta ka ng school tapos sa mall.” Tumango tango si Erin at umupo na sa monoblock chair.

Umupo na rin kami nina Claudette at Chanel habang hinihintay na maluto ‘yong barbecue.

“Hindi ako mag oovernight, a?” Sabi ni Chanel.

“Hindi rin naman ako pwede.” Sabi ni Claudette. “And Kuya Azrael.”

Tumango ako.

“Ang dami kasing gagawin. Xavier days nga, pero homework avalanche naman!” Tumawa si Claudette.

“Aww. Pwede namang next time na ang homework.” Simangot ni Erin.

Hindi sumang ayon si Claudette sa sinabi ni Erin. Lumapit naman si Azi sa mesa para kumuha ng baso at mag salin ng tubig.

“Buti pa i-try na talaga natin bukas ‘yong horror house!” Tumawa si Azi sabay tingin kay Erin.

“Ayoko nga! Baka makahanap lang tayo ng away don!” Umirap si Erin kay Azi.

Lumapit din si Elijah sa amin at umupo siya sa katabing monoblock chair ko. Inikot niya muna ang silya para bumaliktad saka umupo. Sinandal niya ang braso niya sa likod ng silyang nasa harap niya ngayon. Hindi ko siya malingot. Dammit, he’s shirtless beside me! Lumunok ako at naisip na hindi naman ito ang unang pagkakataon.

Humikab siya at naagaw niya ang pansin ni Chanel na nakatunganga sa cellphone.

“Sige! Lakwatsa pa! Ayan, pagod!” Tumawa si Chanel.

“Worth it naman.” Humalakhak siya.

Diretso ang mga mata ni Erin at Claudette sa kanya. Maging si Damon na umiinom ng whiskey ay napatingin kay Elijah.

“Sino ba talaga ‘yan, Elijah?” Tanong ni Damon.

Kinuha ko ang cellphone ko at nagtype ng mensahe para sa kanya. He’s really pushing my buttons now. He should stop fueling their curiousity.

Ako:

Stop it. Magdududa sila lalo.

“Nung una ay akala ko si Gwen na, e. Nung nalaman kong nasa Dahilayan kayong dalawa. Baka hindi ka pa nakakapag move on kaya wala ka pang girlfriend?”

Humikab ulit si Elijah at kinuha niya ang kanyang cellphone. Nagkatinginan si Erin at Chanel.

“Elijah, siya ba ‘yong rason kung bakit ayaw mong sumama kay Ate Yas at Kuya Justin?” Nagtaas ng kilay si Chanel.

Anong ayaw sumama? Luminga linga ako sa kanila. Kumunot ang noo ni Elijah at nag text, imbes na sagutin ang tanong ni Chanel.

“My God! Sino ba talaga ‘yan!?” Sigaw ni Chanel nang narealize na hindi talaga nakikinig si Elijah dahil sa katext nito.

Ilang segundo ang lumipas ay bumaling si Elijah kay Chanel at sumagot. “Gusto kong magpasko dito. For the past three years, parating sa ibang bansa.”

“But it’s a good diversion. Hindi ba last year ay sa Singapore kayo nag Christmas? Ang sinabi ni Ate Yasmin ay sa Tokyo naman daw sana kayo this year with your family. That means you are going to be alone this Christmas? Sa bahay niyo?”

Ngumisi si Elijah.

Nakita kong may message na galing sa kanya sa cellphone ko kaya binuksan ko iyon.

Elijah:

Chill. I told you I can’t hide it. I really can’t. I’m trying really hard.

Mabilis akong nag text sa kanya. Medyo nairita pa nga ako.

Ako:

Asan ‘yong trying hard mo diyan? I don’t think you are really trying hard. I want you to shut your mouth.

Halos masira ang screen ng phone ko nang pinindot ko ang send. Nag angat ako ng tingin sa seryosong si Chanel na nakikinig kay Elijah. Lumipat ang titig ko kay Erin na nakatingin sa cellphone ko at sa mukha ko. Oh shit! Am I being paranoid and guilty or what? Binalik ko ang titig ko kay Chanel.

“Kung gusto niyo, pwede tayong sa bahay mag Christmas Party.” Anyaya ni Elijah. “Walang tao.”

Nanlaki ang mga mata ni Josiah sa tabi ni Claudette. “Yes! I like that idea! Alin ba’ng Christmas party? ‘Yong sa family o ‘yong sa friends? Pwede bang sa friends na lang since sigurado akong may plan na sina tito na sa Pryce tayo mag ki-christmas party slash reunion?”

“That means we’ll invite the whole gang?” Excited na sinabi ni Chanel.

“Wow! I like that! Girls.” Tumingala si Azi habang pinapaypayan ang baby back ribs.

“Alright, then! Maglilista na tayo. Tsaka kirngle na rin para sa exchange gifts!”

Kinuha ulit ni Elijah ang kanyang cellphone. Kumunot ulit ang kanyang noo habang binasa ang message. Hinawakan niya ang kanyang batok at ginalaw niya ito pakaliwa’t kanan bago nag type.

“Can you bring your girl there, Elijah?” Tanong ni Chanel. “O kung sino man ‘yan?”

Ngumisi si Elijah habang tinatago ang cellphone. “Bakit ba masyado kayong curious sa love life ko? Ba’t di love life ni Azi or Joss?”

“That’s because it’s called sex life, not love life, para sa kanila.” Tumawa si Erin.

“Hoy! Hindi ako ganyan. Si Josiah lang. I’m a one woman man.”

Umiling ang lahat sa kanyang sinabi. He is fantasizing about being a one woman man, ngunit hindi niya naman ito nagagawa dahil sa tawag ng kanyang instincts. Ngumiti ako habang tinitingnan silang iniinis si Azi.

Kinuha ko ang cellphone ko para basahin ang reply ni Elijah. Nanlaki ang mga mata ko at uminit ang pisngi ko. Oh dammit!

Elijah:

Kung hindi ako nagpipigil baka kanina pa kita niyakap o hinalikan. This is the most of what I can do. I’m sorry.

Dammit! Paano ko ito rereplyan? Binaba ko na lang ang cellphone ko at hindi na nag abalang mag reply. Humalakhak si Elijah sa gilid at tumayo.

“Klare? Bakit?” Taas kilay na tanong ni Erin.

Umiling ako.

Suminghap si Claudette at kinuha ang cellphone niya para mag type. Nilingon ko si Elijah at naabutan ko siyang nakataas ang kilay at nakaangat

ang gilid ng labi. Humalukipkip siya at mas lalo lang nadepina ang kanyang braso at ang kanyang tribal tattoo sa dibdib.

Tumunog ulit ang cellphone ko. Nanginig ang kamay ko sa pagkuha. Mabuti na lang at si Claudette iyon.

Claudette:

God. Please stop the texting thing. Halata masyado.

“Bakit ba parang palaging nag titext ang mga tao ngayon?” Tanong ni Erin. “Grabe naman kayo! Share naman kayo ng love life diyan! Hindi namin alam, ah? Nakakapag tampo na.”

Kumunot ang noo ni Chanel sa akin. “Oo nga naman, Klare. You know we liked Eion for you, at medyo nagtampo kami dahil sa ginawa mo pero that doesn’t mean that we don’t want to know who’s the ‘other man’.”

“Chanel, nagtitext kami ng group namin para sa isang project. I don’t think Klare has ‘another man’. Tayo ang laging kasama niya. Walang iba.” Ani Claudette.

Tumikhim ako. Thank God for Claudette. Kasi kung ako ang magsasalita, paniguradong ibabasura lang nila ang sasabihin ko. They will not believe me. Ang iisipin niya ay nagsisinungaling ako o may tinatago.

“Well…” Natulala si Erin. “I guess you are right, Clau.” At nilingon niya si Elijah.

Napaparanoid na talaga ako. This isn’t healthy anymore. Bumabaliktad ang sikmura ko sa usapan namin.

“Tadaaa!” Sigaw ni Rafael nang naluto na ang barbecue.

“Akala ko di na ‘yan maluluto!” Ani Josiah.

“Ang kapal mo, senyorito. Masyado ka, a! Ni hindi ka tumulong!”

“At least ako, tumutulong minsan. Unlike Azi na lumapit lang diyan para maghubad ng t-shirt. Poser lang. Para sabihing tumutulong.”

Nag inisan na naman sila. Nilapag ni Elijah at Rafael ang mga nilutong baby back ribs at barbecue. Ginutom agad ako sa amoy na pinaghalong pepper at sauce. Nilantakan agad namin ang pagkaing nakahain.

Masaya ako ngayon. Mukhang okay na kami ni Erin at Chanel. Pero tuwing naaalala ko ang nangyari sa amin ni Ate Yasmin kanina ay alam kong may taning na agad ang kasayahang ito. Nananalig akong hindi niya sasabihin kahit kanino ang napag alaman niyang relasyon namin ni Elijah. Aasahan niyang gagawin ko ang gusto niya. Oo, gusto ko ring gawin iyon. I want to push Elijah away, if only I can.

Sa oras na malaman ni Ate Yasmin na hindi ko pa nagagawa ang mga gusto niya ay maaring siya na mismo ang maglalayo kay Elijah. Ang imbitasyon niya kay Elijah sa Tokyo ay isa na sa mga hakbang niya para paglayuin kaming dalawa. Hindi niya nga lang masabi kay Elijah.

Pumikit ako nang narealize na gumagawa ako ng maling desisyon. Ang pagkapit ko sa maling desisyon na ito ang ikakasira naming dalawa ni Elijah. But, please? Can I have it just for a little while? Hindi ko naman inaasahang palaging ganito. I won’t wish for forever. Tomorrow is even too much to ask for. Iyong ngayon lang ang gusto ko.

“Wala bang tournament sa Singapore?” Tanong ni Josiah kay Elijah habang kumakain kami.

“Meron. Tinatamad akong pumunta. Gusto kong mag pasko dito.” Ani Elijah.

Ngumisi si Josiah at uminom ng softdrinks. “This is really something, huh?”

“Elijah naman, ang damot mo! Sino ba talaga ‘yang babae?” Tanong ng naiiritang si Erin.

“Wa’g mo nang alamin, Erin. Ayaw naming mga boys na pinapakealaman kami.” Sabi ni Damon sabay tingin sa akin.

Kumunot ang noo ko sa tingin niyang nagsusungit.

“What do you mean, Dame?” Naiirita kong tanong. “Hindi ako nakekealam sa inyo ni Eba. Gusto ko lang isoli ‘yong ID-”

“Burn the ID, she won’t come back!” Galit na utas ni Damon sa akin.

“Hey, stop it.” Sabi ni Elijah kay Damon.

“O edi sige, di na kita pipilitin. Concerned lang ako! May sakit siya nong nagkita kami at naiwan niya ito-”

“Stop sticking your fucking nose to where it does not belong-”

“Watch your fucking mouth, Damon! Si Klare ang kausap mo, not some of your stupid side dishes!” Sigaw ni Elijah at tumayo siya.

“Oh fuck! Don’t tell me mag aaway kayo?” Sabi ni Chanel.

Medyo nairita ako kay Damon ngunit kinabahan ako sa inasta ni Elijah. Imbes na mag alab ang galit ko sa kay Damon ay bumaling na lang ako sa galit na si Elijah. Gusto ko siyang pakalmahin. Gusto kong hawakan ang kamay niya ngunit batid kong pinapanood kami ni Erin.

“Pwede mo naman siyang pagsabihan ng maayos, Damon!” Sabi ni Elijah.

Nag iwas ng tingin si Damon. Humalakhak ng wala sa lugar si Rafael. “Tinamaan kasi.”

Matalim siyang tinitigan ni Damon kaya tumahimik si Rafael. Bumaling si Damon sa akin at pumungay ang kanyang mga mata.

“Sorry, Klare.” Aniya.

Tumango ako at lumunok. “Sorry din. Hindi ko naman alam kung ano ‘yong buong storya niyo. Gusto ko lang talagang tumulong sa ID. At kung

wala na rin naman siya, hindi na ako mag aabala.” Sabi ko.

“You are doing it right, Damon!” Halakhak ni Azi. “You saved yourself from the punches of the-Elijah-I-don’t-give-a-flying-fuck-if-were-cousins-I-can-kill-you mode.”

Napangiwi si Chanel sa dapat ay joke ni Azi. Wala ni isang tumawa. Ang tanging nakita ko lang ay ang nanliliit na mga mata ni Erin sa akin.

Mabilis kong tinype sa cellphone ko ang sasabihin ko kay Elijah. Kumalma at nawala ang tensyon sa amin. Bumalik sa biruan at kwentuhan.

Ako:

Calm down, please.

Mabilis siyang sumagot.

Elijah:

I am calm. Can you eat more? Your plate is bothering me.

Kinagat ko ang labi ko nang nakitang hindi ko pa halos nagagalaw ang pagkain kahit na gutom ako. Ito na yata ang resulta ng masyadong maraming iniisip.

Kinuha ni Elijah ang baby back ribs na malapit kay Azi at nilagyan niya plato ko ng dalawang piraso.

“Thanks.” Sabi ko.

“You’re welcome.” Aniya at kumuha pa ng isang stick ng barbecue.

“Masyado nang marami.” Sabi ko habang sinusubo ang rice.

He chuckled. Parang kinuryente ang batok ko nang nakita ang ngisi niya. Suot niya na ngayon ang kanyang white t-shirt. Nasa likod ng kanyang upuan ang pulang jacket. Naisip ko tuloy kung dapat ko bang kunin ‘yong jacket na para sakin na iniwan ko sa sasakyan niya.

“Just eat, Klare. Kung ayaw mong kulitin kita.” Aniya.

Umirap ako. Ngunit napatalon ako nang may naramdaman paa na tumama sa akin paa sa ilalim ng mesa.

Mabilis kong tiningnan si Claudette na ngayon ay nanlalaki ang mga mata. Nag taas ako ng kilay. Nginuso niya si Erin na sa gitna ng nag uusap at nag bibiruan naming mga pinsan, siya lang itong nakatingin sa amin.

Nang napansin ni Erin na nakatingin ako sa kanya ay kumunot ang kanyang noo at nag iwas na lang ng tingin. Nalaglag ang panga ko. Binabantayan niya ang galaw ko? Galaw namin?

<h1>Kabanata 42</h1>

<hr>

Kabanata 42

*OceanofPDF.com*

Christmas

Mabuti na lang at pagkatapos ng Xavier Days ay naging busy na ulit kami sa school. Hectic na ang schedule namin sa sobrang daming ipapractice. Maging ang Physical Education na subject ay nangangailangang tutukan. Halos araw-araw akong pagod dahil sa mga ginagawa namin sa school.

“Klare, lunch?” Tanong ni Elijah nang naabutan niya kami sa benches sa tapat ng Chapel sa loob ng school.

Napansin ko ang pagtingin sa malayo ni Hannah at ang bulong bulungan ni Julia at Liza sa gilid.

“Uh… Uhm… Sumama ka na lang muna kina Josiah, Elijah. Sasama ako sa kanilang mag lunch, e.” Sabi ko.

Madalas ay kami ang magkasama ni Elijah sa lunch. Pwedeng sa bahay o sa fastfood. Madalas ay kasama namin si Azi o si Claudette. At ang mga madalas na araw na iyon ay tuwing wala sina Erin, Julia, Hannah, at Liza na nakaabang. Ngayon, nakasama ko sila dahil sa isang reporting namin bago magbakasyon.

“Oh, okay.” Pinasadahan ni Elijah ng tingin ang mga kasama ko.

Hanggang ngayon ay hindi parin nakakarecover si Hannah sa ginawang pagtanggi ni Elijah. Ni hindi ko nga alam kung nagkausap na ba ang dalawa simula noon. Simula rin kasi noon ay palagi na lang kami ang magkasama ni Elijah.

“Sige, enjoy your lunch.” Ngumiti siya at umalis nang inaakbayan ni Azi.

May sinasabi na naman si Azi sa kanya at paniguradong tungkol na naman iyon sa mga babae. Minsan gusto kong patahimikin na lang si Azi. Masyado siyang maraming maibibigay na ideya kay Elijah. Naisip ko minsan na pwedeng umalis na lang si Elijah at iwan ako sa oras na makahanap sila ni Azi ng ‘perfect’ girl. Lalo na’t may sabit ako at ang mahanap nila ay wala, mas nakakalamang talaga ang ibang babae. Pero naisip ko ring wala nang

puwang ang pangamba para sa akin. Alam ko na may hangganan ang sa amin ni Elijah. Kung makahanap man siya ng iba sa mas madaling panahon ay mas mabuti na rin iyon. Hindi pa masyadong nag uugat ng malalim ang damdamin namin para sa isa't-isa. Hindi nga ba?

"Si… Elijah ba ang palagi mong kasama sa lunch, Klare?" Tanong ni Erin habang nanliliit ang mga mata.

"Uh, madalas si Claudette." At kasama parin si Elijah pero hindi ko sasabihin iyon.

Tumango si Erin ngunit nanatili ang titig niya sa akin.

Lumipas pa ang ilang araw at mas naexcite ang mga kaibigan ko sa Christmas Party na ipaplano. December 27 pa naman iyon gaganapin pero excited na sila. Nagkaroon na rin kami ng kringle. Iyon nga lang, dahil masyado kaming marami ay malabong nasa mga kaibigan ko lang ang mabubunot ko. Ang nabunot ko ay isa sa mga lalaking kaibigan ni Chanel. At ang nabunot naman ni Elijah ay si Azi.

"Anong ibibigay ko sa kanya? Sex toy?" Ani Elijah.

Sinapak ko siya nang narinig ko iyon. Nasa loob kami ng sasakyan niya at papauwi na kami ng bahay.

"Baliw ito!" Sabi ko.

"Totoo naman. Kesa humanap siya ng babae diyan at magkasakit lang siya, mabuti pa ganon na lang."

Nanliit ang mga mata ko nang tinitigan ko siya. Nakatingin siya sa daan at natatawa parin.

"Anong gift mo sakin?" Tanong niya.

Uminit ang pisngi ko. "Hindi naman ikaw 'yong nabunot ko."

Hindi ko alam kung paano ko sasabihin sa kanyang gabi gabi kong iniisip kung ano ang maibibigay ko sa kanya. Wala akong alam. Kilalang kilala ko

siya ngunit hindi ko alam kung ano ang ibibigay ko sa kanya kaya ginawa ko iyang alibi dahil wala pa akong maisagot.

“Madaya ‘to.” Sumulyap siya sakin.

Tumawa ako. “Alam mo bang si Azi ang nakabunot sayo?” Kumunot ang noo niya.

“What? Ba’t mo sinabi! Dapat ay secret iyon!” Angal ko.

“I want to just kill him. Gusto ko sanang magpalit kami kaso hindi siya pumapayag. At isa pa, siya ang nabunot ko kaya kung magpapalit kami, siya ‘yong magbibigay ng regalo sa sarili niya.” He sighed.

Hindi ko mapigilan ang pag ngiti. Elijah’s so cute when he’s frustrated. Nakita kong nag iba ang ekspresyon niya nang tinigil niya ang sasakyan sa bahay namin.

“Erin’s here.” Aniya.

Naaninag ko agad ang nakahalukipkip na si Erin sa baba ng building namin. Kinalas ko ang seatbelt ko at lumabas na. Naka uniporma siya at bitbit niya pa ang mga libro niya.

“Erin?” Tanong ko.

Ngumisi siya. “Hinihintay ko lang si Ate Chanel. Sabi niya dito ako maghintay, e.” Sumulyap siya sa kakalabas lang na Elijah at biglang may bumusina sa likod ko.

Nilingon ko at nakita ko ang kotse ni Chanel na nagpark malapit sa Chevy ni Elijah.

“Oh, there she is!” Sabay turo ni Erin at umalis na agad para pumasok doon.

Binaba ni Chanel ang salamin at nakita ko agad ang mapanuring mga mata niya. Pabalik balik niya kaming tiningnan ni Elijah bago kumaway at

umalis. Kumalabog ang puso ko. Gusto kong balewalain pero hindi ko magawa. I know there's something fishy about that scene.

"Elijah, tingin ko nakakahalata na sila." Sabi ko.

Kinagat ni Elijah ang kanyang labi. Tiningnan ko lang siya ng nakakunot noo at lumipad ang pag iisip ko sa araw na mabubuking kaming dalawa. "Alright, we'll loosen up." Aniya.

Lumunok ako at tumango.

"I don't want you upset over this. We'll loosen up."

He's true to his word. Nang nag tipon kaming mag pipinsan para sa nalalapit na family christmas party ay wala si Elijah.

"Elijah's not here yet? No shit?" Ani Azi nang isang oras na siya sa bahay at wala parin si Elijah.

"Where is he, Klare?" Tanong ni Erin.

"I don't know." I lied.

Ang totoo niyan ay nagpaalam siya sa aking magpalipas na lang muna ng araw sa gym dahil sa pagiging busy ko. Sinabi ko rin sa kanyang hindi na muna ako mag titext habang nandito sila. Inabala ko ang sarili ko sa pag bi-bake ng meryenda namin.

"Tulungan na kita, Klare." Sabi ni Claudette at kinuha iyong pan sa oven nang naluto na ito. "Si Elijah?" Bulong niya.

"Nasa gym." Sagot ko.

"Nag away kayo?" Bulong niya ulit.

Umiling ako.

Hindi ko na sinabi kay Claudette ang plano namin ni Elijah. Hindi rin naman siya nang usisa. Kaya ang resulta sa sala ay punong puno ng usapan

sa taong wala doon.

“I bet 500 bucks, si Hannah talaga ‘yong kinahuhumalingan ni Elijah.” Ani Azi at tumango tango pa siya dahil sa pagiging over confident. “Gym equals Hannah.”

Nilingon ako ni Erin habang kumakain ng butter cake na niluto ko. “What do you think, Klare?” Tanong niya.

Nagkibit balikat ako.

“Hindi ba kayo ang close ni Elijah. How come hindi mo alam?” Kumunot ang noo niya.

Kumalabog ang puso ko. I need to calm down. Calm down. Ang tangi kong naiisip ay katulad itong pakiramdam ko nang in-interrogate ako ni Pierre at Ate Yasmin. Natatakot ako.

“He’s secretive, Erin. Tsaka may mga lakad siyang hindi ko alam.”

I thought those excuses can hold her idead about us but I was wrong. Nang nagkaroon na kami ng Christmas Party sa N Hotel kasama ang mga relatives namin. Naabutan ko siyang tinitingnan ang cellphone ko habang abala ako sa pagkuha ng regalong natanggap ko galing sa nakabunot sakin.

“Erin?” Tumaas ang boses ko.

Nanlamig ang kamay ko nang nakita kong hawak-hawak niya ang cellphone ko. oo at may password iyon na tulad ng kay Elijah ngunit hindi ko parin maiwasan ang kaba.

“I was just checking.” Aniya.

Kumunot ang noo ni Elijah sa inasta ni Erin. Umamba siyang magsasalita na ngunit ako na mismo ang nagsalita para mapigilan na siya. “Kunin mo na ‘yong regalo mo doon!” Sabi ko.

Nalaglag ang panga ni Erin sa akin. “Alright, alright! Don’t shout at me.” Aniya at binitiwan ang cellphone ko.

Nakita kong uminom si Elijah ng tubig habang umuupo ako at kinukuha ang cellphone ko.

“Sorry, hindi ko napansin.” Bulong niya. “I was looking at you the whole time.”

Kinagat ko ang labi ko. “I’m scared, Elijah. Tingin ko ay may hinala na talaga siya.”

Suminghap siya at tinitigan ako. “I really don’t like this idea of yours. Mabuti pa ay sabihin na lang natin sa kanila ngayon.”

Naestatwa ako sa sinabi ni Elijah sa akin. Fuck, no! Hindi pwede! Umiling ako at nakita ko siyang pumikit at pinasadahan ng kanyang palad ang kanyang buhok.

“Stop worrying, please. You’re frustrating me.”

Ngumuso ako. “Sorry. Hindi ko lang mapigilan.”

Nagkatuwaan pa kami sa hotel. May mga pa games at kung anu-ano pa. May para sa mga matatanda at para naman sa mga bata. Masaya ang paskong ito. Hindi ko nga lang alam kung masaya ba si Elijah. Nilingon ko siyang nakangiti habang pinagmamasdan kami ni Charles na nag papapicture sa photobooth na inarkila ng pamilya. Kinindatan niya ako nang nakitang nakatingin ako sa kanya. Hindi ko maiwasang malungkot.

I know why he stayed this Christmas. Sa aming mga Montefalco, sila lang ng kanyang pamilya ang nangingibang bansa tuwing Christmas. Sina Damon at Rafael, parehong destino ang mga magulang nila sa Europa ngunit umuuwi sila tuwing Christmas. Ang pamilya naman ni Elijah ay talagang nangingibang bansa para lang icelebrate doon ang Christmas at New Year.

“Ate, why is Kuya Elijah here? Hindi ba every Christmas he’s abroad?” Tanong ni Charles sa akin.

Nagkibit balikat ako at yumuko ako kay Charles. “You call him, please? I think he’s lonely. Wala siyang kasabay mag photobooth.” Sabi ko.

Masayang tumango si Charles at kumaripas na kay Elijah.

Nakapulang polo shirt at kulay dark blue na maong si Elijah. Natawa ako nang tamad siyang tumayo pagkahila ni Charles sa kanya.

“Dapat ay pinagsasabihan ninyo ang kuya niyo na dito na lang sa Pinas mag Christmas.” Sabi ni mommy kay daddy sa harap ng mga tito at tita ko. “Dual Citizenship is not an excuse to be somewhere else. Look at Elijah, he’s here. He values our family.”

Sumang ayon ang mga kapatid ni daddy sa sinabi ni mommy.

Tumatawa sa photobooth sina Erin at Azi. May wig pa si Azi na sinuot at si Erin naman ay naglagay ng mustache.

“Kami naman!” Sabi ko nang dumating si Elijah.

“O sige!” Tumawa si Azi at umalis doon para bigyan kami ng space.

Noong una ay kaming tatlo lang. Panay ang piggy back ride ni Charles kay Elijah habang ako ay pinagmamasdan ang dalawa at natatawa na lang.

“Ang cute!” Sigaw ni Claudette.

Nilingon ko siya at agad niyang kinagat ang kanyang labi. Nakapulang peplum dress siya at nakatali ang mahaba at straight na buhok. Nakapula kasi kaming lahat. Color coding para magandang tingnan sa picture.

“Wait lang, ate. I’m gonna call mom and dad.” Sabi ni Charles at tumakbo ulit palayo sa aming dalawa.

Nilingon ako ni Elijah at nag taas siya ng kilay. Yumuko ako at narealize na kaming dalawa na lang ang nandoon.

Narinig ko ang click ng camera sa photobooth. Shit! Nakunan kaming dalawa na ganon? Bigla akong hinila ni Elijah palapit sa kanya at nagawa

pa niyang ngumiti habang inakbayan ako. Hindi ako makangiti. Ang lakas ng kalabog ng puso ko sa ginawa niya. Pinapanood kami ng mga pinsan namin!

“Ako rin!” Sabi ni Azi at siniko si Elijah para lang makasingit samin.

“Ako!” Sabay singit ni Josiah.

“Me too!” Sigaw ng awkward na si Claudette at nakisawsaw silang tatlo sa amin.

Napalunok ako at kumalas kay Elijah habang nakitang nagkatinginan si Erin at Chanel. Dammit! I need a break. Umalis ako doon at hinayaan silang magkagulo sa photobooth.

Nabilis akong lumabas sa function hall para mag punta sa comfort room. I need to get my shit together.

Huminga ako ng malalim pagkapasok sa CR. Nag retouch ako sa konting make up na nasa mukha ko. Inisip ko ang hawak ni Elijah sa baywang ko. Parang nandoon parin iyon. Parang hindi natanggal ang kamay niya. Pumikit ako at tiningnan ang gift niyang nakabalot sa isang kulay violet na papel. Binigay niya ito kanina nang nagkita kami. Mabuti na lang at naisip niyang una itong ibigay dahil paniguradong kung ngayon niya pa ibibigay ay mahahalata na kami masyado.

Tumunog ang cellphone ko at nakitang may mensahe doon galing kay Elijah.

Elijah:

You okay? Hindi ako pinapakawalan ni Charles.

Mabilis akong nag type ng irereply.

Ako:

Yup. I’m alright. Nag retouch lang. Babalik na ako.

Huminga ako ng malalim at tiningnan ko ang sarili ko sa salamin. Naka buhayhay ang kulay brown, mahaba, at straight kong buhok. Bumagay lang sa tube dress na suot ko. May itim na eyeshadow sa gilid ng aking mga mata para ma highlight ang konting pagka chinita nito.

Pinili ni Elijah na sumama sa amin imbes na sa pamilya niya para makasama ako. It's our first Christmas together as… I don't know how to call us. I don't really care. Ang tanging alam ko ay pareho kami ng nararamdaman at tama na iyon para sa akin.

Unti unti kong pinunit ang kulay violet na wrapper ng medyo maliit na box. Nakita kong may gold ribbon na naka engrave sa box. Nalaglag ang panga ko nang napagtantong mamahalin na naman itong regalo niya.

"Aspial."

Kinilabutan ako sa nagsalita sa likod ko. Nilingon ko agad ang malungkot na mata ni Erin habang binasa niya ang box. Itinago ko iyon sa likod ko ngunit sa hitsura ni Claudette sa likod nilang dalawa ni Chanel, nahinuha kong huli na ang lahat.

"Kanino galing 'yan, Klare?" Tanong ni Chanel.

Mabilis ang hininga ko. What shall I do? Galing kay Daddy? Kay mommy? Kanino?

"Aspial." Inulit ni Erin ang brand na nakitang naka engrave sa labas ng box.

"Erin, Chanel, please…" Sabi ni Claudette.

Nagulat ako sa matapang niyang boses kahit na tumutulo na ang kanyang mga luha.

"Shut up, Dette!" Sabi ni Erin at kinuha agad sa likod ko ang regalo ni Elijah.

Sinubukan kong kunin ang box ngunit lumayo si Erin sa akin at pinigilan ako ni Chanel. Mabilis ang paghinga ni Erin at nanginginig ang kamay niya habang unti unting binubuksan ang kulay itim na box.

“Erin, akin ‘yan.” Nanginginig ang boses ko.

Nalaglag ang panga niya at marahang kinuha ang isang malaking barrette sa loob. Punong puno ito ng crystals at kulay violet ang katabing color ng mga crystals.

“Holy shit, pinagawa pa ito.” Nakita kong bumuhos ang luha ni Erin.

Nabasa ang box kaya marahan niyang binaba ang barrette at pinasok ulit sa loob. Laglag panga rin si Chanel nang kinuha ang box at tiningnan ang regalo ni Elijah para sakin.

“Cousins don’t give each other those kind of gifts, Klare!” Panay ang punas ni Erin ng kanyang mga luha.

Nanginig ang mga labi ko. Kinagat ko na lang ito at yumuko.

“Klare, may relasyon kayo ni Elijah.” Hindi iyon tanong. Kumpirmasyon iyon galing kay Erin.

“Oh my God!” Sabay lagay ni Chanel sa box sa sink.

Tumilapon ang barrette. Nalaglag ang puso ko sa nangyari. Agad ko iyong dinampot at maingat na nilagay ulit sa loob. Habang ginagawa ko iyon ay halos mabingi ako sa sampal na natamo ko galing kay Erin.

<h1>Kabanata 43</h1>

<hr>

Kabanata 43

*OceanofPDF.com*

Choice

Napahawak ako sa aking pisngi. Nanuot ang hapdi ng sampal ni Erin sa akin. Nakaawang ang bibig ko at nagbabadya ang mga luha ko sa pagtulo.

“Kailan lang?” Tanong ni Erin.

Mabilis ang kanyang hininga at tumutulo ang kanyang luha. Si Chanel naman ay umiiling sa kanyang likod at si Claudette ay pinipisil ang kanyang daliri habang umiiyak sa kaba.

“Erin, let me explain…”

“What explain? My God, Klare! May hinala ako, e, pero di ako naniniwala! I thought you were better than that? At ngayong napatunayan ko na? Oh shit! You are such a lustful girl!”

Umiling ako. “Erin, hindi ganon-”

“All this time? ‘Yong pagtulog ba ni Elijah sa kwarto mo, may nangyayari sa inyo?”

“ERIN! Hindi ganon!”

“Holy shit.” Tinakpan ni Chanel ang kanyang bibig at pumikit na parang nandidiri.

“Edi ano, Klare? Anong meron sa makasarili ninyong relasyon? Hindi mo ba nakitang mag pinsan kayo? Hindi mo ba naisip na lumayo?”

“Erin, you think hindi niya na isip ‘yon all this time?” Singit ng nanginginig na si Claudette sa likod.

“Shut up, Clau. What kind of cousin are you? Alam mo ang totoo ngunit hinayaan mo sila! This is a disgrace to our family! To yourself, Klare! Sa inyo ni Elijah!”

“Alam ko, Erin-”

“Alam mo pero nagpatuloy ka?” Sigaw ni Chanel at lumapit sa akin. “Are you out of your mind? Alam mo ba kung anong mangyayari sa inyo ni Elijah? Kakamuhian kayo ng mga parents natin! This is all wrong in the eyes of the society, in the eyes of God! For goodness sake, magising ka!”

Bumuhos ang luha ko. Alam kong tama sila. Alam ko ring alam ko iyon noong una pa lang pero naging makasarili ako. Masyado kong dinamdam ang feelings ko para kay Elijah. Hindi ko inisip ang kinabukasan. Hindi ko inisip ang kahahantungan naming dalawa.

“Oh shit, this is really disgusting. Hindi ko kayang isipin.” Bulong ni Chanel sabay tingin sa mariing pumipikit na si Claudette. “I don’t know why you put up with their shits, Dette.”

“Tanggap na naman ‘yon. Chanel, hindi tayo ang unang pamilyang may ganito-” Ani Clau.

“WAIT, WAIT, What? Naririnig mo ba ang sarili mo, Dette? Kung sakali bang bibigyan kita ng pagkakataon ay mamahalin mo ba si Josiah? Would you kiss Rafael? Can your stomach take Damon as your husband?”

Mas lalong pumikit si Claudette at nanahimik.

Alam ko. Alam kong hindi sang ayon si Claudette at sinuportahan niya lang kaming dalawa ni Elijah dahil mahal niya kaming pareho. She cared for us. And that was enough for me. Hindi ko kailangang masabihan na sang ayon sila sa incest. Gusto ko lang ng mga taong nakakaintindi.

“This is not lust! No wala pang nangyayari sa amin ni Elijah-”

“But you’re thinking about it, aren’t you?” Erin snarled. “Don’t tell me hindi mo iyon naiisip? Seeing Elijah’s body dripping in sweat, don’t tell me hindi mo pa iyon naiisip?” Napangiwi siya. “You… you want him naked! You want him on your bed naked while he’s kissing you endlessly!”

Umiiling ako at umiiyak. Tinakpan ko ang mukha ko dahil hindi ko na mapigilan ang aking mga luha. Basang basa ang kamay ko dahil don.

Hinawi ni Erin ang mga kamay kong nakatakip sa aking mukha. I feel so stupid!

“You want it, right? That’s what you really want! Imposibleng nagkagusto ka lang sa kanya at wala kang intensyong ganon!”

“Erin, ba’t di mo rin tanungin si Elijah! He’s the guy here-” Singit ni Claudette.

“Exactly why. Guys can fuck just about anyone fuckable. Ikaw ang babae, ikaw dapat ang magpigil, Klare! At sige, sabihin mo nga, hindi mo mapigilan? Your hormones are driving you insane coz of this sick love you have for him? THAT’S FUCKING LUST!” Sigaw niyang nagpapikit sa akin.

Gusto kong lumaban. Gusto kong ipatigil si Erin. Gusto kong ipaliwanag sa kanya na hindi ganon. Pero paano ko ipapaliwanag sa kanya ang lahat kung ako mismo ay hindi ko maipaliwanag ang tunay na nararamdaman ko.

“Open your eyes, Klare!” Sigaw niya.

Unti unti kong binuksan ang mga mata ko. Nakita kong humahagulhol na si Chanel sa likod. Umiiyak si Erin ngunit kaya niya paring maging matapang.

“Erin, tama na, please, tama na.” Sabi ko.

“Anong tama na? Tama na rin, Klare! Nakakadiri kayong dalawa!” Pumiyok ang boses niya at umatras sa akin.

“Erin, hindi ko gusto itong nangyayari sa aming dalawa ni Elijah. Umiwas ako pero hindi ko nagawang tumakas.”

“You didn’t try hard enough, Klare. Admit it! You were ruled by your instincts!” Sabi ni Chanel habang pinupunasan ang kanyang luha.

“Elijah will get hurt-”

“So anong gusto mo? Saktan si Elijah sa mabilis na paraan o saktan niyo ang isa sa mabagal at matagal na panahon?” Ani Erin. “Think about it,

Klare! Pag tinakwil kayo ng pamilya natin, saan kayo pupulutin ni Elijah? You think he'll have his Chevy? You think his cards won't get closed? You think?"

Tama sila. Tama si Erin. Pero umiiwas ako sa katotohanan. Natatakot ako.

"At ikaw? What will happen to you? Your mom and dad will be furious! Kung hindi ka nila hahayaan kay Elijah ay ipaglalayo nila kayong dalawa! Madudungisan lang ang pangalan niyo dahil sa panandaliang makamundong pagnanasang ito!" Umismid si Erin at sumulyap kay Chanel.

Humupa na ang luha ni Chanel at kumunot ang kanyang noo.

"Klare, can you hear yourself? Mahal mo si Elijah, mahal ka ni Elijah? Naririnig mo ba ang sarili mo? Hindi ka ba kinikilabutan o nandidiri? Hindi mo ba alam na wala kayong patutunguhan? Hindi mo ba iyon naisip? Kakamuhian kayo ng mga magulang natin." Mahinahon niyang sinabi.

Dahan dahan akong tumango. "Hindi ako tanga, alam ko 'yon."

Nanlaki ang mata ni Erin. "Then why are you doing this? Why are you still with Elijah?"

"Erin, mahal ko siya-"

"SHIT!" Sigaw ni Erin at umiwas ng tingin sa akin. "Hindi mo ba talaga makuha? Hindi mo makuha? Do you want us to tell your parents?"

"Erin, wa'g!" Sabi ko.

"This is disgusting and lustful! What are you thinking, Klare?"

Hindi na ako makasagot. Mali. Maling mali. Ano ang dapat kong gawin? Sabihin ninyo. Dahil sa ngayon, wala na akong tiwala sa aking sarili. Hindi ko na alam kung sino ang papaniwalaan ko.

"If you think this is a soap opera na maaring may isa sa inyong ampon, then you are wrong Klare. For Heaven's sake, Montefalco ang nananalaytay na

dugo sa inyon dalawa! Stop dreaming and face the reality! This is incest!” Ani Erin.

Bumuhos ang luha ko. Mabilis na tumakbo si Claudette patungo sa akin at dinaluhan ako.

“Klare, I’m sorry.” Nanghihina niyang sinabi. “I’m really sorry.”

“Klare, we love you. We care for you and Elijah. At wa’g mong isiping nagiging bitch kami dahil dito. Pero kasi ito ang totoo. You need to get hurt para magising ka. Magising ka sa katotohanan na hindi soap opera ang buhay mo, na hindi tama ito, na walang tama sa ganito.” Ani Chanel at lumapit sa akin.

Humikbi ako. Naririnig ko ang singhap ni Erin sa harap ko.

“Naisip mo na ba ang future ninyo ni Elijah, Klare?” Tanong ni Erin. “Anong manngyayari? Magkakaanak kayo pero tinakwil na kayo ng mga Montefalco. We can support you, pero what about the society? Are you going to be truly happy about that? Elijah’s parents will hate him. Ate Yasmin and Kuya Justin will hate him.”

Umiling ako. Hindi ko alam kung para saan ang iling ko. Kung dahil ba hindi ako naniniwala sa sinasabi nila o hindi ko matanggap na alam ko sa sarili kong ganon nga ang mangyayari.

“And what if this is just puppy love? Paano kung tinuruan ka lang ni Elijah na mainlove, ngunit hanggang doon lang. He might fall for someone else. You might fall for someone else eventually pero sira na kayong dalawa kasi nadungisan na ang pangalan ninyo. You’ve been involved in incest, you think it’s good?”

Binalot kami ng katahimikan. Pinunasan ni Claudette ang mga luha ko. Namumugto ang mga mata ko. Ano ang sasabihin ko kay Elijah pag nakita niya akong ganito? He’ll be furious. I’m scared.

“Please don’t tell our parents.” Maliit ang boses ko nang sinabi ko ito.

Tumikhim si Erin at nakapamaywang siyang tinitigan ako.

“You probably only liked the thought that this is forbidden. Masyado siguro kayong nahumaling dahil patago ang relasyong ito. Save yourself, Klare. Save Elijah!” Sabi ni Erin.

Unti unti akong tumango at alam ko ito na ang oras na hinihintay at kinakatakutan ko. Ito na ‘yong ayaw kong mangyari. I need to let Elijah go. Even if it will hurt him. Kailangan kong mamili: ang pagmamahalan namin ni Elijah o ang pamilya namin. The first choice will be really selfish, the latter is reasonable and justifiable. Kailangan kong mamili sa sarili kong kapakanan o sa kapakanan ng marami.

Sa pagmamahalang ito, marami ang masasaktan. Una sa lahat, ang mga magulang namin, ang mga pinsan at relatives namin, at ang aming mga sarili. Mas pipiliin ko parin ang may mas konting damage. Mas pipiliin kong masaktan ng isang beses kesa sa masaktan ng paulit ulit habang buhay. Mas pipiliin kong ako ang masaktan kesa sila. Alam kong masasaktan ko si Elijah sa kahit anong pipiliin ko. But one day, when he falls for another girl, I know he’ll understand and he’ll thank me.

“Anong gagawin ko?” Mahinahon kong tanong.

Pinulot ko ang box na regalo ni Elijah. I held it close to me. This is the last. I’m letting him go. No matter what, he needs to let me go. I need him to let me go. Kahit na masakit sa akin. Kahit na masakit sa kanya. I saw this coming but I didn’t know it’ll still hurt this bad.

Ang sakit sakit. Kasi alam kong tama sila at alam kong mali kami. Gusto kong ipaglaban ang para sa aming dalawa pero marami kaming masasaktan. We will hurt ourselves, too. Elijah will understand soon. I know he will.

“Sabihin mo kay Elijah na kailangang maghiwalay na kayo.” Sabi ni Erin. “We will help, Klare. And you need to mean it. Kailangan mo siyang iwasan.”

“B-But he’ll get mad!”

“Wa’g mo ng alalahanin iyon! He will get mad! Kasi maghihiwalay kayo! He will really be angry pero iyon lang ang tanging paraan!”

“Hindi siya bumibitiw, Erin.” Nanginginig ako nang sinabi ko iyon.

“Erin, you don’t know how inlove Elijah is with Klare.” Ani Claudette.

“This is why you should end it while it’s early. I believe ito ang dahilan kung bakit nag iba ang tingin mo para kay Eion. Hindi pa ito ganon ka tagal. Maaring malalim na ang mga ugat pero malambot pa ang lupa. We can still uproot your feelings for each other and prevent it from growing.”

Lumunok ako. Hindi ko alam kung ano ang sasabihin ko. Ang tanging gusto ko lang sabihin ay…

“Please, keep this a secret. Wa’g niyong sabihin sa parents natin.” Sabi ko.

Tumango sila at bumuntong hininga.

Nanghina ako. This is it. This is where we stop. Inasahan ko ito pero masakit parin. Sobrang sakit na hindi ko na ata kaya.

“You are still young. Marami ka pang makikilala. Elijah is still nineteen, too. Marami pa siyang makikilala. Don’t worry too much.” Ani Chanel.

Hinigpitan ko ang yakap ko sa box na binigay ni Elijah.

“What shall we do now? Iuwi si Klare? Elijah is out there!” Ani Erin sabay tingin kay Chanel.

“No. We need to calm her down. Kumalma tayo-”

May biglang kumatok sa kanina pa nakasaradong pinto ng comfor room.

“We’re here po. Still changing!” Sigaw ni Erin.

“Is… Klare inside?” Umalingawngaw ang boses ni Elijah.

Nagkatinginan kami. Kinagat ko ang labi ko at naghilamos.

“Oo, nandito. Nag C-CR, Elijah, bakit?” Ani Chanel sa normal na boses.

“What’s taking you all so long?”

“Elijah, mga babae kami. Go back there and stop being nosy!” Sigaw ni Chanel.

Narinig ko ang mga yapak ni Elijah palayo. Dammit! Dammit! Even the sound of his footsteps walking away can hurt me so bad! Umiyak ulit ako ngunit alam kong walang halaga ang luha ko. Hindi ko na maibabalik ang panahon. Ito na ang sitwasyon ngayon at kailangan kong isugal ang aking puso para maprotektahan ang aming pamilya, Elijah’s name, at ang aking lahat.

“Klare, we need you to be honest all the time.” Singhap ni Erin.

Tumango ako.

“We are going to help. I want you to be honest. We will protect our family. We will protect the both of you. Please, cooperate.” Hinawakan niya ang magkabilang balikat ko.

Tumango ako at tunay na sumang ayon.

Ilang sandali pa bago kami lumabas. Nag retouch at nagpakalma. Makikita parin sa mga mata ko ang pamumugto. Maging kay Chanel ay kitang kita parin. Mabuti na lang at patapos na rin ang party kaya hindi na namin kailangang magtagal.

Pagkapasok namin sa function hall ay diretso agad ang titig ni Elijah sa akin. Hindi ko siya tiningnan. Tinawag si Erin at Chanel ng kanilang daddy para umuwi na sana.

“Hey, hindi ba tayo mag oovernight kina Klare?” Tanong ng kapatid nilang si Josiah.

“Hindi!” Sabay na sagot ng dalawa.

“A-Ano ka ba, Kuya Joss. It’s Christmas. Dapat sa bahay lang.” Sabi ni Erin.

“Hey, Kuya Elijah. You want to spend Christmas in our house?” Nakangiting sinabi ni Charles kay Elijah.

Ngumiti si Elijah at agad akong kinabahan. Dammit, Charles! Why did you have to invite him?

“Sure!” Ani Elijah.

Nanlaki ang mga mata ni Erin at Chanel. Umiling si Claudette at nanahimik sa tabi.

“Alright, alright! Sleep over kina Klare! And this time, Elijah, sa guest room ka matulog! May gagawin kaming mga girls!” Ani Erin.

Kumunot ang noo ni Elijah ngunit suminghap siya. “Alright, then.”

<h1>Kabanata 44</h1>

<hr>

Kabanata 44

*OceanofPDF.com*

Miss You

Pagod na pagod ako nang dumating kami sa bahay. Sa sasakyan namin ako sumabay. Nauna kami sa bahay at sumunod naman ang mga pinsan ko.

“Klare, are you okay?” Tanong ni mommy pagkapasok ko ng bahay.

Tumango ako.

“Pagod ka ba? We can tell your cousins to just go home instead. Si Elijah, it’s okay if he’ll stay.”

Nanlaki ang mga mata ko sa kanyang sinabi. “Wa’g na mom. Okay lang na nandito sila.”

Of course concerned si mommy kay Elijah. Ngunit kailangan kong umiwas kay Elijah. Alam kong pag siya lang ang narito ay paniguradong sa kwarto ko iyon matutulog.

Humikab si Azi pagkapasok niya sa amin. Nasa kusina pa ako at umiinom ng tubig nang pumasok siya kasama ang ibang pinsan ko. Tahimik ang mga girls at parang maingat sa bawat galaw. Nakapamulsa si Elijah habang nakikipag biruan kay Rafael.

“Xbox?” Anyaya ni Josiah.

“Sige ba!” Ani Azi.

Pumasok si daddy na bitbit si Charles. Tulog ang kapatid ko kaya dumiretso sila sa kwarto.

“Wa’g kayong masyadong mag puyat.” Paalala niya.

“Yes, tito. Klare, matulog na tayo?” Ani Erin.

Instinct ang nag tulak sa akin para lingunin si Elijah. Nasa akin ang titig niya at naka half smile siyang umuupo sa sofa.

“Okay.” Bumaling ako kay Erin.

“Good night, boys!” Sabi ni Chanel.

“Ang K-KJ niyo naman? What’s up?” Tanong ni Rafael habang naghuhubad ng kanyang pulang polo shirt.

“We’re exhausted.” Ani Erin.

Hinawakan ni Elijah ang kanyang earrings habang pinapanood si Azi na inaayos ang Xbox sa aming sala. Normal lang ito para sa kanya. Wala siyang alam sa mga nangyayari. Hindi niya alam na iniiwasan ko siya.

“Okay, bye! Good night!” Ani Chanel at hinila ako patungong kwarto.

Walang umimik sa kanila pagkapasok sa kwarto ko. Umupo si Claudette sa kama ko habang parehong nag hubad ng sapatos si Erin at Chanel. Nilapag ko ang regalo ni Elijah sa tabi ng kama ko. Binuksan ko ulit ito dahil hindi ko pa ito nakikita ng maayos. Isang barrette na butterfly at punong puno ng crystals o diamonds. Sa pakpak nito ay may kulay violet na bato. It’s so pretty. Suminghap ako at kinuha ko ang iPad ko.

“What are we going to do, Erin? Mahahalata ni Elijah na nilalayuan siya ni Klare? Okay lang ba na malaman niya na may alam tayo sa kanila?” Tanong ni Claudette.

Binuhay ko ang iPad at agad binuksan ang Skype. I know what to do. I know I left her hanging the last time we talked. Ngayon ay kukumpirmahin ko kay Ate Yasmin ang desisyon ko. She needs to give us time. I needed her faith.

“Okay lang naman. I don’t think Elijah’s really quiet about this.” Sumulyap si Erin sa akin. “He’s transparent.”

Hindi ako umimik. Oo. Walang pakealam si Elijah kung may makaalam ng tungkol sa aming dalawa. Nanlaki ang mga mata ko nang nakitang online si Ate Yas. Buong akala ko ay magli-leave a message lang muna ako sa kanya, ngunit ngayong online siya, kumalabog ang puso ko.

“Anong ginagawa mo, Klare?” Ani Chanel.

“I-I’m calling Ate Yasmin.”

“Huh? Why?” Nagkatinginan silang tatlo.

Nag angat ako ng tingin. “She knows about us.”

Lumapit si Erin sa akin. “At anong sinabi niya?”

Umiling ako. “Gusto niyang itigil namin ito ni Elijah.”

Sinagot ni Ate Yasmin ang tawag ko. Madaling umakyat sina Erin at Chanel sa kama ko para tumabi sa akin at kausapin si Ate Yas.

“Oh, I thought ikaw lang, Klare.” Malamig niyang sinabi.

Suminghap ako at tumango. This is it.

“Merry Christmas sa inyo!” Kumaway si Ate Yasmin sa aming lahat ngunit batid kong walang ngumisi.

“Merry Christmas, ate.”

“O, ba’t malungkot kayo?” Kunot noong tanong ni Ate.

“Ate, kasi, alam na nila ang lahat.”

Pinaliwanag nila sa kanya kung paano nila nalaman. I can’t stand this conversation. Pakiramdam ko ay tinatraydor ko ang walang kamalay malay na si Elijah. Napansin nina Erin na medyo nawawalan ako ng gana.

“Klare, what are your plans?” Tanong ni Ate Yasmin.

Tumango ako at pumikit. Ito lang naman talaga ang itinawag ko. I didn’t need to hear anything about everything. I just want to say something. “Papakawalan ko na si Elijah.”

“Are you going to hurt my brother?” Parang sinaksak ako sa tanong niya.

Nakakairita. I want to be mad at her, to be mad at everyone but it’s useless. Moving is useless. Speaking is useless. Lalo na pag nasa maling parte ka. “Anong magagawa ko, Ate? Masasaktan ko siya! Pero mas masasaktan ako tuwing nakikitang masasaktan siya.”

Binalot sila ng katahimikan. Narinig ko ang pagsinghot ni Claudette sa gilid. She’s crying silently. Ako naman? Nagdurugo ang puso ko ngunit naubos na ang luha ko. I’m so damn exhausted. I never thought that loving someone can be this exhausting. Na kahit mismong pag iyak para sa minamahal ay nakakapagod na. Deep inside I’m crying, ngunit pagod na ang katawan ko.

“I’m gonna sleep.” Sabay bigay ko sa iPad kay Chanel.

Umalis ako sa kama at nagkulong sa banyo. I couldn’t stand seeing Elijah in pain. Can I really do this? Can I really hurt him? Sana ay maging malupit siya sa akin sa oras na malaman o maramdaman niyang lumalayo ako sa kanya! That would be easier.

Pagkalabas ko ng banyo ay nakita kong nakabihis na ang mga pinsan ko at inantay nila akong humiga sa kama. Hindi ako sigurado kung magkakasya kaming apat dito. Nilagay na ni Claudette ang cushion ng sofa sa baba at nakita kong may kumot na siya. Sa baba siya matutulog.

Nakita kong umiilaw ang cellphone ko. Dinampot ko ito at nakita ang mga messages ni Elijah.

Elijah:

Merry Christmas, Klare.

I miss you.

Tulog na kayo?

Kinagat ko ang labi ko at nagtype ng message.

“Are you texting him again?” Tanong ni Erin.

“Erin, just one?” I almost begged.

“Klare, you need discipline.”

“Isa lang naman, e. I just want him to feel, at least, safe this Christmas.” Sabi ko.

Hindi na umimik si Erin. Humiga si Chanel at naintindihan kong alam nila kung ano ang ibig sabihin ko.

Ako:

Merry Christmas, Elijah! Matulog na tayo. I’m exhausted. Thanks for your gift. I hope you liked mine.

Binigyan ko siya ng itim na jacket na nabili ko sa Nike. Alam kong wala lang iyon kumpara sa binigay niya sa akin. Ngunit iyon lang ang tangi kong naisip na ibigay sa kanya. Magbibigay iyon ng init sa kanya sa mga malalamig na panahon. And I guess that’s appropriate right now.

Mukhang masyadong masaya ang naging text ko. Mukhang walang problema kahit na ang totoo ay pinipiga na ang puso ko. Iniwan ko ang cellphone ko sa mesa at umakyat na sa kama sa gitna ni Erin at Chanel. Pinatay ni Chanel ang ilaw at ang tanging ilaw ay ang maliit na lamp sa gilid ng mesa ko.

My bed smells like Elijah. Dammit! Hindi ko maiwasan ang pamumuo ng mga luha ko.

“Anong gagawin natin, Erin? Irereto ba ulit natin si Klare kay Eion or someone?” Tanong ni Chanel.

“I don’t know, Ate. Si Elijah, madaling ireto sa iba.” Ani Erin.

Suminghap ako. “I refuse to use anybody. I can push Elijah away without using anyone.” Matapang kong sinabi.

“Pero hindi kapani paniwala, Klare, pag walang iba.” Sabi ni Chanel.

Hindi ako kumibo. That’s what I know. I need to push him away without using anyone. I can do this. I will do this for us and for our family.

Mabilis akong nakatulog dulot na rin siguro ng mahapding mga mata at mahabang araw. Kinaumagahan ay sabay kaming nagising ni Claudette. Ni hindi rin sila umalis sa kwarto para iwan kaming dalawang natutulog. Sabay kaming lumabas.

Tanghali na. Syempre dahil matagal naman ang uwi naman kagabi. Kumakain na ang mga pinsan ko. Sumabay naman ako at pumagitna si Erin at Chanel sa upuan ko. Nagbibiruan na naman sila ngunit hindi ko magawang tumawa. Tumatawa si Elijah at si Azi dahil sa biruan nila habang sina Erin at Chanel naman ay nagsikap para maging okay para sa aming apat.

“Natapos niyo na ang take home quiz sa Biology? Sobrang hirap!” Ani Erin.

“Natapos ko na.” Sagot ni Claudette.

It’s a normal Christmas for us. It looks so normal for Elijah. But it wasn’t normal for me. It will never be, anymore. Minarkahan ng sampal ni Erin at desisyon ko ang mga pasko para sa akin ngayon. Hindi ko alam kung kailan ko makakalimutan ang lahat ng ito. Sana ay balang araw, makalimutan ko ito. I don’t want to have memories about this. Inisip ko tuloy na sana ay magka amnesia ako. But like what Erin said, this is not a soap opera. It’s all impossible.

Nag angat ako ng tingin at aksidente kong nahagip ang titig ni Elijah sa akin. He’s smiling like an idiot. Kung ano man iyong ikinasasaya niya ay masaya na rin ako. Nag taas siya ng isang kilay bilang kwestyon sa pagiging tahimik ko. Inangat ko ang labi ko para magbigay ng ngisi. Nakita ko ang pag buntong hininga niya at ang pagpungay ng kanyang mga mata na para bang gumaan ang kanyang pakiramdam nang nakita akong ngumisi.

I’ll soon forget how it feels to look at you straight in the eyes. And you will forget it too. Nagkaroon ng bukol sa lalamunan ko. Here I go again. I should stop being emotional and work hard for this show.

“Sino ba ‘yong nakabunot sakin kagabi? I’m sure it’s just within us! Sinong gago ang mag bibigay sa akin ng Apat na box ng condom? What do you think of me? Hindi boyscout!?” Angal ni Azi.

Humagalpak sa tawa si Elijah at ang ibang pinsan ko. “That’s a lifetime supply for you, dude.”

“Ef you, Elijah! Just ef you! Sana ay binigyan mo na lang ako ng sapatos!”

Everything is just normal. I need to act normal.

Sa araw na iyon ay umalis sila. Maiksing paalam lang ang nangyari sa amin ni Elijah dahil hindi umaalis sina Erin hanggang di mauuna si Elijah. That was their tactic and it was helping me.

Elijah:

I really, really miss you baby. Hope I can spend time with you soon.

Parang kinukurot ang dibdib ko sa mga text ni Elijah na hindi ko nirereplyan. Hindi ko pwedeng hindi replyan ang mga text niya dahil magdududa iyon at maaring matakot. Pero ano nga ba itong plano ko? Hindi ba ito mismo iyong bigyan si Elijah ng pagdududa at takot para sa aming dalawa?

Elijah:

Baby, I’m not being clingy, but I miss your texts :’(

Kahit ang smiley sa huli ng text niya, biruin niyo, nakapagpaiyak sa akin? I just want to throw my cellphone away. I want to run away. Gusto ko na lang iwan ang pamilya ko, iwan ang lahat, at umalis ng mag isa. Lumabas din ang totoo. I never really cared for myself. Wala akong pakealam kung kamuhian ako ng pamilya ko o itakwil nila ako. I’m doing this only for Elijah. This is all for him. Dahil siya lang ang inaaalala ko. I want him to be safe, feel good, and be with his family.

Naiisip ko si Charles, si mommy at daddy, I can’t leave them. I love them. Ngunit tuwing nakikita kong ganito si Elijah, I swear I can run away.

Hindi ko ulit siya nireplyan. Tumunog ulit ang cellphone ko at naisip na magkukulong na lang ako sa CR at magdasal na makalimutan ang lahat. If only amnesia was optional. But then again, sa mga storya at mga movies lang nangyayari ang ganyan. You get an accident, suffer from head injuries, and get amnesia. Pero hindi ganon sa totoong buhay. In real life, you're lucky if you land in coma, most of the time you'll die. At kung ano man ang mangyari sa akin, I'll be grateful.

Dammit! Just look at my thoughts! Tingnan mo 'yong mga iniisip ko!

"Klare? Are you okay?" Napatalon ako nang narinig si mommy sa likod ko.

Malakas ang TV at pinapanood ko ang isang movie sa cable chanel. Tumango ako at hindi ko siya nilingon. Ayokong may kahit sinong nagtatanong sakin kung okay lang ba ako, kasi pakiramdam ko kinakalabit ako para umiyak. I want the people around me to just shut the hell up and have faith in me. Na kahit mukha akong mahina ay kaya ko itong lagpasan.

Elijah:

Baby are we cool?

Holy… Mabilis akong nag type. I can't do this. But I really need to.

Ako:

Sorry, Elijah. I'm busy. Naghahanda lang para sa party.

That was real cold. Dinudurog ko ang sarili kong puso sa pamamagitan ng pananakit sa kanya. Ano pa ba ang paraan para maging madali ito?

Nagmadali ako palabas ng bahay nang tumawag si Chanel. Sinusundo ako ni Damon at Chanel patungo kina Elijah. Mas dumami ang kanilang inimbita simula nang nalaman nila ang tungkol sa amin. Hannah, Julia, and Liza will be there at maging ang mga kaibigan ni Josiah at Chanel. They want a big crowd for this house party.

Naka wayfarers si Damon nang pinagbuksan ako ng pintuan sa likod ng kanyang kotse. Seryoso niya akong pinanood papasok sa kotse niya. I

wondered why. Nasagot din ang tanong ko pagkapasok ko.

“Get it, Dame? We need to lose Klare in the crowd.” Ani Chanel.

“Bakit di na lang iwan si Klare sa kanila? Hindi na lang isama?” Tanong ni Damon.

He knew. I don’t mind. I needed all the help I can get.

“Hindi pwede. Tingin mo pag wala si Klare hindi tatakas ang lintik mong pinsan para puntahan siya sa bahay nila? And what if we are all drunk?” Ani Chanel.

“Chanel, di naman kailangan. I said I can handle Elijah. Kung mananatili ako sa bahay ay pwede ko naman siyang paalisin na lang.” That’s hard but I can do that for him.

“No, Klare. You don’t understand. Pag nasa bahay ka ninyo at pinaalis mo siya. You think he’ll really leave? Mas lalo lang kayong mahahalata ng mommy at daddy mo niyan. Knowing him? He doesn’t really care at all. Kaya sumama ka na lang. Mas mabuting mabuking tayo nina Azi kesa sa mabuking ka sa harap ng mommy at daddy mo!”

Hindi na ako umimik. I guess they are right. Pinaandar ni Damon ang kanyang sasakyan.

Nang nakarating na kami sa bahay nina Elijah ay agad ko siyang nakitang tumatawa sa balkonahe nila kasama ang mga kaibigan ni Josiah. May dala silang mga beer at mukhang nagsimula na ang house party na gaganapin sa bahay nila.

Sumipol si Damon habang pinapark sa loob ng malawak na parking lot ng bahay nina Elijah ang kanyang sasakyan.

“Ngayon ko lang talaga napansin ang lahat na sinabi mo na, Erin. Inabangan niya talaga ako dahil alam niyang kasama natin si Klare.”

Nakita kong sumimsim sa beer si Elijah at pinanood ang pagbukas ng pinto ni Damon. Sumipol ulit si Damon.

“Damn! How come I didn’t notice anything-”

“Shut up, Damon! hindi ka nakakatulong. Let’s go, Klare!” Sabi ni Erin at lumabas na ng sasakyan.

<h1>Kabanata 45</h1>

<hr>

Kabanata 45

*OceanofPDF.com*

Gone

Marami kami sa loob. May mga pagkain at may mga regalo sa mesa. Binati agad ako nina Julia, Hannah, at Liza. Kumakain na sila galing sa mga pagkaing nakahain.

Narinig ko agad ang footsteps ni Elijah pababa ng kanilang hagdanan. Kinabahan agad ako. Mabuti na lang at nandito si Erin at Damon sa gilid ko habang kumakain na rin.

“Magkakaroon tayo ng games, a? Wa’g kayong KJ!” Ani Chanel.

“Beerpong?” Tanong ng boyfriend niya.

“Saka na ‘yon. Flipcup at parlor games na muna.”

Nag kwentuhan ang mga tao, syempre, tungkol sa Christmas vacation nila. Nagtatawanan ang lahat ngunit wala akong maramdaman kundi kaba sa mga titig ni Elijah sa akin. Ni hindi ko siya binabalingan.

“Si Eion.” Narinig kong bulong ni Liza.

Nakita kong humahakbang si Eion sa harapan ko at binati ang mga kaibigan nina Josiah. He’s different. Parang may nag iba sa kanya. He looked happier. Naka puting v-neck t-shirt siya at naka maong pants lang at nakikipag high five sa mga kaibigan ni Josiah. It’s easier to love Eion. Walang sabit. Masasaktan ka pero mababaw lang ang mga sugat. Unlike the love I have for Elijah, extreme and too much. It’s scary.

“Klare, you want some cake?” Napatalon ako nang tumayo si Elijah sa harap ko na may dalang slice ng cake sa kanyang kamay.

Kita ko ang titig ni Damon at Rafael sa akin habang ginagawa niya iyon. Si Erin at Chanel ay nagngungusuan habang lumilinga linga naman si Claudette para suriin ang mga tingin ng ibang tao.

“Thanks.” Sabi ko at kinuha ang cake na binibigay niya.

“Gusto mong umakyat sa veranda?” nakangisi si Elijah.

“Uh, no. Mas gusto ko dito.” Sabay tingin sa mga tao.

“Hmm… Alright.”

“Elijah! Elijah! Picture muna kayo nina Hannah, please?” Sabay hila ni Erin kay Elijah patungo sa readyng ready na sina Hannah sa malaking christmas tree nina Elijah.

Natagalan sila sa pag pipicture. Marami ang nakisali. Mas mabuti iyon para ma divert ang atensyon ni Elijah sa kanila.

Pagkatapos ng kainan ay lumabas kami para maglaro ng parlor games at iba pang mga plano ng mga kaibigan ni Chanel. I felt completely useless. Hindi ako masyadong pinaglalaro nina Erin at Chanel habang si Elijah naman ay laging present sa mga laro.

Maraming inihanda si Chanel na parlor games. Nag hubad na ang ilang boys dahil sa pawis na natamo sa parlor games. Pinanood kong sumayaw ang dog tag na suot ni Elijah nang hinubad niya ang kulay puying t-shirt.

“Ang last bago tayo mag beerpong ay ang Newspaper Dance!” Tumawa si Chanel.

“You suck, Chanel!” Ani Josiah sa kanyang disappointment.

Tumawa ako. Nakainom na rin kasi sila dahil may dalawang larong nangailangan ng pag inom ng alak. Iyong Flipcup at ‘yong imbentong laro ni Chanel na pabilisang makainom ng Jack Daniels ng isang grupo habang sinasabi ang ‘Merry Christmas’.

Pulang pula na ang mga girls. Napansin kong mapupungay na ang mga mata ni Hannah. Ang sabi niya ay susunduin naman daw sila ng kuya niya. Ang iba ay mag oovernight kina Elijah, ang iba naman ay uuwi. Hindi pa namin napag paplanuhan ang pag oovernight ko dito. Ni wala akong dalang damit. Ang sabi ni Erin ay mag oovernight lang ako kung maganda ang kalalabasan.

“Sige na, come on! Find a partner! Dapat boy and girl, a?” Ani Chanel.

Nagtaas ng kamay si Elijah. “Akin si Klare!”

Nakita ko ang awkward na pagkakaestatwa ni Chanel sa kundisyon ni Elijah. Umiling na agad ako. No. I can’t. No, I won’t. Nilingon ako ni Elijah at kumunot ang kanyang noo nang napanood ang pag iling ko.

“No, I’ll pass.” Ngumisi ako.

“Ayaw niya, Elijah. Find another.” Ani Chanel.

“How about Hannah?” Sabay tulak ni Erin kay Hannah.

“Uy! Ano ba!” Nangingiting sinabi ni Hannah.

Nakapirmi ang titig ng nakakunot noong si Elijah sa akin. He wants me. But we can’t do it. Nag iwas ako ng tingin.

“Hannah, then!” Sabi ni Chanel at pinukaw na ang iba para makahanap ng partner.

Nginitian ni Hannah si Elijah habang pumupwesto sila sa harap ng newspaper. May sinabi si Hannah kaya naagaw niya ang titig ni Elijah sa akin. Lumunok ako. This will happen eventually. He deserves to fall in love with someone who won’t sink him. Hindi sakin. Dahil habang minamahal niya ako, unti unti siyang madudurog. Mali ako, hindi ako iyong mag se-self destruct sa pagmamahalang ito kundi siya. Pag nawala siya, ako ang mag se-self destruct. Pag nagpatuloy naman kami, siya naman ang mawawasak. I don’t love my self that much anymore. I don’t mind if I self destruct. All I care about is his future. That’s probably what love is all about. Unconditional and considerate. I wish it was easy, but I figured it will never be.

“Sige! Pag umandar ang music, sayawan! Tas pag stop, step agad sa newspaper!”

Sinimulan nila ang laro. Nagtawanan kami habang nagsasayawan ang lahat ng kasali. Sinabi pa ni Chanel kung ano ang premyo para mas lalong

ganahan ang lahat!

Sa unang beses ay natigilan si Elijah nang sabay silang tumungtong ni Hannah sa newspaper at napahawak si Hannah sa kanyang dibdib. Gulat na gulat si Elijah sa titigan nilang dalawa. Hindi ko kinaya at nag iwas na lang ako ng tingin.

“Okay! Lahat naman pasok!” Sabi ni Erin.

Nakita ko sa gilid ng mga mata ko na unti unting naghiwalay ang lahat ng kasali. Tumingin ulit ako sa kanila. Nakita kong tumingin ulit si Elijah sa akin. Para bang pinapanood niya ang reaksyon ko. Pinilit kong ngumisi at manatiling normal. I need to encourage him to do that with Hannah.

“Klare, want to go home?” Tanong ni Claudette. “Inuman na rin nman pagkatapos nito. I’ll ask Kuya Azrael to bring you home.”

Umiling ako. “I’m okay, Clau.” Utas ko.

Nanlaki ang mga mata ko nang nakita kong sa pangalawang pagkakataon ay nagkalapit ang dalawa. Hinawakan ni Elijah ang baywang ni Hannah para supportahan ito sa pagtungtong nila sa newspaper. Oh I can leave now and just let them do that.

Nilingon ko si Claudette, “Pwedeng si Damon na lang ang maghatid sa akin? I don’t trust Azi that much, Clau. And… bathroom lang.” Sabi ko sabay tayo.

“Oh, Elijah? Pasok pa naman kayo! San ka pupunta?” Narinig kong sinabi ni Chanel sa kanya.

“Oh shit, Klare!?” Sigaw ni Erin sa likod.

“Okay, okay! Ipagpatuloy ang game!” Sabi ni Chanel sa likod.

I knoooow! I know he’s behind me! Mabilis akong naglakad papasok sa bahay nila at dumiretso na ako sa CR. Dammit! Sinarado ko agad ang pinto ng CR. Humilig ako sa pinto at tumingala. He’ll be here, I’m pretty sure of that.

“Klare?” Kumatok si Elijah.

I cleared my throat, I need to sound as normal as possible.

“Yup? Elijah, bumalik ka na don. I’m peeing.” Utas ko.

“Klare, baby, are we okay?” Nabasag ang boses niya.

Kinurot ang puso ko sa tanong at sa pagkakasabi niya nito. Pumikit ako at kinagat ko ang aking labi para hindi tumakas ang tinatago kong hikbi.

“What are you talking about? Of course we are okay!” Matapang kong sinabi at agad kong tinakpan ang bibig ko para hindi lumabas ang hikbi.

“Then please, open the door, Klare. I want to see you.” Narinig kong bahagyang kumalabog ang pintuan ng CR.

“Umiihi ako.” I lied.

“I’m waiting.”

“God, Elijah! Please?”

Bumuhos na ang luha ko. Napaupo na ako habang sumasandal sa pintuan. Hindi ko na kaya. I can’t do this to him. Kung sasaktan ko man siya ay kailangan niyang malaman ang dahilan. I don’t wanna be unfair to him. I don’t want to hurt him more through lying!

“Klare…” Mahinahon niyang sinabi. “Naririnig ko ang mga hikbi mo. Open the goddamn door or I’ll push this!”

Oh shit! Dammit! Pag sinabi niya ay gagawin niya.

“Elijah…” Humikbi ako. Hindi ko na maitatago ang luha at pag iyak ko. “Give me a minute, please.”

Hindi siya umimik. Natatakot akong bigla niya na lang itulak ang pinto para lang mabuksan ito. Tumayo ako kahit nangangatog ang binti ko. Umupo

ako sa inodorong saradi at pinasadahan ng palad ang aking mukha. I screwed everything!

“Don’t open the door! Masasaktan mo ako. Humihilig ako sa pintuan ngayon.” I lied again.

“Okay, baby.” Halos bulong na lang ang narinig ko.

God! This is hurting me more. Gusto kong maging malupit siya sa akin. Pero paano siya magiging malupit kung wala siyang kamuwang muwang? I don’t deserve the tenderness of his voice. Damn, I don’t even deserve to be called ‘baby’ at the moment!

“Elijah? Anong nangyari?” Narinig ko ang tanong ni Claudette galing sa labas.

She wasn’t alone. She was with one of my cousins. Pamilyar na mausisang boses ni Rafael ang bumalot.

“Uuwi na si Klare, diba? Ihahatid ko na?” Ani Rafael.

“What? No! Just… please can you leave us?” Ani Elijah.

Pinagsalikop ko ang mga daliri ko at sinandal ko ang noo ko sa kanila. Lord, please, understand that I am going to hurt the love of my life to abide Your Will. I am not going to lie to myself. Alam kong mali ito. Gaya ng sabi nila, sa mata ng Diyos at sa mata ng tao. If ever, one day, I’ll regret this… I will take all the blame. Hindi sa mga tao, hindi sa Diyos. This is my decision. I wanted to just hug him tight and run away with him but I will choose to protect him, to protect our name, to protect our family. I will never blame anyone for this. I can only blame myself.

“Azi, will you just fuck off?” Dinig kong sigaw ni Elijah sa labas.

“Huh? Anong meron? World War 4? 5? 6? 7? 8? Whatever?”

“Kuya Azi, let’s go.” Sabi ni Claudette. “Rafael…”

Their voices faded. Thank God for Claudette! Pero alam kong hindi matatahimik sina Erin at Chanel hangga't hindi kami nasusundang dalawa. I need to make this fast. Hurt him fast. Break it to him fast!

Pero paano iyon? Mahaharap ko ba siya? Just the sound of his voice makes my heart melt in pain. Paano na lang kung magkaharap na kami? Paano kung umiyak siya? I'm going to run into his arms and just hug him tight, assure him that everythings alright. No, Klare. We need to fight the feelings! You need to!

"Klare? Are you jealous? May nagawa ba akong mali ngayong gabi? 'Nong nakaraan? Did I hurt you?"

"Elijah, sinong nasa labas?" Binalewala ko ang tanong niya.

"I'm alone. C-Can I open the door?"

Umiling ako. "NO! Stay there. Gusto ko lang na marinig mo lahat ang sasabihin ko."

Nanikip ang dibdib ko. Hindi ko alam kung hanggang kailan ko kayang magsalita habang humihinga ng ganito ka bigat. Am I going to survive this confrontation? God, is it even a confrontation? It's not! I'm a coward for hiding in here!

"Elijah, we need to stop."

Gusto kong makuha niya iyon. Hindi na muna ako nagsalita. Hindi na rin ako nagsalita. Gusto kong mag sink iyon sa kanyang utak. Comprehend, Elijah.

"Come again, baby? I heard you wrong."

"DAMMIT, ELIJAH! I said I want us to stop!"

Humagulhol na ako. Tumindig ang balahibo ko nang narinig ko ang sarili kong pag iyak. Umalingawngaw iyon sa buong CR. Tinakpan ko ang bibig ko. It reminds me of the funerals I've been. Iyong iyak ng taong namatayan.

“Di kita maintindihan, Klare.” Aniya.

Halos isigaw ko na ang lahat ng mura sa utak ko. I didn’t want to curse at him. I want him to comprehend everything in just one statement! Dahil hindi ko na kayang magpaliwanag.

“Klare, open the door.” Aniya sabay kalabog ng pintuan.

Napatalon ako sa ginawa niya. Tumayo ako kahit nanginginig ang binti ko. I need to make this explanation fast!

Elijah, please hate me. Please, just hate me. Please, I want you to just hate me.

“Elijah! Stop doing that! Listen!” Sigaw ko. “Kailangan na nating tapusin ‘to-”

“Baby, you are just jealous. Take that back-”

“No! I’m not! Hell, I’m not! This is my decision! Itigil na natin ito. Please, itigil na natin ito.” Humikbi ako. “Mommy and daddy will get hurt! Sina tito at tita rin! Si Ate Yas at Kuya Just! Silang lahat, masasaktan natin! This is wrong from the very beginning! Mali na tinolerate ko ang damdamin mo! I’m sorry!”

“Klare, it doesn’t matter-”

“It doesn’t matter to you! But it matters to me! Stop being selfish! Let’s face the effing truth! Mag pinsan tayong dalawa! Bawal magmaghalan ang mag pinsan ng ganito! This is all forbidden! I can’t… I can’t fight for you! I can’t fight for us!”

“Dammit!” Sigaw niya at tinulak na ang pintuan.

Kumalabog ang pintuan at nanlaki ang mga mata ko nang tumambad si Elijah sa aking harap na pulang pula ang mga mata. Mabilis ang kanyang hininga at hinanap agad ng kanyang mga kamay ang aking braso. Hinawi ko ang mga kamay niya.

“We can’t be seen or heard, Elijah!” Sinubukan kong tumakas sa CR ngunit hinarangan niya ako.

Tinulak ko siya ngunit ako iyong napaatras sa tulak ko. Mabilis na ang kalabog ng puso ko. I’m sure, hindi ako makakatakas dito hanggang hindi ko siya masasaktan ng lubos na mawawalan na siya ng lakas para pigilan ako.

Umiyak ako ng husto. Ni hindi na ako makahinga. Naisip kong baka mag collapse na lang ako dito. May narinig akong mga boses ni Chanel at Erin sa labas. Ngunit hindi ko na iyon ininda. Ang tanging nakuha ko na lang ay ang siguraduhing walang makakapasok muna sa bahay nina Elijah habang ganon ang pangyayari. Yes, please, protect us. Protect his name. I don’t want to be seen with him in this drama. Magkakaroon lang ng mga tanong ang mga kaibigan namin. At ayaw ko na ng tanong dahil masyado na akong maraming ganoon. I want answers. And Elijah needs my answer, too. He doesn’t deserve this. But then again, I don’t deserve him. His love for me is pure but we are forbidden.

“Klare, ano ‘yang sinasabi mo? Why give up now? We can fight together-”

“Elijah! We can’t! Yes! Oo! Inaamin ko, we can fight, but we can’t fight forever! At mas lalong hindi ko kayang labanan natin ang ating mga pamilya! For heaven’s sake they are all we have!”

“Klare, let’s tell them now. Sina mommy at daddy? Kung hindi nila tayo maiintindihan at itatakwil nila tayo, then we’ll face the consequences!”

“Can you hear yourself, Elijah? What do you think are the consequences? Naisip mo na ba ang mga iyon?” Nanliit ang mga mata ko.

Pumikit siya at tumingala. Suminghot siya at mas lalo lang akong nasaktan. My baby is crying. Oh my God! He’s crying in front of me. Oh my God!

“Klare, oo! Tingin mo ba bago ko tinanggap na mahal kita, hindi ko naisip iyon? I’ve been thinking about everything from the very beginning! I’m not dumb or shallow, Klare! Hindi ko ipaparamdam sa’yo na mahal kita kung hindi ko iyon naisip! Pero sigurado ako! I am this sure! So what the hell is

your problem with me now? What’s not enough? Am I not enough?” Sigaw niya.

Nanghina ang tuhod ko. Klare, remember, this is all for Elijah. Para sa inyong dalawa. Para sa inyong pamilya. Stop being selfish!

“Baby, what’s wrong? Am I not enough?” His voice too soft and too sweet.

Pumikit ako at tinulak ang papalapit na Elijah. Ngayon, sigurado ako, nanghihina na siya. Napaatras siya sa tulak ko.

“No.” Umiling ako. “It’s not enough.”

Nalaglag ang kanyang panga. Kinuyom ko ang aking panga at tiningnan siya ng diretso sa kanyang mga mata.

“I want you gone, Elijah.”

<h1>Kabanata 46</h1>

<hr>

Kabanata 46

*OceanofPDF.com*

Allowed

“No…” Umiling si Elijah ngunit hindi niya ako napigilan.

Hinawi ko ang kanyang malalambot na kamay nang dumapo iyon sa magkabilang balikat ko para pigilan ako sa pag alis.

“No, Klare… No, no, no!” Aniya habang sinusundan ako.

Napatalon si Rafael at si Damon nang nakita ako. Mukha silang nagbabantay doon sa sala para walang makapasok sa bahay nina Elijah habang gumagawa kami ng scene sa CR.

“No, baby, baby, please…” Hinawakan ulit ni Elijah ang siko ko kaya binagsak ko ang braso ko at hinarap siya.

“Stop it! I want to leave!” Sabi ko kahit na wasak na ang puso ko sa kakatingin sa mga luha niya. “We can’t be…”

Sana ay tama ang pagyakap sa kanya ngayon at ang pagpunas sa kanyang luha. Sana ay tama kung hawakan ko ang pisngi niya at ilagay siya sa aking balikat para damhin ang mabilis na pintig kanyang puso, pakalmahin para tumahan. Sana ay tama kung sabihin ko sa kanyang mahal ko siya at kaya namin ‘to. Kasi kung tama iyon, gagawin ko ang lahat para lang maging kami. Ngunit hindi iyon tama. At kailanman, hindi iyon magiging tama.

Tinalikuran ko ulit siya ngunit hinawakan niya ang braso ko at hinila niya ako patungo sa kanyang mga bisig. Binalot niya ako ng kanyang braso sa harap nang nanlalaking mga mata ni Damon at Rafael. Niyakap niya ako galing sa likuran at ibinaon niya ang kanyang basang pisngi sa aking leeg. Nag pumiglas ako kahit na nanghihina na. Bumuhos ang luha ko sa ginawa niya.

“Klare, Klare, hush… Please… Listen to me. We can get through this. We can do this together.”

Umiling ako at nawalan na ng lakas. Tumigil ako sa pagpiglas ngunit mas lalo lang humigpit ang yakap niya sa akin. Iyon ang naging pinaka mahigpit

niyang yakap. Para bang sa oras na kumalas siya ay hindi na ulit ako babalik, hindi niya na ulit ako makukuha. It was heartbreaking. Hindi ko kayang maramdaman iyon.

“Elijah…” Bumuhos ang luha ko at hinawakan ko ang kanyang braso.

“Stay.” Bulong niya sa leeg ko.

Shit! Dammit! I want to. Gusto ko na lang umupo sa kinatatayuan namin dahil sa panghihina. Gusto ko siyang sundin. Gusto kong maging tama ang lahat. I want to be with him. But this is all wrong.

“Elijah, hindi ako makahinga.” I lied.

Iyon ang tanging paraan para kumalas siya. Iyong malaman na nasasaktan na ako. Iyon lang talaga. And that is how he will let me go. That is how it should be. Dahil kung hindi ay hindi ko na alam kung paano.

“Elijah…” Dinig kong mahinahon na sambit ni Rafael habang nilalapitan si Elijah.

Lumayo ako at mabilis na pumalit si Rafael sa kinatayuan ko.

“Raf!” Umigting ang kanyang panga sa pagharang na ginawa ni Rafael sa aming dalawa.

Narinig ko ang tawanan sa labas. Mabuti na lang at walang ibang nakarinig. Wala na akong pakealam kung malaman man ng mga pinsan ko ang lahat ng tungkol sa amin ni Elijah. Alam ko namang hindi nila iyon sasabihin sa mga magulang namin.

Hinila ako ni Damon palayo sa kay Elijah na ngayon ay nakikipagtitigan at galit sa pagharang ni Rafael.

“Daan tayo sa main gate. Di ka mahahalata. Azi is waiting. Sina Chanel nasa party pa para walang makahalata-”

Naiiyak ulit ako habang tumatango. Pakiramdam ko ay pinagkakaisahan namin si Elijah. Kinukurot ang puso ko at tinalikuran si Elijah.

“Damon!” Sigaw ni Elijah nang naglakad na kami ni Damon.

Lumingon ako at nakita kong nakahawak si Rafael sa kanyang panga. What? Did Elijah hit him?

Tinulak ako ni Damon. “Klare! Go!”

Nakita ko ang nakakaawang mga mata ni Elijah. Halos mag ugat ako sa kinatatayuan ko. Hindi ko talaga kayang panindigan na gusto ko na siyang mawala. I can tell him that. But I will always look sad. Hindi ko parin kayang peke-in ang aking damdamin.

“Klare!” Sigaw ni Elijah nang nakarating na ako sa sala at nagmadali na ako.

“Fuck it, Elijah! Heard her, right? She wants you to leave! If the girl wants you to leave! Respect it! Kung gusto rin niyang umalis, respetuhin mo! Don’t be pathetic!”

Nanlaki ang mga mata ko sa sinabi ni Damon kay Elijah. Hindi ko na ulit narinig ang boses niya nang nakalabas ako sa bahay nila. Masikip na masikip ang dibdib ko habang tumatakbo palabas ng gate nila. Nakaabang na ang sasakyan ni Azi sa akin. Nakababa ang kanyang salamin at kitang kita ko ang gulat niyang mukha at namumutla niyang labi. Binuksan niya ang pintuan galing sa loob at agad na akong pumasok.

Inayos ko ang sarili ko at hindi na ulit siya tiningnan. Pinaandar niya ang kanyang sasakyan ng walang imik.

Habang nakikita na paalis na ako sa village nina Elijah ay hindi ko na naman mapigilan ang luha ko. Naalala ko kung paano niya ako tingnan kahit sinasaktan ko siya. I just want him to be harsh to me. I need him to be harsh to me.

Bakit kaya magagawa mo paring mag kwestyon sa mga desisyong alam mong tama? Bakit hindi parin buo ang loob ko sa desisyon ko? Kasi kahit na binitiwan ko na ang mga salitang masasakit kay Elijah ay hanggang

ngayon nag dadalawang isip parin ako sa desisyon kong ito. But it’s the right thing to do. That’s the only reason. And it should be enough.

Napapaos ang boses ni Azi kaya umubo siya bago magsalita. “K-Klare, ayaw mo bang bumalik?”

Nilingon ko siya at nakita kong diretso parin ang titig niya sa kalsada. Dumaan ang mga repleksyon ng mga ilaw sa kanyang mukha at nakita kong namumutla parin siya. “No. Kung babalik ako, baka di na ako umuwi.” Pakiramdam ko iyon ang tanging totoo sa lahat ng mga sinabi ko ngayong araw.

Come to think of it, I’ve been lying for the past two days. Masarap sa pakiramdam ang magsabi ng totoo minsan. Kinagat ko agad ang labi ko. Dapat ay hindi ko iyon sinabi. Lalo na kay Azi.

“Why are you giving me that choice, Azi?” Tanong ko nang napagtanto kung ano ang ibig sabihin ng kanyang tanong.

“I don’t know… Coz Elijah’s hurt?” Nilingon niya ako.

Hindi ko inasahan na magseseryoso siya minsan. Umiling ako at ngumisi. Ngumingisi ako kasi hindi ako makapaniwala sa sinabi niya.

“Pabor ka ba sa incest?” Tanong ko.

Nag igting ang kanyang panga at hindi siya umimik.

Tumango ako. “Then don’t joke about that.”

“Elijah deserved an explanation-”

“I explained it to him, Azrael.” Sabi ko.

“You didn’t. I heard the conversation, Klare! Nakita kong nakasandal ang noo ni Elijah sa pintuan at halos magmakaawa sayo!” Galit niyang sinabi.

“Alam na niya! Alam niya na ganito ang mangyayari! Ayokong magkasiraan ang pamilya natin! Ayaw kong madungisan ang pangalan niya!

I want him to be free from this! He deserved better! We’re too young!” Tinakpan ko ang bibig ko.

Hindi ko alam kung sinasabi ko ba ito kay Azi o sa aking sarili. Pakiramdam ko ay ineexplain ko sa aking sarili para maalala ko kung bakit ako nag desisyon nito.

“He’s in love with you!” Aniya at hinampas ang manibela nang dumaan kami sa tulay.

Nakita ko ang malawak na ilog ng Cagayan de Oro. Hindi ko kayang tingnan na seryoso si Azi. At hindi ko rin kayang marinig sa kanya iyong huling sinabi niya lalo na’t siya ang pinaka malapit kay Elijah.

“Alam mo, Klare? Noon pa man, naramdaman ko na na may espesyal sa pakikitungo niya sayo pero binalewala ko iyon dahil magpinsan tayong lahat! Pero ngayon? God!” Tumingala siya at naaninag ko na agad ang bahay namin.

I want him to stop talking. Pakiramdam ko’y kahit malayo ay maririnig kami ng mga magulang ko.

Itinigil niya ang kanyang sasakyan sa tapat ng Montefalco Building.

“Ngayon ko lang napagtagpi tagpi ang lahat-”

Hindi ko na siya pinatapos. Padabog kong sinarado ang sasakyan niya. Hindi ko na kailangang marinig ang lahat ng iyan. I’ve suffered enough and I will suffer more from regrets, blame, what-ifs, and the past. Hindi ko na kailangang marinig pa ang lahat ng sasabihin niya.

Pinikit ko ang mga mata ko at tinakpan ko ang mukha ko sa loob ng elevator. Huminga ako ng malalim nang bumukas ito sa third floor. Sana ay tulog na sina mommy at daddy. It’s 11:30PM, anyway.

Binuksan ko ang pintuan at dahan dahan akong pumasok. Ilaw na lang sa sala ang nagbibigay liwanag. Huminga ulit ako ng malalim nang napagtantong nasa loob na sila ng kani kanilang kwarto.

Pumasok ako sa kwarto ko at naging tulala sa loob ng limang minuto. Hindi pa nag si-sink in sa akin lahat ng nangyari. Iyong mga sinabi ko kay Elijah. Iyong pag yakap niya sa akin. Halos mag makaawa na siya. Naiisip ko kung paano pumungay ang mga mata niya buong panahong binabantaan ko siyang iiwan ko siya. At sa bawat pagtawag niya sa akin ng ‘baby’, halos isumpa ko ang sarili ko.

Umupo ako sa kama at napatalon ako nang may tumawag sa cellphone ko. Noong una ay buong akala ko si Elijah iyon. Nang nakita kong si Chanel ang tumatawag ay bumuntong hininga ako. I want him to rest for tonight. I want him to just sleep in his room and forget about what happened. I want him to dream of good things and forget me, even just through sleep.

Alam kong sa sinabi ni Damon ay malamang natauhan siya. Lumunok ako at sinagot iyong tawag.

Nanginginig ang boses ni Chanel habang tumatawag. Ginapangan ako ng kaba.

“Klare, p-papunta na si Elijah diyan.” Aniya.

Naririnig ko si Josiah sa background na nag mumura.

“Hindi namin siya napigilan. We are chasing him right now. Don’t worry about our friends. Wala silang alam sa nangyayari. Si Erin at Claudette na ang nag-Oh my God! He’s outside your house!”

SHIT! Pinatay ko agad ang cellphone ko. Pinatay ko rin ang ilaw ng aking kwarto at gumapang ako sa aking kama. Mariin kong pinikit ang aking mga mata. Dahil masyado nang tahimik ay narinig ko agad ang doorbell namin.

Nagkabuhol buhol na ang utak ko. Shall I open the door? Or just stay here? Pero bago pa ako nakapag desisyon ay narinig ko na ang pagbubukas ng pintuan sa malayo.

Hindi ko alam kung sino ang nag papasok sa kanya. Was it dad? Mom? Manang? Ewan ko. Sana ay si manang na lang.

Narinig ko ang mga yapak. Mariin akong pumikit hanggang sa may kumatok sa pintuan. “Klare, open up.” Napapaos at pabulong na boses ni Elijah.

“Go away.” Sabi ko.

Hindi siya umimik. Narinig ko na lang ang marahang pagkalabog ng pintuan. He’s still outside. Siguro ay humihilig sa aking pintuan.

“Elijah, leave me alone.” Mariin kong sinabi.

Hindi ulit siya umimik. Tumingin ako sa aking pintuan, kahit madilim ay kitang kita ko ang repleksyon ng ilaw sa labas sa tiles.

“Yup. I’ll leave. I just want to calm myself down. Give me a minute.”

Suminghap ako sa kanyang sinabi. I thought he’ll fight. Akala ko ay pumunta siya rito para ipagdiinan sa akin na gusto niya akong makausap. Totoong ayaw ko muna siyang makausap, ngunit ang marinig sa kanya na aalis din siya ay masakit din pala.

Kinilabutan ako nang narinig ang boses ni Daddy. “Klare?” Narinig ko ang kanyang yapak.

Hindi ako sumagot. Ngunit nanlaki ang mga mata ko. Nagising si daddy at silang dalawa ni Elijah ang nasa labas?

“Klare, Elijah’s here. Sinabi niya saking nag away kayo and he wants to apologize.” Singhap ni daddy.

Hindi ako umimik. Will it be safer if I just pretend that I’m asleep?

“Klarey?” Tawag ni daddy sa akin. “I know you’re awake. Kakapasok mo lang sa kwarto. At hindi ito ang unang beses na nagpanggap kang tulog.”

Napaupo ako sa aking kama. Oh shit! I should just really pretend that I’m asleep.

“If your asleep then I’ll open the door and check on you-”

“Dad, paki sabi kay Elijah na bukas na kami mag uusap.” Sabi ko.

“Oh? So you are awake. Harapin mo na itong si Elijah nang makauwi na ito. Just talk and it’s done. Malaki ba ang away niyo, Elijah?”

“No, tito. Just… a small argument. I’ll leave now. Okay lang.”

FUCK! Fuck the small argument, Elijah! Just… Kinagat ko ang labi ko at tumayo na. Narinig ko ang mahinahong boses ni mommy sa labas. Maging siya ay nagising sa pagpunta ni Elijah.

“Elijah, ba’t kayo nag away? Sorry kay Klare, medyo mahirap intindihin madalas ang batang ito.” Ani mommy.

Lumapit ako sa pintuan. I want to hear everything clearly.

“Okay lang, tita. It’s my fault. I just… just… I think I’ll go.” Ani Elijah.

“No, Elijah, wait.” Ani mommy.

Tinakpan ko ang bibig ko nang nakalapit na ako ng husto sa aking pintuan. Isang dangkal na lang ang agwat ko sa pintuan at dinig na dinig ko na sila.

“Klare? Wa’g kang mag inarte. Elijah is tired. Gusto ka lang niyang makausap.” Medyo mariing sinabi ni mommy.

“Calm down. Let your daughter deal with this-”

“No, Klare!” Kumalabog ang pinto sa sapak ni mommy.

“Mom! Please understand. Pwede bang hayaan niyo munang humupa ang galit ko sa kanya?”

“Ano bang ikinagagalit mo sa kanya?”

Oh great God, please forgive me! Bakit kailangang mangealam ni mommy at daddy sa away namin ni Elijah.

“Elijah, what’s wrong?” Medyo tumaas ang tono ng boses ni mommy.

Tumataas ang boses ni mommy sa amin ni Charles ngunit hindi ko pa kailanman narinig ang ganong klaseng galit sa boses niya. It’s like she figured something out from all of there…

“Mom, nothings wrong!” Utas ko.

“Elijah?” Tanong ni mommy.

“Tita…” He trailed off.

SHIT! SHIT! SHIT! I know he’s not afraid of anything! Alam kong kaya niyang isugal ang lahat para sa akin pero nandito ako para sumugal sa aming dalawa, para hindi siya masaktan, hindi siya masira. He’s not going to tell mommy and daddy… No!

Binalot kami ng matinding katahimikan. Tinakpan ko ang bibig ko habang pumapatak ang luha ko. Bangungot. Iyon lang ang tangi kong naisip sa mga sandaling iyon.

“Tita, I’m in love with Klare!” Napapaos na boses ni Elijah.

Humagulhol ulit ako. When will this end? Dalawang kamay na ang nakatakip sa bibig ko habang sinasandal ko ang noo ko sa pintuan. Elijah, don’t do this. Don’t do this…

“N-No… you’re not in love with your cousin.” Sabi ni mommy. “NO!” Sumigaw si mommy at narinig ko ang palakpak ng isang sampal.

Napahawak ako sa pintuan. OH MY GOD! What will I do?

“Elijah! Bawiin mo ang sinabi mo!” Sigaw ni daddy.

Narinig kong sumigaw si Daddy at may kumalabog. Hindi ko na kaya. I’m not going to let anyone hurt him. Oo, wala akong karapatang sabihin iyon dahil ako mismo ay nanakit sa kanya. But this is too much. If he’s going to be hated for this, then I will be hated for this, too.

Binuksan ko ang pintuan at agad akong niyakap ni mommy. Nakita kong kinwelyuhan na ni daddy si Elijah. Hindi ko inakalang magiging mahinahon

ang mukha ni Elijah habang kinikwelyuhan siya ni daddy.

“Dad!” Sigaw ko ngunit mahigpit ang hawak ni mommy sa braso ko.

Napatingin ako sa mga daliri niyang halos manuot sa aking balat dahil dahil sa hugpit ng higit. Kumalabog ang puso ko. Pakiramdam ko ay aalis na ito sa aking dibdib. Sana nga ay umalis na lang ito para wala na akong maramdaman.

“I’m sure my daughter doesn’t feel the same, Elijah!” Sigaw ni daddy.

Tumango si Elijah at pumikit. “Yes, tito. I’m sorry.”

“Magpinsan kayong dalawa! Magkadugo! For God’s sake, how?” Nanggagalaiti si Daddy.

“I don’t know tito. I’m just… really-”

“Elijah, magkadugo kayong dalawa.” Singit ni mommy.

“Alam ko, tita.”

“We did not raise Klare for that! Bad influence ka! You don’t deserve her! At talagang hindi kayo pwede! That’s wrong! What you are feeling is wrong! It’s against the laws and the Church!” Sigaw ni Daddy. “I am disappointed, Elijah. Very disappointed with you.” Ani daddy habang umiiling kay Elijah.

“I’m sorry, tito.” Ulit ni Elijah.

Nanlaki ang mga mata ko. He’s going to take all the blame for this? Magsasakripisyo siya sa akin kahit noong una ay ako iyong may balak na magsakripisyo para sa kanya? Bumagsak lalo ang kanyang mukha. At mas lalo ring piniga ang puso ko.

“Leave! Your dad will hear about this!” Ani daddy.

Binitiwan ni daddy ang kwelyo ni Elijah. Walang pag aalinlangang pumihit si Elijah para umalis. Humagulhol ako.

“Dad!” Tawag ko. “Elijah!”

Hindi ko na alam kung sino ang uunahin ko. Hindi ko na mahanap ang mga tamang salita. Nang nakawala ako kay mommy para sundan si Elijah ay si daddy naman ang humila sa akin. Nakalabas na si Elijah nang hinarap ko si daddy at mommy.

“I am in love with him, too!” Sabi ko.

Lumipad ang kamay ni mommy sa kanyang bibig at nanlaki ang mga mata ni daddy.

“I love him more than I’m allowed to love him! Kaya bitiwan niyo ako! Hindi siya ang may kasalanan! Kundi ako!” Sigaw ko sabay hawi sa kamay ni daddy sa aking braso ngunit mas lalong humigpit ang hawak niya sa akin.

<h1>Kabanata 47</h1>

<hr>

Kabanata 47

I’m Done

Grounded ako. Nagkulong sa kwarto nang walang cellphone hanggang nag New Year. Kinakausap lang ako nina mommy at daddy sa malamig na tono pag kailangan ko nang kumain. Ni walang kamuwang muwang si Charles sa nangyayari.

“Hey, ate, can you text Kuya Elijah to come over? I wanna jog.” Ani Charles.

Tinitigan ko lang ang kapatid ko. Hindi ko mahanap ang mga salita na dapat kong gamitin para sabihin sa kanyang hindi pwede. Suminghap si mommy at hinawakan ang likod ni Charles kaya bumaling si Charles sa kaya.

“Kuya Elijah is busy, Charles. Do you want to be with your classmates? Ihahatid kita mamaya kina Toby.” Ani mommy.

Pumikit ako. This is the day. Kumalabog agad ang puso ko nang nag sink in ang mangyayari ngayong araw sa akin. Tumayo ako kahit na ko konti lang ang nagalaw ko sa aking pagkain. Tumingala si daddy sa akin.

“Klare, di ka pa tapos kumain.” Malamig niyang utas.

“I’m done, dad. Sa kwarto lang ako.” Sabi ko.

“Klare, wa’g kang bastos. Charles is here and we are eating.” Ani mommy.

Tinikom ko ang bibig ko. Mahal na mahal ko si mommy at daddy pero siguro, sa buhay ng isang tao, aabot ka sa punto na mailap ka sa kanila. Lalo na ngayong malamig silang pareho sa akin dahil sa nangyari sa amin ni Elijah.

Bumalik ako sa pagkakaupo. Gustong gusto kong umangal at dumiretso na lang sa kwarto kaya lang ay ayaw ko nang dagdagan pa ang pinsala ng nangyari.

“Ate? Are you okay?” Tanong ni Charles sabay kunot noo.

Tumango ako at pinilit na ngumisi. “Masakit lang ang tiyan ko, Charles.”

Parang piniga ang puso ko. Dadating at dadating ka pala talaga sa punto na ang simpleng tanong ng isang tao ay nakakapag pagaan na ng loob sa’yo. Pakiramdam ko ay kalaban ko na ang lahat, at si Charles na walang ka muwang muwang na lang ang natitira sa akin. Gusto ko siyang yakapin at gusto kong sabihin sa kanya ang lahat ng problema ko. But I’m sure he’ll never understand. Siguro ay ang isasagot niya lang sa akin ay si Elijah.

Hinintay kong matapos si Charles bago ako umalis ng hapag para sa kwarto ko. Ganoon ang eksena parati. Pero sa araw na ito, iba…

Kumalabog ang puso ko nang narinig ang doorbell sa labas. Hindi pa oras. May dalawang oras pa bago pumunta ang mga relatives namin dito ngunit may mga nauna.

“Klare?” Narinig ko ang mahinhing boses ni Claudette habang kumakatok sa pintuan ko.

Pumikit ako sa aking kama. I’m not sure if I want to talk.

“Klare, please open?” Aniya.

Suminghap ako at tumayo galing sa pagkakahiga. Binuksan ko ang pintuan at nakita ko ang malulungkot na mga mata ni Claudette. Ang mahaba niyang buhok ay naka half pony tail at nakasuot siya ng puting dress. Tinalikuran ko agad siya para maupo sa kama.

Bihis na siya, hindi tulad kong naka shorts at over sized t-shirt lang. Bakit ko kailangang magbihis kung ngayon kami hahatulan ni Elijah? No need to wear something grand for something tragic.

Nilagay ko ang baba ko sa tuhod ko at naging tulala na lang sa sahig habang naririnig ang mga buntong hininga ni Claudette pagkatapos isarado ang pintuan.

“Anong plano mo?” Tanong niya.

Tumikhim ako. “Tulad nang gustong mangyari nina Erin at Chanel.”

Umiling siya at umupo sa tabi ko. “Hindi ako nandito dahil inutos nila. I want to know the truth from you. Iyong nararamdaman mo. Iyong tunay mong plano. I won’t tell, Klare.”

Inangat ko ang mukha ko para makita ang kanyang mala pusang mga mata. Observant talaga si Claudette. Oo nga’t nakikita niya sa aking mga mata kung ano ang gusto ko ngunit hindi ibig sabihin na kung ano ang gusto ko ay iyon ang masusunod. Sometimes, you need to sacrifice the things you love for greater things. Mas matimbang parin ang pamilya namin para sa akin. Simula pa lang ay alam ko na iyon. Nag aalinlangan ako pag nakikita si Elijah na nasasaktan, kasi mahal na mahal ko siya. But I know better… we need to set each other free for the sake of our family, for our own sakes, too.

Alam kong hindi iyon maiintindihan ng mga taong nagmamahal. Kasi pag nagmamahal ka, ‘yong iniibig mo lang dapat ang iniisip mo. Sana ay ganon ka simple. Sana ay nagmahal ako at ang iisipin ko lang ay ang sakit na

maidudulot sa akin ng mahal ko o kung paano ko siya mapapanatiling nahuhumaling sa akin. But this is a different situation… we carry a baggage. Hindi lang kami ang nandito. Hindi lang kami ang iniisip ko. Maraming ibang tao, na mahal ko rin, na ayaw kong saktan.

“Clau, I can’t leave but he can. So I will push him away.” Simple kong sinabi.

“P-Pero Klare, hindi mo ba siya mahal?” Nagkasalubong ang kilay ni Claudette.

“Mahal na mahal.” KInagat ko ang labi ko. “Kaya nga ito ang desisyon ko. Kaya nga papakawalan ko siya. Do you think he’ll be happy with me sa oras na itakwil siya ng kanyang pamilya?”

Nag iwas ng tingin si Claudette.

“Nakita ko na iyon sa mga movies, nabasa sa mga libro, nakita sa ibang tao… Lahat tayo, may kakayahang ma fall-out of love sa mga taong minamahal natin… lahat tayo, may kakayahang mag move on. Maaring pakiramdam mo ay imposible sa ngayon, pero gaya ng ipinakita sa mga pelikula, libro, at karanasan ng ibang tao, posible iyon. Masyado namang ata akong espesyal kung sa lahat ng tao ay ako lang ang hindi maka move on pagkatapos ng ilang taon, dekada, o kung kailan pa man. Matagal, oo, pero hindi imposible. I will cling to that faint hope. I will move on, someday. And he will, too.”

Nang nilingon ko si Claudette ay nagulat ako nang pulang pula ang kanyang ilong at bumubuhos na ang kanyang luha.

“Klare, Klare…” Humikbi siya. “P-Paano na ‘yan? Elijah will fight for you!”

Ang tono ng kanyang basag na boses ay mas lalong nagpahabag sa akin.

“Klare, nang umuwi ang kanyang mommy at daddy kasama si Kuya Just at Ate Yas dito hindi nila tinatantanan si Elijah. Si Elijah ang may ayaw na iwan ka. Sobra sobra ang pagmamahal niya sayo!”

Alam ko. Alam ko kaya nga mas lalong masakit. Sobrang sakit na pakiramdam ko ay mamamatay na ako sa sakit.

“Sobra sobra din ang pagmamahal ko sa kanya kaya ko ito gagawin, Clau.”

HIndi ko tinahan si Claudette. Kusa siyang nagpunas ng kanyang luha. Ni hindi ko siya matignan. Ako ang puno’t dulo ng gulo sa pamilyang ito. Kung tutuosin, dapat ay ako ang umalis at mawala. Kung may matatakbuhan lang ako bukod sa impyerno ay matagal na akong kumaripas.

“Sigurado ka na ba talaga? Masasaktan mo siya.” Aniya.

“Nasaktan ko na siya. At oo, masasaktan ko ulit siya, Claudette pero panandaliang sakit lang ito kumpara sa maidudulot ko sa kanya at sa buong pamilya pag naging makasarili kami.”

“But Klare-”

“Do you think I’m in love with the thought of hurting him? Akala mo ba nasisiyahan ako sa mga nangyayari? Akala mo ba madali sa akin ang lahat, Clau? Alam mo kung ano ‘yong madali? ‘Yong higitin na lang si Elijah palayo sa bahay na ito at tumakbo palayo sa inyo. Iyon ang madali. Pero pinili ko itong masakit dahil ito ang tama. Ayaw kong maging makasarili siya dahil sa akin. Pipiliin kong masaktan sa ganitong paraan kesa sa masaktan kayong lahat.”

Nasa gilid ng mga mata ko ang mga luha pero hindi sila bumubuhos. Syempre, ilang araw na rin akong ganito at ilang araw ko na rin itong iniisip.

“Ang madaling gawin ay ang iwan na lang kayo at mahalin siya. Effortless, Claudette. You get that? But it’s wrong! And I want to love him right!”

Tumikhim si Claudette at tiningnan ang panyo niyang hinahawakan. Ilang sandali pa ay narinig ko na ang paparaming tao sa aming bahay. Tumayo si Claudette at nagpaalam para lumabas. Tumango ako at hinayaan siya.

Kumalabog ang puso ko nang nakita ang mga kamay ng relo. It’s time. Hindi ako nagkamali. Isang iglap lang ay kinatok na agad ako ni mommy.

“Klare, lumabas ka na.” Aniya.

I didn’t move. Mabilis na pinihit ni mommy ang doorknob. For some reason, hindi niya agad iyon nabuksan. Pinanood kong gumagalaw ang doorknob hanggang sa bumukas ang pintuan at nakita ko siyang mabilis ang hininga.

Tinakpan niya ang kanyang bibig at nakita kong may luhang lumandas sa kanyang pisngi. That was weird. Suminghap siya at inayos ang sarili.

“What a-are you waiting for? N-Naghihintay na ang mga tito mo.” Pinasadahan niya ako ng tingin. “H-Hindi ka nagbihis? Nevermind… Let’s go.” Aniya at bakas parin ang pamumutla sa kanyang mukha.

Umiling ako at may napagtanto. Madaling mahulaan si mommy. Siguro ay naisip niyang may ginawa akong mali, like slitting my wrist or drinking poison. Pakiramdam ko inisip ni mommy na ganon nga ang ginawa ko dahil sa depression. Pangatlong beses na iyon nangyari simula nang nalaman niya ang tungkol sa amin ni Elijah. Parang nagkakapanic attack siya tuwing binubuksan ang pintuan.

Tumayo ako at lumabas. Pagkarating sa sala ay bumungad agad sa akin ang naka salampak sa sofang si Elijah. Nakatingin siya sa patay na TV. Kulay grey ang kanyang jacket at parang papasyal lang kung saan. Katabi niya si Kuya Justin at sa likod niya, nakatayo si Ate Yasmin.

Malungkot akong tinitigan ni Ate Yas. What can I say? I’m glad they’re all here? No. I’m not glad.

Pinasadahan ko ng tingin sina Erin, Chanel, at Claudette sa kabilang sofa. Parehong tulala. Si Rafael naman at Azi ay nakatayo malapit sa bintana. Si Josiah at Damon ay nag uusap sa movie room. Nakaupo sa dining table ang mga tito at tita ko. Kumpleto silang lahat ngunit wala akong makitang bahid ng kasiyahan dahil sa katotohanang iyon.

“Tito…” Sabay kuha ko sa kamay ng pinakamalapit sakin na si Tito Az.

Hinawi niya agad ang kanyang kamay. Ayaw niyang mag pa mano sa akin. Nanlaki ang mga mata ko sa nangyari. Narinig kong suminghap si Azi sa malayo at nagmura. Umangal ang kanyang asawa na si Tita Claudine.

Ang kanina pang nangingilid na luha ay bumuhos na sa pisngi ko. Hinila ako ni mommy at pinaupo sa gilid niya.

“Azrael, wa’g ka nga-”

“We need to clear things out.” Matigas na sinabi ni Tito Az. “Walang makikipag relasyon sa inyo ng family member. That is the rule of man, the rule of everyone.”

Nag iwas ako ng tingin sa kanilang lahat. Palihim kong pinunasan ang aking mga luha. That was a blow! Dammit!

“I am disappointed, Klare.” Ani Tito Az.

Hindi ako kumibo. Nagkasundo na kami ng sarili ko. Hahayaan ko sila sa kung anong hinanakit na sasabihin nila. Hahayaan ko sila hanggang sa pagsasalitain nila ako.

“Ikaw ang babae, ikaw ang umiwas.”

“Tito, umiwas siya-” Singit ni Elijah.

“Shut the hell up, Elijah!” Sigaw ng kanyang daddy.

Pumikit ako at nagdasal na sana ay matapos na ito. Alam kong imposible. Simula pa lang ito.

“Stop defending her!” Ani Tito Exel na daddy ni Elijah.

“I said I’m in love with her, dad! Hindi iyong siya-”

“ELIJAH!” Pigil ng kanyang daddy.

Nakita kong nilapitan na ng mommy ni Elijah si Tito Exel. Lumapit din sina Tita Claudine sa kanya. I'm scared. I hope Elijah would just stop talking. Si Tito Exel ang eldest sa mga kapatid ni daddy, siya ang pinakamatanda. Hindi ko alam kung malusog pa ba siya pero sa inasta ni Tita ay mukhang hindi. Inaalala nila ang kanyang kalusugan.

"Elijah, will you just listen and stop talking?" Ani Ate Yasmin sa kapatid niya.

Natahimik kaming lahat. Naghintay ako sa susunod na atake nila sa akin.

"Klare, what happened? Pareho kayong Montefalco. You are cousins! Magkadugo kayo. Alam mong hindi pwede. Batas ng Diyos at sa batas ng tao mismo, hindi kayo kailanman magiging pwede. Hindi ba kayo kinilabutan?" Ani Tita Claudine.

Malumanay siya at nakakapagkalma. Hindi ko siya tiningnan. Ang sahig na lang ang tanging kaibigan ko sa ngayon.

"Of course kinilabutan sila, mom." Ani Azi. "Obvious ba? Kinilabutan nga tayo!"

"Azrael!" Ani Tito Az.

Kinagat agad ni Azi ang kanyang labi at tumingin siya sa labas ng bintana namin.

"My point is, kung alam niyong bawal, mali, bakit niyo pinagpatuloy? Why did you two nurture the feelings? Sana, nang naramdaman mo ito, Elijah, umalis ka na lang kung hindi mo maiwasan si Klare. At ikaw, Klare, sana ay umiwas ka na lang kay Elijah-"

"Claudine, let's get to the main point. I don't want to hear all the dramas about my son and their daughter!" Ani Tito Exel.

"Claud, mas mabuti pa nga." Sabay tingin ni daddy sa akin. "Napagsabihan na namin ni Helena si Klare. Naiintindihan niya. She knows what to do. We did not raise her like that-"

“What do you mean, Lorenzo? Na pinalaki namin si Elijah na ganyan? That’s a next step to bestiality!” Ani Tito Exel!

“EXEL! You are being harsh!” Sigaw naman ng mommy ni Elijah.

Lumipad ang paningin ko kay Elijah na ngayon ay nakapikit at pinagdugtong ang mga daliri sa kanyang kaliwang kamay sa kanan habang humihilig dito. Nagtitimpi siya. Alam kong nagtitimpi siya. Sana ay manatili siyang ganyan. Magulo na ang lahat at nag aaway na! Ni wala pa kaming sinasabi at ginagawa ay halos mag away na ang dati’y malapit na magkapatid. Daddy and Tito Exel, ang Tita Beatrice na mommy ni Elijah at si Tito Exel mismo.

“Don’t be harsh to your son and to Klare! Anong magagawa natin sa dalawang ito kung ganon ang nararamdaman nila? Leave it alone! Feelings fade, anyway! Stop overreacting!” Sabay tingin ni Tita Beatrice sa akin.

Napalunok ako.

“Klare…” Nakakapanindig balahibong tawag ni Tita Beatrice sa akin.

Elijah got most of his features from his dad, kahit iyong mga mata niya. Pero ngayong kaharap ko si tita Beatrice, napagtanto kong nakuha niya kay tita ang kanyang gilas.

“What are your thoughts?” Tanong niya.

Hindi ako umimik. Hinayaan kong magsalita ang umaambang si Ate Yas.

“Dadalhin namin si Elijah sa States-”

“No way. I’m staying here.” Ani Elijah.

Nakaawang ang bibig ni Ate Yasmin at tiningnan niya ang nakapikit paring si Elijah habang hinihilig ang ulo sa sofa at pinaglalaruan ang kanyang gold na kwintas.

“Klare, anong sasabihin mo?” Ulit ni Tita Beatrice.

Pumikit ako at suminghap. “Iiwasan ko po si Elijah.”

“WHAT A LOAD OF CRAP-” Ani Elijah na nilapitan ni Rafael at halos suntukin.

Pinigilan ni Josiah si Rafael. Sabay sabay na nag ilingan ang mga tito at tita namin habang nanggagalaiting tinuturo ni Rafael si Elijah.

“Heard it, respect it! Tangina mo, you are one selfish asshole!”

“Raf!” Tumayo si Chanel at tumulong sa paglayo kay Rafael.

Nag igting ang bagang ni Elijah. Hindi ko alam kung ipagpapatuloy ko pa ito. Hindi ko rin alam kung saan ako humugot ng mga salita para masabi sa kanilang lahat ito.

“I love him, po. Hindi ko iyon idedeny.” Sabi ko at agad dumilat si Elijah at tumingin sa akin.

“I love her, too. Now tell me what’s wrong-”

“What’s wrong is your love for each other, Elijah! Iyon ang maling mali! Iyon ‘yon kaya tumahimik ka!” Ani Erin.

“This is not a question of who loves who. There is no question here, son.” Ani Tito Exel kay Elijah. “Ang tanging tama at ang kailangan niyong gawin ay ang itigil ang kahibangang ito. Incest is evil. Loving her is evil.”

“I never thought I was an angel, dad.” Ani Elijah.

“Ej, stop answering. Just listen.” Anang mahinahon na si Kuya Justin.

“But Klare isn’t evil.” Dagdag ni Tita Beatrice sabay tingin sa akin.

“Surely, my daughter isn’t evil.” Sabay tingin ni daddy sa akin. “Kuya Exel, I raised her and I know her. Klare will choose what is right. And you heard her. Let’s all trust her.”

Tumingin silang lahat sa akin. I knew it! It’s all up to me!

“Yes po. Umasa kayo sa akin. Hindi na po ako uulit. I’ve learned my lessons. Incest is evil.” Inulit ko iyon na parang robot. “At mas importante po sa akin ang pamilya natin. Bata pa po kami ni Elijah, I will find someone else soon, he will too. We can all move on from this.” Sabi ko. “Alam ko pong hindi ito maiintindihan ni Elijah, pero sa oras na maging okay na ang lahat at maka move on na tayo, doon lang niya maappreciate ‘yong desisyon ko. Sa tingin ko ito talaga ang tama. Mali na minahal ko siya at mali rin na mahal niya ako. Mali rin na hinayaan ko ang damdamin namin. Pinagsisisihan ko po ang lahat ng namagitan sa aming dalawa.”

Tumayo si Elijah habang nagsasalita ako.

“Alright. I’m done. We’re done. Happy now? Hindi ko na siya guguluhin o gagambalain. Hindi rin ako aalis. I’ll stay here and date all the girls that I want except for her. Makakaasa kayong lahat. Makakaasa ka, Klare.” At umalis.

Sumunod si Azi sa kanya. Bumagsak ang mata ko sa aking mga kamay. Yes, Elijah. Hate me, baby. Hate me, alright?

<h1>Kabanata 48</h1>

<hr>

Kabanata 48

OceanofPDF.com

Best Shot

He was true to his words. Iniwasan niya ako. Ni hindi ko nakita ni anino niya sa loob ng isang linggo sa school. At wala ring bumabanggit ng kanyang pangalan sa mga pinsan ko. Bantay sarado na rin ako. Malabong may mga panahon na mag isa ako. I guess, ito ang naging kasunduan ng mga tito at tita ko. Dahil hindi naman mababantayan si Elijah ay ako ang binabantayan.

“You done with the homeworks, Klare?” Tanong ni Erin sa akin.

“Oo. Pero di ako sigurado dito.”

Lumunok ako nang narealize na madalas nga pala akong umaasa kay Elijah pagdating sa mga homeworks.

Nilingon ko si Erin at nakitang seryoso siya sa pagbabasa ng kanyang term paper. Even our relationship got bruised. Hindi na ito tulad nang dati. May pader na sa gitna naming dalawa.

Sa loob ng tatlong linggo ay namuhay ako ng mapayapa. Kung matatawag nga ba itong mapayapa…

“Bukas si Damon ang susundo sayo.” Ani Rafael sabay patakbo ng kanyang sasakyan.

Napa buntong hininga ako at tumingala na lang sa aming building. Naha-hassle ko na ang mga pinsan ko dahil sa takot ng mga magulang namin na patago kaming magkita ni Elijah. Dapat ay hindi na lang nila ito ginawa. Elijah was serious when he said that… Hindi na talaga siya nagpakita sa akin.

Ni wala na ring night out na nagaganap. O hindi ko alam pero baka meron ngunit hindi lang ako naiimbitahan. Lumunok ako at tinangnan ang cellphone kong may panibagong sim card. Walang number ni Elijah dito. Nag deactivate na rin siya sa Facebook kaya hinding hindi ko siya mahahagilap. Naisipan ko tuloy kung mag deactivate na lang din ako.

Habang tinitingnan ang aking News Feed ay napatunayan kong tama ang hinala ko. Nang nag upload ang Club Tilt sa kanilang page ng mga pictures na kinuha noong nakaraang gabi ay nakita ko ang iilan sa mga pinsan ko sa dancefloor. Nanlaki ang mga mata ko nang nakita si Elijah na tumatawa habang hinahawakan sa baywang ang isang babaeng naka killer heels at naka black dress.

Mabilis kong sinarado ang browser. May kung anong dumaloy sa lalamunan ko patungo sa likod ko. One day, I'll get used to this.

Masyado na akong mahina para umiyak. Itinulog ko na lang lahat. Ganon nga, Klare. Maybe I should really just deactivate all my accounts.

Hindi maiiwasan ang sakit ngunit papanindigan ko ang desisyon ko dahil para ito sa ikabubuti naming dalawa. Kung sakaling sa pag liliwaliw niya ay makahanap siya ng babaeng magmamahal sa kanya ng tunay at higit pa sa akin ay magiging masaya rin ako. Ideal, yes. Magiging masaya ako kahit na mamamatay ako sa sakit.

Ngunit napagtanto ko ring ang mga alon ng sakit na naramdaman niya ay tumatama na sa ibang tao.

Isang araw ay nakita ko na lang na namamaga ang mga mata ni Hannah sa harap ko. Tulala siya at walang sinasabi. Nakatingin si Julia at Liza sa kanya ngunit parehong seryoso si Erin at Claudette sa aming mga homework. Nag angat ng tingin si Claudette sa akin kaya nag taas ako ng kilay. Minsan, sa sobrang observant ng kanyang mga mata ay hindi ko na alam kung tumutunganga lang ba siya sa akin o may pinaparating siya sa pamamagitan ng pag titig.

Nilingon ko ulit si Hannah na ngayon ay tulala at pinupunit ang tissue sa kanyang harapan. Nagkalat siya sa mesa namin. Hindi ko maintindihan kung anong meron.

"Oh. My. God." Sabay takip ni Liza sa kanyang bibig.

Lumingalinga ako sa mga kaibigan ko para tingnan kung ano ang meron. Isang beses na lumingon si Hannah sa gilid namin ay agad na siyang binaha

ng luha. Nilingon ko rin kung ano iyong nasa gilid at nalaglag ang panga ko nang nakita kong masayang nag ho-holding hands si Elijah at si Cherry.

Naka uniform pareho ang dalawa at naglalakad patungong bandang Engineering building. Naglakbay ang titig ko sa mga galaw ni Elijah. Binitiwan ni Elijah ang kamay ni Cherry para hawakan ang kanyang baywang. Sinapak siya ni Cherry bago bumati sa mga kaibigan niyang nanonood sa unahang benches namin.

Nakangiti ang dalawa at hindi ko maiwasang tumitig sa mga labing masaya ni Elijah.

Humagulhol si Hannah sa harap ko kaya naagaw niya agad ang buong atensyon ko. Dinaluhan siya agad ni Liza at Julia. Hinimas ni Julia ang likod ni Hannah habang pulang pul siya at tinatakpan ang kanyang mukha.

“Anong nangyari?” Tanong ko.

“Sorry…” Ani Claudette.

Narinig kong lumagutok ang ballpen ni Erin at nag angat siya ng tingin.

“I told you, Hannah. Sabi ko wa’g mong patulan si Elijah ngayon.” Ani Erin.

“Bakit ngayon, Erin? Noon pinagkakanulo naman natin silang dalawa, a?” Ani Julia.

Suminghap si Erin. Para bang gusto niyang sabihin ang lahat ngunit hindi niya kaya. Walang alam ang mga kaibigan ko at walang plano ang buong pamilya na ipangalandakan ang nangyari sa amin ni Elijah. It will remain our deepest and darkest secret.

“Ano bang nangyari?” Tanong ko.

Sumulyap si Erin sa akin.

“Nag date sila ni Elijah, Klare. Patulong naman o-” Sabi ni Julia na agad pinutol ni Erin.

“Klare, can’t help. Talagang manwhore si Elijah. Hayaan na natin. Maghanap ka ng ibang lalaki diyan, Hannah.”

“Last week, Klare.” Nagpatuloy si Julia sa pag aakalang may maitutulong ako. “Niyaya ni Elijah si Hannah na mag date. Tapos sa sumunod na araw, may mga rumors na na may ibang dinate si Elijah at mas lalong dumami, iba ibang babae, e. Tas ngayon, eto ang latest, si Cherry. Ang malala ay publicly dating. Hindi na rumors! Totoo na!”

Napalunok ako. Pakiramdam ko ay nilunok ko lahat ng hinanakit at mga salitang gusto ko sanang sabihin.

“H-He’s probably serious with Cherry, then.” Sabi ko.

Nilingon ako ni Claudette habang tumikhim naman si Erin at nagligpit ng gamit.

“Edi mabuti! I mean…” Kinagat ni Erin ang kanyang labi. “Let’s just go and forget Elijah.”

Pinanood ko ang patuloy na pagluha ni Hannah buong araw. Alam ng halos lahat ng blockmates ko ang nangyari tungkol doon. Naaawa ako sa mga taong naapektuhan dahil sa mga ginagawa ni Elijah. He’s merciless and ruthless. He’s being an asshole again. But maybe, he’ll always be an asshole. Kaya nga ‘yon nainlove sa akin, diba?

Hindi ko maiwasan ang pagsakit ng tiyan ko tuwing nadadatnan ko si Elijah kasama si Cherry. At noong isang araw ay nadatnan ko rin siya sa covered courts na nag P-P.E. at nakikipag harutan sa isa pa niyang magandang kaklase. Now, would I believe that he’s serious? No. Ngunit hindi ko parin maiwasan na tumabang tuwing nakikita siya. Nadidistract lang ako tuwing umiiyak na si Hannah at nag aalburoto na si Erin.

“Klare…” Ani Hannah nang umalis si Erin para bumili ng pagkain.

Tumingin agad si Claudette sa amin. Nakita ko ang nalulungkot na mga mata ni Liza at Julia para kay Hannah. Hinawakan ni Hannah ang braso ko at halos mahabag ako sa mga luhang nagbabadya ulit sa kanyang mga mata.

“T-Tulungan mo ako kay Elijah, o?” Aniya.

“H-ha?” Nanlaki ang mga mata ko.

“Last night, he texted me. Nagtanong siya kung kamusta ako at gusto niyang mag date kami sa Valentines day.” Medyo malungkot niyang sinabi.

“Ano?” Humilig si Claudette at hininaan niya ang kanyang boses.

Mabilis niyang kinuha ang kanyang cellphone para ipakita sa akin ang totoong mga text ni Elijah na nag yayaya sa kanya sa Valentines day isang linggo na lang simula ngayon.

“That’s bullshit.” Pabulong na sinabi ni Claudette.

Nang binaba ni Hannah ay nakita kong nagreply siya na sasama siya kay Elijah. That was really stupid! So stupid of her! Kinagat ko ang labi ko at tiningnan si Hannah sa kanyang mga mata.

“Elijah is bluffing. O kung totoong ididate ka nga niya, sigurado akong may oras iyon. At marami pa siyang ididate sa araw na iyon kaya kung ayaw mong masaktan ay wa’g mo na lang siyang siputin.” Naiinis ako kay Elijah at sa lahat ng pinaggagagawa niya.

Gusto ko siyang sugurin at pagsabihan ngunit mauungkat lang na bitter ako o nagsisisi ako sa mga desisyon ko para sa aming dalawa. No! Papanindigan ko ang aking desisyon. Oo, nasasaktan ako pero hindi ibig sabihin non ay babaliin ko na ang mg prinsipyo na iniwan sa akin ng mga nangyari.

“Klare, pakisabi naman na sana this time totohanan na.” Nanginig ang kanyang boses habang hinahawakan ang mga kamay ko.

Napalunok ako at nanuot sa aking dibdib ang hinaing niya.

“Paki sabi na umiiyak ako dahil sa kanya…” Pumikit siya at tumulo ang mga luha sa kanyang mga mata.

Kumalabog ang puso ko. Hindi ko alam kung ano ang magagawa ko. Naaawa ako sa mga taong nasasaktan niya dahil sa mga nanyari. Naiirita ako sa mga inasal niya ngunit wala akong magawa dahil hindi niya kailangan ng opinion ko. Hindi kailangan ni Elijah ang opinion ng babaeng tumulak sa kanya palayo.

Umihip ang malakas na hangin sa 6th floor ng Aggies building. Tanaw ko ang kabuuan ng divisoria sa labas at ang matatabang ulap sa langit. May klase ako dito tuwing alas tres ng hapon. Ngunit ngayong araw na ito, may sakit ang professor namin kaya take home quiz lang ang meron. Umalis na ang lahat para pumunta sa library habang ako ay nandito pa at naghihintay kay Claudette na pumunta sa kabilang building.

Minsan lang ako mag isa nitong mga nakaraang araw, kaya nilulubos ko na.

“Anong nangyari?” Narinig kong umalingawngaw ang boses ng isang lalaki sa gilid ko.

Napatalon ako at napatingin sa kanya. Nakita ko si Pierre na nakataas noo at blankong tiningnan ako. Noong nakaraang araw, nakita ko rin siya kasama si Hendrix ngunit hindi niya ako tiningnan. Si Hendrix lang iyong tumingin kaya nagulat ako ngayong nandito siya at kinakausap ako.

“Huh?” Wika ko.

Hinipan ng hangin ang buhok ko. Natabunan ang mukha ko kaya pinigilan ko silang lahat sa pagsayaw sa hangin.

“Anong nangyari sa inyo?” Aniya.

Tinikom ko ang bibig ko. Sa di malamang kadahilanan, alam ko agad kung ano ang ibig niyang sabihin.

“Anong nangyari at bakit nakikita ko ‘yong pinsan mong may kasamang iba’t-ibang babae?” Mas klarong tanong niya.

I looked away, “Pinsan ko siya. Hindi kami pwede.”

Hindi siya umimik. Para bang may hinihintay pa siya sa mga sinasabi ko.

“Lumayo kayo sa isa’t isa?” Tanong niya.

Nag igting ang bagang ko. Bakit kaya madalas mas madaling sabihin sa mga di mo kilala ang mga problema mo kesa sa mga kaibigan? “Oo.”

“Bakit? Dahil lang sa pinsan kayo?”

Tumingin ulit ako sa kanya. “Dahil pinsan kami.”

“Paano kung hindi kayo magpinsan, would you decide to push him away?” Malamig niyang sinabi.

Halos matawa ako sa sinabi niya. “Syempre, hindi, Pierre. Pero magpinsan kami.”

Tinikom niya ang kanyang bibig at humakbang palapit sa akin. Nagulat ako nang biglang tumagos ang titig niya sa likod ko at tumigil siya sa pag lapit. Ngumuso si Pierre sa akin at tinalikuran ako. Weirdo.

Hindi ko na siya tinanong kung saan siya pupunta. Lumingon na lang ako sa labas para salubungin ang malakas na ihip ng hangin nang biglang may nakita ulit ako sa gilid ng aking mga mata. Nakita ko si Elijah na nakatayo, mag isa at walang nakakapit sa kanyang braso.

Kumalabog ang puso ko. Hindi ko maintindihan kung bakit… Kung iyon ba ay dahil bawal kaming ganito o dahil mahal na mahal ko parin siya.

“Elijah.” Sabi ko.

Bumagsak ang kanyang mga mata. Halos humagulhol na ako nang nakitang humakbang siya papalapit sa akin. Pakiramdam ko ay bumabalik siya sa akin. Umatras ako dahil hindi ko kinaya ang lahat ng nararamdaman ko ngunit mabilis siyang naglakad para hilahin ang braso ko.

“Nakahanap ka agad ng bago?” Galit niyang utas.

Nanlaki ang mga mata ko. Ang ibig niya bang sabihin ay si Pierre?

“Are you using him to make me jealous?” Dagdag niya.

Nakita ko ang galit at lungkot sa kanyang mga mata. Tinanggal ko ang kamay niya sa aking braso.

“Stop it, Elijah, I’m not like you!” Sabi ko.

Nanliit ang mga mata niya. “Kung ganon, bakit kayo magkasama?”

“Nagkita lang kami dito! ‘Yon lang! Stop asking me questions like that. Ganon ba ang tingin mo sakin?” Sabi ko.

Nalaglag ang kanyang panga at huminahon siya. Pakiramdam ko tatalikuran niya ako sa galit na ipinakita niya…

“Klare…” Napapaos ang kanyang boses.

Nananaginip ba ako?

Nilagay niya ang aking ulo sa kanyang dibdib at hinagkan niya ako ng buong buo. Narinig ko ang mabilis na kalampag ng puso niya. Napansin ko rin ang mabilis na paghinga niya. Nalanghap ko ang bango niyang matagal ko nang di naamoy. It feels so right in his arms. Why is it so wrong? Akala ko ay patuloy siyang manlalamig sa akin pagkatapos ng lahat ngunit heto siya at nilalagay ako sa kanyang mga bisig.

“I miss you so much.” Bulong niya habang nanginginig ang kanyang boses.

Tinulak ko siya. I miss you, too. Dammit! Galit ko siyang tinulak at kinunot ko ang noo ko nang nagkaharap kami. I’m not going to rant about his recent love affairs. I’m not going to vent about his stupid relationships!

“Elijah, tama na nga. Wa’g mong saktan si Hannah. If you want to date, date those who are sport to that kind of arrangement-”

“I’m sorry.” Umiling siya at yumuko. Hinanap niya ang aking mga mata. “Nasaktan ba kita?”

Nalaglag ang panga ko sa tanong niya. Iyon ang dapat mong gawin, ang saktan ako. Hindi ako magrereklamo sayo. Oo, magrereklamo ako sa sarili ko pero hanggang doon na lang iyon.

“N-Nasaktan ba kita? I’m sorry for being a jerk!” Aniya at pumikit siya na para bang siya iyong nasasaktan.

“Elijah…” Nanginig ang boses ko.

Hinawakan ko ang kanyang kamay na nakahaplos sa pisngi ko.

“Hindi ko kayang mag move on. Hindi ko kayang humanap ng ibang babae. Hindi ko kayang tumingin sa iba. Bawat galaw mo ang naaalala ko. Bawat salita mo ang nasa isip ko. Bawat tawa mo ang umaalingawngaw sa tainga ko. Klare, I can’t move on from you. Trying hard is futile.”

Nagbara ang lalamunan ko sa mga sinabi niya. Nangingilid na ang luha ko at hindi na ako makahinga. I’m so feircely in love with him. Na nasa gitna na naman ako ngayon ng pakikipaglaban sa kung ano ang tama at sa kung ano ang hindi.

“Klare, isang salita mo lang na mahal mo ulit ako ay ipaglalaban kita hanggang sa maubos ako.”

Humagulhol na ako sa mga salitang binitiwan niya. I can’t bear it anymore. I am so in love with him and it hurts so much that I can’t do anything about us.

Kung sana ay pwedeng mabuhay kami sa ibang panahon, sa ibang pagkakataon, sa ibang katauhan ay matagal na akong sumugal. But our family’s wrath will drown us if we push through this. Hindi ako nagdesisyon dahil spur of the moment lang, ang desisyong ginawa ko noon ay may markang kawakasan. Pinag isipan ko iyon ng mabuti simula pa lang.

“Elijah, can’t you see why I’m doing this?”

“KLARE, I CAN’T STAY IN THIS FUCKING COUNTRY WITH YOU NOT MINE!” Sigaw niya sa akin. “This will be either we’ll run away… or I will run away alone and forget you!”

Nabasag ang puso ko sa kanyang sinabi. Yes. That's probably the smartest thing to do, Elijah. Kung hindi natin kayang iwasan ang isa't-isa habang nandito ka ay maaaring pareho tayong hindi makaahon sa pagkakahulog na ito. We'll leave this chapter her. We'll close it now. Iyon ang kailangan naming dalawa, closure.

"Klare, baby, please…" Pumikit siya. "Please choose me this time. Please be with me. Magiging okay tayong dalawa. I'll work hard for us. We don't need our families support. I only need you. I know I only need you." Nagmamakaawa na ang boses niya sa akin.

Bumuhos ang luha ko at hindi ko na kayang patagalin pa ito.

"Elijah, listen. I am in love with you."

Nag angat siya ng tingin sa akin habang pinupunasan niya ang kanyang sariling luha. "Dammit!" Aniya sa kanyang luhang hindi tumitigil.

"Pero hindi talaga tayo pwede. We will hurt our family. Itatakwil nila tayo at sa tingin mo ba ay magiging masaya tayong dalawa pag nangyari 'yon-"

"I don't care as long as I have you-"

"No, Elijah." Sabi ko sabay iling. "You don't care about it now, what about in the long run? You'll miss Ate Yas, I'll miss Charles. We'll miss our mom and dads. Paano kung sa desisyon mong ito ay magkasakit si Tito Exel? We'll rot in guilt!" Sabi ko.

Umiling siya. "I don't care."

Nalungkot ako sa kanyang sinabi. I couldn't believe it. Hindi ko kaya kong iyon ang mangyari sa aming dalawa at ayaw kong wala siyang pakealam. It's our family.

"Elijah, halos magkapareha ang dugong nananalaytay sa atin. Ma-Maaring pag mag desisyon tayong magkaanak, hindi ba sinabi nilang magkakaroon ng defects pag-"

"I only need you. I don't need anything else anymore, Klare." Singit niya.

Pumikit ako at nanghina. How will I make him understand?

“Elijah, this is my decision. This is what I want to happen.” Sabi ko.

Hindi siya kumibo. Sumandal siya sa railing, tumingala, at pumikit.

Sa mahabang mga minutong nagdaan ay ganoon lang kaming dalawa. I wish I could just stay here with him. Sana ay tumigil ang panahon at hindi na namin kailangang mag alala pa.

“I want you to understand my decision. Kung mahal mo talaga ako, maiintindihan mo iyon.”

Nilingon niya ako. “Don’t turn my love against me, Klare.”

Umiling ako. “I just want you to understand. Balang araw, pag umibig ka sa iba, maiintindihan mo ito lahat.”

“I’ll be damned if that day comes.”

“It’s not impossible, Elijah.”

Pumikit siya at humilig sa haligi. Ilang sandali ay dumilat siya at tiningnan ako nang nakakagat ang kanyang labi.

Kumalabog ang puso ko. I don’t know… I’m… Dammit.

Hinigit niya ang kamay ko at marahan niya ulit akong niyakap. Nangatog ang binti ko sa yakap niya. Mahigpit na mahigpit ito at ayaw ko ng bumitaw. Pumikit ako at dinama siya.

“That was my best shot.” Bulong niya. “Baby…”

Kinurot ang puso ko. Totohanan na ito? Eto na talaga? Ito na ba talaga? Nag angat ako ng tingin at nakita ko ang paborito kong mga mata na nakatingin din sakin.

“Ihatid niyo ako ni Azi sa airport ngayong Valentines Day?”

Mas nabasag pa ang wasak kong puso sa kanyang linya. Lumayo ako sa kanya at narinig ko agad ang mahihinang mga yapak ni Claudette.

“Done?” Aniya sabay halukipkip.

“Yup, Dette. Thanks. Done.” Ani Elijah habang kinukusot ang kanyang mga mata.

<h1>Kabanata 49</h1>

<hr>

Kabanata 49

*OceanofPDF.com*

Leave

Everything is well planned. Nang dumating ang Valentines Day ay walang naging problema sa mga plano namin ni Claudette at Azi. Kinakabahan ako pero naging kampante rin lalo na nang tumawag sa akin si Ate Yas bago ako umalis ng bahay.

“Klare…” Malumanay niyang tawag sabay buntong hininga. “Thank you so much for this.”

“Ate, ayaw ko pong makarinig ng salitang ‘Thank You’ para dito. I did this not to please anyone.”

“I-I know. I’m sorry. I know na mahirap ito sayo.”

Kinagat ko ang labi ko. Hindi ko alam kung bakit ayaw kong pag usapan ang bagay na ito. I just want to put the phone down and start this day.

“Basta, I’m just happy na ginawa mo ang tamang bagay, ang tamang desisyon. I really like you. May paninindigan at prinsipyo ka. You are a strong lady.”

Ayaw ko nang nakakarinig na pinupuri ako dahil sa ginawa kong ito. Tama na iyong sakit na idinudulot nito sa akin para lang magawa ang tamang bagay. Hindi ko na kailangan ng mga papuri at pagkilala sa pinili ko.

“I think… bagay na bagay kayo ni Elijah.”

Nalaglag ang panga ko.

Suminghap si Ate Yasmin. “Sayang lang at maling panahon.”

Hindi ako kumibo. Anong sasabihin ko sa kanya gayong wala naman talaga akong magagawa para baguhin ang panahon. Hindi ako Diyos at hindi rin kayang pagbigyan ng Diyos ang hiling na iyan. It’s so impossible.

“So… Klare, thank you again.” Aniya nang napagtantong wala na akong sasabihin. “Happy hearts day! Hope you find someone who can love you

the way you loved Elijah. Sa panahong iyon, I'll be really happy for you. And I'm sure Elijah will be, too."

"Thanks, Ate Yas."

Gusto kong sabihin na hindi naman ako naghahanap, na hindi ko naman kailangan, na masyado pa akong maraming dinadamdam para diyan ngunit ayaw ko nang patagalin pa ang pag uusap namin.

Nag ayos ako habang si Claudette ay naghihintay na sa sala. Kahit na may gagawin akong paglabag sa utos ng mga magulang namin ay nakapagtatakang hindi ako kinakabahan. Siguro ay dahil alam kong tama ang ginagawa kong ito.

Sigurado kaming hindi ako papayagan ng pamilya namin na ihatid ko si Elijah sa airport. Magpapanic lang sila at iisipin nilang sasama ako kay Elijah at tumakas na lang. Kaya kinailangan naming magplano kung paanong hindi kami mahahalata. Kumpleto ang nakalahad na plano naming apat ni Claudette, Azi, at Elijah. Mag papaalam kami ni Claudette na lalabas at manonood ng sine ngayong Valentines dahil pareho kaming walang date. Pupunta kaming dalawa sa Centrio Mall at magpapalipas oras hanggang sa tumawag si Azi para sunduin kami kasama si Elijah. Sabay namin siyang ihahatid sa airport. Pagkabalik ay ihahatid ulit kami ni Azi sa Centrio bago siya umuwi sa bahay nila.

"Ready?" Nakangiting tanong ni Claudette sa akin.

Pareho kaming bihis na bihis na para bang may totoong date. Naka black and white dress ako habang siya ay naka pulang dress na may malaking gold necklace. Nakita ko ang pagbaling ni mommy sa amin.

"Tita, alis na po kami ni Klare." Ani Claudette.

"Alright. Klare, nasa baba na ang daddy mo para ihatid kayo sa Centrio."

Kung akala niyo ay lagi akong hinahatid kung saan man ako pumupunta ay nagkakamali kayo. Simula nang nalaman ng pamilya ko ang tungkol sa

amin ni Elijah, doon lang sila naging bantay sarado. Noon, kaya ko pang mag jeep o mag taxi. Ngayon, hindi na nila ako hinahayaang mag isa.

Mabilis kaming nakarating sa Centrio. Ni hindi ko pinansin ang matagal na titig ni daddy sa akin papasok kami ng elevator galing sa basement.

Nagpalipas oras kami ni Claudette sa isang coffee shop na punong puno ng cut outs na mga hugis puso. Napuna ko rin ang acoustic band na sinet up para lang sa araw na ito. Hindi ko rin pwedeng kaligtaan ang maya't mayang mga surpresa ng mga lalaki sa kanilang nililigawan o girlfriends.

Nahagip ng paningin ko ang titig na titig na si Claudette sa akin. Kinunot ko ang noo ko. She's observing me again.

"Hindi mo iniinom ang kape mo." Aniya.

Tumango ako at ininom ang inorder ko frappe.

"Clau, wala ka bang date?" I want to make this conversation as light as possible.

"Most probably? That's why I'm here."

"Ano bang tipo mo?" Tanong ko habang umiinom ng kape.

"It will either be Channing Tatum or Taeyang."

Kumunot ang noo ko. Kilala ko si Channing Tatum pero si Tiyang ay di ko pa naririnig.

"Taeyang." Aniya.

Hindi na ako umimik. Must be some of her K-Pop obsessions. Napatalon ako nang tumunog ang cellphone niyang nasa harap ko.

"Kuya's here, Klare." Aniya at agad tumayo.

Tumango ako at sinundan siya sa basement. Sa kauna unahang pagkakataon sa araw na ito ay nakaramdam ako ng kaba. Nakita ko ang kanilang

Fortuner sa basement. Mabilis na binuksan ni Claudette ang frontseat. Not what I expected! Ang akala ko ay kaming dalawa ang sa likod dahil si Elijah ang sa front seat ngunit nagkamali ako.

Lumunok ako nang binuksan ni Elijah ang pintuan. Nakatitig siya sa akin habang sumasakay ako.

“Bilis na kuya, malay natin nag hire ng tao si Dad para sundan kami.” Ani Claudette.

“Chill, Dette Dette, wala tayong gagawing masama. Ihahatid lang naman.”

“And please, drive safely.” Ani Claudette.

“Course.” at pinaandar agad ni Azi.

Nakatingin lang ako sa kalsadang dinadaanan namin ngunit sa gilid ng mga mata ko ay kitang kita ko ang pagkabaling ng ulo ni Elijah sa aking banda. God, he’s staring at me!

Nilingon ko siya sa pagbabaka sakaling maasiwa siya at mag iwas ng tingin ngunit hindi siya umiwas. Imbes ay tumikhim siya at nagsalita.

“The shortest hour of my life.” Aniya.

“Elijah, wa’g nating gawing mas mahirap ito.” I looked away.

Ganon ang naging eksena. Sumisipol lang si Azi sa mga mahina at malumanay na kanta sa kanyang stereo habang tahimik naman si Claudette sa front seat.

Dire diretso ang drive ni Azi habang nasa syudad pa kami. Tumitigil lang siya pag stop ang traffic light ngunit diretso agad ang harurot pag wala.

“Dude, don’t step on the gas, please.” Singhap ni Elijah.

“Bakit? Baka ma late ka?” Ani Azi.

“Edi mabuti.” Ani Elijah.

“Why are you leaving, then, kung pinapangarap mong ma late at hindi makaalis? What’s the point?” Ani Azi habang tinataas ang kanyang kamay galing sa manibela.

“Coz I want to stay if she’ll make this work for us.”

“What the f, dude. Kung gusto mong wa’g umalis, edi huwag.” Ani Azi.

“Coz I want him to go, Azi. Kailangan niyang umalis. Kailangan naming matutong mabuhay na malayo at wala sa isa’t isa. Hindi siya matututo kung palagi siyang nandito.” Tumingin ako sa bintana.

Mabilis na nawawala ang mga kahoy at posteng dinadaanan namin. Via Singapore ang kanyang flight patungong US. Umalis na ang kanyang mommy at daddy last week patungo doon. Si Ate Yasmin at Kuya Justin ay umalis na rin noong January pa lang.

“Yeah, right. Lalo na pag may nakaaligid sayong inchik and all the guys, I might just kill them. Aalis na lang ako at baka maging kriminal lang ako dito.”

Mabilis ko siyang nilingon. Humalakhak si Azi at tumingin sa salamin para tingnan kaming dalawa. Ngumisi si Elijah sa akin kahit na matalim ko siyang tinitigan.

Hinawakan niya ang kamay kong nakalagay sa upuan. Gusto kong alisin ang kamay niya o bawiin ang kamay ko ngunit nagbago ang isip ko nang hinigpitan niya ang pagkakahawak non at nalungkot ang kanyang mga mata.

“Baby, please? Just for now?”

Hindi na ako umimik. Hinayaan ko siyang hawakan ang kamay ko. Hindi rin kumibo si Azi o si Claudette sa harapan. Tahimik si Elijah habang pinaglalaruan ang mga daliri ko.

I will miss his touch. I will miss his warmth. I will miss everything about him? Why is this so cruel? Hindi ko alam. Siguro ay may kasalanan ako sa

langit o baka naman may nag aabang na malaki at magandang mangyayari sa akin kaya nauuna ang bad karma? I hope the reason for all these is worth it. Iyon ay kung may rason nga ang mga ito. Rason? Baka para turuan lang ako kung paano magmahal. At ang sakit kasi bakit sa ganitong paraan pa?

Nilingon ko si Elijah at nakapikit siya ngunit alam kong hindi siya tulog. Pinaglalaruan niya parin ang mga daliri ko.

Hindi ko na alam kung ilang minuto ang naging byahe pero nagulat na lang ako nang tumambad na sa akin ang airport. Nag park si Azi sa tapat at tinigil niya na ang sasakyan.

“Uh, we’re here.” Aniya.

Binitiwan ni Elijah ang kamay ko at binuksan ang pintuan. Sabay nilang kinuha ni Azi ang kanyang mga luggage. Isang malaking maleta lang at backpack ang meron siya. Not much. But I don’t think kailangan niyang dalhin ang buong kabinet niya dahil kaya niya namang bumili ng ibang damit pagkarating doon.

Tahimik si Claudette sa gilid ko habang pinapanood namin ang dalawa.

Kailangan kong imemorize ang bawat detalye kay Elijah. Ang mga maliliit na panahon at oras noon ay naging importante sa akin ngayon. Sana ay noong hindi pa kami nabubuking, tiningnan ko siya ng mas maayos, sana ay inamoy ko siya ng mas matagal, sana ay kinabisado ko lahat ng kilos niya… kasi natatakot ako na isang araw makalimutan ko na ang lahat. Hindi ko alam kung bakit ako natatakot doon.

Lumandas ang luha sa mga mata ko at agad ko iyong pinunasan. I want to be strong for this. Ako ang nagtutulak sa kanya palayo, hindi pwedeng ako ang iiyak.

Nang nagtagpo ang aming mga mata ay tumitig agad siya sa akin. Dammit! Mabilis siyang lumapit sa akin. Yumuko ako ngunit hinawakan niya ang baba ko at itanaas niya ang mukha ko para lumebel sa kanyang mga mata.

“Baby, are you crying?” Tanong ko.

“Nope!” I lied.

“Nagbago na ba ang isip mo? Or are you coming with me? We can run away now!”

Umiling ako.

“Elijah…” Saway ni Azi. “Dad’s gonna kill me.”

“Isn’t that a happy reason kuya? To be killed for love?” Humalakhak si Claudette.

“Para sa pag ibig ni Elijah at Klare? No. One day, mamamatay ako para sa pag ibig ko.”

“And that day will never come.” Halakhak ulit ni Claudette.

Nag igting ang bagang ni Elijah at hinila ako palayo sa kanilang dalawa. Mabilis ang lakad niya patungo sa loob. Ngunit hindi kami pwedeng pumasok. Siya lang itong pwedeng pumasok sa loob. Kinagat ko ang labi ko at tiningnan siya.

“Shall I book you a ticket now?” Tanong niya.

Umiling ako. “Sa oras na ginawa mo ‘yan, sa gitna pa lang ng byahe, patay na lahat ng cards mo. We can’t run. We’re impaired without our family.”

“No baby, I can work for us. We’ll be happy.” Aniya.

Patuloy parin ako sa pag iling. “Elijah, hindi talaga pwede.”

Pumungay ang kanyang mga mata. “Klare, please, baby?” Aniya.

Narinig ko ang mga yapak nina Claudette at Azi sa likod namin. May mga tao sa paligid ngunit abala sila sa pag pila papasok doon.

“Akala ko ba tapos na, Elijah?” Tanong ko.

Pumikit siya at nakita kong may lumandas na luha sa kanyang mga mata. “Hindi ‘yon matatapos.”

Nilagay niya ang kanyang noo sa aking noo. Nakapikit lang siya habang pinagmamasdan ko ang paghihirap siya. Kinukurot ang damdamin ko ngunit kailangan kong maging matatag. Gusto kong makita niya na iyon talaga ang desisyon ko.

“Klare, please, God, I’m begging. Come with me.” Aniya habang napapaos ang kanyang boses.

Masakit. Tinitingnan ko pa lang siya, masakit na agad ang nararamdaman ko.

“You will lose yourself, Elijah. At ayaw kong mangyari iyon sayo.”

“Yes, I lost myself. But I found it in you. Please, just give me a chance. I’ll be a man for you. I’ll work hard for us, please.”

Narinig ko ang pagmumura ni Azi sa likod at paghakbang niya palayo.

“Baby, please?”

Nangingilid na ang mga luha ko habang pinapanood siyang nanghihingi ng kung ano sa akin. Dumilat siya at kitang kita ko ang pamumula ng kanyang mga mata.

“Baby, I’ll work hard for us, just please be with me. I can do it with you.”

May namuong bara sa lalamunan ko. I can’t help it. Iiyak na talaga ako.

“Elijah, we can’t. You are just nineteen. We really can’t. Marami pang naghihintay sa atin sa mundong ito. Marami pa tayong hindi alam.”

“Oh God, Klare!” Aniya sabay hawak sa magkabilang pisngi ko. “I have fallen deeply in love with you because of your decisions. Ngayon mas lalo pa akong nahuhulog. Do something about it, please? Please, be with me, Klare, catch me…” Nanghina ang kanyang boses.

“Elijah, flight niyo na.” Mahinahong sinabi ni Claudette sa likod ko.

Nanlaki ang mga mata ko at agad ko siyang tinulak.

“Baby…” Bumalik siya nang nanginginig ang mga balikat.

May kung anong nagrarambol sa tiyan ko sa sobrang pagkahabag. Kusang tumulo ang mga luha ko na agad ko namang pinunasan.

“Please…” Aniya.

Tinulak ko ulit siya.

“Go, Elijah! Limang minuto na lang, boarding na. I need you to go. I’m setting you free-”

“I don’t want to be free.” Nanginig ang kanyang boses at hinuli ulit ang aking mga siko.

Umiling ako at tinulak siya.

“This is what I want, Elijah. This is what I need. What you need. You need to go. You have to go. Umalis ka na!” Sabi ko at hindi ko na napigilan ang pag iyak ko.

“Klare-”

Hinawakan niya ang mga braso ko at mariin niya akong siniil ng mga halik. His kisses were soft and gentle. Hindi niya ako pinilit. Nanlaki ang mga mata ko sa bigla pero ang mga halik niya ang rason kung bakit unti-unti akong napapapikit. I want to just kiss him forever.

May kuryenteng naglakbay sa batok ko pababa. At alam kong inaakit niya ako sa pamamagitan ng tapat at malalambot niyang mga halik. Kumalabog ang puso ko. Ito ang unang pagkakataon na nahalikan ako ng ganito, na hinalikan niya ako ng ganito, at ayaw kong bumitiw. Nakalimutan ko ang lahat.

Lumandas ulit ang maiinit kong luha sa aking mga pisngi. Naalala ko kung bakit kami nandito. Tinulak ko siya ngunit hinawakan niya ang nakakuyom kong mga kamay sa dibdib at tumigil siya sa paghalik.

“Baby, I’m not leaving without you.” Umiling siya. “No.”

Umiling din ako. “You are, Elijah. You will leave!” Sigaw ko. “Please? Please leave? Can you please leave?” Paulit ulit ko iyong sinabi.

Nalaglag ang panga niya na para bang hindi siya makapaniwala sa mga salitang binitawan ko. Tinuro ko ang airport.

“Ang tanging makakapagpasaya sa akin ngayon ay ang umalis ka. So you leave… please? Please, leave the Philippines for me.”

<h1>Kabanata 50</h1>

<hr>

This is the last chapter of Until He Was Gone. Salamat sa pagbabasa. Wait for the Epilogue na lang po. Finished: March 8, 2014

---

Kabanata 50

OceanofPDF.com

Lies

Umiyak ako nang umiyak habang iniisip na umalis na talaga siya. Wala akong pakealam kung makita iyon ni mommy at daddy. Alam naman nila kung bakit at wala silang magagawa sa nararamdaman ko.

“Klare…” Ani mommy isang araw pumasok siya sa kwarto ko.

Last na ng final exams mamaya ko at malapit ng mag summer. Nakahiga ako sa kama gaya ng madalas kong ginagawa nitong mga nakaraang araw. Nilingon ko si mommy nang tinawag niya ulit ako.

“Tapos na ba ang exams?” Tanong niya.

Umiling ako. “May isa pa po, mamaya.” Sabi ko.

Tumango siya. “Saan mo gusto pumunta ngayong summer? Pwede tayong mag bakasyon. How about your cousins? May pinaplano ba sina Erin?”

Umiling ako. “Wala pa naman po.”

Simula nang umalis si Elijah, hindi na kami gaanong lumalabas. Naisip kong bago pa umalis si Elijah ay hindi na naman talaga kami lumalabas dahil sa nalaman nila tungkol sa akin, pero iba na itong ngayon. At least ang mga boys, lumalabas para mag party, kaming mga girls ay mas naging busy sa pag aaral. Ni hindi na ulit sila nakatungtog sa bahay simula nong nag usap ang buong pamilya.

“Gusto mong magbakasyon sa Bohol? We’ve been to Bora pero hindi pa tayo nakapuntang Bohol. Pwede nating isama sina Erin at Claudette… all of them.” Aniya.

Tumango ako at tumayo para mag ayos na. Ginagawa ni mommy ang lahat para maibalik sa dati. Gustuhin ko mang maibalik sa dati ang lahat pero di ko na magawa.

Nagmadali ako sa pagbibihis para makaalis na sa bahay. Pag dating ko naman sa school ay diretso ang pagsisimula ng exams. Mahirap pero

iginugol ko naman ang mga araw ko sa pag aaral kaya may naisasagot ako.

Si Elijah ay nasa New York na. Hindi ko alam kung kailan ang balik niya dahil hindi naman iyon binanggit ni Tita Beatrice nang tumawag siya dalawang araw pagkatapos nang hinatid namin siya sa airport noong Valentines Day. Ani Tita ay doon daw muna titira si Elijah sa kay kuya Justin para makapag aral. At dahil mag aaral siya, napagtanto kong matagal pa ang balik niya. That's an advantage, though. Para talagang makalimutan na namin ang isa't-isa.

"Sorry, Klare, for this. Alam kong nasasaktan ka kasi tumawag pa ako ngayon." Aniya nang tinawagan ako.

"It's okay, Tita. Gusto ko lang rin namang malaman kung naging maayos ba siya diyan."

"He's doing fine. I hope you are doing good, too."

"I'm doing great, tita. Thank you po."

Alam kong sinusunod ni Elijah ang payo ko para sa aming dalawa, ang kalimutan ang isa't isa. Masakit pero alam kong darating ang panahon na makakalimutan ko na masakit pala ito. Dadating ang panahon na tuwing inaalala ko ito ay mandidiri na lang ako at tatawa na lang sa mga pagkakamaling nagawa, at alam kong ganon din ang mangyayari sa kanya.

Naka deactivate ang Facebook ni Elijah noon pang lumabas na sa pamilya ang tungkol sa amin. Nag deactivate naman ako gabi nong Valentines Day. Mas mabuti na rin siguro na wala kaming komunikasyon. Ganon rin ang gusto ng mga magulang namin, na hindi na kami pinagbibigyan ng kahit konting komunikasyon. Mas lalo lang kaming mahihirapan kung meron.

"Ang hirap naman non! Kainis!" Pahayag ni Erin pagkalabas namin ng classroom.

"Oo nga. Tsss…" Sabi ni Julia. "Buti pa si Klare, maagang natapos."

"Mahirap parin naman. Nagkataon lang." Sabi ko.

Nagpatuloy kami sa pagtitipon tipon at pag uusap sa labas ng classroom. Nagreklamo sila sa di makatarungang coverage ng exam at kung anu ano pa. Nakinig lang ako sa mga hinaing nila at ngumingisi tuwing may nakakatawa.

Nang nalaman ng mga kaibigan kong umalis si Elijah ay inisip nilang dahil lang iyon sa kagustuhan ng mommy at daddy niya na doon na siya mag aaral. Maraming nawasak ang puso, lalo na si Hannah na nag hintay pa talaga yata kay Elijah noong Valentines Day. Kinausap na rin ako ni Cherry tungkol sa pag alis ni Elijah at wala akong naisagot sa mga tanong niya. Masyado siyang maraming gustong malaman, tulad ng kailan siya babalik, na mismo ako ay walang alam.

Kalaunan ay napuno ang corridor ng mga estudyanteng tapos na rin sa exams. Lumabas si Eion sa kabilang classroom kasama sina Josiah. Maingay sila kaya napabaling kaming lahat sa kanila. Nakatingin agad si Eion sa akin. Ni hindi ko na siya napapansin dahil sa dami ng problema. At hindi ko rin naman siya kailangang gambalain dahil minsan ko na siyang nasaktan. Ngunit ngumiti parin ako at nagbakasakaling maayos kami.

Nagulat ako nang tumango siya at ngumiti na rin. Ngunit agad rin siyang nag iwas ng tingin para bumaling sa mga kaibigan niya.

Biglang may umubo sa likod namin. Natahimik ang mga kasama ko. Nakita kong nanlaki ang mga mata ni Julia at kumunot ang noo ni Hannah habang nakatingin sa likod ko. Kumunot ang noo ko sa mga ekspresyon ng kaibigan ko. Bago pa ako lumingon ay may nagsalita ng pamilyar na boses sa likod ko.

“Klare, pwede ba kitang maimbita?”

Nanlaki ang mga mata ko nang nakaharap ko ang naka unipormeng si Pierre. Si Hendrix ay nakatingin sa akin at nakahalukipkip sa likod niya.

“S-Saan?”

Natahimik ang lahat. Ang iba ay napangisi. Ano ang gustong mangyari ni Pierre at saan niya ako iimbitahan?

“Dinner, tonight? Just us.” Aniya.

Narinig ko ang halakhak ni Julia sa likod ko.

“Uhmmm…”

“Go, Klare.” Ani Erin.

Napalingon ako sa kanya at pabalik ulit sa naghihintay na si Pierre. “Uh… Uhm… Sure?” Nag aalinlangan kong sagot.

Tumango si Pierre. “I’ll text you kung saan.” Bago umalis.

Pinagtulakan ako ng mga kaibigan ko dahil sa paanyaya niyang hindi ko alam kung para saan.

“Manliligaw na iyon? Kaibigan mo pala ‘yon?”

“OMG! Ang gwapo gwapo talaga ng kuya niya, ang cool!” Ani Erin. “Pag naging kayo, Klare, kailangan close kami ni Hendrix, a?” Ani Erin sabay hagikhik.

Umiling ako. I don’t think so. Hindi parin ako handang buksan ang sarili ko para sa ibang tao. Wait… o baka naman iyan ang dahilan kung bakit ang mga tao ay nakakamove on o hindi? Ang mga nakaka move on ay iyong mga taong nagbubukas ng kanilang puso para sa iba? At iyong mga hindi, sila iyong naghihintay parin at namumuhay parin sa nakaraan?

Hindi ko alam. Basta ang pakiramdam ko sa ngayon ay si Elijah lang talaga. Siya lang talaga. Ang mga luha niyang nagpapaluha sa akin gabi gabi sa panaginip man o habang gising. Siya pa rin. Pero umaasa ako na balang araw ay hindi ko na iyon maaalala.

“Klare? Saan ka pupunta?” Tanong ni mommy nang nag 5:30 na at nakatanggap na ako ng text kay Pierre.

Pierre Ty:

Nakuha ko ang numero mo sa isang common friend. Mag kita na lang tayo sa St. Bourbon Bistro ng JR Borja Extension. 5:30PM. I’m sorry I can’t fetch you.

Iyon ang kanyang sinabi. Naisip ko tuloy na mali itong ginagawa ko kasi 5:30 na ako umalis ng bahay.

“Mag didinner lang po, kasama ang isang kaibigan.”

Tumango si mommy at hinayaan na akong lumabas.

Dahil mahirap sumakay papunta sa lugar na tinutukoy ni Pierre ay kinailangan kong mag taxi.

Simple lang ang suot ko. Isang itim na dress lang at sandals. Nilugay ko lang ang buhok ko at naglagay lang ako ng kaonting make up para mas mahighlight ang features ng mukha ko. Walang traffic doon kaya mabilis akong nakarating. At least, 10 minutes late lang naman.

Nakita kong naghihintay na si Pierre sa loob. Mag isa siya at may inorder na siyang drinks para sa aming dalawa. Tumayo siya nang nakita akong pumasok at hinintay niya ang pag upo ko bago siya umupo.

Bakit ang awkward? Uncomfortable ako sa kanya. Siguro ay dahil weird ang sitwasyon ito. Naisip ko tuloy kung paano niya ako napapayag.

“Thanks for coming.” Aniya.

“You’re welcome.”

Umorder kami ng light foods. Naalala ko sa kanya si Elijah nang umorder muna siya ng appetizer bago ang main course. Madalas iyong ganon tuwing kumakain kami sa labas. I should really stop thinking about him if I really want to move on.

“Kumusta ka na?” Tanong niya.

“I’m fine.”

Nakakailang din pala kasi alam niya ang tungkol sa amin ni Elijah. “I heard Elijah’s gone. Nag abroad?”

Nagulat ako nang nakaya niyang i-open up ang topic na ito. Nilagay ng waiter ang appetizer at ang drinks. Pinanood ko iyon bago ko siya sinagot.

“Yup.”

“Iniwan ka?” Tanong niya.

“Hindi. Tinulak ko siya palayo.”

Nag igting ang kanyang bagang. “Bakit?”

“Coz it’s wrong. We’re cousins.” Ilang beses ko ba ito iuulit sa kanya?

Tumango si Pierre at pinagmasdan akong mabuti.

Naka polo siya na kulay dark blue at may kung ano sa aura niya na nakakaintimidate. It’s like he’s dominating you.

“Kunwari di kayo pinsan, gagawin mo parin ba ang desisyong iyon?” Tanong niya habang sinusubukan na ang mga appetizers.

Tumawa ako. “Changing the circumstances? Bakit ko siya papakawalan kung hindi kami magpinsan? In the first place, hindi magiging forbidden kung hindi kami magpinsan.”

Kumain ako nang dumating ang main course. He’s really intimidating. Ang ayaw ko sa lahat ay ang pinapanood ang pagsubo ko ng pagkain. Imbes na mag enjoy ako ay naaasiwa lang ako sa dinner na ito.

“No. Hindi mo nakuha. Ang ibig mong sabihin ay kung nakilala mo siya bilang ibang tao, at hindi ang pinsan mo. Let’s say, ampon ka…”

Ngumisi ulit ako.

It’s ridiculous. Bakit kailangan ko pang mag ilusyon sa mga sinasabi niya? Can we just talk about something else, instead? Paano ako makakamove on

kung ang bukang bibig ng mga tao ay si Elijah? Ang lahat na nga nang pumapasok sa utak ko ay siya, pati ba naman sa ibang tao?

“Okay. Ampon ako.” Sabi ko. “Tapos?”

“Ampon ka pala. Will you still decide that way?” Aniya.

“I… I don’t know. No? Syempre.”

Suminghap siya at umiling.

What? Is he disappointed? Coz I still love Elijah? Of course mahal ko pa siya, isang buwan pa lang simula nang umalis siya. Hindi naman tayo nag lokohan nang minahal ko iyon. I’m not some machine, dinibdib ko dahil tao ako at may puso.

“Well, kung nandito pa siya, hindi ko siya itutulak palayo ngunit hindi ko rin maipapangako na kaya ko siyang ipaglaban agad. That’s a big blow to me.” Natulala ako. “The ampon thing.”

Nag angat siya ng tingin sa akin.

“What if right now? That he’s gone? Sabihin ko sayong… you are not a Montefalco?” Seryoso ang kanyang mukha. Well, ganon naman ang mukha niya palagi.

“Well, that’s impossible. Mana ako kay mommy.” Ngumisi ako.

Umiling siya. “Yes, mana ka sa mommy mo because she’s your real mom. But your dad isn’t your dad.”

Kumunot ang noo ko. “Kunwari pa ba ito? Well… Kung ganyan naman, at wala na si Elijah-”

Napatayo si Pierre at diretso ang tingin niya sa likod ko.

Anong problema nito? Nakakatakot naman siya.

“Pierre, I told you! Ako ang magsasabi! Stubborn boy!” Matigas na sinabi ng isang boses sa likod ko.

Mabilis kong nilingon at nakita ko ang daddy ni Pierre. Namukhaan ko agad siya kahit isang beses ko pa lang siyang nakita. Magkamukhang magkamukha kasi sila ni Pierre at Hendrix. Chinito sila ngunit hindi sobrang intsik ang mga mata. Tulad lang ng mga mata ni mommy, kung saan ako nagmana.

“Good evening po.” Sabi ko nang narealize na mukhang galit ang kanyang daddy.

May nakita akong mga nakaitim na lalaki sa likod ni Hendrix. Naka shades sila kahit gabi na sa labas. I figured they are his goons or bodyguards.

“Good evening, Klare.” Malamig na sinabi ng kanyang daddy sabay tingin sa akin.

Ngumiti ako at naasiwa sa pangyayari. Nilingon ko si Pierre ngunit wala na siyang sinasabi.

“I’m Ricardo Ty.” Naglahad siya ng kamay sa akin.

Mabilis ko itong tinanggap. Itinuro niya ang upuan sa tabi ko. Tumango ako para umupo siya. Dammit, what’s this? It’s so awkward.

“I believe your mother is Helena Limyap?” Tanong niya.

“Yes po.” Nagulat ako kasi kilala niya si mommy. “Helena L. Montefalco na po siya ngayon.”

Tumango si Mr. Ricardo Ty. “Kilala ako ng mommy mo.” Nagulat ako nang bumagsak ang kanyang mga mata at may nangilid na luha sa kanyang mga mata. “I missed the 18 years of your life.”

Kumunot ang noo ko. Ano? Hindi ko alam.

“I’m your father.” Nabasag ang boses niya.

Nalaglag ang panga ko. “Nagkakamali po kayo, Sir. Yung daddy ko po ay si Lorenzo Montefalco.”

Umiling siya. “I’m your biological father.”

Umiling din ako. “S-Si Lorenzo Montefalco po ang biological father ko.”

“No, Klarey… I am.”

Nanlaki ang mga mata ko. I can’t believe this old man! Hindi ko mapigilan na magalit sa kanyang mga sinasabi! That’s impossible! So impossible!

“Impossible! Ma walang galang na po, pero high school pa lang ay boyfriend na ni mommy si daddy.” Sabi ko.

“Yes. But your mom went to Davao after college. Nagtrabaho siya doon para sa kanyang pamilya sa Davao. Nagtrabaho siya sa kompanya ko. Iniwan niya ang daddy mo.”

Hindi na ako makahinga. Ang tanging ginawa ko ay ang umiling sa harap niya.

“I fell in love with her. Nagkagustuhan kami at nabuo ka.” Bumuhos ang kanyang luha.

“NO!” Sigaw kong nagpabigla kay Hendrix. “My mother loved my father dearly! And besides…” Tiningnan ko si Hendrix at Pierre na parehong nakakunot ang noo. “Kung totoo ang sinabi niyo, bakit may anak ka na kasing edad ko-”

“I cheated on my wife, Klare!” Aniya.

Si mommy ay nagkaroon ng affair sa isang lalaking may asawa at anak na noon? What the fuck? Is this true?

Umiling ako. “Liars!”

“Klare, watch your mouth. That’s my father.” Ani Hendrix sabay tingin sa akin.

“Hayaan mo kuya, she’s hurt.”

“WHAT ARE YOU TALKING ABOUT! Hindi ako anak nino! I’m the daughter of Helena and Lorenzo Montefalco! I am a Montefalco!” Sinabi ko.

“No, you are not.” Ani Mr. Ty. “You go ask your mom. I wanted to confront you with her pero hindi sila pumapayag.”

“Because it’s a lie!” Sabi ko sabay tayo.

“It’s not a lie, Klare. We look the same.” Singit ni Pierre.

“Bakit hindi si mommy ang kinausap niyo? Bakit ako? At bakit hindi nila sinabi sa akin? This is a scam!”

Mabuti na lang at walang tao sa restaurant. Ang mga waiters lang ang nakakarinig ng mga sigaw ko, at syempre silang nasa harap ko.

“Because they want to treat you as their own! Gusto nilang maging Montefalco ka ngunit ang totoo, hindi. You are my daughter, Klare. At sinasabi ko ito sa’yo ngayon dahil gusto kong punan ang mga taon na wala ako sa buhay mo. Hindi ako kailanman pinagbigyan ng mommy at daddy mo na masilayan ka kahit saglit. I’ve been telling your mom that we should confront you pero ayaw niya at gusto niyang mabuhay ka ng tahimik. What about me, Klare? Hindi ako matatahimik! Mamamatay akong hindi naibibigay sayo ang pagmamahal na nararapat. I am your father, and you are a Ty.”

Hinayaan nila akong tumakbo palayo sa kanilang lahat. Pumara ako ng taxi at umiyak ako sa loob. Marami na akong naisip. Sobrang dami na hindi ko na kayang isipin ng mabuti ang lahat.

Una sa lahat, hindi ako anak ni daddy. Pangalawa, hindi ako Montefalco. Pangatlo, they lied to me.

Oh my God!

Padabog kong binuksan ang pintuan at bumungad sa akin ang nagdidinner na sina mommy, daddy, at Charles. Dammit! Charles is here! I don’t wanna be mad around him!

“Klare?” Mabilis akong sinalubong ni mommy nang nakitang umiiyak ako.

Hinawi ko ang kamay niya at tiningnan siyang mabuti.

“Ma, Montefalco po ba ako?” Tanong ko.

Mabilis na nag iba ang ekspresyon niya. Umiyak siya at humagulhol. Lumapit si daddy sa kanya at dinaluhan siya. Nakaawang ang bibig ko sa gulat dahil sa kanyang reaksyon. Hindi niya na kailangang kumpirmahin iyon.

“You are a Montefalco, Klare.” Ani Daddy.

Umiling ako. “Kaninong anak ako?” Tanong ko.

“Ate, what’s wrong?” Nanginig ang boses ni Charles.

Hindi ko na kaya. It’s true. I’m living in a world full of lies.

<h1>Wakas</h1>

<hr>

Thank you so much for reading this story.

---

*OceanofPDF.com*

Wakas

Wala naman talaga akong masyadong maalala sa amin ni Elijah bago siya umalis patungong America noong mga bata pa kami. Sa dami ba naman naming mag pipinsan, hindi ko na kayang sabayan ang trip ng lahat. Mga babae lang ang naging ka close ko noon. Kaya naman, hindi naging kawalan sa akin ang pag alis niya.

“Ngayon dating nina Kuya Just, diba?” Tanong ni Erin sa akin Grade 5 kami.

Nag kibit balikat ako.

Alam kong ngayon ang dating nga pamilya nila galing sa U.S. Ang tanging naiisip ko lang ay ang mga chocolates na madalas pinapadala nila at ang mga imported na mga bagay. Kaya malamang, mas marami ngayon kasi umuwi na sila sa Pinas.

Nang pumunta kami sa bahay nila para sa ‘reunion’ na magaganap dahil sa pag balik nila ay natuwa lang ako kasi nakasama ko ang mga babae kong pinsan. Hindi naman talaga kasi ako close sa mga lalaki. Madalas, di ko sila naiintindihan. May mga sekreto silang hindi namin alam at palagi pang nang iinis.

Nag uusap si Azi at Josiah papasok kami ng living room. Naroon na si Kuya Justin at Ate Chanel na parehong hinahalungkat ang kani kanilang maleta.

“Ate Yasss!” Sigaw ni Chanel sabay yakap sa kay Ate.

Yumakap din kami nina Erin at Claudette sa kanya. Maiksi na ang buhok ni Ate Yasmin ngayon. Mas bumata siyang tingnan. Hinalungkat niya ang maleta at agad binigay kay Chanel iyong mga bag at damit na may pangalan niya. Excited nilang dinumog iyong maleta habang sinusuyod ko ang kakarenovate lang nilang bahay.

Mas lumaki at mas naging engrande ang bahay nila. Siguro ay dito na sila talaga titira.

“Here.” Sabi ng pamilyar na boses sa likod ko.

Nilingon ko siya dahil sumigaw ang mga lalaking pinsan ko at dinumog siya. Umirap ako sa nakita. Iyon naman pala, may dala siyang mga sapatos na Nike at Adidas. Puro brand new at sobrang dami. Balak niya atang bigyan ng isa-isa ang lahat ng pinsan kong lalaki.

Nag angat siya ng tingin sa akin at bumuntong hininga.

“Elijah, ibigay mo ‘yong pink kay Klare.” Sabi ni Kuya Just na nasa likod niya.

“Course.” Aniya at binigay sa akin ang isang kulay orange na box na may malaking check.

“Diba mahilig kang sumayaw, Klare? You can use that.” Ani Kuya Justin.

“Thanks kuya.” Ngumisi ako at binalingan ang sapatos na binigay ni Elijah.

That’s how we communicate. Not cold, not warm, just in between. Ngunit sa lahat ay siya ang pinaka hindi ko pinapansin. Hindi rin naman kasi siya namamansin sa akin.

Kinurot ni Azi ang mukha ko sa school habang kumakain ako ng fishballs sa canteen. Gusto ko siyang saktan dahil sa sakit ng pagkakakurot niya sa pisngi ko. Pakiramdam ko ay pulang pula ito.

“I hate you!” Sigaw ko.

Ayaw na ayaw ko talaga ng iniinis ako lalo na pag gutom ako. Lumayo siya at hinawakan niya ang kanyang tiyan sa kakatawa. Matalim ko siyang tinitigan. Tahimik ang mga kaibigan ko dahil nahihiya siguro sa presensya ng mga pinsan ko.

Bumaling ako sa kinakain kong fishball at nakitang wala na don ang mga natira. Luminga ako sa kay Julia at Liza na siyang kasama ko ngayon pero tumingin lang sila sa likod ko. Nang lumingon ako ay nakita kong hinahawakan na ni Elijah ang stick na wala ng fishball.

“That’s mine!” Sabi ko.

We’re not even close. Bakit ganito siya?

“Damot mo naman. I’m just hungry.” At binigay niya sa akin ang stick na wala ng fishball. “Oh, ayan.” Ngumisi siya.

“Anong ayan? Asan ‘yong pagkain? Bilhan mo ulit ako!” Sabi ko.

“Hindi ka ba marunong mamigay? Diet ka naman minsan. Tumataba ka na, e.” Aniya at nilagpasan kami.

Natawa ang mga kaibigan ko sa sinabi ni Elijah. What’s funny? Matalim ko silang tinitigan.

Kayang kaya niya talagang insultuhin ang kabuuan ng pagkatao ko. Nakakairita! Anong mataba? Ni buto’t balat na nga ako. Kaya ko gustong kumain nang kumain ay para tumaba naman ng kaonti.

Sinundan ko siya nang tingin at nakita kong bumili siya ng mga pagkain kasama si Azi at Josiah. Pinagtitinginan silang tatlo dito sa canteen. Maiingay kasi at tawa nang tawa. Marami pang mga kaibigan at maraming katawanan kaya mas lalong nakakaagaw ng atensyon.

“God! Hindi man lang niya ako hinatiran ng pagkain dito! Inubos niya kaya ang fishballs!” Reklamo ko.

“Hayaan mo na. Ibigay mo na lang sa pinsan mo.”

Hindi ko maintindihan kung bakit ganon? Gutom ako. Isa pa, kung gusto niya ng pagkain, pwede namang magpaalam siya sa akin. Hindi naman ako madamot. Pero bigla niya na lang inubos nang di nagpapaalam kaya nakakabanas lalo. Ni hindi man lang siya nagsisi sa kanyang ginawa.

Dahil kasali ako sa Dance Troupe at sa Cheerleading, madalas kaming masali sa mga activities ng school. Minsan ay contest sa labas ng school, pero mas madalas naman ang intermission number lang sa mga activities. Kaya nang nagpasya silang mag practice sa bahay nina Chanel para sa isang activity ay naging masaya ako.

Doon nila napiling mag practice kasi may kasama kami sa Troupe na may gusto kay Josiah. Pagkadating namin sa bahay nila ay nagulat kami nang nakita ang apat na lalaking nag babasaan dahil naglilinis ng dalawang sasakyan. Tawa sila nang tawa habang ginagawa iyon. Nagsimulang tumili ang mga kaibigan ko. Knoxx, Azi, Elijah, and Josiah, shirtless while car washing? Syempre matutuwa ang sambayanan.

Dumiretso sila sa loob dahil nahihiya sila na magpahalatang kinikilig. Pinauna ko sila dahil hindi naman sila pamilyar sa bahay nina Joss, habang ako ay kabisado na.

“Hi girls!” Tumatawang sambit ni Azi habang pinaglalaruan ‘yong hose.

“Azi, mababasa si Klare.” Ani Knoxx nang nakitang umaamba ako papasok nang naubos na sila.

Mabilis akong tumakbo para hindi mabasa ngunit nabasa ako nang diretsong tinutok sa akin ni Elijah ang hose.

“Uh-oh.”

Napapikit ako nang nabasa ako mula ulo hanggang paa. Sa sobrang gulat ay halos maestatwa ako sa kinatatayuan ko.

“Tuwalya, Joss.” Sabi ni Knoxx.

“Elijah!” Ani Azi.

Nilingon ko si Elijah at nakitang walang bahid na pagsisisi sa kanyang mga mukha. Tumingin lang siya sa akin habang nililigpit ang hose na hinahawakan niya kanina. Tiningnan ko ang damit ko at ang mga sapatos kong basang basa talaga. Binigay ng namumutlang si Josiah sa akin ang tuwalya. Ni hindi ko ito natanggap ng mabuti dahil sa gulat ko sa nangyari.

“Anong nangyari, Kuya?” Tanong ni Claudette nang lumabas siya sa pintuan nina Josiah.

Nalaglag ang panga ni Claudette nang nakita akong basang basa. Nilingon ko si Elijah at walang pag aalinlangang sinugod dala ang isang baldeng

tubig na nasa gilid ko.

“HINDI KA MAN LANG NAG SORRY!” Sigaw ko at binuhusan siya ng tubig.

Tumakbo si Azi palayo. Mabilis ang tibok ng puso ko sa sobrang inis. Pakiramdam ko ay nagdidilim na ang paningin ko. This isn’t the first time. Palagi naman siyang ganito. Madalas siyang nagkakasala sakin at hindi ko kailanman narinig sa kanya ang salitang sorry!

Basang basa siya mula ulo hanggang paa. Pinasadahan niya lang ng kamay ang kanyang ulo na para bang natutuwa pa siya dahil binasa ko siya.

“I hate you so much! Wala kang modo!” Sigaw ko habang inaawat ni Josiah. “Ni hindi ka nagsorry!”

“Mag sorry ka, dude.” Sabi ni Azi. “She’ll hate you.”

“It’s okay. I won’t expect that she will love me, anyway.” Humalakhak siya.

Mas lalo akong nainis.

Hell yeah! Puputi na lang ang mga uwak, hinding hindi kita magugustuhan. I hate him so much! Siya ang pinaka ayaw ko sa mga pinsan ko. Bukod sa mayabang, hindi marunong magpakumbaba, ay masyado pang feeling at nakakairita.

Dumami pa ang away namin. Palaki nang palaki habang tumatagal. I hated him so much! Always. Everytime. Naiirita ako tuwing pumupunta sila sa bahay at nilalaro ang kapatid kong si Charles. I want Charles to grow up good. Hindi iyong tulad nila, tulad sa kanya. Pero hindi ko alam kung bakit baliw ang kapatid ko sa kanya. Idol niya yata itong si Elijah.

“Kuya said I should root for Los Angeles Lakers.” Aniya sabay kain ng popcorn habang nanonood ng Basketball.

“Kuya who?” Tanong ko sa kapatid kong Grade 1 pa lang.

“Kuya Elijah.” Aniya na parang ang bobo ko dahil hindi ko alam.

“Heat is better, Charles. Mas magaling sila.”

Umiling siya. “Lakers!”

Paano niya kaya nauuto ang kapatid ko. Kahit na ganon ay sinigurado kong marunong mag sorry ang kapatid ko at may natututunang maganda galing sa akin.

Isang araw ay naabutan ko si Erin na pababa sa kanilang sasakyan habang gumagala ako sa flowershop sa baba ng aming building.

“Oh, ba’t ka nandito?” Tanong ko at nakita ko rin si Claudette sa kanyang likod.

“Magbabasketball daw sila. Ayokong manood, tinatamad ako. Dito na lang tayo.”

Nakita kong paalis na ang sasakyan nina Azi. Mabilis ko itong hinarangan. Kinausap ko sila na sasama kami. Lalo na nang nalamang ang kalaban ay ang mga taga Xavier University High School. Hindi naman daw ito tournament. Katuwaan lang daw, practice game kumbaga bago magsimula ‘yong sasalihan nilang tournament sa Marco ngayong summer.

“Ba’t kayo sumama, akala ko boring?” Tanong ni Azi na nasa front seat.

“Etong si Klare, may crush sa taga XUHS.”

“Uy! Shhh!” Pinigilan ko si Erin.

“Si Sarmiento.” Aniya.

Hindi ko naman kailangang pigilan si Erin dahil alam na iyon ng halos lahat. Hindi ko alam kung paano nangyari. Namulat na lang ako na alam ng lahat na may gusto ako sa player na iyon. Mabuti na lang at hindi kami schoolmates, hindi ako masyadong napapahiya.

Sa gym ng school ginanap ang practice game. Kahit na practice game ay may mga tao din palang nanuod bukod sa amin. Iyong mga players na mas

bata, mga taga XUHS na mga babae, at mga taga school na kilala din namin. Medyo maingay kahit na hindi official ang game.

“Halatang lumalandi lang ang mga babaeng yan.” Sabay turo ni Erin sa mga babaeng may dalang cartolina at may mga pangalan ng paborito nilang players kasama si Eion.

Tumango ako at umupo na kami sa bleachers. Nandoon ang mga pinsan ko, naglaro. Kasama sa first five si Elijah, Azi, Rafael, at dalawa pang kabigan nila. Sa kabila naman ay ‘yong chinitong si Ty, Sarmiento, Velez, Lim, at Saavedra.

Syempre, nag cheer din kami. Hindi ko nga lang alam kung saan ako mag chicheer, kung sa mga pinsan ko ba o kina Eion.

“GO EION!” Uminit ang pisngi ko nang narealize na masyado akong na carried away sa game.

“Traydor!” Sigaw ni Azi sa akin habang yumuyuko siya sa hingal.

Tumawa kami.

Nag angat ng tingin si Elijah sa akin. Inirapan ko siya. Hate him. Mabuti magaling si Rafael at si Elijah at nakakascore sila. Ngunit madalas talaga silang nawawala kay Ty.

“Ang galing ni Hendrix!” Sabi ni Erin habang pinapanood ang bawat lay up na ginagawa ng lalaking player.

Tumango ako.

Talo ang school namin sa laro. Well, okay lang naman. Sa huling laro ay panalo sila. Ngayon, talo naman. Give an take. Besides, isa lang naman ang lamang. Hindi ko alam kung matutuwa ba ako o hindi.

“Lika, Klare! I congratulate natin ang XUHS!” Sabi ni Erin at mabilis na tumakbo pababa ng bleachers.

“Huh?” Nilingon ko si Claudette na nakatingin lang sa akin habang tumatayo.

“I’m gonna comfort the losers.” Aniya.

Tumango ako at sumunod sa kanila.

Gusto ko sanang sumama kay Erin ngunit ayokong mag mukhang tanga tulad na lang ng mga babaeng nakaaligid sa mga taga XUHS. Ngunit ayaw ko ring maging tanga, tulad ng mga babaeng nasa mga pinsan ko at kinocomfort sila dahil sa pagkatalo. Can we just go home instead?

Kinawayan ako ni Erin at tinuro niya si Eion. Naengganyo ako kaya hindi ko na mapigilan ang mga paa ko. Nilagpasan ko ang Knights, team ng school namin.

Nakita kong naka upo si Elijah habang nakahilig ang kamay niya sa palapag ng bleachers. Hinihingal pa siya at pawis pa. Pinagmamasdan niya ako habang nilalagpasan siya.

Ilang sandali ang nakalipas ay may bolang tumama sa paa ko kaya natalisod ako at tumama ang mukha ko sa sahig ng court.

“ARAY!” Sigaw ko sabay tinda sa ilong kong na flat yata.

Hinawakan ko ang dibdib ko sa sobrang sakit at ang tuhod ko naman sa sobrang hapdi. What the hell? Mabilis akong dinaluhan ng mga pinsan ko.

“Klare, are you alright?” Tanong ni Rafael.

“Pulang pula ang ilong mo.” Sabi ni Josiah.

“Dude, what the fuck?” ani Damon sabay tingin kay Elijah.

“The ball tripped.” Palusot ni Elijah.

And he didn’t even bother to say sorry. Tumayo ako kahit na masakit pa ang tuhod ko. Naiiyak ako sa sakit. Nakita ko pang pinanood ako ng kabilang

team. Ang iba sa kanila ay tumawa ang iba naman ay nasaktan para sa akin. Nakita ko rin ang mga mata ni Eion na nakakunot habang pinapanood ako.

God! This is so embarrassing! Binalingan ko si Elijah na ganon parin ang posisyon sa bleachers.

“Klare? Masakit pa ba?” Tanong ni Damon.

Hindi na ako sumagot. Diretso ang lakad ko patungo kay Elijah at sinalubong ko ang mukha niya ng isang malakas na sampal. Pumikit siya pagkatapos matanggap iyon. Pumula agad ang kanyang pisngi at nag igting ang kanyang bagang bago siya bumaling sakin.

“ASSHOLE!” Sigaw ko at mabilis na umalis sa gym na iyon ng walang ulo.

So embarrassing! Nag kulong ako sa kwarto ko dahil sa kahihiyang sinapit. Narinig ko ang mga katok ng mga pinsan ko. Anong ginagawa nila dito sa bahay namin? Hindi ko sila sinagot. Kahit nang dumating na ang gabi at ginugutom na ako ay hindi ko parin sila pinapasok, hindi rin ako umalis.

“Klare! Dinner!” Sabi ni mommy.

“I’m not hungry.” Sagot ko.

“Klare, open the door. Dito matutulog ang mga pinsan mo.”

Hindi ako sumagot. So what? Matulog sila diyan sa guest room. I’m not in the mood. Bukod sa pasang natamo ko sa pagkakadapa ko kanina, baon ko rin ang kahihiyan. I don’t wanna be reminded.

“Klare?” Kumatok si Erin.

Kinagat ko ang labi ko. “Just open the door. Ibibigay ko sayo ang pagkain. Di mo na kailangang lumabas.” Aniya. “Claudette is here with your food. Open it, Klare.”

Tumayo ako at narealize na hindi ako makakatulog pag hindi ako kakain. Binuksan ko ang pinto at bumungad sa akin si Elijah na may dalang

pagkain. Sa likod niya ay ang mga pinsan ko at sabay sabay nila siyang tinulak bago ko pa naisarado ang pinto.

Nabitiwan niya ang bag niya sa sahig at iningatan niya ang pagkain. Mabilis kong binuksan ulit ang pintuan para makalabas ngunit sinarado na iyon ng mga pinsan ko galing sa labas.

“Dyan! Mag kulong kayong dalawa! Settle your fight! Hindi namin ‘to bubuksan hanggat di kayo magiging okay!” Dinig kong sinabi ni Chanel.

“Hey! Open!” Sigaw ko at pinilit na buksan ang pintog hindi natitinag.

“They won’t open. Kumain ka na lang.” Ani Elijah habang nakaupo na sa kama ko na parang sa kanya.

Nilingon ko siya at kinuha ko ang pagkaing dala niya. God! Pakiramdam ko ay tinatapakan na niya ang ego ko dahil sa pagkuha ko sa dala niyang pagkain. But damn, I’m so hungry.

“Your room is too girly. Pink here, pink there… Kay Barbie ba ‘to?” Humalakhak siya.

Hindi ako umimik. Kumain ako ng tahimik sa maliit na study table ko. Pinulot ko rin ‘yong bottled water na dala niya para uminom.

“Mukhang nagsuka si Hello Kitty dito, ah?” Aniya habang pinapakealaman ang kumot kong kulay pink.

“Will you stop it?” Sigaw ko.

Nilingon niya ako at ngumisi siya sa naging reaksyon ko. Alright! Gusto niya talaga na iniinis ako. Pwes, I won’t give you the satisfaction.

“Maliligo na lang muna ako.”

“Ha! Buti pa nga. Ang baho mo.” Sabi ko.

“You might want to smell my socks and tell me kung mabaho ba talaga ako.”

“Edi wa’g ka nang maligo kung tingin mo ay mabango ka.” Sabi ko.

What a stupid conversation.

“Klare, hindi naman naliligo ang mga tao para maging mabango. Like me, natural akong mabango. Naliligo ako to feel clean. I feel queasy from the game.”

“Oh, alright!? Edi maligo ka para mawala ang germs at maging malinis ang nakakadiri mong katawan.” Sabi ko sabay inom ng tubig.

Tumikhim siya at bahagyang tumawa. “Well talk after my shower.” Aniya at tumayo.

Binalingan ko siya at pinanood siyang pumasok sa banyo ko. Whatever, mister. Dammit! Bakit ba kasi nandito siya? I should just sleep bago pa mangyari iyong ‘talk’ na sinasabi niya. Mabuti na lang at tapos na akong maligo. Pagkatapos kong kumain ay dumiretso na ako sa kama at pumikit na. Sa kasamaang palad ay hindi ako makatulog. Pwede namang mag play asleep. Play dead. Whatever.

Bumukas ang pintuan at pikit parin ang mga mata ko. Narinig kong humalakhak siya. Naamoy ko ang showergel ko. Dammit, he used my showergel!

“Kunwari ka pa. You are awake.” Aniya.

Whatever. Matutulog din naman ako. I don’t want to talk to you.

“So you don’t want to talk?” Aniya habang nag bibihis ata. Ewan ko.

Ilang sandali ay narinig ko ng nag click ang switch ng ilaw. Ang tanging natira ay ang lights sa gilid ng aking kama. Narinig ko ang hininga niya habang kinukuha ang comforter ko.

“Hey!” Sabi ko nang narealize na kukunin niya ang lahat.

“We’ll share.” Humalakhak ulit siya.

Sa dilim ay kitang kita ko ang pagkalibang ng kanyang mga mata. Kinagat niya ang kanyang labi at bumaling sa akin habang nakahiga.

“So what’s your problem with me?” Aniya.

“Pwede bang mag pretend na lang tayo na maayos tayo at wa’g ng mag usap kasi naalibadbaran ako sayo.” Sabi ko.

“Bakit? Anong ginawa ko sayo?” Tumawa ulit siya.

“Wala. That’s why we’ll just sleep, okay?”

“Palagi kang galit sa akin.”

“Well that’s because you piss me off all the time!” Sabi ko sabay lingon sa kanya.

Tinitigan niya ako. Tinitigan ko rin siya pabalik. Ang mga mata niya ay sinusuri akong mabuti. Bumitiw siya sa pagtitig sa mga mata ko at nilakbay ng kanyang mga mata ang kabuuan ng mukha ko. Kumunot ang noo ko sa ginawa niyang pagtitig sa akin.

“You piss me off all the time, too.” Aniya.

Umirap ako at tinalikuran siya sa higaan.

Ang pinaka nakakagago sa lahat ay hindi siya nagsosorry. Imbes ay mas lalo niya pa akong iniinis! Dyan ka na nga!

“And I’m sorry.” Aniya nang tinalikuran ko na. “I’m sorry kung naiinis kita kasi naiinis ako sayo. I’m sorry, Klare.”

“Ba’t ka maiinis sa akin? Ni hindi kita pinapakealaman? Ni hindi kita pinapansin?” Naiirita kong sinabi.

“Kaya nga ako naiinis.” He sighed.

**********

CONVERTED BY WATTPAD2ANY VERSION 1

_____-

ALL RIGHTS RESERVED TO THE OWNER

OF WATTPAD.COM AND ALSO

ALL RIGHTS RESERVED TO THE AUTHOR

*OceanofPDF.com*

OF THIS BOOK

BY CONVERTING THE BOOK, YOU HAVE

ACCEPTED TO THE TOS OF WATTPAD

*OceanofPDF.com*

AND ALSO

WOULDN’T POST ANY OF THE CONTENTS

CONTAINED IN THIS FILE BY ANY MEANS

ELECTRONIC OR PRINTED, WITHOUT

THE CONSENT OF THE AUTHOR.

COPYRIGHT 2013

**********

*OceanofPDF.com*